# MGA PUNDAMENTAL NA PRINSIPYO NG EKONOMYANG PAMPULITIKA

## MAIKLING PALIWANAG

Naririto ang salin sa Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika na inedit at binigyan ng introduksyon ni George C. Wang. Ang libro ay salin ng Cheng-chih ching-chi hsueh chi-ch'u chih-shih (2 tomo), na isinalin ni K. K. Fung mula sa wikang Tsino tungo sa Ingles. Mahalagang sanggunian ito sa pag-aaral ng Marxista-Leninista-Maoistang ekonomyang pampulitika.

May ibang bersyon ng ikalawang tomo ng librong ito (laman ang unang kabanata, at ang kabanata 12 pataas) na nakasentro sa ekonomyang pampulitika ng sosyalistang lipunan) na inilathala ang Banner Press ng New York na inedit at binigyan ng introduksyon ni Raymond Lotta. Iba ang salin ng bersyon na iyon at marami-raming substansyal na pagkakaiba. Ang pinakamalaking pagkakaiba ay wala sa bersyong inedit ni Lotta ang kabanata 22 tungkol sa tulungan at palitang panlabas ng sosyalistang lipunan.

Dahil ang inedit at binigyan ng introduksyon ni George C. Wang ang kumpletong naglalahad ng 2 bolyum ng araling ito, minabuti na ang bersyong ito ang isalin nang buo.

Hindi madali ang paksa at maraming teknikal na salita na mahirap isalin kaya hindi namin inaasahan na magiging perpekto ito. Ipaabot lamang sa amin ang mga puna at mungkahi kung paano pahuhusayin pa ang saling ito.

Kawanihan sa Salin – Pambansang Kagawaran sa Edukasyon

## INTRODUKSYON

George C. Wang

Ang *Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika* ay isang popular na pang-introduksyong teksto sa ekonomiks na inilathala sa Republikang Bayan ng Tsina noong 1974 bilang bahagi ng serye ng Edukasyon-sa-Sarili ng Kabataan na nakadisenyo para sa indibidwal o panggrupong pag-aaral. Ayon sa pambungad, ang pangunahing layunin ng seryeng ito ay iangat ang antas pangkultura ng kabataang nagtutungo sa kanayunan, isulong ang kanilang kaalaman sa syensang panlipunan at pangkalikasan, gayundin pukawin ang kanilang kamulatan sa uri. Nagbibigay ang salin na ito ng komprehensibo at tapat na teksto ng bersyong Tsino ng Marxistang ekonomyang pampulitika, isang bersyon na malalim na naiiba sa bersyon ng Unyong Sobyet.[1]

Unang inilathala ang *Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika* sa dalawang bolyum. Ang unang bolyum (11 kabanata) ay kritikal na rebyu ng istorikong pag-unlad ng kapitalismo. Ang ikalawang bolyum (12 kabanata) ay tungkol sa Marxistang mga prinsipyo sa ekonomya at ang pamamaraan na inilapat ang mga ito sa Tsina.

Nakapagtuturo at istorikong paglalahad mula sa punto de bista ng Tsina ang Bolyum I at tumitindig bilang mahalagang praymer sa Marxistang ekonomyang pampulitika sa pangkalahatan.

Makakaakit ng espesyal na interes ang Bolyum II para sa mga estudyante ng Marxismo kung paano ito inilapat sa ekonomya ng Tsina, dahil ang mga Komunistang Tsino, siguro si Mao Tse-tung higit kanino pa man, ang unang matagumpay na naglapat ng Marxistang teorya sa malakolonyal at malapyudal na lipunan na may nangingibabaw na ekonomyang pang-agrikultura (liban sa Republikang Bayan ng Mongolia). Ngayon, ang mabilis at puspusang panlipunang mga pagbabago tulad ng reporma sa lupa at sosyalisasyon ng mga kagamitan sa produksyon, ay nakakaakit sa mga mamamayan sa umuunlad na mga bayan na dismayado sa mabagal na progreso ng pag-unlad sa ilalim ng kapitalismo.

Ang pangunahing mga katangian, na ang ilan ay tatalakayin natin sa ibaba nang mas detalyado, ng modelong Tsino ng kaunlarang pang-ekonomya na nakabalangkas sa Bolyum II ay mailalarawan sa sumusunod:

1. Ang Sosyalisasyon ng mga Kagamitan sa Produksyon (Kabanata 12-15)
2. Pagpaplano sa Ekonomya at Proporsyunal na Paglago sa pagitan ng mga Sektor (Kabanata 16)
3. Agrikultura ang Pundasyon at Industriya ang Namumunong Salik (Kabanata 17)
4. Pagtitipid at Akumulasyon ng Kapital (Kabanata 18)
5. Ang Istruktura ng Ekonomya ayon sa Tipo ng Pagmamay-ari (Kabanata 19)
6. Pambansang Kita at ang Distribusyon Nito (Kabanata 20-21)
7. Kalakalang Panlabas at Ayudang Panlabas, at ang Kinabukasan ng Sosyalismo (Kabanata 22-23)

## 1. Ang Sosyalisasyon ng mga Kagamitan sa Produksyon

Noong dekada 1950, itinatag ang transitoryong kaayusan na kilala bilang pinagsamang operasyong estado-pribado para sa pagpapahusay ng transisyon ng malalaki (gaya ng tela) at katamtamang laki (gaya ng *hardware*) na mga empresa na nanatili sa pribadong mga kamay sa paraan na magiging possible na ipagpatuloy ang mga empresa habang binabago ang sistema ng pagmamay-ari. May dalawang klase ng pinagsamang operasyon – sa pamamagitan ng empresa at sa pamamagitan ng kalakalan. Sa pinagsamang empresa, partner ang estado na lumalahok sa pamumuhunan at pangangasiwa. Babayaran ng kumpanya ang pribadong mga sapi mula sa netong kita nito. Sa manupaktura, inorganisa ang mga kumpanya na lumilikha ng iisang tipo ng mga produkto sa isang lokalidad bilang "espesyal na kumpanya" sa ilalim ng superbisyon ng Kawanihan sa Industriya ng lokal na gubyerno.

Ang pagpapalapad ng kontrol ng estado sa mga produktong pangkonsumo ay nagsimula noong Nobyembre 1953, sa pagpapailalim ng butil at mantika sa iskemang kilala bilang "planadong pagbili at planadong suplay". Noong Setyembre 1954, ipinailalim rin dito ang hilaw na bulak at telang yari sa bulak.[2] Itinatag ng estado ang taunang kwota ng pagkuha na kailangang matamo sa itinakdang presyo sa pagbili. Ang bahagi ng iskema tungkol sa "planadong suplay" ay nangangahulugan ng ilang anyo ng pagrarasyon alinsunod sa kung ano ang mayroon, na nakabatay sa bahagi sa mga pangangailangan ng mga konsyumer, at sa bahagi sa mga rekisito ng estado para sa eksport at para sa reserbang kalakal. Nagbunga ang operasyon ng dalawang iskemang ito sa eliminasyon ng bukas na pamilihan para sa mga produktong kontrolado, bagamat patuloy na umiral ang mga pamilihan sa butil na kontrolado ng gubyerno.

Nauna rito, pangunahin sa pagitan ng 1950 at 1952, naipamahagi sa mga maralitang magsasaka ang mga lupang nakumpiska sa mga panginoong maylupa at mayayamang magsasaka. Pero paraan lamang para sa isang layunin ang redistribusyon ng lupa dahil (1) di ugma sa sosyalismo ang pribadong pagmamay-ari, at (2) ang mga sakahan matapos ng redistribusyon ay napakaliliit para paganahin sa ekonomikong paraan. Lalong totoo ito kaugnay ng malakihang pormasyong kapital na kinakailangan para substansyal na pataasin ang produktong pang-agrikultura. Sa simula, sa plano'y

gagawin sanang pabai-baitang ang kolektibisasyon, pero ang mabagal na paglaki ng produktong pang-agrikultura at ang muling paglitaw ng mga kapitalistang penomenon tulad ng ispekulasyon at palaking polarisasyon ng kita ay humantong sa desisyon na pabilisin ang proseso. Kung gayon, noong 1955, inorganisa ng PKT ang mga magsasaka sa mga kooperatiba ng mga prodyuser sa agrikultura kung saan kolektibong pagmamay-ari ang mga kasangkapan at hayop sa sakahan, at ang lupa, kahit na pribadong pag-aari, ay pinapalakad nang kolektibo; binabayaran ang mga kasapi ayon sa kanilang araw-paggawa at sa ambag nilang lupa. Pagkatapos ng isang taon, pati ang lupa ay kinolektibisa, at binayaran lamang ang mga kasapi ayon sa kanilang paggawa. Noong Agosto 29, 1958, inilathala ng Komite Sentral ng Partido ang isang direktiba na hinihingi ang agad na pagsasanib ng lahat ng kooperatiba ng mga prodyuser tungong mga komuna na sumasaklaw sa buu-buong munisipalidad (*hsiang*), na bawat isa'y binubuo ng 5,000 kabahayang magsasaka. Ang institusyonalisasyon ng komuna ay para sa dahilang pang-ekonomya sa bahagi – gaya ekonomyang malawakan; para sa dahilang pampulitika sa bahagi – gaya ng pagpapaliit ng pagkakaiba ng kalunsuran at kanaynan; at para sa dahilang panlipunan sa bahagi – gaya ng pagpapaikli ng proseso ng transisyon tungong komunismo. Sa huli, ito ay para tumulong sa pagkikinis ng transisyon mula kolektibong pagmamay-ari tungong pagmamay-ari ng mamamayan sa kabuuan.[3] Kung gayon, nang matapos ang dekadang 1950, halos sosyalisado na ang ekonomya.

## 2. Pagpaplano sa Ekonomya

Ang alokasyon ng di sapat na mga rekurso sa pagitan ng alternatibo at nagtutunggaling mga layunin sa Tsina ay itinatakda hindi ng interaksyon ng mga pwersa ng suplay at demand kundi ng sistematikong pagpaplano. Gaya ng ipinaliwanag ni Mao Tse-tung:

> Kailangan ang palagiang proseso ng paulit-ulit na pag-aayos sa pamamagitan ng pagpaplano ng estado para harapin ang kontradiksyon sa pagitan ng produksyon at mga pangangailangan ng lipunan. Taun-taon, nagbabalangkas ang ating bayan ng plano sa ekonomya upang itatag ang angkop na proporsyon sa pagitan ng akumulasyon at konsumo at upang makamit ang balanse sa pagitan ng produksyon at mga pangangailangan.[4]

Sa Tsina, inilagay ang diin sa proporsyunal na paglago ng sumusunod na mga sektor: (1) agrikultura at industriya, (2) mga subsektor sa loob ng agrikultura, (3) mga subsektor sa loob ng industriya, (4) produksyon at transportasyon, (5) material na produksyon at kagalingang panlipunan, (6) konsumo at akumulasyon, (7) paglago ng populasyon at produkto, at (8) iba't ibang mga rehiyon.

## 3. Agrikultura ang Pundasyon

Noong 1959, rumurok ang tunggalian sa ideolohiya sa pagitan ng PRC at USSR, at noong 1960, pinauwi ng Unyong Sobyet ang lahat ng tagapayong teknikal nito at kinansela ang daan-daang kontrata na mahalaga sa industriyalisasyon ng Tsina. Dahil pinalala ng mga hirap na nagaganap sa mga komuna at ng dalawang magkakasunod na taon ng baha at tagtuyot, at bunga ng di pantay na mga resulta ng Dakilang Igpaw Pasulong, sumuong ang ekonomya sa isang yugto ng konsolidasyon. Sa bakgrawn na ito, binago ng PKT ang oryentasyon ng patakarang pang-ekonomya nito tungo sa "pagtangan sa agrikultura bilang pundasyon at industriya bilang namumunong salik." Ipinaliwanag ni Mao:

> Dahil isang malaking bayang agrikultural ang Tsina na lampas 80 porsyento ng kanyang populasyon ay nasa kanayunan, dapat sabay na umunlad ang industriya sa agrikultura, sapagkat sa ganoong paraan

lamang makakamit ng industriya ang hilaw na materyales at pamilihan, at sa ganoong paraan lamang posibleng makapag-akumulasyon ng malaking pondo para sa pagtatatag ng makapangyarihang mabigat na industriya.[5]

Bilang repleksyon ng pinalaking diin sa agrikultura, iniulat na tumaas ang aning butil mula sa bagsak na antas ng 160 milyong tonelada noong 1960 tungo sa 240 milyong tonelada noong 1970,[6] at tungo sa 274.9 milyong tonelada noong 1974.[7] Kung hindi natin isasali ang inisyal na panahon ng eksperimentasyon sa bagong mga anyong institusyonal na itinatag ng Dakilang Igpaw Pasulong, kung gayon, tumaas ang ani mula 180 milyong tonelada noong 1962 tungong 274.9 milyong tonelada noong 1974.[8] Sa kanyang talumpati sa Pambansang Kongresong Bayan noong 1975, ipinahayag ng yumaong Premier Chou En-lai na sa pagitan ng 1964 at 1974, lumaki ang *gross value* ng output ng agrikultura nang 51 porsyento, habang lumaki ang output ng industriya nang 190 porsyento.[9]

## 4. Pagtitipid

Isa sa pangunahing hadlang sa kaunlarang pang-ekonomya ay ang bisyosong ikid ng mababang kitang *per capita* at mababang tantos ng impok. Gaya ng ipinaliwanag ni Mao Tse-tung, "Nais nating isulong ang malawakang-saklaw na konstruksyon, pero napakadukha pa ng ating bayan. Isa pang paraan ng paglulutas nito ay sustenidong magsikap na isapraktika ang pagtitipid sa lahat ng larangan."[10] Syempre, tumaas ang proporsyon ng impok sa pambansang kita sa Tsina mula noong dekadang 1950. Tumaas ito hanggang humigit kumulang 25 porsyento ng pambansang kita[11] noong 1958 at malamang ay nanatiling higit sa 20 porsyento magmula noon.

Para makapagtipid, kailangang magtatag ng komprehensibong sistemang akawnting sa ekonomya. Ang kahulugan ng pang-ekonomyang akawnting ay: mga aktibidad ng pagrerekord, pagkukwenta, at pagsusuri ng mga nagastos sa proseso ng produksyon o pagbibigay ng produktibong mga serbisyo.[12] Sa kanyang direktiba noong 1942 kaugnay ng pagtatatag ng sistemang akawnting sa ekonomya, nanawagan si Mao Tse-tung para sa "sentralisasyon sa pamumuno at disentralisasyon sa pangangasiwa."[13] Ang kahulugan ng nauna ay magtatatag ang estado ng mga target sa produksyon sa bawat empresa ng estado kaugnay ng kalidad, kantidad, pagkaiba-iba ng produkto, produktibidad, mga gastos, akumulasyon, gayundin ng mga target sa buwis sa tubo. Ang kahulugan ng disentralisasyon sa pangangasiwa ay responsable ang bawat empresa ng estado sa sarili nitong tubo at lugi, ayon sa ganitong takdang mga target o limitasyon. Gaya ng itinakda sa Kabanata 20, ang mga tubo mula sa mga empresa ng estado ang bumubuo ng pangunahing bukal ng akumulasyon ng kapital sa Tsina.

Bawat isa sa mga yunit sa produksyon sa ilalim ng kolektibong pagmamay-ari ay isang independyenteng yunit sa akawnting na responsable sa sarili nitong tubo at lugi. Ang mga kolektiba ay sangkap na bahagi ng sistema sa pambansang pagpaplano. Nagbebenta at bumibili ang mga ito ayon sa presyong itinakda ng estado.

## 5. Ang Istrukturang Pang-ekonomya ayon sa Tipo ng Pagmamay-ari

Sa Tsina, may tatlong pangunahing tipo ng pagmamay-ari: (1) pagmamay-ari ng mamamayan sa kabuuan, (2) kolektibong pagmamay-ari, at (3) pribadong pagmamay-ari. Itinatakda ang mga katangian ng mga transaksyong pang-ekonomya ng mga tipo ng pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Sa ikatlong tipo ng pagmamay-ari, itinatakda ang mga presyo ng suplay at demand sa pamilihan ayon sa mga hanggahang itinakda ng estado. Kabilang sa mga produktong pinagpapalitan ayon sa kalagayan sa pamilihan ang mga produkto ng subsidiyaryong mga aktibidad pangkabahayan at mga produktong itinanim sa pribadong lupa, na kapwa naibebenta sa mga talipapa. Ang mga

katangian ng ikalawang tipo ng pagmamay-ari ay (1) ang mga presyo ng produkto na ibinebenta ay itinakda ng estado, (2) ang mga transaksyon ay hindi para tumubo. Ang katangian ng ikatlong tipo ng pagmamay-ari ay ang lahat ng produksyon ay itinatakda ng plano ng estado. Gayunman, dahil itinatratong mga kalakal ang mga produkto, saklaw ang mga ito ng batas ng halaga sa mga transaksyon, at gamit ang pera bilang pamalit.

Pag-aari ng mamamayan sa kabuuan ang mga empresa ng estado, at may tatlong tipo ng palitan sa hanay ng mga ito. Ang unang tipo ng transaksyon ay tuwirang suplay, ibig sabihin, hilaw na materyales at mga kasangkapan na tuwirang idinedeliber mula sa yunit na lumilikha nito tungo sa yunit na gagamit nito. Ang ikalawang tipo ng transaksyon ay binubuo ng hilaw na materyales o mala-yaring produktong ipinadadala sa ikatlong empresa ng estado para sa higit pang pagpoproseso o pabrikasyon bago ideliber sa mga empresang may oryentasyong pangkonsumo. Isa pang tipo ng transaksyon ay kinabibilangan ng iba't ibang maliliit na artikulo tulad ng mga *bolt*, pako at turnilyo na maaaring gamitin kung hindi man sa produksyon ay sa konsumo. Noong 1973, ang 92.5 porsyento ng kalakalang tingi ng Tsina ay sa mga empresa ng estado, habang 7.3 porsyento ang sa mga empresang kolektibo.[14]

## 6. Pambansang Kita at Distribusyon

Ang konsepto sa pambansang kita na itinataguyod ng Tsina ay ang konsepto ng materyal na produkto, matapos awasin ang depresasyon. Ang produkto ng alinmang isang taon ay binubuo ng netong mga ambag mula sa industriya, agrikultura, mga restawran, transportasyong pangkargo at ang bahaging iyon ng kalakalan at komunikasyon na naglilingkod sa mga sektor na materyal na produktibo. Di kabilang hindi lamang ang transportasyong pampasahero at ang pribadong paggamit ng komunikasyon, kundi pati rin ang pinansya at seguro, administrasyong publiko, hukbo at internal na seguridad, edukasyon, kalusugang publiko, pribadong pabahay, at lahat ng ibang propesyon na nagbibigay ng serbisyo sa mamamayan.[15]

Sa sektor ng estado sa ekonomya, binubuo ng dalawang salik ang pambansang kita ayon sa bahagdan sa distribusyon, o primaryang distribusyon sa terminolohiyang Tsino: (1) sahod at (2) kita ng estado mula sa tubo at buwis. Katulad rin ang sa kolektibong sektor, liban sa maaaring panatilihin ng empresang kolektibo ang bahagi ng mga tubo nito para sa akumulasyon at pondo sa kagalingan.

Tumatanggap ng bahagi ang di produktibong mga sektor ng ekonomya kabilang ang edukasyon, kultura, kagalingang panlipunan at iba pa mula sa tinaguriang "pangalawang rawnd" na distribusyon ng pambansang kita. Kung tutuusin, inilalaan ang mga pondo para sa mga aktibidad na ito sa pamamagitan ng badyet ng estado. Hanggang sa isang antas, ang distribusyon ng pambansang kita sa iba't ibang mga sektor sa isang sosyalistang ekonomya ay maisasagawa sa pamamagitan ng pag-adyas ng relatibong presyo ng mga produkto o salik ng produksyon.

Sa kasalukuyan, 99 porsyento ng kita ng estado sa Tsina ay nagmumula sa mga empresa ng estado at mga kolektibo.[16] Tumaas ang gastusin para sa konstruksyong pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura sa badyet ng estado mula humigit kumulang 36 porsyento noong 1960 tungong 70 porsyento noong 1973. Mula 1949 hanggang 1973, tumaas ang halaga ng produksyong pang-agrikultura nang 1.8 ulit; magaan na industriya ng 12.8 ulit; mabigat na industriya, nang 59 ulit; kita ng estado, nang 13 ulit; at mga gastusin ng estado, nang 11 ulit.

## Mga Tantya ng Kanluraning mga Iskolar

Pinasimulan ng pagdalaw sa Peking ni President Nixon ang isang bagong kapanahunan ng ating mga persepsyon ng pag-unlad ng Tsina. Maraming ekonomistang Amerikano ang naglibot sa PRC, kabilang sina Propesor Wassilly Leontief at John Kenneth Galbraith mula sa Harvard University;

James Tobin at Lloyd G. Reynolds mula sa Yale University; at John Gurley mula sa Stanford. Ayon sa tantya ni Tobin, ang 1974 GNP ng Tsina sa konseptong Kanluranin ng pambansang akawnting ay humigit kumulang $145 *per capita*.[17] Malapit ito sa tantya ni Reynolds na $150 *per capita*. Sa literal na pakahulugan, ipinapahiwatig nito ang matinding pagkagutom ng populasyon. Paliwanag ni Reynolds, "Ang pagkakamali sa kalkulasyon ay nagmumula sa katotohanang mas mababa ang presyo sa Tsina ng pangunahing mga bilihin kaysa presyo sa U.S. Samakatwid, mas mataas ang kakayahang bumili ng yuan kaysa ipinahihiwatig ng upisyal na tantos ng palitan."[18]

Higit na optimistiko ang tantya ni Propesor Gurley noong 1971 sa perpormans sa ekonomya ng PRC.

> … kahanga-hangang mga pag-abante sa ekonomya ang nakamit ng mamamayang Tsino sa nakaraang dalawang dekada (bagamat di panay-panay) sa halos lahat ng larangan. Ang saligan at pangunahing katotohanan sa ekonomya tungkol sa Tsina ay pinakain, dinamitan, at binigyan ng pabahay ang lahat, pinanatili silang malusog, at binigyan ng edukasyon ang karamihan, sa loob ng dalawampung taon. Hindi nagutom ang milyun-milyon; hindi napuno ang mga *sidewalk* at lansangan ng laksa-laksang natutulog, namamalimos, nagugutom at mangmang na mga tao; walang sakit ang milyun-milyon…. Sa aspetong ito, nahigitan ng Tsina ang alinmang di maunlad na bayan sa daigdig…. Marahil, pinakakahanga-hanga sa lahat ang mga tagumpay ng Tsina sa mga larangan ng medikal at pampublikong kalusugan.[19]

Gayunman, di kasing-optimistiko ang ilang ekonomista. Halimbawa, ang tingin nina Propesor T. C. Liu at K. C. Yeh ayon sa kanilang tantya ng pambansang kita ng Tsina mula 1952 hanggang 1959 ay ang karaniwang taunang tantos ng paglago ng netong produktong lokal sa loob ng 1952-1957 ay 6 porsyento bawat taon kung ibabatay sa mga presyo noong 1952.[20]

Nilagom ni A. G. Ashbrook, isang eksperto tungkol sa Tsina ng gubyernong US, sa kanyang rebyu ng ekonomya, ang kalagayan noong 1975 sa sumusunod na paraan:

> "… Napatunayang epektibong mekanismo ang ekonomya ng Republikang Bayan ng Tsina para isuplay ang minimum na mga pangangailangan ng populasyon, modernisahin ang sektor ng industriya at suportahan ang makapangyarihang establisimyento sa depensa. Dahil sa pagbubuo ng kanyang pundasyon, sa may tiyak na layuning programa nito sa pamumuhunan, sa kontrol nito sa migrasyon tungo sa kalunsuran, at sa masipag nitong pamunuan, nilampas-lampasan ng Tsina ang ibang di mauunlad na bayan."[21]

Sa huli, idiniin ni Propesor Victor D. Lippit, sa pagtataya niya sa mabilis na paglago sa ekonomya ng Tsina, ang paglaki sa bahagi ng pambansang kita na inilalaan sa pormasyon ng kapital, isang paglaking nauugma sa tumataas na konsumong masa sa pamamagitan ng redistribusyon ng kita. Ipinaliwanag niya:

> Marahil, ang karanasan ng Tsina sa pag-aangat ng proporsyon ng pambansang impok at pamumuhunan nito sa pamamagitan ng pagsasamantala sa kalagayang nalikha nang pwersahin ng rebolusyon ang tradisyunal na umaangkin ng sarplas sa ekonomya ng bansa na bitiwan ang kanilang angkin ang siyang pinakamakabuluhan sa kasaysayan ng daigdig.[22]

## Pangwakas na Pananalita

Dala ang iba't iba at nakakapukaw-isip na mga interpretasyon sa karanasan sa pag-unlad ng Tsina, tunghayan naman natin ang salin sa susing teksto ng Tsina tungkol sa ekonomyang pampulitika. Dito natin pauunlarin ang mas matalas na pag-intindi kung paano inuunawa ng Tsino, sa pamamagitan ng prismang Maoista, ang Marxistang ekonomyang pampulitika sa paglalapat nito sa

sarili nilang bungkos ng prayoridad at layunin para sa pambansang kaunlaran – mga prayoridad at layunin na sa ilang kaso ay sa Tsina lamang at sa ibang kaso naman ay katulad ng sa ibang umunlad na bayan.

Sa panahong may bagong kapanahunan matapos ni Mao Tse-tung na nagaganap sa Tsina, sa panahong may panibagong diin sa kaunlarang pang-ekonomya at modernisasyon ng mga kagamitan sa produksyon, kung ibabatay sa minimo sa inisyal na senyales, batid namin na ang *Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika* ay magbibigay ng napapanahon at mahalagang paraan para maunawaan ang kritikal na mga usapin na umiiral sa Tsina sa ngayon.

## Tala sa Bibliograpiya

Ang *Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika* ay salin ng Chengchih chin-chi hsueh chi-ch'u chih-shih na unang inilathala noong Mayo 1974 ng Limbagang Bayan ng Shanghai. Habang inihahanda ang salin na ito, inilathala ang ikalawang edisyon noong Disyembre 1975. Kung pagkukumparahin ang dalawang limbag, iilan ang rebisyon sa laman o sa estilo. Gayunman, may ilang pagbabago na dapat banggitin.

Sa unang limbag, ang subtitulo ng Kabanata 17 ay "Ang Ugnayan sa Hanay ng Sosyalistang Agrikultura, Magaan na Industriya at Mabigat na Industriya". Nirebisa ito sa pangalawang limbag tungong "Wastong Tanganan ang Ugnayan sa pagitan ng Agrikultura at Industriya, at Konsolidahin ang Alyansa ng Manggagawa at Magsasaka". Sa panahon ng Unang Limang-Taong Plano (1953-57), unang prayoridad ang mabigat na industriya dahil sa paniniwalang pabibilisin nito ang industriyalisasyon. Ipinahayag ng bagong patakarang pinagtibay sa simula ng dekadang 1960 na agrikultura ang pundasyon, at industriya ang namumunong salik. Ano ang matwid para sa ganoong rebisyon? Sa pangalawang paglilimbag, natagpuan ng mga may-akda ang matwid sa Manipestong Komunista, kung saan sinipi sina Marx at Engels na nagtutukoy sa "… kombinasyon ng agrikultura sa mga industriya sa manupaktura; unti-unting pagpawi ng pagkakaiba ng lunsod at nayon."[23]

Sa unang limbag, ang pamagat ng huling seksyon ng Kabanata 21 ay "Linangin ang Komunistang Aktitud sa Paggawa". Sa pangalawang limbag, nirebisa ito tungong "Punahin ang Burges na Ideolohiya at Itaguyod ang Komunistang Aktitud sa Paggawa." Habang tinatanggap ng dalawang limbag ang prinsipyo ng distribusyon sa ilalim ng sosyalismo ay "Mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, at para sa bawat isa ayon sa kanyang paggawa," iginigiit ng pangalawang limbag na hindi dapat malaki ang diperensyal sa grado ng pasahod; kung hindi, pahihinain nito ang rebolusyonaryong kasigasigan. Dagdag pa, iginigiit nito na sa ilalim ng paborableng mga kalagayan, habang sumusulong ang sosyalistang konstruksyon, dapat magsikap tungo sa pagkakamit ng "Mula sa bawat isa ayon sa kakayahan, at para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan." Ang mga pagkakaiba ng dalawang bersyon ay nasa diin at hindi sa prinsipyo. Gayunman, walang ipinahiwatig kahit saan kung paano obhetibong itinatakda ang mga grado ng pasahod. Ang pamagat ng Kabanata 22 sa pangalawang edisyon ay nirebisa tungong "Mutwal na Tulungan, Mutwal na Benepisyo sa Batayan ng Pagkakapantay." Kaunti lamang ang rebisyon ng nilalaman.

Huling tala: sa halos lahat ng kaso, ang mga sipi mula sa mga akdang Kanluranin, gaya ng kay Marx at Engels, at mga sipi mula sa mga akda ni Mao ay tuwirang isinalin rito mula sa Tsino.

Mga Tala

1. Para suriin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng interpretasyon ng Tsina sa Marxistang mga prinsipyong pang-ekonomya at ng sa Unyong Sobyet, tingnan ang Ekonomyang Pampulitika ni A. Leontief, Isang Popular na Tekstong Pang-introduksyon para sa Indibidwal o Panggrupong Pag-aaral (International Publishers), isang istandard na tekstong Sobyet.

2. Jen-min shou-ts'e (People's Handbook, 1955), Tientsin, pp. 456-458; Hsin Hua News Agency, Oktubre 15, 1954.
3. Edgar Snow, *Red China Today* (revised and updated edition of *Ang Kabilang Pampang ng Ilog*) New York, Vintage Books, Random House, pp. 405-410.
4. Mao Tse-tung, "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa hanay ng Mamamayan," sa *Mao Tse-tung at Lin Piao, Mga Akdang Post-rebolusyonaryo*, inedit ni K. Fan, Doubleday Anchor, pp. 164-165.
5. Mao Tse-tung, "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa hanay ng Mamamayan," p. 193.
6. Alva Lewis Erisman, "Tsina, Agrikultura sa Dekadang 1970", sa US Congress Joint Economic Committee, Tsina: Isang Muling Pagtataya sa Ekonomya. Washington, D.C. US Government Printing Office, 1975, pp. 328-329.
7. Datos sa output na sinipi ni Pangalawang Ministro sa Agrikultura at Forestry Yang Li-kung sa Kumperensya ng Food and Agricultural Organization sa Roma, Nobyembre 4, 1975. Iniulat sa *Current Scene*, Bol. XIV, Blg. 1 (Enero 1976), p. 20.
8. Ibid.
9. The Economist Intelligence Unit, *Quarterly Economic Review: China, Hong Kong, North Korea,* Blg. 1, 1975, p. 3.
10. Mao Tse-tung, "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa hanay ng Mamamayan," p. 164-165.
11. Po I-po, "Ang Wastong Disposisyon ng Ugnayan sa pagitan ng Akumulasyon at Konsumo," Jen-min jih-pao (People's Daily), Setyembre 20, 1956.
12. *Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika*, pp. 398-399.
13. Ibid., p. 402.
14. Ibid., p. 445.
15. Yueh Wei, "Ang Paraan ng Pagkwenta ng Pambansang Kita", Ching-chi yen-chiu (Economic Research), 3: 48-66, Agosto 1956.
16. *Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika*, p. 445.
17. *Mga Pag-aaral sa Ekonomya ng Tsina*, VIII: 3 (Tagsibol 1975), pp. 25-46.
18. Ibid., pp. 8-24.
19. John Gurley, "Pang-ekonomyang Kaunlarang Kapitalista at Maoista," *Monthly Review*, Pebrero 1971, pp. 15-31 at pp. 26-27.
20. Ta-chung Liu, at Kung-chia Yeh, "Pag-unlad sa Ekonomya sa Mainland China, Preliminaryong Tantya sa Pambansang Kita ng Mainland ng Tsina, 1952-59," *American Economic Review*, Bol. LI, Blg. 2 (Mayo 1961), pp. 489-498.
21. Pinagsamang Komite sa Ekonomya, Kongreso ng US, *Compendium on China*, A. G. Ashbrook, Jr., "Tsina: Overview sa Ekonomya, 1975," Hulyo 10, 1975, Tanggapan ng Gubyerno sa Paglilimbag.
22. Victor D. Lippit, *Reporma sa Lupa at Kaunlarang Pang-ekonomya sa Tsina: Isang Pag-aaral sa Pagbabagong Institusyonal at Pinansyang Pangkaunlaran*, White Plains, N.Y., M. E. Sharpe, Inc. (International Arts and Sciences Press), 1975, p. x.
23. Karl Marx at Friedrich Engels, "Manipesto ng Partido Komunista," sa Lewis S. Feuer, ed., *Marx at Engels, Saligang mga Akda hinggil sa Pulitika at Pilosopiya*, New York, Doubleday and Company, 1959, p. 28.

# Kabanata 1

## Mag-Aral ng Kaunting Ekonomyang Pampulitika

### Ang Paksa ng Ekonomyang Pampulitika*

Paulit-ulit na itinuro sa atin ng dakilang Tagapangulong Mao na mag-aral ng kaunting ekonomyang pampulitika. Hindi lamang ito rekisito para sa mga kasapi ng Partido Komunista at rebolusyonaryong mga kadre; rekisito rin ito para sa lahat ng mandirigma sa Tatlong Dakilang Rebolusyonaryong Pakikibaka. Mahalaga na matuto ng kaunting ekonomyang pampulitika para sa pag-unawa ng Marxismo, para sa malalim na pagpuna sa rebisyunismo at pagtransporma ng ating pananaw sa daigdig sa sarili nating pagkukusa, at laluna para sa mas malalim na pagpapahalaga sa saligang linya ng Partido at mga patakaran sa buong istorikong sosyalistang yugto.

Ang mga kabataan na lumalaban sa mga larangan sa kanayunan at mga pagawaan ang pag-asa ng ating bayan at mga tagapagmana ng proletaryong rebolusyonaryong adhikain. Upang maging mas mahusay sa pakikipaglaban, upang mas mabilis na maging mahusay sa pulitika, dapat mag-aral ang kabataan ng kaunting ekonomyang pampulitika.

### Ang Paksa ng Ekonomyang Pampulitika Ay ang mga Relasyon sa Produksyon

Anong klase ng syensya ang ekonomyang pampulitika? Dapat tayong magsimula sa pinapaksa ng pag-aaral. Ang paksa ng pag-aaral ng Marxistang ekonomyang pampulitika ay ang mga relasyon sa produksyon. Malinaw na binigyang-diin ni Engels na "ang ekonomya ay hindi nauukol sa mga bagay kundi sa mga relasyon sa pagitan ng mga tao, at sa bandang huli, sa pagitan ng mga uri".[1] Paano lumilitaw ang mga relasyon sa produksyon sa hanay ng mga tao? Dapat tayong magsimula sa mga produktibong aktibidad ng tao.

Sinabi ni Tagapangulong Mao, "Itinuturing ng mga Marxista ang aktibidad ng tao sa produksyon bilang pinakapundamental na aktibidad sa praktika, ang tagapagpasya ng lahat ng iba pang niyang aktibidad."[2] Pero bago ang pag-unlad ng Marxismo, may sandaang taon na ang nakaraan, hindi pa taglay ng tao ang ganitong syentipikong pag-unawa. Ang punto de bistang ito ay itinatwa ng mga palaisip ng mga uring mapagsamantala. Ipinagtanggol nila ang kamalian na umunlad ang lipunan ng tao alinsunod sa kagustuhan ng diyos o kaya nama'y ipinalaganap ang walang katuturang ideya na ang mga bayani ang gumagawa ng kasaysayan. Binabaluktot ng di umano'y mga dakilang palaisip na ito ang pinakasimpleng katotohanan, ibig sabihin, na dapat munang mapakain, madamitan at maisilong ng mga tao ang kanilang sarili bago nila harapin ang pulitika, syensya, sining, at mga aktibidad na panrelihiyon. At upang magkaroon ng pagkain, damit at masisilungan ang mga tao, dapat silang lumahok sa mga produktibong aktibidad. Kung gayon, ang tuwirang produksyon ng materyal na produkto ang batayan ng pag-unlad ng lipunan ng tao. Kung wala ang mga produktibong aktibidad ng mga uring anakpawis, hindi mabubuhay ang sangkatauhan at hindi uunlad ang lipunan. Si Marx ang nakatuklas sa batas na ito ng pag-unlad ng kasaysayan ng tao.

Para makapagprodyus, dapat pumasok ang tao sa mga tiyak na mutwal na relasyon. Hindi maaaring lumahok sa produksyon ang nagsosolong mga indibidwal. Tulad ng binigyang-diin ni Marx: "Para lumahok sa produksyon, sila ay pumapasok sa tiyak na mga pakikipag-ugnayan at pakikipagrelasyon sa isa't isa. Sa loob lamang ng mga ugnayan at relasyong panlipunang ito maaaring

---

* Hsueh i-tien cheng-chih ching-chi-hsueh – cheng-chih ching-chi-hsueh ti tui-hsiang.

magkaroon ng relasyon sa pagitan nila at ng kalikasan, at maaaring magkaroon ng produksyon."[3] Ang mga relasyong ito na binuo ng mga tao sa proseso ng produksyon ay tinawag na mga relasyon sa produksyon. Sa makauring lipunan, ang mga relasyong ito ay maliwanag na makikita sa makauring relasyon.

Ang mga relasyon sa produksyon ay binubuo ng tatlong aspeto: (1) ang pardon ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon; (2) ang papel ng mga tao sa produksyon at ang kanilang mutwal na mga relasyon; (3) ang padron ng distribusyon ng mga produkto. Ang padron ng pagmamay-ari ay tumutukoy sa kung sino ang nagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon (kabilang ang mga kagamitan sa paggawa tulad ng mga makina, pagawaan at lupa, at ang mga bagay na nilalapat ng paggawa tulad ng hilaw na materyales). Ang padron ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon ang pinakamahalagang aspeto sa mga relasyon sa produksyon. Ito ang batayan ng mga relasyon sa produksyon. Ang padron ng pagmamay-aro ng mga kagamitan sa produksyon ang nagtatakda ng kalikasan ng mga relasyon sa produksyon. Ang primitibong lipunan, lipunang alipin, lipunang pyudal, lipunang kapitalista at lipunang sosyalista sa panlipunang pag-unlad ng tao ay pinagbubukud-bukod ayon sa pagkakaiba-iba sa mga padron ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Ang padron sa pagmamay-ari ang nagtatakda ng mga papel ng mga tao sa produksyon at ng kanilang mga mutwal na relasyon, at kung gayon, sa padron ng distribusyon ng mga produkto.

Para makapagprodyus, hindi lamang kinakailangang magkaroon ng mga relasyon sa hanay ng mga tao kundi pati na mga relasyon sa pagitan ng mga tao at kalikasan. Dapat gapiin at transpormahin ng mga tao ang kalikasan. Ang kapangyarihan na ginagamit ng tao para gapiin at transpormahin ang kalikasan ay tinawag na mga produktibong pwersa. Ang mga produktibong pwersa ay binubuo ng mga tao at materyales (ibig sabihin, mga kagamitan sa produksyon). Sa hanay ng mga produktibong pwersa, ang mga kasangkapan sa produksyon ang pinakamahalaga. Sinasalamin ng mga tipo ng kasangkapan na ginamit sa produksyon ang lakas ng kapangyarihan ng tao para gapiin ang kalikasan. Pero hindi natin maituturing na ang mga kasangkapan sa produksyon ang salik na nagtatakda sa mga produktibong pwersa. "Ang tao ang salik na nagtatakda, hindi mga bagay."[4] "Sa lahat ng bagay sa daigdig, ang tao ang pinakamahalaga."[5] Ang mga kasangkapan ay kailangang gamitin ng mga tao, likhain ng mga tao, at baguhin ng mga tao – kaya, kung walang mga tao, walang mga kasangkapan at kaalaman. Kung walang tao, ang pinakamahusay na kasangkapang "awtomatik" ay hindi kailanman totoong "awtomatik".

Ang mga relasyon sa produksyon at mga produktibong pwersa ang bumubuo sa dalawang aspeto ng produksyong panlipunan. Sa kabuuang istorikong pag-unlad, ang mga produktibong pwersa ang gumagampan ng pangunahin at mapagpasyang salik sa pangkalahatan. Anumang transpormasyon sa mga relasyon sa produksyon ay kinakailangang isang resulta ng isang tiyak na pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Dapat tumugma ang mga relasyon sa produksyon sa [mga hinihingi ng pag-unlad ng] mga produktibong pwersa. Kapag nagiging tanikala ang ilang relasyon sa produksyon sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa, dapat nang palitan ang mga relasyong ito sa produksyon ng iba pang mga bagong relasyon sa produksyon na mas mahusay na tumutugma sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Ibig sabihin, ang anyo ng mga relasyon sa produksyon ay hindi itinatakda ng suhetibong kagustuhan ng tao kundi ng antas ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Dapat umugma sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa ang mga relasyon sa produksyon. Isa itong obhetibong batas na independyente sa kagustuhan ng tao. Ang pagsibol, pag-unlad, at pagpanaw ng ilang relasyon sa produksyon ay nagaganap nang may katugong ebolusyon sa mga kontradiksyon ng tiyak na mga produktibong pwersa. Kung gayon, sa pag-aaral tungkol sa mga relasyon sa produksyon, pinag-aaralan din ng Marxistang ekonomyang pampulitika ang mga produktibong pwersa.

Kung sa kabuuang pag-unlad ng kasaysayan, ang mga produktibong pwersa ang ibinubunyag bilang pangunahing salik na nagtatakda, ibig sabihin ba nito na ang mga relasyon sa produksyon ay

ganap na pasibo kaugnay ng mga produktibong pwersa? Hinding-hindi. Kapag tumutugma ang mga relasyon sa produksyon sa mga produktibong pwersa, ang mga ito ay aktibong pampasigla sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Kapag hindi na tumutugma ang mga relasyon sa produksyon sa mga produktibong pwersa, ang mga ito ay nagiging tanikala sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Dahil ang mga produktibong pwersa ay hindi na mapapaunlad nang hindi binabago ang mga relasyon sa produksyon, gumagampan ng pangunahing nagtatakdang papel ang transpormasyon ng mga relasyon sa produksyon. Noong nasa ilalim ng paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang lumang Tsina, ang mga uring panginoong maylupa at kumprador ang kumakatawan sa pinakareaksyunaryo at atrasadong mga relasyon sa produksyon sa Tsina. Labis na nilimitahan at pinahina ang pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Bago ang liberasyon noong 1949, ang Tsina ay walang anumang industriyang gumagawa ng makina o anumang pagmamanupaktura ng kotse o eroplano. Sa labas ng Hilagang-silangang Tsina, ilang daang libong tonelada lamang ang taunang produksyon ng asero. Inaangkat kahit ang mga pang-araw-araw na pangangailangan. Dayuhang tela ang tawag sa tela, dayuhang payong ang tawag sa mga payong. Dayuhang pako ang tawag kahit na sa pakong bakya. Sa ganoong mga sirkunstansya, ang pagbabagsak sa reaksyunaryong paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, ang transpormasyon ng kumprador-pyudal na mga relasyon sa produksyon at ang pagtatatag ng mga sosyalistang relasyon sa produksyon ang gumampan ng mahalagang papel sa pagtataguyod ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa.

Ang mayor na pag-unlad ng mga produktibong pwersa ay madalas na nagaganap matapos ang mga pagbabago sa mga relasyon sa produksyon. Isa itong unibersal na batas. Ang mayor na pag-unlad ng mga produktibong pwersa sa kapitalistang lipunan ay naganap matapos malansag ang pyudal na mga relasyon sa produksyon na dulot ng rebolusyong burges at ng mabilis na pag-unlad ng mga kapitalistang relasyon sa produksyon. Tingnan ang England halimbawa, kung saan naganap ang malaking pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon sa batayan ng burges na rebolusyon sa ikalabimpitong siglo at Rebolusyong Pang-industriya noong huling bahagi ng ikalabingwalo at maagang bahagi ng ikalabinsiyam na siglo. Ang malakihang modernong industriya sa France, Germany, United States, at Japan ay mabilis na umunlad lamang matapos maitransporma sa iba't ibang paraan ang lumang superistruktura at mga relasyon sa produksyon. Hinggil sa usapin ng mga relasyon sa produksyon at ng mga produktibong pwersa, isa sa mga pangunahing isyu sa mahabang tunggalian sa pagitan ng mga Marxista at rebisyunistang Sobyet ay laging kung dapat bang igiit ang pananaw ng diyalektikong kaisahan, o kung dapat bang itaguyod ang reaksyunaryong punto de bista ng "teorya ng produktibidad muna". Si Lin Piao, kasabwat ni Chen Po-ta, ay nagtaguyod na ang pangunahing tungkulin pagkatapos ng Ikasiyam na Kongreso ng Partido noong 1969 ay ang paunlarin ang produksyon. Ito ay kopya sa rebisyunistang kamalian na isiningit nina Liu Shao-chi at Chen Po-ta sa Resolusyon ng Ikawalong Kongreso ng Partido na nagtaguyod na "ang kontradiksyon sa pagitan ng maunlad na sosyalistang sistema at ng atrasadong mga produktibong pwersa sa lipunan" ay ang pangunahing kontradiksyon sa lipunang Tsino. Sa Tsina, ang mga sosyalistang relasyon sa produksyon sa batayan ay tumutugma sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Nagbubukas ito ng buo at bagong perspektiba para sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Pero mayroon ding itong mga aspetong di perpekto. At ang mga imperpeksyong ito ay sumalungat sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Ang karanasan ng sosyalistang rebolusyon ang nagtuturo sa atin na laging ang superyor na sosyalistang sistema ang nagtataguyod ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Lagi't lagi nang pagkatapos ng transpormasyon sa bahagi iyon ng mga relasyon sa produksyon na hindi umaayon sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa naitataguyod ang pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Nasaan ang "kontradiksyon sa pagitan ng maunlad na sosyalistang sistema at ng mga atrasadong produktibong pwersa sa lipunan"? Ang kriminal na intensyon nina Liu Shao-chi, Lin Piao at iba pang katulad na mga manunuba sa pagtataguyod ng

kamaliang ito ay para bigong tangkaing gamitin ang pananaw na produktibidad muna bilang isang sandata para labanan ang nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at pagpapataw ng lahatang-panig na diktadura sa burgesya at labanan ang batayang linya ng Partido. Ito ang kanilang imposibleng pangarap.

Ang mga relasyon sa produksyon ay dapat tumugma sa mga pwersa sa produksyon. Kinakailangan sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa ang pagwasak sa lumang mga relasyon sa produksyon na hindi umaayon sa kanilang pag-unlad at ang pagpalit sa mga ito ng mga bagong relasyon sa produksyon na umaayon sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Pero hindi maaaring maging makinis ang proseso ng paglalansag sa lumang mga relasyon sa produksyon at paglitaw ng mga bagong relasyon sa produksyon. Ang transpormasyon ng lumang mga relasyon sa produksyon at ang pagtatatag at pagpeperpekto ng mga bagong relasyon sa produksyon ay laging naisasakatuparan lamang matapos ang mga rebolusyonaryong pakikibaka. Kung gayon, kapag gustong maunawaan kung paano itinatransporma ang lumang mga relasyon sa produksyon, at paano itinatatag at pineperpekto ang bagong mga relasyon sa produksyon, hindi sapat na pag-aralan lamang ito ayon sa mga kontradiksyon sa pagitan ng mga relasyon sa produksyon at ng mga produktibong pwersa. Dapat ding suriin ang mga relasyon sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya.

Ang superistruktura ay tumutukoy sa pambansang gubyerno, hukbo, batas, at iba pang institusyong pampulitika at sa katugon ng mga ito na mga anyong pang-ideolohiya gaya ng pilosopiya, panitikan at sining. Ang subistrukturang pang-ekonomya ay binubuo ng mga relasyon sa produksyon. "Ang suma total ng mga relasyon sa produksyon na ito ang bumubuo sa istrukturang pang-ekonomya ng lipunan, ang tunay na pundasyon kung saan lumilitaw ang isang ligal at pampulitikang superistruktura at kung saan tumutugon ang depenidong mga anyo ng kamulatang panlipunan."[6] Syentipikong ipinaliliwanag ng pahayag na ito ni Marx ang relasyon sa pagitan ng superistruktura at ng subistrukturang pang-ekonomya.

Sa kontradiksyon sa pagitan ng superistruktura at ng baseng pang-ekonomya, gumagampan ng pangunahin at mapagpasyang papel sa pangkalahatan ang huli. Ang subistrukturang pang-ekonomya ang nagtatakda ng superistruktura. Kung may pagbabago sa subistrukturang pang-ekonomya, "sa humigit kumulang, ang buong napakalawak na superistruktura ay mabagal o mabilis na matatransporma."[7] Ibig sabihin, nalansag na ang lumang subistrukturang pang-ekonomya, at ang superistrukturang itinayo sa pundasyong ito ay dapat ding malansag. Pero ag bilis ng disintegrasyon nito ay nagbabagu-bago. Kapag natransporma na ang makinarya ng reaksyunaryong estado, hindi kusang lilisanin ng reaksyunaryong uri ang entablado ng kasaysayan sa paglaho ng lumang subistrukturang pang-ekonomya. Di maiiwasang susuungin nila ang matagalan at desperadong mga pakikibaka laban sa mga abanteng uri sa larangan ng pulitika, ideolohiya at kultura. Sa partikular, matagal na mananatili ang lumang mga anyo ng ideolohiya na kaugnay ng mga uring pinabagsak.

Ang superistruktura ay itinatakda ng baseng pang-ekonomya. Kapag naitatag na ang superistruktura, nagkakaroon ito ng napakalaking reaksyon sa baseng pang-ekonomya. Ipinaliwanag ni Stalin: "Nililikha ng subistruktura ang superistruktura nito para paglingkuran ang pagtatatag at konsolidasyon ng sarili at was akin ang lumang subistruktura at superistruktura niyon."[8] Ito ang nagpapaliwanag kung bakit laging pinagsisilbihan ng superistruktura ang baseng pang-ekonomya nito. Pinagsisilbihan ng sosyalistang superistruktura ang sosyalistang baseng pang-ekonomya nito at pinagsisilbihan ng kapitalistang superistruktura ang kapitalistang baseng pang-ekonomya nito.

Sa kapitalistang lipunan, dahil sa pagtindi ng kontradiksyon sa pagitan ng produksyong panlipunan at pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, mayroong kagyat na pangangailangan na palitan ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ang kapitalistang pribadong pagmamay-ari. Pero ang burgesya ang kumokontrol sa reaksyunaryong makinarya ng estado at gumagamit dito para panatilihin ang kapitalistang baseng pang-ekonomya. Kung hindi muna wawasakin ng proletaryado ang kapitalistang makinarya ng estado, imposibleng mawasak ang

kapitalistang sistemang pang-ekonomya. Pawang mga kasinungalingan ang ipinangangalandakan ng bago at lumang mga rebisyunista na "maaaring mapayapang umunlad ang kapitalismo tungong sosyalismo".

Sa sosyalistang lipunan, ang superistruktura at baseng pang-ekonomya ay magkatugma sa batayan. Pero dahil sa pag-iral ng burgesya at ng mga anyo ng ideolohiya nito, ang pag-iral ng ilang burukratikong estilo ng paggawa sa mga organo ng estado at ang pag-iral ng mga depekto sa ilang bahagi ng sistema ng estado, ang konsolidasyon, pagpapahusay at ibayong pagpapaunlad ng sosyalistang baseng pang-ekonomya ay naaantala at pinapanghina. Dapat nating mas mahusay na pagsilbihin ng sosyalistang superistruktura ang sosyalistang baseng pang-ekonomya. Dapat nating mahigpit na panghawakan ang pakikibaka sa superistruktura at itaguyod ang sosyalistang rebolusyon sa superistruktura hanggang sa wakas.

Tinatalakay ng ekonomyang pampulitika ang pinakapraktikal at pinakakagyat na mga interes ng iba't ibang uri at saray. Ipinaliliwanag nito ang pinakamalalala at pinakamatitinding usapin ng tunggalian ng mga uri. Lantarang ipinapahayag ng Marxistang ekonomyang pampulitika, gaya ng Marxistang pilosopiya, na naglilingkod ito sa proletaryong pulitika. Ang ekonomyang pampulitika ay isang syensya na nakapatungkol sa makauring pakikibaka.

## Ang Ekonomyang Pampulitika ang Teoretikal na Batayan ng Partido sa Pagbabalangkas ng Batayang Linya Nito.

Ang Marxistang ekonomyang pampulitika ay isinilang sa paglitaw ng modernong proletaryado at ng malalaking produktibong pwersa – ang malakihang industriya. Si Marx ay nakilahok sa mga makauring pakikibaka ng kanyang panahon. Gumamit siya ng rebolusyonaryong diyalektikang materyalista para suriin ang kapitalistang lipunan. Kanyang inilantad ang mga sikreto kung paano pinagsasamantalahan ng mga kapitalista ang mga manggagawa at syentipikong ibinunyag ang mga kontradiksyon sa pagitan ng produksyong panlipunan at kapitalistang pagmamay-ari. Ang mga kontradiksyong ito ay nalalahad bilang matitinding antagonismo sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Sa araw-araw na pag-unlad ng mga kontradiksyon ng kapitalistang lipunan, lumakas ang proletaryado, ang tagahukay ng libingan ng kapitalistang sistema. "Ang agunyas ng kamatayan ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari ay malapit nang kumalembang. Aagawan ng pag-aari ang mangangamkam."[9] Mula dito, narating ang rebolusyonaryo at syentipikong kongklusyon na ang kapitalistang sistema ay di maiiwasang mapalitan ng sosyalistang sistema, at ang diktadurang burges ng diktadurang proletaryo. "Narating ni Marx ang kongklusyong ito alinsunod sa batas ng paggalaw ng ekonomya sa modernong lipunan."[10] Kung gayon, ang Marxistang ekonomyang pampulitika, kasabay ng Marxistang pilosopiya at syentipikong sosyalismo, ang naging teoretikal na batayan na naging daan sa pagbabalangkas ng proletaryong partidong pampulitika ng batayang patakaran nito. Sa teoretikal na batayan ng Marxismo at sa ilalim ng kapitalistang kalagayan, ang mga proletaryong rebolusyonaryong lider ng proletaryado ay nagbalangkas para sa proletaryong partido ng batayang linyang pampulitika na paggamit ng rebolusyonaryong dahas para agawin ang kapangyarihang pampulitika. Ginabayan nila ang proletaryong pakikibaka para sa ganap na pagbabagsak sa burgesya at sa lahat ng mapagsamantalang uri, sa paghahali ng proletaryong diktadura sa diktadurang burges, sa tagumpay ng sosyalismo laban sa kapitalismo at sa ultimong pagkakamit ng komunismo.

Sa sosyalistang lipunan, ang Marxistang ekonomyang pampulitika pa rin ang nagbibigay ng teoretikal na batayan sa proletaryong partido para balangkasin ang batayang linya nito. Malalim na sinuri ni Tagapangulong Mao ang mga kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang mga relasyon sa produksyon at mga produktibong pwersa, at sa pagitan ng superistruktura at ng baseng pang-ekonomya, at inilantad ang matagalan at kumplikadong kalikasan ng tunggalian sa pagitan ng

dalawang uri at sa pagitan ng dalawang linya sa sosyalistang panahon. Sa teoretikal na batayang ito, ibayo niyang binalangkas ang batayang linya ng ating partido para sa buong sosyalistang panahon. Itinuturo sa atin ng batayang linyang ito: "Sinasaklaw ng sosyalistang lipunan ang isang mahabang-mahabang istorikong panahon. Sa buong istorikong panahong ito, naririyan ang mga uri, mga tunggalian sa uri at makauring pakikibaka, naririyan ang tunggalian sa pagitan ng sosyalistang landas at ng kapitalistang landas, naririyan ang panganib ng kapitalistang panunumbalik at naririyan ang banta ng subersyon at agresyon ng imperyalismo at sosyal-imperyalismo. Ang mga kontradiksyong ito ay malulutas lamang sa pagsalig sa teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at sa praktika sa ilalim ng gabay nito."[11] Ang batayang linya ng Partido ang gumagabay sa mamamayang Tsino, nagbibigay sa kanila ng kakayahan na magpursiging ipagpatuloy ang rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, pigilan ang panunumbalik ng kapitalismo, at itatag ang sosyalismo, at makibaka para sa dakilang adhikain ng pandaigdigang pagsasakatuparan ng komunismo.

Ang saligang tungkulin ng sosyalistang ekonomyang pampulitika ay pag-aralan at ilarawan ang batas ng transpormasyon ng sosyalistang relasyon sa produksyon mula sosyalistang relasyon sa produksyong tungong komunistang relasyon sa produksyon. Tumutulong sa atin ang kaunting kaalaman sa ekonomyang pampulitika para maunawaan ang obhetibong batas ng paggalaw ng sosyalistang ekonomya at ang katiyakan ng asosasyon, pag-iiba-iba at pag-unlad ng iba't ibang relasyon sa produksyon. Patataasin nito ang ating pag-unawa sa batayang linyan ng Partido at iaangat ang ating kamalayan sa pagpapatupad nito.

Pundamental ang kahalagahan na igiit ang batayang linya ng Partido. Sa simpleng salita, ito a "isagawa ang Marxismo, hindi ang rebisyunismo". Para isagawa ang Marxismo, dapat matutunan muna natin ang Marxismo. Para labanan ang rebisyunismo, dapat kaya nating sabihin kung ano ang rebisyunismo. Gayunman, binubuo ang Marxismo ng pilosopiya, ekonomyang pampulitika at syentipikong sosyalismo. Kung nais nating maunawaan ang Marxismo, dapat seryoso nating pag-aralan ang Marxistang ekonomyang pampulitika.

Ang Marxistang ekonomyang pampulitika ay kasalungat ng lahat ng burges at rebisyunistang ekonomyang pampulitika; umunlad ito sa proseso ng pagsalungat sa burges at rebisyunistang ekonomyang pampulitika. Ang pag-aaral ng Marxistang ekonomyang pampulitika ay tumutulong sa atin na makita ang kaibhan sa pagitan ng Marxismo at rebisyunismo, sa pagitan ng sosyalismo at kapitalismo, at sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Makakatulong rin ito sa atin na iwasto ang mga tendensya tungo sa paglihis at itaas ang ating pang-ideolohiyang kamulatan.

Bilang paglalagom, dapat nating pag-aralan ang kaunting ekonomyang pampulitika kung nais nating gapiin ang anti-Partido at anti-Marxistang pag-iisip, mas mahusay na ipatupad ang batayang linya ng Partido para sa buong istorikong panahon ng Sosyalismo, mas malalim na palawigin ang pagpuna kay Lin Piao at ang pagwawasto sa estilo ng paggawa, at na magtala ng bago at mas malalaking tagumpay sa dakilang sosyalistang rebolusyon at sa sosyalistang adhikain.

## Isanib ang Teorya sa Praktika Upang Matutunan nang Mabuti ang Ekonomyang Pampulitika

Ang ekonomyang pampulitika ay demonstrasyon at aplikasyon ng diyalektikong materyalismo at istorikong materyalismo. Para matutunan ang ekonomyang pampulitika, dapat nating sundin ang patnubay ng diyalektikong materyalismo at istorikong materyalismo. "Sinisikap ng diyalektikong pamamaraan na unawain ang bawat takdang pardon sa tuluy-tuloy na paggalaw nito at sa pansamantalang katangian nito. Wala itong sinasamba, at kritikal at rebolusyonaryo ang kalikasan nito."[12] Ang proletaryong pananaw sa daigdig na ito ay tuwirang katunggali ng ideyalismo at metapisika. Tanging sa paggagap ng diyalektiko at istorikong materyalismo at paggamit sa mga ito sa

pag-oobserba at pagsusuri sa mga batas ng paggalaw ng kapitalistang lipunan at ekonomya maaari nating maunawaan kung bakit hahantong sa pagkapawi ang kapitalismo at hahantong sa tagumpay ang sosyalismo. At tanging sa paggamit ng diyalektiko at istorikong materyalismo sa pag-oobserba at pagsusuri sa mga batas ng paggalaw ng sosyalistang lipunan at ekonomya maaari nating maunawaan ang matagalan at kumplikadong kalikasan ng tunggalian ng mga uri at tunggalian sa linya sa sosyalistang lipunan, at saka lamang natin mauunawaan ang pangkalahatang tunguhin ng istorikong pag-unlad mula sosyalismo tungong komunismo, at kung bakit hindi ito mapipigilan ng kapasyahan ng tao. Mapapalakas nito ang ating pananalig na makibaka para sa ultimong tagumpay ng adhikain ng komunismo nang may lubos na determinasyon at di natatakot sa hirap ni sa sakripisyo.

Para pag-aralan ang ekonomyang pampulitika, dapat nating igiit ang rebolusyonaryong estilo ng pag-aaral na pinagsasanib ang teorya at praktika. Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: "Kinakailangang magpakadalubhasa sa Marxistang teorya at isapraktika ito. Ang layunin ng pagpapakadalubhasa ay nasa pagsasapraktika nito."[13] Ang pagsasanib ng teorya at praktika ay isang usapin ng rebolusyonaryong disiplina, isang usapin ng kalikasan ng partido. Dapat nating isanib ang pag-aaral ng ekonomyang pampulitika sa pagpuna sa rebisyunismo, sa pagpuna sa mga reaksyunaryong kamalian na inilako ni Liu Shao-chi, Lin Piao, at mga katulad na manunuba, sa Tatlong Dakilang Rebolusyonaryong Kilusan ng makauring pakikibaka, ang pakikibaka para sa produksyon at syentipikong eksperimento, at sa transpormasyon ng pananaw sa daigdig. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Itinuturin ng Marxistang pilosopiya na ang pinakamahalagang usapin ay hindi ang paglilinaw sa daigdig sa pamamagitan ng pag-uunawa sa mga batas ng obhetibong daigdig, kundi ang paggamit sa pag-unawang ito para baguhin ang daigdig."[14]

Mahirap bang matutunan ang Marxistang ekonomyang pampulitika? Oo. Sa paunang salita sa unang edisyon ng *Kapital*, sinabi ni Marx: "Lahat ay nagsisimula nang mahirap. Lahat ng syensya ay ganito." Sa kongkretong pagsusuri sa obhetibong mga penomenon, ang Marxistang ekonomyang pampulitika ay tumatagos hanggang sa ilalim, gumagagap sa esensya at nagsasagawa ng syentipikong abstraksyon. Kung gayon, kapag tayo ay nag-uumpisa, madalas tayong nakakaharap ng ilang termino at konseptong mahirap maunawaan. Pero ang Marxistang ekonomyang pampulitika ay isinulat para sa proletaryado at nakapatungkol sa teorya ng proletaryong rebolusyon. Kung ito ay seryoso nating pag-aaralan, unti-unti natin itong mauunawaan. " 'Walang mahihirap na bagay, may mga tao lamang na kulang ng kapasyahan.' Kung hindi mahirap magsimula, makagagawa rin ng abanteng pag-aaral. Ang kailangan lamang ay ang determinasyon at ang kakayahang matuto." "[15]

Minsa'y binigyang-diin ni Marx: "Walang maalwang landas sa syensya, at tanging iyon mga hindi natatakot sa nakakapagod na pag-akyat sa matatarik na landas nito ang may pagkakataong makarating sa mga maningning na taluktok nito."[16] Inilaan ng mga rebolusyonaryong lider ng proletaryado ang kanilang buong buhay sa pagtatatag at pagpapaunlad ng Marxistang teorya. Sa pagsunod sa kanilang maniningning na halimbawa at sa masikhay na pagbabasa ng mga akda nina Marx, Lenin, at Tagapangulong Mao, dapat tayong magpunyagi sa pag-aaral para maging dalubhasa sa Marxistang sandatang teoretikal na ito, para sa sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon at para sa pagkakamit ng komunismo sa buong daigdig.

### Pangunahing mga Sanggunian


Marx, "Paunang salita sa *Isang Kontribusyon sa Kritika sa Ekonomyang Pampulitika," Mga Piling Akda nina Marx at Engels,* tomo 1

Engels, *Anti-Duhring*, ikalawang bahagi, kabanata 1

Lenin, "Karl Marx", *Mga Siping Akda*, tomo 21

Mao, "Hinggil sa Kontradiksyon", ikaapat na seksyon, *Mga Piling Akda*, tomo 1

Mao, "Hinggil sa Wastong Paghawak sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan", unang seksyon, *Mga Piling Babasahin*

Mga Tanong sa Pagbabalik-aral

1. Bakit isang syensya ng tunggalian ng mga uri ang ekonomyang pampulitika?
2. Bakit natin sinasabi na ang Marxistang ekonomyang pampulitika ay isang mahalagang teoretikal na batayan para sa batayang linya ng Partido?
3. Paano mahusay na matututunan ang ekonomyang pampulitika?

**MGA TALA**


1. Frederick Engels, "Karl Marx, Isang Kontribusyon sa Ang Kritika sa Ekonomyang Pampulitika," sa Karl Marx at Frederick Engels, Bol. 2, Jen-min ch'u pan-she, 1972, p. 123.
2. Mao Zedong, "Hinggil sa Praktika," sa *Mga Piling Akda,* Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 259.
3. Karl Marx, *Sahurang Paggawa at Kapital* , *Mga Piling Akda nina Marx at Engels,* Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 362.
4. Mao, "Hinggil sa Matagalang Digmaan," *Mga Piling Akda*, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 437.
5. Mao, "Ang Pagkabangkarote ng Ideyalistang Konsepto ng Kasaysayan," *Mga Piling Akda*, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1401.
6. Marx, "Paunang salita sa *Isang Kontribusyon sa Kritika sa Ekonomyang Pampulitika,"* Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 82.
7. Ibid., p. 83.
8. J. V. Stalin, *Marxismo at Lingwistika* Jen-min ch'u-pan-she, 1971, p. 4.
9. Marx, *Capital* Bol. 1, *Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels*, Bol. 23, pp. 831-832.
10. V. I. Lenin, "Karl Marx," *Mga Piling Akda* Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 599.
11. Partido Komunista ng Tsina (PKT), Saligang Batas ng Partido Komunista ng Tsina," sa *Ang Ikasampung Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina (Mga Dokumento)* Jen-min ch'u-pan-she, 1973, p. 44
12. Marx, "Panghuling Salita sa Ikalawang Edisyong German ng *Kapital*", Bol. 23, p. 24.
13. Mao, "Ang Pagwawasto ng Estilo ng Paggawa ng Partido," Piling mga Akda ni Mao Zedong, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 773.
14. Mao Zedong, "Hinggil sa Praktika," sa *Mga Piling Akda*Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 268.
15. Mao, "Mga Usaping Estratehiko ng Rebolusyonaryong Digma ng Tsina," *Piling mga Akda*, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 165.
16. Marx, "Paunang Salita sa Edisyong Pranses ng *Kapital*," Kompletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 26.

# Kabanata 2

## Mga Sistemang Panlipunan at Pang-Ekonomya na Nauna sa ang Kapitalismo

Mga Relasyon sa Produksyon sa Lipunang Primitibo, Alipin, at Pyudal*

Ang lipunang primitibo, alipin, at pyudal ang tatlong sistemang panlipunan na nauna sa kapitalismo. Ang pag-unawa sa pagpalit at paghalili ng mga relasyon sa produksyon sa mga lipunang ito ay makakatulong sa atin para maintindihan ang istorikong proseso ng pag-unlad ng mga relasyon sa produksyon sa lipunan ng tao. Bukod tangi ang kabuluhan nito para sa pag-unawa ng pinagmulan at pag-unlad ng kapitalistang relasyon sa produksyon at istorikong batas na gumagabay sa di maiiwasang paghalili dito ng sosyalistang relasyon sa produksyon.

### Ang Primitibong Komuna ang Nagtatag ng Pinakaunang Relasyon sa Produksyon sa Kasaysayan ng Tao

Paggawa ang Lumikha sa Tao

Ang lipunang primitibo ay nagsimula sa paghihiwalay ng tao mula sa daigdig ng hayop. Lumitaw ang mga lipunan ng tao kasabay ng pagsulpot ng tao. Sa pagsulpot ng tao, nagsimula ang unang kabanata ng kasaysayan ng tao.

Ang kasaysayan ng lipunan ng tao ay halos isang milyung taon na ang tagal. Isang tipo ng maunlad na taong-bakulaw ang ninuno ng tao. Paano umunlad ang taong-bakulaw sa tao? Ang susi ay nasa paggawa. Nagsimula ang paggawa sa paglikha ng mga kasangkapan. Sa proseso mula taong-bakulaw tungong tao, ginawang mga angkop na kasangkapan ang likas na mga bagay. Maaaring pagpukpok lamang ito ng isang bato sa isa pa para makalikha ng kutsilyong bato at palakol o paghuhugis ng mga kahoy para maging simpleng kasangkapan, subalit isang malaking rebolusyon ang lumitaw. Ang tao ay humiwalay sa daigdig ng hayop at makakasalig sa sariling mga kamay para lumikha ng mga kasangkapan para sa transpormasyon at pangingibabaw sa Kalikasan. Katulad ng sinabi ni Engels: Paggawa "ang unang batayang kundisyon para sa buhay ng tao. Totoo ito hanggang sa dapat nating tanggapin, sa isang pakahulugan, na paggawa ang lumikha sa tao mismo."[1] Sa mahabang proseso ng paggawa, natutunan ng tao kung paano gumawa ng mga kasangkapang bato, mangaso, at mangisda. Naimbento niya ang pana at palaso. Bukod tangi ang halaga ng pagkatuklas at paggamit ng apoy. Lalong pinalakas nito ang kakayahan ng tao na mangibabaw sa at itransporma ang Kalikasan. Mataas ang naging pagpapahalaga ni Engels sa kahanga-hangang natamong ito. Sabi niya, "Kung pandaigdigang pagpapalaya ang pag-uusapan, nilagpasan ng pagkatuklas ng paggawa ng apoy sa pamamagitan ng pagkiskis ang kahalagahan ng paglikha ng *steam engine*. Sapagkat ang pagkakatuklas sa paggawa ng apoy sa pamamagitan ng pagkiskis ay nagbigay ng kakayahan sa tao na kontrolin ang isang pwersa ng kalikasan, sa gayo'y humiwalay siya sa daigdig ng hayop."[2] Magmula noon, pormal na lumitaw sa daigdig na ito ang lipunan ng tao.

---

* Tzu-pen-chu-I i-ch'ien ti she-hui ching-chi chih-tu — yuan-shih she-hui, nu-li-she-hui ho feng-chien she-hui ti sheng-ch'an kuan-hsi.

Ang mga aktibidad sa produksyong isinagawa matapos humiwalay ang tao sa daigdig ng hayop mula sa umpisa ay isang klase ng panlipunan at panggrupong aktibidad. "Ang bawat indibidwal ay nakikipagtulungan sa iba pang myembro ng lipunan para bumuo ng relasyon sa produksyon upang makalahok sa mga aktibidad sa produksyon para sa mga materyal na pangangailangan ng buhay ng tao."[3] Nang itaas ang tabing ng panlipunang kasaysayan ng tao, ang relasyon sa produksyon ay iyong sa primitibong komuna at ito ang unang relasyon sa produksyon sa kasaysayan ng tao.

## Ang Pagmamay-aring Komunang Angkan ang Batayan ng mga Relasyon sa Produksyon ng Primitibong Komuna

Ang komunang angkan na nagkakaisa sa batayan ng pagkakamag-anakan ang primaryang organisasyong panlipunan at pang-ekonomya ng primitibong lipunan. Ang pagmamay-aring komunang angkan ay isang primitibong anyo ng kolektibong pagmamay-ari. Pag-aari ng lahat ng myembro ng komuna ang lupa at iba pang kasangkapan sa produksyon. Sa panahong iyon, dahil krudo ang gamit na batong kutsilyo, palakol, sibat, pana at palaso, mapapangibabawan lamang ang malalaking pwersang natural sa pamamagitan lamang ng kolektibong paggawa. Samakatwid, hindi possible ang indibidwal na pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at mga produkto. Ang sistema ng pagmamay-aring komunang angkan na ito ang tanging angkop sa ilalim ng mababang antas ng pwersa sa produksyon. Dala-dala at gamit ng mga indibwal ang sandata, pana at palaso.

Sa lipunang primitibo, ang lahat ng myembrong makapagtatrabaho ay kalahok sa produktibong paggawa. Gumamit sila ng likas na hatian sa paggawa batay sa kasarian at edad. Nangangaso ang mga lalake, lumilikha ng mga kasangkapan ang matatandang lalake, at ang mga babae ay nangangalap ng halaman, nangangasiwa sa gawaing bahay, at lumalahok sa primitibong agrikultura. Tumutulong ang mga bata sa kababaihan sa suplementaryong paggawa. Ang mga relasyong interpersonal ay mga primitibong relasyong kooperatibo.

Sa ilalim ng mga kundisyon ng pagmamay-aring komunang angkan at kolektibong paggawa, pantay-pantay na hinahati ang mga produkto. Dahil sa mababang antas ng mga pwersa sa produksyon nang panahong iyon, ang mga produktong nalilikha sa paggawa ay sapat lamang para panatilihin ang minimum na antas ng pamumuhay na halos walang sobra. Kung hindi naging pantay-pantay ang distribusyon, maaaring namatay sa gutom ang ilang myembro ng angkan o nalusaw ang angkan.

Ang pang-ekonomyang subistruktura ng primitibong lipunan ay lumikha rin ng katugong superistruktura. Ang lipunang primitibo ay dumaan sa pagiging matriyarkal na angkan bilang resulta ng mas mahahalagang pusisyong tangan ng kababaihan sa mga aktibidad sa produksyon. Nang panahong iyon, pangunahing abala sa primitibong agrikultura ang kababaihan, at abala sa pangangaso ang kalalakihan. Pero mas pana-panahon ang pangangaso at di tiyak ang mga resulta nito. Mas maaasahang mapagkukunan ng kabuhayan ang agrikultura. Kung gayon, umiinog ang buhay panlipunan sa babae. Sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, sumulong ang agrikultura mula sa primitibong anyo nito at nahiwalay na ang paghahayupan sa agrikultura. Umangat ang kahalagahan ng kalalakihan sa mga aktibidad sa produksyon . Sa transisyon mula pag-aasawang panggrupo [*group wedding*] na umiinog sa kababaihan tungo sa pag-aasawang isa-sa-isa, naging mas mababa na ang pusisyon ng kababaihan, na nagbigay daan sa patriyarkal na angkan .

Ang konseho ng angkan, na binubuo ng lahat ng nasa hustong gulang na myembro ng angkan, ang pinakamataas na organo ng kapangyarihan sa komunang angkan . Ang konseho ng angkan ang naghahalal ng pinuno ng tribo at mga pinunong militar sa panahon ng digma at nagtatalakay at nagpapasya sa lahat ng mahahalagang bagay. Ganito isinalarawan ni [Lewis H.] Morgan, isang iskolar

na Amerikano, sa kanyang *Ancient Society* ang komunang angkan ng mga Amerikanong *Indian*: "Lahat ng myembro ay malayang tao, at obligadong pangalagaan ang kalayaan ng isa't isa. Lahat ay may pantay-pantay na karapatan. Maging ang pinuno ng tribo at mga pinunong militar ay hindi maaaring humingi ng kahit anong natatanging pribilehiyo. Magkababayan sila batay sa relasyon sa dugo." Ang superistruktura ng angkan ay instrumental sa pagkonsolida at pag-unlad ng pang-ekonomyang subistruktura at sa pagsulong ng mga pwersa sa produksyon nang panahong iyon.

Ipinakita ni Tagapangulong Mao, "Ang pag-unlad ng mamamayang Tsino (pangunahing tinutukoy rito ang mamamayang Han) ay katulad sa iba pang mamamayan sa daigdig. Dumaan sila sa ilampung libong taon ng primitibong lipunang walang uri." [4] Ang lipunang inugnay sa *Peking Man* na natuklasan sa Chou-k'uo-tien ng Peking ay kumatawan sa pinakaunang yugto ng primitibong Tsina. Pinapatunayan ng maraming sinaunang lugar at mga labi ng kultura mula sa lipunang primitibo na natuklasan sa maraming lugar sa Tsina na minsang umiral ang matriyarkal na tribo sa mga sentral na rehiyon sa kahabaan ng kapatagan ng *Yellow River* at sumasakop hanggang sa loob ng Mongolia, Heilungkiang, Sinkiang, Tibet, Kwangsi, Szechuan at Yunnan. May limang libong taon na ang nakararaan nang ang mga tribo sa pampang ng *Yellow River* at Ilog Yangtze ay unti-unting naging patriyarkal na mga komunang angkan. Bago noong dinastiyang Hsia sa Tsina, umiral ang primitibong lipunan sa loob ng ilan daan libong taon.

Ipinapakita sa atin ng mga istorikong datos na ang lipunang primitibo ay walang pribadong pag-aari, walang mga uri, walang makauring pagsasamantala, ni makauring pang-aapi. Mariing pinabubulaanan ng mga ito ang kasinungalingan na ang pribadong pag-aari at uri ay matagal nang nasa atin simula't sapul.

## Ang Paglitaw ng Pribadong Pag-aari ay Nagbigay-daan sa Pagbagsak ng Primitibong Komuna

Sa proseso ng pag-unlad sa lipunang primitibo, sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, lumitaw ang panlipunang hatian sa paggawa. Sa simula, naihiwalay ang paghahayupan sa agrikultura. May ilang tribo na nag-espesyalisa sa paghahayupan. Ang iba ay sa agrikultura. Ito ang unang mayor na panlipunang hatian sa paggawa. Di naglaon, naihiwalay ang pagyayaring-kamay sa agrikultura. Ito ang ikalawang mayor na hatian sa paggawa. Pagpasok sa huling bahagi ng lipunang primitibo, natuklasan ang bakal. Ang paglitaw ng bakal ay tanda ng pagsulong ng lipunan ng tao sa mas mataas na yugto. Pero ito rin ang naghudyat ng pagbagsak ng lipunang primitibo. Sa magkakahiwalay na paglitaw ng agrikultura, paghahayupan, at pagyayaring-kamay, lumitaw ang produksyon para sa layunin ng palitan o produksyon ng kalakal.

Sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, nagkaroon ng kaunting sarplas matapos ang pagpapanatili ng isang batayang antas ng pamumuhay. Pinataas ng dalawang mayor na hatian sa paggawa ang produktibidad ng paggawa at nagtulak sa pag-unlad ng aktibidad sa agrikultura, paghahayupan, at pagyayaring-kamay. Dumami ang sobrang produkto at kayamanan ng lipunan. Sa ganitong mga kundisyon, lumitaw ang posibilidad na angkinin ng ilang tao ang mga produkto ng paggawa ng ibang tao. Sa kabilang banda, sa paglawak ng palitan, lumitaw rin ang posibilidad na ang pag-aari ng komuna pag-aari ay unti-unting gawing pribadong pag-aari ng pinuno ng angkan. Ang paggamit ng kasangkapang metal □ laluna ang bakal na palakol, asarol, at araro □ ay makabuluhang nagpalaki sa produktibidad ng paggawa at lumikha ng mga kundisyon para sa produksyong nakabatay sa indibidwal na kabahayan. Ang dating kolektibong produksyon batay sa angkan ay unti-unting nalusaw tungo sa indibidwal na produksyon batay sa kabahayan. Ang produksyon at produkto ay naging pribadong pag-aari rin. Pagkatapos, ang lupa na dating

kolektibong pag-aari pero itinalaga sa bawat indibidwal na mga kabahayan, ay nalipat din sa pribadong kamay. Lumitaw ang pribadong pagmamay-ari at nalusaw ang primitibong komuna.

Sa pagsulpot ng pribadong pagmamay-ari, lumitaw ang di pagkakapantay-pantay sa distribusyon ng pag-aari sa mga pamilya. Tuluy-tuloy na ginamit ng mga pinuno ng angkan ang kanilang kapangyarihan para ilipat sa kanilang pribadong pag-aari ang mga kolektibong pag-aari at naging pinakamayayamang kabahayan sa angkan. Kasabay nito, habang dumarami ang kayamanan ng maririwasang pamilyang ito at lumawak pa ang saklaw ng kanilang operasyon, dumanas ng kakulangan sa gagawa. Sa kabilang banda, sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, naging posible at kapaki-pakinabang ang paggamit ng paggawang alipin. Bilang resulta, ang mga bihag ng digma ay hindi na pinapaslang kundi ginagawang mga alipin. Di naglaon, naging alipin na rin ng mayayamang pamilya ang ilang mahihirap na myembro ng angkan. Lumitaw ang pagsasamantala ng tao sa tao.

Sa pag-unlad ng produksyon at paglawak ng palitan, naganap ang ikatlong mayor na hatian sa paggawa. Lumitaw ang mga komersyante na nag-espesyalisa sa palitan ng kalakal. Sa pag-unlad ng palitan ng kalakal, nalikha ang salapi. Sa paglitaw ng salapi, ang mayayamang pamilya ay lumahok sa pang-uusura at pinabilis ang konsentrasyon at di pantay na distribusyon ng yaman. Bilang resulta, mabilis na nakonsentra ang yaman sa kamay ng iilang panginoong may-alipin. Sa kabilang banda, isinadlak sa pagkaalipin ang malawak na masang anakpawis dahil sa kahirapan at pagkabangkrap, na mabilis na nagparami sa bilang ng mga alipin. Kung gayon, nahati ang lipunan sa mga uri: ang panginoong may-alipin at mga alipin. Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng tao, lumitaw ang dalawang magkatunggaling uring ito. Sa paglitaw ng mga uri, mula sa pagiging lingkod publiko ng lipunan, ang dating konseho ng angkan ay naging panginoon nito at naging kasangkapan ng panginoong may-alipin para apihin ang mga alipin. Ang estado – ang makinarya para sa pang-aapi ng isang uri sa isa pang uri – ay isinilang sa panahong iyon. Mula noon hanggang sa kasalukuyan, "lahat ng panlipunang kasaysayan ay naging kasaysayan ng tunggalian ng mga uri."[5]

## Pang-aalipin ang Pinakaunang Sistema ng Pagsasamantala

### Ang Katangian ng Relasyon sa Produksyon sa Lipunang Alipin ay ang Pagmamay-ari ng mga Panginoong May-alipin sa mga Kagamitan sa Produksyon at mga Alipin

Sa lipunang alipin, pag-aari ng mga panginoong may-alipin hindi lamang ang mga kagamitan sa produksyon, kundi maging ang mga alipin. Isang buhay na kagamitan lamang ang alipin sa absolutong dominasyon ng panginoong may-alipin. Hindi lamang pinagsasamantalahan ang alipin, kundi tinatrato siyang hayop, bagay na pang-alay, at kalakal. Maaari pa nga siyang paslangin ng nagmamay-ari sa kanya. Ang aliping paggawa ay lantarang sapilitang paggawa. Gumamit ng tahasang pwersa ang panginoong may-alipin para pagtrabahuhin ang alipin at walang pakundangang pinahihirapan. Para mas madaling hulihin ang mga tumatakas na alipin, hineherohan ng may-ari ang mga alipin at ikinakadena. Ginamit ng may-ari ng alipin ang pinakamalulupit na pamamaraan para pumiga ng sobrang paggawa at produkto mula sa alipin. Lahat ng produktong nalilikha ng alipin ay napupunta sa may-ari ng alipin. Pinapakain ang alipin na parang hayop, sapat-sapat lamang para siya mabuhay. Ito, sa gayon, ang relasyon sa produksyon ng lipunang alipin.

Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Halos apat na libong taon ang lumipas sa pagitan ng kasalukuyan at ng panahong nalusaw ang primitibong lipunan ng bansang Tsino tungo sa isang

makauring lipunang dumaan sa lipunang alipin at lipunang pyudal."[6] Naging lipunang alipin ang Tsina matapos ang dinastiyang Hsia. Sa dinastiyang Yin, ang "*chung-jen*" at "*hsu-min*" [ang masa] ay pawang mga alipin. May posas sa kamay lahat ng pigurang putik sa libingan na nahukay sa Yin-hsu (ang abandonadong lugar ng kabisera ng dinastiyang Yin, kanugnog ng Hsiao-t'un-ts'un, Anyang, Probinsya ng Honan). Nakaposas sa likod ang kamay ng lahat ng lalaki at sa harapan ang sa mga babae. Sinasalamin ng mga ito ang buhay ng mga alipin nang panahong iyon. Mas nakakapanindig-balahibo pa ang pamamaslang sa mga alipin. Madalas inaalay sa mga pansakripisyong seremonya ng mga panginoong may-alipin ang kanilang mga alipin. Sa ilang seremonya noong dinastiyang Yin, mahigit isang libo katao ang pinatay. Mula sa mga libingan ng mga panginoong may-alipin ng dinastiyang Yin, natagpuan ang mga alipin na inilibing nang buhay o patay. Umaabot ang bilang nila mula sampu hanggang ilang daan. Kabilang sa kanila kapwa ang mga lalaki at babae, maging mga bata. Walang duda na umiral ang lipunang alipin sa Tsina.

Gayunman, ang mga Trotskyistang tulad ni Ch'en Po-ta ay nagpakalat na walang lipunang alipin sa Tsina sa bigong pagtatangkang baligtarin ang unibersal na katotohanan ng Marxistang klasipikasyon ng lipunan ng tao at lumikha ng ebidensya para sa kanilang kasinungalingan na hindi angkop ang komunismo sa mga kundisyon ng Tsina. Ito ay sukdulang reaksyunaryo at ganap na walang saysay.

## Ang Makauring Antagonismo ay Nagbigay-daan sa Tunggalian sa Pagitan ng Kalunsuran at Kanayunan at ng Mental at Pisikal na Paggawa

Ang pinakamaagang sinaunang lunsod ay lumitaw sa pagtatapos ng primitibong lipunan at itinatag sa sentral na rehiyon ng alyansa ng mga tribu para sa layunin ng depensa. Matapos mabuo ang lipunang alipin at sa pag-unlad ng agrikultura, industriya ng pagyayaring-kamay, at palitan ng kalakal, lumitaw ang tunggalian ng kalunsuran at kanayunan.

Sa panahon na iyon, ang mga produkto ng industriya ay mga produktong yaring-kamay. Ang lunsod ang sentro ng industriya ng pagyayaring-kamay. Ang pag-unlad ng industriyang ito ay kaugnay ng pag-unlad ng komersyo. Kung gayon, ang lunsod din ang sentro ng mga aktibidad na pangkomersyo. Sa dinastiyang Yin ng Tsina, mabilis na umunlad ang komersyo. Sumibol ang mga lunsod pangkomersyo. Ang Yin at Shang [*shang* ang terminong Tsino para sa komersyo] ay magkasingkahulugan, at kilala rin ang dinastiyang Yin bilang dinastiyang Shang. Ang kasalukuyang Yin-shu ay dating lugar ng malaki-laking lunsod pangkomersyo sa dinastiyang Yin.

Ang mga panginoong may-alipin ay nagtatag ng superistruktura na umaayon sa subistrukturang pang-ekonomya ng lipunang alipin, at ang lunsod ang naging sentro ng pulitika ng lipunang alipin. Nagtuon ang panginoong may-alipin ng espesyal na atensyon sa pagpapalakas ng makinarya ng estado sa lunsod para sugpuin ang pag-aaklas ng mga alipin. Maraming panginoong may-alipin, malalaking komersyante, usurero, at burukrata ang nakakonsentra sa lunsod at namumuhay nang masama at maluho. Para punuan ang kanilang pangangailangan sa libangan, sapilitang pinagtayo ng magagandang palasyo, templo, teatro, at iba pang pampublikong lugar ng mga panginoong may-alipin ang mga alipin. Sa gayon, unti-unting umunlad ang kalunsuran bilang sentrong pangkultura ng lipunang alipin.

Samakatwid, ang lunsod sa lipunang alipin ang tumangan ng dominanteng papel sa ekonomya, pulitika, at ideolohiya, at lumikha ng tunggalian sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan. Ang tunggalian ng kalunsuran at kanayunan ay produkto ng maiigting na kontradiksyon ng mga uri. Kinatangian ito ng pagsasamantala ng kalunsuran sa kanayunan.

Sa lipunang primitibo, lumalahok sa paggawa ang lahat ng makapagtatrabaho. Walang espesyalisasyon sa paggawang mental. Sa lipunang alipin, iba ang kalagayan. Bilang resulta ng malaking bilang ng sobrang produktong likha ng aliping paggawa, naging posible para sa mga panginoon na ihiwalay ang kanilang sarili sa paggawa sa produksyon. Sa panahong iyon, maaari at kinakailangan ang hatian sa pagitan ng paggawang mental at pisikal. Ang pagkakahating ito ay antagonistiko sa mula't sapul. Naging pribilehiyo ng uring panginoong may-alipin ang edukasyong pangkultura. "Ang uring may hawak sa mga kagamitan sa produksyong materyal ang may kontrol din sa kagamitan sa produksyong mental. Kung gayon, ang pag-iisip ng mga walang kagamitan sa produksyong mental sa pangkalahatan ay nakapailalim sa impluwensya ng naghaharing uri."[7] Ubos kayang ipinalaganap ng uring panginoong may-alipin ang kasinungalingan na "ang mga manggagawang mental ang namumuno sa iba habang ang mga manggagawang pisikal ay pinamumunuan ng iba." Ginamit nito sa kanyang lubos na pakinabang ang kanyang pulitika, batas, pilosopiya, at ideolohiya bilang kasangkapan para pagharian ang mga alipin at iba pang masang anakpawis para sa konsolidasyon ng diktadura ng panginoong may-alipin.

## Pinabilis ng Paghihimagsik ng mga Alipin ang Pagbagsak ng Pang-aalipin

Ang pang-aalipin ay isang di maiiwasang yugto sa kasaysayan ng tao. Ang paglitaw nito ay tumugon sa pangangailangan ng umiiral na mga pwersa sa produksyon. Sa ilalim ng pang-aalipin, hindi na maramihang pinapatay ang mga bihag ng digma. Sa halip, binubuhay sila para magtrabaho. Nakatulong ito sa pag-unlad ng produksyon. Dahil hawak ng panginoong may-alipin ang malaking bilang ng kagamitan sa produksyon at paggawa, posibleng organisahin ang produksyon at kooperasyon sa malakihang saklaw. Sa paggamit sa mga kasangkapang metal, mabilis na umunlad ang agrikultura, paghahayupan, at industriya ng pagyayaring-kamay. Agrikultura ang naging pinakamahalagang bahagi ng pambansang ekonomya. Nakapag-alaga ng kabayo, kalabaw, tupa, manok, aso, at baboy. Sa pamamagitan ng kooperatibong pagsisikap ng malaking bilang ng tagayaring-kamay, ihinulma ang isang *bronze ritual vessel* [*ssu-mu-mao ta fang ting*] na may pinong bulaklaking disenyo, sumusukat ng 110 sentimetro ang haba, 55 sentimetro ang lapad, 137 sentimetro ang taas, at tumitimbang ng 1,400 *market catties*. Makikita natin dito ang mataas na kasanayan at kalidad sa produksyon na naabot na noon pa man.

Sa isang antas, itinulak ng mga relasyon sa produksyon ng lipunang alipin ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Gayunman, taglay ng mga relasyong ito ang likas na mga kontradiksyon sa ibayong pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Mas tumalas pa ang mga kontradiksyong ito sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Hindi na kayang tiisin pa ng malawak na masang alipin ang malupit na pagsasamantala at pang-aapi ng mga panginoong may-alipin. Pinabagal nila ang kanilang paggawa, maramihang tumakas, at sadyang sinira ang mga kasangkapan sa produksyon. Sa isang banda, pinatindi pa ng mga panginoong may-alipin ang kanilang pang-aapi, na humantong sa maramihang maagang pagkamatay ng mga alipin. Sa kabilang banda, pinalit nila ang mas mabibigat na kasangkapan na hindi madaling sirain. Subalit nahadlangan sa gayon ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Ang restriksyon sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon ay bunga rin ng pagkamuhi sa pisikal na paggawa na likha ng sistema. Mas pinipili pa ng mga nabangkrap na maliliit na prodyuser na magpagala-gala na lang kaysa lumahok sa pisikal na paggawa. Ipinapakita ng mga ito na ang mga relasyon sa produksyon ng pang-aalipin ay hindi na angkop sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Ang pagkalusaw nito ay hindi maiiwasan gaya ng pagsibol nito.

Sa pagtatapos ng lipunang alipin, lumitaw ang pyudal na relasyon sa produksyon. Ang pagmamay-ari sa lupa ng estado ng pang-aalipin ang batayan ng mga relasyon sa produksyon sa

lipunang alipin. Noong panahon ng *Yin-Chou* ng Tsina, nasa porma ng *ching-t'ien* [*well fields*] ang pagmamay-ari ng estado sa lupa. Lahat ng lupa na sakop ng *ching-t'ien* ay tinatawag na "lupang komunal." Ang "mga lupang komunal" na ito at mga alipin ay nasa kamay ng pinakamalalaking panginoong may-alipin, mga prinsipeng pyudal, maharlika, at opisyales ng estado na itinalaga ng Anak ng Langit [*Son of Heaven*]. Sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, ubos kayang sinikap ng ilang panginoong may-alipin na pwersahin ang mga alipin na sakahin ang malaking bilang ng "pribadong lupain" para pumiga ng mas maraming sobrang paggawa. Sa paglawak ng "pribadong lupain," ang sistema ng "lupang komunal" ay pinapanghina. Sa panahong ito, lumitaw ang uring panginoong maylupa. Itinaguyod nila ang "pagbuwag ng *ching-t'ien* at ang paggiba sa mga pilapil sa pagitan ng mga bukirin [gamit bilang hangganan."] Unti-unting naging timawa ang mga alipin. Ang mga sibol ng pyudal na relasyon sa produksyon ay yumabong.

Ang mga batayang uri ng lipunang alipin ay ang uring panginoong may-alipin at ang mga alipin. Sa labas ng dalawang uring ito ay ang mga malayang magsasaka at tagayaring-kamay. Ang mga alipin ang nasa pinakaibaba ng mga saray ng lipunan at dumaranas ng pinakamalupit na pagsasamantala at pang-aapi ng mga panginoong may-alipin. Sa buong panahon ng pang-aalipin, nagkaroon ng mararahas na tunggalian ng mga uri sa pagitan ng mga alipin at panginoong may-alipin. Naganap sa Tagsibol at Taglagas ng Tsina ang transisyon mula pang-aalipin tungong pyudalismo. Isang pinuno ng alipin na nagngangalang Chih ang namuno sa 9,000 katao na rumagasa at lumusob sa mga panginoong pyudal. Mariing hinamon ng mga pag-aalsa ng mga alipin ang paghahari ng uring panginoong may-alipin. Sa iba't ibang bayan ng daigdig, naging tema ng maraming epiko ng kabayanihan ang pag-aalsa ng mga alipin. Halimbawa, sa panahong Romano, pinamunuan ni Spartacus ang pinakamalaking rebelyon na may 120,000 na kalahok. Niyanig ng pag–aalsang ito ang pinakapundasyon ng buong Emperyong Romano. Nagdulot ng matitinding dagok sa kapangyarihang pampulitika ng mga panginoong may-alipin at nagpabilis sa pagbagsak ng pang-aalipin ang mararahas na pag-aalsa ng mga alipin. Habang nalulusaw ang pang-aalipin, unti-unting nahinog ang pyudal na relasyon sa produksyon. Ginamit ng bagong lumilitaw na panginoong maylupa na kumakatawan sa pyudal na relasyon sa produksyon ang lakas ng masang anakpawis para ibagsak ang paghahari ng mga panginoong may-alipin at itatag ang gubyerno ng mga panginoong maylupa. Sa katapusan, pinalitan ng pyudalismo ang pang-aalipin.

Ang pagpalit sa pang-aalipin ng pyudalismo ay di maiiwasan sa kasaysayan. Sa Tsina, sa panahon ng mga dakila at makasaysayang mga panlipunang pagbabago, matigas na tinutulan ni Confucius, ang reaksyunaryong tagapagtaguyod ng sistemang alipin, ang anumang repormang panlipunan at itinuring ang mga pagbabago sa relasyon sa produksyon bilang "malalaking kabuktutan." Puspusan niyang tinutulan ang lahat ng hakbangin sa reporma na isinagawa ng bagong mga panginoong pyudal, itinaguyod ang panunumbalik ng lumang sistemang alipin, at hibang na umasa na maisalba ang gumigiray na kaayusan ng lipunan. Pero huli na ang lahat. Ang kanyang pagsisikap ay kumatawan sa walang saysay na pakikibaka ng isang naghihingalong simulain.

## Ang Pyudalismo ay Isa Pang Mapagsamantalang Sistema na Nakabatay sa Labanan ng mga Uri

### Pyudal na Pagmamay-ari ng Lupa ang Pang-ekonomyang Subistruktura ng Lipunang Pyudal

Ang mga relasyon sa produksyon ng lipunang pyudal ay nakabatay sa pagmamay-ari sa lupa ng uring panginoong maylupa at ang halos ganap na kontrol nito sa mga timawa. Pag-aari ng mga panginoong maylupa ang kalakhan ng lupa. Maliit lang o walang pag-aaring lupa ang mga magsasaka at timawa. Para mabuhay, umaasa sila sa pagsasaka sa lupain ng panginoong maylupa. Sa ganitong paraan, nakatanikala sila sa pyudal na sistema sa lupa. Nawalan sila ng personal na kalayaan at dumanas ng malupit na pagsasamantala at pang-aapi ng mga panginoong maylupa.

Ang pangunahing paraan ng pagsasamantala ng panginoong maylupa sa mga magsasaka ay sa pamamagitan ng pagsingil ng pyudal na upa mula sa mga lupang pinapaupa sa kanila. May tatlong klase ng pyudal na upa: upa sa anyo ng paggawa, upa sa anyo ng produkto, at upa sa anyo ng salapi.

Namayani ang upa sa anyo ng paggawa noong maagang bahagi ng lipunang pyudal. Ang upa sa anyo ng paggawa ay binubuo ng pagtatrabaho ng mga magsasaka, sa takdang mga panahon, gamit ang sariling kasangkapan sa lupain na pinangangasiwaan ng panginoong maylupa. Makakapagtrabaho lamang ang mga magsasaka sa sariling lupain matapos makapagtrabaho para sa panginoong maylupa. Sa ilalim ng ganitong tipo ng upa sa lupa, malinaw na malinaw ang mga relasyon sa pagitan ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan. Ang produkto mula sa lupang pinangangasiwaan ng magsasaka ay sa kanila. Kung kaya interesado sila sa paggawa rito. Ang produkto mula sa paggawa ng mga magsasaka sa lupang pinangangasiwaan ng panginoong maylupa ay buung-buong pag-aari ng panginoong maylupa. Natural na hindi masigasig ang mga magsasaka sa ganoong paggawa. Alam na alam ng panginoong maylupa ang ganitong kaibhan sa aktitud. Para itulak ang mga magsasaka na magtrabaho nang masikhay sa mga lupaing pinangangasiwaan ng mga panginoong maylupa, nagtalaga ang huli ng mga kapatas para magpatupad ng mahigpit na disiplina. Samakatwid, sa ilalim ng naturang sistema sa upa, kitang-kita ang relasyon ng nang-aapi at inaapi, naghahari at pinaghaharian. Sa maagang bahagi ng pyudalismo, mahina pa ang mga pwersa sa produksyon. Hindi kakayanin ng panginoong maylupa na angkinin ang sobrang paggawa ng mga magsasaka kung hindi sasalig sa tuwirang pamumwersa. Ang ganitong klase ng pyudal na upa ay sinalubong ng marahas na paglaban ng mga magsasaka.

Nang lumaon, bunsod ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon at bunga ng paghahangad ng mas matinding pagsasamantala at itago pa lalo ang kanilang mapagsamantalang layon, ginamit ng panginoong maylupa ang upa sa anyo ng produkto kapalit ng upa sa anyo ng paggawa. Sa ilalim ng upa sa anyo ng produkto, hindi na nagtatrabaho ang magsasaka sa ilalim ng superbisyon ng panginoong maylupa. Hindi na niya kailangang magtrabaho sa lupaing pinangangasiwaan ng panginoong maylupa. Mahahawakan ng magsasaka lahat ng kanyang paggawa. Subalit kailangan niyang magbigay ng sobrang produkto sa anyo ng ani sa panginoong maylupa sa mga takdang panahon. Kumpara sa upa sa anyo ng paggawa, ang upa sa anyo ng produkto ay instrumental sa pagpapaunlad ng kaalaman at produktibidad ng paggawa sa isang antas. Subalit karaniwang nangangahulugan ng 50 porsyento o maging 70 porsyento hanggang 80 porsyento ng ani ng magsasaka ang upa na ibinibigay. Para tiyakin ang minimum na antas ng pamumuhay, kinailangan ng magsasaka na pahabain ang oras ng kanilang paggawa at paigtingin ang paggawa. Magkagayunman, hindi makapamuhay ang magsasaka na mas mataas kaysa sukdulang karalitaan.

Lumitaw ang upa sa anyo ng salapi sa huling bahagi ng lipunang pyudal. Ang mga pwersa sa produksyon noon ay mas mataas kaysa dati. Malawak ang naging pag-unlad ng mga relasyon sa pagitan ng salapi at kalakal. Para tustusan ang kanyang maraming pangangailangan para sa magarbo at maluhong pamumuhay, nangailangan ang panginoong maylupa ng higit pang salapi. Sa naturang mga kundisyon, lumitaw ang upa sa anyo ng salapi. Sa ilalim ng upa sa anyo ng salapi, ipinagbibili ng magsasaka ang kanyang produkto sa pamilihan kapalit ng salapi na pambayad sa upa. Sa gayon, hindi lamang pinagsasamantalahan ang magsasaka ng panginoong maylupa, kundi maging ng mga komersyanteng *middleman*. Kapag maganda ang ani, pinabababa ng mga komersyante ang presyo para

pigain ang bawat patak ng pawis at dugo ng mga magsasaka. Bunga nito, mas naging kaawa-awa ang kabuhayan ng mga magsasaka at madalas silang nasa bingit ng pagkabangkrap.

Sa lipunang pyudal, ang malawak na masa ng magsasaka ay nasa ilalim ng pagsasamantala ng pyudal na upa. Kailangan din nilang magbayad ng mabibigat na buwis sa pyudal na estado at dumaranas ng pagsasamantala ng mga usurero. Ang panginoong maylupa ay nakipagkutsabahan sa mga burukrata at hukbo para dambungin ang lupain ng mga magsasaka, nakawin ang kanilang yaman, at pwersahin silang lumahok sa sapilitang paggawa nang walang bayad. Dumanas ang malawak na masa ng magsasaka ng lahat ng uri ng pagsasamantalang ekstra-ekonomiko.

## Sinalamin ng mga Paghihimagsik ng Magsasaka ang Papaigting na mga Kontradiksyon ng mga Uri sa Lipunang Pyudal

Ang pagpalit ng lipunang pyudal sa lipunang alipin ay isang hakbang pasulong sa kasaysayan. Nagtulak ng pag-unlad sa mga pwersa sa produksyon ang pyudal na relasyon sa produksyon sa maagang yugto ng lipunang pyudal. Umunlad ang mga pamamaraan sa produksyon sa agrikultura at napahusay ang mga kasangkapan. Pinalaganap ang paggamit ng mga kasangkapang bakal sa produksyon, pinataas kapwa ang mga uri at kantidad ng mga pananim, at lumago ang industriya ng pagyayaring-kamay. Sa panahon ng *Warring States* ng Tsina, naitayo ang mga imbakan ng tubig sa malawakang saklaw, tulad ng Dike ng Tu-chiang sa Szechuan. Sa mga karagdagang konstruksyon at pagmamantini sa panahon ng iba't ibang dinastiya, napakahalaga hanggang sa ngayon ang gamit ng Dike ng Tu-chiang. Maunlad-unlad sa lipunang pyudal ng Tsina ang paggawa ng asin, metalurhiya, produktong seda, paglalala at paghahabi, porselana at pagpapalayok, at pagbuburda. Napakaagang naimbento ang kompas, pulbura, papel, at *block printing*.

Gayunman, sa ilalim ng pyudal na relasyon sa produksyon, maliitan, sa saligan, ang saklaw ng produksyon batay sa kabahayan. Ang produksyon sa maliitang saklaw ay hindi nakatulong sa ibayong pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Ang malawak na masa ng magsasaka sa ilalim ng pyudal na relasyon sa produksyon ay pangunahing dumaranas ng malupit na pagsasamantala at pang-aapi at maliit lamang ang posibilidad para paunlarin ang produksyon. Ang kontradiksyon sa pagitan ng pyudal na relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon ay sinalamin bilang makauring kontradiksyon sa pagitan ng panginoong maylupa at magsasaka. Ito ang pangunahing kontradiksyon sa lipunang pyudal. Ang pinakamataas na manipestasyon ng ganitong kontradiksyon ay ang armadong pag-aalsa ng malawak na masa ng magsasaka para labanan ang paghahari ng panginoong maylupa. Ang mga pag-aalsa at pakikibakang ito ay katangian ng buong panahong pyudal. Noong 200 B.C., matapos mapag-isa ni Ch'in Shi-huang ang Tsina at itatag ang unang pyudal na diktadura, sumiklab ang unang dakilang pag-aalsa sa kasaysayan ng Tsina – ang pag-aalsang pinamunuan nina Ch'en Sheng at Wu Kuang. Matapos noon, sa panahon ng mahigit dalawang libong taon bago ang Pag-aalsang Taiping sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, naitala ang ilandaang maliliit at malalaking pag-aalsa ng mga magsasaka at malalaking rebolusyonaryong digmang magsasaka. Sa buong daigdig, pinakamalalaki at pinakamarami ang bilang ng pag-aalsan ng mga magsasaka sa Tsina. "Tanging itong mga makauring pakikibaka ng mga magsasaka, mga pag-aalsang magsasaka, at mga digmang magsasaka ang tunay na motibong pwersa ng istorikong pag-unlad. Sapagkat bawat mayor na pag-aalsang magsasaka at digmang magsasaka ay naging dagok sa kontemporaryong pyudal na paghahari, itinulak nila sa gayon, ang pag-unlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon sa isang antas."[8] Gayunman, sinasabi ng mga taksil tulad ni Ch'en Po-ta na ang pag-unlad ng panlipunang pwersa sa produksyon ay dahil sa mga "konsesyong" ginawa ng pyudal na naghaharing uri. Salungat ito sa istorikong datos. Sa kasaysayan, ang mga panginoong maylupa ay hindi gumawa ng konsesyon sa

mga pag-aalsang magsasaka. Lagi silang gumagamit ng madugong panunupil, kontra-atake, at panlilinlang pero hindi ng "mga konsesyon." Ang teorya ng "mga konsesyon" ng taksil na si Ch'en Po-ta ay lantay na pagtatangkang pagandahin ang mga panginoong maylupa.

### Ang Pag-unlad ng Ekonomyang Nakabatay sa Kalakal at Primitibong Akumulasyon ang Nag-anak at Nagsulong ng Kapitalistang Relasyon sa Produksyon

Sa huling bahagi ng panahong pyudal, sa ibayong pag-unlad ng isang ekonomyang nakabatay sa kalakal, lumitaw ang kapitalistang relasyon sa produksyon.

Nakabatay ang simpleng produksyon ng kalakal sa pribadong pagmamay-ari at indibidwal na paggawa sa lipunang pyudal. Ang layunin ng produksyon ay palitan. Kailangang ibenta ng maliliit na prodyuser ng kalakal ang kanilang produkto sa pamilihan. Pero dahil may magkakaibang kundisyon sa produksyon, kasanayan at tindi ng paggawa ang bawat prodyuser, nagkakaiba-iba rin ang paggawang inilalapat sa kada tipo ng kalakal. Sa kabilang banda, ipinagbibili ang magkakatulad na kalakal sa parehong presyo. Isa itong kontradiksyon. Sa pag-unlad ng kontradiksyong ito, ilang maliliit na prodyuser ng kalakal na may mas mabuting kundisyon ang yumaman. Subalit ang mayorya ng maliliit na prodyuser ng kalakal na mas masama ang kundisyon sa produksyon ay lalo pang naghirap. Sa gayon, napolarisa ang mga simpleng prodyuser ng kalakal.

Sa lipunang pyudal, karaniwang binubuo ang mga gremyo para maiwasan ang kumpetisyon sa pagitan ng mga tagayaring kamay sa parehong linya ng produkto o sa iba pang tagayaring kamay sa ibang lugar o linya. Kinakailangang sumunod sa mga regulasyon ang mga kasapi ng gremyo. Sa mga gremyo ng pagyayaring kamay, mayroong maestro, *journeyman*, at aprentis. Sa saligan, pyudal na may bahid ng pagsasamantala ang relasyon sa pagitan ng maestro at ng *journeyman* at aprentis. Nilimitahan ng mga gremyong ito ang polarisasyon sa hanay ng maliliit na prodyuser ng kalakal. Subalit sa pag-unlad ng ekonomyang nakabatay sa kalakal, ayaw nang pumaloob sa regulasyon ng gremyo ang ilang mas mayayamang maestro. Basta na lang nilang pinarami ang bilang ng *journeyman* at aprentis, pinahaba ang oras ng paggawa, pinaunlad ang pamamaraan ng produksyon, at unti-unting ginawang upahang paggawa ang kanilang *journeyman* at aprentis. Ang iba pang nabangkrap na maestro, *journeyman*, at aprentis ay unti-unting napabilang sa hanay ng mga upahang paggawa. Sa batayan ng polarisasyon, unti-unting lumitaw ang kapitalistang relasyon sa empleyo.

Sa proseso ng polarisasyon sa hanay ng maliliit na prodyuser ng kalakal at sa pagsibol ng kapitalistang relasyon sa produksyon, gumanap ng mahalagang papel ang kapital sa komersyo. Ang komersyante ay dating mga ahente sa palitan ng mga kalakal. Nang lumaon, naging kontratistang komersyante siya na nangongontrata sa pagbebenta ng mga produkto ng prodyser ng kalakal. Pagkatapos, nagsusuplay siya ng hilaw na materyales at maging kasangkapan sa maliliit na prodyuser na lilikha ng produkto sa takdang panahon at takdang kalidad, dami, tipo, at ispesipikasyon. Sa gayon, ang maliliit na prodyuser ng kalakal ay buung-buong nakontrol ng mga komersyante at naging upahang paggawa. At ang komersyante mismo ay naging kapitalista sa industriya.

Sa kanayunan, sa huling bahagi ng lipunang pyudal, dahil sa pag-unlad ng ekonomyang nakabatay sa kalakal, unti-unting lumipat sa upa sa anyo ng salapi ang uring panginoong maylupa. Araw-araw pinalaki ang pagiging palaasa ng mga magsasaka sa pamilihan at pinabilis ang kanilang polarisasyon. Nabangkrap ang mayorya ng magsasaka at bumaba sa pagiging upahang paggawa sa bukid. Ang ilan ay umangat sa pagiging mayamang magsasaka at kalauna'y kapitalista sa agrikultura.

Sa gayon, unti-unting naitatag sa lipunang pyudal ang kapitalistang relasyon sa produksyon. Sa huling bahagi ng lipunang pyudal ng Tsina, sa pag-unlad ng ekonomyang nakabatay sa kalakal,

pausbong na ang mga binhi ng kapitalistang relasyon sa produksyon. Kahit walang impluwensya ng dayuhang kapitalismo, unti-unti nang patungo sa lipunang kapitalista ang Tsina.

Ang pagkatatag ng kapitalistang relasyon sa produksyon sa lipunang pyudal ay mahigpit na kaugnay ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Sa simula, ang maliliit na pagawaan ng mga artisano ay naging malalaking kapitalistang pagawaan. Sa mga pagawaang ito, paggawang demano pa rin ang ginagamit. Pero sa dami ng manggagawa na sama-samang gumagawa sa ilalim ng iisang kapitalistang kumpas, naging posible ang simpleng kooperasyon, na bumuo ng isang bagong pwersa sa produksyon. Nang lumaon, ang simpleng kapitalistang kooperasyon ay umunlad sa pagiging kapitalistang pagawaan ng industriya ng pagyayaring-kamay. Ang katangian ng pagawaan ng industriya ng pagyayaring kamay ay ang hatian sa paggawa ng mga manggagawa na lumilikha ng iisang kalakal kung saan nag-eespesyalisa ang bawat isa sa isang proseso. Pinasimple nito ang proseso ng paggawa at pinataas ang produktibidad ng paggawa sa pamamagitan ng pagpapatindi ng *input* ng paggawa. Nilikha rin nito ang mga kundisyon para mapalitan ng makina ang demanong operasyon.

Ang pag-unlad ng kapitalistang relasyon sa produksyon ay nakadepende sa dalawang batayang kundisyon: Una, kailangan ng malaking bilang ng proletaryado na malayang magbenta ng kanilang paggawa. Pangalawa, kailangan ng naunang akumulasyon ng malaking bilang ng kayamanang salapi. Para padaliin ang pag-unlad ng kapitalistang relasyon sa produksyon, gumamit ng dahas ang burgesya para likhain ang dalawang kundisyong ito. Kung kaya't sa pag-unlad ng kapitalismo, nagkaroon ng proseso ng primitibong akumulasyon.

Isang mahalagang pamamaraan ng primitibong akumulasyon ang pagsasamantala sa mga magsasaka. Ang England, kung saan unang umunlad ang kapitalistang relasyon sa produksyon, ay isang tipikal na halimbawa. Sa panahon ng mahigit na tatlong daang taon mula 1470, hanggang maagang bahagi ng ika-19 na siglo, inilunsad ng naghaharing uri ng England ang kilusang "pagbakod" sa pamamagitan ng pwersahang pag-agaw sa lupain ng mga magsasaka. Nagsimula ang modernong industriya ng England sa telang lana. Nangailangan ang industriya ng telang lana ng maraming lana, kaya tumaas ang presyo nito. Para sunggaban ang pagkakataong kumita, binakuran ng malalaking panginoong maylupa at tagapamahala ng bukid ang anumang lupang pwede silang mag-alaga ng tupa. Sapilitan nilang pinalayas sa kanilang lupa ang mga magsasaka, giniba at sinunog ang mga bahay, at inangkin ang maraming kagamitan sa produksyon at panustos sa buhay. Pinalikas ng kilusang pagbabakod ang malaking bilang ng magsasaka sa kanilang tinubuang lupa at nagpagala-gala na lang sila sa malalayong lugar para magpalimos ng kabuhayan. Sumunod nito, nagpatupad ang naghaharing uri ng England ng samu't saring madugong batas para pagbawalan ang mga magsasaka na magpalabuy-laboy at pilitin silang magtrabaho sa ilalim ng malulupit na kundisyon.

Ang pandarambong ng kayamanang salapi ay isa pang mahalagang pamamaraan ng primitibong akumulasyon. Gumamit ng armadong pananakop sa Asya, Aprika, Amerika, at Australia ang burgesya ng Europa para itatag ang sistemang kolonyal. Naglunsad sila ng pakikidigma sa komersyo at nandambong ng materyal na rekurso at kayamanang salapi ng mga kolonya upang magkamal ng kapital para sa pagtatatag ng kapitalistang produksyon na malakihang saklaw.

Samakatwid, ang proseso ng primitibong akumulasyon ay proseso ng sapilitang paghihiwalay ng direktang mga prodyuser sa kanilang mga kagamitan sa produksyon at pagkonsentra ng kayamanang salapi sa kamay ng mga kapitalista bilang kapital. Matalas na ipinakita ni Marx, "Ang kasaysayan ng ekspropriyasyon (ng burgesya sa direktang prodyuser) ay isinulat ng dugo at apoy sa kasaysayan ng tao."[9] Malinaw na ipinakita ng primitibong akumulasyon na ang kapitalista ay hindi "nagsimula sa wala," kundi buung-buong umasa sa pandarambong. "Dumating ang kapital nang tumagataktak sa dugo at putik, sa bawat lagusan ng pawis, mula ulo hanggang paa."[10]

Idineklara ng Rebolusyong Burges ang
Pagbagsak ng Pyudalismo

Ang pagsibol at pag-unlad ng kapitalistang relasyon sa produksyon sa lipunang pyudal ay mahigpit na pinigilan ng pyudal na relasyon sa produksyon at superistruktura nito. Pinigilan silang magkaroon ng dominanteng papel sa lipunang pyudal sapagkat hindi kusang-loob na bababa mula sa entablado ng kasaysayan ang pyudal na naghaharing uri. Di maiiwasang ginamit nila ang makinarya ng estado sa kanilang kapangyarihan para ipagtanggol ang lipas nang sistemang pyudal. Ipinalaganap ng burgesya at mga intelektwal, na kumakatawan sa kapitalistang relasyon sa produksyon, ang kapitalistang relasyon sa produksyon bilang "manipestasyon ng kawalang-hanggan at katwiran" at "walang hanggang batas ng Kalikasan." Itinaguyod nila ang tinaguriang "kalayaan, pagkakapantay-pantay, at unibersal na pag-ibig" at tinuligsa ang pyudalismo sa kanilang pagsisikap na ihanda ang opinyong publiko sa rebolusyong burges para ibagsak ang pydalismo. Sa rebolusyong burges, ang mayor na makauring mga pwersa ay ang mga magsasaka, proletaryado, at burgesya. Ang mga magsasaka ang pangunahing pwersa pero hindi mga kinatawan ng bagong pwersa sa produksyon. Hindi pa naitatatag ng proletaryado ang kanyang nagsasariling pwersa sa pulitika, kaya ang burgesya ang namuno sa rebolusyong burges.

Sa lumang Tsina, dahil ito'y lipunang malapyudal at malakolonyal, nahati sa dalawa ang burgesya. Una ay ang burukratikong burgesya. Umasa ito sa imperyalismo. Kasama ng mga panginoong maylupa, kinakatawan ng mga myembro nito ang pinakaatrasado at pinakareaksyunaryong relasyon sa produksyon. Sila ang mga target ng burges-demokratikong rebolusyong Tsino. Ang ikalawang bahagi ay ang pambansang burgesya. Dumanas ito ng pang-aapi at restriksyon ng imperyalismo at pyudalismo sa isang banda pero mahigpit rin nilang kaugnay sa kabilang banda. Itinakda nito na ang pambansang burgesya ay pwersa sa panig ng demokratikong rebolusyon sa ilalim ng ilang kundisyon. Subalit mahina at mabuway rin ito. Samakatwid, "itinakda ng kasaysayan na ang tungkulin ng anti-imperyalista at antipyudal na burges-demokratikong rebolusyon ay hindi makukumpleto sa burges na pamumuno, kundi tanging sa proletaryong pamumuno."[11]

Bagamat ang rebolusyong burges ay isang rebolusyon na pinapalitan ang isang anyo ng pagsasamantala ng isa pa, mayroon din itong mga pagkatalo. Sa takbo ng rebolusyon, mayroong maiigting na tunggalian ng mga uri na may pagtatangkang makapanumbalik ang uring pyudal at paglaban ng burgesya sa panunumbalik. Sinimulan ng England ang kanyang rebolusyong burges noong 1640. Matapos lamang ng dalawang panloob na digmaan nabitay si Charles I, kinatawan ng mga Stuart. Noong 1660, tinangka muling bumalik ni Charles II, isa pang kinatawan ng mga Stuart. Noong 1688, inanyayahan ng burgesyang Ingles ang Prinsipe ng Orange (William III) mula sa Holland para ibagsak ang Pamilya ng mga Stuart. Matapos lamang noon napatatag ang diktadura ng burges. Sa France, sa loob ng walumpu't anim na taon mula 1789 nang sumiklab ang rebolusyong burges hanggang 1875 nang naitayo ang Ikatlong Republika [*Third Republic*], naghaluan ang pagsulong at pag-atras, republika at monarkiya, rebolusyonaryong lagim at anti-rebolusyonaryong lagim, panloob at panlabas na digmaan, pananakop sa at pananakop ng dayuhang bansa, nang wala ni sandali ng kapayapaan at istabilidad. Magkagayunman, sapagkat bulok na ang pyudalismo, hindi pa rin nito maiiwasan ang kamatayan, anumang pagpupumiglas ang gawin nito. Di maiiwasan ang paghalili ng kapitalismo sa pyudalismo.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral:**

Marx and Engels, Manipestong Komunista.

Engels, Ang Pinagmulan ng Pamilya, Pribadong Pag-aari at Estado.
Tagapangulong Mao, "Pagsusuri ng mga Uri sa Lipunang Tsino."
Tagapangulong Mao, "Ang Rebolusong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina," Kabanata 2.

**Mga Katanungan sa Pagbabalik-aral:**

1. Paano lumitaw ang pribadong pagmamay-ari, mga uri, at estado?
2. Paano ipinakita sa tunggalian ng mga uri ang mga kontradiksyon ng mga relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon sa lipunang alipin at lipunang pyudal?
3. Anu-ano ang mayor na kundisyon para sa pagsibol at pag-unlad ng kapitalistang relasyon sa produksyon?

**Mga Tala**

1) Engels, "Ang Papel ng Paggawa sa Transpormasyon ng mga Bakulaw tungong Tao," Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 508.
2) Engels, Anti-Duhring, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 154.
3) "Hinggil sa Praktika," Selected Works of Mao Tse-tung, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 260.
4) "Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 585.
5) Manipestong Komunista, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 250.
6) "Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 585.
7) Ideolohiyang German, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 52.
8) "Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 588.
9) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 783.
10) Ibid., p. 829.
11) "Ang Tungkulin ng Partido Komunista ng Tsina sa Panahong Anti-Hapon," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 241.

# Kabanata 3

## Kailangang Magsimula sa mga Kalakal ang Pagsusuri sa Kapitalistang Lipunan

Mga Kalakal, Salapi, at ang Batas ng Halaga*

Sabi ni Tagapangulong Mao, si Marx ay "nagsimula sa pinakasimpleng kapitalistang salik – mga kalakal – para suriin nang mabuti ang istrukturang pang-ekonomya ng kapitalistang lipunan"[1]. Bakit nagsimula si Marx sa mga kalakal sa kanyang pagsusuri ng kapitalistang ekonomya? Ito ay dahil kalakal ang bawat produkto sa kapitalistang lipunan. Hindi lamang mga kagamitan sa produksyon at mga produktong pangkonsumo ang kalakal; maging ang paggawa ng tao ay kalakal. Dito, ang kayamanang panlipunan ay nasasalamin bilang napakalaking tipon ng mga kalakal. Ang mga kalakal ay naging mga selula ng istruktura ng kapitalistang ekonomya. Nilalaman ng kalakal ang lahat ng kontradiksyon ng kapitalismo. Kung gayon, dapat magsimula ang pag-aaral ng kapitalismo sa pagsusuri ng mga kalakal.

### Nilalaman ng Relasyon sa Kalakal ang Binhi ng Lahat ng Kapitalistang Kontradiksyon

Binubuo ng Dalawang Sangkap ang mga Kalakal: ang Halaga sa Gamit at Halaga sa Palitan

Ang mga kalakal, ang produkto ng paggawa, ay para ibenta at ipagpalit. Dumaan ang mga ito sa istorikong proseso ng pagsibol at pag-unlad. Sa primitibong lipunan, sama-samang gumawa ang mga tao. Ang lahat ng produktong nakukuha ay kinokonsumo ng mga kasapi ng primitibong komuna. Sa ilalim ng ganitong kalagayan, walang palitan o produksyon ng mga kalakal. Ang palitan at produksyon ng mga kalakal ay unti-unting umunlad sa lipunang alipin at pyudal. Rumurok ang pag-unlad ng mga ito sa kapitalistang daigdig.

Anu-ano ang saligang katangian ng mga kalakal na siyang selula ng kapitalistang ekonomya?

Dahil ang mga kalakal ay produkto ng paggawa para sa palitan, una sa lahat kailangang may gamit ito sa tao. Halimbawa, nabubusog tayo ng kanin, napapanatili tayong komportable ng damit, nagagawang mga makina ang bakal at asero, at naipang-aararo ang mga traktora. Ang gamit na ito ng kalakal ay tinatawag na halaga sa gamit. Syempre, kung ang isang bagay ay walang gamit, walang nangangailangan nito. Kaya't hindi ito uubrang maging kalakal.

Ang halaga sa gamit ay isang kinakailangang kondisyon ng kalakal, pero hindi ang tanging kondisyon. Hindi lahat ng magagamit na bagay ay kalakal. Halimbawa, ang hangin at init ng araw ay mga batayang pangangailangan para sa ating buhay, pero hindi ito mga produkto ng paggawa. Ang mga ito ay libreng bagay, kaya't hindi mga kalakal. Dagdag pa, kahit produkto ng paggawa ang mga pagkaing butil at gulay, kapag ginawa ito para sa sariling konsumo, hindi kalakal ang mga ito. Muli, kahit ang pagkaing butil na ibinigay ng magsasaka sa panginoong maylupa bilang upa ay hindi para sa sariling konsumo ng magsasaka, hindi rin ito binabayaran ng panginoong maylupa kung kaya't hindi maituturing na kalakal.

Ang mga produkto ng paggawa ay maaari lamang maging kalakal kapag nailipat ito sa ibang tao sa pamamagitan ng palitan. Samakatwid, dagdag pa sa halaga sa gamit, dapat ding maipagpapalit sa iba pang produkto ang kalakal. Tinatawag na halaga sa palitan ang katangiang ito ng kalakal.

---

* Chieh-p'o tzu-pen-chu-i she-hui pi-hsu ts'ung shang-p'in k'ai-shih – shang-p'in, huo-pi, chia-chih kuei-lu.

Ang halaga sa palitan ay unang nalalahad bilang isang proporsyon sa pagitan ng isang halaga sa gamit at ng isa pang halaga sa gamit. Halimbawa, ang isang yarda ng tela ay ipinagpapalit sa dalawang salop ng bigas. Ang dalawang salop ng bigas ang halagang kapalit ng isang yarda ng tela.

Ang numerikal na proporsyon sa palitan ng dalawang kalakal ay nagbabago ayon sa panahon at lugar. Pero sa isang takdang panahon at lugar, ang proporsyong ito, sa kabuuan, ay pare-pareho. Ano ang nagtatakda sa ganitong proporsyon sa palitan? Kitang-kita na kung, sa takbo ng palitan, ang iba't ibang kalakal ay kayang makapagtakda sa kanilang hanay ng proporsyong numerikal, kailangang may komon sa kanila. Di maaaring ang mga halaga sa gamit nito ang maging katangiang komon. Sa punto de bista ng kanilang mga halaga sa gamit, magkakaiba ang kalikasan ng bawat kalakal. Halimbawa, nagagawang damit ang tela, at nabubusog tayo ng kanin. Magkaibang-magkaiba ang halaga sa gamit ng dalawang ito at hindi maipaghahambing. Kung gayon, matatagpuan sa halaga sa palitan ang katangiang komon ng mga kalakal. At kapag isinantabi ang halaga sa gamit ng parehong kalakal, maging tela man o kanin, ang tanging katangiang maiiwan ay kapwa sila produkto ng paggawa. Ginamitan ng paggawa ang kanilang produksyon. Ang ganitong inilangkap na paggawa ang bumubuo sa halaga. Maipaghahambing ang mga halaga, at samakatwid, maipaghahambing sa kantidad ang mga kalakal. Ang katotohanan na maaaring maipagpalit ang isang yarda ng tela sa dalawang salop ng bigas ay nagpapahiwatig na nangangailangan ng magkatumbas na kantidad ng paggawa sa kanilang produksyon. Bunga nito, magkasinghalaga sila. Kung gayon, ang halaga sa palitan ay itinatakda ng halaga. Halaga mismo ang batayan ng halaga sa palitan.

Halaga sa gamit at halaga ang dalawang katangian ng kalakal. Binubuo nila ang dalawang salik ng mga kalakal. Halaga sa gamit ang materyal na suporta para sa halaga. Kung ang isang kalakal ay walang halaga sa gamit, kahit gaano pa karaming paggawa ang iniukol dito, walang mabubuong halaga. At hindi ito magiging isang kalakal na pamalit sa iba pang produkto ng paggawa. Kaalinsabay, tanging ang halaga sa gamit na nalikha ng paggawa ang maaaring maging halaga sa gamit ng mga kalakal. Kahit ang isang bagay ay lubusang mahalaga para tayo mabuhay, tulad ng hangin at init ng araw, hindi ito magiging kalakal maliban kung nilapatan ito ng paggawa.

## Ang Dalawahang Katangian ng mga Kalakal ay Itinatakda ng Dalawahang Katangian ng Paggawang Inilapat sa Produksyon ng Kalakal

Saan nagmumula ang dalawahang katangian ng mga kalakal? Kung uugatin, matutuklasan natin na may dalawahang katangian ang paggawang ginamit sa produksyon ng kalakal: binubuo ito ng kongkretong paggawa sa isang banda at ng abstraktong paggawa sa kabila.

Para makalikha ng iba't ibang halaga sa gamit, kailangang lumahok ang tao sa iba't ibang aktibidad sa produksyong may tiyak na layunin. Halimbawa, gumagawa ng mesa ang mga karpintero, at nagtatanim ang mga magsasaka. Lahat sila'y may sariling mga kasangkapan, mga layunin at mga pamamaraan. Ang paggawa ng isang magsasaka ay binubuo ng paggamit sa iba't ibang kasangkapang pansaka para mag-araro, magsuyod, magtanim, at mag-ani, sa wakas, at nakalilikha ng produktong pagkain. Ang paggawang inilapat sa iba't ibang kongkretong anyo ay tinatawag na kongkretong paggawa. Nililikha ng kongkretong paggawa ang halaga sa gamit. Maraming iba't ibang halaga sa gamit mula sa mga kalakal. Marami ring iba't ibang anyo ng konkretong paggawa sa produksyon ng kalakal. Magkakaiba ang kongkretong paggawa sa iba't ibang linya ng trabaho at hanapbuhay, isang manipestasyon ng kumplikadong hatian sa paggawa.

Magkakaiba ang kalikasan at di maipagkukumpara ang iba't ibang kongkretong paggawa. Pero sa pamilihan, maipaghahambing ang iba't ibang produkto ng paggawa. Ipinapakita nito na hindi lamang aspeto ng pagkakaiba mayroon ang paggawang inilapat sa paglika ng kalakal, mayroon ding aspeto ng pagkakatulad.

Ano ang pagkakatulad na ito? Ito'y nasa katotohanan na kahit pa iba't iba ang mga kongkretong anyo ng paggawa para sa produksyon ng iba't ibang kalakal, sa saligan, ito ay paglalapat ng paggawang pisikal at mental ng tao. Ang *homogeneous* na paggawa na inabstrakto mula sa mga kongkretong katangian nito ay tinatawag na abstraktong paggawa. Nililikha ng abstraktong paggawa ang halaga ng mga kalakal. Kanina, sinabi natin na ang halaga ng kalakal ay binubuo ng paggawa na nilalaman ng kalakal. Ngayon, matapos suriin ang dalawahang katangian ng paggawa, maaari na tayong maging mas partikular sa kahulugan ng halaga. Ang halaga ay ang abstraktong paggawa na inilapat sa mga kalakal.

Ang kongkretong paggawa at abstraktong paggawa ay hindi dalawang magkaibang tipo ng paggawa. Ang mga ito ay dalawang aspeto lamang ng iisang paggawa. Kailangang lumahok ang tao sa iba't ibang anyo ng kongkretong paggawa sa produksyon ng iba't ibang halaga sa gamit para matugunan ang iba't ibang mga pangangailangan. Ipinapakita ng kongkretong paggawa ang relasyon ng tao at Kalikasan. Sa kabilang banda, itinatakda ng abstraktong paggawa ang iisang panukat para mapaghambing ang inilapat na paggawa sa produksyon ng iba't ibang kalakal. Samakatwid, inilalahad ng abstraktong paggawa ang relasyong panlipunan kung saan nagpapalitan ng paggawa ang tao sa ilalim ng kondisyon ng produksyon ng kalakal.

## Ang Halaga ng mga Kalakal Ay Itinatakda ng Karaniwang Paggawa ayon sa Takdang antas ng Lipunan

Ang halaga ng mga kalakal ay nililikha ng paggawa. Itinatakda ang antas nito batay sa inilapat na paggawa sa produksyon ng mga kalakal. At sinusukat sa oras paggawa ang kantidad ng paggawa. Habang mas mahabang oras paggawa ang kailangan para sa produksyon ng isang kalakal, mas malaki ang kantidad ng paggawa, at mas mataas ang halaga.

Ibig bang sabihin nito na kung mas tamad at mas walang kasanayan ang isang tao, mas mataas ang halaga ng kalakal na malilikha niya? Syempre hindi.

Ang produksyon ng isang takdang kalakal ay nangangailangan ng iba't ibang oras paggawa mula sa iba't ibang prodyuser ng kalakal sa malinaw na mga dahilan. May ilan na mas may kasanayan kaysa iba. At may ilan na gumagamit ng mas mahuhusay na kasangkapan at kagamitan kaysa iba. Natural lamang na mas maikling oras ang kakailanganin ng mga mas may kasanayan at gumagamit ng mas mahuhusay na kasangkapan at kagamitan kaysa mga di gaanong sanay at gumagamit ng mga di mahuhusay na kasangkapan at kagamitan. Kung gayon, aling oras paggawa ang dapat gamitin para itakda ang halaga ng mga kalakal?

Ang oras paggawa na inilalapat ng iba't ibang prodyuser ng kalakal sa produksyon ng kalakal ay tinatawag na indibidwal na oras paggawa. Halimbawa, may ilang karpintero na gumugugol ng 30 oras para gumawa ng mesa, ang ilan ay 25 oras at 20 oras ang iba. Mga indibidwal na oras paggawa ito. Hindi itinatakda ng indibidwal na oras paggawa ang halaga ng kalakal, kundi ng karaniwang paggawa. "Ang karaniwang paggawa ang oras paggawa na siyang kinakailangan para makalikha ng halaga sa gamit sa ilalim ng normal na mga kondisyon sa produksyon na may karaniwang antas ng kasanayan at tindi na namamayani sa panahong iyon."[2] Kung sa ilalim ng normal na mga kondisyon sa produksyon na may karaniwang antas ng kasanayan at tindi, ang kailangang oras para makagawa ng mesa ay 25 oras, kung gayon, ang karaniwang paggawa para bumuo ng mga mesa ay 25 oras. Ang 25 oras na paggawa ang karaniwang paggawa na nagtatakda sa halaga ng mesa.

Kapag nag-uusap tayo tungkol sa paggawa na nagtatakda sa halaga, kailangan nating pag-ibahin di lamang ang indibidwal na paggawa at karaniwang paggawa kundi maging ang simpleng paggawa at kumplikadong paggawa. Ang simpleng paggawa ay paggawang kakayanin ng isang normal at malusog na tao nang walang ispesyal na treyning. Ang kumplikadong paggawa ay paggawa na ginampanan ng

isang may kasanayang manggagawa na mayroong ispesyal na treyning. Samakatwid, sa isang takdang panahon, ang halaga na nalikha ng simpleng paggawa ay mas mababa kaysa nalikha ng kumplikadong paggawa. Ang kumplikadong paggawa ay maraming ulit na simpleng paggawa. Ang kumbersyon sa pagitan ng kumplikado at simpleng paggawa ay ispontanyong nagaganap sa proseso ng palitan.

## Ang Kontradiskyon ng Pribadong Paggawa at Panlipunang Paggawa ay ang Batayang Kontradiksyon ng Produksyon ng Kalakal

Nasuri natin sa itaas ang dalawahang katangian ng mga kalakal, ang dalawahang katangian ng paggawa sa produksyon ng kalakal, at ang halaga ng mga kalakal. Sa batayang pag-unawang ito, higit nating masusuri ang mga kontradiksyon ng produksyon ng kalakal.

Ginagamit ang mga kalakal bilang pamalit sa mga produkto ng paggawa. Gumagawa ng mga kalakal ang mga prodyuser ng kalakal hindi para sa sariling gamit, kundi para ibenta kapalit ng mga kalakal na kailangan nila. Halimbawa, hindi gumagawa ng mga asarol ang panday dahil kailangan niya ang mga ito. Ang mahalaga sa kanya ay maibenta ang mga asarol para makuha ang halaga nito bilang kapalit ng bigas at telang kailangan niya. Mahalagang usapin sa isang prodyuser ng kalakal kung maibebenta o hindi ang mga kalakal niya.

Pinag-iisa ng mga kalakal ang salungatan ng halaga sa gamit at halaga. Magkasalungat din ang kongkretong paggawa at abstraktong paggawa sa produksyon ng mga kalakal. Kung maibebenta ang kalakal, malulutas ang mga panloob na kontradiksyon nito. Kapag nakaabot na ang asarol sa kamay ng magsasakang nangangailangan nito, ang kongkretong paggawa ay nagiging abstraktong paggawa, at nakukuha ng panday ang halaga ng kanyang asarol. Napag-isa na rin ang halaga sa gamit at halaga ng asarol. Pero kung hindi maibebenta ang kalakal, agad na nalalantad ang kontradiksyon ng halaga sa gamit at halaga, at ang kontradiksyon ng kongkretong paggawa at abstraktong paggawa. Kahit makikitang nagtataglay ng halaga sa gamit ang asarol, kung di ito maibebenta, hindi makukuha ang halaga nito, at walang pinag-iba ang asarol sa isang tambak ng lumang bakal. Sa ganitong kaso, ang kongkretong paggawa ng panday, na kitang-kita rin na kumakatawan sa ginugol na paggawang pisikal at mental, ay hindi magiging abstraktong paggawa. Sa madaling sabi, hindi kinilala ng lipunan ang kanyang paggawa at ito'y halos nasayang na rin. Sa ganitong kalagayan, ang panday ay walang pambili ng bakal at uling na magagamit sa higit pang produksyon. Siguradong wala siyang pambili ng panggatong, bigas, mantika at asin na panustos niya. Direktang apektado ang produksyon at kabuhayan ng prodyuser ng kalakal ng mga kontradiksyon ng halaga sa gamit at halaga, at ng kongkreto at abstraktong paggawa.

Paano umuusbong ang mga ganitong kontradiksyon sa produksyon ng kalakal? Saan nagmumula ang mga ito? May isang saligang kontradiksyon sa produksyon ng kalakal sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari. Ito ang kontradiksyon ng pribado at panlipunang paggawa. Dahil ang mga kalakal ay mga produkto ng paggawa na ginagamit sa palitan at dahil ang nilikha ng prodyuser na halaga sa gamit ay hindi para tugunan ang kanyang mga sariling pangangailangan, bagkus ay para tugunan ang mga pangangailangan ng lipunan, ang kalikasan ng paggawa ng prodyuser ng kalakal ay panlipunan. Bahagi ito ng kabuuang panlipunang paggawa. Pero sa ilalim ng kondisyon ng pribadong pagmamay-ari, pribadong usapin ng prodyuser kung ano at gaano karami ang lilikhain, at ang laki ng kanyang kita. Samakatwid, tinataglay rin ng paggawa ng prodyuser ng kalakal ang katangian ng pribadong paggawa. *Ang kontradiksyong ito sa pagitan ng pribado at panlipunang paggawa ang pinagmumula ng lahat ng kontradiksyon ng produksyon ng kalakal sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari. Kapag ibinebenta sa pamilihan ang mga kalakal na likha ng pribadong paggawa, ipinakikita na ang kanyang pribadong pagawa ay kinilala ng lipunanat bumubuo sa bahagi ng panlipunang paggawa. Kung hindi maibenta ang mga kalakal, hindi kinikilala ng lipunan ang pribadong paggawa ng prodyuser ng kalakal at hindi maisasalin sa panlipunang paggawa ang pribadong*

*paggawa ng prodyuser ng kalakal. Hindi maisasalin sa abstraktong paggawa ang kongkretong paggawa ng prodyuser ng kalakal.* Ang halaga ng mga kalakal, kung gayon, ay hindi mabibigyan ng kaganapan.

## Ang *Labor Theory of Value* ni Marx ang Batayan ng Teorya ng Labis na Halaga

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa dalawahang katangian ng paggawa, matatag na binuo ni Marx ang *labor theory of value* (teorya na ang halaga ay nagmumula sa paggawa). Syentipikong ipinakita nito na nililikha ng kongkretong paggawa ang halaga sa gamit ng mga kalakal, habang nililikha ng abstraktong paggawa ang halaga ng mga kalakal, at ang tanging pinagmumulan ng halaga ay paggawa. Ang *labor theory of value* ni Marx ang batayan niya ng teorya ng labis na halaga, at ito'y isang mahalagang bahagi ng Marxistang ekonomyang pampulitika.

Noong hindi pa nagagabayan ang proletaryado ng Marxistang teorya, hindi nila batid ang pinagmumulan ng kanilang mga paghihirap at hindi matukoy ang mga layon ng kanilang pakikibaka. Maling inisip ng ilan na mga makina ang sanhi ng kanilang mga paghihirap at minsa'y sinira ang mga makina bilang paraan ng pakikibaka. Nilagom ni Marx ang mahabang karanasan ng proletaryong pakikibaka at binuo ang teorya ng labis na halaga para ilantad ang sikreto ng kapitalistang pagsasamantala. Ipinabatid nito sa proletaryado ang kanilang istorikong misyon at ang katotohanang makakalaya sila sa pamamagitan lamang ng marahas na rebolusyon at ng pagpalit ng sosyalismo sa kapitalismo. Ang teorya ni Marx ng labis na halaga ay nakabatay sa *labor theory of value*. Kung walang *labor theory of value*, di maitatatag ang teorya ng labis na halaga.

Dahil nagbigay ng teoretikal na gabay ang *labor theory of value* ni Marx sa mga proletaryong rebolusyonaryong pakikibaka, ubos kayang tinangka ng mga burges na ekonomista na magbuo ng iba't ibang tipo ng anti-syentipikong mga teorya ng halaga sa bigong pagtatangkang paghiwalayin ang ugnayan ng halaga at paggawa, banggain ang *labor theory of value* ni Marx, at ikubli ang kapitalistang pagsasamantala.

Sa mga bulgar na ekonomista, minsa'y nauso ang *production-costs theory of value*. Ayon sa teoryang ito, ang halaga ng kalakal ay itinatakda ng mga gastos sa produksyon (ang halaga ng mga kagamitan sa produksyon at sahod sa paggawa) na ginamit sa produksyon nito. Kung ang halaga ng kalakal ay totoong itinatakda ng mga gastos sa produksyon, sa gayon mababawi lamang ng kapitalista ang mga ginastos sa produksyon kapag naibenta na ang kalakal. Paano naman siya yayaman sa ganitong paraan? Nasaan ang pagsasamantala sa manggagawa? Samakatwid, ang mga bulgar na ekonomista na iyon na nagpanukala na itinatakda ng gastos sa produksyon ang halaga ay di maiwasang mangatwiran na ang tubo ay isang anyo ng mas mataas na sahod, pabuya sa pangingilin, premyo sa pakikipagsapalaran. Lubusang inilantad nito ang pangit nilang papel bilang tagapangatwiran para sa burgesya.

Sa mga burges na ekonomistang bulgar, isa pa ang *utility theory of value*, na nagsasabing ang halaga ng kalakal ay itinatakda ng dami ng gamit na taglay nito. Ano sa gayon ang "gamit"? Ang totoo, ito ang halaga sa gamit ng kalakal. Sinabi natin kanina na ang iba't ibang kalakal ay may iba't ibang halaga sa gamit, na di maipagkukumpara. Hinding-hindi lohikal na sabihing ang halaga ay itinatakda ng halaga sa gamit nito. Hindi maayos na maipapaliwanag ng mga teoristang ito kung bakit ang mga bagay tulad ng hangin at init ng araw, ay hindi ibinebenta at maibebenta bilang mga kalakal.

Isa pang popular na teorya sa mga burges na ekonomistang bulgar ay ang *supply-demand theory of value*. Itinanggi ng teoryang ito na may obhetibo at likas na halaga sa kalakal at ang inakala na ang halaga ng mga kalakal ay itinatakda ng mga kondisyon ng suplay at ng demand sa pamilihan. Kapag ang suplay ng isang kalakal ay humigit sa demand para rito, mas mababa ang halaga sa palitan nito sa ibang kalakal at mas mababa ang halaga. Pero kung ang demand para sa kalakal ay humigit sa suplay nito, mas mataas ang halaga sa palitan nito sa ibang kalakal, at mas mataas ang halaga. Kitang-kita na

hungkag ang teoryang ito. Hindi maipaliwanag ng mga teoristang ito kung ano ang nagtatakda sa halaga ng kalakal kapag kasindami ng suplay ang demand, ni hindi rin nila maipaliwanag kung bakit sa pabagu-bagong relasyon ng suplay at demand sa iba't ibang kalakal, may ilang kalakal na palaging mas mahal kaysa iba.

Bagamat ubos kayang tinangka ng mga ekonomistang burges na itatwa ang *labor theory of value*, hindi kailanman maitatatwa ang katotohanan. Napatunayan nang ang Marxistang *labor theory of value* ang tanging wastong teorya sa pakikibaka nito laban sa iba't ibang huwad na syentipikong mga teorya ng burgesya.

## Ang Salapi ay Isang Natural na Produkto ng Pag-unlad sa Palitan ng Kalakal

### Ang Salapi ay Isang Ispesyal na Kalakal na Nagsisilbing Unibersal na Panumbas

Naiuugnay ang salapi sa mga kalakal dahil sa araw-araw na buhay ay inilalahad sa salapi ang halaga ng mga kalakal. At binibili ang mga kalakal sa pamamagitan ng salapi. Gayunman, sa simula'y hindi inilalahad sa salapi ang halaga ng mga kalakal. Ang salapi ay isang produkto ng pag-unlad ng produksyon at palitan ng kalakal.

Nagsimula ang palitan ng kalakal bilang direktang barter ng mga kalakal. Sa simula, ang mga tribong gumagala at mga tribong agrikultural ay nagpalitan para sa bigas. Sa panahong iyon, ang palitan ng mga kalakal ay pana-panahon lang at kadalasa'y nangyayari sa pagitan ng mga komuna ng angkan. Sa daloy ng palitan, ispontanyong itinumbas ang halaga ng isang kalakal sa isa pang kalakal. Halimbawa, ang dalawang tupa ay katumbas ng isang sakong bigas. Ang halaga ng tupa ay ipinalit sa bigas, ang halaga ng tupa ay inilahad sa halaga ng bigas. Sa naturang tumbasan, ang mga kalakal tulad ng bigas ay gumampan ng ispesyal na papel bilang "panumbas". Para silang salamin, at sa kanila, makikita ang halaga ng isa pang kalakal.

Sa pag-unlad ng pwesa sa produksyon at hatian sa paggawa sa lipunan, araw-araw na umunlad ang palitan ng kalakal. Kapwa ang bilang at ang pagkakaiba-iba ng mga kalakal na ipinagpapalit ay dumami. Sa takbo ng palitan, maipagpapalit ang isang kalakal sa marami pang kalakal. Kaalinsabay, sa pag-unlad ng palitan ng kalakal, papatingkad ang mga disbentahe ng direktang barter sa mga kalakal. Magaganap lamang ang direktang barter kapag kailangan ng dalawang panig ang iniaalok ng bawat isa. Halimbawa, ipagpalagay na gustong ipagpalit ng may-ari ng tupa ang mga ito sa pagkaing butil, pero ang kailangan naman ng may-ari ng pagkaing butil ay asarol, sa halip na tupa, at ang gusto naman ng may-ari ng asarol ay tela, sa halip na tupa o pagkaing butil. Kung nangyari na ang gusto ng may-ari ng tela ay tupa, kung gayon, makukuha ng nagbebenta ng tupa ang pagkaing butil sa pakikipagpalit muna ng tupa sa tela, tapos ng tela sa asarol, at sa wakas ng asarol para sa pagkaing binhi. Nakuha lamang ang inaasahang layon ng palitan matapos ang maraming abala. Kahit anong pag-aabala pa ang gawin niya, kung ang may-ari ng tela ay di nangangailangan ng tupa, di pa rin niya makukuha ang gusto niya. Kung gayon, habang lalong umuunlad ang produksyon ng kalakal, napatunayang napakahirap ng direktang barter.

Sa daloy ng palitan ng kalakal, unti-unting naunawaan ng tao na kung ipapalit muna nila ang kung anong mayroon sila para sa isang kalakal (tulad ng tupa) na siyang karaniwang kailangan at gamitin itong pamalit para sa kailangan nila, sa gayon, makukuha ang layon ng palitan sa dalawang transaksyon lamang. Samakatwid, sa mahabang proseso ng pag-unlad sa palitan ng kalakal, ang mga kalakal tulad ng tupa ay mahihiwalay mula sa iba pang kalakal at gagampan ng isang papel na di posible para sa iba pang kalakal. Sa gayon, ang halaga ng lahat ng kalakal ay inilalahad sa halaga ng tupa. At ang tupa ay gaganap sa papel ng "unibersal na panumbas" sa palitan ng kalakal.

Sa mahabang proseso ng pag-unlad sa palitan ng kalakal, gumamit ang mga bansa ng iba't ibang *medium* ng palitan, kabilang dito ang tupa, kabibe, tela at mga metal. Sa huli, nagpasya silang gamitin ang mahahalagang metal, tulad ng ginto at pilak, bilang salapi. Dahil ang mahahalagang metal ay kaunti lamang pero mataas ang halaga, madaling dalhin, madaling mahati-hati, at hindi nabubulok, tinatanggap ito sa pangkalahatan bilang salapi. Gayunman, pansinin na ang salapi ay di likas na katangian ng ginto at pilak, ito ay nakamit. Naging salapi ang ginto at pilak sa ilalim ng tiyak na mga istorikong relasyon sa produksyon.

Sa pinagmulan ng salapi, mauunawaan ang kalikasan nito. Ang salapi ay ispesyal na kalakal na kakaiba sa iba pang mga kalakal at nagsisilbing *medium* ng palitan.

## Ang Limang Ginagawa ng Salapi ay Hakbang-Hakbang na Umunlad

Nakikita ang katangian ng salapi sa mga ginagawa nito. Nagtataglay ang salapi ng limang gawain na umunlad sa proseso ng palitan ng kalakal. Ang mga ginagawa nito ay nagsisilbi bilang (1) yunit ng halaga, (2) *medium* ng palitan, (3) pamantayan sa pagbabayad, (4) imbakan ng halaga at (5) unibersal na pananalapi. Sa mga ito, ang saligang mga ginagawa ay bilang yunit ng halaga at bilang *medium* ng palitan. Pero umunlad ang lahat ng ito sa paglitaw ng salapi.

Ang unang gawain ng salapi ay bilang yunit ng halaga. Tulad kung paano ginagamit ang *ruler* para sukatin ang haba ng mga bagay, ginagamit ang salapi para sukatin ang halaga ng mga kalakal. Ang salaping nagsisilbi bilang panukat ng halaga ay maaaring maging konseptwal na salapi. Ibig sabihin, kapag gumagamit ang tao ng salapi para sukatin ang halaga ng mga kalakal, hindi kailangang may hawak silang salapi. Halimbawa, sampung *yuan* ang halaga ng isang mesa. Pero hindi na kailangang maglagay ng sampung *yuan* sa mesa. Kapag itinutumbas sa halaga ng salapi ang halaga ng mga kalakal, ito ang presyo ng mga kalakal. Ang presyo ay ekspresyon ng halaga sa anyo ng salapi. Itinatakda ng dalawang salik ang presyo ng kalakal. Isa ay ang halaga ng kalakal mismo, at isa pa ang halaga ng salapi (ginto at pilak). Direktang proporsyunal ang presyo ng kalakal sa halaga ng kalakal mismo, at kabaligtaran naman sa halaga ng salapi. Halimbawa, ang isang kalabaw ay katumbas ng 500 oras ng panlipunang paggawa at ang isang onsa ng ginto ay katumbas ng 500 oras ng panlipunang paggawa. Kaya't ang presyo ng isang kalabaw ay isang onsa ng ginto. Kung nadoble ang produktibidad sa paggawa ng mga minero ng ginto at katumbas na lamang ng 250 oras ng panlipunang paggawa ang isang onsa ng ginto, kahit hindi nagbago ni katiting ang halaga ng isang kalabaw, nadoble ang presyo nito.

Ang ikalawang gawain ng salapi ay bilang *medium* ng palitan, ibig sabihin, *medium* ng sirkulasyon ng kalakal. Ang sirkulasyon ng kalakal ay palitan ng kalakal sa pamamagitan ng salapi. Bago lumitaw ang salapi, direktang ibinabarter ang mga kalakal. Sa anyo ng pormula, inilalahad ito bilang kalakal katumbas ng kalakal. Nang lumitaw na ang salapi, lahat ng kalakal ay ipinagpapalit sa anyo ng salapi. Sa anyo ng pormula, inilalahad ito bilang kalakal katumbas ng salapi na katumbas ng kalakal. Ang ganitong papel ng salapi bilang *medium* ng sirkulasyon ng kalakal ay ang gawain ng salapi bilang *medium* ng palitan.

Sa simula, ang salaping ginagamit bilang *medium* ng palitan ay mga ginto at pilak na may iba't ibang sukat at bigat. Pinalitan ito ng *coins* kinalaunan. Ang mga *coins* ay pira-pirasong metal na hinulma sa pare-parehong hugis, kadalisayan at timbang, na opisyal na kinikilala ng estado. Pawang magkakaiba ang *coins* ng iba't ibang bayan. Noong dinastiyang Shang sa Tsina, nagsimulang gumawa ng *coins* na may tanso. Ang pinakamatatandang *coins* ay gawa sa tanso at korteng mga gamit pansaka. Nakilala ang mga ito bilang *pu ch'ien*. Noong dinastiyang Chou, dagdag pa sa *pu ch'ien*, mayroon ding *tao ch'ien* at *yuan ch'ien*. Unang nilikha ang *yin yuan* (dolyar na pilak) sa panahon ng Kuang-hsu ng dinastiyang Ch'ing. Ang bawat *yin yuan* ay binuo ng 0.72 onsa ng pilak.

Sa takbo ng sirkulasyon, nagagasgas ang mga *coins* at bahagi ng kanilang halaga ay nawawala. Gayunman, tinatanggap pa rin ang mga *coins* sa kanilang lubos na halaga. Ito'y dahil kagyat na nagagamit ang salapi bilang *medium* ng palitan. Ipinagpapalit ng tao ang kanilang mga kalakal sa salapi para lamang magamit itong pambili ng mga kailangan nilang kalakal. Ang pangunahing usapin sa mga may-ari ng kalakal ay kung magagamit ang salapi bilang *medium* ng palitan, at hindi kung taglay pa nito ang buong halaga. Dahil dito, di lamang nagasgas na salaping metal ang maaaring gamitin bilang pamalit, kundi pati ang mga simbolo ng halaga sa anyo ng salaping papel ay pwedeng gamitin kapalit nito.

Dahil ang salaping papel kapalit ng salaping metal ang gumaganap bilang *medium* ng palitan sa sirkulasyon ng kalakal, limitado ang dami ng inilalabas na salaping papel sa dami ng salaping metal na kailangan sa sirkulasyon ng kalakal. Ipinaliwanag ni Marx: "Ang dami ng inilabas na salaping papel na sagisag o simbolo ng tunay na salapi, ay laging katumbas ng halaga ng ginto (o pilak) na kailangan sa sirkulasyon ng kalakal."[3] Kung katumbas ng inilabas na salaping papel ang salaping metal na kailangan sa sirkulasyon ng kalakal, ang kakayahang bumili na taglay ng salaping metal ay tataglayin ng salaping papel. Kung ang dami ng inilabas na salaping papel ay humigit sa dami ng salaping metal na kailangan sa sirkulasyon ng kalakal, katumbas pa rin ng halaga ng kabuuang inilabas ng salaping papel ang salaping metal na kailangan sa sirkulasyon ng kalakal, pero ang halaga ng isang yunit ng salaping papel ay bababa kung itutumbas sa salaping metal. Sa gayon, bumababa ang halaga ng salaping papel at tumataas ang presyo ng mga kalakal. Halimbawa, kung sa isang takdang panahon, 100 milyong *yuan* ang dami ng salaping metal na kailangan sa sirkulasyon, pero 200 milyong *yuan* ang dami ng salaping papel, kung gayon, mangangalahati ang halaga ng salaping papel. Ang kakayahang bumili ng isang *yuan* na salaping papel ay katumbas na lamang ng 0.5 *yuan* na salaping metal.

Ang pagbaba na ito ng halaga ng salaping papel bunga ng paglabas nito na lampas sa dami ng salaping metal na kailangan sa sirkulasyon ay tinatawag na implasyon. Sa kapitalistang lipunan, isang mahalagang pamamaraan ang implasyon para sa pandarambong ng burges na estado sa kanyang mamamayan. Ang depresasyon ng salaping papel at pagtaas ng presyo ay resulta ng implasyon. Sa kabilang banda, lubhang nahuhuli ang pagtaas ng salaping sahod ng mga manggagawa sa pagtaas ng presyo, na nagdudulot ng pagbaba ng kanilang tunay na sahod at ng kanilang antas ng pamumuhay. Kaalinsabay, mabilis na lumalaki ang mapagsamantalang kita ng burgesya. Sa lumang Tsina, abot langit ang inabot na dami ng mga inilabas na *legal tender* [salaping opisyal na kinikilala ng gubyerno] na nagdulot ng kumakaripas na implasyon at pagkalalaking lundag ng mga presyo. Minsan kinalkula ng ilang tao na ang kakayahang bumili ng 100 *yuan* na *legal tender* noong 1937 ay dalawang kalabaw. Noong 1938, ito'y isang kalabaw. Noong 1941, ito'y isang baboy. Noong 1947, ito'y sang-katlo ng isang kahon ng posporo. Noong 1948, ni hindi na ito makabili ng sang-katlo ng palito.

Ang ikatlong gawain ng salapi ay bilang kasangkapan sa paninínggal. Sa pag-unlad ng relasyong salapi ng kalakal, lalo pang ginawang simbolo ng kayamanang panlipunan ang salapi. Nang dominante pa ang papel ng likas na ekonomya, ang akumulasyon ng kayamanan ay nasa anyo ng pagkaing butil, tela at mga produktong seda. Matapos umunlad ang relasyong salapi ng mga kalakal, dahil magagamit ang salapi na pambili ng kahit anong kalakal, ang akumulasyon ng kayamanan ay lalong nagsaanyo bilang paninínggal ng salapi (ginto at pilak). Ang salaping ito na pansamantalang nawala sa sirkulasyon ng kalakal at itinabi ng may-ari ay naging tininggal na salapi. Nagsilbi itong kasangkapan ng paninínggal.

Ang ikaapat na gawain ng salapi ay bilang pambayad. Sa pag-unlad ng produksyon at palitan ng kalakal, lalong umunlad ang mga transaksyong kredito. Kapag kailangan nang bayaran ang utang, kailangang magbayad sa anyo ng salapi. Pero sa panahong iyon, tapos na ang palitan ng kalakal. Dito, hindi na nagsisilbi bilang *medium* ng palitan ang salapi kundi bilang pambayad. Bilang pambayad, nagsimulang gamitin ang salapi nang labas sa larangan ng sirkulasyon ng kalakal. Instrumental din ang gawaing ito sa pagbabayad ng upa, interes at buwis.

Ang ikalimang gawain ng salapi ay bilang pandaigdigang pananalapi. Nang lumampas ang palitan ng kalakal sa saklaw ng bansa-estado, umusbong ang kalakalang internasyunal, at nalikha ang isang bagong gawain ng salapi. Ito ang gawain bilang pandaigdigang pananalapi. Tanging ginto at pilak ang maaaring magsilbi bilang pandaigdigang pananalapi.

Sa pandaigdigang pamilihan, unang ginamit ang ginto bilang pambayad sa *international accounts*. Ito ang mayor na gawain ng pandaigdigang pananalapi. Kasunod nito, sa pandaigdigang pamilihan, ginagamit din ang ginto bilang pambayad sa iba't ibang biniling kalakal. Panghuli, inililipat ang ginto mula sa isang bayan tungo sa isa pa, bilang simbolo ng kayamanang panlipunan. Halimbawa, ang bayad-pinsala sa gera, eksport ng kapital at iba pang paglilipat ng ginto at pilak mula sa isang bayan tungo sa isa pa ay gumaganap ng gawaing ito.

Ang naturang limang gawain ng salapi ay organikong magkakaugnay at magkakaibang ekspresyon ng kalikasan ng salapi. Ito ay mga ekspresyon ng iba't ibang ginagampanang papel ng unibersal na panumbas sa pag-unlad ng sirkulasyon ng kalakal.

## Ang Batas ng Halaga ay ang Batas sa Ekonomya ng Produksyon ng Kalakal

### Ang Obhetibong Rekisito ng Batas ng Halaga ay ang Tumbasan ng Magkakaparehong Halaga sa Palitan

Ang batas ng halaga ay ang batas sa ekonomya ng produksyon at palitan ng kalakal. Ganito ang saligang nilalaman ng batas na ito: Ang halaga ng kalakal ay itinatakda ng karaniwang paggawa. Kailangang ipagpalit ang mga kalakal batay sa halaga ng mga ito. Ibig sabihin, kailangang may tumbasan ng magkakaparehong halaga sa palitan. Kahit saan at kahit kailan umiiral ang mga kondisyon ng ekonomyang nakabatay sa kalakal, may papel na dapat gampanan ang batas ng halaga. Ayon kay Marx, "Sa magulo at palagiang nagbabagong mga relasyon sa kalakalan ng mga produkto ng pribadong paggawa, pwersahang hinahawan ng karaniwang oras paggawa para sa produksyon ng mga ito ang sarili nitong landas bilang nagkokontrol na batas ng kalikasan, tulad kung paano pwersahang hinahawan ng batas ng grabidad ang sarili nitong landas kapag bumabagsak ang bahay sa ulo ng isang tao."[4] Sa madaling sabi, sa palitan ng kalakal, patuloy na nagbabago ang proporsyon ng palitan dahil sa impluwensya ng relasyon ng suplay at demand. Ang inilakip na karaniwang paggawa (ang halaga) ng dalawang kalakal na ipinagpapalit ay maaaring hindi eksaktong magkatumbas, pero sa kalaunan, ang palitan ng kalakal ay kinakailangang mayroong tumbasan ng magkakaparehong halaga sa palitan. Kailangang magkakapareho ang ipinagpapalitang mga halaga.

Bakit tungo sa tumbasan ng magkakaparehong halaga sa palitan ang obhetibong tendensya ng palitan ng kalakal? Ito'y dahil mahalaga sa lahat ng prodyuser ng kalakal kung gaano karami maipagpapalit ang kalakal nila sa kalakal ng iba. Dahil sa impluwensya ng relasyong suplay-demand, palagiang nagbabago ang mga proporsyon sa palitan ng kalakal. Dinadagdagan ng tao ang produksyon ng mga kalakal na mas malaki ang tubo at binabawasan naman ang produksyon ng mga kalakal na di gaano ang tubo. Bilang resulta, nahihigitan ng suplay ng mga naunang kalakal ang demand para sa mga ito, at bumababa ang halaga sa palitan ng mga ito. Mas mababa naman ang suplay kaysa demand sa huling nabanggit na mga kalakal, at tumataas ang halaga sa palitan ng mga ito. Ipinapakita ng palagiang pagbabagong ito sa proporsyon sa palitan ng kalakal na ang tumbasan ng magkakaparehong halaga sa palitan ay isang obhetibong batas na hindi magbabago ayon sa kagustuhan ng tao.

Sa paglitaw ng salapi, lahat ng palitan ng kalakal ay umaasa sa salapi bilang *medium*. Nalalahad ang halaga bilang presyo. Rekisito ng batas ng halaga ang tumbasan ng magkakaparehong halaga sa palitan. Sa madaling sabi, nangangailangan ito ng pagkakatumbas ng presyo at halaga. Hindi na

kailangang sabihin pa na ang pagkakatumbas ng presyo at halaga ay dapat maunawaan bilang pangmatagalang tendensya. Sa katotohanan, sa isang ekonomyang batay sa kalakal sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari kung saan di koordinado ang produksyon, may palagiang dislokasyon sa suplay at demand para sa kalakal sa pamilihan, na nagdudulot ng palagiang pagtaas-bab ng presyo. Kahit nagdudulot ng pagtaas-baba ng presyo ang mga pagbabago sa relasyong suplay-demand, lagi itong umiinog sa halagang pang-ekwilibriyo. Samakatwid, hindi nangangahulugan na ang di pagkakatumbas ng presyo at halaga ay negasyon ng batas ng halaga, kundi isang kinakailangang anyo na iiiralan ng batas ng halaga.

## Ang Tatlong Gawain ng Batas ng Halaga na Lumilitaw sa Takbo ng Kumpetisyon sa Pamilihan

May tatlong gawain na ginagampanan ang batas ng halaga sa produksyon ng kalakal na nakabatay sa pribadong pagmamay-ari. Nagagampanan ang mga gawaing ito sa pamamagitan ng ispontanyong pwersa ng kumpetisyon sa pamilihan.

Una, ang batas ng halaga ay tagapag-areglo ng produksyon. Ispontanyong inaareglo nito ang distribusyon ng panlipunang paggawa at ang kasangkapan sa produksyon sa hanay ng iba't ibang sektor ng produksyon. Nagaganap ang produksyon ng kalakal na batay sa pribadong pagmamay-ari sa kalagayan ng kumpetisyon at anarkiya. Walang sinuman ang may direktang impormasyon sa kung ano at gaano karami ang kailangan ng lipunan. Pero kahit paano'y kailangan ang kaunting katiwasayan, alokasyon at kaayusan para sa pagpapatuloy ng produksyong panlipunan. Kinokontrol ng batas ng halaga ang mga alokasyon at kaayusang ito at natutupad sa pamamagitan ng ispontanyong impluwensya ng pagtaas-baba ng presyo sa pamilihan. Kung di napapantayan ng suplay ang demand para sa isang kalakal, tataas ang presyo nito kaysa halaga, at higit na mapagtutubuan ang produksyon ng kalakal na ito. Dadamihan sa gayon ang produksyon ng kalakal na ito. Kung kabaligtaran ang nangyari, bababa ang presyo nito kaysa halaga at babawasan ang produksyon nito. Sa ganitong paraan binibigyang direksyon ng batas ng halaga ang aktibidad ng mga prodyuser ng kalakal at kinokontrol ang distribusyon ng paggawa at kasangkapan sa produksyon ng iba't ibang sektor sa produksyon.

Bagaman ang regulasyon ng batas ng halaga sa produksyong panlipunan ay nagpapataw ng isang antas ng kaayusan sa ekonomyang batay sa kalakal sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari, nakakamit ang kaayusang ito sa ilalim ng kondisyon ng anarkiya. Palagian itong winawasak ng bulag na kumpetisyon, at muling ispontanyong nabubuo ang bagong kaayusan. Ang pagtatatag ng ganitong klase ng kaayusan ay nakakamit sa pamamagitan ng napakalaking pagsasayang ng panlipunang paggawa. Tulad ng sabi ni Marx, "Ang walang-kaayusang paggalaw na ito ang siyang kaayusan nito."[5]

Ikalawa, pinasisigla ng batas ng halaga ang pagpapaunlad ng mga pamamaraan sa produksyon at produktibidad ng paggawa. Sinusukat ang produktibidad ng paggawa ayon sa dami ng produktong nalikha sa bawat yunit ng oras. Sa pormula: ang produktibidad ng paggawa ay katumbas ng dami ng produkto na hinati ayon sa oras paggawa. Ang antas ng produktibidad ng paggawa ay itinatakda ng maraming salik. Pinakamahahalaga ang kasanayan sa paggawa, kalagayan ng teknolohiya at ang aplikasyon nito sa produksyon, at ang antas ng hatian sa paggawa at kooperasyon. Ayon sa obhetibong rekisito ng batas ng halaga, ibinibenta ang mga kalakal batay sa halagang itinakda ng karaniwang paggawa. Sa gayon, kung sino ang mas may kasanayan, mas episyente at gumagamit ng mas maikli kaysa karaniwang oras paggawa ay nakakakuha ng mas malaking tubo. Itinutulak nito ang prodyuser ng kalakal na bigyang-atensyon ang pagpapahusay ng kanyang pamamaraan sa produksyon at produktibidad ng paggawa. Pero sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari, ang pagpapaunlad ng mga pamamaraan sa produksyon ng prodyuser ng kalakal ay para sa mas malaking

tubo. Natural na ililihim ito niyong may mga bagong pamamaraan. Sa ilalim ng ganitong mga kalagayan, nasasagkaan ang pag-unlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon.

Ikatlo, itinutulak ng batas ng halaga ang polarisasyon ng mga prodyuser ng kalakal. Ito ay dahil magkakaiba ang mga kalagayan sa produksyon ng iba't ibang prodyuser ng kalakal. Malalaki ang agwat ng pagkakaiba-iba ng indibidwal na oras paggawang nagagamit para lumikha ng isang kalakal. Pero hinihingi ng batas ng halaga na ibenta ang mga kalakal ayon sa itinakdang halaga ng karaniwang paggawa. Kung gayon, ang mga prodyuser ng kalakal na may mas mahusay na pasilidad sa produksyon at may mas mababang indibidwal na oras paggawa kaysa karaniwang oras paggawa ay kakamal ng mas mataas na tubo at mas mabilis na uunlad. Sa kabilang banda, ang mga prodyuser ng kalakal na may di gaanong mahusay na pasilidad sa produksyon at may mas mahabang indibidwal na oras paggawa kaysa karaniwang oras paggawa ay hindi makakatagal sa kumpetisyon. Samakatwid, di maiiwasan ang polarisasyon sa hanay ng mga prodyuser ng kalakal.

## Ilantad ang Misteryo ng Petisismo sa Kalakal

Noong una ang petisismo ay tumutukoy sa mga relihiyon kung saan sinsamba ng tao ang mga bagay na pinaniniwalaan niyang nagtataglay ng mahiwagang kapangyarihan. Nang mababa pa ang antas ng panlipunang pwersa sa produksyon at di pa gaanong nakokontrol ng tao ang Kalikasan, ginawa nitong misteryoso ang mga pwersa ng kalikasan. Inakala nila na ang mga likas na pwersa tulad ng kulog, kidlat, tubig at apoy ay hawak ng mga bathala kung kaya't sinasamba nila ang mga ito. Nangyari rin ito sa ekonomyang batay sa kalakal sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari. Kahit gawa ng tao ang mga kalakal, sinasamba ang mga ito bilang diyos at pinaniniwalaang hawak ng mga ito ang kapalaran ng tao. Ang bagay na ito ay tinawag ni Marx na petisismo sa kalakal.

Paano umusbong ang petisismo sa kalakal?

Sa ilalim ng pribadong pagmamay-ari sa produksyon ng kalakal, ang relasyon ng tao ay nalalahad sa relasyon ng mga kalakal. Ang mga kalakal ay tinatratong parang nakahihigit pa sa tao, ang kanilang panginoon. Buung-buong nakaugnay sa kapalaran ng kalakal ang kapalaran ng prodyuser ng kalakal. Lubusang itinatakda ang kanyang kapalaran ng kung maibebenta at kung gaano kainam maibebenta ang mga kalakal niya. Kung maibebenta sa mataas na presyo ang kanyang mga kalakal, yayaman siya. Pero kung hindi maibenta o maibebenta sa napakababang presyo lamang ang kalakal niya, maghihirap siya. Walang paraan ang prodyuser ng kalakal na malaman bago pa man kung may demand para sa kanyang kalakal o kung maibebenta ang mga ito sa magandang presyo. Hindi maitatakda ng mga indibidwal na prodyuser ang presyo ng mga kalakal, kundi ng mga ispontanyong pwersa ng pag-iral ng batas ng halaga sa pamilihan. Ang kondisyong ito ang nagtulak sa prodyuser ng kalakal na madama na hindi niya hawak ang kanyang kapalaran, at ito'y pinagpapasyahan ng kahihinatnan ng kanyang mga kalakal sa pamilihan.

Matapos sumulpot ang salapi bilang unibersal na panumbas na malayang maipagpapalit sa lahat ng kalakal, lumitaw ang ilusyon na ang salapi mismo ay may ispesyal na mahiwagang kapangyarihan na nakakaapekto sa kapalaran ng tao. Kung gayon di naiwasang tumungo sa petisismo sa salapi ang petisismo sa kalakal.

Si Marx ang unang naglantad sa misteryo ng petisismo sa kalakal. Ang teorya ni Marx sa ugnayan ng mga kalakal at salapi ang nakapagbunyag sa mga ugnayan ng tao, habang nakikita lamang ng mga burges na ekonomista ang relasyon ng mga bagay at ang ugnayang panlipunan sa kanilang hanay ikinukubli ng mga bagay. Di mapapasinungalingang ipinakita ng teorya ni Marx na ang ugnayan ng kalakal at salapi ay hindi walang-hanggan, bagkus ay isang lilipas na istorikong pangyayari. Samakatwid, ang kapitalistang sistemang pang-ekonomya na mga kalakal ang batayang mga selula ay hindi walang-hanggan. Ang mga bagay na nalikha sa ilalim ng tiyak na mga istorikong kondisyon ay

maglalaho kapag nagbago na ang mga istorikong kalagayan. Ito ay isang obhetibong batas na di mababago ayon sa kagustuhan ng tao.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Marx, Capital, Bol. 1, Chapters 1, 3.
Engels, Anti-Duhring, Part 2, Chapter 5.
Lenin, Karl Marx, ("Marx's Economic Theories").

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral:**

1. Bakit natin sinasabing nilalaman ng relasyon ng kalakal ang lahat ng binhi ng kapitalistang kontradiksyon?
2. Anu-ano ang mayor na nilalaman at kahulugan ng *labor theory of value* ni Marx?
3. Anu-ano ang ginampanang papel ng batas ng halaga sa ekonomyang kalakal na nakabatay sa pribadong pagmamay-ari?

**Mga Tala**

1) "Ang Pagwawasto ng Estilo ng Paggawa ng Partido," Selected Works of Mao Tse-tung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 775.
2) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 52.
3) Ibid., p. 147.
4) Ibid., p. 92.
5) Marx, Sahurang Paggawa at Kapital, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 360.

# Kabanata 4

## Paano Pinagsasamantalahan at Inaapi ng mga Kapitalista ang mga Manggagawa

Kapital at Labis na Halaga*

Ang kapitalistang produksyon ay produksyon ng kalakal na naglalayong pumiga ng labis na halaga. Para maintindihan ang kalikasan ng kapitalistang produksyon, kailangan nating pag-aralan ang teorya ni Marx ukol sa kapital at labis na halaga. Tanging sa pag-aarmas natin ng teoryang ito maiintindihan ang mapagsamantalang relasyon ng kapitalismo, mauunawaan ang di maiiwasang paglipas ng kapitalismo at ang tiyak na tagumpay ng sosyalismo, magagagap ang istorikong misyon ng proletaryado, at magiging mulat na rebolusyonaryong mandirigma ng proletaryado.

### Ang Sikreto ng Pagsasamantala ng Kapitalista sa Manggagawa

Ang Kumbersyon ng Lakas Paggawa sa Kalakal
ang Prekondisyon para sa Paglikha ng Labis na Halaga

Bawat matandang manggagawa mula sa lumang lipunan ay may kasaysayan sa pamilya na tigib ng kahirapan at pagdurusa. Sa lumang lipunan, ang mga manggagawa ay "isang kahig, isang tuka" at "kayod-kalabaw sa trabaho". Sila'y "nagtatrabaho hanggang katandaan, at tinatapak-tapakan lang sa lipunan". Inaapi sila sa pulitika, at di-tiyak ang kanilang kabuhayan. Pero hindi nagtatrabaho ang mga kapitalista. Utos lang sila nang utos sa mga manggagawa at nabubuhay sa luho at kabulukan. Tuluy-tuloy namang lumalaki ang kanilang kayamanan. Bakit? Ang teorya ni Marx sa kapital at labis na halaga ang nagsiwalat sa sikretong ito at syentipikong sumagot sa mga tanong na ito.

Paano ibinunyag ng teorya ni Marx ukol sa kapital at labis na halaga ang sikreto ng pagsasamantala ng mga kapitalista sa mga manggagawa? Dapat tayong magsimula sa espesyal na kalakal na iyon, ang lakas-paggawa.

Ang ibig sabihin ng lakas-paggawa ay paggawa ng tao, ang kabuuang kwenta ng paggawang pisikal at mental ng isang tao. Sa anumang lipunan, pangunahing salik sa produksyon ang lakas-paggawa. Pero sa lipunang kapitalista lamang isang kalakal ang lakas-paggawa. May dalawang kondisyon sa pagiging kalakal ng lakas-paggawa. Una, ang nagtatrabaho ay isang "malayang tao". Malaya siyang magbenta ng kanyang lakas-paggawa bilang kalakal. Ikalawa, ang nagtatrabaho ay walang anumang pag-aari liban sa kanyang paggawa. Wala siyang mga kagamitan sa produksyon o anumang ikabubuhay at kailangan niyang magbenta ng kanyang lakas-paggawa para mabuhay. Ang dalawang kondisyon na ito ay naganap noong bumagsak ang lipunang pyudal at sa proseso ng polarisasyon sa pagitan ng maliliit na prodyuser at primitibong akumulasyon. Ang paggamit ng mga kapitalista sa mga manggagawa ay nasa pagbili ng kanilang lakas-paggawa at paggawa sa kanila na mga sahurang alipin.

Sa sandaling maging kalakal ang lakas-paggawa, tinataglay nito ang halaga at halaga sa gamit, tulad ng iba mga kalakal. Ang halaga ng lakas-paggawa, tulad ng halaga ng lahat ng kalakal, ay itinatakda ng kantidad ng karaniwang oras paggawa na kailangan para sa produksyon at

---

* Tzu-pen-chia shih tsen-yang po-hsiao ho ya-p'o kung-jen ti – tzu-pen ho sheng-yu chia-chih.

reproduksyon nito. Kailangang panatilihin ng kapitalista ang kapasidad sa paggawa ng manggagawa kung nais niya itong magtrabaho para sa kanya. Para panatilihin ang kapasidad ng manggagawa sa paggawa, kailangan siyang mabigyan ng pagkain, damit at tirahan at mabigyan siya ng panustos sa buhay. Kung gayon, dapat ilakip sa halaga ng lakas-paggawa, unang-una na, ang halaga ng panustos sa buhay para masustentuhan siya. Kaalinsabay, tumatanda at namamatay ang mga manggagawa. Para panatilihin ang mapagsamantalang sistemang kapitalista, kailangan ng kapitalista ang bagong mga manggagawa bilang kapalit. Samakatwid, dapat ding isama sa halaga ng lakas-paggawa ang halaga ng panustos sa buhay ng manggagawa para suportahan ang kanyang mga anak at iba pang umaasa sa kanya. Para lalo pang pagsamantalahan ang manggagawa, sa pangkalahata'y itinatakda ng kapitalista na magkaroon muna siya ng pagkabihasa sa ilang kasanayan sa pamamagitan ng pangkalahatang edukasyon at treyning. Sa gayon, dapat ding kalakip sa halaga ng lakas-paggawa ang gastos sa edukasyon at treyning. Pero katiting lamang ito. Sa pangkalahatan, masasabi na ang karaniwang paggawa na kailangan sa produksyon ng lakas-paggawa ay ang karaniwang paggawa na kailangan sa produksyon ng mga nabanggit na mga panustos sa buhay. Sa ibang salita, ang halaga ng lakas-paggawa ay ang halaga ng panustos sa buhay na kailangan para buhayin ang manggagawa at palakihin ang kanyang mga anak.

Tungkol naman sa halaga sa gamit ng lakas paggawa, kakaiba ito sa halaga sa gamit ng iba pang mga kalakal. Isang espesyal na kalakal ang lakas-paggawa. Ang halaga nito sa gamit ay may espesyal na katangian. Kapag ang halaga sa gamit ng iba pang mga kalakal, tulad ng pagkain at damit, ay nakonsumo, wala nang bagong halaga sa gamit na nalilikha. Pero ang paggamit dito sa espesyal na kalakal na lakas-paggawa, ibig sabihin, ang trabaho ng manggagawa, ay nakalilikha ng halaga na mas mataas kaysa halaga ng lakas paggawa mismo. Kapag bumibili ang kapitalista ng lakas paggawa, sa dagdag na halagang ito interesado ang kapitalista. Ito ang tinatawag na labis na halaga.

## Ang Labis na Halaga na Kinukuha ng Kapitalista ay Mula sa Pagsasamantala sa mga Manggagawa

Paano kung gayon lumitaw ang labis na halaga? Kongkreto nating suriin ang proseso sa produksyon ng labis na halaga. Matapos bilhin ng kapitalista ang lakas-paggawa, pinupwersa niyang magtrabaho ang manggagawa sa kanyang pabrika para gumawa ng kalakal. May dalawang aspeto ang proseso ng kapitalistang produksyon. Ito'y proseso ng paggawa. Ito'y proseso rin ng paglikha ng karagdagang halaga.

Ang proseso ng paggawa ay prosesong may tiyak na layunin kung saan gumagamit ang tao ng tiyak na paggawa para lumikha ng mga bagay na kailangan ng tao. Ang katangian ng kapitalistang proseso ng paggawa ay pag-aari ng kapitalista ang mga kagamitan sa produksyon. Ang manggagawa ay nagtatrabaho sa utos ng kapitalista habang ang mga produkto ng kanyang paggawa ay pag-aari ng kapitalista. Ang bunga ng kapitalistang proseso sa paggawa ay ang produksyon ng isang tiyak na halaga sa gamit na makatutugon tiyak na mga pangangailangan ng lipunan. Pero hindi ito ang layunin ng kapitalistang produksyon. Hinahayaan ng kapitalista ang manggagawa na lumikha ng tiyak na mga halaga sa gamit sa tanging dahilan na ang halaga sa gamit ang materyal na nagdadala ng halaga. Kapag hindi siya nagbibigay na ilang halaga sa gamit, walang demand para sa kanyang kalakal, at hindi makakamit ang kaganapan ng halaga (kabilang ang labis na halaga).

Ang kapitalistang proseso sa produksyon ay isa ring proseso ng pagdaragdag ng halaga. Kapag lumikha ang manggagawa ng halaga sa gamit, ginagamit rin nila ang kanilang aktibong paggawa para lumilikha ng bagong halaga. Ang bagong halaga na nililikha ng manggagawa ay mas malaki pa sa halaga ng lakas-paggawa mismo. Ang tawag dito ay paglikha ng karagdagang halaga. Ang paglikha na ito ng karagdagang halaga ang ultimong layunin ng kapitalista. Ang proseso ng paglikha ng dagdag na halaga ay mayor na usapin ng kapitalistang proseso ng produksyon.

Kuning halimbawa ang produksyon ng sinulid na yari sa bulak. Bibili muna ang kapitalista ng sapat na mga kagamitan sa produksyon para sa 12-oras na arawang trabaho ng manggagawa. Ipagpalagay na ang halaga ng mga kagamitan sa produksyon ay katumbas ng 48 na oras paggawa, na nagkakahalaga ng 24 na yuan. Bibilhin din niya ang lakas-paggawa ng manggagawa. Ipagpalagay na ang katumbas ng isang araw na paggawa ay anim na oras paggawa, na nagkakahalaga nang tatlong yuan. Pagkatapos ay pag-iikirin ang manggagawa ng sinulid. Dahil ang binili ng kapitalista ay isang araw na lakas-paggawa, hindi niya patatrabahuhin ang manggagawa nang anim na oras lamang. Sabihing nagtrabaho ang manggagawa nang 12 na oras. Kung gayon, ang halaga ng sinulid na nagawa ay katumbas ng 60 oras ng paggawa, na 30 yuan sa kabuuan. Naipasa dito ang 24 yuan mula sa mga kagamitan sa produksyon at anim na yuan, kung saan ang 24 yuan ay bayad sa mga kagamitan sa produksyon at tatlong yuan para sa sahod. Ang natitira ay tatlong yuan. Ito ang dagdag na halaga na nalikha ng manggagawa at inangkin ng kapitalista. Ang proseso ng pagdaragdag ng halaga ay proseso ng produksyon ng labis na halaga.

Ang nangyari sa nabanggit sa itaas ay sumusunod pa rin sa prinsipyo ng tumbasan ng magkakaparehong halaga sa palitan. Pero nadaragdagan ang halaga at nalilikha ang labis na halaga. Ang susi sa prosesong ito ay hawak ng kapitalista ang karapatang gamitin ang lakas-paggawa na kanyang binili. "Ang halaga sa gamit ng lakas-paggawa, ibig sabihin, ang paggawa mismo, ay hindi pag-aari ng nagbebenta tulad ng ang halaga sa gamit ng krudong naibenta ay hindi pag-aari ng gasolinahan. Ang may-ari ng salapi ay nagbayad ng arawang halaga ng lakas-paggawa. Bunga nito, ang paggamit nito sa maghapon, ang paggawa sa loob ng buong araw, ay pag-aari niya. Ang arawang sustento ng lakas-paggawa ay katumbas lamang ng kalahating araw na paggawa, bagamat ang lakas-paggawa ay maaaring kumilos nang buong araw. Bunga nito, ang halaga na nalilikha ng paggamit nito sa isang araw ay doble ng sarili nitong arawang halaga."[2] Nakakapagpatayo ang kapitalista ng mas malalaking pabrika at kumakamal ng papalaking yaman dahil ang halaga na likha ng paggawa ay ibayong malaki pa kaysa halaga ng lakas-paggawa at ang labis ay inaangkin ng kapitalista.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa proseso ng produksyon ng labis na halaga, malinaw nating makikita na ang labis na halaga ay nalilikha ng manggagawa sa larangan ng produksyon. Subalit para ikubli ang pagsasamantala sa mga manggagawa, ipinagpipilitan ng burgesya at kanilang mga ahente na ang bagong halaga na nakukuha ng kapitalista ay mula sa larangan ng sirkulasyon. Dapat nating puspusang ilantad ang ganitong mga kasinungalingan. Hindi maipapaliwanag ang labis na halaga sa pagsasabing binabayaran ng bumibili ng kalakal nang mas mababa sa halaga nito o ipinagbibili ng nagbebenta ang kalakal nang mas mataas sa halaga nito, sapagkat ang tubo o lugi sa transaksyon ay nababale-wala sa pagpapalitan ng papel bilang bumibili at nagbebenta. Hindi rin maipapaliwanag ang labis na halaga sa pamamagitan ng panloloko, dahil kahit pa ganansya sa isang panig ang panloloko at kawalan sa isa pa, hindi nito mapapalaki ang kabuuang yaman ng dalawang panig. "Hindi maaaring yumaman pa ang buong uring kapitalista ng isang bayan kung lolokohin nila ang kanilang mga sarili."[3] Kung may relasyon sa pagitan ng labis na halaga at larangan ng sirkulasyon, ito ay ang katotohanang hindi maaaring ihiwalay ng kapitalista ang kanyang sarili mula sa larangan ng sirkulasyon sa pagbili ng paggawa at pagbebenta ng kalakal. Sa larangan ng sirkulasyon, bumibili ang kapitalista ng lakas-paggawa na nagbibigay ng kalagayan para malikha ang labis na halaga. At nakakamit ng kapitalista ang ganitong labis na halaga sa pagbebenta ng kanyang mga kalakal. Anu't anuman, malilikha lamang ang labis na halaga sa larangan ng produksyon at hindi sa larangan ng sirkulasyon. Ang labis na halaga ay produkto walang iba kundi ang pagsasamantala ng kapitalista sa manggagawa sa proseso ng produksyon.

Sa sandaling maintindihan natin ang sikreto ng kapitalistang pagsasamantala, mauunawaan na natin ang kalikasan ng kapital at ang saligang batas pang-ekonomya ng kapitalismo. Ang kapital ay isang halaga na maaaring makapagluwal ng labis na halaga, o maaaring sabihin na ito'y isang halaga na may kapangyarihang dagdagan ang sariling halaga. Hindi isang simpleng bagay ang kapital.

Inilalahad nito ang kapitalistang moda sa produksyon, ibig sabihin, ang makauring relasyon kung saan pinagsasamantalahan ng kapitalista ang mga manggagawa.

Ang relasyong ito na inilalahad ng kapital ay resulta ng istorikong pag-unlad. Mayroon nang mga kagamitan sa produksyon at salapi bago lumitaw ang kapitalistang moda sa produksyon. Pero tanging sa ilalim lamang ng kapitalistang moda sa produksyon ito naging kapital, nang ang kapital ay pag-aari ng kapitalista at ginagamit para pagsamantalahan ang labis na halaga na likha ng manggagawa. Ipinakita ni Marx, "Ang Negro ay simpleng isang negro. Nagiging alipin siya sa ilalim ng ilang kalagayan lamang. Ang makinang pansulid ay makina para gumawa ng sinulid. Tanging sa ilalim lamang ng ilang kalagayan ito nagiging kapital."[4] Ipinagpipilitan ng mga burges na ekonomista na ang mga kagamitan sa produksyon ay kapital. Alinsunod sa ganitong pangangatwiran, ang mga kasangkapang bato at pamalong kahoy na gamit ng primitibong tao ay mga kapital. Ang layunin ng kanilang mga kasinungalingan ay ikubli ang makauring relasyon ng mga tao sa relasyon ng mga bagay, ikubli ang kaliksan ng kapitalistang pagsasamantala, baligtarin ang katotohanan na ang kapital ay isang istorikong kategorya, at ipaliwanag ang kapitalismo bilang walang-hanggan at umiiral na simula't sapul.

Tinukoy ni Marx sa kanyang pagsusuri sa kapitalistang moda sa produksyon na "ang paglikha ng labis na halaga at pagkamal ng salapi ang absolutong batas ng moda sa produksyon na ito."[5] Ang ganitong batas ng labis na halaga ay saligang pang-ekonomyang batas din ng kapitalismo. Ipinapakita nito ang obhetibong layunin at kalikasan ng kapitalismo. Walang kapitalistang produksyon kung walang produksyon ng labis na halaga. Lahat ng aktibidad ng kapitalista ay nakatuon sa pagpiga ng pawis at dugo ng manggagawa para sa tubo. Ang kasibaan ng kapitalista para sa salapi ay walang kabusugan at ang pagkauhaw niya para sa labis na halaga ay walang pagkatighaw. Ito ang kalikasan ng kapitalista. "Ang layunin ng kapital ay hindi para tumugon sa pangangailangan kundi para lumikha ng tubo."[6] "Ang kapital at pagpapalaki ng halaga nito ang siyang simula't katapusan ng produksyon at siya ring paraan at layon ng produksyon."[7] Ang buong kapitalistang sistema ay nakabatay sa malupit na pagsasamantala ng kapitalista sa manggagawa. Ang kapitalismo'y buktot na sistema kung saan pinagsasamantalahan ng tao ang tao.

Para panatilihin ang kapitalistang sistema at ikubli ang kalikasan ng kapitalistang pagsasamantala, naglulubid ang burgesya at kanilang mga tagapagsalita ng lahat ng uri ng kasinungalingan para linlangin ang masa. Ang paghihirap daw ng manggagawa ay dulot ng kanyang "kamalasan" at ang yaman ng kapitalista ay bunga ng kanyang "kasipagan at katipiran". Pawang kasinungalingan ang mga ito. Kailanma'y hindi nagtrabaho ang kapitalista; paano siya naging "masipag"? Namumuhay siya sa luho at kasamaan; paano siya naging "matipid"? Sa lumang lipunan, ang paghihirap ng manggagawa ay hindi dulot ng "kamalasan," kundi dahil halos lahat ng produktong nalilikha ay inaangkin ng kapitalista. Sa madali't sabi, ang karalitaan ng manggagawa at kayamanan ng kapitalista ay galing sa iisang pinagmulan. Ito ay ang mapagsamantalang sistemang kapitalista na nakabatay sa pribadong pagmamay-ari ng kapitalista.

## Ang Malulupit na Paraan Kung Paano Pinagsasamantalahan at Inaapi ng mga Kapitalista ang mga Manggagawa

### Sinasalamin ng Tantos ng Labis na Halaga ang Tindi ng Pagsasamantala ng Kapitalista sa Manggagawa

Ang kapitalista ay nagbalat-kayong kapital. Ang kanyang kaluluwa ay kaluluwa ng kapital. Maninipsip ng dugo ang kapitalista. Hindi siya titigil hanggat may mapipiga pa sa manggagawa. Para makakuha pa ng mas malaking labis na halaga, ginagawa ng kapitalista ang lahat para dagdagan ang

pagsamantalahan ang manggagawa. Masusukat natin ang tindi ng kapitalistang pagsasamantala sa manggagawa sa pamamagitan ng tantos ng labis na halaga.

Para maintindihan ang tantos ng labis na halaga bilang sukatan ng tindi ng kapitalistang pagsasamantala sa manggagawa, kailangan nating maintindihan ang iba't ibang papel na ginagampanan ng mga kagamitan sa produksyon at lakas-paggawa sa paglikha ng halaga at pagdaragdag sa halaga at ang kaibahan ng palagian at nagbabagong kapital.

Nakokonsumo ang kagamitan sa produksyon sa proseso ng produksyon at nawawala ang orihinal na halaga nito sa paggamit. Pero ang halaga nito ay hindi naglalaho. Ipinapasa lamang ito sa bagong mga produkto sa pamamagitan ng paggawa ng manggagawa. Pero ang pagpasa na ito ay hindi makapagdaragdag ng anumang bagong halaga. Kung gayon, ang bahagi ng kapital na ginamit para bumili ng mga kagamitan sa produksyon ay tinatawag na palagiang kapital. Kaiba sa palagiang kapital, ang bahagi ng kapital na ginamit para bilhin ng kapitalista ang lakas-paggawa ay tinatawag na nagbabagong kapital. Ito'y dahil ang bagong halaga na nalikha ng paggawa ay higit sa halaga ng tinanggap na lakas-paggawa. Ang labis na halaga ay produkto ng pagdaragdag ng nagbabagong kapital.

Gamitin natin ang "c" para sa palagian [constant] na kapital, "v" para sa nagbabago [variable] na kapital, at "m" para sa labis na halaga. Kung gayon, ang paunang bayad para sa kapital ay c + v at ang kabuuang halaga ng mga produkto ay c + v + m. Dahil ang halaga ng c ay hindi nagbabago sa proseso ng produksyon, ang m ay resulta lamang ng pagdaragdag ng v. Para tukuyin ang tindi ng pagsasamantala ng kapitalista sa manggagawa, maaaring isantabi ang c at ikumpara lamang ang m sa v. Kung gayon, ang m / v ang tantos ng labis na halaga. Gamitin natin ang ibinigay na halimbawa sa paggawa ng sinulid, ang v ay tatlong yuan, at ang m ay tatlong yuan din. Ang tantos ng labis na halaga na sumasalamin sa tindi ng pagsasamantala ng kapitalista kung gayon ay m / v, ibig sabihin, 100 porsyento.

Mula sa proseso ng pagdaragdag ng halaga, makikita natin na ang oras paggawa sa isang araw ng trabaho ay mahahati sa dalawang bahagi: isa ay ang halaga (sahod) para muling likhain ang nagbabagong kapital. Ang bahaging ito sa oras paggawa ay kailangan para sa pagsustento sa manggagawa at tinatawag na kinakailangang oras paggawa. Ang isa pang bahagi ay ginagamit naman para lumikha ng labis na halaga para sa kapitalista at tinatawag na labis na paggawa. Kung gayon, ang tantos ng labis na halaga ay maaari rin na ipahayag bilang:

$$\text{Tantos ng labis na halaga} = \frac{\text{Labis na halaga (m) o Labis na oras paggawa}}{\text{Nagbabagong kapital (v) o Kinakailangang oras paggawa}}$$

## Para Makuha ang Absolutong Labis na Halaga sa Pamamagitan ng Pagpapahaba ng Oras Paggawa

Sinisikap lagi ng kapitalista na itaas ang tantos ng labis na halaga sa pamamagitan ng pagpapatindi ng pagsasamantala sa manggagawa. Para itaas ang tantos ng labis na halaga, sa pangkalahata'y pinahahaba ng kapitalista ang oras paggawa. Sa ilalim ng kapitalismo, ang oras paggawa ng manggagawa sa isang araw ay ang kabuuan ng kinakailangang oras paggawa at labis na oras paggawa. Sa kalagayang hindi nagbabago ang kinakailangang oras paggawa, habang mas mahaba ang oras paggawa, mas mahaba ang labis na oras paggawa. Kapag sa simula'y ang arawang oras paggawa ng manggagawa ay 12 oras, na may anim na oras ang kinakailangang oras paggawa, lalabas na anim na oras ang labis na oras paggawa. Pahahabain ngayon ng kapitalista ang oras paggawa hanggang 15 oras. Sa kinakailangang oras paggawa na hindi nagbabago sa anim na oras, ang labis na oras paggawa

ay magiging siyam na oras o dagdag na tatlong oras sa dati. Sa gayon, ang tumbasan sa pagitan ng labis na oras paggawa at kinakailangang oras paggawa ay nagbabago mula anim sa anim tungo sa siyam sa anim. At ang tantos ng labis na halaga ay tumaas nang 150 porsyento mula 100 porsyento. Ang ganitong labis na halaga sa pamamagitan ng absolutong pagpapahaba sa arawang oras paggawa ay tinatawag na absolutong labis na halaga.

Sa lumang Tsina, ang oras sa pagtatrabaho ng manggagawa ay lubhang napakahaba. Ang arawang oras paggawa ay 15, 16 o higit pa sa 18 oras. Pangkaraniwan na sa manggagawa na "makakita ng bituin sa langit bago matulog nang gabing-gabi na at makakita ng bituin kapag gumigising nang maagang-maaga kinabukasan." Bago ang liberasyon, ang mga manggagawa ng San-t'iao-shih, Tientsin, ay nagtatrabaho nang 357 araw bawat taon at halos 20 oras bawat araw. Kung kukwentahin, sa batayang walong oras bawat araw, katumbas ito nang halos tatlong taon. Para pahabain ang oras paggawa ng manggagawa, nag-isip ang mga kapitalista ng lahat ng klase ng restriksyon, tulad ng 10 minuto para sa pagkain, at pagpapatala bago pumunta sa palikuran. Gumawa pa nga sila ng imbing pakana na iatras ang kamay ng orasan! Habang mas mahaba ang oras paggawa ng manggagawa, mas mahaba ang nagiging labis na oras paggawa at mas malaki ang absolutong labis na halagang inaangkin ng kapitalista. Sa ilalim ng malupit na pagsasamantala ng kapitalista, ang ganitong palagiang pagpapagod ay lubhang bumabanat sa katawan ng manggagawa, na kadalasang nauuwi sa maagang kamatayan.

Bagamat madaling paraan ang pagpapahaba ng kapitalista sa oras paggawa para patindihin ang pagsasamantala, di maiiwasang mauwi ito sa paglaban ng manggagawa. Kaalinsabay, hindi maaaring isagad ng kapitalista sa 24 oras bawat araw ang oras paggawa dahil may pisikal na hangganan ang paggamit sa lakas-paggawa. Kung gayon, gumagamit ang kapitalista ng iba pang mas patagong paraan sa pamamagitan ng pagpapaigsi sa kinakailangang oras paggawa at sa gayo'y palakihin ang relatibong labis na oras paggawa para patindihin ang pagsasamantala sa manggagawa.

## Pagpipiga ang Relatibong Labis na Halaga sa Pagpapaigsi ng Kailangang Oras Paggawa

Paano mapapaigsi ang oras paggawa? Alam natin na ang kinakailangang oras paggawa ay ang oras paggawa para sa reproduksyon ng halaga ng lakas-paggawa. At ang halaga ng lakas-paggawa ay itinatakda ng halaga ng kinakailangang mga panustos sa buhay para masustentuhan ang manggagawa at mga umaasa sa kanya. Kapag gumamit ang kapitalista ng bagong mga kaparaanan at makina para itaas ang pangkalahatang produktibidad ng paggawa, napapaliit ang halaga ng mga panustos sa buhay para mareprodyus ang halaga ng lakas-paggawa. Sa gayon, kahit magagawang habaan pa ang kabuuang arawang oras paggawa, magagawang paigsiin na ngayon ang kinakailangang oras paggawa dahil lumiit na ang halaga ng lakas-paggawa. Ipagpalagay na ang orihinal na kinakailangang oras paggawa ay anim na oras at ang labis na oras paggawa ay anim na oras din. Ngayon, kapag ang pangkalahatang produktibidad ng paggawa ay nadoble, ang halaga ng mga panustos sa buhay ng manggagawa at mga umaasa sa kanya ay mangangalahati, at ang oras paggawa na kailangan para mareprodyus ang halaga ng lakas-paggawa ay mapapaigsi rin sa tatlong oras mula anim. At ang labis na oras paggawa ay mapapahaba tungong siyam na oras mula anim, o dagdag na tatlong oras sa dati. Ang tumbasan ng labis na oras paggawa sa kinakailangang oras paggawa ay magbabago mula anim sa anim tungo sa siyam sa tatlo. Ang tantos ng labis na halaga ay tumaas sa 300 porsyento mula 100 porsyento. Ang labis na halaga na nalikha sa pagpapaigsi ng kinakailangang oras paggawa at ang relatibong pagpapahaba ng labis na oras paggawa ay tinatawag na relatibong labis na halaga.

Dapat ding tukuyin na ang pagsisikap ng indibidwal na kapitalista na gumamit ng mga bagong pamamaraan at makina para pwersahin ang manggagawa na itaas ang produktibidad sa paggawa ay hindi kayang magpababa sa halaga ng mga panustos sa buhay. Samakatwid, hindi niya kagyat na

matutupad ang layuning pumiga ng relatibong labis na halaga. Magkagayunman, bakit gumagamit ang kapitalista ng mga bagong pamamaraan at makina? Ang tuwirang hangarin ng kapitalista sa paggamit ng mga bagong pamamaraan at makina ay bawasan ang indibidwal na oras paggawa nang mababa pa sa karaniwang oras paggawa sa produksyon ng kalakal. Sa gayon, kapag ibinenta niya ang kanyang mga kalakal sa halaga na nakabatay sa karaniwang oras paggawa, mas malaki ang makukuha niyang labis na halaga kaysa iba pang mga kapitalista. Ang labis na halaga na resulta ng mas maigsing indibidwal na oras paggawa ng mga kalakal kaysa karaniwang oras paggawa ay tinatawag na karagdagang labis na halaga. Pero ang kapitalista na unang gumamit ng bagong mga pamamaraan ay malamang na hindi makikinabang nang matagalan sa ganitong karagdagang labis na halaga dahil gagawin din ng iba pang mga kapitalista ang katulad na mga hakbang para makibahagi sa sobrang tubo. Kapag ang mga bagong pamamaraan at makina ay malaganap nang ginagamit at naitaas ang pangkalahatang produktibidad ng paggawa, ang halaga ng mga kalakal ay bababa. Ang agwat sa pagitan ng indibidwal na oras paggawa at karaniwang oras paggawa, na nagdudulot ng karagdagang labis na halaga, ay maglalaho. Ang karagdagang labis na halaga ay maglalaho rin. Gayunman, bilang resulta, ang pangkalahatang produktibidad ng paggawa ay naitaas na. Ang halaga ng maraming kalakal ay bababa, at ang mga panustos sa buhay na bumubuo sa halaga ng paggawa ay magiging mas mura. Ang halaga ng lakas-paggawa ay magiging mas mura, at ang kinakailangang oras paggawa ay mapapaigsi. Bunga nito, ang kapitalista ay makakapiga ng mas malaking relatibong labis na paggawa.

Ang ganid na kapitalista ay hindi lamang nagtataas ng produktibidad ng paggawa para palakihin ang kanyang relatibong labis na halaga, pinapaigsi rin niya ang kinakailangang oras paggawa sa pamamagitan ng pagpapatindi pang lalo ng paggawa para makapiga ng mas malaking labis na halaga. Sabi ni Marx: "Sa isang pakahulugan, ang pagtaas ng produktibidad ng paggawa at ang pagpapatindi pang lalo ng paggawa ay may iisang layunin. Palalakihin nila ang kabuuang produksyon sa loob ng isang takdang panahon. Bunga nito, paiigsiin nila ang bahagi ng araw paggawa na kinakailangan para sa produksyon ng sariling panustos sa buhay ng manggagawa o iba pang katumbas nito." [8] Pabibilisin ng kapitalista ang operasyon ng makina, itataas ang kota sa paggawa, at babawasan ang bilang ng kabuuang empleyo pero hindi ang kabuuang dami ng trabaho para patindihin pa ang paggawa ng manggagawa. Papabigat nang papabigat pang lalo ang trabaho ng manggagawa. Matapos ang isang araw ng paggawa, hapung-hapo na siya. Halimbawa ang Shanghai Shen-hsin Yarn Mill. Noong 1933, may 440 na manggagawa ang pinagtrabaho sa bawat 100,000 ikiran. Para makakompitensya sa mga pabrika ng estambre na pinatatakbo ng Hapon at makakuha ng mas malaking labis na halaga, pwersahang pinatindi pa ng mga kapitalista sa pabrikang ito ang paggawa sa pagbabawas ng bilang ng manggagawa. Noong 1934, may 270 manggagawa na lamang ang pinagtatrabaho sa bawat 100,000 ikiran. Sa lumang lipunan sa ilalim ng pang-aapi ng kapitalista, sobra-sobra ang pagpapatrabaho sa mga manggagawa kaya nagiging ulyanin na sila sa edad na 40.

### Paliitin ang Sahod nang Mas Mababa kaysa Halaga ng Paggawa para Pumiga ng Mas Malaking Labis na Halaga

Napakarami ang mga pakana ng kapitalista para pagsamantalahan ang manggagawa. Kadalasan niyang pinaliliit at binabawasan ang sahod. Nang pag-aralan natin ang absolutong labis na halaga kanina, ipinagpalagay natin na nagbabayad ng sahod ang kapitalista ayon sa halaga ng lakas-paggawa. Pero ang sahod ng manggagawa ay kadalasang mababa kaysa halaga ng kanyang lakas-paggawa. Ginagawa ng kapitalista ang lahat ng paraan para paliitin ang sahod ng manggagawa. Kahit pa nga hindi na sumasapat ang sahod para sustentuhan ang manggagawa, ginagawa pa rin ng kapitalista ang lahat ng klaseng pagkaltas para paliitin ang sahod nang mas mababa kaysa halaga ng lakas-paggawa kaya't kahit ang minimum na antas para mabuhay ay hindi mapanatili ng manggagawa.

Halimbawa, may regulasyon sa K'ai-luan Coal Mine: 47 sentimo araw-araw para sa pagkain ng mola, pero hindi hihigit sa 22 sentimo bawat araw para sa sahod ng minero. "Mababa pa sa mola ang turing sa tao." Sa lumang Tsina, maraming planta ang may kodigo penal sa mga manggagawa, na samu't sari ang laman. Minsan, ang multa ay mas mataas pa kaysa sahod. Halimbawa, ang umihi kung saan-saan ay may kaparusahan; ang pagdungaw sa bintana ay may kaparusahan din; ang pagtitipun-tipon at pagbubuo ng samahan ay lalong may kaparusahan. Lahat ng multa ay nauuwi sa bulsa ng kapitalista sa huli bilang dagdag na pagkakakitaan.

Ang kapitalista ay gumamit ng malaking bilang ng kababaihan at batang manggagawa para sa mas malupit na pagsasamantala. Sa paggamit ng malaking bilang ng kababaihan at batang manggagawa, ang sahod ng manggagawa ay kadalasang napapaliit nang mababa kaysa halaga ng lakas-paggawa. Ang sahod ng kababaihan at batang manggagawa ay higit pang maliit. Sa lumang Tsina, ang mga kababaihan ay nagtatrabaho nang mahigit sa 10 oras araw-araw, tulad ng kalalakihan, pero ang kanilang sahod ay dalawang-katlo o kalahati ng sa kalalakihan. Ang sahod sa mga batang manggagawa ay lalo pang mas maliit, kadalasang kalahati lamang ng sa kababaihan. Ang ilang kapitalista ay nagbibigay lamang ng mumurahing pagkain nang walang salaping sahod. Itinuturing ng kapitalista ang mga batang aprentis at batang manggagawa na mababa pa kaysa tao. Ipinakita ni Marx na ang kapitalista "ay sumisipsip ng seda mula sa dugo ng mga bata na lubhang musmos pa at kailangan pang tulungan papunta sa kanilang talyer."[9] Ang mga bata na nasa murang-edad at nasa gulang na dapat mag-aral ay kulang ang pagkain, kulang ang damit, at pinahihirapan ng kapitalista. Madalas silang bugbugin at murahin. Malaking bilang ng mga batang manggagawa ang namatay sa malupit na pagsasamantala ng kapitalista.

Sa lipunang kapitalista, hindi lamang malupit na pinagsasamantalahan kundi walang-awang inaapi pa ng kapitalista ang manggagawa. Sa lumang Tsina, maraming kapitalista ang nagtakda ng mga regulasyon sa planta para apihin ang manggagawa. Puu-puo o isandaang punto sa kodigo penal ang nag-alis sa kalakhan ng kalayaan ng manggagawa. Ang mga halimbawa ay: "pagkakapkap bago at pagkatapos ng trabaho" at "may karapatan ang maneydsment na sisantehin ang manggagawa." Parang mga bilangguan ang mga planta, at parang mga bilanggo ang mga manggagawa. Nagpaistasyon pa ng mga militar at pulis ang ilang kapitalista sa planta para apihin ang mga manggagawa.

Nagdulot ang kapitalismo ng di masukat na kahirapan sa manggagawa. Ito'y isang masama at mapagsamantalang sistema. Pero ginawa ng taksil na si Liu Shao-ch'i ang lahat para ipagtanggol ang mapagsamantalang sistemang kapitalista at itinaguyod na "may kabutihan ang pagsasamantala." Sinabi pa niya, "Ang kapitalistang pagsasamantala ay di lamang hindi masama, mayroon itong kabutihan." Kabulastugan ang lahat ng ito! Ang teorya ni Marx sa labis na halaga ang pinakamalinaw na kritisismo laban sa ganitong tinaguriang "may kabutihan ang pagsasamantala". Ang bigong tangka ni Liu Shao-ch'i at pangkatin na maipanumbalik ang mapagsamantalang sistemang kapitalista sa sosyalistang Tsina ay naglalantad lamang sa kanilang masamang pagmumukha bilang mga tagapagsalita ng burgesya.

## Ikinukubli ng Sahod ang Mapagsamantalang Relasyon ng Kapitalismo

### Ang Sahod ay Nakabalatkayong Anyo ng Halaga o Presyo ng Paggawa

Sa kapitalistang lipunan, nagtatrabaho ang manggagawa sa planta ng kapitalista at sumasahod mula sa kapitalista. Tumatanggap ang manggagawa ng isang araw na sahod matapos siyang magtrabaho ng isang araw. Tumatanggap siya ng isang linggong sahod matapos siyang magtrabaho

ng isang linggo. Sa biglang tingin, parang ang lahat ng kanyang paggawa ay nababayaran at parang ito ay "magkatumbas na palitan." Sa totoo, ikinubli sa anyo ng sahod ang pagsasamantala ng kapitalista sa manggagawa.

Ipinaliwanag ni Marx: "Ang sahod ay hindi tulad ng anyong panlabas nito. Hindi sila halaga o presyo ng paggawa, kundi isang nakabalatkayong anyo ng halaga o presyo ng lakas-paggawa."[10] Ang sahod na itinataguyod ng kapitalista bilang "halaga o presyo ng paggawa" ay pawang kathang-isip lamang.

Ang susi ay nasa pagkakaiba sa pagitan ng lakas-paggawa at paggawa. "Sangkot dito ang napakahalagang usapin sa ekonomyang pampulitika."[11] Sa ilalim ng kapitalistang sistema, ang ibinebenta at binibili bilang kalakal ay ang lakas-paggawa, hindi ang paggawa.

Bakit hindi kalakal ang paggawa at bakit ito hindi maaaring ibenta o bilhin? Ito'y dahil, una, kung ang paggawa ay kalakal, dapat itong umiral bago ibenta, tulad ng iba pang mga kalakal. Pero, sa katotohanan, ang paggawa ay ang paggamit ng lakas-paggawa. Hindi pa ito umiiral bago ibenta. Umiiral lamang ito kapag naibenta na at ginamit sa proseso ng paggawa. Gayundin, sa sandaling ipinaupa na ang paggawa ng manggagawa, hindi na ito sa kanya mismo. Ang kanyang paggawa ay pag-aari na ng kapitalista. Ikalawa, kung kalakal ang paggawa, ayon sa rekisitos ng batas ng halaga, dapat itong ipagpalit sa katumbas na halaga. Dapat bayaran ng kapitalista kung gayon ang buong halaga na nalikha ng manggagawa bilang kanyang sahod at bilang kabayaran sa paggawa ng manggagawa. Kung magkaganito, mawawala sa kapitalista ang pinagmumulan ng kanyang yaman at mapapawi ang labis na halaga. Hindi na iiral ang kapitalismo. Pangatlo, kung ang paggawa ay kalakal, kailangan nitong magkaroon ng halaga. Paano susukatin ang halagang ito? Alam natin na ang halaga ng lahat ng kalakal ay itinatakda ng kantidad ng nilalaman na paggawa. Kung itinatakda rin ang halaga ng paggawa ng kantidad ng paggawa, ang resulta'y sukatin ang paggawa sa pamamagitan ng paggawa. Ito'y walang kabuluhan na pag-uulit-ulit lamang ng salita.

Mula rito ay makikita natin na ang paggawa ay hindi kalakal. Wala itong halaga. Walang bagay na masasabing "halaga o presyo ng paggawa."

Sa ilalim ng kapitalismo, binibili ng kapitalista ang lakas-paggawa mula sa manggagawa, pero hindi ang paggawa. Ang sahod na ibinayad ng kapitalista sa manggagawa ay katumbas lamang ng halaga ng lakas-paggawa. Ang natitira mula sa nalilikha ng paggawa ng manggagawa na lampas sa halaga ng lakas-paggawa ay ang labis na halaga na sinasamantala ng kapitalista. Kung gayon, sinasalamin ng kapitalistang pasahod ang relasyon sa pagitan ng nagpapatrabahong kapitalista at pinagtatrabahong manggagawa, sa pagitan ng nagsasamantalang kapitalista at pinagsasamantalahang manggagawa.

## Ang Tunguhing Pabagsak ng Tunay na Halaga ng Sahod ng Manggagawa

Kadalasan, ang kapitalista ay nagbabayad ng sahod sa anyo ng salapi. Kapag ibinebenta ng manggagawa ang kanyang lakas-paggawa, tumatanggap siya ng isang tiyak na kantidad ng salapi. Ang sahod sa anyo ng salapi ay tinatawag na nominal na sahod. Hindi sinasalamin ng kantidad ng salapi ang aktwal na antas ng pamumuhay ng manggagawa. Ang tunay na antas ng pamumuhay ay masasalamin lamang sa kantidad ng mga panustos sa buhay na mabibili ng salaping sahod. Ang sahod na ito na sumasalamin sa tunay na antas ng pamumuhay ng manggagawa ay ang tunay na sahod.

Ang nominal na sahod at ang tunay na sahod ay hindi laging magkapareho. Kahit hindi nagbabago ang nominal na sahod, maaaring bumagsak ang tunay na sahod. Kapag bumaba ang kakayahang bumili ng salapi at tumaas ang presyo ng mga panustos sa buhay, ang ganoond ding

kantidad ng nominal na sahod ay maipagpapalit lamang sa mas maliit na kantidad ng panustos sa buhay. Kung gayon, bumabagsak ang tunay na sahod. Kung minsan, kahit na tumaas nang bahagya ang nominal na sahod, pero mas mababa kaysa itinaas ng presyo ng mga panustos sa buhay, ang tunay na sahod ay babagsak pa rin.

Sa kapitalistang lipunan, may tunguhing pabagsak ang tunay na sahod ng manggagawa. Palaging ginagamit ng burgesya ang implasyon, pagtaas ng mga presyo, at pagtaas ng paupa para palakihin ang agwat ng nominal na sahod at tunay na sahod at para pagsamantalahan ang manggagawa.

Sa lumang Tsina, "usad-pagong ang pagtaas ng sahod habang parang lobong sumisirit pataas ang mga presyo." Para panatilihin ang reaksyunaryong paghahari at pandarambong sa mamamayan, pinabilis ng dinastiya ni Chiang [Kai-shek] ang pag-iimprenta ng salapi. Sa 12 taon sa pagitan ng 1937 at 1949, ang paglalabas ng salapi ay lumaki nang 140,000 milyong beses at ang sukatan sa presyo ay lumaki nang 8,500,000 milyong beses. Sa lumang Tsina, labis-labis ang kahirapan ng manggagawa mula sa implasyon. Noong bisperas ng pagbagsak ng dinastiya ni Chiang, sa bawat araw ng sahod "lumundag nang tatlong beses ang presyo ng bigas habang humahakbang patawid ang isang tao sa kalsada." Sa lumang Tsina, hindi lamang binabayaran ang manggagawa ng mababang sahod, mas kaunti pa ang mabibili nito. Walang halaga ang sahod. Halos imposible nitong suportahan ang isang pamilya. Pagkaminsan matapos ang mga welga ay tataas nang bahagya ang nominal na sahod, pero mas mabilis na tataas ang presyo. Araw-araw ay lumalala ang kalagayan ng manggagawa. Mas masahol pa, napakataas ng upa. Napakamahal kahit ang giba-gibang barung-barong. Sinabi nina Marx at Engels, "Matapos pagsamantalahan ng may-ari ng planta, isa pang grupo ng burgesya – mga may-ari ng lupa't bahay, tindahan at sanglaan – ang nakaabang para magsalitan sa pagkuha ng bahagi nila mula sa sahod ng manggagawa."[12]

## Nakikibaka ang Uring Manggagawa Laban sa Kapitalistang Pagsasamantala

Ang pagbagsak ng tunay na sahod ay nagsadlak sa karamihan ng mga manggagawa sa ginaw at gutom. Natural na nag-alsa ang uring manggagawa para labanan ang kapitalistang pagsasamantala.

Lubhang makabuluhan ang pang-ekonomyang pakikibaka na isinulong ng uring manggagawa para itaas ang sahod upang ipagtanggol ang kanilang karapatan na mabuhay at para labanan ang malupit na pagsasamantala ng burgesya. Ito'y dahil sa hindi lamang nito inantala ang pagbagsak ng tunay na sahod kundi pinatibay pa ang pagkakaisa ng uring manggagawa, itinaas ang kanilang makauring kamulatan, at pinanday ang kanilang diwang palaban. Pero hindi natin dapat labis na palakihin ang kabuluhan ng pang-ekonomyang pakikibaka. Ipinakita ni Marx na ang uring manggagawa "ay hindi dapat makalimot: sa pang-araw-araw na pakikibakang ito, nilalabanan lamang nila ang epekto, hindi ang sanhi na nagbubunga ng epektong ito, inaantala lamang nila ang tunguhing pabagsak, at hindi binababago ang direksyon ng pagbagsak; pinipigilan lamang nila ang sintomas, at hindi ginagamot ang sakit."[13] Kung gayon, kung nais ng uring manggagawa ng ultimong solusyon, hindi nito dapat ilimita ang sarili sa pang-ekonomyang pakikibaka kundi itaas rin ang pang-ekonomyang pakikibaka sa pampulitikang pakikibaka, ibagsak ang reaksyunaryong paghahari ng burgesya, at wasakin ang mapagsamantalang sistemang kapitalista.

Gayunman, sari-saring eskirol ang nagtataguyod na: Ang kailangan lamang na isulong ay pang-ekonomyang pakikibaka. Ayon sa kanilang mga kasinungalingan, hindi na kailangan ng uring manggagawa na agawin ang kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng marahas na rebolusyon at wasakin ang kapitalistang sistema. Dapat makuntento na ito sa maliit na pagtaas ng sahod at ilang pagpapahusay ng kalagayan sa paggawa. Ang mga kasinungalingang ito na inilalako ng sandakot na mga eskirol ay naglalayong bigong ilagaw ang proletaryong rebolusyonaryong kilusan sa lihis na

landas ng burges na repormismo. Gusto nilang maglingkod habambuhay ang uring manggagawa bilang upahang alipin ng kapitalista. "Hindi dapat tumalima ang mga manggagawa sa konserbatibong sawikaing 'patas na sahod sa isang araw para sa patas na paggawa sa isang araw!' Dapat nilang isulat sa kanilang bandila ang rebolusyonaryong islogan: "Wakasan ang sistema ng upahang paggawa!" [14]

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Marx, Kapital, Bol. 1, Kabanata 4, 5, 10,17.
Marx, Sahurang Paggawa at Kapital.
Marx, Sahod, Presyo at Tubo.
Chairman Mao, "Pagsusuri ng mga Panlipunang Uri ng Tsina."
Chairman, Mao, "Ang Rebolusyong Tsina at ang Partido Komunista ng Tsina," Kabanata 1, Seksyon 3; Kabanata 2, Seksyon 4.

**Mga katanungan sa pagbabalik-aral**

1. Paano lumilitaw ang labis na halaga? Bakit natin sinasabing ang produksyon ng labis na halaga ang kalikasan ng kapitalistang produksyon?
2. Anu-anong paraan ang ginagamit ng kapitalista para pagsamantalahan at apihin ang manggagawa?
3. Bakit natin sinasabi na ang kapitalistang sahod ay nakabalatkayong anyo lamang ng halaga o presyo ng lakas-paggawa?
4. Bakit kailangan nating pag-aralan ang teorya ni Marx sa labis na halaga? Paano natin ginagamit ang teorya ni Marx sa labis na halaga para punahin ang pananaw ni Liu Shao-ch'i at pangkat niya na ang "pagsasamantala ay may kabutihan"?

**Mga tala**

1) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 219.
2) Ibid.
3) Ibid., pp. 185-186.
4) Marx, Sahurang Paggawa at Kapital, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 362.
5) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 679.
6) Marx, Kapital, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1966, p. 280.
7) Ibid., p. 272.
8) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 578.
9) Ibid., p. 325.
10) Marx, Kritika ng Programang Gotha, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 17.
11) Engels, "Introduksyon sa *Sahurang Paggawa at Kapital*," Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 341.
12) Manipestong Komunista, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, pp. 258-259.
13) Marx, Sahod, Presyo at Tubo, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 203.
14) Ibid., pp. 203-204.

# Kabanata 5

## Ang Papalaking Agwat sa Pagitan ng Mayaman at Mahirap sa Lipunang Kapitalista

Akumulasyon ng Kapital at ang Pagdarahop ng Uring Manggagawa[*]

Sa abot ng kanyang makakaya, sinisikap ng kapitalista na pumiga ng absoluto at relatibong labis na halaga, at gawin itong kapital para sa mas malakihang saklaw na pagsasamantala at pang-aapi sa manggagawa. Ang ganitong proseso ng kumbersyon ng labis na halaga bilang kapital ay tinatawag na akumulasyon ng kapital. Sa pagsusuri ng akumulasyon ng kapital, mauunawaan natin kung bakit sa lumang lipunan ay yumayaman ang kapitalistang hindi kailanman nagtatrabaho at lumalala ang kalagayan ng manggagawang nagtatrabaho. Tinutulungan tayo nito na higit pang maunawaan kung bakit ang ekspropriyasyon sa mangangamkam, angpagpuksa sa kapitalismo at ang di maiiwasang tagumpay ng sosyalismo ay hindi mababaligtad ng anumang reaksyunaryong pwersa at kung bakit ang pagpapabagsak sa masamang sistemang kapitalista ang dakilang istorikong misyon ng proletaryado.

### Pinatitindi ng Akumulasyon ng Kapital ang Pagsasamantala sa mga Manggagawa

Suriin ang Simpleng Reproduksyong Kapitalista at Ilantad
ang Kasinungalingang Tinutustusan ng Kapitalista ang Manggagawa

Sinabi natin kanina na akumulasyon ng kapital ang kumbersyon sa kapital ng labis na halagang inangkin ng kapitalista. Bago natin suriin ang akumulasyon ng kapital, tingnan muna natin kung ano ang mangyayari kung ang inangkin na labis na halaga ay ginastos lahat ng kapitalista sa kanyang sarili imbes na gawin itong kapital. Sa ganitong kalagayan, hindi na mapalalawak ang produksyon ng kapitalista. Makapagpapatuloy lamang siya sa simpleng reproduksyong kapitalista.

Ipagpalagay na ang isang kapitalista ay nagbukas ng isang planta sa halagang 10,000 yuan, kung saan 8,000 yuan ang ipinambili ng gusali ng planta, hilaw na materyales, at kagamitang makina (para pasimplehin ang halimbawa, ipagpalagay na itong 8,000 yuan na mga kagamitan sa produksyon ay nagamit lahat sa loob ng isang taon, at ang halaga nito ay nailipat sa mga produkto) at 2,000 yuan ang ipinambili ng lakas paggawa. Dagdag pa, ipagpalagay na ang tantos ng labis na halaga ay 100 porsyento. Kung gayon, ang halaga ng taunang mga produkto ay katumbas ng 8,000 c + 2,000 v + 2,000 m = 12,000 yuan, kung saan 2,000 yuan ang labis na halaga. Kung itong 2,000 yuan na labis na halaga ay ginastos ng kapitalista sa maluhong konsumo para sa kanyang sarili at pamilyang umaasa sa kanya, sa simula ng ikalawang taon, mananatiling 8,000 c + 2,000 v = 10,000 yuan ang kapital na hawak ng kapitalista. Kung walang pagbabago sa labis na halaga, ang halaga ng mga produkto sa ikalawang taon ay 8,000 c+ 2,000 v + 2,000 m = 12,000 yuan pa rin. Sa takbo ng reproduksyon, hindi na napapalawak ang saklaw ng operasyon, nananatili ito sa pinagmulang antas. Ang ganitong reproduksyon na nakabatay sa pinagmulang antas ay tinatawag na simpleng reproduksyon.

Ano ang ipinapaliwanag ng simpleng reproduksyong kapitalista?

Una, kitang-kita natin kung sino ang tumutustos kanino sa lipunang kapitalista. Kung titingnan natin ito mula sa isang proseso ng produksyon, makikitang parang tinutustusan ng kapitalista ang

[*] Tzu-pen-chu-i she-hui ti p'in fu yueh lai yueh hsuan-shu-tzu-pen chi-lei ho wu-ch'an chieh-chi p'in-k'un-hua.

manggagawa sa pagpapauna ng kanyang kapital bilang sahod. Ito ang pinalalabas ng kapitalista. Pero, kung titingnan natin ito mula sa proseso ng reproduksyon, madaling nalalantad ang kasinungalingan ng kapitalista. Ang sahod ay bahagi lamang ng halagang nalilikha ng manggagawa mismo sa proseso ng produksyon. Kabilang sa bagong halagang nilikha ng manggagawa ay hindi lamang ang halaga para tustusan ang manggagawa mismo at ang reproduksyon ng lakas paggawa, kundi pati na rin ang labis na halaga para tustusan ang kapitalista at ang kanyang maluhong pamumuhay. Samakatwid, hindi ang kapitalista ang tumutustos sa manggagawa. Sa kabaligtaran, ang manggagawa ang tumutustos sa kapitalista.

Ikalawa, mula sa proseso ng simpleng reproduksyon, makikita natin na ang labis na halaga ay ginagawang kapital ng kapitalista. Gamit ang nauna nating halimbawa, ang kapitalistang ito na nagsimula sa 10,000 yuan ay gumastos ng 2,000 yuan sa kanyang personal na konsumo. Kung kaya't paglipas ng limang taon, nagastos nang lahat ang kanyang naunang kapital. Pero, sa pamamagitan ng simpleng reproduksyon, paglipas ng limang taon ay mayroon pa rin siyang 10,000 yuan na kapital. Ang 10,000 yuan na ito ay hindi na ang kapital na pinagsimulan, kundi ang kabuuan ng kanyang tuluy-tuloy na pagpiga ng labis na halaga sa loob ng limang taon. Sabi ni Marx, "Isantabi man ang lahat ng akumulasyon, itatransporma ng simpleng pagpapatuloy sa proseso ng produksyon o simpleng reproduksyon ang anumang kapital tungo sa pagiging tinipong kapital o labis na halagang ginamit bilang kapital, matapos man ang isang mas mahaba o mas maikling panahon."[1]

Dahil ang kapital ng kapitalista ay galing sa pagiging labis na halaga na likha ng manggagawa, lubusang makatwiran na lahat ng mga kagamitan sa produksyon na binawi mula sa kapitalista ay aariin ng proletaryong estado kapag naagaw na ng uring manggagawa ang kapangyarihang pampulitika. Ito ay pagbawi lamang sa yamang nalikha ng paggawa ng mga ninuno ng uring manggagawa.

Panghuli, mula sa proseso ng simpleng reproduksyon, makikita rin natin na ang kapitalistang reproduksyon ay hindi lamang lumilikhang muli ng iba't ibang kalakal, kundi lumilikha rin ng kapitalistang relasyon sa produksyon. Sa proseso ng reproduksyon, ang manggagawa ay patuloy na lumilikha ng nagbabagong kapital na ipinambibili ng lakas paggawa. Kapag natapos ang proseso ng produksyon, ang manggagawa ay isa pa ring walang pag-aaring upahang trabahador, at pag-aari pa rin ang kapitalista ang lahat ng mga kagamitan para pagsamantalahan ang manggagawa.

## Pinalalawak ng Kapitalista ang Reproduksyon sa Layuning Pumiga ng Higit pang Labis na Halaga

Sa itaas, ipinagpalagay natin na ginastos ng kapitalista sa kanyang personal na konsumo ang lahat ng labis na halaga. Dahil dito, maipagpapatuloy lamang ang reproduksyon sa pinagmulang antas. Pero, hindi katangian ng kapitalistang produksyon ang simpleng reproduksyon.

Ang katangian ng kapitalistang produksyon ay ang pinalawak na reproduksyon.

Para ipagpatuloy ang pinalawak na reproduksyon, hindi maaaring gastusin sa personal na konsumo ng kapitalista ang lahat ng inangking labis na halaga. Kailangang itabi niya ang bahagi nito para gawing kapital na pambili ng mga bagong makina at kasangkapan, at umupa ng dagdag na mga manggagawa bago siya makakapagpalawak ng saklaw ng operasyon at makamit ang pinalawak na reproduksyon.

Ipagpalagay na nagsimula sa 10,000 yuan ang kapitalista, kung saan 8,000 yuan ay palagiang kapital at 2,000 yuan ay nagbabagong kapital, at ang tantos ng labis na halaga ay 100 porsyento. Kapag nakumpleto ang proseso ng produksyon, ang halaga ng mga produkto ay magiging 8,000 c + 2,000 v + 2,000 m = 12,000 yuan. Higit pa, ipagpalagay na ginamit ng kapitalista ang kalahati ng 2,000 yuan na labis na halaga para sa sariling konsumo at ang kalahati pa sa akumulasyon na gagawing kapital. Kung ang proporsyon ng palagiang kapital at nagbabagong kapital ay pinanatiling

pirmi, sa gayon, mula sa 1,000 yuan na bagong kapital, 800 yuan ang mapupunta sa palagiang kapital at 200 yuan sa nagbabagong kapital. Sa ikalawang taon, tataas sa 11,000 yuan ang kabuuang halaga ng kapital. Bubuuin ito ng 8,800 c + 2,200 v + 2,200 m = 13,200 yuan. Kumpara sa 12,000 yuan na halaga ng mga produkto sa unang taon, nakamit ng kapitalistang ito ang pinalawak na reproduksyon.

Mula sa pinalawak na reproduksyong kapitalista, makikita natin na maipapatupad lamang ang pinalawak na reproduksyon dahil ginawang kapital ang bahagi ng labis na halaga. Kung, sa kondisyon ng simpleng reproduksyon, ang kapital na ipinuhunan ng kapitalista ay makikitang mula sa isinaling labis na halaga pagkaraan lamang ng isang panahon, kung gayon, sa kondisyon ng pinalawak na reproduksyon, makikita sa simula pa lang na mula sa isinaling labis na halaga ang dagdag na kapital.

Bakit hindi ginagastos ng kapitalista ang lahat ng labis na halaga sa kanyang personal na konsumo, bagkus ay nagsasagawa ng akumulasyon ng kapital para sa pinalawak na reproduksyon? Ipinaliwanag ng ilang burges na ekonomista na ang akumulasyon ng kapital ay birtud ng "pangingilin" sa bahagi ng kapitalista, na para bang ang akumulasyon ng kapital ng kapitalista ay para sa pangkabuuang kabutihan ng lipunan at nangangahulugan ng pagpipigil sa kanyang pagnanais kumonsumo.

Inilantad ni Marx ang kalikasan ng "pangingilin." Ipinaliwanag ni Marx na taglay ng kapitalista ang "isang absolutong pagnanasang yumaman."[2] Walang hangganan ang kasibaan ng kapitalista sa labis na halaga. Tuluy-tuloy na mapapalaki lamang ang labis na halaga kung tuluy-tuloy na nagtitipon ng kapital ang kapitalista, pinapalaki ng halaga ng kapital at pinapalawak ang saklaw ng produksyon. Kaalinsabay, pinupwersa rin siya ng kapitalistang kumpetisyon na magtipon ng kapital. Sino man ang may mas malaking kapital ay siyang nasa bentaheng pusisyon, sa usapin ng pagdaragdag ng kasangkapan, pagbili ng hilaw na materyales, at paggamit ng mga bagong pamamaraan. Mas malamang din na itaas niya ang produktibidad ng paggawa at ibaba ang indibidwal na oras paggawa ng kalakal nang mas mababa sa karaniwang oras paggawa, nang sa gayon ay manalo sa kumpetisyon at hindi malamon ng mas malaking kapitalista. Pinagmumulan ng presyur sa bawat kapitalista ang kumpetisyon. Ang takot na mabigo at mabangkrap sa kumpetisyon ang nagtutulak sa kapitalista na magsagawa ng akumulasyon ng kapital para patibayin ang kanyang kakayahang makipagkumpetensya. "Itinatransporma ng kumpetisyon ang panloob na batas ng kapitalistang produksyon tungo sa isang mapamwersang panlabas na batas, na sumasaklaw sa lahat ng kapitalista,. Pinupwersa ng kumpetisyon ang kapitalista na panatilihin ang kanyang kapital sa pamamagitan na tuluy-tuloy na pagpapalawak nito. At pinalalawak niya ang kanyang kapital sa pamamagitan ng papalaking akumulasyon."[3]

Makikita na hindi "pangingilin" kundi kasibaan at takot ang nagtutulak sa kapitalista na gawing kapital ang bahagi ng labis na halagang piniga mula sa manggagawa. Habang mas nagsasamantala ang kapitalista, mas malaki ang natitipong kapital. Habang mas malaki ang natipong kapital, mas maraming labis na halaga ang mapagsasamantalahan. Samakatwid, ang akumulasyon ng kapital ay hindi lamang resulta ng pagsasamantala sa manggagawa kundi isang pamamaraan din kung paano pinasasaklaw at pinalalawak ng kapitalista ang kanyang pagsasamantala sa manggagawa.

## Ang Kawalan ng Trabaho ng mga Manggagawa ay Di Maiiwasang Resulta ng Akumulasyon ng Kapital

### Ang Pagtaas sa Organikong Komposisyon ng Kapital ay Nagreresulta sa Pagpapatalsik ng Makina sa Manggagawa

Ang proseso ng akumulasyon ng kapital ay hindi lamang proseso ng pagpapalaki sa kabuuang halaga ng kapital. Sa prosesong ito, nariyan din ang pagbabago sa komposisyon ng kapital at ang ibinubungang masamang epekto sa proletaryado.

Mula sa materyal na aspeto, ang komposisyon ng kapital ay ipinapakita bilang proporsyon sa pagitan ng mga kagamitan sa produksyon (planta, makina, kagamitan, hilaw na materyales) at lakas paggawa. Mayroong tiyak na relasyon sa pagitan ng dami ng biniling mga kagamitan sa produksyon at sa bilang ng manggagawang ineempleyo. Halimbawa, mayroong tiyak na bilang ng ikiran na mapapatakbo ng isang manggagawa gamit ang isang tiyak na dami ng bulak sa bawat araw. Ang antas ng ganitong proporsyon ay itinatakda ng antas ng teknolohiya ng produksyon sa lipunan, mga katangian ng iba't ibang larangan ng produksyon, at antas ng mekanisasyon. Nakabatay rin ito sa kagamitang teknikal ng iba't ibang empresa. Samakatwid, maaari nating tawagin ang proporsyong ito bilang teknikal na komposisyon ng kapital.

Ang komposisyon ng kapital ay maaari ring tingnan mula sa punto de bista ng halaga. Ang halaga ng mga kagamitan sa produksyon ay inilalahad bilang palagiang kapital, at ang halaga ng lakas paggawa ay inilalahad bilang nagbabagong kapital. Ang proporsyon sa pagitan ng palagian at nagbabagong kapital ay tinatawag na halagang komposisyon ng kapital.

May mahigpit na ugnayan ang teknikal at halagang komposisyon ng kapital. Sa pangkalahatan, ang halagang komposisyon ng kapital ay nag-iiba-iba ayon sa teknikal na komposisyon ng kapital. "Ang halagang komposisyon ng kapital, na itinatakda ng teknikal na komposisyon ng kapital at sumasalamin sa pagbabago nito, ay tinatawag na organikong komposisyon ng kapital."[4] Ang pormula ng organikong komposisyon ng kapital ay c : v. Halimbawa, ipagpalagay na mayroong 10,000 yuan ang isang kapitalista, kung saan 8,000 yuan ay palagian kapital at 2,000 yuan ay nagbabagong kapital. Kung gayon, ang organikong komposisyon ng kapital ay 8,000c : 2,000 v, ibig sabihin, 4:1.

Sa takbo ng pag-unlad ng kapitalismo, nagbabagu-bago ang organikong komposisyon ng kapital. Para pumiga ng higit pang labis na halaga at manguna sa kumpetisyon, kailangang paunlarin ng kapitalista ang kagamitang teknikal ng empresa sa pamamagitan ng pagpapalit ng makina para sa demanong paggawa, o mga bagong makina sa lumang makina. Samakatwid, kailangang palakihan ng kapitalista ang kanyang kapital sa kagamitang makina. Dahil sa pinalitan ng mga makina ang paggawa, nakakalikha ang mga manggagawa, sa isang takdang panahon, ng mas marami pang produkto na kumokonsumo ng mas maraming hilaw na materyales. Kailangan ding palakihin ng kapitalista ang kanyang kapital na pambili ng mas maraming hilaw na materyales. Samakatwid, sa tuluy-tuloy na akumulasyon ng kapital, ang proporsyon ng palagiang kapital sa kabuuang kapital ay laging tumataas. Sa kabilang banda, laging lumiliit ang proporsyon ng nagbabagong kapital na nagpapataas sa organikong komposisyon ng kapital.

Sa pangkalahatan, prekondisyon sa pagtaas ng organikong komposisyon ng kapital ang pagtaas ng indibidwal na kapital. Ang kapital ay mapapalaki sa dalawang paraan: isa ay sa pamamagitan ng akumulasyon ng kapital, ibig sabihin, isang pagtaas sa kabuuang halaga ng kapital sa pamamagitan ng akumulasyon ng indibidwal na kapital; ang isa pa ay sa pamamagitan ng konsentrasyon ng kapital, ibig sabihin, ang paglamon ng malaking kapital sa maliit na kapital sa pamamagitan ng kumpetisyon, o ang pagsasanib ng ilang kumpanya sa isang korporasyong may pinagsamang sapi (*joint-stock corporation*) nang sa gayon ay nakokonsentra sa mas malaking kapital ang dating kalat-kalat na kapital. Di maiiwasang pinatataas ng akumulasyon ng kapital at konsentrasyon ng kapital ang organikong komposisyon ng kapital.

Ang pagtaas sa organikong komposisyon ng kapital ay may malulubhang epekto sa uring manggagawa. Kung di nagbabago ang organikong komposisyon ng kapital, itataas ng akumulasyon ng kapital ang kaakibat na demand sa lakas paggawa. Ibig sabihin, kaakibat na itataas nito ang mga pagkakataon ng manggagawa na makapagtrabaho. Pero, matapos pataasin ang organikong komposisyon ng kapital, hindi na pareho ang resulta ng akumulasyon ng kapital. Maaaring pataasin

nito ang kabuuang demand para sa lakas paggawa. Pero ang pagtaas na ito ay lubhang mas maliit kaysa itinaas ng palagiang kapital. Sa ilalim ng tiyak na mga kondisyon, maaaring mas mababa pa kaysa dati ang kabuuang demand para sa lakas paggawa. Ito ay dahil ang demand sa lakas paggawa ay hindi nakabatay sa laki ng kabuuang kapital, kundi sa laki ng nagbabagong kapital. Halimbawa, kapag 4:1 ang organikong komposisyon ng kapital, ibig sabihin nito'y sa bawat 100 yuan na kabuuang kapital, 20 yuan ang magagamit sa pag-upa ng manggagawa. Pero nang itinaas sa 9:1 ang organikong komposisyon ng kapital, ibig sabihin nito'y sa bawat 100 yuan, 10 yuan lamang ang mailalaan sa pag-upa ng manggagawa. Samakatwid, kahit pa tumaas sa 15,000 yuan mula 10,000 yuan ang kabuuang kapital, ang halaga ng nagbabagong kapital ay bumaba sa 1,500 yuan mula 2,000 yuan. Ipinapakita nito na ang pagtaas ng organikong komposisyon ng kapital ay nagpapababa sa mga pagkakataon ng manggagawa na makapagtrabaho. Sa kapitalistang lipunan, nililikha ng uring manggagawa ang mga makina. Pero kapag ginamit ng kapitalista ang mga makina, malaking bilang ng manggagawa ang natatanggal at nawawalan ng trabaho. Ang paggamit ng kapitalista sa makinang panahi ay nagdulot ng kawalan ng trabaho sa maraming mananahi. Ang paggamit ng kapitalista sa makinang pang-empake ay nagdulot ng kawalan ng trabaho sa maraming taga-empake. Ang paggamit ng kapitalista sa makinang pang-typeset ay nagdulot ng kawalan ng trabaho sa maraming taga-typeset. Sa proseso ng pag-unlad ng kapitalismo, kaakibat ng pag-unlad ng mga pamamaraan at pagtaas sa organikong komposisyon ng kapital, umuunti ng mapapasukang trabaho at lumalaki ang kawalan ng trabaho. Tinatawag itong pagpapatalsik ng makina sa manggagawa.

### Di Maiiwasang Bunga ng Akumulasyon ng Kapital
### Ang Relatibong Labis na Populasyon

Ang pagtaas ng organikong komposisyon ng kapital ay relatibong nagpapaliit sa demand para sa lakas paggawa. Pero sa takbo ng akumulasyon ng kapital, absolutong lumalaki ang suplay ng lakas paggawa. Sa pag-unlad ng mga kapitalistang pamamaraan sa produksyon at sa malawakang paggamit ng mga makina, maraming operasyon ng paggawa ang labis na napasimple, kung kaya't maraming kababaihan at bata ang makakahanay sa upahang paggawa. Kaalinsabay, sa takbo ng akumulasyon ng kapital, malaking bilang ng maliliit na prodyuser ng kalakal at maliliit na kapitalista ang nabangkrap at kinailangang magbenta ng kanilang lakas paggawa para tustusan ang kanilang sarili. Ang pag-unlad ng kapitalismo sa kanayunan ay nagdulot din ng pagkabangkrap sa malaking bilang ng magsasakang dumagsa sa lunsod para makapaghanapbuhay. Lahat ng salik na ito ay nag-ambag sa absolutong paglaki ng suplay ng lakas paggawa.

Kung gayon, sa isang banda, relatibong napaliit ang demand para sa lakas paggawa. Sa kabilang banda, absolutong napalaki ang suplay ng lakas paggawa. Sa kahulihan, laging umiiral sa kapitalistang lipunan ang malaking bilang ng walang trabaho, na nagbubunga ng relatibong labis sa populasyon.

Ang tinatawag na relatibong labis na populasyon ay "labis" kaugnay lamang ng demand ng kapital para rito. Hindi nito ipinahihiwatig na ang populasyon ay absolutong labis na hindi na ito kayang suportahan ng panustos sa buhay na likha ng lipunan. Sa katotohanan, wala talagang absolutong labis na populasyon dahil di lamang bibig na kumokonsumo ng pagkaing butil mayroon ang tao, kundi dalawang kamay rin na nakakalikha ng materyal na kayamanan. Sa sandaling hawak na ng masang anakpawis ang kanilang kapalaran, maaari silang sumulong sa lalim at lawak ng produksyon para lumikha ng paparaming panustos sa buhay para sa mas dibersipikadong buhay. Nawawalan ng trabaho at nagiging relatibong labis na populasyon ang mga manggagawa sa kapitalistang lipunan lamang, kung saan hindi hawak ng manggagawa ang kanilang sariling kapalaran at ang mga makinang nilikha nila ay ginagamit bilang kapital. Kung gayon, ang relatibong labis na populasyon ay tinawag ni Marx ay bunga ng "isang espesyal na batas ng populasyon sa ilalim ng

kapitalistang moda ng produksyon." Ipinaliwanag niya, "Ang labis na populasyon ng manggagawa ay isang di maiiwasang bunga ng akumulasyon o ng pag-unlad ng kayamanan sa batayang kapitalista."[5]

Mayroong tatlong batayang anyo ng labis na populasyon sa kapitalistang lipunan:

Una, ang makilos na labis na populasyon. Pumapatungkol ito sa populasyon na walang trabaho na pansamantalang inalis sa proseso ng produksyon. Ang ganitong tipo ng kawalan ng trabaho ay pinakakomun sa mga sentro ng industriya. Sa panahon ng mga krisis at matapos gumamit ng mga bagong makina at pamamaraan, ilang manggagawa ang matatanggal. Pero sa panahon ng rekoberi at kapag ibayong umunlad ang industriya, marami sa mga manggagawang walang trabaho na ito ang ibabalik sa mga pabrika. Lubhang kakaunting manggagawa sa mga kapitalistang bayan ang nakakatakas sa kawalan ng trabaho sa isa o iba pang panahon. Labas-masok sa trabaho ang karamihan ng tao.

Ikalawa, ang nakabalatkayong labis na populasyon, ibig sabihin, ang labis na populasyon sa kanayunan. Matapos maging kapitalista ang produksyon sa agrikultura at dahil sa pagtaas ng organikong komposisyon ng kapital, tuluy-tuloy na lumiliit ang demand sa manggagawang pang-agrikultura. Dagdag pa dito, absoluto ang ganitong pagpapaalis ng lakas paggawa sa agrikultura. Maliban kung may bagong lupang nabawi, walang karagdagang lakas paggawa na magkakatrabaho. Ilan sa mga manggagawa na tinatanggal ng kapitalistang agrikultura ay napapadpad sa lunsod. Ang iba ay nangungunyapit pa rin sa pagbubungkal ng maliit na piraso ng lupa at di halos matustusan ang kanilang mga sarili ng intensibong pagtatanim at pamamasukan sa samu't saring trabaho. Maaaring may trabaho sila sa anyo, pero sa totoo'y labis sila sa produksyong agrikultural. Ito ang tinatawag na nagkabalatkayong labis na populasyon.

Ikatlo, ang *static* na labis na populasyon. Ang mga taong ito ay gumagampan ng mga gawaing-bahay at samu't saring trabaho. Kahit mabibilang pa rin sila sa kasalukuyang pwersa sa paggawa, hindi matatag ang kanilang trabaho. Kadalasa'y mahahaba ang oras paggawa at mabababa ang sahod ng kanilang trabaho. Ang kanilang antas ng pamumuhay ay mas mababa kaysa karaniwang antas para sa uring manggagawa.

Sa kapitalistang lipunan, dagdag pa sa nabanggit na tatlong anyo ng labis na populasyon, mayroong malaking bilang ng mga napakaralitang taong umaasa sa suporta at namamalimos para kanilang ikabubuhay. Kabilang sa kanila ang matatanda, mahihina, may-kapansanan, ulila, at palaboy na nawalan na ng kanilang kapasidad sa paggawa. Binubuo nila ang pinakamababang saray ng relatibong labis na populasyon at pinakamalubha ang kanilang kalagayan.

Di maiiwasang bunga ng akumulasyon ng kapital ang relatibong labis na populasyon. Kaalinsabay, ang mga taong ito ay panikwas ng akumulasyon ng kapital, o isang kondisyon pa nga sa pag-iral at pag-unlad ng kapitalistang moda ng produksyon. Ginagamit ng kapitalista ang pag-iral ng mga manggagawang walang trabaho bilang alas para patindihin ang pang-aapi at pagsasamantala sa mga kasalukuyang nagtatrabaho. Mula sa bunganga ng kapitalista, madalas marinig ang bisyosong mga salita tulad ng, "Mas mahirap pang maghanap ng 100 aso kaysa maghanap ng 100 manggagawa." Bakit napakabangis ng kapitalista? Dahil libu-libong manggagawang walang trabaho ang nasa labas ng pinto ng planta. Ginagamit sila ng kapitalista para bantaan ang mga manggagawa na nasa planta at ibaba ang kanilang sahod. Kaalinsabay, ang kapitalismo ay umuunlad sa gitna ng kumpetisyon at kaguluhan at kinatatangian ng mga biglaang pagkitid at paglawak. Kapag biglaang lumawak ang produksyon, hindi matutugunan ng natural na paglaki ng lakas paggawa ang demand ng kapitalista para sa paggawa. Nangangailangan ang kapitalista ng "reserba" ng lakas paggawa. Ibinibigay ng relatibong labis na populasyon ang ganitong "reserba." Sa ganitong pakahulugan, tinatawag natin na reserbang hukbo sa industriya ang malaking hukbo ng walang trabaho sa kapitalistang lipunan. Ito ay kinakailangan sa pag-iral at pag-unlad ng kapitalistang moda ng produksyon.

## Ang *Isang Sanaysay hinggil sa Prinsipyo ng Populasyon* ni Malthus ay Isang Reaksyunaryong Kasinungalingan para Ipagtanggol ang Kapitalismo

Sa lipunang kapitalista, ang malawakang pagkakaroon ng malaking hukbo ng walang trabaho ay isang "mabuting" bagay para sa kapitalista dahil makakatulong ito sa pagsasamantala. Pero, isang nakakahiyang bagay rin ito dahil nagmumukhang lubhang di sibilisado ang mga tinaguriang sibilisadong bayan. Para lunasan ang ganitong kalagayan, ilang intelektwal na lingkod ng burgesya ang pumiga ng utak para makagawa ng mga makaisang panig na teorya para ipagtanggol ang sistemang kapitalista. Noong maagang bahagi ng ika-19 siglo, isa sa ganitong teorya ang reaksyunaryong *Isang Sanaysay hinggil sa Prinsipyo ng Populasyon* na pakana ng isang bulgar ng ekonomistang Ingles na nagngangalang Malthus.

Nagharap si Malthus ng isang pangangatwiran na bantog sa kasamaan. Sinabi niyang ang populasyon ay lumalaki ayon sa progresyong heometriko (1, 2, 4, 8…), habang ang panustos sa buhay ay lumalaki ayon sa progresyong aritmetiko (1, 2, 3, 4…). Iginiit niya na ito ang batayang dahilan ng labis na populasyon, kawalan ng trabaho at karalitaan ng masa. Naglalayong ipaliwanag ng katwirang ito na hindi mga kasamaan ng sistemang kapitalista ang kawalan ng trabaho at kahirapan, kundi resulta ng batas ng Kalikasan. Ayon sa teorya ni Malthus, biyaya sa sangkatauhan ang mga digma at peste. Sa mga digma at peste, malaking bilang ng tao ang namamatay, at sa gayon ay naiibsan ang mga epekto ng labis na populasyon at ginagawang mas magkatugma ang paglaki ng panustos sa buhay sa paglaki ng populasyon.

Higit na matibay ang katotohanan kaysa pangangatwiran. Walang matibay na batayan ang reaksyunaryong *Isang Sanaysay hinggil sa Prinsipyo ng Populasyon* ni Malthus. Paano lumitaw ang huwad na syensya na nagpakita umano sa heometrikong paglaki ng populasyon at aritmetikong pagdami ng panustos sa buhay? Ang totoong nangyari, kinuha ni Malthus ang paglaki ng populasyon sa Amerika sa isang panahon bilang batayan ng kanyang tantos sa paglaki ng populasyon. Kinuha rin niya ang paglaki sa produksyon ng pagkain sa isang panahon sa Pransya, bilang batayan ng kanyang tantos sa pagdami ng panustos sa buhay. Hindi ang natural na paglaki ng populasyon ang pangunahing dahilan ng mabilisang paglaki ng populasyon sa Amerika nang panahong iyon, kundi dahil sa iba pang salik tulad ng imigrasyon. Kaugnay ng produksyon ng pagkain sa Pransya, kung ito ay inihambing sa paglaki ng populasyon sa Pransya at hindi sa paglaki ng populasyon sa Amerika, hindi naman ito kinapos sa paglaki ng populasyon, bagkus ay nahigitan pa ang paglaki ng populasyon. Noong 1760, may 2.1 milyon ang populasyon ng Pransya. Ang karaniwang produksyon ng pagkaing butil *per capita* ay 450 litro. Noong 1840, paglipas ng 80 taon, tumaas sa 3.4 milyon ang populasyon ng Pransya, may 62 porsyentong pagtaas. Pero mas mabilis ang paglaki ng produksyon ng pagkain. Noong 1840, ang karaniwang produksyon ng pagkaing butil *per capita* ay 832 litro, may 85 porsyentong paglaki. Ipinakita rin ng mga datos ng maraming iba pang kapitalistang bayan na ang paglaki ng populasyon ay hindi humihigit sa pagdami ng panustos sa buhay. Sa kabaligtaran, nahigitan ng pagdami ng panustos sa buhay ang paglaki ng populasyon. Pero, magkagayunman, ang masang anakpawis ay maralitang-maralita, at kalunos-lunos ang kanilang kalagayan. Isang bigong pagtatangka ang pagtatanggol ni Malthus sa mga kasamaan ng sistemang kapitalista sa pamamagitan ng tinaguriang absolutong labis na populasyon.

Kumalat sa lumang Tsina ang mapanirang impluwensya ng *Isang Sanaysay hinggil sa Prinsipyo ng Populasyon* ni Malthus. Matagal nang ginamit ng mga imperyalista at reaksyunaryong Koumintang ang *Isang Sanaysay hinggil sa Prinsipyo ng Populasyon* ni Malthus bilang kasangkapan para labanan ang rebolusyon ng mamamayang Tsino. Bago ang liberasyon, umusal sila ng kabulastugan tulad ng mahirap daw ang mamamayang Tsino dahil napakarami nila, at tinangka nilang isisi sa Kalikasan ang mga kasamaan ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa bisperas ng pambansang

liberasyon, muli silang umusal ng kabalbalan, nagreklamong masyadong marami ang tao sa Tsina. Ayon sa kanila, hindi malulutas ng gubyernong bayan ang suliranin sa pagkain, at hindi ito tatagal ng higit sa ilang buwan. Mariing pinabulaanan ni Tagapangulong Mao ang reaksyunaryong kasinungalingang ito. Sabi niya, "Isang magandang bagay ang malaking populasyon ng Tsina. Alam natin kung paano mapanghahawakan ang higit pang malaking populasyon. Nasa produksyon ang solusyon." "Rebolusyon at produksyon ang makalulutas sa suliranin sa pagkain."[6] Lubusang pinatotohanan ng karanasan ng sosyalistang Tsina mula nang pagkakatatag nito ang syentipikong pagsusuri ni Tagapangulong Mao. Sa patnubay ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, napawi ang kawalan ng trabaho sa Tsina. Yumayabong ang sosyalistang ekonomya at patuloy na tumataas ang antas ng pamumuhay ng mamamayan. Ang mahirap at atrasadong Tsina ay nakapagtatag ng isang sosyalistang bayan na patungo sa kasaganaan at paglago. Lubusang nabangkarote ang mga imperyalistang kasinungalingan.

## Tumutungo sa Pagdarahop ng Proletaryado ang Akumulasyon ng Kapital

### Isang Pangkalahatang Batas ng Akumulasyon ng Kapital ang Polarisasyon sa pagitan ng Mayaman at Mahirap

Ang kapitalistang akumulasyon ay mayroong magkaibang-magkaibang resulta para sa burgesya at proletaryado. Sa burgesya, ang proseso ng akumulasyon ng kapital ay proseso ng pagdaragdag at konsentrasyon ng kapital at isang proseso ng pagpapayaman ng burgesya. Sa proletaryado, ang proseso ng akumulasyon ng kapital ay isang proseso kung saan "pinapalitan ng makina ang mga manggagawa," at isang proseso kung saan nag-uumapaw ang hanay ng mga manggagawang walang trabaho, ibayong pinagsasamantalahan ang mga manggagawang may trabaho, at patuloy na lumalala ang kalagayan sa pamumuhay ng buong uring manggagawa. Ang polarisasyon sa pagitan ng mayaman at mahirap sa lipunang kapitalista sa panahon ng akumulasyon ng kapital ay hindi magbabago ng direksyon ayon sa kagustuhan ng tao. Sa isang dulo ng lipunan ay akumulasyon ng kayamanan; sa kabila ay akumulasyon ng pagdarahop. Ipinaliwanag ni Marx, "ito ay isang absoluto at pangkalahatang batas ng kapitalistang akumulasyon."[7]

Napakamakabuluhan ng pagbubunyag ni Marx sa batas na ito. Sinasabi nito sa atin na ang mga kalagayan sa trabaho at pamumuhay ng proletaryado ay itinatakda ng kapitalistang relasyon sa produksyon. Sa ilalim ng sistemang kapitalista, ang pag-unlad ng produksyon ay tutungo lamang sa pagdarahop ng proletaryado. Hindi lamang relatibo kundi absoluto rin ang pagdarahop ito.

### Ang Papaliit nang Papaliit na Bahagi ng Proletaryado sa Pambansang Kita ay Nagreresulta sa Relatibong Pagdarahop

Ang pambansang kita ay ang kabuuang dami ng panibagong halagang nalikha ng buong lipunan sa isang taon. Sa sistemang kapitalista, ang pambansang kita ay unang hinahati sa bahagi na napupunta sa sahod ng mga manggagawa at sa bahagi na dinarambong ng mga kapitalista bilang labis na halaga. Sa pag-unlad ng kapitalismo, anong mangyayari sa bahagi ng kita na napupunta sa manggagawa at sa bahagi ng kita na napupunta sa kapitalista?

Buung-buong nililikha ng mga manggagawa ang pambansang kita at tuluy-tuloy na lumalaki ito sa proseso ng pinalawak na reproduksyon. Pabawas nang pabawas sa ilalim ng kapitalismo, ang bahagi ng sahod na tinatanggap ng proletaryado, at padagdag nang padagdag ang bahagi ng labis na halagang natatanggap ng burgesya. Ang pangyayaring ito ay tinatawag na relatibong pagdarahop ng

proletaryado. Ayon sa mga datos na inilabas ng gubyernong US, ang bahaging sahod ng manggagawang Amerikano sa pambansang kita noong 1843 ay 45.6%, noong 1866 ay 43.5%, noong 1891 ay 42.7%, noong 1938 ay 37%, noong 1945 ay 33.3%, at noong 1956 ay 29.7%. Mula sa mga datos na ito, makikita natin na sa pagkakaroon ng akumulasyon ng kapital, ang kita ng manggagawa ay relatibong pababa nang pababa, habang ang kayamananginaangkin ng burgesya ay patuloy na lumalaki.

## Ang Patuloy na Lumulubhang Kalagayan sa Trabaho at Buhay ay Nagreresulta sa Absolutong Pagdarahop ng Proletaryado

Sa lipunang kapitalista, hindi lamang relatibong pagdarahop ng proletaryado ang umiiral, kundi maging ang kanilang absolutong pagdarahop. Ganito ang paliwanag ni Lenin: "Absoluto ang pagdarahop ng manggagawa. Ibig sabihin, pahirap sila nang pahirap, mas kaaba-aba ang kanilang buhay, mas masahol ang kanilang pagkain at kakaunti ang laman ng kanilang mga tiyan. At napipilitan silang magsiksikan sa mga silong at atip ng bahay."[8]

Ang mayor na mga manipestasyon ng absolutong pagdarahop ng proletaryado ay ang mga sumusunod:

Una, ang pagkakaroon ng malaking bilang ng mga manggagawang walang trabaho. Palagiang nakaamba sa manggagawa sa isang kapitalistang bayan ang kawalan ng trabaho. Sa sandaling nawalan siya ng trabaho, nawawalan siya ng ikabubuhay. Nagiging isang seryosong problema ang kanyang kabuhayan. Ito ay isang importanteng palatandaan ng pagkabulok ng materyal na kalagayan sa pamumuhay ng proletaryado. Sa US, ang bilang ng walang trabaho noong 1945 ay 1.1 milyon; noong 1955, ito ay 2.654 milyon; noong 1968, ito ay 2.8 milyon at noong 1971, ito ay umabot sa 5 milyon. Sa England, lubhang seryoso rin ang kalagayan ng kawalan ng trabaho. Ang bilang ng mga manggagawang walang trabaho noong 1952 ay 500,000. Pagdating ng Pebrero 1972, lumaki na ito ng higit sa 1.6 milyon.

Ikalawa, ang pagbaba ng tunay na sahod. Ang kalagayan ng mga manggagawang walang trabaho sa mga kapitalistang bayan ay hindi rin mas mainam. Kadalasang mas mababa kaysa halaga ng lakas paggawa ang sahod ng manggagawa, kung kaya't mahirap para sa manggagawa na magmantini ng normal na kabuhayan. Minsan sa pamamagitan ng mga pakikibaka laban sa kapitalista, bahagyang maitataas ang nominal na sahod. Pero dahil umiiral ang malawakang implasyon sa mga kapitalistang bayan, kadalasa'y nahuhuli ang pagtaas ng salaping sahod sa pagtaas ng mga presyo. Sa kahulihan, di lamang hindi tumataas ang tunay na sahod, maaari pa nga itong bumaba.

Halimbawa, ayon sa opisyal na istatistika ng US, mula Disyembre 1969 hanggang Disyembre 1970, tumaas nang 2.6% ang sahod ng mga manggagawa sa manupaktura. Sa panahon ding iyon, ang *consumer price index* ay tumaas nang 5.5%. Samakatwid, ang tunay na sahod ng mga manggagawa sa manupaktura ay bumaba ng 2.9%. Liban pa dito, maraming buwis sa mga kapitalistang bayan ang kumakaltas nang malaking bahagi sa kita ng masang anakpawis. Ayon sa opisyal na istatistika ng US: sa 30 taon sa pagitan ng 1940 at 1970, ang halaga ng pagbubuwis ay tumaas nang 16 na beses. Ang kabuuang pribadong utang ng US (kabilang ang pagsasangla ng bahay at pautang sa mamimili) ay 197.8 bilyong dolyar, karaniwang $1,133 *per capita*. Sa katapusan ng 1970, ang kabuuang pribadong utang ay umabot sa 577.9 bilyong dolyar, karaniwang $2,832 *per capita*. Noong 1970, ang pagbabayad ng mamamayang Amerikano sa mga utang at interes ay karaniwang nagkakahalaga ng 22.3% ng kanilang taunang kita. Ang pagbubuwis, pagbabayad sa utang at interes ay nagkakahalaga ng halos kalahati ng taunang kita ng mamamayang Amerikano.

Ikatlo, ang mahirap na kalagayan sa pamumuhay. Dahil sa mababang tunay na sahod, ang manggagawa sa isang kapitalistang bayan ay kailangang magtiis sa mahirap na kalagayan sa

pamumuhay. Higit na kapuna-puna ang mahirap na kalagayan sa pamumuhay kung titingnan ang kondisyon sa pabahay. Dahil sa anarkikong mga kondisyon ng produksyon sa lipunang kapitalista at sa bulag na konsentrasyon ng produksyon at populasyong industriyal, palaki nang palaki ang sukat ng ilang lunsod, at ang kondisyon sa pabahay ng manggagawa ay patuloy na lumulubha. Ipinaliwanag ni Marx, "Habang mas mabilis ang akumulasyon ng kapital ng isang lunsod ng industriya o lunsod ng komersyo, mas mabilis ang pagpasok ng mga tao para sa pagsasamantala, at mas masahol pa ang pansamantalang tirahan na inilaan sa kanila."[9] Maraming beses nagkomentaryo sina Marx at Engels sa kanilang mga akda hinggil sa paglubha ng kondisyon sa pabahay ng mga manggagawa sa ilalim ng kapitalismo at inilarawan ang napakahirap na kalagayan ng mga *slum area* sa malalaking lunsod tulad ng London. Ngayon, paparami pa rin ang bilang ng mga *slum area* sa malalaking lunsod sa mga kapitalistang bayan. Sa New York City, ang pinakamalaking lunsod sa Amerika, 1.664 milyon ang bilang ng taong nakatira sa *slum area* noong 1950. Pagsapit ng 1957, lumaki na ito sa 2.572 milyon. Ang kabuuang populasyon ng US noong 1959 ay halos 180 milyon, kung saan 22 milyon ang nakatira sa mga *slum area* sa lunsod, at 44 milyon katao ay nakatira sa mga bahay na mababa sa pamantayan.

Ang mga panganib ng polusyon tulad ng mga singaw, basura at takla ng poso negro ay lalo pang nagpalubha ng kondisyon sa pabahay ng manggagawa at may masamang epekto sa kanyang kalusugan. Habang mas maunlad ang industriya, mas malala ang polusyon sa kalunsuran. Nakakatahan ang mayamang kapitalista sa kanilang mga mansyong de hardin sa labas ng lunsod, at pabayaan ang masang anakpawis na magdusa. Sa ilang malalaking lunsod ng mga kapitalistang bayan na may malubhang polusyon sa hangin, ang lahat ay nakakalanghap ng maraming nakakalasong gas. Sa mga lunsod na ito, ang mga insidente ng emphysema, bronkitis, at hika ay napakarami, at mataas din ang resultang tantos ng namamatay. Sa Europa, US at Japan, dumarami ang bilang ng mga manggagawa na tinatanggal sa trabaho dahil sa emphysema.

Sa US, kung kalagayan sa serbisyo-medikal ang pag-uusapan, "bukas na bukas ang pinto ng ospital, pero di pwedeng pumasok ang may-sakit na di kayang magbayad." Ang bayad sa pagpapatala para sa isang konsultasyon ay nagkakahalaga ng sang-katlo ng arawang sahod ng isang manggagawa na may katamtamang kita. Ang bayad sa pagpapaopera ng apendisitis ay nagkakahalaga ng mahigit sa dalawang buwang sahod. Ang isang karaniwang pamilya ng manggagawa ay kailangang mag-ipon sa loob ng maraming buwan bago nila kayanin ang bayad sa panganganak. Mula 1965 hanggang 1972, karaniwang 12.3% ang taunang itinataas ng bayarin sa ospital. Ang karaniwang taunang itinataas ng bayad sa konsultasyon ay 6.1%. Maraming manggagawa ang pumapasok pa rin sa trabaho kahit may sakit sila dahil hindi nila kayang bayaran ang pagpapakonsulta, at bunga nito'y maaga silang namamatay.

Ikaapat, ang sobrang tindi ng paggawa at mahirap na kalagayan sa trabaho. Sa pag-unlad ng mekanisasyon at awtomasyon sa mga empresa, hindi lang nagiging karugtong ng makina ang manggagawa, kundi lalong tumitindi ang paggawa. Reklamo ng isang Amerikanong manggagawa ng kotse: "Sa sinaunang Gresya at Imperyong Romano, kahit ang kawawang marino ay makakapahinga nang saglit katabi ng kanyang sagwan kapag paborable ang hangin. Ngayon, ang manggagawa na nagtatrabaho katabi ng *conveyor belt* ay hindi na halos makahinga kapag ang mga piyesa ng makina ay sunud-sunod nang lumalabas." Bilang resulta ng paggamit sa "sistema ng pagpapabilis" para patindihin ang pagsasamantala at pang-aapi sa manggagawa, ilang mangagawa sa mga plantang Amerikano ang nawawalan ng kanilang kapasidad sa paggawa matapos magtrabaho ng walo hanggang sampung taon. Marami pang manggagawa ang hindi makaangkop sa mabilisang trabaho kapag umabot na sila ng 40 taong gulang. Dahil sa mabilisang takbo ng trabaho at sa kawalan ng mga pasilidad para pangalagaan ang manggagawa, maraming aksidente sa trabaho. Dapat aminin ng gubyernong US na, sa pinakamababa, 85% Amerikanong manggagawa ang nagtatrabaho ng may palagiang nakaambang panganib na mapinsala. Taun-taon, tatlo hanggang limang porsyento ng mga

Amerikanong manggagawa ang namamatay o napipinsala sa mga aksidenteng industriyal. Kung gayon, ang mga pagsulong ng syensya at teknolohiya sa mga kapitalistang bayan ay natatamo kapalit ng patuloy na kahirapan at pagdurusa ng uring manggagawa.

Hindi maitatanggi, gaya ng ipinakita ng mga nasabing katotohanan, na umiiral nga ang pagdarahop sa kapitalistang lipunan. Ang burgesya at kanilang mga ahenteng nagtatago sa hanay ng proletaryado ay bigong nagtatangka na itanggi ang pag-iral ng pagdarahop ng proletaryado sa pamamagitan ng pagbabaling ng pansin sa ibang pangyayaring may panandalian, lokal, at baha-bahaging pag-unlad.

Una, dapat nating suriin ang usapin ng pagdarahop ng proletaryado mula sa makauring pananaw. Kailangan muna nating alisin mula sa hanay ng proletaryado ang mga aristokrata sa paggawa na nabili ng burgesya. Isang dakot na aristokrata sa paggawa nga naman ang nagtatamasa ng mas mataas na antas ng pamumuhay dahil sa limos ng burgesya. Hindi na sila kabilang sa hanay ng manggagawa, kundi mga taksil sa proletaryado.

Sa usapin ng pagdarahop  ng proletaryado, dapat natin itong suriin mula sa istoriko at kongkretong pananaw. Dahil ang mga pamantayan sa pamumuhay ay magkakaiba sa iba't ibang panahon at iba't ibang bayan, hindi nararapat ang simpleng paghahambing ng kasalukuyan sa nakaraan. Noong nakaraan, kahit ang emperador ay mga lampara lamang ang magagamit. Ngayon, karamihan sa mga manggagawa sa kapitalistang bayan ay gumagamit ng mga dekuryenteng ilaw. Hindi masasabi na walang pagdarahop dahil may mga dekuryenteng ilaw ang mga manggagawa. Hindi ba't kabalbalan na sabihing ang buhay ng manggagawa ngayon ay mas maganda pa kaysa buhay ng emperador?

Sa usapin ng pagdarahop ng proletaryado, dapat taglay natin ang pangkabuuang pananaw. Ang ibig sabihin ng pangkabuuang pananaw ay hindi natin dapat husgahan ang kalagayan sa pamumuhay ng mga manggagawa batay sa isang planta, espesyal na lokalidad, o partikular na panahon. Dapat nating husgahan ang kalagayan sa pamumuhay ng uring manggagawa sa loob ng mahabang panahon. Sa ibang salita, kailangan nating tingnan di lamang ang kalagayan sa pamumuhay ng mga manggagawang may trabaho, kundi maging ang kalagayan sa pamumuhay ng mga manggagawang walang trabaho at paminsan-minsang may trabaho. Kailangan nating tingnan di lamang ang kalagayan sa pamumuhay ng uring manggagawa sa mga imperyalistang bayan, kundi maging ang kalagayan sa pamumuhay ng uring manggagawa sa mga kolonya. Kailangan nating tingnan di lamang ang kalagayan sa pamumuhay ng uring manggagawa sa panahon ng inaakalang kasaganaan ng kapitalismo, kundi maging ang kalagayan sa trabaho ng uring manggagawa sa panahon ng krisis sa ekonomya. Samakatwid, hindi mahirap masabi na kahit sa ilang pagkakataon na ang kalagayan sa pamumuhay ng mga manggagawa ay gumanda sa indibidwal na mga planta at lokalidad at sa ilang partikular na panahon, ang kalagayan ng buong uring manggagawa ay pahirap nang pahirap.

**Proletaryado ang Tagahukay ng Libingan ng Kapitalismo**

Ang proseso ng akumulasyon ng kapital ay ang proseso kung saan lalong yumayaman ang burgesya at lalong nagdarahop ang proletaryado. Ito rin ay isang proseso kung saan papaigting ang kontradiksyon ng mga relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon ng kapitalismo. Sa proseso ng pag-unlad ng kapitalistang ekonomya, ang kalat-kalat, hiwa-hiwalay at maliitang saklaw na indibidwal na produksyon ay naging malakihang saklaw na panlipunang produksyon. Ang pag-unlad ng panlipunang produksyon sa ilalim ng kapitalismo ay binubuo ng dalawang aspeto: Una, ang kapitalistang planta ay kaiba sa maliit na talyer kung saan solong tinatapos ng tagayaring-kamay ang proseso ng produksyon. Sa kapitalistang planta, puu-puo, daan-daan at libu-libong manggagawa ang nasa iba't ibang pagawaan at seksyon. Sa utos ng kapitalista at kanyang mga ahente, kinukumpleto

nila ang paggawa ng mga kalakal sa pamamagitan ng hatian sa paggawa at kooperasyon. Ikalawa, papaunlad ang panlipunang hatian sa paggawa. Nagiging mas espesyalisado ang produksyon. Ang iba't ibang departamento at empresa sa panlipunang produksyon ay mahigpit na magkakaugnay at nagsasaligan sa isa't isa. Sa pag-unlad ng mga hatian sa paggawa sa loob ng mga planta at lipunan, ang produksyon ay "itrinansporma sa isang serye ng mga panlipunang pagkilos mula sa isang serye ng mga indibidwal na pagkilos. Ang mga produkto ay itrinansporma bilang mga produkto ng lipunan mula produkto ng indibidwal."[10] Ang mga torno, kotse, telang yari sa bulak, at mga sapatos na balat ay mga produkto ng pinagsama-samang paggawa ng maraming manggagawa. Walang sinuman ang makakapagsabing, "Produkto ko ito."

Nagiging panlipunan ang kalikasan ng produksyon. Pero ang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto mula sa panlipunang paggawa ay hindi pag-aari ng lipunan. Pag-aari ng kapitalista mismo ang mga ito. Samakatwid, umuusbong ang kontradiksyon sa pagitan ng panlipunang produksyon at kapitalistang pribadong pagmamay-ari. Ito ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo. Mahigpit na sinasagkaan ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari ang pag-unlad ng malakihang saklaw na panlipunang produksyon. Lalong sinasagkaan ng kapitalistang relasyon sa produksyon ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon at nagiging tanikala sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Malulutas lamang ang batayang kontradiksyong ito sa pamamagitan ng pagpawi sa pribadong pagmamay-ari at pagtatatag ng sosyalistang kolektibong pagmamay-ari, at pagpalit ng sosyalistang relasyon sa produksyon sa kapitalistang relasyon. Kung gayon, ang pagkapawi ng kapitalismo at pagsibol ng sosyalismo ay isang di maiiwasang tunguhin ng istorikong pag-unlad na hindi mababago ayon sa kagustuhan ng tao.

Pero hindi ispontanyong magaganap ang istorikong proseso kung saan papalitan ng sosyalismo ang kapitalismo. Di maiiwasang pipigilan pagbabago ng burgesya, na nakikinabang sa kapitalistang sistema, ang panlipunang pagbabago. Para maganap ang pagbabagong ito, kailangang may panlipunang pwersa na dudurog sa paglaban ng burgesya. Ang panlipunang pwersang ito ay ang proletaryado. Ang proletaryado ang kinatawan sa abanteng mga pwersa sa produksyon. Ito ay pinagsasamantalahan at inaapi, pero ito ang pinakamulat na uri na may puspusang rebolusyonaryong katangian. Sa pag-aaral ng Marxismo, siguradong titindig ito para ibagsak ang sistemang kapitalista. "Ang kontradiksyon sa pagitan ng panlipunang produksyon at kapitalistang pagmamay-ari ay nalalahad bilang tunggalian ng proletaryado at burgesya."[11] Sa proseso ng akumulasyon ng kapital, patuloy na humusto sa gulang at lumalakas ang proletaryado.

Ang proseso ng akumulasyon ng kapital at pinalawak na reproduksyon ay hindi lamang ang pinalawak na reproduksyon ng mga materyal na panustos sa buhay, kundi maging ang pinalawak na reproduksyon ng kapitalistang relasyon sa produksyon. Lumilikha ito ng mas malalaking kapitalista sa isang banda at mas maraming upahang manggagawa sa kabila. Samakatwid, ang proseso ng akumulasyon ng kapital ay hindi lamang naghahanda ng materyal na kondisyon sa pagkapawi ng kapitalismo, na malakihang saklaw na produksyon sa batayang panlipunan, kundi lumilikha rin ng tagahukay ng libingan ng kapitalismo – ang proletaryado. "Ang burgesya ay di lamang nagpapanday ng mga sandata para sa sarili nitong pagkawasak, nagsasanay din ito ng mga tao na gagamit ng mga sandatang ito – ang modernong manggagawa, ibig sabihin, ang proletaryado."[12] Umusbong ang proletaryado kasabay ng paglitaw ng kapitalismo at nagpalakas at namumulat sa proseso ng akumulasyon ng kapital. Sa pag-unlad ng akumulasyon ng kapital, unti-unting lumalaki ang hanay ng proletaryado; sa malakihang saklaw na produksyong panlipunan, naitimo na sa proletaryado ang disiplinang pang-organisasyon; at sa pagdarahop ng proletaryado, ang kontradiksyon ng proletaryado at burgesya ay patuloy na lumalalim. Dahil makaranasan sa tunggalian ng mga uri at armadong pakikibaka, sa gabay ng Marxismo, nagiging pasulong ang tanaw at di makasariling uri ang proletaryado na lipos ng rebolusyonaryong kapuspusan.

Sa proseso ng akumulasyon ng kapital, ang dakilang pag-unlad ng panlipunang produksyon ay di maiiwasang aabot sa yugto na hindi na ito kayang makulob pa sa kapitalistang bomba. Buong tiwalang ipinahayag ni Marx: "Sasabog ang bombang ito. Ang agunyas kamatayan ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari ay malapit nang kumalembang. Aagawan ng pag-aari ang mangangamkam."[13] Siguradong magwawakas ang kapitalismo at magtatagumpay ang sosyalismo. Ito ay isang istorikong tendensya ng akumulasyon ng kapital.

### Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral

Marx, Kapital, Bol. 1, Part 7.
Marx, "Ang Pagdaralita ng Lipunang Kapitalista."
Tagapangulong Mao, "Ang Pagkabangkarote ng Idealistang Konsepsyon ng Kasaysayan."

### Mga Katanungan sa Pagbabalik-aral

1. Anu-anong kongklusyon ang ating mabubuo sa pagsusuri sa simpleng reproduksyon at pinalawak na reproduksyon?
2. Anu-ano ang mga dahilan ng kawalan ng trabaho at pagdarahop ng proletaryado sa kapitalistang lipunan?
3. Bakit natin sinasabing ang proletaryado ang tagahukay ng libingan ng kapitalismo?

### Mga Tala

1) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 625.
2) Ibid., p. 649.
3) Ibid., pp. 649-650.
4) Ibid., p. 672.
5) Ibid., p. 692.
6) "Ang Pagkabangkarote ng Idealistang Konsepsyon ng Kasaysayan." Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, pp. 1400-1401.
7) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 707.
8) "Ang Pagdaralita ng Lipunang Kapitalista," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 18, p. 430.
9) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 725.
10) Engels, Anti-Duhring, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 309.
11) Ibid., p. 311.
12) Manipestong Komunista, Piling mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 257.
13) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, pp. 831-832.

# Kabanata 6

## Ang Proseso ng Paggalaw ng Kapital ay ang Proseso ng Pagsasamantala at Realisasyon ng Labis na Halaga

Ang Sirkular na Daloy ng Kapital, ang Pag-ikot (*Turnover*) ng Kapital, at ang Reproduksyon ng Panlipunang Kapital*

Kailangang patuloy na gumagalaw ang kapital para magampanan ang papel nito.  Dumaraan ito mula sa proseso ng palitan tungo sa proseso ng produksyon at pagkatapos ay mula sa proseso ng produksyon tungo sa proseso ng palitan sa isang walang-tigil na pag-uulit.

Sa naunang dalawang kabanata, pansamantala nating isinantabi ang proseso ng palitan at sinuri ang kapital sa proseso ng produksyon. Sa kabanatang ito, susuriin natin ang paggalaw ng kapital at likas nitong mga kontradiksyon sa punto de bista ng palitan.

### Dumaraan ang Sirkulasyon ng Kapital Sa Tatlong Yugto at May Tatlong Anyo

Ang Tatlong Yugto ng Sirkulasyon ng Kapital
ay Kumakatawan sa Pagkakaisa sa Pagitan
ng Proseso ng Produksyon at Proseso ng Palitan

Sa paggalaw nito, sunud-sunod na dumaraan ang kapital sa tatlong yugto at may tatlong kaukulang mga anyo.

Sa unang yugto ng paggalaw ng kapital, dapat munang magpaluwal ang kapitalista ng isang kantidad ng salapi para bumili ng mga kagamitan sa produksyon at lakas-paggawa sa pamilihan. Gamit ang G para sa salapi, W para sa mga kalakal, A para sa lakas-paggawa at Pm para sa mga kagamitan sa produksyon, ang prosesong ito ay maisasalarawan sa sumusunod:

$$G - W \begin{cases} A \\ Pm \end{cases}$$

Sa yugtong ito, ang salapi sa kamay ng kapitalista ay nagsisilbing pambili at pambayad. Gayunman, kaalinsabay nito, nagsisilbi rin itong kapital dahil ang binibili ng kapitalista ay lakas-paggawa at mga kagamitan sa produksyon na kailangan para pigain ang labis na paggawa mula sa manggagawa. Ang salapi rito ay nagiging salaping kapital. Sa pagbili ng mga kagamitan sa produksyon at lakas-paggawa, natatransporma ang salaping kapital tungong produktibong kapital. Kapag walang salaping kapital, walang produktibong kapital at walang produksyon ng labis na halaga. Ang gamit ng salaping kapital ay maghanda para sa paglikha ng labis na halaga.

Sa ikalawang yugto ng paggalaw ng kapital, pumapasok ang kapitalista sa produksyon sa pagkokombina ng mga kagamitan sa produksyon at lakas-paggawa. Sa gayon, ang proseso sa palitan ng kapital ay tinatapos at ang produktibong proseso ay sinisimulan. Sa pamamagitan ng prosesong

---

* Tzu-pen ti yun-tung kuo-ch'eng shih cha-ch'u ho shih-hsien shen-yu chia-chih ti kuo-ch'eng – tzu-pen ti tsai sheng-ch'an.

ito, kinokonsumo ang lakas-paggawa, pinoproseso ang mga hilaw na materyales, nagagasgas ang mga kagamitan, at nagagawa ang isang takdang dami ng mga kalakal. Sa gayon, ang produktibong kapital ay natatransporma sa kalakal na kapital.

Ang kalakal na kapital sa yugtong ito ay naglalaman na ng labis na halagang likha ng manggagawa. Hindi lamang naiiba ang itsura nito sa mga kalakal na unang binili kundi may mas mataas na ring halaga kaysa pinagsimulang kapital.

Ang prosesong ito ay maisasalarawan nang ganito:

$$W \begin{cases} A \\ Pm \end{cases} \ldots P \ldots W'$$

Kinakatawan dito ng P ang produktibong kapital sa proseso ng produksyon. Ang linya ng mga tuldok bago at pagkatapos ng P ay tumutukoy sa pagtatapos ng palitan at pagsisimula ng produksyon. Ang W' ay kumakatawan sa mga kalakal na naglalaman ng labis na halaga.

Sa yugtong ito, ang mga kagamitan sa produksyon at lakas-paggawa ay hindi lamang gumaganap bilang mga salik sa produksyon kundi bilang kapital din dahil ang mga kagamitan sa produksyon at pwersa sa paggawa na ito ay ikinokombina sa mga kamay ng kapitalista para sa produksyon ng labis na halaga. Ang papel ng produktibong kapital ay ang produksyon ng labis na halaga.

Sa ikatlong yugto ng paggalaw ng kapital, ang nalikha nang mga kalakal at naglalaman ng labis na halaga ay kailangang dalhin ng kapitalista sa pamilihan para ibenta. Sa pamamagitan ng pagbenta sa mga kalakal, ang kapital na kalakal ay muling natatransporma bilang salaping kapital. Sa gayon, bumabalik ang kapital sa anyo ng salapi.

Ang prosesong ito ay maisasalarawan nang ganito:

$$W' – G'$$

Tinutukoy ng G' dito ang salaping kapital na nadagdagan ang halaga. Binubuo ito kapwa ng halaga ng kapital na ipinauna ng kapitalista at ng narealisa na labis na halaga. Samakatwid, ang W' – G' ay hindi lamang proseso ng transpormasyon ng anyo sa pagitan ng kalakal at salapi, kundi mas importante, isa rin itong proseso kung saan narerealisa ang labis na halaga na nilalaman ng mga kalakal at inaangkin ng kapitalista. Ang papel ng kapital na kalakal ay para marealisa ang labis na halaga.


Ang tatlong yugto at tatlong anyo ng kapital ay nagpapakita na ang kapital sa bawat yugto at anyo ay may independyenteng papel. Matapos matupad ang isang papel, lumilipat ito sa isa pang yugto at nagkakaroon ng isa pang anyo. Ang kapital na ito na dumaraan sa ganitong magkakasunod na transpormasyon ay industriyal na kapital. Ang ganitong tinaguriang industriyal na kapital ay hindi lamang sumasakop sa kapital sa manupaktura, kundi maging ang kapital sa iba pang sektor ng materyal na produksyon gaya ng agrikultura at konstruksyon. Ang kapital na ito ay sunud-sunod na nagbabago ng anyo at dumaraan sa tatlong yugto para palakihin ang halaga nito at saka bumabalik sa pinagsimulan nito. Ang ganitong paggalaw ay ang sirkulasyon ng kapital. Ang buong proseso nito ay maaaring ipakita nang ganito:

$$G – W \begin{cases} A \\ Pm \end{cases} \ldots P \ldots W' – G'$$

Sa sirkulasyon ng industriyal na kapital, ang una at ikatlong yugto ay mga proseso ng palitan; ang ikalawa ay proseso ng produksyon. Ang proseso ng produksyon ay gumaganap ng mapagpasyang papel sa tatlong yugtong ito dahil ito lamang ang tanging proseso na makalilikha ng labis na halaga. Sa una at ikatlong yugto, ang anyo lamang ng kapital ang natatransporma; nananatiling di nagbabago ang halaga nito. Gayunman, ang proseso ng palitan ay di maisasantabi para sa sirkulasyon ng industriyal na kapital. Kung wala ang mga proseso ng palitan, hindi makakalikha at makakarealisa ng labis na halaga ang kapitalista. Kung gayon, ang sirkular na daloy ng industriyal na kapital ay ang pagkakaisa sa pagitan ng proseso ng produksyon at palitan. Dahil dito, ang tatlong yugto ng sirkulasyon ng industriyal na kapital ay dapat na magkakaugnay-ugnay, at dapat dumaan ang kapital mula sa isang yugto tungo sa isa pa. Kung ang sirkulasyon ng kapital ay nahadlangan sa unang yugto (G – W), nagiging tinggal na salapi at hindi makagagampan bilang kapital. Kung ang sirkulasyon nito ay nahadlangan sa ikalawang yugto, walang magiging produksyon ng labis na halaga. Kung ang sirkulasyon nito ay nahadlangan sa ikatlong yugto, hindi naman marerealisa ang labis na halagang nalikha.

Ang Sirkulasyon ng Industriyal na Kapital ay Kumakatawan
Sa Pagkakaisa ng Tatlong Sirkular na Daloy

Para tuluy-tuloy na pumiga ng labis na halaga, dapat tiyakin ng kapitalista ang tuluy-tuloy na sirkulasyon ng kapital. Kung gayon, ang pormula para sa sirkulasyon ng kapital ay walang tigil:



G – W … P … W' – G'. G – W … P … W' – G' … P … etc.

Ang pormula sa itaas ay nagpapakita na ang tuluy-tuloy na paggalaw ng industriyal na kapital ay hindi lamang dumaraan sa isa, kundi sa tatlong sirkular na daloy; ang mga ito'y: (1) sirkulasyon ng salaping kapital: G … G'; (2) sirkulasyon ng produktibong kapital: P … P; at (3) sirkulasyon ng kalakal na kapital: W … W'. Para tiyakin ang tuluy-tuloy na sirkulasyon ng kapital, dapat tiyakin ng kapitalista na ang kanyang kapital ay magkakapanabay na umiiral sa tatlong anyo at ang kapital sa tatlong anyo nito ay umiikot nang tuluy-tuloy ayon sa mga daloy ng sirkulasyon.

Halimbawa, ipagpalagay na ang isang kapitalista ay may 60,000 yuan na kapital. Hinati niya ito sa tatlong bahagi, na 20,000 yuan sa anyo ng salaping kapital, 20,000 yuan sa anyo ng produktibong kapital, at 20,000 yuan sa anyo ng kapital na kalakal. Pinaiikot ang mga ito sa kani-kanilang dadaluyan. Kaya't habang itinatransporma ng kapitalistang ito ang 20,000 yuan na kapital na kalakal sa salaping kapital, ang 20,000 yuan na produktibong kapital ay tinatransporma bilang kapital na kalakal at ang 20,000 yuan na kapital na kalakal bilang produktibong kapital. Kung ang kabuuang 60,000 yuan ay nasa iisang anyo, hindi maitutuluy-tuloy ang produksyon bagkus ay patigil-tigil lamang. Kung ang sirkulasyon ng kapital sa alinman sa tatlong anyo ay nahadlangan sa paggalaw nang nauuntol ang sirkulasyon, halimbawa, kung hindi maibenta ang mga kalakal at ang kapital na kalakal ay hindi maitatransporma sa salaping kapital, ang sirkulasyon kung gayon ng buong kapital ay masisira at ang paggalaw ng kapital ay mauuntol. Kung gayon, napipilitan ang kapitalista na magsara ng produksyon.

## Ang Pag-ikot [*Turnover*] ng Kapital ay ang Tuluy-Tuloy na Produksyon at Realisasyon ng Labis na Halaga

### Ang Haba ng Panahon sa Produksyon at Palitan ang Nagtatakda sa Bilis ng Pag-ikot ng Kapital

Ang sirkulasyon ng kapital ay nagpapatuloy sa walang-tigil na pag-uulit. Ang tuluy-tuloy na sirkulasyon ng kapital ay tinatawag na pag-ikot ng kapital. Ipinaliwang ni Marx, "Kapag ang sirkulasyon ng kapital ay itinuring na isang prosesong paulit-ulit at hindi bilang magkakahiwalay na insidente, tinatawag itong pag-ikot (*turnover*) ng kapital."[1]

Ang pag-ikot ng kapital ay dumaraan sa larangan ng produksyon at palitan. Ang panahon kung kailan ang kapital ay nasa larangan ng produksyon ay tinatawag na panahon sa produksyon ng kapital. Ang panahon kung kailan ang kapital ay nasa larangan ng palitan ay tinatawag na panahon sa palitan ng kapital. Ang kabuuan nitong dalawa ang bumubuo sa panahon sa pag-ikot ng kapital.

Ang panahon sa produksyon ng kapital ay binubuo ng sumusunod na tatlong bahagi:

Una, ang panahon kung kailan ang mga kagamitan sa produksyon ay gumagampan ng kanilang papel sa produksyon. Ito sa pangunahin ay ang oras paggawa na ginugol ng manggagawa sa mga bagay na nilalapatan ng paggawa para malikha ang isang produkto. Ang haba ng oras paggawa ay itinatakda ng dalawang salik. Isa ay ang kalikasan ng sektor ng produksyon. Halimbawa, ang isang pabrika ng sinulid ay makakapag-ikid ng sinulid sa isang araw mula sa isang kantidad ng bulak; pero ang isang gawaan ng barko ay gugugol ng maraming buwan o taon para makagawa ng barko. Kaya't ang huli ay nangangailangan ng mas mahabang oras paggawa kaysa nauna. Isa pa ay ang produktibidad ng empresa sa paggawa. Sa hanay ng mga empresa na lumilikha ng iisang klase ng produkto, sa empresa na mas mataas na produktibidad sa paggawa, mas maigsing oras ang kailangan para gawin ang produkto. Sa kabilang banda, mas mahabang oras g kakailanganin ng mga empresa na mas mababa ang produktibidad sa paggawa. Sa ilang sektor ng produksyon, kabilang din ang panahon na kailangan para magampanan ng mga kagamitan sa produksyon ang kanilang papel sa proseso ng produksyon ang panahong kailangan para sa epekto ng kalikasan sa mga bagay na nilalapatan ng paggawa, gayundin ang oras paggawa. Halimbawa, kailangan ng panahon para sa permentasyon sa paggawa ng alak, panahon para matuyo ang kahoy, at panahon para lumago ang pananim.

Ikalawa, ang panahon kung kailan ang produksyon ay nauntol sa saklaw ng mga kagamitan sa produksyon pero hindi sa proseso ng produksyon. Halimbawa, ang panahong nakaimbak ang hilaw na mayeryales.

Sa lahat ng panahong ito, pinakamahalaga ang oras paggawa. Tanging sa panahon na ito makalilikha ang manggagawa ng halaga at labis na halaga. Kung kaya't ginagawa ng kapitalista ang lahat para paigsiin ang iba pang panahon nang sa gayo'y mailapit sa oras paggawa ang panahon sa produksyon at makapiga ng mas malaking labis na halaga mula sa isang takdang kantidad ng kapital sa isang takdang panahon.

Kabilang sa panahon sa palitan ng kalakal kapwa ang panahon sa transpormasyon ng salaping kapital tungong produktibong kapital, ibig sabihin, ang panahon na bumibili ang kapitalista ng mga kagamitan sa produksyon at lakas paggawa, at ang panahon para sa transpormasyon ng kapital na kalakal tungong salaping kapital, ibig sabihin, ang panahong ibinebenta ng kapitalista ang kanyang mga kalakal.

Ang haba ng sirkulasyon ng kapital ay itinatakda sa pangunahin ng kalagayan ng suplay at demand sa pamilihan, ang distansya sa pagitan ng lugar ng produksyon at pamilihan, at mga kondisyon sa transportasyon.

Dahil sa nag-iiba-ibang epekto ng mga nabanggit na salik sa magkakaibang sektor ng produksyon at empresa, ang panahon ng produksyon at panahon sa palitan ng kapital ay nag-iiba sa hanay ng mga ito kaya't hindi pare-pareho ang panahon sa pag-ikot ng kapital.

Dahil sa pagkakaiba-iba ng panahon ng *turnover* ng kapital, ang bilis ng pag-ikot ay nag-iiba-iba rin (kinukwenta ang bilis ng pag-ikot ng kapital sa taunang batayan). Ipagpalagay na ang kapital ng isang kapitalista ay natatransporma tungong produktibong kapital mula sa salaping kapital at tungong salaping kapital mula kapital na kalakal sa loob ng isang buwan at ang panahon sa produksyon ng kapital ay tatlong buwan. Kung gayon, gugugol ng apat na buwan ang kapital para umikot nang isang beses. Samakatwid, umiikot ang kapital nang tatlong beses sa isang taon. Ipagpalagay pa na ang kapital ng isa pang kapitaaista ay umiikot minsan tuwing kalahating taon. Kung gayon ang taunang tantos ng *turnover* ng kapital ay dalawa.

Mula sa pagsusuri sa itaas, malalaman na ang tantos ng pag-ikot ng kapital ay ultimong itinatakda ng panahon sa produksyon at palitan ng kapital.

## Ang mga Epekto ng Komposisyon ng Kapital sa Tantos ng Pag-ikot ng Kapital

Sa pagsusuri sa itaas, ipinagpalagay natin na ang bawat bahagi ng produktibong kapital ay natransporma tungong kapital na kalakal sa isang proseso. Pero, sa katunayan, ang kalikasan at moda ng sirkulasyon ng iba't ibang bahagi ng mga kagamitan sa produksyon ay pawang magkakaiba. Sa punto de bista na ito, ang komposisyon ng produktibong kapital ay mahahati sa pirmi at gumaganang kapital.

Ang pirming kapital ay tumutukoy sa kapital sa anyo ng mga planta, makina, at kasangkapan. Binabayaran ito sa isang hulog. Ang mga materyal na anyo nito ay lumalahok sa proseso ng produksyon sa kabuuan nito at ginagamit nang higit sa isang beses. Pero ang halaga nito ay unti-unting naililipat sa mga bagong produkto ayon sa tantos ng depresasyon. Dahil sa espesyal na paraan ng paglipat ng halaga ng kapital na ito, tinatawag natin itong pirming kapital. Halimbawa, kung ang isang torno ay nagkakahalaga ng 4,000 yuan at tatagal nang 10 taon, may 400 yuan na halaga ng kapital kung gayon ang nalilipat sa nalikhang mga produkto taun-taon. Kapag naibenta ang mga produkto, may 400 yuan na halaga ng kapital ang bumabalik sa kamay ng kapitalista sa anyo ng taunang depresasyon. Ang halaga ng torno na ito ay maililipat nang buo sa 10 taon.

Ang tinutukoy ng gumaganang kapital ay ang bahagi ng kapital na umiiral sa anyo ng hilaw na materyales, panggatong, at pantulong na materyales o ginagamit para bumili ng lakas paggawa. Nawawala ang materyal na anyo ng hilaw na materyales, panggatong at pantulong na materyales sa isang proseso ng produksyon at ang halaga ng mga ito ay naililipat nang bung-buo sa mga bagong produkto sa isang proseso. Kapag naibenta ang mga produkto, ang kabuuang halaga ng kapital na ito ay bumabalik sa mga kamay ng kapitalista sa anyo ng salapi. Kung gayon, ang kapital na ginamit na pambili ng hilaw na materyales, panggatong at pantulong na materyales ay tinatawag na gumaganang kapital. Ang bahaging iyon ng gumaganang kapital na ipinambili ng lakas paggawa ay hindi naglilipat ng halaga sa mga bagong produkto. Isang katumbas na halaga sa mga bagong produkto ay nalikha sa bagong paggawa ng manggagawa. Bagamat may ganitong katangian ang bahaging ito ng gumagang kapital na ipinambili sa lakas paggawa, ang moda nito ng sirkulasyon ng halaga ay kahawig ng sa gumaganang kapital na ipinambili ng hilaw na materyales, panggatong at pantulong na materyales. Ang halagang nalikha ng manggagawa sa proseso ng produksyon na katumbas ng halaga ng lakas paggawa ay nalilipat sa mga produkto sa isang proseso at bumabalik sa pagkabenta ng mga produkto. Dahil dito, ang kapital na ipinambili ng lakas paggawa ay gumaganang kapital din.

Alam naman natin na pinagbukud-bukod ni Marx ang kapital sa dalawang kategorya. Sa kabanata hinggil sa produksyon ng labis na halaga, pinag-usapan natin ang pagbubukod-bukod ng kapital sa palagian at nagbabagong kapital batay sa iba't ibang papel na ginagampanan ng kapital sa produksyon ng labis na halaga. Ipinauunawa sa atin ng ganitong pagbubukud-bukod na ang labis na halaga ay produkto ng nagbabagong kapital at nagbubunyag sa sikreto ng kapitalistang pagsasamantala sa manggagawa. Sa kabanatang ito, ang pagbubukod-bukod ng kapital sa pirmi at gumaganang kapital ay batay sa kalikasan at moda ng pag-ikot ng iba't ibang bahagi ng kapital. Ang ganitong pagbubukud-bukod ay nagpapaunawa sa atin sa iba't ibang salik na umaapekto sa bilis ng pag-ikot ng kapital mula sa komposisyon ng kapital.

Ang ganitong dalawang pagbubukod ng kapital ay maipapakita sa sumusunod:

| Papel sa produksyon ng labis na halaga | | Kalikasan at moda ng pag-ikot |
|---|---|---|
| Palagiang kapital | planta, iba pang gusali<br>makina, kagamitan | Pirming kapital |
| | hilaw na materyales, panggatong,<br>pantulong na materyales | Gumaganang kapital |
| Nagbabagong kapital | sahod | |

Binanggit natin sa itaas na ang halaga ng pirming kapital ay naililipat nang unti-unti sa mga bagong produkto ayon sa tantos ng depresasyon nito. Ang depresasyon ng mga ito ay may tuwirang mga epekto sa laki ng halaga na inililipat ng pirming kapital at sa bilis ng pag-ikot. Para ibayo pang pag-aralan ang mga katangian ng pag-ikot ng pirming kapital, dapat din nating suriin ang depresasyon ng pirming kapital.

Ang depresasyon ng pirming kapital ay mapagbubukud-bukod bilang nakikita o di nakikita ayon sa mga dahilan ng pag-iral nito. Ang nakikitang depresasyon ay resulta pangunahin ng paggamit sa proseso ng produksyon at pangalawa sa aksyon ng mga pwersa ng kalikasan, tulad ng pagkabulok ng kahoy at pagkapit ng kalawang sa bakal. Samakatwid, ang depresasyon na ito ay tinatawag din na materyal na depresasyon. Ang di nakikitang depresasyon ay dulot ng pagunlad ng pamamaraan sa produksyon na nagpapababa sa karaniwang oras paggawa para likhain ang katulad na mga makina, at sa gayo'y nagpapababa sa halaga ng orihinal na pirming kapital. Dulot din ito ng paglitaw ng mga bago at mas mahuhusay na makina, na tumutungo sa pagbaba sa halaga ng orihinal na mga makina. Ang depresasyon na dulot ng pagbaba sa halaga ng mga orihinal na makina ay tinatawag na di materyal, o di nakikita, na depresasyon. Para maiwasan ang gayong depresasyon, nagsisikap ang kapitalista na pahabain ang oras ng paggawa, patindihin ang paggawa, at gumamit ng mga *shift* para pabilisin ang pag-ikot ng kapital at patindihin ang pagsasamantala sa manggagawa para mabawi ang halaga ng pirming kapital sa pinakamaagang panahong posible.

Dahil sa pagkakaiba-iba ng bilis ng pag-ikot ng pirmi at ng gumaganang kapital, ang bilis ng pag-ikot ng kapital ay pangkalahatang tumutukoy sa karaniwang bilis ng pag-ikot ng kapital. Ang pangkalahatang bilis ng pag-ikot ng kapital na ipinauna ay itinatakda ng karaniwang bilis ng pag-ikot ng iba't ibang bahagi ng kapital. Ang pormula para makwenta ito ay hatiin ang kabuuang kapital na ipinauna sa kabuuang pag-ikot ng kapital sa isang taon. Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita sa pangkalahatang pag-ikot ng kapital na ipinauna. Ang lahat ng bilang ay ipinagpalagay.

| Mga bahagi ng produktibong kapital | Halaga (yuan) | Bilang ng pag-ikot/taon | Kabuuang dami ng pag-ikot kada taon (yuan) |
|---|---|---|---|
| Pirming kapital | 100,000 | 1/10 | 10,000 |
| Planta | 30,000 | 1/30 | 1,000 |
| Makina | 60,000 | 1/10 | 6,000 |
| Maliiit na kasangkapan | 10,000 | 3/10 | 3,000 |
| Gumaganang kapital | 50,000 | 4 | 200,000 |
| Kabuuang kapital na ipinauna | 150,000 | 1.4 | 210,000 |

Mula sa talahanayan sa itaas, makikita natin na kapag hinati ang kabuuang kapital na ipunauna, 150,000 yuan, sa kabuuang pag-ikot ng kapital, 210,000 yuan, ay makukuha natin ang bilis ng pag-ikot ng kabuuang kapital na ipinauna bilang katumbas ng 1.4. Makikita rin natin na ang komposisyon ng produktibong kapital ay may epekto sa bilis ng pag-ikot ng kapital. Ang bilis ng pag-ikot ng pirming kapital ay mababa, habang mataas iyong sa gumaganang kapital. Kung ang bahagi ng pirming kapital ay malaki, ang bilis ng pag-ikot ng kabuuang kapital ay mababa. Sa kabilang banda, kung ang bahagi ng gumaganang kapital ay malaki, ang bilis ng pag-ikot ng kabuuang kapital ay mataas.

## Ginagawa ng Kapitalista ang Lahat para Pag-ibayuhin ang Bilis ng Pag-ikot ng Kapital upang Pumiga ng Mas Malaking Labis na Halaga

Ang bilis ng pag-ikot ng kapital ay may tuwirang epekto sa produksyon ng labis na halaga. Ang pag-iibayo sa bilis ng pag-ikot ng kapital ay hindi lamang makapagpapaliit sa kantidad ng kapital na ipinauna, kundi makapagpapabilis din sa pag-ikot ng nagbabagong kapital sa gumaganang kapital kaya't mas malaking labis na halaga ang nalilikha. Ipagpalagay na dalawang kapitalista ay kapwa may 2,000 yuan ng nagbabagong kapital at sa dalawa'y parehong 100 porsyento ang tantos ng labis na halaga. Kung ang kapital ni A ay umiikot nang minsan sa isang buwan at ang kapital ni B ay umiikot nang minsan sa bawat anim na buwan, si A ay makakakuha ng 24,000 yuan na labis na halaga bawat taon, pero si B ay makakakuha lamang ng 4,000 yuan ng labis na halaga bawat taon. Kahit pa pareho ang kanilang tantos ng labis na halaga, ang taunang tantos ng labis na halaga (ang tumbasan sa pagitan ng labis na halaga na nalikha sa isang taon at ang kabuuang halaga ng nagbabagong kapital na ipinauna sa isang taon) ay magkaiba:

Taunang tantos ng labis na halaga ng kapitalistang A = m = 24,000/2,000 = 1,200%
Taunang tantos ng labis na halaga ng kapitalistang B = m = 4,000/2,000 = 200%

Kung gayon, bagamat pareho ang dami ng nagbabagong kapital na ipinauna ni kapitalista A at kapitalista B, ang bilis ng pag-ikot ng kapital para kay kapitalista A ay anim na ulit ang bilis sa pag-ikot ng kapital ni kapitalista B. Samakatwid, ang labis na halaga na nakuha ay anim na ulit din ang laki.

Lagi ginagawa ng kapitalista ang lahat para paigsiin ang panahon ng pag-ikot ng kapital, ibig sabihin, ang panahon sa produksyon at panahon sa palitan, para pabilisin ang pag-ikot ng kapital at makakuha ng mas malaking labis na halaga. Para makamit ang layuning ito, pinahahaba ng kapitalista ang oras paggawa ng manggagawa, pinatitindi ang paggawa, at pinauunlad ang pamamaraan ng produksyon.  Ginagawa ang mga ito sa larangan ng produksyon para paigsiin ang panahon ng

produksyon. Sa larangan ng palitan, pinauunlad niya ang transportasyon, serbisyo sa koreo at telekomunikasyon, at pinauunlad ang organisasyon ng negosyo para paigsiin ang panahon sa palitan. Gayunman, ang likas na mga kontradiksyon ng kapitalismo ay pumipigil sa pag-unlad ng mga pamamaraan at nagpapataw ng kahirapan sa pagbebenta ng mga kalakal. Kung gayon, hindi palaging matagumpay ang pagtatangka ng kapitalista na pabilisin ang pag-ikot ng kapital.

## Ispontanyong Nakakamit ang Kapitalistang Reproduksyon sa Gitna ng mga Antagonistikong Kontradiksyon

### Ang Panlipunang Kapital ay ang Kabuuan ng mga Indibidwal na Kapital

Umiiral ang maraming kapitalistang empresa sa kapitalistang lipunan. Ang indibidwal na kapital ng bawat empresa ay gumagana nang nagsasarili sa iba pang kapital para sa pagdagdag ng halaga. Gayunman, ang ganitong indibidwal na kapital ay hindi hiwalay sa isa't isa. Magkakaugnay at umaaasa sa isa't isa ang mga ito dahil ang bawat indibidwal na kapital ay kailangang kaugnay ng iba pang kapital sa proseso ng palitan para madagdagan ang halaga. Kuning halimbawa ang pabrika ng sinulid. Kailangan itong makaugnay ng mga empresa na nagsusuplay ng makinang ikiran at bulak. Sa kabilang banda, kailangang kaugnay rin ito sa mga empresa na kumukonsumo ng mga produkto nito, tulad ng mga empresa sa paghahabi. Kung gayon, umiiral sa hanay ng iba't ibang empresa ang mga asosasyon na malalapit at umaasa sa isa't isa. Sa pamamagitan ng mga asosasyong ito, ang mga indibidwal na kapital ay bumubuo ng isang organikong kabuuan. Ang kabuuan ng ganitong nag-uugnayang indibidwal na kapital ang bumubuo ng panlipunang kapital. Ang kabuuang paggalaw ng mga indibidwal na kapital ang bumubuo ng paggalaw ng panlipunang kapital.

Ang nauna nating pagsusuri sa sirkulasyon at pag-ikot ng kapital ay ginawa sa punto de bista ng reproduksyon ng indibidwal na kapital. Pangunahin itong nagtuon sa produksyon at realisasyon ng labis na halaga. Hindi pa natin nasuri kung saan ibinebenta ng kapitalista ang kanyang mga kalakal, saan niya binibili ang kanyang mga kagamitan sa produksyon, at saan bumibili ang kapitalista at manggagawa ng kanilang panustos sa buhay. Gayunman, kapag sinuri natin ang reproduksyon ng panlipunang kapital, iba na ang kalagayan. Dahil ang panlipunang kapital ay binubuo na ng lahat ng indibidwal na kapital, ang mga materyal na bagay na kinonsumo sa proseso ng reproduksyon nito ay mapapalitan lamang mula sa kabuuang panlipunang produkto. Samakatwid, isang mahalagang usapin tungkol sa paano gumagalaw ang panlipunang reproduksyon ang usapin ng kung mapapalitan ba ng kabuuang panlipunang produkto ang iba't ibang ipinasok at kinonsumo ng kasalukuyang produksyon at, kapag ganoon, paano.

Tulad ng ipinaliwanag ni Lenin: "Ang usapin ngayon ay usapin kung saan kukunin ng manggagawa at kapitalista ang kanilang mga produktong pangkonsumo, kung saan kukunin ng kapitalista ang kanyang mga kagamitan sa produksyon, at kung paano matutugunan ng mga produktong ito ang pangangailangan at pahihintulutan ang pinalawak na reproduksyon? Dito'y hindi lamang ito usapin ng 'pagpapanauli ng halaga, kundi ng pagpapanauli rin ng mga produkto sa katulad na klas.' "[2] Kung gayon, ang reproduksyon ng panlipunang kapital ay dapat suriin sa usapin ng pagpapanauli ng halaga gayundin sa usapin ng pagpapanauli sa katulad na klase.

Malinaw na ipinaliwanag ni Marx na ang kabuuang panlipunang produkto ng kapitalismo ay maaring hatiin, kung halaga ang pinag-uusapan, sa palagiang kapital (c), nagbabagong kapital (v), at labis na halaga (m). Kung materyal na bagay ang pinag-uusapan, maaari itong mapagbukud-bukod ayon sa papel nito sa proseso ng reproduksyon tungong mga kagamitan sa produksyon at gamit pangkonsumo.

Ayon sa pagbubukud-bukod ng mga produkto sa materyal na anyo, hinati ni Marx ang kabuuang panlipunang produkto sa dalawang sektor: una ang produksyon ng mga kagamitan sa produksyon (I), ibig sabihin, ang produksyon ng mga makina, kagamitan at hilaw na materyales; at ikalawa ay produksyon ng mga gamit pangkonsumo (II), ibig sabihin, ang produksyon ng pagkain, damit at pang-araw-araw na mga kalakal. Sa loob ng bawat kategorya, maraming departamento ng produksyon ang saklaw.

## Mga Kinakailangang Kondisyon para sa Simpleng Reproduksyon

Para mapadali ang pagpapaliwanag, ipinagpapalagay natin na burgesya at proletaryado lamang ang nasa lipunang kapitalista. Ang siklo ng produksyon ay isang taon, at ang kabuuang halaga ng palagiang kapital ay nailipat sa bagong mga produkto sa isang siklo ng produksyon. Lahat ng kalakal ay ibinebenta ayon sa kanilang halaga, at walang pagtaas-baba sa halaga at presyo ng mga kalakal; at walang kalakalang panlabas. Sa ganitong kalagayan, ang realisasyon ng kabuuang panlipunang produkto sa ilalim ng simpleng reproduksyon ay maipapahayag sa sumusunod:

I. 4,000 c + 1,000 v + 1,000 m = 6,000
II. 2,000 c + 500 v + 500 m = 3,000

Dito'y ipinagpalagay natin na sa unang sektor ang palagiang kapital ay 4,000, ang nagbabagong kapital ay 1,000, at ang labis na halaga ay 1,000. Ang kabuuang halaga ng mga produkto ay 6,000. Ang materyal na anyo nito ay mga kagamitan sa produksyon. Sa ikalawang sektor, ang palagiang kapital ay 2,000, ang nagbabagong kapital ay 500, at ang labis na halaga ay 500. Ang kabuuang halaga ng mga produkto ay 3,000. Ang materyal na anyo nito ay mga gamit pangkonsumo.

Para ipagpatuloy ang reproduksyon, dapat marealisa ang mga produkto ng dalawang sektor. Ano ang realisasyon ng mga produkto? Ibig nitong sabihin na ang mga bagay na nakonsumo ay dapat maipanag-uli bilang halaga, at kaalinsabay, mapalitan ng katulad na klase. Sa simpleng salita, dapat maging posible na maibenta ang mga ito at bilhin ang mga ito pabalik. Makikita natin sa mga sumusunod kung paano narerealisa ang mga produkto ng dalawang sektor.

Una ay ang panloob na mga palitan sa unang sektor. Sa umpisa ng taon na nagsimula ang proseso ng produksyon sa unang sektor, may mga kagamitan sa produksyon na nagkakahalaga ng 4,000. Ipagpalagay na sa pagtatapos ng taon na nakompleto ang proseso ng produksyon, lahat ng ito ay nakonsumo na. Para maisagawa ang simpleng reproduksyon sa ikalawang taon, dapat maipanag-uli ang bagong mga kagamitan sa produksyon na nagkakahalaga ng 4,000. Saan kukunin ng kapitalista ang mga kagamitan sa produksyon na ito? Makukuha lamang ito sa pakikipagpalitan ng mga kalakal sa loob ng sektor dahil ang unang kategorya lamang ang lumilikha ng mga kagamitan sa produksyon. Halimbawa, ang kapitalista ng isang planta na gumagawa ng makina ay bumili ng bakal at asero mula sa kapitalista ng planta ng bakal at asero, ang kapitalista ng planta ng bakal at asero ay bumili ng karbon mula sa kapitalista ng planta ng karbon at mga makina mula sa plantang gumagawa ng makina… Sa gayon, sa pamamagitan ng palitan sa loob ng unang sektor, maipapanag-uli at maipagpapalit ang 4,000 c kapwa bilang halaga at sa katulad na klase ng produkto. Tulad ng sabi ni Marx, "Ang mga palitan na ito ay sa pagitan ng isang tipo ng palagiang kapital at ng isa pa; ibig sabihin, sa pagitan ng isang tipo ng kagamitan sa produksyon at isa pa."[3]

Sumunod ay ang panloob na palitan sa ikalawang sektor. Sa ikalawang sektor, nang makompleto ang proseso ng produksyon sa katapusan ng taon, ang manggagawa ay tumanggap ng 500 sa sahod na pambili sa personal na konsumo. Ang kapitalista ay kumuha ng 500 na labis na halaga. Sa simpleng reproduksyon, walang akumulasyon ng kapital. Ang 500 na labis na halaga ay ipinambili rin

ng gamit pangkonsumo. Saan ngayon sila bibili ng mga gamit pangkonsumo na gusto nila? Tanging sa loob ng ikalawang sektor dahil ang ikalawang sektor lamang ang lumilikha ng mga gamit pangkonsumo. Sa pamamagitan ng panloob na mga palitan sa ikalawang sektor, marerealisa ang bahagi ng produkto na kumakatawan sa 500 v at 500 m bilang halaga at gayundin sa materyal na anyo.

Panghuli, may mga palitan sa pagitan ng dalawang sektor. Matapos ang dalawang tipo ng palitan sa itaas, may mga produkto pa na nagkakahalaga ng 1,000 v at 1,000 m ang nananatili sa unang sektor. Sa ikalawang sektor, may mga produkto pa na nagkakakahalaga ng 2,000 c ang nananatili sa ikalawang sektor. Ang dalawang nananatiling mga bahagi ng mga produkto ay hindi marerealisa sa loob ng kanilang mga sariling sektor dahil ang 1,000 v at 1,000 m sa unang sektor, bilang halaga, ay dapat gamitin para sa personal na konsumo ng manggagawa at kapitalista. Pero ang mga produktong ito ay gamit pangkonsumo at hindi mga kagamitan sa produksyon. Sa ikalawang sektor, ang 2,000 c sa usapin ng halaga ay dapat gamitin ng kapitalista para maipanag-uli ang mga kagamitan sa produksyon na nagamit; pero ang mga ito ay mga gamit pangkonsumo at hindi mga kagamitan sa produksyon. Paano malulutas ang mga kontradiksyon na ito? Malulutas lamang ito sa pamamagitan ng mga palitan sa pagitan ng dalawang sektor. Ang resulta ng ganitong mga palitan ay makukuha ng manggagawa at kapitalista sa unang sektor ang kanilang mga gamit pangkonsumo at makukuha ng kapitalista sa ikalawang sektor ang mga kagamitan sa produksyon na kailangan para sa reproduksyon sa susunod na taon. Ang mga pagpapalitan sa pagitan ng dalawang sektor ay maisasalarawan sa sumusunod na tsart:

I. 4,000 c + [1,000 v + 1,000 m] = 6,000

⇕

II. [2,000 c] + 500 v + 500 m = 3,000.

Ang resulta ng buong proseso ng palitan ay nagpapakita na sa simpleng kapitalistang reproduksyon ay may takdang proporsyunal na relasyon sa pagitan ng dalawang sektor; ibig sabihin, ang kabuuan ng nagbabagong kapital at labis na halaga ng unang sektor ay dapat katumbas ng palagiang kapital sa ikalawang sektor sa usapin ng halaga. Sa ibang salita, ang I (1,000 v + 1,000 m) ay dapat katumbas ng II (2,000 c) sa halimbawa sa itaas. Tanging sa pananatili ng ganoong proporsyunal na relasyon maipagpapatuloy ang simpleng kapitalistang reproduksyon. Samakatwid, ang I (v + m) = II c ang kondisyon para sa realisasyon ng panlipunang produkto sa simpleng kapitalistang reproduksyon.

## Kinakailangang mga Kondisyon para sa Pinalawak na Reproduksyon

Alam natin na ang katangian ng kapitalistang reproduksyon ay pinalawak na reproduksyon. Para isagawa ang pinalawak na reproduksyon, hindi maaaring makonsumo ng kapitalista ang lahat ng kanyang labis na halaga. Dapat tuluy-tuloy niyang itransporma ang bahagi ng labis na halaga bilang kapital para mapalawak ang saklaw ng produksyon. Para magawa ito, dapat gamitin ng kapitalista ang bahagi ng kanyang bagong likhang kapital bilang palagiang kapital para bumili ng mga makina at hilaw na materyales na kailangan para sa pinalawak na reproduksyon. Ang natitira ay isinasalin bilang nagbabagong kapital para umupa ng dagdag na mga manggagawa. Samakatwid, para isagawa ang pinalawak na kapitalistang reproduksyon, ang kabuuang taunang produkto ng unang sektor ay dapat na magkaroon ng labis na kagamitan sa produksyon bukod pa sa kailangan para madagdagan ang mga nakonsumo sa una at ikalawang sektor sa loob ng taon.

Ang kondisyong ito ay mailalahad sa isang di-pagkakapantay: I (c + v + m) > I c + II c. Ang dalawang panig ng di-pagkakapantay ay naglalaman ng I c, na nagpapakita na ang mga kagamitan sa produksyon na nakonsumo sa unang sektor ay maipapanag-uli mula sa loob ng sector ding iyon. Kung aalisin natin ang mga panloob na pagpapanag-uli at magkokonsentra sa relasyon ng una at ikalawang sektor, ang pormula sa itaas ay maipapahayag bilang I (v + m) > II c. Ibig sabihin nito, ang nagbabagong kapital at labis na halaga sa unang sektor ay dapat na mas malaki kaysa sa palagiang kapital sa ikalawang sektor. Ito ay prekondisyon para sa pinalawak na kapitalistang reproduksyon.

Ang sumusunod na tsart ay ginamit para ipakita kung paano nakamit ang panlipunang produkto sa kondisyon ng pinalawak na kapitalistang reproduksyon:

I. 4,000 c + 1,000 v + 1,000 m = 6,000
II. 1,500 c + 750 v + 750 m = 3,000.

Ang nasa itaas ay haypotetikal na datos sa produksyon para sa unang taon. Tumutugon ang mga ito sa rekisito para sa I (c + v + m) > I c + II c o I (v + m) > II c. Ngayong nais ng kapitalista na palawakin ang reproduksyon, hindi niya maaaring gastusin sa konsumo ang lahat ng napigang labis na halaga. Ipagpalagay na ginastos ng kapitalista sa unang sektor ang kalahati ng 1,000 m sa personal na konsumo at ang kalahati ay ginawang dagdag na kapital sa parehong proporsyon ng orihinal na organikong komposisyon ng kapital, na 4:1 (4,000 c : 1,000 v). Ang distribusyon ng 1,000 m ay ganito:

1,000 m {
- 500 personal na konsumo ng kapitalista
- 500 akumulasyon {
  - 400 c
  - 100 v

Alam natin na ang 400 para sa dagdag na palagiang kapital sa unang sektor ay ipinambili ng mga kagamitan sa produksyon. Ang materyal na anyo nito ay mga kagamitan sa produksyon din. Kung gayon, makukuha ang mga ito sa panloob na palitan sa unang sektor. Pero ang 100 para sa dagdag na nagbabagong kapital sa unang sektor ay ginamit para umupa ng dagdag na mga manggagawa na gugugulin nito para sa gamit pangkonsumo. Gayunpman, ang materyal na anyo ng mga ito ay mga kagamitan sa produksyon. Kung gayon, kailangang ipagpalit ito sa ikalawang sektor para makakuha ng mga gamit pangkonsumo.

Dahil ang materyal na anyo ng dagdag na nagbabagong kapital na 100 sa unang sektor ay mga kagamitan sa produksyon at kailangang ipagpalit sa ikalawang sektor para sa mga gamit pangkonsumo, lumilikha ito ng mga kondisyon para sa pinalawak na reproduksyon sa ikalawang sektor. Pero kakailanganin din nito na ang ikalawang sektor ay magpatuloy ng kaukulang akumulasyon ng kapital para sa pinalawak na reproduksyon para matugnan ang lumaking demand para sa mga gamit pangkonsumo mula sa pinalawak na reproduksyon sa dalawang sektor. Ipagpalagay na ang kapitalista sa ikalawang sektor ay nagpalit ng bahagi ng kanyang labis na halaga (100 m) para sa mga kagamitan sa produksyon sa unang sektor upang gawing dagdag na palagiang kapital at ginamit ang isa pang 50 m bilang dagdag na nagbabagong kapital para umayon sa proporsyon ng orihinal na organikong komposisyon ng kapital sa ikalawang sektor, ibig sabihin, 2:1 (1,500 c : 750 v). Ang 750 m ngayon ay mahahati sa ganito:

750 m {
- 600 personal na konsumo ng kapitalista
- 150 akumulasyon ng kapital {
  - 100 c
  - 50 v

Sa pamamagitan ng akumulasyon ng kapital na nasa itaas, ang mga produkto ng dalawang sektor ay muling masasalansan sa ganito:

I. (4,000 c + 400 c) +(1,000 v + 100 v) + 500 m = 6,000
II. (1,500 c + 100 c) + (750 v + 50 v) + 600 m = 3,000

Sa gayon, ang kapital ng dalawang sektor ay mas malaki kaysa sa orihinal na kapital na ipinauna, at natitiyak ang mga kondisyon para sa pinalawak na saklaw ng produksyon sa mga susunod na taon.

Kung gayon, sa ilalim ng pinalawak na reproduksyon, paano naman narerealisa ang mga produkto ng dalawang sektor?

Sa kondisyon ng pinalawak na reproduksyon, ang realisasyon ng panlipunang produksyon ay naipagpapatuloy sa tatlong aspeto tulad lamang ng sa simpleng reproduksyon: panloob na mga palitan sa unang sektor, panloob na mga palitan sa ikalawang sektor, at mga palitan sa pagitan ng dalawang sektor.  Sa pagsasalarawan sa tsart, ito'y ganito:

I. (4,000 c + 400 c) + (1,000 v + 100 v) + 500 m = 6,000

II. (1,500 c + 100 c) + (750 v + 50 v) + 600 m = 3,000

Sa pamamagitan ng palitan sa itaas, ang kapital ng bawat sektor ay mas malaki kaysa orihinal na ipinauna. Ang komposisyon ng kapital sa ikalawang taon ay ganito:

I. 4,400 c + 1,100 v = 5,500
II. 1,600 c + 800 v = 2,400

Kung ang tantos ng pagsasamantala ay nananatiling 100 porsyento, ang produksyon ng dalawang sektor sa ikalawang taon ay:

I. 4,400 c + 1,100 v + 1,100 m = 6,600
II. 1,600 c + 800 v + 800 m = 3,200.

Kumpara sa unang taon, nakamit na ang pinalawak na reproduksyon.

## Ang mga Kontradiksyon ng Kapitalistang Reproduksyon ay Antagonistiko

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa itaas, alam natin ang kinakailangang mga kondisyon para sa realisasyon ng panlipunang produkto sa ilalim ng simple at pinalawak na kapitalistang reproduksyon. Pero hindi ibig sabihin na ang mga kondisyon na ito ay laging umiiral sa kapitalistang lipunan. Sa katunayan, ang mga kondisyon na ito ay madalas na nilalabag sa kapitalistang lipunan. Tulad ng ipinaliwanag ni Lenin: "Ang abstraktong teorya ng realisasyon ay nagpapalagay, at dapat magpalagay, na ang mga produkto ay nahahati nang proporsyunal sa iba't ibang departamento ng kapitalistang produksyon. Pero hindi ibig sabihin ng ganoong pagpapalagay na ang mga produkto ay nahahati, o

palaging maaaring hatiin, nang proporsyunal sa lipunang kapitalista."[4] Dulot ito ng katotohanan na sa lipunang kapitalista, ang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto ay pribadong pag-aari ng kapitalista at ang buong panlipunang produksyon ay pinaghaharian ng kompetisyon at napakagulong kondisyon sa produksyon. Kung gayon, ang relasyong proporsyunal sa pagitan ng dalawang sektor at sa mga departamento ng produksyon sa loob ng bawat sektor ay madalas na nilalabag. Dahil sa antagonistikong kontradiksyon bunga ng di masukat na paglaki ng produktibong pwersa sa kapitalistang lipunan at relatibong pagliit ng *effective demand* ng masang anakpawis, ang kinakailangang relasyong proporsyunal sa pagitan ng dalawang sektor ay hindi palaging mapapanatili. Samakatwid, di maiiwasang harapin ng kapitalistang reproduksyon ang lahat ng samu't saring kahirapan at balakid.

May umiiral na serye ng mga antagonistikong kontradiksyon sa proseso ng kapitalistang reproduksyon. Di maiiwasan na sa kalaunan, ang mga kontradiksyong ito ay tutungo sa mga krisis pang-ekonomya.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Marx, Capital, Bol. 2, chaps. 1, 2, 3, 7, 8, 20, 21.
Lenin, "On the So-called Problem of the Market," Complete Works of Lenin, Bol. 1.

**Mga katanungan sa pagbabalik-aral:**

1. Paano pinipiga ng kapitalista ang mas malaking labis na halaga sa pamamagitan ng sirkulasyon at pag-ikot ng kapital?
2. Anu-ano ang mga kondisyon sa realisasyon ng kapitalistang reproduksyon? Lagi bang natutupad ang mga kondisyong ito sa lipunang kapitalista? Bakit?

**Mga Tala**

1) Marx, Capital, Bol. 2, Complete Works of Marx and Engels, Bol. 24, p. 174.
2) "The Development of Russian Capitalism," Complete Works of Lenin, Bol. 3, p. 31.
3) Marx, Capital, Bol. 2, Complete Works of Marx and Engels, Bol. 24, p. 473.
4) "The Theory of Realization Once Again," Complete Works of Lenin, Bol. 4, p. 61.

# Kabanata 7

## Pinagsasamantalahan at Inaapi ng Buong Burgesya
## Ang mga Manggagawa

Ang Hatian ng Labis na Halaga*

Sa lipunang kapitalista, ang manggagawa ay dumaranas ng pagsasamantala at pang-aapi hindi lamang mula sa kapitalista ng empresang kinabibilangan niya, kundi mula sa buong burgesya rin, na binubuo ng kapitalistang industriyal, pangkomersyo, pambangko, at ang uring nagmamay-ari ng lupa. Ang tubo sa industriya, tubo sa komersyo, tubo sa pagbabangko, interes at kapitalistang upa sa lupa ay pawang piniga mula sa manggagawa at pawang natransportmang labis na halaga. Sa gayon, paano pinaghahati-hatian ng iba't ibang mapagsamantalang pangkat ang labis na halaga? At paanong ang labis na halaga ay natatransporma sa tubo, interes, upa sa lupa, at iba pang kongkretong mga anyo? Ito ang mga suliraning papaksain natin sa kabanatang ito.

### Ang Kumpetisyon ng mga Kapitalista sa Industriya ay Nagreresulta sa Pagpapantay (ekwalisasyon) ng Tantos ng Tubo

Ang Tubo ay Natransportmang
Labis na Halaga

Ang walang pagkabusog na pagkaganid sa labis na halaga ay kalikasan ng kapitalista. Ang sinasamantala na kapitalista ay ang labis na halaga na nalikha ng labis na paggawa ng manggagawa. Pero sa anyo, nakikita ito bilang tubo ng kapitalista. Ano kung gayon ang distribusyon at ugnayan ng tubo at labis na halaga?

Alam natin na kailangang magpauna ng kapital ang kapitalista para mapagsamantalahan ang labis na halagang likha ng manggagawa. Sa kapital na ito, ang isang bahagi ay ipinambibili ng mga kagamitan sa produksyon, at ang natira ay ipinambibili ng lakas paggawa para sa proseso ng kapitalistang produksyon. Sa Kabanata 4, sinabi natin na ang bahaging iyon ng kapital na ipinambili ng mga kagamitan sa produksyon ay palagiang kapital na nananatili ang halaga sa proseso ng produksyon. Iyong bahagi ng kapital na ipinambili sa lakas paggawa ay nagbabagong kapital na lumilikha ng labis na halaga sa proseso ng produksyon, at nagrerealisa ng pagdaragdag ng halaga para sa kapitalista. Samakatwid, ang labis na halaga ay nililikha ng uring manggagawa at isang produkto ng nagbabagong kapital. Pero kapag kinukwenta ng kapitalista ang kanyang tantos ng tubo, ikinukumpara niya ang labis na halaga sa kabuuang paunang kapital na para bang produkto ng kabuuang paunang kapital ang labis na halaga. Sa gayon, "ang labis na halaga, bilang konseptwal na produkto bilang kabayaran sa kabuuang kapital, ay natransporma sa tubo."[1]

Gaya ng pagtatransporma ng labis na halaga sa tubo, ang tantos ng labis na halaga ay natatransporma sa tantos ng tubo. Ang tumbasan ng labis na halaga sa nagbabagong kapital ay ang tantos ng labis na halaga. Ang pormula nito ay: labis na halaga / nagbabagong kapital, o m / v. Ang tumbasan ng labis na halaga sa kabuuang kapital ay ang tantos ng tubo. Ang pormula nito ay: labis na halaga / kabuuang kapital na ipinauna, o m / (c+v).

---

*Po-hsueh ho ya-p'o kung-jen ti shih cheng-ke tzu-ch'an chieh-chi – sheng-yu chia-chih ti kua-fen.

Matapos itransporma sa tubo ang labis na halaga, naitatago ang tunay na pinagmulan ng labis na halaga, na para bang ang palagiang kapital ay naghahatid din ng labis na halaga sa kapitalista. At matapos itransporma sa tantos ng tubo ang tantos ng labis na halaga, ang tindi ng pagsasamantala ng kapitalista sa manggagawa ay naitatago. Halimbawa, ang isang kapitalista ay nagpapauna ng 10,000 yuan bilang kabuuang kapital, kung saan 8,000 yuan nito ay palagiang kapital at 2,000 ay nagbabagong kapital. Ang labis na halaga na napipiga sa isang taon ay 2,000 yuan. Ang tantos ng labis na halaga ay 2,000 / 2,000 o 100 porsyento. Pero ang tantos ng tubo ay 2,000 / (8,000 + 2,000), o 20 porsyento, higit na mababa kaysa tantos ng labis na halaga. Samakatwid, ang layunin ng kapitalista sa pagturing sa labis na halaga bilang produkto ng kabuuang paunang kapital ay para itago ang tunay na pinagmulan ng labis na halaga at ang tindi ng pagsasamantala sa manggagawa.

## Ang Tubo ay Pinagpapantay-pantay ng Kumpetisyon sa Hanay ng mga Kapitalista ng Iba't Ibang Sektor

Ang paghahabol sa tubo ay makauring kalikasan ng kapitalista. Ang hangarin ng kapitalista ay laging magkamit ng pinakamalaking tubo sa pagpapauna ng pinakamaliit na kapital. Hindi lamang malupit na pinagsasamantalahan ng mga kapitalista ang manggagawa, maigting na nakikipagkumpetisyon din sila sa isa't isa.

Nagaganap ang kumpetisyon ng mga kapitalista kapwa sa pagitan ng mga empresa sa magkakaparehong sektor at sa pagitan ng mga sektor. Sa kumpetisyon ng mga empresa sa magkakaparehong sektor, nasa paborableng pusisyon iyong mga kapitalistang gumagamit ng bagong mga pamamaraan. Mataas ang produktibidad sa paggawa sa kanilang empresa, at ang indibidwal na oras paggawa ay mas mababa kaysa karaniwang oras paggawa, kung kaya't nakakamit ang sobrang labis na halaga. Ang sobrang labis na halagang ito ay itinatransporma sa labis na tubo na ibinubulsa ng kapitalistang gumamit ng bagong mga pamamaraan. Ibang resulta ang nakukuha sa kumpetisyon ng mga sektor. Tumutungo ito sa magkakapantay na tantos ng tubo sa kanilang hanay. Ang labis na halagang nalikha ng manggagawa ay hinahati-hati ng mga kapitalista ng iba't ibang sektor batay sa prinsipyo ng pantay na tubo para sa pantay na kapital.

Suriin natin ngayon kung paano tumutungo sa isang magkakapantay na tantos ng tubo ang kumpetisyon ng mga kapitalista sa iba't ibang sektor.

Sa lipunang kapitalista, ang tantos ng tubo ay nag-iiba-iba sa mga sektor ng produksyon sa kanilang magkakaibang organikong komposisyon ng kapital. Ang organikong komposisyon ng kapital ay ang tumbasan ng palagiang kapital sa nagbabagong kapital, at ang labis na halaga ay resulta lamang ng pagdaragdag mula sa nagbabagong kapital. Kung gayon, sa kundisyon ng magkakapantay na tantos ng labis na halaga, kapag mas mataas ang organikong komposisyon ng kapital, ibig sabihin, mas malaki ang bahagi ng palagiang kapital at mas maliit ang bahagi ng nagbabagong kapital, mas maliit ang labis na halaga sa kapantay na kantidad ng paunang kapital. Mas mababa rin ang tantos ng tubo. Sa kabilang banda, kapag mas mababa ang organikong komposisyon ng kapital, magiging mas mataas ang tantos ng tubo.

Ipagpalagay na ang paggawa ng sapatos, paglalala at paghahabi, at paggawa ng makina ang tatlong sektor ng lipunan. Ang organikong komposisyon ng kapital ay 7:3 sa sektor ng paggawa ng sapatos, 8:2 sa sektor ng paglalala at paghahabi, at 9:1 ang sa sektor ng paggawa ng makina. Ang kapital ng bawat isa sa mga sektor na ito ay 10,000 (sa yunit ng libong yuan o sampung libong yuan o anumang maalwang gamiting yunit), at 100 porsyento ang tantos ng labis na halaga. Para padaliin ang pagsusuri, ipagpalagay pa natin na ang pag-ikot ng kapital sa tatlong sektor na ito ay isang beses sa isang taon. Buung-buong natatransporma, sa loob ng isang taon, sa produkto ng taong iyon ang halaga ng di-nagbabagong kapital. Sa gayon, sa 100 porsyentong tantos ng labis na halaga,

nakakakuha ng 3,000 na tubo ang sektor ng paggawa ng sapatos, 2,000 ang sektor ng paglalala at paghahabi, at 1,000 ang sektor ng paggawa ng makina. Pinakamababa ang organikong komposisyon ng kapital sa sektor ng paggawa ng sapatos. Ang tantos ng tubo nito ay 30 porsyento. Pinakamataas ang organikong komposisyon ng kapital sa sektor ng paggawa ng makina. Pinakamababa ang tantos ng tubo nito, 10 porsyento lamang. Ang organikong komposisyon ng kapital sa sektor ng paglalala at paghahabi ay nasa gitna na may tantos ng tubo na 20 porsyento. Mas mababa ito kaysa niyong sa sektor ng paggawa ng sapatos, pero mas mataas kaysa niyong sa sektor ng paggawa ng makina.

Ang naturang kundisyon ng magkakapantay na pamumuhunan na may di magkakapantay na tubo ay hindi pwedeng umiral nang matagal sa lipunang kapitalista. Laging sinisikap ng kapitalista na mamuhunan ng kapital sa sektor ng produksyon na may pinakamataas na tantos ng tubo. Kung kaya, kailangang dumaan sa pagbabago ang kundisyong nabanggit. Una sa lahat, ang ilang kapitalista ay aalis sa produksyon sa sektor ng paggawa ng makina at mamumuhunansa sector ng paggawa ng sapatos na may mas mataas na tantos ng tubo. Ang naturang paglipat ng kapital ay nagpapasigla nang malakis sa kabuuang produksyon ng sektor ng paggawa ng sapatos. Habang unti-unting lumalagpas ang suplay sa demand, bumababa ang presyo. Sa kabilang banda, ang kabuuang produkto sa sektor ng paggawa ng makina ay unti-unting nababawasan. Ang suplay ng mga makina ay unti-unting kinakapos sa demand para sa mga ito, at unti-unting tumataas ang presyo. Tumutungo ang kumbinasyon ng mga paglipat ng kapital at pagsasaayos ng presyo sa isang humigit kumulang na magkakapantay na tantos ng tubo. Ito sa gayon ang karaniwang tantos ng tubo. Resulta ito ng pagkukumpara ng kabuuang labis na halaga sa lipunan sa kabuuang kapital sa lipunan.

Kung ipagpapalagay natin ang tatlong sektor bilang kumakatawan sa kabuuang produksyon sa lipunan, ang kabuuang labis na halaga sa lipunan ay 6,000 at ang kabuuang kapital sa lipunan ay 30,000. Ang karaniwang tantos ng tubo ay 6,000 / 30,000 = 20 porsyento. Ang tubong nakukuha ayon sa karaniwang tantos ng tubo ay tinatawag na karaniwang tubo. Ipinaliwanag ni Marx, "Ang karaniwang tubo ay ang laki lamang ng labis na halaga na ipinamahagi nang proporsyunal sa bawat sektor ng produksyon ayon sa parte nito sa kapital."[2] Sinasalamin ng kategorya ng karaniwang tubo ang relasyon ng mga kapitalista ng iba't ibang sektor sa paghahati-hati ng labis na halagang likha ng uring manggagawa sa lipunan.

Higit pang itinatago ng pormasyon ng karaniwang tubo ang mapagsamantalang kapitalistang relasyon. Ang transpormasyon ng labis na halaga tungo sa tubo ay nakapanlilito na sa pinagmulan ng labis na halaga. Pero ang tubong inangkin ng mga kapitalista sa iba't ibang sektor ng produksyon ay katumbas pa rin ng labis na halagang likha ng mga manggagawa sa kani-kanilang sektor. Matapos ang pormasyon ng karaniwang tubo, hinahati-hati ng mga kapitalista ng iba't ibang sektor ang labis na halaga nang sa gayon, ang tubong kinukuha ng iba't ibang sektor ay hindi na katumbas ng kani-kanilang nilikhang labis na halaga. Kung gayon, sa kalagayang ang bawat sektor ay may pantay na kantidad ng kapital, makukuha ang pantay na kantidad ng labis na halaga. Ang laki ng tubo ay buung-buong itinatakda ng laki ng paunang kapital. Higit nitong itinatago ang kalikasan ng tubo at ang mapagsamantalang relasyon na sinasalamin nito.

## Itinatransporma ng Pagpapantay-pantay ng Tantos ng Tubo ay ang Halaga ng Kalakal Bilang Presyo sa Produksyon

Matapos ang pormasyon ng karaniwang tubo, hindi na ibinebenta ng kapitalista ang mga kalakal ayon sa halaga ng mga ito bagkus ay ayon sa presyo sa produksyon ng mga ito. Ang presyo sa produksyon ay katumbas ng gastos at ng karaniwang tubo. Batay sa mga naunang ipinagpalagay, ang proseso ng pormasyon ng presyo sa produksyon ay ipinapakita sa sumusunod na talahayanan.

Mula sa talahayanan, makikita natin na sa sektor ng paggawa ng makina, kung saan mataas ang organikong komposisyon ng kapital, mas mataas kaysa halaga nito ang presyo sa produksyon ng kalakal, habang sa sektor ng paggawa ng sapatos kung saan mas mababa ang organikong komposisyon ng kapital, mas mababa kaysa halaga ang presyo sa produksyon. Sa sektor ng paglalala at paghahabi lamang, kung saan nasa gitna ang organikong komposisyon ng kapital, kapantay ng halaga ang presyo sa produksyon.

| Sektor ng Produksyon | Palagiang Kapital *1* | Nagba-bagong Kapital *2* | Labis na Halaga *3* | Halaga ng Kalakal *4* | Kara-niwang Tantos ng Tubo *5* | Kara-niwang Tubo *6* | Presyo sa Produksyon ng Kalakal *7* | Presyo sa Produksyon Bawas ang Halaga *8* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Paggawa ng Sapatos | 7,000 | 3,000 | 3,000 | 13,000 | 20 | 2,000 | 12,000 | -1,000 |
| Paglalala at Pagahahabi | 8,000 | 2,000 | 2,000 | 12,000 | 20 | 2,000 | 12,000 | 0 |
| Paggawa ng Makina | 9,000 | 1,000 | 1,000 | 11,000 | 20 | 2,000 | 12,000 | 1,000 |
| *Kabuuan* | 24,000 | 6,000 | 6,000 | 36,000 | 20 | 6,000 | 36,000 | 0 |

Tala:
Halaga ng Kalakal (4) = (1) + (2) + (3)
Karaniwang Tubo (6) = [(1) + (2)] × (5)
Presyo sa Produksyon ng Kalakal (7) = (1) + (2) + (6)

Sa pormasyon ng karaniwang tubo at transpormasyon ng halaga tungong presyo sa produksyon, ang presyo sa pamilihan ay hindi na tumataas-baba ayon sa halaga, bagkus ay ayon sa presyo sa produksyon. Nangangahulugan ba na sa paglitaw ng presyo sa produksyon ay wala nang saysay ang batas ng halaga? Hindi. Sa punto de bista ng indibidwal na mga kapitalista sa iba't ibang sektor, may ilang nagbebenta ng kanilang kalakal sa presyo sa produksyon na mataas kaysa halaga at nagkakamal ng mas malaking tubo kaysa labis na halagang likha ng kanilang sektor. Samantalang ang iba ay nagbebenta ng kanilang kalakal sa presyo sa produksyon na mas mababa kaysa halaga at nagkakamal ng mas maliit na tubo kaysa halagang likha ng kanilang sektor. Gayunman, sa punto de bista ng buong lipunan, ang kabuuang halaga ng mga kalakal ay katumbas ng kabuuang presyo sa produksyon. Ang kabuuang karaniwang tubo na kinakamal ng mga kapitalistang industriyal sa kabuuan ay katumbas ng kabuuang labis na halagang likha ng mga manggagawang industriyal sa kabuuan. Samakatwid, ang presyo sa produksyon ay transpormasyon lamang ng halaga.

Sinsabi sa atin ng teorya ni Marx hinggil sa karaniwang tubo: Sa lipunang kapitalista, ang manggagawa ay dumaranas ng pagsasamantala at pang-aapi hindi lamang ng kapitalista sa kanyang empresa, kundi maging ng mga kapitalistang industriyal sa kabuuan.

## Ang Kapitalista sa Komersyo ay Nakikihati sa Labis na Halaga sa Pamamagitan ng mga Transaksyong Kalakal

Ang Papel ng Kapital sa Komersyo ay
Marealisa ang Labis na Halaga

Sa pagsusuri sa itaas, ipinagpalagay natin na monopolisado ng kapitalistang industriyal ang labis na halagang likha ng uring manggagawa. Sa katotohanan, hindi ito kayang monopolisahin ng kapitalistang industriyal. Kailangan niyang ilipat sa kapitalista sa komersyo ang bahagi ng labis na halagang piniga mula sa manggagawa. Hindi lumalahok sa produksyon ng kalakal ang kapitalista sa komersyo; nagpapauna lamang siya ng kapital para bultuhang bumili ng kalakal mula sa kapitalistang industriyal at nagbebenta ng mga ito para tulungan ang kapitalistang industriyal sa realisasyon ng labis na halaga. Ang labis na halagang ito na nakukuha ng kapitalista sa komersyo ay tinatawag na tubo sa komersyo.

Bakit kinakailangan ng kapitalistang industriyal ang kapitalista sa komersyo para magbenta ng mga kalakal para sa kanya, at bakit siya pumapayag na partehan ang kapitalista sa komersyo ng bahagi ng labis na halagang napiga? Dahil sa pag-unlad ng kapitalismo, ang bulto ng mga kalakal na nililikha ng kapitalistang industriyal ay patuloy na tumataas, at ang pamilihan para sa mga kalakal ay patuloy na lumalawak. Kung hahawakan ng kapitalistang industriyal ang pagbebenta ng kalakal, kailangan niyang magtayo ng malaking organisasyon sa komersyo at umupa ng maraming katulong sa pagbebenta. Para sa kapitalistang industriyal, hindi ito mapagtutubuan sapagkat malaking kapital ang matatali sa proseso ng palitan, at sa gayo'y makasasama sa paglaki ng kanyang produksyon at lakas sa kumpetisyon. Kung ang bentahan ng mga kalakal ay ipapaubaya sa kapitalista sa komersyo na nag-eespesyalisa sa mga transaksyon ng kalakal, mapapakinabangan niya ang mga bentahe ng espesyalisasyon sa transaksyon ng kalakal at makakatipid sa mga gastos sa palitan. Dagdag pa, dahil sa pag-iral ng nagsasariling mga aktibidad ng kapital sa komersyo, maibebenta ng kapitalistang industriyal ang kanyang mga kalakal sa kapitalista sa komersyo nang bultuhan, at mas mabilis makukumpleto ang transpormasyon ng kapital na kalakal tungong salaping kapital. Bunga nito, ang kanyang kapital ay mas matagal na magiging aktibo sa larangan ng produksyon at gaganap sa papel ng produktibong kapital para sa pagpiga ng mas malaking labis na halaga. Sa gayon, kahit na kailangang ilipat sa kapitalista sa komersyo ang bahagi ng labis na halaga, kunsabagay, nasa bentahe rin naman ito ng kapitalistang industriyal. Ito ang dahilan kung bakit hiwalay sa kapitalistang industriyal ang kapitalista sa komersyo.

## Ang Kapital sa Komersyo ay Lumalahok Din sa Pormasyon ng Karaniwang Tubo

Sa pagtulong sa kapitalistang industriyal para marealisa ang labis na halaga sa pamamagitan ng pamumuhunan sa komersyo, hindi lamang kinakailangan ng kapitalista sa komersyo ang tubo sa komersyo, hinihingi rin niya na ang kanyang tubo sa komersyo ay hindi mas mababa kaysa karaniwang tubo ng kapitalistang industriyal. Kung hindi, mas pipiliing ipuhunan ng kapitalista sa komersyo ang kanyang kapital sa sektor ng produksyon kaysa lumahok sa komersyo.

Saan nagmumula ang tubo sa komersyo? Sa unang tingin, nagmimistulang ang tubo sa komersyo ay idinudulot ng pagbenta ng kalakal sa presyong mataas kaysa halaga. Sinasamantala ng burgesya ang ilusyong ito at sinasabing ang tubo sa komersyo ay nagmumula sa palitan. Pambabaluktot ito sa pinagmulan ng tubo sa komersyo at isang pagkukubli sa pagsasamantala.

Sa katotohanan, ang tubo sa komersyo ay bahagi rin ng labis na halagang piniga ng kapitalistang industriyal sa manggagawa. Dahil gusto ng kapitalistang industriyal na ibenta ng kapitalista sa komersyo para sa kanya ang mga kalakal, hindi niya kayang ibenta ang kanyang mga kalakal ayon sa presyo sa produksyon ng mga ito, bagkus, kailangan niyang ibenta nang mababa kaysa presyo sa produksyon. Pagkatapos, ibinebenta ng kapitalista sa komersyo sa mga konsyumer ang kalakal sa presyo sa produksyon. Sa ganitong paraan, nalilipat sa kapitalista sa komersyo ang isang bahagi ng labis na halagang piniga ng kapitalistang industriyal mula sa manggagawa.

Halimbawa, ipagpalagay na ang kapitalistang industriyal ay namumuhunan ng 40 bilyong yuan sa isang taon, kung saan 30 bilyong yuan nito ay palagiang kapital, 10 bilyong yuan ay nagbabagong kapital, at 10 bilyong yuan ang labis na halaga. Ipagpalagay na isang taon ang siklo ng produksyon, at ang halaga ng palagiang kapital ay buung-buong nalilipat sa mga produkto sa loob ng isang taon. Kung gayon, ang kabuuang halaga ng mga kalakal, o ang kabuuang presyo sa produksyon, ay 30 bilyong yuan + 10 bilyong yuan + 10 bilyong yuan = 50 bilyong yuan. Ang tantos ng tubo ay 10 / 40 = 25 porsyento. Pero kailangang pangasiwaan ng kapitalista sa komersyo ang sirkulasyon ng mga kalakal. Ipagpalagay na ang kabuuang halaga ng kapital sa komersyo ay 10 bilyong yuan. Kaya ang kabuuang kapital sa larangan ng produksyon at palitan ay 50 bilyong yuan. Ang 10 bilyong yuan na labis na halaga ay kailangan patas na paghatian sa pagitan ng 50 bilyong yuan na kapital ng industriya at komersyo. Hindi na magiging 25 porsyento ang karaniwang tantos ng tubo, bagkus ay 20 porsyento. Ayon sa karaniwang tantos ng tubo na 20 porsyento, kakamal ng 8 bilyong yuan ang kapitalistang industriyal, at kakamal ng 2 bilyong yuan ang kapitalista sa komersyo. Nakukuha ng kapitalista sa komersyo ang ganitong 2 bilyong yuan na tubo sapagkat ibinebenta ng kapitalistang industriyal ang kanyang mga kalakal sa kapitalista sa komersyo sa presyong mababa kaysa presyo sa produksyon ng mga ito, ibig sabihin sa presyong 48 bilyong yuan (40 bilyong yuan sa gastos at 8 bilyong yuan sa tubo). At ibinebenta ng kapitalista sa komersyo ang mga kalakal ayon sa presyo sa produksyon na 50 bilyong yuan at nakakakuha ng tubo na 2 bilyong yuan. Sa gayon, ang 10 bilyong yuan na labis na halagang likha ng manggagawa ay proporsyunal na pinaghahatian ng kapitalistang industriyal at pangkomersyo ayon sa kani-kanilang paunang kapital.

## Malupit na Pinagsasamantalahan ng Kapitalista sa Komersyo ang Empleyado

Ang empleyado sa komersyo ay katulad din ng manggagawang industriyal. Siya ay isang upahang manggagawa at dumaranas ng pagsasamantala ng burgesya. Ang pagkakaiba nila ay lumilikha ng labis na halaga ang manggagawang industriyal sa larangan ng produksyon para sa kapitalista sa ilalim ng kanyang superbisyon, habang narerealisa ng empleyado sa komersyo ang labis na halaga para sa kapitalista sa larangan ng palitan sa ilalim ng kanyang superbisyon. Bakit natin sinasabi na ang empleyado sa komersyo ay dumaranas ng pagsasamantala katulad din ng manggagawang industriyal? Ito ay dahil nabubuhay sa pagbebenta ng kanilang lakas paggawa ang empleyado sa komersyo at manggagawang industriyal. Ang halaga ng kanilang lakas paggawa ay kailangang itakda ng oras paggawang kailangan para likhaing muli ang lakas paggawa. Bagamat hindi lumilikha ng halaga o labis na halaga ang empleyado sa komersyo sa kanyang paggawa sa mga transaksyong kalakal, ang halaga ng mga kalakal at ang labis na halagang nakapaloob ay marerealisa sa pamamagitan ng kanyang paggawa. Samakatwid, ang oras paggawa ng empleyado sa komersyo ay nahahati rin sa kinakailangang oras paggawa at labis na oras paggawa. Ang bahagi ng labis na halagang narerealisa sa kinakailangang oras paggawa sa pagbebenta ng empleyado sa mga kalakal ay napupunta sa nagbabagong kapital na ipinambibili ng kapitalista sa komersyo sa lakas paggawa ng empleyado. Sa labis na oras paggawa, nagtatrabaho nang libre ang empleyado para sa kapitalista sa komersyo upang magawang kapitalista sa komersyo na makiparte, bilang tubo sa komersyo, ng bahagi ng labis na halaga mula sa kapitalistang industriyal. Kung gayon, ang empleyado sa komersyo, tulad ng manggagawang industriyal, ay pinagsasamantalahan.

Ang pagsasamantala ng kapitalista sa komersyo sa empleyado ay kasing lupit. Para makapiga ng mas malaking tubo sa komersyo, pinatataas ng kapitalista sa komersyo ang produktibidad sa paggawa sa pamamagitan ng pagpapahaba ng oras paggawa at pagpapatindi ng paggawa. Ginagawa rin niya ang mga pagkaltas sa sahod ng empleyado at iba pang walang-awang pamamaraan para patindihin

ang pagsasamantala. Kuning halimbawa ang mga kapitalista sa lumang *Shanghai Hsieh-ta-hsiang Silk Goods Company*. Para patindihin ang pagsasamantala sa empleyado, nagpatupad sila ng 120 na regulasyon. Pinagtatrabaho ang empleyado nang 16 hanggang 17 oras kada araw sa labis na mabigat na paggawa. Napakaraming kaltas sa mga sahod niya na hindi na nakasasapat ang mga ito para sa minimum na antas para mabuhay. Sa uhaw-sa-dugong pamimiga ng kapitalista, ang malawak na masa ng empleyado, tulad ng laksang manggagawang industriyal, ay nagbebenta hindi lamang ng kanilang lakas paggawa kundi maging ng kanilang buhay.

## Nakikiparte sa Labis na Halaga ang Kapitalistang Pampinansya sa Pamamagitan ng Pautang at Pangungutang

### Ang Pinagmulan ng Interes ay Labis na Halaga

Sa lipunang kapitalista, nakikiparte rin sa labis na halaga ang kapitalistang pampinansya, dagdag pa sa mga kapitalistang industriyal at pangkomersyo.

Mayroong tiyak na mga obhetibong pangangailangan para sa pag-iral ng kapital sa pautang at pangungutang, dahil sa proseso ng kapitalistang reproduksyon, maaaring kapusin ng kapital ang kapitalista. Halimbawa, kapag hindi pa naibebenta ang mga produkto pero kailangan bilhin ang mga makina at hilaw na materyales at kailangang bayaran ang sahod, kailangang umutang ng salaping kapital. Minsan, maaari ring magkaroon ng tiwangwang na kapital. Halimbawa, bago mapalitan ang pirming kapital, ang kapitalista ay maaaring magkaroon ng ilang naipong bayarin sa depresasyon sa anyo ng salapi. Matapos maibenta ang mga kalakal pero bago mabili ang hilaw na materyales at mabayaran ang sahod, maaari ring magkaroon ng ilang tiwangwang na salaping kapital. Sa mga sirkunstansyang ito, kayang magpahiram ang mga kapitalista na may salaping kapital ng panandaliang tiwangwang na salaping kapital sa mga kapitalistang nangangailangan ng salapi. Gagamitin ng mga kapitalistang humiram ang salaping kapital na ito para gumawa o magbenta ng mga kalakal upang pumiga o magrealisa ng labis na halaga. Natural, ang mga may-ari ng salaping kapital ay hindi magpapautang nito sa ibang mga kapitalista nang walang anumang kabayaran. Hihingi sila ng isang tiyak na halaga ng salapi mula sa kapitalistang humihiram bilang kabayaran sa pautang. Ang kapitalistang nagpapautang ay kailangang partehan sa bahagi ng labis na halagang pinipiga ng kapitalistang nanghihiram. Ang bahaging ito ng labis na halaga ay tinatawag na interes.

Ang salaping kapital na ipinahiram para sa interes ay tinatawag na pautang na kapital. Ang tumbasan ng interes sa pautang na kapital ay tinatawag na tantos ng interes. Hindi pwedeng lumampas sa karaniwang tantos ng tubo ang pinakamataas na antas ng tantos ng interes. Kung hindi ganito, ang kapitalistang nanghihiram ay hindi na makakakuha ng anumang benepisyo sa pautang at hindi na uutang. Ang pinagmumulan ng interes ay labis na halaga. Gayunman, isinusulong ng mga tagapangatwiran ng burgesya ang hungkag na teorya na "ang malaking salapi ay nag-aanak ng maliit na salapi" at sinasabi na "ang interes ay nanggaling sa salapi mismo" para itago ang kalikasan at pinagmumulan ng interes at ang mapagsamantalang relasyon ng mga kapitalista.

### Nakukuha ang Tubo ng Bangko mula sa Pagkakaiba ng Interes sa Pangungutang at Pautang

Sa kapitalistang lipunan, ang pangungutang at pautang ng salapi ay kalakhang isinasagawa sa bangko. Sa pag-akit ng mga deposito, ang bangko ay nangongolekta ng mga tiwangwang na kapital at

pondo na hindi kailangan ng mga tao sa isang takdang panahon. Nagpapautang ito ngayon ng salapi sa mga gumaganang kapitalista. Nagbabayad ng interes ang bangko para makaaikit ng kapital at nangongolekta ng interes mula sa mga pautang. Ang tantos ng interes sa pautang ay mas mataas kaysa tantos ng interes sa deposito. Ang pagkakaibang ito ng tantos ng interes sa pangungutang at pautang, matapos awasin ang mga gastos sa operasyon ng bangko, ang bumubuo sa tubo ng bangko. Katulad ng interes, ang tubo ng bangko ay nanggagaling din sa labis na halagang likha ng manggagawa sa produksyon. Sa pagkuha ng diperensyal na interes [*differential interest*] sa mga pangungutang at pautang, ang kapitalista bangko ay nakikihati sa labis na halagang likha ng manggagawa.

Ang layunin ng kapitalista sa  bangko sa pagpapauna ng kapital para magpatakbo ng bangko ay para makakuha ng tubo. Kung gayon, ang tubo sa bangko ay hindi dapat mas bababa kaysa karaniwang tubo na nakukuha ng ibang gumaganang kapitalista. Kung ang tubo sa bangko ay mababa sa karaniwang tubo, hindi niya patatakbuhin ang bangko, bagkus ay siya na lang mismo ang magpapatakbo ng mga planta at pagawaan.

### Ang Paglitaw ng mga Sosyo ay Isang Repleksyon ng Pagtindi ng Parasitikong Kalikasan ng Kapitalismo

Sa pag-unlad ng kapitalistang produksyon, lumalawak ang saklaw ng mga empresa. Ang malaking kapital na kailangan para patakbuhin ang malalaking empresa ay hindi kayang sagutin ng indibidwal na mga kapitalista. Lumilitaw ang pangangailangan para sa maraming indibidwal na kapitalista para bumuo ng mga *joint-stock corporation*. Ang *joint stock corporation* ay isang empresang may pinagsama-samang kapital. Isa itong mahalagang pamamaraan na ginagamit ng malaking kapital para kontrolin ang katamtaman at maliit na kapital at para manipulahin ang kapital.

Naglalabas ng mga sapi ang *joint stock companies*, at iyong mga bumibili ng sapi ay nagiging kasosyo [*stockholder*]. Ang mga kasosyo ay may karapatan sa bahagi ng tubo ng empresa ayon sa laki ng sapi na pag-aari. Ang kita mula sa mga sapi ay tinatawag na dibidendo.

Hindi kinakailangang magtrabaho ng kapitalistang nagmamay-ari ng mga sapi. Pwede siyang magbulakbol buong araw at mabuhay nang maluho sa mga dibidendo. Maaari ring mag-ispekula sa mga sapi ang mga kasosyo. Ang *stock exchange* ay puno ng madayang kumpetisyon. Ang paglitaw ng mga taong nabubuhay sa interes sa pamamagitan ng mga kupon ng interes at ispekulasyon sa mga sapi ay sumasalamin sa pagtindi ng parasitikong kalikasan ng kapitalismo.

## Ang Uring Nagmamay-ari ng Lupa ay Umaani nang Hindi Nagtatanim

### Ang Kapitalistang Monopolyong Operasyon sa Lupa ay Nagreresulta sa Diperensyal na Upa [*Differential Rent*]

Ang mga nagmamay-ari ng lupa ay isa pang mapagsamantalang uri sa kapitalistang lipunan. Nagmamay-ari sila ng lupa at ipinapaupa ito sa mga kapitalistang industriyal at agrikultural para makihati sa labis na halaga. Para ilantad ang kalikasan ng kapitalistang upa, magsimula tayo sa dalawang anyo ng kapitalistang upa, ibig sabihin, diperensyal na upa at absolutong upa.

Sa produksyong agrikultural, lupa ang batayang kagamitan sa produksyon. Pero di tulad ng ibang mga kagamitan sa produksyon, limitado ang kantidad nito. Ang ganitong limitadong kantidad ng lupa ay kinabibilangan ng superyor, katamtaman, at mababang kalidad na lupa, depende sa taba ng

lupa. Sa kapitalistang lipunan, ang ganitong limitadong suplay ng lupa ay nagreresulta sa monopolyong operasyon ng kapitalista sa lupa.

Sa kapitalistang monopolyo ng lupa, may ilang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa superyor at katamtamang kalidad na lupa; ang ibang kapitalista sa agrikultura naman ay nagpapalakad sa mababang kalidad na lupa. Sapagkat hindi kaya ng mga produkto ng superyor at katamtamang kalidad na lupa na tugunan nang buo ang demand sa pamilihan, kailangang tumaas ang presyo ng produkto bilang sagot sa kakulangan ng supply kumpara sa demand. Patuloy itong tataas hanggang sa makakuha ng karaniwang tubo ang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa mababang kalidad na lupa. Ipinaliwanag ni Marx, "Ang presyo sa produksyon sa pinakamababang kalidad na lupa ang palaging nagtatakda ng presyo sa pamilihan."[3] Kung gayon, iyong mga kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa superyor at katamtamang kalidad na lupa ay nakakakuha ng sobrang tubo. Ang sobrang tubo na ito ang bumubuo sa diperensyal na upa.

Mayroong dalawang anyo ng diperensyal na upa. Ang isa ay lumilitaw mula sa pagkakaiba ng taba ng lupa at lokasyon, at tinatawag na Diperensyal na Upa I. Ang isa pa ay lumilitaw mula sa magkakasunod na pamumuhunan sa iisang lupain at tinatawag na Diperensyal na Upa II.

Una nating kuning halimbawa ang tatlong lupain na magkakapareho ang sukat pero magkakaiba ang taba ng lupa (tingnan ang talahanayan sa susunod na pahina).

Ang kapital na pinuhunan sa bawat isa sa tatlong lupain ay 200 yuan. Ipagpalagay na buung-buong nalilipat sa mga produkto ang kapital. Ang gastos sa bawat kaso ay magiging 200 yuan. Pero magkakaiba ang produktibidad sa paggawa ng manggagawang agrikultural sa magkakaibang taba ng lupa. Ang kantidad ng produktong agrikultural ay 4,000 chin, 5,000 chin, at 6,000 chin. Kung ang karaniwang tantos ng tubo ay 20 porsyento, kung gayon ang presyo sa produksyon (gastos + karaniwang tubo) ng kabuuang produkto para sa bawat lupain ay 240 yuan. Pero dahil magkakaiba ang dami ng produkto sa magkakaibang lupain, ang presyo sa produksyon kada yunit na produkto ay magkakaiba. Sa mababang kalidad na lupa, ito ay 0.060 yuan. Sa katamtamang kalidad na lupa, ito ay 0.048 yuan. At sa superyor na kalidad na lupa, ito ay 0.040 yuan. Ang panlipunang presyo sa produksyon sa pamilihan ay itinatakda ng presyo sa produksyon kada yunit sa mababang kalidad na lupa, ibig sabihin, 0.060 yuan kada chin. Kung kaya, nakakakuha ng 240 yuan ang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa mababang kalidad na lupa. Matapos awasin ang 200 yuan na gastos, natitira ang 40 yuan na karaniwang tubo. Walang sobrang tubo o diperensyal na upa. Ang mga kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa katamtaman at sa superyor na kalidad na lupa ay nakakakuha ng 300 yuan at 360 yuan. Matapos awasin ang 200 yuan na gastos, nakakakuha sila ng 60 yuan at ng 120 yuan, bilang kani-kanilang sobrang tubo dagdag pa sa 40 yuan na karaniwang tubo. Ang sobrang tubo na ito ang bumubuo sa Diperensyal na Upa I.

Yunit : yuan

| | | | | | Presyo sa Indibidwal na Produksyon | Presyo sa Panlipunang Produksyon | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Klase ng Lupa | Paunang Kapital *1* | Kara-niwang Tubo *2* | Dami ng Produkto (chin) *3* | Presyo sa Produksyon ng Kabuuan *4* | Presyo sa Produksyon kada Yunit *5* | Presyo sa Produksyon kada Yunit *6* | Kabuuang Halaga sa Pamilihan *7* | Diperen-syal I *8* |
| Mababa | 200 | 40 | 4,000 | 240 | 0.060 | 0.060 | 240 | 0 |
| Katamtaman | 200 | 40 | 5,000 | 240 | 0.048 | 0.060 | 300 | 60 |
| Superyor | 200 | 40 | 6,000 | 240 | 0.040 | 0.060 | 360 | 120 |

Tala:

* Presyo sa Produksyon ng Kabuuan (4) = (1) + (2)

* Presyo sa Produksyon ng Yunit (5) = (4) ÷ (3)
* Kabuuang Halaga sa Pamilihan (7) = (6) × (3)

Para ipaliwanag ang paglitaw ng Diperensyal II, kunin natin ngayong halimbawa ang paulit-ulit na pamumuhunan sa iisang taniman. Halimbawa, ang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa mababang kalidad na lupa ay sunud-sunod na namumuhunan sa iisang taniman. Namuhunan siya ng 200 yuan sa unang beses. Ang kabuuang produkto ay 4,000 chin, at ang karaniwang tubo ay 40 yuan na walang sobrang tubo o diperensyal na upa. Kung ang kapitalistang ito ay namuhunan ng 200 yuan pa sa ikalawang pagkakataon para magtayo ng mga pasilidad sa pagkontrol ng tubig, magdagdag ng mga abono, bumili ng bagong mga makina, umupa ng mas maraming manggagawang agrikultural, at pataasin ang produktibidad sa paggawa, maaari siyang makakuha ng 5,000 chin na dagdag na produkto (ibig sabihin, namumuhunan siya ng 400 yuan sa kabuuan at nakakakuha ng 9,000 chin). Sa hindi nagbabagong panlipunang presyo sa produksyon ng produkto, ang kabuuang presyo ng 5,000 chin na nakuha mula sa ikalawang pamumuhunan ay 300 yuan. Matapos awasin ang 200 yuan bilang gastos at 40 yuan bilang karaniwang tubo, mayroon pa rin siyang 60 yuan na sobrang tubo. Ang 60 yuan na ito ang Diperensyal na Upa II.

Dapat nating tukuyin dito na ang halaga ng upa ay naitakda na nang pumirma ng kontrata sa nagmamay-ari ng lupa ang kapitalista sa agrikultura. Kung gayon, sa loob ng kasalukuyang kontrata, ang sobrang tubo na nakuha sa magkakasunod na pamumuhunan ay mapupunta sa kapitalista sa agrikultura. Pero kapag ang kontrata ay natapos na at muling pinag-usapan, maaaring taasan muli ng nagmamay-ari ng lupa ang upa. Sa huli, ang sobrang tubo na ito ay malilipat sa nagmamay-ari ng lupa sa anyo ng Diperensyal na Upa II. Ipinaliwanag ni Marx: "Nagtataglay ng isang tiyak na katangian ang diperensyal na upa: ang pagmamay-ari ng lupa ay kumukuha lamang ng sobrang tubo. Sa ilalim ng ibang kundisyon, maaaring kunin ng umuupa sa lupa ang sobrang tubo na ito. At sa buong panahon ng kontrata, kinukuha ito, sa katotohanan, ng umuupa sa lupa."[4] Kung kaya't laging sinisikap ng kapitalista sa agrikultura na makakuha ng mas mahabang kontrata. Pero ubos-kayang sinisikap ng nagmamay-ari ng lupa na paigsiin ang panahong saklaw ng kontrata. Naglalabanan ang dalawang panig para makuha ang sobrang tubo na ito. Ang kontradiksyong ito ng kapitalista sa agrikultura at nagmamay-ari ng lupa ang nagtutulak sa kapitalista sa agrikultura na dambungin ang taba ng lupa hanggat kakayanin niya bago matapos ang kontrata.

## Ang Monopolistikong Pribadong Pagmamay-ari sa Lupa ay Nagreresulta sa Absolutong Upa.

Hindi nagkakaloob ng diperensyal na upa ang mababang kalidad na lupa. Pero kung ang may-ari ng mababang kalidad na lupa ay hindi makakakuha ng anumang upa, mas pipiliin pa niyang manatiling hindi nabubungkal ang lupa kaysa ipagamit ito sa iba. Sa katunayan, kinakailangan din ng kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa mababang kalidad na lupa na magbayad ng upa sa nagmamay-ari ng lupa. Ang upang ito na lumilitaw mula sa monopolyo ng pribadong pagmamay-ari ng lupa ay tinatawag na absolutong upa.

Kung ang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa mababang kalidad na lupa ay kinakailangan din makakuha ng karaniwang tubo, saan magmumula ang upa?

Sa lipunang kapitalista, laging nahuhuli ang teknolohiyang pang-agrikultura sa teknolohiya sa manupaktura. Ang organikong komposisyon ng kapital sa agrikultura ay laging mas mababa kaysa niyong sa manupaktura. Alam natin na nanggagaling sa nagbabagong kapital ang labis na halaga. Dahil mas mababa ang organikong komposisyon ng kapital sa agrikultura kaysa manupaktura, ang

parehong laki ng kapital ay makapagbibigay ng mas malaking labis na halaga sa agrikultura kaysa industriya. Ipagpalagay na ang karaniwang organikong komposisyon ng kapital sa manupaktura ay 8:2 at ang tantos ng labis na halaga ay 100 porsyento. Kung gayon, sa bawat 100 yuan na kapital, mayroong 20 yuan sa nagbabagong kapital na nagbibigay ng 20 yuan na labis na halaga. Ang karaniwang tantos ng tubo ay 20 porsyento. Ang halaga ng mga kalakal at presyo sa produksyon ay 120 yuan. At ipagpalagay na ang organikong komposisyon ng kapital sa agrikultura ay 6:4 at ang tantos ng labis na halaga ay 100 porsyento. Kung kaya't sa bawat 100 yuan, mayroong 40 yuan sa nagbabagong kapital na nagbibigay ng 40 yuan na labis na halaga. Ang halaga ng produkto ay 140 yuan, at ang tantos ng tubo ay 40 porsyento. Sa kapitalistang lipunan, ang mga produktong agrikultural ay maibebenta sa halaga nito (140 yuan). Pero ang kapitalista sa agrikultura ay makakakuha lamang ng karaniwang tubo katumbas ng sa kapitalistang industriyal, ibig sabihin, 20 yuan. Ang presyo sa produksyon ng mga produkto, sa gayon, ay 120 yuan. Ngayon, ibinebenta ang mga produktong agrikultural na mataas sa presyo sa produksyon nito. Dagdag pa sa karaniwang tubo na 20 yuan, mayroon pa ring 20 yuan na labis ang kapitalista ds agrikultura na siyang pagkakaiba ng halaga ng produktong agrikultural at presyo sa produksyon nito. Ito ang bumubuo sa absolutong upa.

Bakit kayang ibenta ang produktong agrikultural sa halaga na mataas kaysa presyo sa produksyon nito? Ito ay dahil sa pag-iral ng monopolistikong pribadong pagmamay-ari sa lupa. Sa manupaktura, ang organikong komposisyon ng kapital sa iba't ibang departamento ay hindi magkakaparehong lahat. Natural para sa mga departamento na may mas mababang organikong komposisyon ng kapital na makalikha ng mas maraming labis na halaga. Pero bilang resulta ng kumpetisyon ng mga departamento at paglipat ng kapital, lahat ng kapitalistang industriyal ay makakakuha lamang ng karaniwang tubo. Kaya ang mga produktong industriyal ay maibebenta lamang sa presyo sa produksyon ng mga ito. Pero naiiba sa produksyong pangmanupaktura ang produksyong agrikultural. Mayroong isang balakid sa agrikultura, walang iba kundi ang monopolistikong pribadong pagmamay-ari, na pumipigil sa walang pasubaling paglipat ng kapital sa agrikultura. Pinipigilan nito ang labis na halaga sa sektor ng agrikultura na lumahok sa proseso ng ekwalisasyon ng tubo. At ang produktong agrikultural ay maibebenta sa halaga na mas mataas kaysa presyo sa produksyon nito.

Kung gayon, sa agrikultura, maging ang mababang kalidad na lupa ay makakakuha ng mas malaking labis na halaga sa kasinlaking kapital. Hindi pinapartehan ang manupaktura sa labis na halagang ito. Nananatili ito sa agrikultura at nagiging absolutong upa para sa nagmamay-ari ng lupa.

### Ang Kapitalistang Upa ay
### Bahagi rin ng Labis na Halaga

Kahit na nagmumula sa magkakaibang sanhi ang pormasyon ng diperensyal at absolutong upa, ang kanilang sustansya at pinagmulan ay magkapareho. Bilang resulta ng kapitalistang monopolistikong operasyon sa lupa, ang presyo ng produkto ay itinatakda ng presyo sa produksyon sa mababang kalidad na lupa. Nagkakamal, sa gayon, ng sobrang tubo ang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa superyor at katamtamang kalidad na lupa. Ang sobrang tubo na ito ay walang kaugnayan sa pribadong pagmamay-ari sa lupa. Kahit pa walang pribadong pagmamay-ari sa lupa, ang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa superyor at katamtamang kalidad na lupa ay makakakuha pa rin sa sobrang tubo na ito. Ipinaliwanag ni Marx, ang pribadong pagmamay-ari ng lupa "ay hindi sanhi ng labis na halagang ito, pero sanhi ng transpormasyon nito tungong upa."[5] Bilang resulta ng pag-iral ng pribadong pagmamay-ari sa lupa, tinatransporma sa diperensyal na upa ang labis na halagang ito. Dahil din sa pag-iral ng monopolistikong pribadong pagmamay-ari sa lupa,

ang presyo ng produktong agrikultural ay maitatakda sa isang halaga na mataas kaysa presyo sa produksyon nito. Maging ang kapitalista sa agrikultura na nagpapalakad sa mababang kalidad na lupa ay makakuha ng sobrang tubo na itinatransporma sa absolutong upa para sa nagmamay-ari ng lupa. Ang pinagmulan ng diperensyal at absolutong upa ay sobrang tubo. Ang sobrang tubo na ito ay likha ng manggagawang agrikultural, tulad ng buong labis na halaga sa agrikultura. Ang kapitalista sa agrikultura ay umuupa ng lupa sa nagmamay-ari ng lupa, bumibili ng mga kagamitan sa produksyon, umuupa ng mga manggagawang agrikultural para lumahok sa produksyon, at pumipiga ng labis na halaga mula sa mga manggagawang agrikultural. Mula sa labis na halagang ito, nakakakuha ng karaniwang tubo ang kapitalista sa agrikultura. Ang labis na halaga na sobra at lagpas sa karaniwang tubo ay itinatransporma sa upa. Samakatwid, ang sustansya ng upa ay labis na halaga rin.

Gayunman, sinusunggaban ng nagmamay-ari ng lupa at kanyang tagapagsalita, para maitago ang pagsasamantala ng nagmamay-ari ng lupa at kapitalista sa agrikultura sa manggagawang agrikultural, ang superpisyal na pagkakaiba ng kabuuang produkto ng superyor at mababang kalidad na lupa para igiit na "ang upa ay dulot ng lupa mismo." Ang paliwanag na ito ay ganap na walang batayan. Ang maganda at superyor na kalidad na lupa ay nagdudulot lamang ng paborableng mga kundisyon para sa pagtaas ng produktibidad ng paggawa at isang natural na batayan para sa paglikha ng sobrang tubo. Pero kung walang paggawa ng manggagawang agrikultural, maging ang pinakamainam na lupa ay hindi kayang gumawa ng anumang halaga. Ipinaliwanag ni Marx, "Lahat ng upa ay labis na halaga at pawang produkto ng labis na paggawa."[6] Ang teorya ni Marx hinggil sa upa ay puspusang naglalantad sa maling paliwanag ng nagmamay-ari ng lupa at kanyang tagapagsalita.

Ang kapitalistang upa at pyudal na upa ay resulta ng pribadong pagmamay-ari sa lupa, pero magkakaiba ang kani-kanilang mapagsamantalang relasyon. Ang pyudal na upa ay ang kabuuang labis na paggawa o labis na produkto na kinukuha ng pyudal na panginoong maylupa mula sa magsasaka. Ang kapitalistang upa ay ang labis na halagang sobra at lagpas sa karaniwang tubo na kinukuha ng kapitalista sa agrikultura mula sa manggagawang agrikultural. Ipinapakita ng pyudal na upa ang mapagsamantalang relasyon ng pyudal na panginoong maylupa at ng magsasaka. Inilalahad ng kapitalistang upa ang mapagsamantalang relasyon ng nagmamay-ari ng lupa at ng kapitalista sa agrikultura sa isang banda at ng manggagawang agrikultural sa kabila.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa itaas, makikita natin na sa lipunang kapitalista, nahahati sa magkakaibang mapagsamantalang grupo ang burgesya. Naririyan ang kapitalista sa manupaktura, sa agrikultura, sa komersyo, at sa bangko. Ang nagmamay-ari ng lupa ay isa pang mapagsamantalang uri sa lipunang kapitalista. Lahat sila'y mga buwaya ng iisang uri, nagpaparte-parte, sa kanilang mga sarili, ng labis na halagang likha ng uring manggagawa, at magkakatuwang na nagsasamantala at nang-aapi sa uring mangaggawa. Samakatwid, sa lipunang kapitalista, ang burgesya ay nasa ibabaw ng uring manggagawa. Ang kontradiksyon ng manggagawa at kapitalista ay kontradiksyon ng buong uring manggagawa at buong burgesya. Ito ang batayang kontradiksyon ng lipunang kapitalista. Kung nais ng uring manggagawa na palayain ang sarili nito, dapat magkaisa ito bilang isang uri, humawak ng baril at magrebolusyon, ibagsak ang buong burgesya at wasakin ang mapagsamantalang kapitalistang relasyon.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Marx, Kapital, Bol. 3, chaps. 1, 2, 9, 17, 21, 38, 45.
Chairman Mao, "Pagsusuri sa mga Uri ng Lipunan ng Tsina."
Chairman Mao, "Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina," kab. 2, seksyon 2, 4.

**Mga Katanungan sa Pagbabalik-aral**

1. Paano pinagsasamantalahan ng iba't ibang mapagsamantalang grupo sa lipunang kapitalista ang labis na halagang likha ng uring manggagawa?
2. Ano ang kabuluhan ng teorya ni Marx hinggil sa hatian ng labis na halaga?

**Mga Tala**

1) Marx, Capital, Bol. 3, Jem-min ch'u-pan-she, 1966, p. 16.
2) Ibid., p. 180.
3) Ibid., p. 772.
4) Ibid., p. 881.
5) Ibid., p. 759.
6) Ibid., p. 744.

# Kabanata 8

## Ang Walang Lunas na Sakit ng Kapitalismo

Mga Krisis Pang-ekonomya*

Ang mga krisis pang-ekonomya ay natural na produkto ng kapitalistang pag-unlad sa ekonomya. Matitingkad na manipestasyon ang mga ito ng pagtindi ng iba't ibang kontradiksyon sa kapitalistang produksyon, palitan, distribusyon at reproduksyon. Paano sumisibol ang mga kapitalistang krisis pang-ekonomya? Anu-ano ang epekto ng mga ito sa kapitalistang pag-unlad? Papaksain natin sa kabanatang ito ang ganitong mga suliranin.

### Ang Mga Krisis Pang-ekonomya ay Produkto ng Pagtindi ng Mga Saligang Kontradiksyon sa Kapitalismo

Mga Krisis ng Labis na produksyon ang Mga Kapitalistang Krisis Pang-ekonomya

Bago ang kapitalismo (halimbawa, sa mahabang kasaysayan ng lipunang pyudal ng Tsina), marami ring krisis panlipunan, pang-ekonomya, at pangkabuhayan. Dahil sa malupit na pagsasamantala ng uring panginoong maylupa sa magsasaka, mga pinsala ng gera, at mga natural na kalamidad tulad ng baha, tagtuyot, pamemeste ng insekto, at *hailstorms*, nagtamo ng malubhang pinsala ang produksyong pang-agrikultura, nawalan ng kanilang tahanan ang masang anakpawis, at daan-daang libo ang namatay sa gutom at mga peste. Ang mga krisis panlipunan, pang-ekonomya, at pangkabuhayan sa mga panahong iyon ay kinatangian ng di sapat na produksyon ng pagkaing butil. Ang mga kapitalistang krisis pang-ekonomya ay hindi kinatangian ng di sapat na produksyon, kundi ng labis na produksyon. Ang pinakatampok na katangian kaugnay ng mga kapitalistang krisis pang-ekonomya ay: malalaking kantidad ng kalakal ang hindi maibenta, nagsasara ang mga pabrika, nalulugi ang mga bangko, bumabagsak ang halaga ng mga sapi, mabilis na dumarami ang mga walang trabaho, nagtatamo ng malubhang pinsala ang mga pwersa sa produksyon, at ang buong ekonomya ay paralisado at magulong-magulo.

Ang mga kapitalistang krisis pang-ekonomya ay mga krisis ng labis na produksyon. Pero ang tinaguriang "labis na produksyon" ay hindi isang absolutong labis na produksyon; hindi ito nangangahulugan na ang mga bagay na nalikha ng lipunan ay mas marami kaysa niyong makokonsumo ng masa. Sa mga krisis pang-ekonomya, laganap ang pangyayaring isinalarawan sa ibaba. Ang mga manggagawa ng tela ay nakakatanggap ng mga pabatid ng pagtatanggal sa trabaho na nagsasabing mayroong labis na produksyon ng sinulid at tela at walang mga pagbebentahan kaya't kailangang magbawas ng produksyon at magtanggal ng mga manggagawa. Gayunman, ang mga manggagawa ng tela at kanilang mga pamilya ay di sapat na nadaramitan. Iyong mga lumilikha ng tela ay hindi makabili nito. Ang mga minero ay nakakatanggap ng mga pabatid ng pagtatanggal sa trabaho na nagsasabing mayroong labis na produksyon ng uling at kailangang magbawas ng produksyon at empleyo. Samantalang ang mga minero at kanilang mga pamilya ay kailangang mangatog sa ginaw dahil walang salaping pambili ng uling. Samakatwid, ang kapitalistang labis na produksyon ay relatibong labis na produksyon. Sa ibang salita, ang panlipunang produksyon ay sobra

* Tzu-pen chu-I chih-tu ti "pu chih chih cheng" – ching-chi wei-chi.

relatibo lamang sa kakayahang bumili ng masa. Sa panahon ng mga krisis pang-ekonomya, nagtatambakan ang mga imbentaryo sa mga bodega ng kapitalista dahil walang demand. Maaaring nabubulok na ang mga kalakal o kaya'y artipisyal pang sinisira. Sa kabilang banda, ang malawak na masang anakpawis ay hirap na hirap kaya't hindi makabili ng pagkain at damit at nasasadlak sa bingit ng kagutuman.

Ang krisis pang-ekonomya ng labis na produksyon ay isang espesyal na katangian ng kapitalistang ekonomya. Gayunpaman, ang posibilidad ng mga krisis pang-ekonomya ay hindi pa litaw sa simula pa lang ng proseso ng pag-unlad ng ekonomyang nakabatay sa kalakal. Kapag nagbenta ng kanyang mga kalakal ang prodyuser ng kalakal, hindi niya laging agarang ginagamit ang nakuhang salapi para bumili ng mga kagamitan sa produksyon o mga kinakailangang pang-araw-araw na kalakal. Pero kung hindi siya bibili, iyong mga prodyuser ng kalakal na nakikipagpalitan sa kanya ay hindi makakabenta. Dito maaaring umusbong ang mga dislokasyon sa pagitan ng pagbebenta at pamimili, at umiiral ang posibilidad ng mga krisis. Gayunman, nang ang produksyon ng kalakal ay isinasagawa ng maliliit na prodyuser ng kalakal at nakabatay sa indibidwal na pagmamay-ari, ang layon ng produksyon ay makipagpalitan ng iba pang mga kalakal para mantinahin ang produksyon at matugunan ang mga pangangailangang personal na konsumo. Samakatwid, kadalasa'y kasunod ng pagbebenta ang pamimili. Kaalinsabay, mababa ang mga pwersa sa produksyon, at maliit ang saklaw ng produksyon. Ang hatian sa paggawa sa lipunan ay hindi gaanong maunlad, at ang mga pagsalig sa isa't isa ng mga produksyon ay hindi gaanong mahigpit. Kahit pa umusbong ang mga dislokasyon sa pagbebenta at pamimili, ang kanilang mga epekto ay lokal at hindi magdudulot ng mga krisis pang-ekonomya na nakakaapekto sa buong lipunan. Samakatwid, kahit nilalaman mismo ng produksyon ng kalakal ang posibilidad ng mga krisis, ang katiyakan ng mga krisis ay matatagpuan lamang sa loob ng kapitalistang sistemang pang-ekonomya mismo.

## Nasa Saligang Kontradiksyon ng Kapitalismo ang Pinagmumulan ng mga Krisis Pang-ekonomya

Hindi maiiwasan ang mga krisis pang-ekonomya sa lipunang kapitalista. Ito ay itinatakda ng saligang kontradiksyon ng kapitalismo. Ipinaliwanag ni Stalin: "Ang pinagmumulan at sanhi ng krisis pang-ekonomya ng labis na produksyon ay nasa sistemang kapitalista mismo. Ang pinagmumulan ng krisis ay nasa kontradiksyon ng panlipunang kalikasan ng produksyon at ng kapitalistang pagmamay-ari ng mga produkto."[1]

Bakit di maiwasang tumungo sa mga krisis pang-ekonomya ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo?

Una sa lahat, ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo ay di maiiwasang nalalahad mismo sa isang kontradiksyon kung saan lalong lumalaki ang mga pwersa sa produksyon habang ang kakayahang bumili ng masang anakpawis ay relatibong lumiliit. Ang malakihang-saklaw na panlipunang produksyong kapitalista ay ibang-iba sa indibidwal na produksyong yaring-kamay. Simpleng reproduksyon ang katangian ng indibidwal na produksyon. Kahit pa sa ilalim ng napakapaborableng mga kondisyon sa pamilihan, ang paglago ng produksyon nito ay mabagal. Ang kapitalistang produksyon ay produksyon na gamit ang malalaking makina at may kakayahang mabilisang lumago. Ubos kayang sinisikap ng kapitalista na magpalawak ng produksyon sa paghahabol ng mas malaking tubo dahil habang mas malaki ang saklaw ng produksyon, mas maraming labis na halaga ang kanyang mapiga. Kaalinsabay, kailangang sikapin din ng kapitalista na paunlarin ang kanyang mga pamamaraan at palawakin ang kanyang saklaw ng produksyon upang maiwasang matalo ng iba pang kapitalista. Kasama ng pagpapalawak ng produksyon, ang antas ng konsumo ay dapat ding pataasin para maibenta ang pinaraming produksyon ng mga kalakal at magpatuloy ang panlipunang produksyon. Pero sa kondisyon ng pribadong pagmamay-ari ng mga

kagamitan sa produksyon, laging sinisikap ng kapitalista na ibaba ang sahod sa pinakamababang antas na posible. Ang pag-unlad ng kapitalistang produksyon at paggamit ng mga bagong pamamaraan ay di maiiwasang magpapanatili ng malaking bilang ng manggagawa sa labas ng tarangkahan ng pabrika at magpapalawak sa hanay ng mga walang trabaho. Di maiiwasang binabangkrap ng kapitalistang kumpetisyon ang malaking bilang ng magsasaka at tagayaring-kamay, sa gayo'y ang maliit na kapital ay natatalo o nalalamon ng malaking kapital. Kung gayon, sa isang banda mayroong di masukat na paglago ng produksyon, at sa kabilang banda, mayroong relatibong pagliit sa kakayahang bumili ng masang anakpawis. Dahil sa kontradiksyong ito, di maiiwasan ang mga krisis pang-ekonomya ng labis na produksyon.

Di maiiwasang tumungo sa mga krisis pang-ekonomya ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo dahil ang kontradiksyon ay di maiiwasang malahad mismo sa isang kontradiksyon na ang produksyon ng mga indibidwal na pabrika ay organisado habang ang panlipunang produksyon ay magulong-magulo. Habang nagiging panlipunan ang produksyon, ang relasyon at pagsalig sa isa't isa ng mga sektor ng produksyon at sa pagitan ng iba't ibang empresa ay lalong humihigpit. Halimbawa, ang bulak na kailangan sa pabrika ng tela ay galing sa sektor ng agrikultura, at ang mga makinang ikiran at panghabi ay mula sa industriya ng pagbubuo ng makina. Samakatwid, sa isang takdang panahon, dapat may iisang plano at kaayusan para itakda ang kailangang dami ng bulak, tela, at mga makinang ikiran at panghabi para matiwasay na maipagpapatuloy ang panlipunang produksyon. Gayunman, hinahati ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon ang buong lipunan sa maraming nagsasariling mga kapitalistang empresa. Mula sa punto de bista ng isang empresa, lahat ng manggagawa nito ay kontrolado ng iisang kapital, at organisado ang panloob na produksyon nito. Pero mula sa punto de bista ng lipunan, kung ano at gaano karami ang nalilikha ng iba't ibang empresa ng magkakaibang kapitalista ay pribadong usapin ng mga indibidwal na kapitalista. Walang sinuman ang makapagsasabi ng anuman hinggil dito. Samakatwid, ang produksyon ng lipunan sa kabuuan ay nagpapatuloy sa ilalim ng mga kondisyon ng anarkiya. Dahil hindi koordinado ang panlipunang produksyon, hindi malalaman ng indibidwal na mga kapitalista ang aktwal na demand para sa isang tiyak na kalakal. Basta't mayroong tubo, ang mga kapitalista ay magkukumpetensyahan para mapalawak ang produksyon. Kaalinsabay, ang mga kapitalistang aktibidad sa komersyo ay maaari ring lumikha ng huwad na demand na nagkukubli sa aktwal na kakayahang bumili ng lipunan. Kahit pa totoong lagpas ang produksyon sa kakayahang bumili ng masa, hanggat patuloy na tumataas ang presyo sa pamilihan, oorder pa rin sa mga kapitalista sa industriya ang mga kapitalista sa komersyo, at magpapautang pa rin sa mga kapitalista sa industriya at komersyo ang mga kapitalista sa pinansya. Ito ay para tulungang magpalawak ng produksyon ang kapitalista sa industriya, sa gayo'y lumilikha ng huwad na kasaganaan sa pamilihan. Ikinukubli ng ganitong huwad na kasaganaan ang pag-iral at pag-unlad ng labis na produksyon. Kapag nalantad na sa wakas ang labis na produksyon, ito ay nabubunyag sa pamamagitan ng pagdaluyong ng mga krisis pang-ekonomya.

Kung gayon, nakikita natin na ang pinagmumulan ng mga krisis pang-ekonomya ay nasa kapitalistang sistema mismo at sa saligang kontradiksyon ng kapitalismo kung saan panlipunan ang produksyon pero pribado ang pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon. Hanggat umiiral ang kapitalismo, laging sasambulat ang mga krisis pang-ekonomya. Para mapawi ang mga krisis, kailangan munang wasakin ang kapitalistang sistema.

## Dinudurog ng Marxistang Teorya sa mga Krisis Pang-ekonomya ang Lahat ng mga Hungkag na Teorya ng Burgesya na Nakadisenyo para Ikubli ang mga Krisis.

Ang burgesya at mga tagapangatwiran nito ay nagkikimkim na sukdulang takot at pagkamuhi sa mga syentipikong kongklusyong nabuo ng Marxismo hinggil sa mga kapitalistang krisis pang-ekonomya. Piniga nila ang kanilang utak para maglubid ng samu't saring kasinungalingan sa bigong pagtatangka na ihiwalay sa sistemang kapitalista ang mga krisis para lokohin ang masang anakpawis at panatilihin ang mapagsamantalang kapitalistang sistema. Halimbawa, sinasabi ng ilan sa kanila na "kakulangan sa konsumo" ang pinagmumulan ng mga krisis at nagpanukala na gumamit ng "pagpapasigla sa konsumo" para mapawi ang mga krisis. Sa totoo, hindi lumitaw ang kakulangan sa konsumo ng masang anakpawis sa pagsibol ng kapitalismo. Umiiral na ito mula pa noong nahati ang lipunan sa mga uring nagsasamantala at pinagsasamantalahan. Pero sumulpot ang labis na produksyon sa lipunang kapitalista lamang. Madaling makita, kung gayon, na hindi maipapaliwanag ng "kakulangan sa konsumo" ang mga krisis pang-ekonomya.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang militarisasyon ng pambansang ekonomya ay nagresulta sa pansamantalang huwad na kasaganaan sa ilang kapitalistang bayan. Mistulang nagkaroon ng panagip-buhay ang mga tagapangatwiran ng burgesya. Nagbitiw sila ng walang kabuluhang pahayag na "iyong mga may pagtingin na di maiiwasang makakatagpo ng malalaking krisis pang-ekonomya ang mga kapitalistang bayan ay pawang mali." Nakita nila ang papalaking partisipasyon ng gubyerno ng mga kapitalistang estado sa mga aktibidad pang-ekonomya sa bansa bilang "awtomatikong mga tagapag-ayos" na makapagpapaunlad, sa isang antas, ng kapitalistang ekonomya na "awtomatikong tutungo sa istabilidad." Kasinungalingan din ito. Alam natin na ang kapitalistang makinarya ng estado ay naglilingkod sa burgesya. Anuman ang gawin ng burges na estado para gawing militarisado ang pambansang ekonomya o para ayusin ang buhay pang-ekonomya, ay ginagawa nito sa pamamagitan ng iba't ibang hakbang, nang sa gayo'y patindihin ang pagsasamantala sa mamamayan para lalong yumaman ang kapitalista. Tulad ng ipinaliwanag ni Lenin noon pa man: "Sa US man o Germany, ang resulta ng 'pag-aayos sa buhay pang-ekonomya' ay para lumikha ng mga kampo militar ng mabibigat na trabaho para sa manggagawa (at bahagi ng magsasaka) at para magtayo ng mga kanlungan ng mga kapitalista at may-ari ng bangko. Ang mga hakbang sa pag-aayos sa mga bayang ito ay binubuo ng paghihigpit sa sinturon ng manggagawa hanggang sa bingit ng kagutuman habang sa kabilang banda ay tinitiyak (gamit ang lihim at reaksyunaryong burukratikong mga pamamaraan) na ang kapitalistang tubo ay mas mataas kaysa bago ang digmaan."[2] Hindi lamang hindi ginawang "awtomatikong tutungo sa istabilidad" ang ekonomyang kapitalista ng regulasyon sa buhay pang-ekonomya sa mga burges na bayan, kundi sa kabaligtaran, pinaghirap nito ang masang anakpawis at pinaliit ang pamilihan habang pinayayaman ang mga kapitalista. Patuloy na tumindi ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo, at lalong lumulubha ang mga krisis pang-ekonomya ng kapitalismo.

## Ang Tendensya sa Paglubha ng mga Kapitalistang Krisis Pang-ekonomya

### Pana-panahong Sumasambulat ang mga Kapitalistang Krisis Pang-ekonomya

Hanggat umiiral ang sistemang kapitalista, gaganap ng sariling papel ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo. Ang mga kapitalistang krisis pang-ekonomya ay hindi mga suliraning lumilitaw nang isa o dalawang beses, kundi di maiiwasang lumitaw nang pana-panahon. Kung titingnan sa kasaysayan, makikita natin na lumitaw ang unang malakihang-saklaw na krisis pang-ekonomya noong 1825 sa England. Matapos niyon, paulit-ulit na lumitaw ang mga krisis pang-ekonomya noong 1836, 1847, 1857, at 1867. Karaniwang nagaganap ang mga ito nang isang beses bawat 10 taon. Matapos nito, palubha nang palubhang sumambulat pa rin ang mga ito.

Ang siklo ng krisis pang-ekonomya ay ang panahon sa pagitan ng dalawang magkasunod na krisis. Sa pangkalahatan, binubuo ito ng apat na yugto ng krisis, depresyon, rekoberi, at kasagsagan. Sa mga ito, batayan ang yugto ng krisis. Ito ang dulo ng huling siklo at simula ng panibagong siklo.

Ang Yugto ng Krisis: Kadalasang biglaan kung tumama ang mga krisis. Bago tumama ang mga ito, mayroong malawakang huwad na kasaganaan sa pamilihan at "yumayabong ang negosyo" sa iba't ibang industriya. Kahit lampas na sa aktwal na pangangailangan ang produksyon, nagtatrabaho pa rin nang todo ang mga planta para punuin ang mga bodega at tugunan ang mga order dahil sa sistemang pautang at masiglang aktibidad sa ispekulasyon. Sa isang iglap, sumasambulat ang isang krisis pang-ekonomya dahil sa dislokasyon ng isa sa mga kawing sa kapitalistang ekonomya. Sa sandaling malantad ang labis na produksyon sa isang larangan at humihirap ang pagbebenta, agad na naaapektuhan ang iba pang larangan, na nagreresulta sa isang dugtung-dugtong na reaksyon. Halimbawa, dahil sa labis na produksyon, ang pagbabawas o suspensyon ng produksyon sa industriya ng kotse ay di maiiwasang makakaapekto sa mga industriya ng uling, kuryente, at transportasyon. Ang mga ispekulador sa komersyo na noong una'y tumutulong sa pagpapasigla ng huwad na kasaganaan ay tumatalikod ngayon at nagdidiskarga ang kanilang mga sapi sa pinababang presyo, sa gayo'y pinalulubha ang kalagayan. Ngayon, sobra na ang nakaimbak sa mga bodega, mahirap ang pagbebenta at mabilis na bumabagsak ang mga presyo. Para pigilan ang pagbagsak ng mga presyo, maaaring sirain pa ng kapitalista ang malalaking kantidad ng kalakal. Sa hambalos ng mabagal na pagbebenta at bumbagsak na mga presyo, maramihang nababangkrap ang katamtaman at maliit na mga empresa, at maraming bangko ang nagsasara. Iyong mga plantang nagpatuloy sa pagtakbo ay nagbabawas ng kanilang saklaw na produksyon. Sa panahong ito, mabilis na dumarami ang mga manggagawang walang trabaho sa lahat ng industriya, at mabilis na lumulubha ang buong kalagayang pang-ekonomya.

Ang Yugto ng Depresyon: Matapos ang maunos na mga hambalos sa yugto ng krisis, ang agos ng pagkabangkrap ng mga empresang industriyal at pangkomersyo ay humuhupa. Iyong mga empresang nanatiling buhay matapos ang krisis ay nagpapatuloy ng kanilang mga aktibidad sa mas maliit na saklaw. Kahit makukulay ang dekorasyon ng mga tindahan at malalakas sumigaw ang kanilang tagapagtinda, napakatumal pa rin ng negosyo. Malaking bilang ng mga manggagawa ang wala pa ring trabaho at walang ikinabubuhay. Ang kapitalistang industriya, komersyo at pagbabangko ay matamlay. Gayunman, sa yugtong ito, nagpapatuloy pa rin ang konsumo ng lipunan. Ang mga imbak na kalakal, matapos ang malawakang pagkasira, ay dahan-dahang naibebenta sa napakababang presyo. Sa ilalim ng nangingibabaw na katamlayan, unti-unting natitipon ang mga salik na magtutulak sa rekoberi ng produksyon.

Ang Yugto ng Rekoberi: Dahil sa pagbawas sa mga imbak, dahan-dahang nakakabawi ang mga presyo, at unti-unting lumalaki ang mga tubo. Sa isang banda, pinatitindi ng mga kapitalista ang kanilang pagsasamantala sa manggagawa at sa kabila, pinauunlad ang mga pamamaraan at bumibili ng mga bagong kagamitan. Sa gayon, unang lumalawak nang hakbang-hakbang ang produksyon sa unang sektor tulad ng kuryente, bakal at asero, at pagbubuo ng makina. Unti-unting tumataas ang empleyo sa kategoryang ito. At ang pagtaas sa empleyo ay tumutungo sa pagtaas ng demand sa mga produktong pangkonsumo, sa gayo'y pinasisigla ang pag-unlad ng produksyon sa ikalawang kategorya. Sa ganitong paraan, unti-unting nakakabawi ang produksyon, at nababawasan ang mga walang trabaho. Unti-unti, ang ekonomyang kapitalista na dating nasa depresyon ay muling patungo sa rekoberi.

Ang Yugto ng Kasagsagan: Ang mga batayang katangian ng yugtong ito ay ang mabilisang pagbebenta ng mga kalakal sa pamilihan, mataas na tubo, papabilis na mga aktibidad sa produksyon at palitan, at ang panunumbalik ng pautang at mga aktibidad sa ispekulasyon. May malaganap na "kasaganaan" sa pamilihan. Lubusang nagsisikap ang lahat ng kapitalista na palawakin ang produksyon. Sa gayon, sa ilalim ng malaganap na "kasaganaan", patuloy na natitipon ang mga

bagong salik para sa isa pang krisis. Inilarawan ni Engels ang ganitong masiglang pangyayaring sa kapitalistang ekonomya bilang: "Bumibilis ang paggalaw; ang mababagal na hakbang ay nagiging mabilis na hakbang. Ang mabilis na hakbang sa industriya ay nagiging hakbang patakbo. Ang hakbang patakbo naman ay naging karipas sa isang di patas na karera sa industriya, komersyo, pautang at mga aktibidad sa ispekulasyon. Sa huli, matapos ang maraming pinal at desperadong mga talon, babagsak ito sa isang napakalalim na kolaps."[3]

Krisis – depresyon – rekoberi – kasagsagan – krisis ang nagtatangi sa siklikal na kalikasan ng mga krisis pang-ekonomya. Ipinapakita rin nito ang siklikal na kalikasan ng produksyong kapitalista. Ipinapakita nito na hindi uunlad nang tuluy-tuloy ang kapitalistang produksyon, bagkus ay

| Yugto ng Krisis | Kabuuang produkto sa Manupaktura | | | Mga buwan ng pagkakabawas | Pinakamataas na kawalan ng trabaho (10,000 tao) | Bilang ng mg apagkabangkrap sa panahon ng pagkakabawas sa produksyon sa manupaktura |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pinakamataas sa panahon ng krisis | Pinakamababa sa panahon ng krisis | Pagkakabawas (prosyento) | | | |
| Una 1948-49 | Agosto 1948 | Hulyo 1949 | 8.6 | 11 | 410 | 9,246 |
| Pangalawa 1953-54 | Agosto 1948 | Hulyo 1949 | 8.6 | 11 | 410 | 9,246 |
| Pangatlo 1957-58 | Marso 1957 | Abril 1958 | 14.8 | 13 | 520 | 15,579 |
| Pang-apat 1960-61 | Enero 1960 | Enero 1961 | 7.5 | 12 | 571 | 15,668 |
| Panglima 1969-70 | Setyembre 1969 | Nobyembre 1970 | 8.1 | 14 | 550 | 13,629 |

makakasulong lamang ito sa isang liku-likong landas.

Mga Krisis Pang-ekonomya Matapos ang Digmaan– Ang United States

Mga Krisis Pang-ekonomya Matapos ang Digmaan– Ang Japan

| Yugto ng Krisis | Kabuuang produkto sa Manupaktura | | | Mga buwan ng pagkakabawas | Pinakamataas na kawalan ng trabaho (10,000 tao) | Bilang ng mga pagkabangkrap sa panahon ng pagkakabawas sa produksyon sa manupaktura |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pinakamataas sa panahon ng krisis | Pinakamababa sa panahon ng krisis | Pagkakabawas (prosyento) | | | |
| Una 1953-54 | December 1953 | Agosto 1954 | 5.0 | 8 | 68 | 565 |
| Pangalawa 1957-58 | Hulyo 1957 | Hunyo 1958 | 10.7 | 11 | 92 | 1,565 |
| Pangatlo 1962 | Enero 1962 | Disyembre 1962 | 2.7 | 11 | 62 | 1,653 |
| Pang-apat 1964-65 | Disyembre 1964 | Mayo 1965 | 2.0 | 5 | 54 | 2,464 |
| Panglima 1970-71 | Hulyo 1970 | Mayo 1971 | 5.7 | 10 | 80 | 8,427 |

## Patuloy na Lumulubha ang mga Kapitalistang Krisis Pang-ekonomya

Sa proseso ng pag-unlad ng kapitalistang produksyon, paulit-ulit na lumilitaw ang mga krisis pang-ekonomya. Pero ang bawat krisis ay hindi isang simpleng pag-uulit ng nagdaang krisis. Tendensya ng mga kapitalistang krisis pang-ekonomya ang patuloy na paglubha. Lalo pa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga krisis pang-ekonomya ay naging mas madalas at mas malubha. Nakikita ito sa mga sumusunod na aspeto:

Una, ang siklo ng mga krisis pang-ekonomya ay umikli at ang mga krisis pang-ekonomya ay nagiging mas madalas.

Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagaganap ang mga krisis pang-ekonomya isang beses bawat 10 taon. Sa humigit-kumulang 20 taon makalipas ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kapuna-punang umikli ang siklo ng mga krisis pang-ekonomya.

Malinaw nating makikita sa sumusunod na talahanayan na may limang krisis pang-ekonomya sa US at Japan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang karaniwang tagal sa pagitan ng una at ikalimang krisis ay mababa sa limang taon sa US at mababa sa apat na taon sa Japan. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kapuna-punang umikli ang siklo ng mga krisis pang-ekonomya, dahil sa ilalim ng paghahari ng monopolyong kapital, papatindi ang pagsasamantala sa masang anakpawis, relatibong lumiliit ang kanilang kakayahang bumili, at tumindi ang mga suliranin sa lokal na pamilihan. Dagdag pa, dahil sa panlabas na agresyon at pagpapalawak ng iba't ibang imperyalistang bayan, tumindi ang kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismo at mamamayan ng mga kolonya at satelayt na bayan. Itinutulak nito ang mga pambansang rebolusyon sa mga kolonya at satelayt na bayan at bunga nito, pinaliliit ang mga dayuhang pamilihan. Ang pagbebenta ay naging isang palagiang suliranin. Kung gayon, papatindi ang kontradiksyon sa pagitan ng produksyon at konsumo. Lahat ng ito'y nagpapakita na papaigting pa ang mga saligang kontradiksyon ng kapitalismo, at lalo nang nagiging malaking balakid sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon ang kapitalistang relasyon sa produksyon.

Ikalawa, dahil sa bulag na pagpapalit ng pirming kapital, nagiging higit na tagibang ang tumbasan ng kapitalistang reproduksyon. Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tuwing sumasambulat ang mga krisis pang-ekonomya, mabilis na bumabagsak ang pamumuhunan sa pirming kapital. Gayunman, matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang pamumuhunan sa pirming kapital sa pangkalahata'y mas mataas kaysa bago ang digmaan. Maging sa panahon ng mga krisis, nananatiling relatibong mataas ang antas ng pamumuhunan. Noong ikalimang krisis pang-ekonomya ng US matapos ang digmaan, hindi lamang hindi bumagsak ang pamumuhunan sa pirming kapital, kundi tumaas pa ito. Mayroong 3.5 porsyentong pagtaas sa pagitan ng 1969 at 1970. Noong ikalimang krisis pang-ekonomya ng Japan matapos ang digmaan, ang pamumuhunan sa pirming kapital noong 1971 ay 3.2 porsyentong mas mataas kaysa noong 1970.

Ipinapakita ng mas mataas na antas ng pamumuhunan sa pirming kapital matapos ang digmaan na, sa isang banda, ginagamit ng monopolyong burgesya ang makinarya ng estado para patindihin ang pagsasamantala nito sa masang anakpawis at itinatransporma tungong kapital ang labis na halagang napiga mula sa manggagawa. Pinabibilis nito ang akumulasyon ng kapital, pero pinabibilis din ang pagdarahop ng proletaryado at ibayong pinaliliit ang kakayahang bumili ng mamamayan. Sa kabilang banda, ipinapakita nito na ang pamumuhunan sa pirming kapital sa US matapos ang digmaan ay pangunahing binubuo ng mga order at demand ng militar kaugnay ng pananandata at paghahanda sa gera. Hindi lamang nasayang ang malaking kantidad ng rekursong panlipunan, kundi lumawak din nang walang kontrol ang unang kategorya ng mga industriya. Bilang resulta, ang tumbasan ng panlipunang reproduksyon ay lalo pang naging tagibang, at naging mas maigting ang kontradiksyon ng kapitalistang reproduksyon. At naging mas madalas at mas malubha ang mga kapitalistang krisis pang-ekonomya.

Ikatlo, magkasalikop at nag-uugnayan ang mga krisis sa manupaktura at mga krisis sa agrikultura, na nagpapatindi sa buong krisis pang-ekonomya. Sa ilalim ng kapitalistang sistema, hindi lamang sa

manupaktura nagaganap ang mga krisis pang-ekonomya kundi maging sa agrikultura. Kapag sumasambulat ang mga krisis sa agrikultura, nasasalamin ang mga ito sa dumaraming imbak sa bodega ng kapitalista sa agrikultura, pagbagsak ng mga presyong pakyawan, lumiliit na sukat ng natatamnang lupa, tumataas na disempleyo ng mga manggagawang agrikultural, bumabagsak na sahod sa hanay ng mga may trabaho pa, at maramihang pagkabangkrap ng mga indibidwal na magsasaka. Makikita na ang mga krisis sa agrikultura, tulad ng mga krisis sa manupaktura, ay umuusbong dahil sa labis na produksyon at idinudulot ng saligang kontradiksyon ng kapitalismo. Hanggat umiiral ang sistemang kapitalista, hindi maiiwasan ang mga krisis ng labis na produksyon sa agrikultura tulad din ng sa mga krisis ng labis na produksyon sa manupaktura.

Pero kung ihahambing sa mga krisis sa manupaktura, mas matatagal ang mga krisis sa agrikultura. Sa 23 taon mula noong sumambulat ang krisis sa agrikultura kasabay ng krisis sa manupaktura noong 1948, hindi na nakahulagpos ang agrikultura mula sa labis na produksyon.

Ang pagsasalikupan at pag-uugnayan ng mga krisis sa industriya at agrikultura ay naging malubhang suliranin sa ekonomya ng US matapos ang digmaan. Ang mga krisis sa manupaktura ay nagresulta sa pagkabangkrap ng maraming empresa, pagbawas ng produksyon, disempleyo, at bumabagsak na sahod. Bilang resulta, bumababa ang demand sa produktong pang-agrikultura na lalong nagpalala sa krisis ng labis na produksyon sa agrikultura. Kaalinsabay, ang krisis sa agrikultura ay nakakasira rin sa produksyong pang-agrikultura at nagpaparukha sa mga manggagawang agrikultural. Bunga nito, bumababa ang demand sa mga kagamitan sa produksyong pang-agrikultura at mga produkto sa manupaktura, at tumitindi ang mga krisis ng labis na produksyon sa manupaktura. Sa impluwensya ng mga krisis sa manupaktura at agrikultura, di maiiwasang lalala ang mga kapitalistang krisis pang-ekonomya.

Ikaapat, ang mga krisis ng kapitalistang labis na produksyon ay kasalikop ng piskal at pinansyal na krisis. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kasabay ng pag-ikli ng siklo ng mga kapitalistang krisis pang-ekonomya, ang pagsambulat ng mga piskal at pinansyal na krisis ay mas madalas na nagaganap. Ang mga piskal at pinansyal na krisis ay kadalasang nagaganap kasabay ng mga krisis pang-ekonomya. Ang mga piskal at pinansyal na krisis, tulad ng mga krisis pang-ekonomya, ay isang di maiiwasang resulta ng ibayong pagtindi ng saligang kontradiksyon ng kapitalismo. Ang mga mayor na katangian nito ay: depisit sa badyet, basta-bastang pagpaparami ng suplay ng salapi, depisit sa balanse-sa-bayaran, papaunting reserba ng ginto, at debalwasyon ng pananalapi.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, para makahulagpos sila sa papalubhang mga krisis pang-ekonomya, bigong bumaling ang mga imperyalistang kapangyarihan sa pag-aarmas at paghahanda sa gera para pasiglahin ang paglaki ng pambansang ekonomya. Gayunman, ang mga gastusing militar at gastusin sa produksyon ng industriya sa depensa ay patuloy na lumalaki, na tumutungo sa palagiang mga depisit sa badyet. Para tustusan ang malaking gastusin sa depensa, nagsikap nang husto ang mga imperyalistang bayan na pataasin ang pagbubuwis, makipagnegosasyon para sa mga utang panlabas, maglabas ng pananalapi, at itulak ang implasyon, na tumutungo sa mga piskal na krisis. Mula noong piskal na taong 1946 hanggang 1971, ang mga depisit sa badyet ng US ay umabot sa 137.9 bilyong dolyar. Ang pampublikong utang ay umabot sa 424.1 bilyong dolyar. Maging ang mga opisyal ng gubyernong US ay dismayadong nagsabi na "ang pampublikong utang ng US ay mas malaki kaysa niyong pinagsama-samang utang ng lahat ng bayan." "Kung gagawin nating tig-iisang dolyar na salaping papel ang pampublikong utang ng US, makakabuo ito ng isang sinturon na may 35 piye ang lapad na makakaikot ng 1,520 beses sa mundo."

Habang lumulubha ng implasyon, patuloy na bumabagsak ang halaga ng salapi, na tumutungo sa lagi nang papataas na mga presyo. Sa nakaraan, bago ang pagsambulat ng isang krisis pang-ekonomya, sa pangkalahata'y bumabagsak ang antas ng presyo. Pero mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga kapitalistang bayan ay pumaling sa paggamit ng militarisasyon ng

pambansang ekonomya at ipinatupad ang patakaran ng implasyon. Bilang resulta, hindi lamang hindi bumagsak ang mga presyo sa panahon ng mga krisis, kundi sa halip ay tumaas pa. Halimbawa, nagkaroon ng limang krisis pang-ekonomya sa US mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Liban sa krisis noong 1948-1949, tumaas ang mga presyo sa apat pang panahon. Tanda ito na bumagsak ang kakayahang bumili. Di maiiwasang makaapekto ang debalwasyon ng isang pananalapi sa loob ng isang bayan sa katayuan nito sa panlabas na pangungutang. Naglunsad ng sunud-sunod na gerang agresyon ang imperyalismong US. Sa lubhang paglaki ng hukbong nakatalaga sa ibayong dagat at ng mga gastusing militar, ang malakihang paglabas ng dolyar ng US ay nagpabagsak sa katayuan nito sa internasyunal na pangungutang. Mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, paulit-ulit na nagaganap ang mga krisis sa pinansya sa pamilihang pampinansya sa kapitalistang daigdig. Pinwersa ng maramihang pagbebenta ng mga dolyar ng US at paghahabol sa ginto ang gubyernong US na na dalawang beses magdebalwasyon ang dolyar: minsan, noong pagtatapos ng 1971 at muli noong Pebrero 1973. Nalusaw na ang hegemonya ng dolyar ng US sa kapitalistang daigdig.

Inilubog ng salimbayan ng mga krisis sa ekonomya at pinansya ang kapitalistang ekonomya sa isang malalim na kumunoy. Sa isang banda, ang mga krisis pang-ekonomya ay nagresulta sa pagbulusok ng produksyon at patuloy na pagdarahop ng masang anakpawis at nagpababa sa kita ng mga kapitalistang bayan, na nagreresulta sa malalaking depisit sa badyet ng gubyerno at balanse-ng-bayaran na nagpapalubha sa piskal at pinansyal na krisis. Sa kabilang banda, dahil sa lumulubhang mga piskal at pinansyal na krisis, di maiiwasang ibayong pinalubha ang implasyon, mas mataas na buwis, pabagsak na tunay na sahod, at relatibong pagliit ng kakayahang bumili ng masa ang mga krisis pang-ekonomya ng labis na produksyon.

Makikita natin sa gayon na ang siklikal na kalikasan ng mga kapitalistang krisis pang-ekonomya ay bumubuo ng isang bisyosong ikid na palubha nang palubha. Ang likas na antagonistikong kontradiksyon sa kapitalismo ay ibayong pinatitindi. Patung-patong na krisis ang yumanig sa buong kapitalistang daigdig tulad ng maraming malalakas na bagyo.

## Pinapanghina ng mga Krisis Pang-ekonomya ang Batayan ng Kapitalistang Paghahari

Ibayong pinatitindi ng mga krisis pang-ekonomya ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo. Sa panahon ng mga krisis, lalong umiigting ang kumpetisyon ng mga kapitalista. Unang nababangkrap ang maraming katamtaman at maliliit na empresa na hindi nakayang makipagkumpetensya sa malalaking empresa. Para bayaran ang kanilang mga utang, napupwersang ipasubasta nang palugi ang maraming katamtaman at maliliit na empresa. Sinusunggaban ng ilang malalaking empresa na angat sa kumpetisyon ang pagkakataong mamili sa mababang presyo. Samakatwid, matapos ang bawat krisis sa lipunang kapitalista, nagiging mas konsentrado ang kapital sa kamay ng iilang kapitalista. Napapabilis ang konsentrasyon ng produksyon at kapital. Ang papalaking konsentrasyon ng produksyon at kapital ay nagpapahiwatig na lalong umiigting ang saligang kontradiksyon ng kapitalismo, ibig sabihin, ang kontradiksyon ng panlipunang produksyon at kapitalistang pribadong pagmamay-ari.

Pinatitindi ng mga krisis pang-ekonomya ang mga makauring kontradiksyon sa lipunang kapitalista. Para bawasan ang mga nawala sa kanila sa panahon ng mga krisis, di maiiwasang pinagbubuntunan ng mga kapitalista ang masang anakpawis. Maramihan nilang tinatanggal ang mga manggagawa, ibinababa ang sahod, bumabaling sa implasyon, itinataas ang pagbubuwis, at ubos-kayang sinisikap na ilipat ang pasanin ng krisis sa balikat ng masang anakpawis. Kaalinsabay, sa panahon ng mga krisis, tumitindi rin ang pagsasamantala ng kapitalistang manupaktura sa agrikultura at ng kalunsuran sa kanayunan, na nagreresulta sa maramihang pagkabangkrap ng mga magsasaka.

Samakatwid, ang mga kapitalistang krisis pang-ekonomya ay humahagupit ng matinding paghihirap sa uring manggagawa at iba pang masang anakpawis, at pinatitindi ang kontradiksyon sa pagitan ng manggagawa at magsasaka sa isang banda, at ng burgesya at may-ari ng malalawak na lupa sa kabilang banda; pinatataas nito ang agos ng pakikibaka ng proletaryado laban sa burgesya. Sa gayon, tuluy-tuloy na nayayanig ang pundasyon ng kapitalistang paghahari.

Lubusang inilalantad ng mga krisis pang-ekonomya ang transitoryong kalikasan ng kapitalistang sistema, isinisiwalat ang pag-iral ng mga antagonistikong kontradiksyon sa pagitan ng kapitalistang relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon. Masyadong masikip ang kapitalistang relasyon sa produksyon para sa napakalaking panlipunang pwersa sa produksyon. Mahigpit na pinipigil nito ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Sa panahon ng mga krisis, matapos ang di masukat na pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon at marahas na pagbabawas sa produksyon, saka pa lamang panandalian at pwersahang malulutas ang kontradiksyon sa pagitan ng produksyon at konsumo. Pero kaalinsabay, unti-unting natitipon ang mga salik na magreresulta sa isa pang krisis. Sa proseso ng pag-unlad ng kapitalistang ekonomya, may tendensya na lumubha pa ang mga krisis pang-ekonomya. Tanda ito na nabubulok ang kapitalistang relasyon sa produksyon at kailangang palitan ng isa pang bagong relasyon sa produksyon na makakaangkop sa mga pangangailangan sa pag-unlad ng mga bagong pwersa sa produksyon, ibig sabihin, ang sosyalistang relasyon sa produksyon.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral:**

Engels, Anti-Duhring, pt. 3, chap. 2.
Lenin, "Ang mga Aral ng Krisis," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 5.

**Mga Katanungan sa Pagbabalik-aral:**

1. Ano ang pinagmumulan ng mga kapitalistang krisis pang-ekonomya?
2. Bakit natin sinasabing pinabibilis ng mga krisis pang-ekonomya ang pagbagsak ng kapitalismo?

**Mga Tala**

1) "Ulat Pampulitika sa Ikalabing-anim na Kngreso ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet (Bolshevik)," Kumpletong mga Akda ni Stalin, Bol. 12, p. 214.
2) "Ang ang Kalutasan sa Harap ng Napipintong Sakuna?" Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 25, p. 324.
3) Engels, Anti-Duhring, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 316.

# Kabanata 9

## Ang Di Nagbabagong Kalikasan ng Imperyalismo

Ang Imperyalismo ay Monopolyong Kapitalismo*

Bago ang dekadang 1870, ang kapitalismo ay nasa yugto ng malayang kompetisyon. Mula dekadang 1870 pataas, tuluy-tuloy na umunlad sa monopolyo ang malayang kompetisyon. Sa pagtatapos ng ika-19 na siglo at sa pagsisimula ng ika-20 siglo, nakumpleto ng kapitalismo ang transisyon nito tungong monopolyo mula sa malayang kompetisyon at naging imperyalismo. Nagbigay si Lenin ng kumpleto at tumpak na depinisyon ng imperyalismo: "Ang imperyalismo ay isang ispesyal na yugto ng kapitalismo. Ang ganitong espesyal na kalikasan ay ipinapakita sa tatlong paraan: (1) ang imperyalismo ay monopolyong kapitalismo; (2) ang imperyalismo ay parasitiko at nabubulok na kapitalismo; at (3) ang imperyalismo ay naghihingalong kapitalismo."[1] Unang tatalakayin ng kabanatang ito ang mga batayang katangian ng imperyalismo bilang monopolyong kapitalismo.

Ipinaliwanag ni Lenin na mayroong limang batayang katangian sa aspetong pang-ekonomya ng imperyalismo. Ang mga ito ay: "(1) ang produksyon at konsentrasyon ng kapital ay umunlad na sa isang antas na napapangibabawan na ng monopolyong organisasyon ang buhay pang-ekonomya; (2) ang kapital sa bangko at manupaktura ay nagsanib, at isang oligarkiya sa pinansya ang lumitaw sa batayan ng 'kapital sa pinansya' na ito; (3) ang eksport ng kapital, na iba pa sa eksport ng kalakal, ay nagkakaroon ng espesyal na kabuluhan; (4) nabuo ang internasyunal na monopolyong alyansa; at (5) hinati-hati ng pinakamalalakas na kapitalistang kapangyarihan ang mga teritoryo ng daigdig."[2] Ang teorya ni Lenin hinggil sa imperyalismo ay ang ating teleskopyo at mikroskopyo para unawain ang reaksyunaryong kalikasan ng imperyalismo.

### Monopolyo ang Malalim na Nakaugat na Batayang Pang-Ekonomya ng Imperyalismo

Ang Monopolyo ay Isang Di Maiiwasang
Pag-unlad ng Kapitalismo

Ang transisyon tungong monopolyo mula malayang kompetisyon ay ang pinakatampok na pangyayari sa ekonomya sa pag-unlad ng kapitalismo tungong imperyalismo. Ang iba pang mga katangian ng imperyalismo ay pawang kaugnay sa monopolyo at umunlad sa batayan ng monopolyo. Samakatwid, kadalasang kilala bilang imperyalismo ang monopolyong kapitalismo. Ang pagsibol ng monopolyong kapitalismo ay dumaan sa tatlong batayang yugto.

Sa unang yugto noong dekadang1860 at 1870, umabot ang malayang kompetisyon sa kapitalismo sa taluktok ng pag-unlad nito. Sa manupaktura, naimbento ang dekuryenteng motor, *internal combustion engine*, at ang bagong pamamaraan ng pagdalisay ng asero. Ibinaling ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon ang relatibong bahagi ng magaan at mabigat na industriya nang pabor sa mabigat na industriya. Sa pag-unlad ng mabigat na industriya na kinatangian ng mas mataas na organikong komposisyon ng kapital, pinabilis ang konsentrasyon ng kapital. Nagsimulang sumulpot ang mga monopolyong organisasyon.

---

* Ti-kuo-chu-I ti pen-hsing shih pu hui kai-pien ti – ti-kuo-chu-I shih lung-tuan ti tzu-pen-chu-i.

Sa ikalawang yugto matapos ang pagsambulat noong 1873 ng pinakamalalang krisis sa ekonomya noong ika-19 na siglo, mas umigting ang kompetisyon ng mga empresa. Maraming katamtaman at maliliit na empresa ang nagsara, na nagbigay-daan para sa malawak na pag-unlad ng mga monopolyong organisasyon. Sa United States, itinayo ni Rockefeller noong 1879 ang unang *trust* (ang Standard Oil Company). Noong 1880, ang kabuuang produksyon ng *anthracite* na uling ay monopolisado ng pitong kumpanya. Gayunman, wala pa sa dominanteng pusisyon ang monopolyo. Kalakhan ng mga monopolyong kasunduan ay panandalian at mabuway. Noong huling 30 taon ng ika-19 na siglo, sunud-sunod na naimbento ang *steam turbine*, ang kotse, at ang tren na pinapaandar ng krudo. Maunlad na maunlad ang mga pwersa sa produksyon. Ang relatibong bahagi ng mabigat na industriya ay ibayong lumaki. Ang mga kondisyon para sa transisyon tungong yugto ng monopolyo ay kumpleto na sa saligan.

Sa ikatlong yugto noong pagtatapos ng ika-19 na siglo at simula ng ika-20 siglo, bumilis nang husto ang akumulasyon at konsentrasyon ng kapital. Parami nang paraming kapital ang konsentrado sa kamay ng malalaking empresa. Mabilis na umunlad ang mga monopolyong organisasyon para makuha ang kontrol sa iba't ibang mayor na sektor sa manupaktura at naging batayan ng lahat ng buhay pang-ekonomya. Sa simula ng ika-20 siglo, kontrolado ng mga monopolyong organisasyon ng United States ang 70 porsyento ng industriya ng *metallurgy*, 66 porsyento ng industriya ng bakal at asero, 81 porsyento ng industriya ng kemikal, 85 porsyento ng produksyon ng aluminum, 80 porsyento ng industriya ng tabako at asukarera, at 95 porsyento ng produksyon ng uling at langis. Simula sa panahong ito, ang kapitalismong malayang kompetisyon ay naging monopolyong kapitalismo, at ang kapitalismo ay natransporma sa imperyalismo. Dahil dito, sinabi ni Lenin, "Ang monopolyo ang malalim na nakaugat na batayan ng imperyalismo."[3]

Hindi binago ng transisyon tungong imperyalismo mula kapitalismong malayang kompetisyon ang pundamental na kalikasan ng kapitalismo. Ang batayang pang-ekonomya pa rin nito ay kapitalistang pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Ang makauring kontradiksyon nito ay kontradiksyon pa rin sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Gumagampan pa rin ng kanilang aktibong papel ang matagalan nang mga batas sa ekonomya tulad ng kompetisyon at napakagulong produksyon. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Nang ang yugto ng kapitalismong malayang kompetisyon ay umunlad tungong imperyalismo, ang pundamental na kontradiksyon ng proletaryado at burgesya, kasama rin ang kalikasan ng kapitalistang lipunan, ay hindi nagbago."[4] Sa imperyalistang yugto lumitaw ang ilang bagong katangian, na nagpapatindi at nagpapalaki sa umiiral na kontradiksyon ng kapitalismo.

## Tinitiyak ng Monopolyong Organisasyon ang Pagpiga ng Dambuhalang Monopolyong Tubo

Ang monopolyong organisasyon ay maaaring ang pinakamalaking kapitalistang empresa o di kaya'y isang alyansa ng mga kapitalistang empresa. Sila ang kumokontrol sa produksyon at distribusyon ng ilang produkto at nagtatakda ng mga monopolyong presyo sa dahil sa kanilang monopolyong pusisyon para makapiga ng dambuhalang monopolyong tubo. Ang pulso ng ekonomya ng mga kapitalistang bayan ay nasa ilalim ng kanilang manipulasyon.

Ang mga monopolyong organisasyon ay may maraming anyo: ang ilan ay "mga panandaliang kasunduan sa pagpepresyo" kung saan nagsasabwatan ang iba't ibang empresa para itakda ang mga presyo; ang ilan ay "mga kartel" kung saan ang mga empresa ay nagsasarili sa produksyon pero may mga kasunduan kung paano maghahati sa pamilihan, maglalagay ng kota, at magtatakda ng mga presyo; ang ilan ay "mga *syndicate*" kung saan ang mga empresa ay nagsasarili sa produksyon pero nagtutulungan sa pagbili ng mga *input* at pagbenta ng yaring mga produkto; ang iba ay "mga *trust*"

kung saan nagsasanib ang mga empresang gumagawa ng magkakatulad na produkto; at ang ilan ay "mga *consortium*" na binubuo ng mga empresa ng iba't ibang kalakal (manupaktura at pagmimina, kumpanyang pangkalakalan, kumpanya ng transportasyon at pagbabarko ng mga produkto, kabilang din ang mga bangko). Unti-unting kinokontrol ng pag-unlad ng iba't ibang tipo ng monopolyong organisasyon ang lahat ng sektor ng ekonomya at pulsong pang-ekonomya ng mga kapitalistang bayan. Laluna't sapul noong katapusan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lalong nakonsentra sa kamay ng iilang monopolyong kapitalista ang produksyong panlipunan at kayamanang panlipunan. Ito ay makikita sa sumusunod:

1) Tuluy-tuloy na paglawak ng mga empresa at papataas na monopolisasyon. Kuning halimbawa ang United States. May isang kumpanya lamang na may ari-ariang kapital na lampas sa isang bilyong dolyar noong 1901. Noong 1960, dumami ito sa 96 na kumpanya. Noong 1970, dumami ulit ito sa 282 kumpanya.

2) Papalaking kontrol ng iilang monopolyong kapitalista sa mga larangan ng industriya. Sa maraming larangan ng industriya, iilang malalaking kumpanya ang may kontrol sa mayor na bahagi ng produksyon o maging sa buong produksyon. Noong 1969 sa United States, monopolisado ng malalaking kumpanya ng kotse ang 78.1 porsyento ng kabuuang pambansang produksyon ng kotse. Noong 1970 sa England, monopolisado ng isang kumpanya ng bakal at asero ang 93 porsyento ng kabuuang produksyon ng asero. Noong 1970 sa Japan, kontrolado ng pitong malalaking monopolyong organisasyon ang 95.5 porsyento ng paggawa ng kabuuang tonelahe ng barko sa Japan. Noong 1968 sa France, kontrolado ng isang kumpanya ng elektrisidad ang paglikha ng kuryente sa buong bayan.

3) Papataas na konsentrasyon at monopolisasyon ng produksyong pang-agrikultura. Noong 1939, mayroong 6.097 milyong sakahan sa United States. Noong 1959, bumaba ito sa 3.701 milyon. Noong 1971, may 2.800 milyon na lamang ang natira. Humigit-kumulang 90,008 sakahan ang nababangkrap bawat taon. Sa katunayan, mababa sa 50,000 malalaking monopolyong sakahan sa United States, o 2 porsyento ng lahat ng sakahan, ang gumagawa at nagbebenta ng mahigit sa 80 porsyento ng kabuuang produksyong pang-agrikultura ng United States.

4) Papalaking dibersipikasyon ng monopolyong organisasyon. Sa nakaraan, maraming kumpanya ang gumagawa ng isa o dalawang produkto lamang. Pero sa pagtatapos ng dekadang 1960, sumaklaw ang kanilang mga operasyon sa maraming linya. Halimbawa, ang United States International Telephone and Telegraph Company ay itinatag noong 1920. Sa loob ng unang 40 taon, ang pangunahing negosyo nito ay ang pagmanupaktura ng mga kagamitan sa telekomunikasyon. Pero sa nakaraang dekada, binili nito ang 50 kumpanya na walang kaugnayan sa kagamitan sa telekomunikasyon. Sumaklaw ang operasyon nito sa tinapay, artipisyal na *fiber*, konstruksyon, otel, at seguro. Kontrolado nito ang 150 kumpanya sa buong daigdig, at ang lambat nito ng distribusyon ay lumapad sa mahigit 100 bayan at rehiyon.

Bagamat may mga pagkakaiba sa iba't ibang anyo ng monopolyong organisasyon at maaaring maganap ang ibayo pang pagbabago, ang kalikasan ng mga ito ay magkakatulad. Hangad ng lahat ng ito ang pagtiyak ng dambuhalang monopolyong tubo para sa monopolyong kapitalista sa pamamagitan ng pagmomonopolisa ng produksyon at mga pamilihan.

Ang dambuhalang monopolyong tubo ay tubo na lampas na lampas sa karaniwang tubo na inaangkin ng monopolyong kapitalista sa pamamagitan ng kanyang monopolyong pusisyon. Saan nagmumula ang dambuhalang monopolyong tubo? Nagmumula pa rin ito sa labis na halagang likha ng manggagawa sa monopolyong empresa. Ang monopolyong organisasyon ay gumagamit ng samu't saring sistema sa paggawang dugo at pawis para patindihin ang paggawa at pagsamantalahan ang manggagawa. Dagdag pa, nililipat ng monopolyong kapitalista sa kanyang mga kamay ang bahagi ng kita ng manggagawa at iba pang tao sa pamamagitan ng pagtataas niya sa mga presyo ng mga produktong pangkonsumo. Sa pamamagitan ng paggamit ng bentahe ng kanyang monopolyong

pusisyon, ibinababa ng kapitalista ang presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura at itinataas ang presyo sa pagbenta ng namanupakturang mga produkto para pigain ang bahagi ng halagang likha ng magsasaka. Sa pamamagitan ng monopolyong pagpepresyo, inaagaw niya ang bahagi ng tubo ng mga kapitalista sa labas ng monopolyong organisasyon. Sa pamamagitan ng mga di magkakatumbas na palitan, dinadambong ng monopolyong kapitalista ang mamamayan ng mga kolonya, satelayt, at iba pang bayan. Ipinapakita nito na kung ano ang ganansya ng monopolyong organisasyon sa anyo ng dambuhalang monopolyong tubo ay siyang nawawala sa manggagawa, maliliit na prodyuser, at mamamayan ng mga kolonya at satelayt. Ang maliit na bahagi ay pinipiga mula sa maliliit at katamtamang di monopolyong mga kapitalista. Sa punto de bista ng kapitalistang daigdig sa kabuuan, kung gayon, hindi binago ng monopolyong pagpepresyo ang kabuuan ng halaga ni ang labis na halagang likha sa kapitalistang daigdig. Sa ibang salita, ang monopolyong pagpepresyo ay gumana sa ilalim ng saklaw ng batas ng halaga; pinalitan lamang nito ang anyo kung paano inilalahad ang batas na ito. Gayundin, gumagana pa rin sa yugto ng monopolyo ang batas ng labis na halaga, ang pundamental na batas pang-ekonomya ng kapitalismo; tanging ang mga epekto at anyo nito ang nagbago. Bago ang yugto ng monopolyo, inilalahad ito sa karaniwang tubo; sa yugto ng monopolyo, inilalahad ito sa dambuhalang tubo.

Ang pagtaas ng monopolyong tubo ay nagpapahiwatig na ang uring manggagawa at masang anakpawis ay dumaranas ng papabigat na pagsasamantala at ang mapagsamantalang mga hakbangin ng mga monopolyong kapitalista ay naging mas malupit kaysa dati. Mula 1940 hanggang 1949, ang mga monopolyong kumpanya sa United States ay nakakuha, sa karaniwan, ng 24.356 bilyong dolyar na dambuhalang monopolyong tubo bawat taon. Mula 1960 hanggang 1969, tumaas ito sa 67.47 bilyong dolyar. Sa Japan, ang tantos ng labis na halaga sa manupaktura ay umabot sa 182 porsyento noong 1930; tumaas ito sa 313 porsyento noong 1954 at 345 porsyento noong 1960. Mula sa dalawang bungkos ng mga datos na ito, makikita natin ang matinding polarisasyon sa pagitan ng mayaman at mahirap sa kapitalistang bayan.

## Ang Monopolyo ay Tumutungo sa Mas Matinding Kompetisyon

Ang malayang kompetisyon ay tumutungo sa monopolyo. Pero hindi mapapawi ng monopolyo ang kompetisyon. Kabaligtaran nito, pinatitindi nito ang kompetisyon sapagkat ang kompetisyon ay produkto ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari. Hindi binago ng monopolyo ang kalikasan ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari at samakatuwid ay hindi mapapawi ang kompetisyon. Totoo ito laluna't papataas ang konsentrasyon ng mga kagamitan sa produksyon sa kamay ng iilang oligopolista. Para gapiin ang kanilang mga karibal, gumagamit ang mga monopolyong organisasyon ng anumang maiisip na paraan para siraan ng loob ang kanilang kakumpitensya. Nagiging mas matalas at malupit ang kompetisyon. Sa imperyalistang yugto, ang buhay at kamatayang pagtutunggalian ng mga kapitalista at mga pangkatin ng kapitalista ay makikita sa sumusunod na mga paraan:

Kompetisyon sa pagitan ng mga monopolyong organisasyon at di monopolyong organisasyon. Sa ilalim ng mga kapitalistang kondisyon, kahit gaano pa kakonsentrado ang produksyon, imposibleng maabot ang absolutong monopolyo. Ilang di monopolyong organisasyon ang laging iiral. Kahit sa mga bayan na pinakamaunlad ang monopolyong kapitalismo, malaking bilang ng katamtaman at maliliit na empresa ang nananatili. Halimbawa sa United States, sa apat na milyong empresa nito sa manupaktura, ang katamtaman at maliliit na empresa ay bumubuo sa mahigit tatlong milyon. Hindi maiiwasan ang buhay at kamatayang pagtutunggalian ng monopolyo at di monopolyong mga empresa.

Umiiral din ang matinding kompetisyon sa hanay ng mga monopolyong organisasyon sa kanilang paglalabanan para sa mapagkukunan ng hilaw na materyales, pamilihan, at pasilidad sa transportasyon.

Umiiral din sa iba't ibang empresa sa iisang monopolyong organisasyon ang kompetisyon para sa pamilihan at mas mataas na produksyon at kota ng benta. Ang ganitong klase ng kompetisyon ay maaari pang humantong sa pagkalusaw ng ilang monopolyong organisasyon at magresulta sa bagong mga monopolyong organisasyon at bagong kompetisyon.

Sa mga *trust* at *consortium*, hindi kailanman tumitigil ang tunggalian ng iba't ibang malalaking kapitalista para sa liderato, kontrol sa sapi, at parte sa tubo.

Samakatwid, hindi "organisadong kapitalismo" ang monopolyong kapitalismo gaya ng sinasabi ng burgesya at mga rebisyunista. Kabaligtaran nito, ang monopolyo ay nagpapatindi sa kompetisyon at nagpapalala sa kapitalistang kontradiksyon sa pagitan ng panlipunang produksyon at pribadong pagmamay-ari, at sa pagitan ng organisadong produksyon ng indibidwal na mga empresa at napakagulong kondisyon ng panlipunang produksyon. Matagal nang ipinaliwanag ni Lenin, "Hindi mapapawi ng monopolyong lumitaw mula sa malayang kompetisyon ang kompetisyon. Ito ay nakakubabaw sa kompetisyon at umiiral kasabay ng kompetisyon, samakatwid ay tumutungo sa napakaigting na mga kontradiksyon, gasgasan, at komprontasyon."[5] "Ang kumbinasyon ng dalawang magkatunggaling 'prinsipyo' ng kompetisyon at monopolyo ay kumakatawan sa tunay na kalikasan ng kapitalismo. Ang kumbinasyong ito ay nagbubunga ng disintegrasyon, ibig sabihin, ang sosyalistang rebolusyon."[6]

## Ang Kapital sa Pinansya ay Monopolistang Makapangyarihan sa Lahat

### Ang Kapital sa Pinansya ay Nabubuo sa Pamamagitan ng Pagsasanib ng Kapital sa Bangko at Kapital sa Manupaktura

Ang unang katangiang pang-ekonomya ng imperyalismo ay monopolyo. Ang ikalawa ay ang pormasyon ng kapital sa pinansya at ang paghahari ng oligopolyo sa pinansya. Sa paglitaw ng monopolyo sa manupaktura, lumilitaw rin ang monopolyo sa industriya ng pagbabangko. Noong dominante ang malayang kompetisyon, nagsisilbi ang bangko bilang *middleman*. Pinagsasama-sama nito ang mga tiwangwang na pondo sa lipunan para sa paggamit ng kapitalista sa pagmamanupaktura at komersyo sa pamamagitan ng maikling panahong pautang. Sa pagdating ng imperyalistang yugto, natatransporma ang bangko mula sa pagiging *middleman* tungo sa isang monopolistang makapangyarihan sa lahat. Ang monopolyo sa industriya ng pagbabangko ay nagreresulta sa isang pundamental na pagbabago sa relasyon sa pagitan ng bangko at industriya ng pagmamanupaktura. Pinapasok ng malalaking bangko ang industriya ng pagmamanupaktura sa pamamagitan ng pagbili ng mga saping puhunan sa manupaktura. Pinapasok ng mga monopolyong organisasyon sa manupaktura ang mga bangko sa pagbili ng mga saping puhunan ng bangko. Bilang resulta, unti-unting nagsasanib ang monopolyong kapital sa bangko at monopolyong kapital sa manupaktura para buuin ang kapital sa pinansya. "Ang konsentrasyon ng kapital; ang pag-unlad ng monopolyo mula sa konsentrasyon; ang pagsasanib ng mga bangko at industriya ng pagmamanupaktura o kanilang magkahalong paglago – ang mga ito ang pinagmumulan ng kapital sa pinansya at ng nilalaman ng konseptong ito."[7] "Ang katangian ng imperyalismo ay hindi kapital sa manupaktura, kundi kapital sa pinansya."[8] Ang iilang pinakamalalaking kapitalista na may kontrol sa malalaking kapital sa pinansya ay ang mga oligopolista sa pinansya. Ang pangunahing pamamaraan sa pagkontrol ng kapital sa pinansya sa pambansang ekonomya ay ang "sistemang partisipasyon." Sa pamamagitan ng mayor na kumpanyang *joint stock* ("inang kumpanya") na kontrolado ng kapital sa pinansya, binibili ang sapi ng

iba pang kumpanyang*joint stock*. Sa sandaling kontrolado na ang kanilang saping puhunan, sila'y nagiging mga "anak na kumpanya." Ganitong paraan ding ang ginagamit ng ganitong mga anak na kumpanya para kontrolin ang mas marami pang "apong kumpanya." Sa ganitong paraan, ang isang relatibong maliit na kapital ay makakakontrol at makakamanipula sa kapital na maraming ulit ang laki kaysa orihinal na kapital. Ang pambansang ekonomya at kalakhan ng yamang likha ng masang anakpawis, sa gayon, ay nakokontrol ng iilang oligopolista sa pinansya. Noong 1968, kontrolado ng 18 grupo sa pinansya sa United States ang *capital assets* (ari-ariang kapital) na nagkakahalaga ng 678.4 bilyong dolyar. Sa mga ito, ang mga grupo nina Morgan at Rockefeller ang dalawang pinakamalaking monopolyong organisasyon sa pinansya. Hawak nila ang pinakamalaking kapangyarihang pang-ekonomya at saklaw ng kanilang impluwensya ang buong kapitalistang daigdig. Noong 1970, kontrolado ng dalawang grupo sa pinansyang ito ang ari-ariang kapital na umaabot sa 330.4 bilyong dolyar, na kumakatawan sa humigit kumulang kalahati ng ari-ariang kapital na kontrolado ng 18 monopolyong organisasyon sa pinansya ng US, at humihigit sa lahat ng pinagsama-samang ari-ariang kapital na kontrolado ng monopolyong organisasyon sa pinansya ng England, France, Japan, at West Germany. Saklaw ng mga empresang kontrolado ng grupo ni Morgan ang iba't ibang departamento ng pambansang ekonomya, laluna ang batayang mga industriya tulad ng bakal at asero, kuryente at gas, elektroniks, at kemikal. Sa *public utilities* at transportasyon, mas malakas pa ang pusisyon ng grupo ni Morgan, na gumagampan ng mahalagang papel sa ekonomya ng United States. Ang mga empresang kontrolado ng grupo ni Rockefeller ay mas konsentrado. Kontrolado ng limang mayor na kumpanya nito ng langis ang 94.1 porsyento ng pagmimina ng langis sa United States noong 1967. Ang dalawang grupo ay gumaganap ng mapagpasyang impluwensya sa ekonomya ng United States.

### Direktang Kinokontrol ng Kapital sa Pinansya ang Kapangyarihang Pampulitika ng Estado at Iba pang Superistruktura

Ipinaliwanag ni Lenin, "Sa sandaling mabuo ang monopolyo, na kumokontrol sa napakalaking kapital, di maiiwasang papasukin nito ang iba't ibang aspeto sa buhay ng lipunan."[9] Para ibayong pagsamantalahan at apihin ang masang anakpawis para sa dambuhalang monopolyong tubo, habol ng kapital sa pinansya na kontrolin hindi lamang ang buhay pang-ekonomya ng estado kundi maging ang kapangyarihang pampulitika ng estado. Sinusuhulan ng oligopolista sa pinansya ang matataas na opisyales at mambabatas ng estado para magsilbing tagapagsalita nila sa kontrol ng makinarya ng estado. Minsan, personal nilang hinahawakan ang mga pusisyon sa pamunuan ng estado. Kuning halimbawa ang administrasyon ni Eisenhower matapos ang digmaan. Nakaupo sa pwesto si Eisenhower sa suporta ng mga grupo nina Morgan at Rockefeller. Sa 272 matataas na opisyales sa kanyang administrasyon, 150 ay malalaking kapitalista. Kabilang sa mga ito, si Secretary of State Dulles ay isang *trustee* ng Rockefeller Foundation, si Defense Secretary Wilson ay pangkalahatang manedyer ng General Motors Company, si Gates, isa pang kalihim sa depensa, ay isang mahalagang tao sa grupo ni Morgan at tumayo bilang direktor ng Morgan Guaranty Trust Company noong 1965, at si Secretary of Treasury Humphrey ay isang responsableng opisyal ng Han-na Mining Company na isang mayor na empresa ng grupong Cleveland. Kontrolado ng oligopolyo sa pinansya hindi lamang ang kapangyarihang pampulitika ng estado kundi maging ang iba't ibang larangan ng superistruktura. Ang industriya ng dyaryo, paglalathala, brodkasting, telebisyon, at pelikula ay pawang kontrolado ng monopolyong kapital at oligopolyo sa pinansya. Pag-aari rin ng grupo ni Rockefeller ang pinakamalaking "pilantropong empresa," iba't ibang *foundation*, *learned societies*, museo, ospital, "organisasyong pangkagalingan", at sentro ng "kultura." Ang lahat ng ito ay ginamit na kasangkapan ng grupo sa pinansya ni Rockefeller para sumaklaw sa iba't ibang aspeto ng buhay panlipunan.

Itinutulak ng Monopolyong Kapitalismo ng Estado ang Relasyon ng Kapital at Paggawa Hanggang sa Sukdulan

Minsa'y sinabi ni Engels na kapag umunlad ang kapitalismo sa isang tiyak na yugto, "kinakailangang umako ng responsibilidad para sa pangangasiwa ng produksyon ang tunay na ahente ng lipunang kapitalista, ang estado."[10] Sa imperyalistang yugto kung saan napakaunlad ng mga pwersa sa produksyon, lumilitaw na ang ilang grupo ng monopolyong kapital ay lalong hindi makakontrol sa mga pwersa sa produksyon. Bunga nito, lumilitaw ang penomenon na "pinagsasanib ng estado ang napakalaking kapangyarihan. Nagiging mas malala ang kahiya-hiyang pang-aapi nito sa masang anakpawis."[11] Ito ang monopolyong kapitalismo ng estado. Ang monopolyong kapitalismo ng estado ay monopolyong kapitalismo batay sa kapitalistang pagmamay-ari at pagsasanib ng monopolyong kapital sa kapangyarihang pampulitika ng estado.

Ang mabilis na pag-unlad ng monopolyong kapitalismo ng estado ay isang tampok na katangian ng kontemporaryong imperyalismo. Mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ipinatupad ng mga imperyalistang bayan ang tinaguriang "nasyunalisasyon" sa pamamagitan ng pagbili ng estado sa mga pribadong empresa; o kaya, tuwirang namumuhunan ang estado sa mga tinaguriang "empresa ng estado." Ang mga monopolyong kapitalistang empresang ito ng estado ay bumubuo sa napakalaking proporsyon ng mga kapitalistang empresa. Noong 1968, ang bahagi ng monopolyong kapitalistang empresa ng estado sa apat na mayor na bayan sa Western Europe ay ganito:

| Mga Bayan | % ng Parte sa mga Tauhan at Manggagawa | % ng Parte sa mga Pag-aari |
|---|---|---|
| France | 11.2 | 33.5 |
| West Germany | 8.7 | 22.7 |
| Italy | 11.6 | 28 |
| United Kingdom | 8.5 | 17 |

Ang pag-unlad ng monopolyong kapitalismo ng estado ng United States ay mayroong sariling katangian. Sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagtatag ng maraming "empresa ng estado" ang gubyerno ng United States. Matapos ang digmaan, ibinenta ang mga ito sa mga grupo ng monopolyong kapital sa napakababang presyo. Kaalinsabay, ginamit ng gubyerno ng United States ang pamamaraang "pagsasalin ng dugo" sa pagsuporta sa mga grupo ng monopolyong kapital sa pamamagitan ng mga buwis na pinipiga sa mamamayan.

Ang mga serbisyong ibinibigay ng mga imperyalistang bayan sa monopolyong burgesya, dagdag pa sa "nasyunalisasyon" at "empresa ng estado," ay nag-anyo sa mga sumusunod, at tinitiyak ang dambuhalang monopolyong tubo ng mga monopolyong grupo: (1) paggamit ng pondo ng tesorerong pederal at mga buwis ng mamamayan para bigyan ng subsidyo ang mga kapitalista kapag pinapasok nila ang risgo ng pamumuhunan; (2) redistribusyon ng malaking bahagi ng pambansang kita pabor sa organisasyon ng monopolyong kapital sa pamamagitan ng batas at badyet ng estado; (3) paglikha ng mga pasilidad na paborable sa konsentrasyon at akumulasyon ng kapital ng monopolyong kapitalista at kanyang paglamon sa katamtaman at maliliit na empresa; at (4) bagamat magkakaiba ng paraan kung paano pinagsisilbihan ng mga imperyalistang bayan ang kanilang monopolyong burgesya, ang kanilang layunin ay iisa, ibig sabihin, ang pagpapalakas ng kapitalistang pang-aalipin sa proletaryado. "Habang mas maraming pwersa sa produksyon ang inaari ng burges na estado, mas nagiging tunay na ganap na kapitalista ito, at mas pinagsasamantalahan nito ang

mamamayan. Ang manggagawa ay nananatiling upahang paggawa at isang proletaryo. Ang kapitalistang relasyon ay hindi lamang hindi napapawi, naiaangat pa ito sa kanyang kasukdulan."[12]

Kabaligtaran sa ipinipilit ng burges na tagapangatwiran at modernong rebisyunista, ang monopolyong kapitalismo ng estado ay walang anumang "sosyalistang nilalaman" na nakakapagbigay ng planadong pamumuno sa pambansang ekonomya. Kabaligtaran nito, walang binago ni katiting ang monopolyong kapitalismo ng estado sa kapitalistang kalikasan ng relasyon sa produksyon. Ito ay kinasangkapan lamang ng mga imperyalistang bayan para paglingkuran ang monopolyong organisasyon at palakasin ang paghahari ng oligopolyo sa pinansya. Ang monopolyong kapitalismo ng estado ay nagpapatindi sa pagsasamantala ng monopolyong kapital sa uring manggagawa at masang anakpawis, pinalalala ang pandarambong ng monopolyong kapital sa mamamayan ng mga kolonya, pinabibilis ang pag-aarmas at paghahanda sa digmaan, at pinatitindi ang kompetisyon at kaguluhan kaya't naging lalong maigting ang likas na kontradiksyon sa lipunang kapitalista. Ito ay bumabangga sa papalakas na paglaban ng proletaryado at malawak na masang anakpawis, at kaalinsabay, ay isa pang dagdag na hakbang sa paghahanda ng mga materyal na kondisyon para sa proletaryong rebolusyon.

## Ang Eksport ng Kapital ay Tumutungo sa Pandaigdigang Dominasyon ng Kapital sa Pinansya

### Ang Eksport ng Kapital ay Palatandaan ng Relatibong Labis na Kapital

"Ang katangian ng lumang kapitalismo kung saan nangingibabaw ang malayang kompetisyon ay eksport ng kalakal. Ang katangian ng bagong kapitalismo kung saan nangingibabaw ang monopolyo ay eksport ng kapital."[13] Umiiral ang eksport ng kapital sa yugto ng kapitalismo bago ang monopolyo; pero laganap at signipikante lamang ito sa yugto ng monopolyong kapitalismo. Ito ay dahil tumutulong sa akumulasyon ng malaking halaga ng kapital ang malupit na pagsasamantala ng monopolyong organisasyon sa lokal na anakpawis sa mga imperyalistang bayan. Gayunman, dahil monopolisado na ang halos lahat ng mapagtutubuang negosyo sa loob ng bayan, at hindi matitiyak ang dambuhalang monopolyong tubo sa ibang hindi gaanong maunlad na lokal na sektor, malaking kantidad ng natipong kapital ang sa gayo'y nagiging "labis na kapital." Saan makakatagpo ng mapagtutubuan ang "labis na kapital" na ito? Doon sa mga umuunlad na bayan kung saan kaunti ang kapital, mababa ang sahod, mura ang lupa at hilaw na materyales, at makakakuha ng dambuhalang monopolyong tubo. Samakatwid, ang kapital ay ineeksport para sa dambuhalang monopolyong tubo sa pamamagitan ng tuwirang pamumuhunan (mga pautang), at ganid na pinagsasamantalahan ang malawak na masang anakpawis sa umuunlad na mga bayan. Ang eksport ng kapital ay mabilisang umunlad lamang sapul nang magsimula ang ika-20 siglo. Noong 1970, ang kabuuang eksport ng kapital mula sa mga mayor na kapitalistang bayan ay umabot sa mahigit 300 bilyong dolyar, mahigit limang ulit na pagtaas kaysa noong 1914.

### Ang Eksport ng Kapital ay Isang Imperyalistang Kasangkapan Para Pagsamantalahan at Apihin ang Mamamayan ng Iba't Ibang Bayan

Sa paghahanap ng monopolyong tubo at panlabas na paglawak, ang eksport ng kapital ay isang mahalagang kasangkapan na gamit ng monopolyong kapitalista para pagsamantalahan at dambungin ang mamamayan ng iba't ibang bayan, laluna ang mamamayan ng umuunlad na mga bayan sa Asya,

Aprika, at Latina Amerika. Kuning halimbawa ang lumang Tsina. Noong bisperas ng Digma Laban sa Hapon, umabot sa 4.3 bilyong dolyar ng dayuhang kapital sa Tsina. Sa pagtatapos ng digmaan, tumaas ito sa 9.8 bilyong dolyar, kung saan ang parte ng pamumuhunan ng imperyalismong Hapon ay pinakamalaki, at umaabot sa 6 bilyong dolyar. Kontrolado ng dayuhang kapital na ito ang 70 porsyento ng modernong industriya at transportasyon ng Tsina, 95 porsyento ng industriya ng bakal at asero at ng petrolyo, 75 porsyento ng industriya ng elektrisidad at uling. Mahigit kalahati ng industriya sa pagproseso ng pagkain ay pinatatakbo ng dayuhang kapital. Noong 1945, matapos sumuko ang imperyalistang Hapon, pinalitan ng imperyalismong US ang imperyalismong Hapon bilang dominanteng kapangyarihan sa Tsina. Noong 1948, ang pamumuhunan ng imperyalistang US sa Tsina (kabilang ang tinaguriang "tulong ng United States") ay kumakatawan sa 80 porsyento ng dayuhang pamumuhunan sa Tsina. Ang pagsakop ng dayuhang kapitalismo "ay hindi lamang gumanap ng papel sa pagpapahina ng pyudal na batayang pang-ekonomya ng Tsina, kundi lumikha rin ng ilang obhetibong mga kondisyon at posibilidad para sa pag-unlad ng kapitalistang produksyon sa Tsina."[14] Gayunman, "ang layunin ng mga imperyalistang kapangyarihan sa pagsakop sa Tsina ay tiyak na hindi para itransporma tungong kapitalistang Tsina ang pyudal na Tsina. Ang layunin nila ay ang kabaligtaran. Gusto nilang itransporma ang Tsina bilang kanilang malakolonya o kolonya."[15] Ang pagpasok ng malaking halaga ng dayuhang kapital sa pangmatagalang batayan ay seryosong nagpahina sa mga panlipunang pwersa sa produksyon ng Tsina at naghatid ng matinding karalitaan sa pamumuhay ng mamamayang Tsino, at nagpababa sa Tsina sa katayuang malakolonyal at malapyudal.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagkaroon ng malaking pagtaas sa eksport ng kapital mula sa mga kapitalistang bayan, at ang United States ang naging pinakamalaking bayang taga-eksport ng kapital. Noong 1914, nag-eksport lamang ang United States ng 3.5 bilyong dolyar ng kapital. Noong 1970, mabilis itong tumaas sa 155.5 bilyong dolyar, mahigit na 43 ulit na paglaki sa loob 56 na taon. Kasabay ng mabilis na pagtaas ng eksport ng kapital, nagkaroon din ng malaking pagtaas sa dambuhalang monopolyong tubo ng mga monopolyong kapitalista. Mula 1950 hanggang 1970, ang tubo mula sa pribadong tuwirang pamumuhunan ng United States sa mga dayuhang bayan ay umabot sa 88.77 bilyong dolyar, o mas mataas nang 14 porsyento kaysa kabuuang pribadong tuwirang pamumuhunan ng United States sa mga dayuhang bayan hanggang katapusan ng 1970. Kagulat-gulat ang laki ng tubo mula sa pamumuhunan ng imperyalismo sa Asya, Aprika, at Latina Amerika. Halimbawa, noong 1970 ang tuwirang pamumuhunan ng United States sa Asya, Aprika, at Latina Amerika ay bumubuo sa 43.5 porsyento ng kabuuang tubo mula sa lahat ng tuwirang dayuhang pamumuhunan. Sa kasalukuyan, ang imperyalismo ang naging pinakamasibang sumipsip ng dugo ng mamamayan sa malawak na bahagi ng daigdig.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, dagdag pa sa ibayong pagpapaunlad ng eksport ng pribadong kapital, ang mga imperyalistang bayan ay nagtuon ng papalaking atensyon sa eksport ng kapital ng estado. Ang mayor na anyo ng eksport ng kapital na ito ng estado ay dayuhang "ayuda". Mula kalagitnaan ng 1945 hanggang kalagitnaan ng 1971, umabot ang kabuuang laki ng dayuhang "ayuda" ng United States sa 149.6 bilyong dolyar. Ang dayuhang "ayuda" na ito ay pinagbukod sa tinaguriang "*grants*" at "*loans*". Ang mga "*grant*" ay libre sa turing; pero sa katunayan, ang mga ito ay tali para makontrol ang mga bayang binibigyan ng *grant*. Matagal nang inilantad ni Tagapangulong Mao ang reaksyunaryong layuning pampulitika ng "ayuda" ng imperyalistang US: "Regalo, oo; pero may mga kondisyon. Anu-anong kondisyon? Dapat mong sundan ang aking mga hakbang."[16] Sa mga nakaraang taon, papataas ang proporsyon ng mga pautang mula sa mga imperyalistang bayan, at ang proporsyon ng mga "*grant*" ay kaakibat na pababa. Ang tinaguriang mga pautang na ito ay pawang may tantos ng interes na lampas sa limang porsyento kada taon. Umabot ang pinakamataas na tantos sa walong porsyento kada taon. Dagdag pa, maraming nakakabit na tali sa pulitika, ekonomya, at militar. Hindi lamang ito paninipsip ng dugo kundi isa rin itong mahalagang

kasangkapan para ipatupad ang mga patakarang agresibo at mapanakop ng imperyalismo at sa labanan para sa pandaigdigang hegemonya.

Ang eksport ng kapital mula sa mga imperyalistang bayan ay nagdudulot ng matinding kahirapan sa mga bayang kolonyal at malakolonyal at sa kanilang mamamayan. Gayunman, ubos-kayang sinisikap ng mga imperyalista at rebisyunista na ipagtanggol ang mga agresibong gawaing ito. Sinasabi nila na ang eksport ng kapital ay "makakatulong" sa mga bayang atrasado ang ekonomya para maabot ng kasaganaang pang-ekonomya. Walang kahihiyang iminungkahi pa ng Sobyet na rebisyunistang taksil na maaaring gastusin ng imperyalismo ang lahat ng salaping naipon mula sa kabuuang pagdidisarma para "tulungan" ang mga bayang atrasado ang ekonomya sa Asya, Aprika, at Latina Amerika na lumikha ng bagong kapanahunan. Lahat ng bansa at mamamayan ng daigdig na napailalim ng pagsasamantala at pang-aalipin ay dumanas nang husto ng kahirapan dulot ng tinaguriang "ayuda" ng imperyalismo. Ang pamilihan ay lumiliit para sa naturang mga argumento ng mga Sobyet na rebisyunistang taksil.

## Hinati ng Internasyunal na Monopolyong Alyansa ang Daigdig sa Usapin ng Ekonomya

### Ang Internasyunal na Monopolyong Alyansa ay Isang Supermonopolyo

Hinahati muna ng mga monopolyong organisasyon ng isang bayan ang lokal na pamilihan. Sa ilalim ng kapitalismo, mahigpit na kaugnay ng lokal na pamilihan ang dayuhang pamilihan. Dahil sa papataas na eksport ng kapital at sa paglawak ng internasyunal na asosasyon at saklaw ng impluwensya ng pinakamalaking monopolyong alyansa, iilang malalaking monopolyong organisasyon ng ilang bayan ang nakakakontrol sa kalakhan ng produksyon at distribusyon ng ilang kalakal sa daigdig. Ang malalaking monopolyong organisasyong ito ay pare-parehong makapangyarihan at maaari, bunga ng pansariling interes at sa ilalim ng tiyak na mga kondisyon, na gumawa ng mga pansamantalang internasyunal na kasunduan at bumuo ng mga alyansa para itakda ang internasyunal na monopolyong presyo, paghati-hatian ang mapagkukunan ng hilaw na materyales at pagbebentahang pamilihan, ilimita ang kota sa produksyon, at bumuo sa gayon ng internasyunal na monopolyong organisasyon. Ang mga monopolyong organisasyong ito ay lumampas na sa hangganan ng isang bayan. Tinawag ni Lenin ang mga ito na "supermonopolyo."

Ang mga supermonopolyong organisasyon na ito ay lumitaw noon pa mang dekadang 1870 at mabilis na umunlad sa ika-20 siglo. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nabuo ang bagong mga internasyunal na monopolyong organisasyon, at nalusaw ang ilang lumang internasyunal na monopolyong organisasyon. Ayon sa istatistiks, hanggang 1968, ang kabuuang dayuhang ari-ariang kapital (halaga sa akawnting) ng mga internasyunal na monopolyong kumpanya ay umabot sa 94 bilyong dolyar. Ang halaga ng taunang produksyon ng kanilang dayuhang subsidyaryong kumpanya ay 240 bilyong dolyar. Ang limang pinakamalalaking internasyunal na monopolyong organisasyon noon ay: ang General Motors Company, New Jersey Standard Oil Company, Ford Motor Company, British-Dutch Shell Oil Company, at General Electric Company. Bilang resulta ng mabilis na pag-unlad ng mga internasyunal na monopolyong kumpanya, lumakas ang monopolyo sa pandaigdigang produksyon at kalakalan ng mga monopolyong grupo sa pinansya. Ilang larangan sa manupaktura sa kapitalistang daigdig tulad ng gomang gulong, langis, tabako, gamot, at kotse ay halos buung-buong kontrolado ng mga internasyunal na monopolyong organisasyon. Sa nakaraang mga taon, nagkaroon ng bagong mga pag-unlad sa panrehiyong internasyunal na mga monopolyong

alyansa. Ang Common Market at European Free Trade Area ng Western Europe, sa usaping pang-ekonomya, ay mga tipo ng panrehiyong internasyunal na monopolyong alyansa. Ang kanilang pag-unlad at paglawak ay nagsilbing *check and balance* sa mga bigong pagtatangka ng United States at Unyong Sobyet na paghatian ang daigdig.

### Tumitindi ang Tunggalian ng mga Internasyunal na Monopolyong Alyansa

Sa imperyalistang yugto, ang napakalaking pag-unlad ng mga monopolyong organisasyon ay nangangailangan ng mas maraming suplay ng mga rekurso at pamilihan para sa mga kalakal at mas maraming lugar para sa pamumuhunan ng kapital. Kuning halimbawa ang 1969: ang proporsyon ng hilaw na materyales na iniimport ng United States mula sa Asya, Aprika, at Latina Amerika ay ang sumusunod: *tin ore*, 78.2 porsyento; *manganese ore*, 91.9 porsyento; *copper ore*, 78.2 porsyento; petrolyo, 62.9 porsyento; *chromium* at iba pa, 41.6 porsyento. Mataas din ang proporsyon ng import ng hilaw na materyales ng Japan, West Germany, at United Kingdom mula sa Asya, Aprika, at Latina Amerika. Ang tunggalian sa pagitan ng mga internasyunal na monopolyong organisasyon para sa mapagkukunan ng hilaw na materyales, sa gayon, ay papalubha. Para lumaban para sa langis sa Middle East, sinikap nang husto ng mga monopolyong kapitalista ng maraming bayan na makapasok sa lugar na ito, at bunga nito, naging lalong matindi at kumplikado ang tunggalian.

Ang tunggalian sa hanay ng mga monopolyong organisasyon ng iba't ibang bayan sa pamilihan para magbenta ng mga kalakal ay napakatindi rin. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, dominado ng United States ang pamilihan sa kapitalistang daigdig sa ilang panahon. Ang kanyang kabuuang bulto ng eksport ay sang-katlo ng kabuuang eksport ng kapitalistang daigdig. Pero sa umaangat na kapangyarihang pang-ekonomya ng Western Europe at Japan, nagsimulang humina ang hegemonya ng United States. Noong 1971, ang parte niya sa mga eksport ng kapitalistang daigdig ay bumaba sa 14.2 porsyento na lamang. Sa Asya, Aprika, at Latina Amerika, ang mga monopolyong organisasyon ng Western Europe, North America, at Australia ay paulit-ulit na sumuong sa matitinding labanan para sa pamilihan. Sa harap ng paghugos papaloob ng mga kotse ng Japan sa West Coast ng United States, idinaing ni Henry Ford II, ang presidente ng Ford Motor Company: "Umpisa pa lamang ito. Sa lalong madaling panahon, papasukin ng mga Hapong ito ang pinakapuso ng Amerika." Malalim na ipinaliwanag ni Lenin: "Ang paghahati-hati ng mga kapitalista sa daigdig ay hindi dahil sa kanilang partikular na bisyosong katangian. Sa halip, nangyayari ito dahil umabot na ang konsentrasyon sa isang yugto na wala silang mapagpipilian kundi ang tahakin ang ganitong landas para makakuha ng tubo."[17]

Ang internasyunal na monopolyong alyansa sa simula ay isang internasyunal na monopolyong organisasyon na itinayo ng mga monopolyong kapitalista ng iba't ibang bayan upang paghati-hatian ang pandaigdigang pamilihan para sa dambuhalang monopolyong tubo. Pero sa pinakamainam, ang mga kasunduan at alyansa ng mga monopolyong kapitalista ng iba't ibang bayan para paghati-hatian ang daigdig ay pansamantala at relatibo. Ang kanilang paghahabol ng dambuhalang monopolyong tubo ay nagtitiyak na magpapatuloy ang tunggalian sa hanay nila nang walang hanggan. Sinasabi ng imperyalismo at rebisyunismo na maghahatid ng posibilidad ng kapayapaan sa mga bansa ang internasyunalisasyon ng kapital. Mariin nang pinuna ni Lenin ang pangangarap nang gising na ito. Ipinaliwanag ni Lenin: "Ang anyo ng tunggalian ng mga internasyunal na monopolyong organisasyon ay maaaring madalas na magbago sa iba't ibang relatibong lokal at pansamantalang dahilan. Pero ang kalikasan ng tunggalian at makauring nilalaman ng tunggalian ay hindi magbabago hanggat umiiral pa ang mga uri."[18] Ganap na pinatutunayan ng kasaysayan ng huling kalahating siglo ang syentipikong pagsusuri ni Lenin.

**Ang Kompetisyon ng mga Imperyalistang Kapangyarihan para sa Dibisyon at Redibisyon ng Daigdig**

Ang mga Kolonya ay Mahahalagang Kondisyon para sa Pag-iral ng Imperyalismo

Sa panahon ng imperyalismo, ang pang-ekonomyang dibisyon ng monopolyong kapitalista sa daigdig ay di maiiwasang susundan ng teritoryal na dibisyon ng daigdig sa mga kolonya. Nagsimula ang implementasyon ng kolonyal na patakaran at pagsakop ng mga kolonya noong yugto ng primitibong akumulasyon. Pero sa imperyalistang yugto lamang nagsimula ang "rurok" ng tunggalian para sa mga kolonya at tumindi ang tunggalian para hatiin ang mga teritoryo ng daigdig sa pagitan ng mga imperyalistang bayan. Ito ay dahil:

Una, ang mga kolonya ang pinakamahalagang mapagkukunan ng hilaw na materyales para sa imperyalismo. Ang monopolyo ay tumutungo sa malawakang-saklaw na produksyon. Habang mas masaklaw ang produksyon, mas marami ang kailangan na hilaw na materyales, at magiging mas mahalaga na makontrol ang mapagkukunan ng hilaw na materyales. Ipinaliwanag ni Lenin, "Habang mas abante ang kapitalismo, mas kaunti ang hilaw na materyales, at habang mas matindi ang tunggalian para sa mapagkukunan ng hilaw na materyales sa daigdig, mas matindi ang tunggalian para mangolonya."[19]

Pangalawa, ang mga kolonya ang pinakamapagtutubuan daluyan ng mga eksport ng kapital ng imperyalismo. Sa mga kolonya, ang mga monopolyong organisasyon ng imperyalistang panginoon ay mas malupit na makakapagsamantala at makakapang-alipin sa masang anakpawis. Mas madali nilang mapupuksa ang mga kakumpitensya sa monopolistikong pamamaraan at matitiyak ang dambuhalang monopolyong tubo ng mga ineksport na kapital.

Pangatlo, ang mga kolonya ang pinakamapagtutubuang pamilihan para sa mga monopolyong organisasyon. Kayang gamitin ng imperyalistang panginoon ang mga protektibong taripa para tiyakin ang kanilang monopolistang pusisyon.

Pang-apat, ang mga kolonya ay estratehikong base militar din sa tunggalian ng mga imperyalistang bayan para sa pandaigdigang hegemonya. Ang imperyalistang panginoon ay makakapagtatag ng maraming base militar doon, makakapagdambong ng maraming estratehikong materyales, at makakapagrekluta ng maraming sundalo para magsilbi sa patakarang militar ng imperyalismo.

Sa kabuuan, ang mga kolonya ay mahahalagang kondisyon para sa pag-iral ng imperyalismo. "Tanging sa pananakop ng mga kolonya buung-buong masisiguro ang tagumpay ng monopolyong organisasyon."[20] Kung gayon, laging naglalabanan ang mga imperyalistang bayan para sa mas maraming kolonya. Matapos ang dekadang 1870, ang tunggalian para paghati-hatian ng mga imperyalistang kapangyarihan ang mga teritoryo ng daigdig ay umabot sa antas na matalas sa sukdulan. Hanggang 1914, ang mga kolonyang sakop ng England, Russia, France, Germany, United States, at Japan ay umabot sa 65 milyong kilometrong kwadrado, at pinagharian nila ang 523 milyong tao. Sa kanilang hanay, ang lawak ng mga kolonyang pag-aari ng tsar ng Rusya ay pumapangalawa lamang ng sa England. Sa panahong iyon, sa 22.8 milyong kilometrong kwadrado ng Rusya, 17.4 milyon kilometrong kwadrado ay mga kolonya. Malinaw na ipinaliwanag ni Lenin, "Ipinakita ng tsaristang gubyerno nang mas malinaw kaysa iba pang pambansang gubyerno ang reaksyunaryong kalikasan ng digmaan, pandarambong, at pang-aalipin sa mamamayan."[21] Ang Tsaristang Rusya ay "bilangguan ng iba't ibang bansa."[22]

Ang Tsina ay matagal nang mabagsik na pinaghati-hatian ng mga imperyalistang kapangyarihan. Mula sa huling bahagi ng ika-19 na siglo, minarkahan ng mga imperyalistang bayan na sumakop sa Tsina ang kani-kanilang saklaw ng impluwensya ayon sa kanilang kapangyarihan sa ekonomya at militar sa Tsina at pinababa ito sa pagiging malakolonya. Halimbawa, nasa impluwensya ng Britain ang mga probinsya sa gitna at ibabang bahagi ng Ilog Yangtze; nasa ilalim ng impluwensya ng France ang probinsya ng Yunnan, Kwang-tung, at Kwangsi. Matapos ang Digmaang Ruso-Hapon noong 1905, pumailalim sa impluwensya ng Japan ang bahaging timog ng hilagang silangang Tsina. Sa proseso ng pagkatay ng imperyalismo sa Tsina, ang tsaristang Rusya ay pinakauna "sa pag-abot ng kanyang kakila-kilabot na mga kamay."[23] Sinakop ng lumang tsar ang Tsina "na parang isang magnanakaw"[24] at inokupa ang mahigit sa 1.5 milyong kilometrong kwadrado ng teritoryo ng Tsina, katumbas ng tatlong ulit ng lawak ng France o 12 ulit niyong sa Czechoslovakia.

## Di Maiiwasang Humantong sa Digmaan ang Dibisyon at Redibisyon ng mga Kolonya

Para makuha ang dambuhalang monopolyong tubo, kinakailangan ng imperyalismo na gumamit ng agresyon at pagpapalawak at makipaglaban para sa dibisyon at redibisyon ng mga teritoryo ng daigdig. Ang kalalabasan ng naturang kompetisyon ay itinatakda ng relatibong lakas ng mga imperyalistang bayan. Ang pinakamalakas ang may pandaigdigang hegemonya. Ang pinakamataas na anyo sa pagreresolba ng mga hidwaan sa pamamagitan ng lakas ay digmaan. Hanggat umiiral ang imperyalismo, di maiiwasan ang mga digmaan. Ang imperyalismo ay nakikipaglaban para sa mga kolonya at pandaigdigang hegemonya at nakakakuha ng dambuhalang monopolyong tubo sa pamamagitan ng mga digmaan. Ipinaliwanag ni Lenin, "Likha ng imperyalismo ang modernong mga digmaan."[25] Ang dalawang digmaang pandaigdig noong unang hati ng ika-20 siglo ay sanhi ng dibisyon at redibisyon ng daigdig at tunggalian ng mga imperyalistang kapangyarihan para sa pandaigdigang hegemonya.

Hindi maiwasang pinatindi ng monopolyo sa ekonomya ang pundamental na mga kontradiksyon ng imperyalismo at pinatingkad ang mga krisis sa pulitika at ekonomya ng kapitalismo. Para makawala sa mga krisis sa ekonomya at pulitika, para maibsan ang lokal na makauring kontradiksyon, at para iligtas ang sistemang kapitalista, sinusuong ng mga imperyalistang kapangyarihan ang risgo ng digmaan, sumasabak sa patalong mga tunggalian. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Ang pagsiklab ng mga imperyalistang digmaang pandaigdig ay pagtatangka ng mga imperyalistang bayan na isalba ang kanilang mga sarili sa mga bagong krisis sa ekonomya at pulitika."[26]

Sa sandaling maunawaan na natin ang pang-ekonomyang realidad ng imperyalismo, mauunawaan natin ang tanyag na pahayag ni Lenin na "sa pang-ekonomyang batayan ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, di maiiwasan ang mga imperyalistang digmaan."[27] Yumaman ang imperyalismong US sa mga digmaan. Noong dalawang digmaang pandaigdig, ang monopolyong organisasyon ng United States ay lumahok sa malawakang-saklaw na mga transaksyon sa pag-aarmas at nagkamal ng *windfall profit* mula sa mga digmaan. Noong Unang Digmaang Pandaigdig, ang mga monopolyong kapitalista ng United States ay nagkamal ng 38 bilyong dolyar bilang *windfall profit*; noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagkamal sila ng 117 bilyong dolyar bilang *windfall profit* at naging dominanteng kapangyarihan sa kapitalistang daigdig. Simula noon, ang monopolyong burgesya ng United States ay lalong nagtuon sa mga digmaan bilang *shortcut* tungong kasaganaan at patuloy na naglunsad ng mga gerang agresyon. Ayon sa istatistiks, noong gerang agresyon sa Korea, ang monopolyong kapital ng United States ay nagkamal ng 115.4 bilyong dolyar bilang *windfall profit*; sa gerang agresyon sa Byetnam, noon lamang 1964 at 1965, umabot sa 76 bilyong dolyar ang *windfall profit*. Bawat dolyar sa bulsa ng mga milyunaryo sa United States ay may bahid ng dugo ng masang

anakpawis. Hanggat umiiral ang imperyalismo, umiiral ang sanhi ng mga modernong digmaan. Para puksain ang digmaan, dapat nating puksain ang sistemang imperyalista.

Gayunman, laging gumagawa ang imperyalista at rebisyunista ng lahat ng klase ng kabalbalan para linlangin ang mamamayan nang sa gayon ay maprotektahan ang sistemang imperyalista. Isang tipikal na kahangalan ang makikita sa *Hinggil sa Super-imperyalismo*, isang akda na ginawa ng pinuno ng Ikalawang Internasyunal, si Kautsky, noong bisperas ng Unang Digmaang Pandaigdig. Sadyang hindi kinikilala ang katotohanan na ang panlabas na pagpapalawak at agresyon ng imperyalismo ay itinatakda ng pinakakatangian ng monopolyong kapitalismo, at mariin niyang iginiit na ang mga iyon ay mulat na patakaran ng mga imperyalista. Sa gayon, sinabi niya: "Hahalinhan ng mga patakarang ito ng neosuper-imperyalismo ang internasyunal na tunggaliang pampinansya ng internasyunal na kooperasyon para pagsamantalahan ang daigdig." Bilang resulta, lilitaw ang permanenteng kapayapaan. Para matalas na ilantad ang kasinungalingang ito, iginiit ni Lenin: "Ang *Hinggil sa Super-imperyalismo* ni Kautsky ay nakatuon sa paglikha ng ilusyon na maaaring makamit ang permanenteng kapayapaan sa ilalim ng kapitalismo. Ito ay sukdulang reaksyunaryong kaisipan na nagtatangkang linlangin ang masa; isa itong paraan para ibaling ang atensyon ng mamamayan mula sa kontemporaryong matatalas na kontradiksyon at nangingibabaw na problema tungo sa mapanlinlang na kinabukasan ng tinaguriang 'neosuper-imperyalismo'."[28] Simula noong pagkakagawa ng *Hinggil sa Super-imperyalismo* ni Kautsky, itinuring ito ng lahat ng rebisyunista bilang pinakamahalagang kayamanan. Paulit-ulit nilang ipinalalaganap ang "teoryang" ito sa ilalim ng magkakaibang balatkayo at kondisyon. Isinalarawan ng mga modernong rebisyunista ng Unyong Sobyet na pinamumunuan ni Brezhnev ang ilang relatibong pansamantalang kasunduan sa pagitan ng dalawang kontemporaryong *superpower* bilang tinaguriang "mga istruktura para sa permanenteng kapayapaan," sa bigong pag tatangkang ikubli ang nanunuot na kontradiksyon nila at linlangin ang mamamayan at patahimikin ang kabilang panig upang mapadali ang kanilang sariling imperyalistang pagpapalawak. Sa loob ng imperyalismo, mayroong kapwa kompetisyon at sabwatan. Ang sabwatan ay para sa layunin ng mas malaking kompetisyon. Ang kompetisyon ay absoluto at pangmatagalan, at ang sabwatan ay relatibo at pansamantala. Ang pansamantalang mga kasunduan ngayon ay naghahanda sa tanghalan para sa mas malaking kompetisyon sa kinabukasan.

Monopolyo ang pinakamalalim na pang-ekonomyang batayan ng imperyalismo. Itinatakda nito ang agresibo at mapandambong na kalikasan ng imperyalismo at hindi ito magbabago. Tulad ng inilinaw ni Tagapangulong Mao: "Kapag sinabi natin na 'lubhang mapanganib ang imperyalismo,' ibig nating sabihin na hindi magbabago ang kalikasan nito. Ang mga imperyalistang elemento ay hindi magsasalong ng kanilang mga sandata o gagawing *Buddha* ang kanilang mga sarili hanggang sa kanilang pagkapuksa."[29]

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral:**

Lenin, Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, kab. 1-6.
Chairman Mao, "Hinggil sa Bagong Demokrasya."
Chairman Mao, "Iwaksi ang mga Ilusyon at Maghanda para sa Pakikibaka."

**Mga Katanungan sa Pagbabalik-aral:**

1. Anu-ano ang batayang katangian ng imperyalismo? Bakit natin sinasabi na monopolyo ang nanunuot na pang-ekonomyang batayan ng imperyalismo?
2. Bakit natin sinasabi na hindi magbabago ang kalikasan ng imperyalismo? Punahin ang *Hinggil sa Super-imperyalismo* at mga nakabalatkayong bersyon nito.

**Mga Tala:**

1) "Imperyalismo at ang Isplit sa Kilusang Sosyalista," Piling mga Akda ni, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 883.
2) Ibid., p. 808.
3) Ibid., p. 817.
4) "Hinggil sa Kontradiksyon," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 289.
5) Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, pp. 807-08.
6) "Datos para sa Susog sa Saligang Batas ng Partido," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 24, pp. 431-32.
7) Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 769.
8) Ibid., p. 810.
9) Ibid., p. 779.
10) Engels, Anti-Duhring, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 317.
11) Estado at Rebolusyon, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 171.
12) Engels, Anti-Duhring, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 318.
13) Imperialism, the Highest Stage of Capitalism, Selected Works of Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 782.
14) "Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 589.
15) Ibid., p. 591.
16) "Paalam, Leighton Stuart!" Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1384.
17) Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 795.
18) Ibid., p. 795.
19) Ibid., pp. 802-03.
20) Ibid., p. 802.
21) "Sosyalismo at Digma," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 21, pp. 313-14.
22) "Ang Rebolusyonaryong Proletaryado at Pambansang Pagpapasya sa Sarili," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 21, p. 392.
23) "Mga Digma sa Tsina," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 4, p. 335.
24) Ibid., p. 336.
25) "Mga Borador ng mga Desisyon ng mga Kaliwang Zimmerwaldist," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 21, p. 324.
26) "Ang Kasalukuyang Kalagayan at ang mga Tungkulin ng Partido," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 733.
27) "Paunang Salita sa mga Edisyong French at German ng Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 733.
28) Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 836.
29) "Iwaksi ang mga Ilusyon at Maghanda para sa Pakikibaka," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, pp. 1375-76.

# Kabanata 10

## Ang Imperyalismo ay Bisperas ng Proletaryong Sosyalistang Rebolusyon

Ang Imperalismo ay Naaagnas at Naghihingalong Kapitalismo[*]

Matapos umunlad ang kapitalismo mula malayang kompetisyon tungo sa monopolyong yugto, tumindi ang iba't iba nitong mga kontradiksyon. Ang mga kontradiksyong ito, tulad ng mga bulkan, ay nagbabanta sa pag-iral ng imperyalismo. Kung gayon, ang buhay ng imperyalismo ay may hangganan. Sa kabila ng ipinapakita nitong kabangisan, ang imperyalismo ay isang tigreng papel. Ang imperyalismo ay bisperas ng sosyalistang rebolusyon.

### Ang Imperyalismo ay Parasitiko o Naaagnas na Kapitalismo

Ang Tendensyang Mapigil ang Pag-unlad
ng Produksyon at Teknolohiya

Nang umunlad ang kapitalismo tungong imperyalismo, nagsisimula itong maagnas at manghina. Ang imperyalismo ay parasitiko o naaagnas na kapitalismo. Ang naaagnas na kalikasan ng imperyalismo ay dulot ng monopolyong paghahari. Monopolyo ang pang-ekonomyang batayan ng naaagnas na kalikasan ng imperyalismo ay monopolyo.

Ang naaagnas na kalikasan ng imperyalismo ay pangunahing nakikita sa malalang paghadlang ng monopolyong organisasyon sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Artipisyal nitong hinahadlangan ang teknikal na pag-unlad at naghahatid ng tunguhin na mapigil ang pag-unlad ng produksyon at teknolohiya. Bago ang monopolyo, hindi maaaring ipagwalang-bahala ng kapitalista ang pag-unlad sa teknolohiya sa paghahabol niya ng labis na tubo sa kapinsalaan ng kanyang mga kakumpitensya. Sa monopolyong yugto, dahil kontrolado ng monopolyong kapitalista ang absolutong mayorya ng ilang sektor sa produksyon, nakapagkakamal siya ng dambuhalang monopolyong tubo sa pamamagitan ng pagtatakda ng monopolyong presyo. Sa gayon, ang hangarin na gumamit ng abanteng teknolohiya ay napapahina sa isang antas. Sa ilalim ng monopolyong paghahari, natatakot ang kapitalista na ang abanteng teknolohiya ay maaaring makapagpahina sa kanyang monopolyong posisyon. Madalas niyang artipisyal na pinipigilan ang pag-unlad ng bagong teknolohiya.

Bakit takot na takot ang monopolyong kapitalista sa abanteng teknolohiya at bakit niya ito hinahadlangan? Una, ang laganap na paggamit ng bagong teknolohiya at bagong kagamitan ay halos tiyak na magpapaliit ng presyo ng mga produkto at magpaparami ng produkto. Pero magreresulta rin ito ng pagkawala ng kapital di kaya'y pagiging lipas ang kanyang orihinal na mga makina at kagamitan, at magdudulot ng di nakikitang depresasyon; ikalawa, ang paggamit ng bagong teknolohiya at kagamitan ay tutungo sa kompetisyon mula sa katulad at mas murang mga kalakal na maaaring banta sa kanyang monopolyong pusisyon. Kadalasang nagbabawas ng produksyon ang monopolyong kapitalista para mapanatili ang monopolyong presyo at pumiga ng dambuhalang monopolyong tubo. Samakatwid, maraming bagong teknik at imbensyon na makabubuti sa pag-unlad ng produksyon ang isinasantabi sa sandaling mabili na ng monopolyong kapitalista ang mga

---

[*] Ti-kuo-chu-i shih wu-ch'an ch'ieh-chi she-hui-chu-i ko-ming ti ch'ien-yeh – ti-kuo-chu-i shih fu-hsiu ho ch'ui-ssu ti tsu-pen-chu-i.

patente ng mga ito. Halimbawa, ang teknolohiya para sa artipisyal na petrolyo ay makapipinsala sa monopolyo ng mga kumpanya ng petrolyo at isinantabi sa loob ng eksaktong 20 taon. Ang imbensyon ng atomikong enerhiya ay isang dakilang syentipikong tagumpay, pero ginagamit ito ng imperyalismo para gumawa ng mga atomikong sandata para sa agresyon at hindi lubusang ginagamit bilang motibong lakas sa industriya.

Ang paghadlang ng monopolyo sa pag-unlad ng produksyon at teknolohiya ay nagreresulta sa unti-unting pagbagsak sa tantos ng kapitalistang pinalawak na reproduksyon. Kuning halimbawa ang United States. Ang produksyong pang-industriya nito ay lumaki nang halos 3.9 na ulit sa 30 taon mula 1871 hanggang 1900. Pero sa tatlumpung taon [pansinin!] mula 1901 hanggang 1929, lumaki lamang ito nang 2.7 ulit. Sa 30 taon mula 1930 hanggang 1959, ang karaniwan (taunan) na tantos ng paglaki sa produksyong pang-industriya ay 4.4 porsyento lamang na lubusang naglalantad sa naaagnas na kalikasan ng imperyalismo.

Ang paglitaw ng tunguhing mapigil at maagnas sa pag-unlad ng produksyon at teknolohiya sa imperalistang yugto ay hindi nangangahulugan na ang pag-unlad ng teknolohiya sa produksyon sa mga imperyalistang bayan ay tumigil na. Inilinaw ni Lenin: “Kung iisipin natin na sa tunguhing maagnas na ito ay magiging imposible na ang anumang mabilis na pag-unlad ng kapitalismo, magkakamali tayo. Hindi, sa imperyalistang yugto, ang indibidwal na mga larangang pang-industriya, indibidwal na mga uri o saray ng burgesya, at indibidwal na mga bayan ay magpapakita sa iba’t ibang antas una ng ganitong tunguhin at pagkaraa’y ng ganoong tunguhin.”[1] Ito ay dahil nauuwi ang malayang kompetisyon sa monopolyo. Pero hinding-hindi pinapawi ng monopolyo ang kompetisyon. Ginagawa lamang nitong higit na maigting at walang-awa ang kompetisyon. Sa kompetisyon, ang iba’t ibang grupo ng monopolyong kapital ay gumagamit ng karahasan, panunuhol, panloloko, at pandaraya para mawala ang mga kakumpetensya. Kaalinsabay, ang relatibong lakas pang-ekonomya sa hanay ng iba’t ibang mayor na kapitalistang bayan ay maaaring magbago. Sa ilalim ng pangkalahatang tendensya ng nabigong pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, ang pusisyon ng ilang kapitalistang bayan ay maaaring humina, pero ang pusisyon ng iba ay maaaring lumakas. Samakatwid, sa monopolyong yugto, ang pag-unlad ng produksyon at teknolohiya sa mga imperyalistang bayan ay dumaranas ng pangkalahatang tendensyang mapigil ang pag-unlad. Pero hinding-hindi nito inaalis ang posibilidad ng higit na mabilis na pag-unlad ng teknolohiya sa produksyon sa isang partikular na panahon, indibidwal, o sektor.

Sa imperyalistang yugto, ang teknolohiya sa produksyon ng indibidwal na mga bayan ay maaaring dumaan sa mas mabilis na pag-unlad. Pero ito ay kadalasang pansamantala at pambihira. Kuning halimbawa ang Japan. Noong 1950-1971, ang pambansang produksyon ng Japan ay lumaki sa karaniwang taunang tantos na mahigit 10 porsyento. Ang ganitong tunguhin ay hindi mapapanatili nang matagalan. Ang mas mabilis na pag-unlad na ito sa produksyon ng Japan ay resulta ng substansyal na ayuda ng imperyalismong US sa monopolyong kapital ng Japan. Ang mga gerang agresyon ng imperyalismong United States laban sa Korea at Byetnam ay naghatid ng *windfall profit* sa mga monopolyong kapitalista ng Japan. Sa panahon ng gerang agresyon laban sa Korea noong 1950-53, binayaran ng imperyalismong US ang Japan nang di bababa sa dalawang bilyong dolyar para sa mga order sa “espesyal na pangangailangan” ng militar. Sa panahon ng gerang agresyon laban sa Byetnam, ang kabayaran ng imperyalismong US sa Japan para sa “espesyal na pangangailangan” ay nagkahalaga nang 300-400 milyong dolyar kada taon noong unang hati ng dekadang 1960. Mula 1965 pataas, lumaki ito sa 500-600 milyong dolyar kada taon. Ang imperyalismong US ay nagbigay rin ng malalaking pautang sa monopolyong kapital ng Japan, tuwirang namuhunan sa mabigat na industriya ng Japan, at nag-eksport ng malaking bilang ng teknikal na patente papuntang Japan. Kaalinsabay, malupit na pinagsasamantalahan ng monopolyong kapital ng Japan ang lokal na masang anakpawis at tumanggap ng malalaking subsidyo mula sa badyet ng estado. Lahat ng ito ay tumulong din sa

mabilis na pag-unlad ng industriya ng Japan. Naging napakakompetitibo sa pandaigdigang pamilihan ang mga produkto ng Japan dahil sa pinababang-halaga ng Japanese yen.

Ipinapakita sa itaas na ang mga salik na nagtulak sa pag-unlad ng industriya ng Japan ay hindi makatatagal. Ang mabilis na pag-unlad ng ekonomya ng Japan ay hindi lamang pansamantala kundi abnormal din at walang pundasyon. Una, kaakibat ng bulag na pag-unlad ng industriya ng Japan, ang produksyong pang-agrikultura ay tuluy-tuloy na humina. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, bumagsak ang produksyon ng pagkaing trigo sa Japan, substansyal na nabawasan ang produksyon ng utaw, at humina ang produksyon ng bigas sapul noong 1968. Mula 1960 hanggang 1970, ang tantos ng kasapatan-sa-sarili ng produktong pagkain ng Japan ay bumagsak sa 73 porsyento mula 90 porsyento. Ikalawa, sa kalakha'y inimport ang hilaw na materyales at lubhang palaasa sa pamilihang eksport ang mga kalakal. Ang tumbasan sa import ng 10 mayor na hilaw na materyales, kabilang ang tanso, aluminum, mineral na bakal, petrolyo, at uling, ay 71 porsyento noong 1960 at lumaki sa 90 porsyento noong 1970. Ang tumbasan sa eksport ng mga produktong pang-industriya ng Japan ay lumaki mula 18.3 porsyento noong 1950 tungong 31.1 porsyento noong 1969, kabilang ang 46.4 porsyento ng mga produktong hinabi mula sa sintetikong sinulid, 67.4 porsyento ng mga makinang panahi, at 68.9 porsyento ng mga barko. Ipinapakita ng mga datos na ito na ang pundasyon ng pang-ekonomyang pag-unlad ng Japan ay lubhang mabuway. Imposible nitong maituluy-tuloy sa mahabang panahon ang pag-unlad sa kasalukuyang bilis ng takbo. Di maiiwasang mangibabaw ang tendensya tungo sa istagnasyon.

## Ang Militarisasyon ng Pambansang Ekonomya ay Malubhang Sumisira sa Panlipunang Pwersa sa Produksyon

Ang militarisasyon ng pambansang ekonomya ay walang patutunguhan; ito ang tiyak na tatahakin ng imperyalistang pag-unlad sa ekonomya. Di maiiwasang resulta ito ng pag-unlad ng likas na mga kontradiksyon ng kapitalismo at kongkretong manipestasyon din ng papalubhang naaagnas na kalikasan ng imperyalismo. Para mabawasan ang kontradiksyon sa pagitan ng paglago ng kapitalistang pwersa sa produksyon at kakulangan sa kakayahang bumili ng masang anakpawis, at para maiwasan ang mga pang-ekonomyang krisis at mahating-muli ang daigdig upang makakuha ng dambuhalang monopolyong tubo, hibang na pinalalawak ng imperyalismo ang pag-aarmas para maghanda sa gera. Papalaking bahagi ng pambansang kita ang ginagamit para tustusan ang malaking hukbo, gumawa ng mga sandata, tustusan ang pananaliksik pandigma, at sumuong sa imperyalistang mga gera ng agresyon.

Ang militarisasyon ng pambansang ekonomya sa mga imperyalistang bayan ay unang nalalahad sa paglaki ng gastusin sa militar. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tuluy-tuloy na lumaki ang bahagi ng gastusin sa depensang militar sa badyet ng US. Mula 1946 hanggang 1970, ang tuwirang gastusing militar ng US ay 1,100 bilyong dolyar sa kabuuan, at 45 bilyong dolyar kada taon sa karaniwan. Noong piskal na taon 1972-73, ang tuwirang gastusing militar ay umaabot sa kabuuang 78.3 bilyong dolyar. Dagdag pa ang 11.7 bilyong dolyar na subsidyo sa mga beterano at 3.2 bilyong dolyar para sa *space program*, ang tatlo ay umabot ng 93.2 bilyong dolyar. Makikita rin ito sa papalaking bahagi ng produksyong pang-industriya at syentipikong pananaliksik sa industriya ng armas at syentipikong pananaliksik militar. Malaking bahagi ng pwersa sa paggawa ang inilipat mula sa larangan ng produksyon ng kayamanang panlipunan tungo sa mga larangan ng industriya ng armas at syentipikong pananaliksik militar. Noong 1967-68, ang antas ng empleyo sa produksyon ng armas sa US sa ilang sektor at ang tumbasan nito sa bilang ng kabuuang lakas paggawa ay: 126,900 sa kagamitang elektroniko, o 33.8 porsyento; 256,900 sa kagamitang radyo, telebisyon, at kasangkapan sa telekomunikasyon, o 38.6 porsyento; at 615,900 sa eroplano at mga gamit dito, o 72.4 porsyento.

Sa kabuuang tauhang syentipiko at teknikal sa US, dalawang-katlo ay kaugnay ng pananaliksik sa armas at kalawakan. Sa pwersa sa paggawa ng US na 77 milyon (di kabilang ang sandatahang lakas), humigit-kumulang 20 porsyento ang umaasa sa pinagagawang armas mula sa Defense Department.

Ang pangkalahatang militarisasyon ng pambansang ekonomya ng mga imperyalistang bayan ay nauwi sa seryosong di paborableng mga resulta. Sa mga nagdaang taon, gumastos ang US ng may 100 bilyong dolyar sa mga armas at agresyon. Ang mga produkto'y ginagamit kung hindi man sa pagpatay ng tao sa digmaan at pagwasak ng kayamanang panlipunan o kung iniimbak ay ay magiging basura sa kalaunan. Maaaring maging "lipas" ang mga ito bago pa man lumabas ng planta kapag naimbento ang mga bagong sandata. Ang militarisasyon ng pambansang ekonomya ay nagdulot ng kakatwang resulta: ang implasyunaryong pagpapalawak ng industriya ng armas at ang deplasyunaryong pagliit ng mga industriyang sibilyan. Sa nakaraang 20 taon, ang halaga ng produksyon ng *guided missiles*, eroplano, at sasakyang pangkalawakan sa industriyang eronotiko at pangkalawakan ng US ay lumaki sa halaga nang anim na ulit. Sa kabilang banda, ang pag-ulad ng mga industriyang sibilyan ay naging mabagal. Ang ilang industriya ay nangailangang magbawas ng produksyon. Halimbawa ang industriya ng tela. Ang produksyon noong 1970 ay 88 porsyento lamang ng 1950. Ang patakaran ng agresyon at gera na ipinapatupad ng imperyalismo at ang militarisasyon ng pambansang ekonomya ay tumutungo sa napakalaking pagsasayang ng lakas tauhan, produkto, at yaman, at sa malawakang pagwasak ng kayamanang panlipunan. Isa itong tampok na katangian ng naaagnas na kalikasan ng imperyalismo.

## Ang Burgesya ay Lalong Nagiging Isang Saray na Nabubuhay sa Interes Lamang

Ang parasitiko at naaagnas na kalikasan ng imperyalismo ay ibayong nakikita sa lalong pagiging isang saray ng burgesya na nabubuhay lamang sa interes. Ang tinutukoy ng diumanong saray na ito na nabubuhay sa interes lamang ay iyong wala nang ugnayan ni katiting sa proseso ng produksyon at "nabubuhay sa interes." Kailanma'y hindi lumahok sa produktibong paggawa ang burgesya. Nabuhay ito nang maluho sa pamamagitan ng pagsasamantala sa manggagawa. Sa yugto ng imperyalismo, higit na sumulong ang parasitikong kalikasan ng burgesya. Ang mga kapitalistang empresa ay buung-buong pinamamahalaan ng espesyalisadong tauhan sa pangangasiwa. Ang burgesya, laluna ang monoployong burgesya, ay lubusang hiwalay sa proseso ng produksyon at namumuhay na parasitiko mula lamang sa saping-puhunan at sosyo. Ipinaliwanag ni Lenin noon pa, "Ang imperyalismo ay simpleng malakihang konsentrasyon ng salaping kapital sa iilang bayan," "at kung gayon ay mabilis na lumalaki ang saray ng mga taong nabubuhay sa interes at hindi nagtatrabaho."[2]

Halimbawa, ang kita mula sa dibidendo at indibidwal na interes noong 1950 sa US ay may kabuuang 19.5 bilyong dolyar. Noong 1963, umabot ito sa 50.3 bilyong dolyar, na may paglaki nang 157 porsyento. Ang pambansang kita ay lumaki lamang ng 102 porsyento sa panahon ding iyon. Noong 1970 sa US, ang kita mula sa dibidendo at indibidwal na interes ay umabot sa 89.7 bilyong dolyar. Ang mga monopolyong amo sa US ay namumuhay nang maluho sa kita na mula sa pagsasamantala. Ang ilang amo ng mga grupo sa pinansya ay hindi lamang nagpagawa ng mga mansyon, palaruan ng golf, at lupa sa pangangaso, gamit ang malalawak na lupain para sa sarili nilang kasiyahan. Ipinaghahambog din nila ang kanilang kayamanan sa isa't isa. Noong 1964, isang malaking monopolyong kapitalista na nagngangalang Ford ang gumastos ng kalahating milyong dolyar sa isang piging para ipagdiwang ang kaarawan ng kanyang anak na babae. Di nagtagal, isa pang malaking monopolyong kapitalista na nagngangalang Mellon ay gumastos ng isang milyong dolyar sa isang piging para ipakilala ang kanyang anak na babae sa "sosyedad" at para pahangain si Ford. Ganap na inilalantad ng pangyayaring ito ang parasitikong kalikasan ng monopolyong burgesya.

Isa pang katangian ng imperyalismo ay ang mabilis na paglaki ng eksport ng kapital. Sa paglaki ng eksport, ilang mayayamang bayan ay maaaring maging mga bayang kumikita sa interes na nag-eespesyalisa sa pagsasamantala ng mamamayan sa mga kolonya at satelayt na bayan, at nagiging mga parasitiko sa maraming bayan na atrasado ang ekonomya. Batay sa istatistiks, mula 1950 hanggang 1970, ang interes mula sa tuwirang pribadong pamumuhunan ng US ay umabot sa 88.77 bilyong dolyar, na mas mataas nang 14 porsyento kaysa kabuuang dami ng tuwirang pribadong pamumuhunan hanggang sa pagtatapos ng 1970. Ang tuwirang pamumuhunan ng US sa Latina Amerika ay 3 bilyong dolyar noong 1946 at lumaki sa 11.7 bilyong dolyar noong 1969. Pero sa 24 na taong ito, ang interes na nakuha mula sa tuwirang pamumuhunan sa mga bayan ng Latina Amerika na ibinayad sa US pa lamang ay umaabot sa 23.49 bilyong dolyar, na mas malaki kaysa netong dami ng tuwirang pamumuhunan ng US.

Ang interes na nakukuha ng US mula sa ibayong-dagat ay nireremit sa kalakhan taun-taon tungong US para gastusin ng sandakot na monopolyong burgesya. Noong 1960-1970, ang naremit na interes ay umabot sa 43.4 bilyong dolyar. Sa panahong ito, ang interes na hindi naremit na nagkakahalaga ng 19 bilyong dolyar ay ginamit para sa muling pamumuhunan para patindihin ang dayuhang pagsasamantala. Kung gayon, sa taunang paglaki ng dayuhang pamumuhunan at interes ng imperyalismong US, taun-taon ding lumalala ang parasitikong kalikasan nito.

Lahat ng ito'y nagpapakita na ang eksport ng kapital ay solidong pundasyon para sa pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismo sa mayorya ng mga bansa at bayan at solidong pundasyon para sa parasitikong kapitalismo ng iilang mayayamang bayan.

### Ang Paglitaw ng mga Aristokrata sa Paggawa ay Isa Pang Manipestasyon ng Parasitikong Kalikasan ng Kapitalismo

Di maiiwasang nasasalamin ang parasitikong kalikasan ng imperyalismo sa kilusang paggawa. Ang pagkakabuo ng aristokrata sa paggawa at ang paglitaw ng rebisyunismo ay mga repleksyon ng parasitikong kalikasan ng imperyalismo sa kilusang paggawa. Ipinaliwanag ni Lenin: "Ang mga bayang kumikita ng interes ay parasitiko at naagnas na mga bayang kapitalista. Ang ganitong kalagayan ay di maiiwasang magkaroon ng epekto sa panlipunan at pampulitikang kalagayan ng mga bayang ito, laluna sa dalawang batayang paksyon sa kilusang paggawa."[3] Dinarambong at pinagsasamantalahan ng monopolyong burgesya ang proletaryado ng mga kolonya, satelayt na mga bayan, at sarili nilang bayan para makakuha ng laksang dambuhalang monopolyong tubo. Para supilin ang paglaban ng masang anakpawis, ginagamit nila ang isang maliit na bahagi ng malaking monopolyong tubo para suhulan ang ilang eskirol na maging mga ahente ng monopolyong burgesya. Sila'y mga aristokrata sa paggawa na tumatanggap ng matataas na sweldo at namumuhay tulad ng burgesya, at nagsisilbi sa uring monopolyong burgesya. Nakikihalubilo sila sa mga manggagawa at nag-eespesyalisa sa pagbebenta ng interes ng manggagawa at pananabotahe sa mga kilusang manggagawa. Ang mga aristokratang ito sa paggawa ay masugid na mga tuta ng monopolyong burgesya ng mga imperyalistang bayan.

Ang dambuhalang tubo mula sa monopolyong kapital ang pang-ekonomyang batayan ng rebisyunismo sa kilusang paggawa. Sa imperyalistang kalagayan at sa paglitaw ng mga aristokrata sa paggawa, lumilitaw ang rebisyunistang teorya at linya para ipagtanggol ang paghaharing imperyalista. Ang mga aristokrata sa paggawa ay burges na mga elemento na nagpapanggap na manggagawa. Ang rebisyunismo ay makauring teoryang burges na nagpapanggap na Marxismo. Ang mga aristokrata sa paggawa at mga rebisyunista ang pinakamapanlinlang na tagong mga kaaway sa kilusang paggawa, at maituturing silang mga pigsa sa katawan. Kung ang mga pigsa na ito ay hindi ganap na maalis, mapapanatili pa ng imperyalismo sa mas mahabang panahon ang naaagnas nitong kalagayan. Pero,

tulad ng ipinaliwanag ni Lenin: "Ang mabilis at bisyosong pag-unlad ng oportunismo ay hindi nagtitiyak sa tagumpay nito."[4] Dagdag pa ni Lenin: "Kung ang pakikibaka laban sa imperyalismo ay hindi mahigpit na iuugnay sa pakikibaka laban sa oportunismo, ito ay mga satsat lamang na walang laman."[5]

## Tungo sa Lubos na Pampulitikang Reaksyon
## at ang Patuloy na Paglubha ng Panlipunang mga Krisis

Sa yugto ng kapitalistang malayang kompetisyon, ginagamit pa rin ng burgesya ang "demokrasya," "kalayaan," "pagkakapantay-pantay," at "unibersal na pag-ibig" bilang balatkayo para itago ang katotohanan ng burges na diktadura. Sa yugto ng imperyalismo, ang manipis na "mga tabing" na ito ay tuluy-tuloy na naaalis. Sinuman na lumalaban sa pang-aapi at pagsasamantala ay malupit na susupilin. Ipinaliwanag ni Lenin: "Ang pampulitikang superistruktura ng ganitong bagong pang-ekonomyang kaayusan, ibig sabihin, monopolyong kapitalismo (ang imperyalismo ay monopolyong kapitalismo), ay natatransporma mula demokrasya tungo sa pampulitikang reaksyon. Kinakailangan ng malayang kompetisyon ang demokrasya, pero kinakailangan ng monopolyo ang pampulitikang reaksyon."[6] Sa US, hindi lamang mamamayan na lumalaban sa karahasan ang sinupil, kundi maging ang mga mamamayan na nakipaglaban para sa *nonviolence* ay pinaslang din. Noong 1968, isang itim na ministrong Amerikano na nagngangalang Martin Luther King ay pinaslang ng mga imperyalista ng US dahil nilabanan niya ang diskriminasyon sa lahi at nakipaglaban para sa mga karapatang sibil.

Alinsunod sa ganap na reaksyong pampulitika, nabulok din ang imperyalismo sa ideolohiya at kultura nito. Sa mga imperyalistang bayan, ang pamilihan ay binaha ng mga lathalain at pelikula na nakalaan sa karahasan at kalaswaan. Sa California, may 30 kumpanya na nag-eespesyalisa sa paggawa ng malalaswang pelikula. Sa kapitalistang daigdig, pangkaraniwan na ang mga kakatwang kasuotan, makabagong sayaw, at bandang tumutugtog ng "Beatles", at naging uso ang mga ekshibisyon ng "impresyunista" na sining na likha ng mga unggoy. Naiulat na may mga internasyunal na paligsahan ng mga babaeng "umiiyak" at karera ng gumagapang na sanggol na wala pang isang taong gulang. Ang kultura at sining sa ilalim ng imperyalismo ay naging sagad-buto ang kabulukan. Umabot na sa proporsyon ng krisis ang mga kriminal na aktibidad tulad ng panloloob, pagnanakaw at gangsterismo at pang-aabuso sa droga.

Sa harap ng ganitong bulok na lipunan, maraming kabataan ang nakakaramdam ng ispiritwal na kawalan, nadarama na walang laman at walang saysay at walang kinabukasan ang buhay. Ilang mananaysay ng US ay nag-iisip na ang US "ay nahaharap sa isang sitwasyon na nawawalan ng tiwala ang mamamayan sa kanilang mga pangarap, sistema, at kinabukasan" at "sinasalanta ng maraming krisis." Ang ilan ay mas diretsahan pa: "Ang ating mga krisis, na ispiritwal ang kalikasan, ay matutunton sa kitang-kitang kabiguan ng ating kapitalistang sistemang panlipunang minamalaki ang sarili." (Newsweek, Hulyo 6, 1970). Sa gitna ng malalalim na kontradiksyon ng imperyalismo, unti-unting bumabangon ang ilang progresibong elemento para tanggapin ang Marxismo at muling itatag ang Marxistang partido at organisasyon, pagkaisahin ang masa, at lumahok sa puspusang pakikibaka laban sa sistemang imperyalista.

Ang parasitiko at naaagnas na kalikasan ng imperyalismo na nagreresulta mula sa saligang katangian ng imperyalismo, walang iba kundi monopolyo, ay nagpapakita na tigreng papel lamang ang imperyalismo . Mukha itong mabangis, pero sa katunayan ay wala itong gaanong lakas. Ang masa ang siyang may tunay na kapangyarihan, hindi ang imperyalismo o mga reaksyunaryo. Tulad ng ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Sa estratehikong pananaw, o sa matagalang pananaw, o kung

titingnan ang kanilang sustansya, dapat nating tratuhin ang imperyalismo at lahat ng reaksyunaryo bilang mga tigreng papel."[7]

## Ang Imperyalismo ay Naghihingalong Kapitalismo

Ang Pagtindi ng Kontradiksyon sa Pagitan
ng Proletaryado at Burgesya sa Loob ng mga Imperyalistang Bayan

Sabi ni Stalin: "Tinawag ni Lenin ang imperyalismo na 'naghihingalong kapitalismo.' Bakit? Dahil taglay ng imperyalismo ang mga kontradiksyon ng kapitalismo hanggang sa wakas ng mga ito. Ang susunod ay ang simula ng rebolusyon."[8] Nang umunlad ang kapitalismo sa monopolyong yugto, ang mga batayang kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya at ang kapitalistang kalikasan ng lipunan ay hindi nagbago. Gayunman, sa imperyalistang yugto, hindi lamang itinulak ng monopolyo ang produksyong panlipunan sa mas malakihang saklaw kundi nagdulot din ng higit pang konsentrasyon ng pribadong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Ang pag-unlad ng mga batayang kontradiksyon ng kapitalismo ay nagpapatindi sa lahat ng panlabas at panloob na mga kontradiksyon ng imperyalismo.

Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Ang pagtindi ng kontradiksyon sa pagitan ng dalawang uri (ang proletaryado at ang burgesya), ang pag-unlad ng mga kontradiksyon ng monopolyo at kompetitibong kapital, ang pagtindi ng mga kontradiksyon sa pagitan ng imperyalistang panginoon at ng mga kolonya, at ang maigting na manipestasyon ng mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang bayan bunga ng kanilang di-pantay na pag-unlad ay tutungo sa isang espesyal na yugto ng kapitalismo, ibig sabihin, imperyalismo."[9] Dahil sa lubhang pagtindi ng lahat ng panlabas at panloob na kontradiksyon sa mga imperyalistang bayan, ang imperyalismo ay nagiging naghihingalong kapitalismo, at papalapit ang bisperas ng sosyalistang rebolusyon.

Para habulin ang dambuhalang monopolyong tubo, dinodoble ng monopolyong burgesya ang pagsisikap nito na pagsamantalahan at pagdambungan ang mga manggagawa at itulak ang milyun-milyong masang anakpawis sa bingit ng kagutuman. Kumakasangkapan ang monopolyong burgesya ng iba't ibang intensibong sistema sa paggawa, pinatataas ang tindi ng paggawa, pinalulubha ang kalagayan sa paggawa, at walang pagtatangi at walang tigil na pinatitindi ang pagsasamantala sa mga manggagawa. Mulat na ginagamit din ng burgesya ang implasyon para bawasan ang tunay na sahod at pababain ang kakayahang bumili. Halimbawa, noong 1963-1970, ang mga presyo at gastos para mabuhay ay tumataas taun-taon sa mga mayor na kapitalistang bayan dahil sa implasyon. Sa panahong ito, ang gastos para mabuhay sa US ay tumaas nang 26.8 porsyento. Sa Britain, tumaas ito nang 35.3 porsyento; sa France, 30.9 porsyento; sa West Gemany, 20.6 porsyento; at sa Japan, 44.4 porsyento. Pero ang sahod ay hindi sapat na tumaas para makaluwag sa implasyon at sa tumataas na gastos para mabuhay. Ang kabuhayan ng masang anakpawis ay higit pa sumahol. Sa pamamagitan ng gubyerno, lalo pang dinambong ng monopolyong kapital ang masang anakpawis sa pamamagitan ng labis-labis na pagbubuwis. Noong 1940-1970, ang nakolektang buwis sa US ay lumaki nang 16 na ulit, mula 16.5 bilyong dolyar noong 1940 (20 porsyento ng pambansang kita) tungo sa 278 bilyong dolyar noong 1970 (35 porsyento ng pambansang kita). Ang mabigat na pagbubuwis ay dumadagan sa masang anakpawis, hanggang halos hindi sila makahinga.

Para protektahan ang pang-ekonomyang interes nito, di maiiwasang gumamit ang monopolyong kapital ng pasistang diktadura para patindihin ang panunupil sa mga manggagawa sa pamamagitan ng makinarya ng estado. Ang kabuuang pampulitikang reaksyon ay isang natural na pampulitikang repleksyon ng monopolyong kapitalistang ekonomya. Para ipatupad ang pasistang diktadura at para supilin ang mamamayan, pinalalawak ng imperyalismo ang reaksyunaryong makinarya ng gubyerno

sa nakakakilabot na antas. Halimbawa ang US, kung saan isa sa bawat 20 mamamayan ay empleyado ng reaksyunaryong makinarya ng estado.

Ang walang-awang pang-ekonomyang pagsasamantala at uhaw-sa-dugo na pampulitikang panunupil ng monopolyong burgesya sa proletaryado ay nagpapatindi ng kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Habang mas masahol ang pang-aapi, nagiging mas malakas ang paglaban. Ang pagkamulat araw-araw ng milyun-milyong myembro ng proletaryado at ng masang anakpawis ay tuluy-tuloy na nagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa kapitalistang sistema.

Sapul noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, laluna nitong kamakailang mga taon, lumitaw ang malalakas at malalawak na kilusang manggagawa. Tumitindi ang pakikibaka sa imperyalismo. Ayon sa halatang pinaliit na opisyal na datos ng US, nagwelga noong 1970 ang manggagawa sa US nang 5,600 ulit at nilahukan ng 3.3 milyong manggagawa. Noong 1971, naganap kapwa ang pambansang welga na nilahukan ng 500,000 manggagawa sa telepono at isang welga na nilahukan ng 160,000 na manggagawa sa riles. Sa mga welga, binago ng mga manggagawa at naging palaban ang islogan na "labanan ang gera (ng agresyon), labanan ang karalitaan, labanan ang pang-aapi," at papataas na ikinokombina nila ang pang-ekonomyang pakikibaka sa pampulitikang pakikibaka. Ayon sa opisyal na datos mula Britain (halatang pinaliit din), noong 1970, may 3,888 welga na nilahukan ng 1.65 milyong manggagawa noong 1970 ay may 13.5 milyong araw-paggawa na nawala kaugnay ng mga welga sa Britain. Lumalakas din ang rebolusyonaryong pakikibaka ng uring manggagawa sa Japan. Ayon sa opisyal na istatistiks ng Japan, ang bilang ng tinatawag na "*labor-capital disputes*" (katunaya'y pakikibaka ng manggagawa laban sa kapitalista) ay tumaas mula 1,345 noong 1955 tungong 5,283 noong 1969, paglaki nang 2.9 na ulit. Sa panahon ding iyon, ang bilang ng lumahok ay tumaas sa 14.483 milyon mula 3.748 milyon, paglaki nang humigit-kumulang tatlong ulit.

Ang bumibilis na pag-unlad ng mga kilusang manggagawa ay pag-aalsa ng isang mahalagang bahagi ng imperyalismo. Itinutulak nito ang ibayong paglala ng kapitalistang krisis sa ekonomya at pulitika, at walang-humpay na bumibigwas ng mabibigat na hambalos sa paghahari ng monopolyong kapital. Lalong namemeligro ang kinabukasan ng imperyalismo.

### Lumalawak ang Kontradiksyon sa Pagitan ng Imperyalismo at mga Inaaping Bansa

"Ang mga kolonya ay sinakop sa pamamagitan ng pulbura at espada."[10] Matapos nitong sakupin nang pwersahan ang mga kolonya at malakolonya, walang-awang pinagsasamantalahan at inaalipin ng imperyalismo ang mga lugar at bansang ito. Para ipataw ang pampulitikang kontrol, sinusuhayan nito ang mga papet, nag-iistasyon ng mga armadong pwersa, at nagtatatag ng mga base-militar. Para mapadali ang pang-ekonomyang pagsasamantala, pwersahan nitong binubuksan ang mga daungang pangkalakalan, kinokontrol ang adwana at panlabas na kalakalan, minomonopolyo ang salapi at pinansya, at pwersahang sinasamsam ang karapatan na magmina, magpatakbo ng mga pabrika, at maglayag sa mga ilog at lawa. Para makakuha ng dambuhalang monopolyong tubo, walang-awang pinagsasamantalahan at inaapi ng imperyalistang bayan ang mamamayan ng mga kolonya at malakolonya. Pinalulubha ang mga kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismo at inaaping mga bansa sa walang kapantay na antas. Kinokontrol ng imperyalismo ang pulso ng ekonomya ng mga kolonya at malakolonya at nakikipagsabwatan sa mga lokal na kapangyarihang pyudal at komprador na kapital para pigilan ang pag-unlad ng kanilang pambansang ekonomya. Gumagamit din ang imperyalismo ng iba't ibang hakbang para pwersahin ang mga pambansang ekonomya ng mga kolonya at malakolonya na maging "simple", ibig sabihin, lumikha lamang ng ilang kalakal na kailangan ng mga dayuhang monopolyong organisasyon, at sa gayo'y maging tagibang at abnormal ang pang-ekonomyang pag-

unlad. Bilang resulta, ang mga ekonomya sa mga lugar na ito at hindi maaaring maging malaya o nakasasapat sa sarili, bagkus ay magiging palaasa na lamang sa imperyalismo.

Sapul noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, patuloy na lumilitaw ang mga bagong pagbulwak sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya, Aprika, at Latina Amerika. Maraming bayan at lugar ang nagpalaya sa kanilang mga sarili mula sa tanikala ng imperyalismo at kolonyalismo at nagsimula na sa kanilang pagtahak sa kasarinlan. Gayunman, hindi kailanman kusang aatras ang imperyalismo mula sa malalawak na lugar ng Asya, Aprika, at Latina Amerika. Dagdag pa sa kanilang dating kolonyal na mga hakbangin, papaigting na ginagamit nila ang neokolonyal na mga hakbangin at bigong nagtangka, sa tabing ng pang-ekonomyang "ayuda" para pag-ibayuhin ang kanilang bisyosong pakana na kontrolin ang ganitong bagong sumisibol na mga bayang nagsasarili. Sa pamamagitan ng "ayuda," nilayon ng mga kapitalista na itambak ang kanilang labis na mga produkto, at ginamit ang "ayuda" bilang kasangkapan para magbenta ng mga kalakal. Sa pamamagitan ng "ayuda," nilayon nila na kontrolin ang pang-ekonomyang patakaran ng tumatanggap na mga bayan at kontrolin ang pag-unlad ng pambansang ekonomya ng mga ito. Nang tumanggi ang ilang bayan na kumagat sa imperyalistang pakana na ito, gumamit ang mga imperyalista ng agresyon at subersyon at nagtipon ng mga reaksyunarong pwersa para manulsol ng kudeta at ibagsak ang progresibong mga gubyerno na lumalaban sa imperyalismo at naninindigan sa pambansang kasarinlan.

Ang malupit na pandarambong at madugong pang-aalipin ay nagpalawak at nagpatindi ng mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista at inaaping bansa at mamamayan. Sapul nang tumapak ang mga imperyalistang bandido sa banal na lupa ng Asya, Aprika, at Latina Amerika, ang inaaping mga bansa at mamamayan na mapagmahal na pinakaingat-ingatan ang kanilang kalayaan at kasarinlan ay tumangan ng bato, pana at palaso, sibat, at kanyon para bigyan ng mga dagok ang imperyalismo. Habang mas malubha ang pagsasamantala at mas mapanupil ang pang-aapi ng imperyalismo, lalong naging maigting ang pakikibaka at paglaban ng inaaping mga bansa at mamamayan. Matapos ang Rebolusyong Oktubre, ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya ay naghatid ng isang bagong istorikong panahon, na bahagi ng pandaigdigang proletaryong sosyalistang rebolusyon. Ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya at ang mga proletaryong rebolusyonaryong kilusan sa mga imperyalistang bayan ay magkakaugnay at nagsusuportahan. Ang mga kolonya at malakolonya, na dati'y reserbang hukbo ng imperyalismo, ay naging reserbang hukbo ngayon ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Tulad ng ipinaliwanag ni Mao, "Ang rebolusyonaryong unos na dumaluyong sa Asya, Aprika, at Latina Amerika ay tiyak na magbibigay ng mapagpasya at mapangwasak na dagok sa buong lumang daigdig."[11]

## Ang Pag-Igting ng mga Kontradiksyon Sa Hanay ng mga Imperyalistang Bayan

Ang pakikibaka ng imperyalismo para hatiin ang daigdig sa ekonomya at teritoryo ay nagpaigting sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang bayan. Ang tunggalian nila para sa hegemonya at teritoryo at ang labanan at pagpapatayan nila ay tunay na makatutulong sa mga inaapi at pinagsasamantalang bansa na bumangon sa pag-aalsa.

Ang tumitinding di pagkakapantay-pantay na pag-unlad sa ekonomya at pulitika sa hanay ng mga kapitalistang bayan sa imperyalistang yugto ay ibayong nagpapaigting sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang bayan.

Ipinaliwanag ni Lenin, "Ang di pantay na pag-unlad sa ekonomya at pulitikang ang absolutong batas ng kapitalismo."[12] Sa kapitalistang daigdig, ang ilang bayan ay mas mabilis na umuunlad, ang iba nama'y mas mabagal. Ang ilang bayan ay sumulong pa nga nang palundag at patalon sa ilang tiyak na panahon. Ang di pantay na pag-unlad sa ekonomyang sa hanay ng mga kapitalistang bayan

ay di maiiwasang tumungo sa di pantay na pag-unlad sa pulitika. Sa ibang salita, ang di pantay na pag-unlad sa ekonomya ay di maiiwasang tumungo sa pagbabago ng relatibong lakas ng mga imperyalistang bayan.

Ang batas ng di pantay na pag-unlad ekonomya at pulitikang ay gumampan ng papel sa buong kasaysayan ng kapitalismo. Gayunman, sa imperyalistang yugto, ang di pantay na pag-unlad na ito ng kapitalismo ay lumulubha. Noong ikalawang hati ng ika-19 na siglo, sinakop ng England, isang lumang kapitalistang bayan, ang malaking bilang ng mga kolonya at nakamit ang monopolyong pusisyon sa daigdig. Ang kanyang relatibong maalwan at panatag na posisyon sa pagmanipula ng dambuhalang tubo mula sa kanyang mga teritoryo sa lahat ng dako ng daigdig ay naghele sa kanya sa istagnasyon sa teknolohiya at produksyon. Samantala, nasasandatahan ng bagong teknolohiya, ang mga kapitalistang bayan na lumitaw kinalaunan, laluna ang US at Germany, ay nagpabilis ng kanilang pag-unlad. Noong dekadang 1880, naabutan na ng US ang England at nanguna sa produksyong pang-industriya sa daigdig, at pagsapit ng maagang bahagi ng ika-20 siglo, nilampasan din ng Germany ang England, at lumagay sa pangalawang posisyon sa produksyong pang-industriya sa daigdig. Ang pagbabago sa relatibong mga posisyon ng pang-ekonomyang lakas ay nagdulot ng relatibong pagbabago sa lakas sa pulitika. Matapos ang pagbabago sa balanse ng lakas, nagsimula ang mga bayan na maglabanan para muling hatiin ang kani-kanilang saklaw ng impluwensya at mga kolonya.

Sapul noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang batas ng di pantay na pag-unlad sa ekonomya at pulitikang sa hanay ng mga imperyalistang bayan ay patuloy na gumagampan ng papel. Ang naging mga katangian nito ay: ang paghina ng US, ang patuloy na paghina ng England, ang mabilis na pag-angat ng West Germany at Japan, at substansyal na mga ganansya ng Italy at France. Sa dalawampung taon mula 1949 hanggang 1969, ang taunang karaniwang tantos ng paglago sa pambansang produksyon ng mga bayang ito ay: US – 3.9 porsyento sa unang sampung taon at 4.3 porsyento sa ikalawang sampung taon; England – 2.5 porsyento sa unang sampung taon at 3 porsyento sa ikalawang sampung taon; West Germany – 7.4 porsyento sa unang sampung taon at 5.2 porsyento sa ikalawang sampung taon; France – 4.5 porsyento sa unang sampung taon at 5.9 porsyento sa ikalawang sampung taon; Italy – 6.1 porsyento sa unang sampung taon at 5.6 porsyento sa ikalawang sampung taon; Japan – mahigit 10 porsyento para sa buong panahon. Lumitaw ang mga bago at di pantay na kalagayan sa kanilang relatibong lakas sa usapin ng produksyong pang-industriya, eksport ng kapital at kalakal; at pandaigdigang posisyon sa pinansya. Ang paglala ng di pantay na pag-unlad sa ekonomya at pulitika sa hanay ng mga imperyalistang bayan ay di-maiiwasang magpatindi ng mga tunggalian sa kanilang hanay para sa pamilihan at pagkukunan ng hilaw na materyales at paglalagakan ng eksport ng kapital.

Ang operasyon ng batas ng di pantay na pag-unlad sa ekonomya at pulitika ay di-maiiwasang tumungo sa mga gera at patayan sa hanay ng mga imperyalistang bayan, at sa gayon ay ibinubunyag ang kanilang mahihinang kawing. Ito ngayon ay naging paborableng kalagayan sa proletaryado at mga rebolusyonaryong mamamayan para ilibing ang imperyalismo. Sa kanyang pag-aaral sa mga batas ng imperyalistang pag-unlad, narating ni Lenin ang isang importanteng konklusyon: Dahil sa kanilang di pantay na pag-unlad sa ekonomya at pulitika, ang imperyalistang hanay sa digma ay madudurog sa pinakamahina nitong kawing, at ang sosyalistang rebolusyon ay unang magwawagi sa isa o ilang bayan. Hindi lamang nabuo ni Lenin ang isang rebolusyonaryong teorya para sa pagkakamit natin ng tagumpay, nagbigay rin siya ng maningning na halimbawa kung paano magrebolusyon. Sa Unang Digmaang Pandaigdig, ang Rusya ang pinakasentro ng lahat ng kontradiksyon ng imperyalismo sa panahong iyon at ito rin ang pinakamahinang kawing sa imperyalistang kadena. Pinanghawakan ni Lenin ang kawing na ito at pinamunuan ang proletaryado ng Russia na ilunsad ang dakilang sosyalistang Rebolusyong Oktubre, ibagsak ang burges diktadura ng Rusya sa pamamagitan ng rebolusyonaryong dahas, itatag ang unang sosyalistang bayan ng

daigdig sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, at ibukas ang isang bagong panahon sa kasaysayan ng tao. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang dakilang tagumpay ng pambansang rebolusyon sa Tsina at iba pang bayan ng Asya at Europa ay ibayong nagpapatunay sa katumpakan ng syentipikong teorya ni Lenin.

Ang pagsiklab ng dalawang digmaang pandaigdig, ang matagumay na pagsulong ng proletaryong sosyalistang mga rebolusyon, at ang pagbulwak ng mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya ay lalong nagpalala sa krisis ng imperalismo sa pulitika, ekonomya, at lipunan.

Bagamat malalaking pagbabago ang naganap sa daigdig, ang imperyalistang yugto ay hindi pa tapos. Madalas ituro sa atin ni Tagapangulong Mao: Nasa panahon pa rin tayo ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Ang syentipikong pagsusuri ni Lenin sa imperyalismo batay sa pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo ay lubusang wasto. Hindi pa lipas ang batayang prinsipyo ng Leninismo; nananatili pa rin ito hanggang ngayon na teoretikong batayan ng ating kaisipan.

Ang buhay ng imperyalismo ay hindi magtatagal. Ito ay parasitiko at naghihingalong kapitalismo sa bisperas ng proletaryong sosyalistang rebolusyon. Pero kailanma'y hindi ito kusang aalis sa entablado ng kasaysayan. Ang kalikasan ng imperyalismo ay nagtatakda na habang ito'y lalong papalapit sa kamatayan ay lalo itong nagiging desperadong makitunggali para mabuhay. Dapat nating matanto na ang imperyalismo sa saligan ay mahina, isang tigreng papel. Dapat nating pagyamanin ang mapangahas na diwa, mapangahas na makibaka at pagpapakahusay sa pakikibaka. At dapat pagkaisahin ang rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig para isulong ang pakikibaka sa imperyalismo hanggang sa wakas. "Gumawa ng gulo, mabigo, muling gumawa ng gulo, muling mabigo hanggang ganap na mabigo – ganito ang lohika na ginagamit ng imperyalismo at lahat ng reaksyunaryong grupo sa daigdig laban sa mga pag-aalsa ng mamamayan. Hindi sila kailanman lilihis sa lohikang ito."[13] Ang panggugulo ay isang pagpapahayag ng desperadong paglaban ng imperyalismo; ang katiyakang mabibigo hanggang pagkapuksa nito ang di maiiwasang patutunguhan ng imperyalistang pag-unlad. Walang sinuman ang makapagbabago sa batas na ito ng kasaysayan.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral:**

Lenin, Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, kab. 7-10.
Lenin, "Imperyalismo at ang Isplit sa Kilusang Sosyalista."
Tagapangulong Mao, "Pakikipag-usap sa Amerikanong Peryodistang si Anna Louise Strong."

**Mga Katanungan sa Pagbabalik-aral**

1. Bakit natin sinasabi na ang imperyalismo at lahat ng reaksyunaryo ay mga tigreng papel?
2. Bakit natin sinasabi na ang imperyalismo ang bisperas ng proletaryong sosyalistang rebolusyon?

**Mga Tala**

1) Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 842.
2) Ibid., p. 818.
3) Ibid., p. 820.
4) ibid., p. 843.
5) Ibid.
6) "Hinggil sa Pagmamaliit sa Marxismo at 'Imperyalistang Ekonomismo,' " Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 23, p. 34.

7) Mga Tala sa "Pakikipag-usap sa Amerikanong Peryodistang si Anna Louise Strong," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1088.
8) "Hinggil sa Batayan ng Leninismo," Kumpletong mga Akda ni Stalin, Bol. 6, p. 65.
9) "Hinggil sa Kontradiksyon," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 289.
10) "Sosyalismo at Digma," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 672.
11) Tagapangulong Mao, "Telegramang Pambati sa Ikalimang Kongreso ng Partido sa Paggawa ng Albania," quoted in Jen-min jih-pao [People's Daily], Nobyembre 4, 1966.
12) "Hinggil sa Islogan na Alyansang Europeano," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 21, p. 321.
13) "Iwaksi ang mga Ilusyon at Maghanda para sa Pakikibaka," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1375.

# Kabanata 11

## Humanay ang Sosyal-Imperyalismo ng Rebisyunistang Sobyet sa Pandaigdigang Imperyalismo

Ang Sosyal-Imperyalismo ay Sosyalista sa Pangalan
Pero Imperyalismo sa Nilalaman*

Sa proseso ng unti-unting pagkalusaw ng imperyalismo, lumitaw noong kalagitnaan ng ika-20 siglo ang sosyal-imperyalismong Sobyet. Sa pamumuno nina Lenin at Stalin, ang Rusya ay naging isang dakilang sosyalistang bayan noon. Pero nang yumao si Stalin, ang taksil na pangkatin ni Khrushchov ay naglunsad ng kontra-rebolusyonaryong kudeta, inagaw ang kapangyarihan ng Partido at gubyerno, ipinanumbalik ang kapitalismo sa malaking paraan, at trinansporma ang Unyong Sobyet tungong isang sosyal-imperyalistang bayan.

Noong Unang Digmaang Pandaigdig, binatikos ni Lenin si Kautsky, ang namumuno noon sa German Social Democratic Party, bilang isang "'sosyal-imperyalista,' ibig sabihin, isang sosyalista sa pangalan, pero sa katunayan ay isang imperyalista."[1] Ang taksil na pangkatin ni Brezhnev, tulad ni Kautsky, ay sosyal-imperalista rin. Ang tanging kaibhan ay hindi lamang ito naglalako ng rebisyunismo, kundi nagtatanggol din sa imperalismo. Dagdag pa, kinokontrol nito ang estado poder, at trinansporma ang isang dakilang bayan na likha mismo ni Lenin tungong isang sosyal-imperyalistang bayan. Ang sosyal-imperyalismo ay imperyalismo na may "sosyalistang" etiketa. Dahil lumitaw ito sa Unyong Sobyet, sa lupang sinilangan ni Lenin at minsa'y isang dakilang sosyalistang bayan, nagiging mas mapanlinlang at mapangib ito. Tunay ngang napakabisyoso ng imperyalismo.

### Monopolyong Kapitalismo ng Estado ang Pangunahing Batayang Pang-Ekonomya ng Sosyal-Imperyalismo

Ang Pagkakabuo ng Monopolyong Kapitalismo ng Estado
sa Unyong Sobyet

Imperyalismong kapital man o sosyal-imperyalismo, magkapareho ang mga ito sa kanilang mga batayang pang-ekonomyang katangian. Ang pangunahing batayang pang-ekonomya ng mga ito ay monopolyong kapitalismo. Pero, sa mga bayang imperyalistang kapital, may dalawang anyo ng monopolyong kapitalistang ekonomya, ibig sabihin, monopolyong kapitalismo na pribado at pang-estado. Sa mga sosyal-imperyalistang bayan, ang monopolyong kapitalismo ay laging nasa anyo ng monopolyong kapitalismo ng estado. Ang monopolyong kapitalismo ng estado ang pangunahing pang-ekonomyang batayan ng sosyal-imperyalismo. Ang pagkakaibang ito sa pagitan ng imperyalismong sosyal at kapital ay itinakda ng magkakaibang istorikong kalagayan kung saan umusbong ang monopolyong kapital.

Ang monopolyong kapital ng bayang imperyalistang kapital ay nabuo unti-unti sa proseso ng maigting na kumpetisyon sa pribadong kapitalistang ekonomya sa pamamagitan ng akumulasyon at konsentrasyon ng kapital. Doon, unang lumitaw at umiral sa malakihang saklaw ang monopolyong kapitalismo na pribado. Matapos lamang na umunlad sa isang antas ang monopolyong kapitalismo

---

* Su-lien she-hui ti-kuo-chu-i ts'an-chia shih-chieh ti-kuo-chu-i hsing-lieh – she-hui ti-kuo-chu-i shih k'ou-t'ou shang ti she-hui-chu-i shih-chi shang ti ti-kuo-chu-i.

na pribado at nang magkombina ang monopolyong kapital at estado poder sa makinarya ng estado para magsilbi sa monopolyong kapital, saka lamang lumitaw ang monopolyong kapitalismo ng estado. Ang monopolyong kapitalismo ng estado sa sosyal-imperyalistang bayan ay lumitaw nang kamkamin ng mga taong nasa kapangyarihan na tumatahak sa kapitalistang landas ang poder ng Partdo at gubyerno sa sosyalistang bayan, at sa proseso, trinansporma ang sosyalistang ekonomya para ipinanumbalik ang kapitalismo.

Matapos agawin ng taksil na pangkating Sobyet ang poder ng Partido at gubyerno sa Unyong Sobyet, malawakang pinasaklaw ng pribilehiyadong saray ng burgesyang Ruso ang sarili nitong kapangyarihan sa pulitika at ekonomya, humawak sa dominanteng posisyon sa Partido, gubyerno, militar, at mga larangang pang-ekonomya at pangkultura at bumubuo ng burukratikong monopolyong burgesya na kumokontrol sa buong makinarya ng estado at kayamanang panlipunan. Ang bagong burukratikong monopolyong burgesyang ito ay gumamit sa kapangyarihang pang-estado na nasa kontrol nito para itransporma ang sosyalistang pag-aari tungo sa pag-aari ng mga tumatahak ng kapitalistang landas at para itransporma ang sosyalistang ekonomya tungo sa kapitalistang ekonomya at isang ekonomya ng monopolyong kapitalismo ng estado.

Ang kalikasan ng ekonomya ng isang lipunan ay hindi maaaring itakda ng pangalan nito, kundi ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Sa ibang salita, dapat itong itakda ng kung sino ang nagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, sino ang nag-aalokasyon nito, at kanino ito naglilingkod. Matapos agawin ng taksil na pangkatin nina Khrushchov at Brezhnev ang poder ng Partido at gubyerno sa Unyong Sobyet, hinawakan nito ang ganap na kontrol sa kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya at tumahak sa puspusang rebisyunistang linya sa larangan ng ekonomya. Pinuri nito "ang *ruble* bilang sukatan ng merito ng paggawa" at "ang kakahayan na kumita ng tubo bilang pinakamainam na sukatan sa ebalwasyon ng mga myembro ng Partido Komunista na nangangasiwa sa operasyon at maneydsment." Sa suporta ng mga rebisyunistang taksil na pangkating Sobyet, si Liberman, isang ekonomista ng rebisyunismo, ay nagpanukala ng isang pakana ng pamamahala sa mga empresa ng estado na umaasa sa tubo at insentibong materyal, at malawakang ipinalaganap ang "eksperimento". Sapul nang halinhan ni Brezhnev si Khrushchov, itinatag sa pambansang saklaw ang "bagong sistemang pang-ekonomya". Ang prinsipyo ng kapitalismo sa tubo ay ligal na pinagtibay para palakasin ang pagsasamantala ng burukratikong monopolistang oligarkiya sa masang anakpawis. Sa pamamagitan ng mga "transpormasyong" ito, ang mga kagamitan sa produksyon na dati'y pag-aari ng mamamayan ng Unyong Sobyet ay pag-aari na ngayon ng, at pinagsisilbi sa, bagong burukratikong monopolyong burgesya. Ang manggagawa at magsasaka ng Unyong Sobyet ay inagawan ng kanilang kagamitan sa produksyon at ibinalik sa pagiging upahang paggawa. Bagamat dala-dala pa rin ng Unyong Sobyet ang sosyalistang etiketa, ang orihinal na sosyalistang sistema sa pagmamay-ari sa katunaya'y natransporma na tungong sistema sa pagmamay-ari ng burukratikong monopolyong burgesya.

Sa sosyalistang lipunan, ang ekonomya na pinatatakbo ng estado batay sa sosyalistang pagmamay-ari ng estado ang nangungunang elemento sa pambansang ekonomya. Sa sandaling agawin ng rebisyunistang taksil na pangkatin ang pamumuno sa sosyalistang ekonomya, natural na natransporma ito sa ekonomya ng monopolyong kapitalismo ng estado. Ito ay dahil habang mas maraming pwersa sa produksyon ang ipinaiilalim ng bagong burukratikong monopolyong burgesya sa pagmamay-ari ng estado na kumakatawan sa interes nito, mas nakokontrol nito ang kabuuang kayamanan ng lipunan sa ngalan ng "estado". Sa pamamagitan nito, hindi lamang maipagpapatuloy na gamitin ang pangalan ng estado para linlangin ang masang anakpawis, kundi mahigpit din na makokontrol ang pambansang ekonomya sa pamamagitan ng kapitalismo ng estado. Samakatwid, ang tampok na katangian ng kapitalistang ekonomya ng Unyong Sobyet ay monopolyong kapitalismo ng estado na may kontrol at may kumand sa lahat. Ang sitwasyong ito ay bihira sa bayang imperyalistang kapital. Sa bayang imperyalistang kapital, bagama't malaki-laki na ang

dinaanang pag-unlad ng monopolyong kapitalismo ng estado, hindi pa nito naaabot ang kalagayan na namamayani sa Unyong Sobyet. Dahil sa pagsasamantala at pang-aapi, ang uring manggagawang Sobyet, laluna ang masang anakpawis, ay nagdurusa nang husto. Ipinaliwanag noon ni Lenin: "Sa ilalim ng pribadong pagmamay-aari ng mga kagamitan sa produksyon, ang ibayong pagmomonopolisa at pagsasabansa ay di maiwasang tumungo sa ibayong pagsasamantala at pang-aapi sa masang anakpawis at sa ibayong mga kahirapan sa paglulunsad ng pag-aaklas. Gayundin, anumang pagpapalakas sa reaksyunaryong diktadurang militar ay di maiiwasang magresulta sa paglaki ng kapitalistang tubo na inangkin mula sa iba pang mga uri at sa pagpataw ng deka-dekadang paghihirap sa uring manggagawa na pagbabayarin sa kapitalista para sa bilyun-bilyong dolyar na inutang ng diktadurang militar."[2]

Habang binabasa natin ang sipi na ito ni Lenin, parang tumpak na pagsusuring pang-ekonomya sa kapitalismo ng estadong Sobyet. Binatikos ng isang tanyag na makatang Ruso, si Nekarsov, sa hinagpis at galit, ang maitim na paghahari ng lumang tsar, "Sa Rusya, sino ang magiging maligaya o malaya?" Ngayon sa Rusya, ang mga anak ng mga bayani ng Rebolusyong Oktubre ay nagdurusa sa patung-patong na paghihirap nang walang masasabing kaligayahan o kalayaan. Pero ang mga burukratikong monopolyong burgesya na pinamumunuan ni Brezhnev ay nandarambong sa kabayang-yaman ng estado, namumuhay sa luho, nagpapataw ng malupit at di-makatwirang paghahari, at karakarang sumisipsip sa pawis at dugo ng mamamayan ng Unyong Sobyet. Ang burukratikong monopolyong burgesya na pinamumunuan ni Brezhnev ang makauring batayan ng sosyal-imperyalismo at "personipikasyon" ng kapitalismo ng estado.

### *Trust* ang Batayang Anyo ng Monopolyong Organisasyon ng Rebisyunismong Sobyet

Isang importanteng anyo ng organisasyon ng kapitalismo ng estado ng rebisyunismong Sobyet ay ang "*trust*". Ang paraan kung paano itinatag ang mga trust ay kaiba sa monopolyong organisasyon ng mga kapitalistang bayan. Nabubuo ang mga ito sa pagsasanib ng malalaking empresa sa maraming katamtaman at maliliit na empresa sa pamamagitan ng pamumwersa ng estado.

Ang trust bilang anyo ng monopolyong organisasyon ay mabilis na umunlad sa Unyong Sobyet. Noong 1961, dadalawa lamang ang ganoong trust. Makaraan ang sampung taon, noong Hunyo 1971, mayroong 1,400 na ganoong trust na may mahigit 14,000 na empresa at 7.7 milyong kawani. Halos sang-katlo ng mga empresa sa pagmimina ay mga trust. Sa "Ika-24 na Pambansang Kongreso" ng Unyong Sobyet, ibinulalas ni Brezhnev, "Ang patakarang itatag ang mga trust at pinagsanib na mga empresa ay dapat ipatupad nang mas matatag – sa hinaharap, ang mga ito'y dapat na maging batayang pang-ekonomyang yunit ng akawnting sa panlipunang produksyon." Alinsunod sa utos ng namumunong rebisyunistang grupong Sobyet, mula 1971 ay napalawak ang saklaw ng dominasyon ng sistemang trust para ipaloob ang lahat ng sektor sa pagmamanupaktura ng Unyong Sobyet.

Mayroong tatlong batayang tipo ng trust ng rebisyunistang Sobyet. Una, ang mga nilamon na empresa ay "nawawalan ng kanilang kasarinlan at katayuan bilang mga ligal na personahe." Ang trust ay nagiging "batayang pang-ekonomyang yunit ng akawnting sa produksyong panlipunan" at humahawak ng lahat ng karapatan sa mga empresa na nakapailalim dito.

Ikalawa, ang ilang nilamong empresa ay nawawalan ng kasarinlan, habang ang iba ay "nagpapanatili ng relatibong kasarinlan."

Ikatlo, ang nilamong mga empresa ay "nanatiling nagsasarili," pero pinamamahalaan ng trust.

Sa tatlong tipo ng mga trust na nabanggit sa itaas, nagbigay diin ang rebisyunismong Sobyet sa pagpapaunlad ng unang tipo. Nakamodelo ito sa monopolyong kapitalistang mga empresa ng Kanluran at "ginamit" ang "tsart sa sistemang pang-organisasyon" ng mga ito. Ipinalaganap ng

rebisyunismong Sobyet na ang trust "ay kumakatawan sa nakakompres at nahihimbing na istruktura sa hinaharap ng mga industriya ng Rusya" at tumatayong isang tipo ng "ispesyal na *consortium* na Ruso." Hindi lamang lumalahok sa produksyon ang mga trust kundi sumasangkot din sa pagsusuplay ng hilaw na materyales at distribusyon ng mga produkto. Ang pagkakaiba ng trust sa monopolyong kapitalistang empresa ng Kanluran ay mas mahigpit ang alyansa ng trust at kapangyarihang pang-estado ng Rusya. Hindi lamang ito saligang yunit sa ekonomya, kundi gumagampan din ito ng bahagi ng mga tungkulin na noong una'y ginagampanan ng Pangkalahatang Kawanihan sa Kontrol, o maging ng Ministri ng Kontrol kaugnay ng pagpaplano, produksyon, suplay at distribusyon. Ang malalaki at pangrehiyong mga trust ay "hindi lamang integradong yunit sa produksyon kundi isa ring organo sa pangangasiwa sa ekonomya." Walang panggitnang mga organo sa pagitan ng iba't ibang mga ministry na namamahala sa kontrol sa ekonomya at mga trust. Nakatala ang mga manedyer ng trust, gaya ng mga kalihim at pangalawang kalihim ng mga ministri ng gubyerno bilang "namumunong kasapi ng pambansang ekonomya" ng rebisyunismong Sobyet. Mahahalagang myembro sila ng burukratikong monopolyong burgesyang pinamumunuan ni Brezhnev. Samakatwid, ang trust ay isang entidad na nagbubuklod sa organo ng estado at monopolyong organisasyon, at isang mahalagang anyon sa sistemang administratibo ng monopolyong kapitalismo ng estado.

Bukod sa katotohanang monopolyong organisasyon ang trust, matagal nang kapitalistiko ang empresang pang-estado ng rebisyunismong Sobyet. Sa empresang pang-estado ng rebisyunismong Sobyet, matagal nang pinadausdos ang masang anakpawis mula sa pagiging panginoon ng empresa tungong mga alipin ng burukratikong monopolyong burgesya. Ang mga pinuno ng empresa ay mga ahente ng namumunong pangkat ng rebisyunismong Sobyet. Ayon sa kodigo ng "Mga Alituntunin ng mga Empresa sa Produksyon ng Sosyalistang Estado," nasa manedyer ng empresa ang "may kapangyarihang magrekluta at magtanggal ng mga tauhan at nagdedesisyon kaugnay ng mga gantimpala at parusa sa mga tauhan ng empresa." May awtoridad siyang magtakda ng mga sahod at bonus ng istap at mga manggagawa, at muling ibenta o paupahan ang mga kagamitan sa produksyon ng empresa. Sa buod, kahit wala ang trust, naghahari na ang manedyer at direktor ng planta na humahawak sa lahat ng kapangyarihan sa mga empresa ng estado, at mga alipin na ng burukratikong monopolyong burgesya ang malawak na masa ng mga manggagawa. Sa kasalukuyan, sa pagiging monopolyong organisasyon ng trust, higit pang mapalalakas ng burukratikong monopolyong burgesya ang kontrol nito sa pulso ng pambansang ekonomya ng Unyong Sobyet. Gamit ang mga empresa ng estado at mga trust na kontrolado nito at gamit ang ngalan ng estado, kinasangkapan ng bagong tipong ito ng malaking burgesya ang buwis at isinentrong tubo para walang pigil na dambungin ang mga bunga ng paggawa ng manggagawang Ruso para ipantustos sa maluhong pamumuhay ng iilang monopolyong kapitalista, supilin ang mamamayang Sobyet, maglunsad ng agresyon, at ipatupad ang patakaran nitong sosyal-imperyalista.

Habang malakihang pinauunlad ng taksil na pangkating Brezhnev ang mga monopolyong organisasyon sa manupaktura at pagmimina, pinauunlad din ang iba't ibang tipo ng monopolyong organisasyon sa agrikultura. Kabilang sa mga ito ang sumusunod: (1) ang trust sa agrikultura na isang organisasyong trust ng mga ispesyalisadong mga sakahang pang-estado gaya ng mga trust sa manukan, hayupan at gulayan; (2) ang trust sa agrikultura na organisasyon ng ilang sakahang pang-estado o kolektibong sakahan, o sa pagitan ng mga sakahang pang-estado at mga kolektibong sakahan; at (3) ang *complex* na agrikultural-industriyal na isa ring trust kung saan tuwirang pinatatakbo ng empresang pang-agrikultura ang mga planta sa pagpoproseso ng mga produktong pang-agrikultura. Sa pamamagitan ng mga monopolyong organisasyong ito sa agrikultura, pinalakas ng burukratikong monopolyong burgesya ang kanilang kontrol at dinambong ang malawak na kanayunan ng Sobyet.

## Ang "Eksperimentong Shchekino" ang Modelo ng Mapang-aping Sistemang Ipinatutupad ng Rebisyunistang Monopolyong Empresang Sobyet

Matapos maipailalim sa kanilang kontrol ang pambansang ekonomya at ganap na maipanumbalik ang kapitalistang sistema ng upahang paggawa, pinaigting ng neomonopolyong kapitalistang mga burukrata ang kanilang pagsasamantala at pang-aapi sa malawak na masa. Mula noong 1967, pinatunayan nang husto ng "eksperimentong Shchekino" ang panunumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet.

Ang Shchekino ay isang empresa ng kemikal na malapit sa Moscow na may mahigit 7,000 kawani at gumagawa ng mga abonong kemikal at iba pang produktong kemikal. Noong Agosto 1967, ayon sa hinihingi ng rebisyunistang burukratikong monopolyong burgesyang Sobyet, nagpasimula ang empresa ng tinatawag na "pang-ekonomyang eksperimento para palakasin ang malasakit ng mga kawani na palakihin ang produksyon, itaas ang produktibidad ng paggawa, at bawasan ang bilang ng tauhan." Ang "eksperimentong" ito ay tuluy-tuloy na nagpatindi sa paggawa ng manggagawa sa pamamagitan ng mga sabay-sabay na trabaho, pinagsama-samang kategorya ng trabaho, at pinalawak na sakop ng serbisyo, at natupad ang layunin na bawasan ang tauhan at patindihin ang paggawa. Kaalinsabay, napagpasyahan na ipako sa loob ng maraming taon ang kabuuang pondo sa pasahod ng empresa, at kung gayon, ang pondo sa pasahod na natipid sa pagtatanggal ng tauhan ay naiwan, sa kalakhan, sa pasya ng sandakot na pribilehiyadong uri sa mga empresa. Ipinaghambog ni Brezhnev na ang "eksperimento" ay isang perpektong huwaran ng pasahod, at sapul noon ay ipinalaganap na sa buong Unyong Sobyet.

Ang buod ng "eksperimentong Schekino" ay ang "bawasan ang lakas paggawa para palakihin ang produktibidad ng paggawa" nang sa gayo'y itulak ang empresa na "magamit ang potensyal nito." Paano naitaas ang produktibidad ng paggawa? Ipinatupad ang "eksperimentong" ito ng pinagsanib na empresang kemikal ng Schekino  at mahigit 1,000 manggagawa ang tinanggal sa trabaho, o mahigit isa sa bawat pito ng kabuuang tauhan at manggagawa. Sa bilang na ito, 68 na manggagawa, o anim na porsyento, ang tinanggal kung hindi dahil sa higit na mekanisasyon ay dahil sa ibinungang reduksyon ng tindi ng paggawa; habang mahigit 90 porsyento ng mga manggagawa ay tinanggal dahil sa pag-angat ng tindi ng paggawa. Ipinaliwanag ni Marx: "Ang susing usapin ng buong kapitalistang sistema sa produksyon ay ang pagpapalaki ng di binayarang paggawa sa pamamagitan ng mga hakbang tulad ng pagpapahaba sa oras paggawa, pagtataas ng produktibidad, at samakatwid ay mas patindihin ang lakas paggawa."[3] Sa imperyalistang yugto, ang pagpiga ng monopolyong kapital sa di binayarang paggawa mula sa manggagawa ay pinalaki nang 100 ulit. Sa mga bayang imperyalistang kapital, ginamit ng monopolyong kapital ang tinatawag na "syentipikong pamamaraan sa maneydsment" tulad ng "sistemang Taylor" para pwersahin ang manggagawa na patindihin ang paggawa nang malakihan at sa gayo'y palakihin ang pagpiga ng labis na halaga. Ang "eksperimentong Schekino" na itinulak ng taksil na pangkatin ng rebisyunismong Sobyet ay kopyang-kopya sa "sistemang Taylor" na mariing binatikos ni Lenin bilang isang "sistemang sumisipsip-sa-dugo-at-pawis." Ang layunin nito ay pwersahin ang isang Ruso na gawin ang trabaho ng maraming manggagawa at malisyosong pumiga ng mas malaking labis na paggawa at labis na halaga mula sa kanya.

Noong Hulyo 1971, ang 121 na empresa na nagpatupad ng "eksperimentong Shchekino" ay nagtanggal na ng 65,000 tao. Sa kasalukuyan, nagsisimula nang lumitaw ang malubhang disempleyo sa Unyong Sobyet. Sinagad na ng pang-ekonomyang sistema ng monopolyong kapitalismo ng estado ng rebisyunismong Sobyet ang pagtulak sa relasyon ng kapital at upahang paggawa. Kinaharap na nito, at patuloy na kakaharapin, ang malakas na paglaban mula sa uring manggagawang Sobyet at ng malawak na masang anakpawis.

## Ang "Bagong Internasyunal na Pakikipag-ugnayan" ng Rebisyunistang Sobyet ay Isa Pang Pangalan para sa Neokolonyalismo

### Ang Pang-Ekonomyang Unipikasyon ay Isang Mayor na Hakbang ng Neokolonyalismo na Inilunsad ng Rebisyunismong Sobyet

Para habulin ang dambuhalang monopolyong tubo, habang pinatitindi ang pagsasamantala sa mamamayan sa sariling bayan, ang monopolyong kapital ay di maiiwasang magpalawak sa labas. Sa pamamagitan ng eksport ng kapital at sa paggamit ng kolonyal na mga patakaran, dinarambong at inaalipin nito ang mamamayan ng iba pang bayan. Natural na hindi nagkakasya ang monopolyong kapitalismo ng rebisyunismong Sobyet sa pagsasamantala sa masang manggagawa at magsasakang Sobyet at di maiiwasang paabutin ang mga kuko nito sa dayuhang mga bayan. Ang unang apektado nang gayon ay ang "mga kapatid na bayan" ng "malaking sosyalistang pamilya" na iyon.

Binitag ng taksil na pangkatin ni Brezhnev ang ilang bayan sa Silangang Europa at ang Mongolia sa tinatawag na "malaking sosyalistang pamilya". Ang nominal ng relasyon sa pagitan ng rebisyunismong Sobyet at "mga kapatid na bayan" ng malaking pamilyang ito ang "bagong internasyunal na pakikipagrelasyong sosyalista." Sa katotohanan, ito'y relasyong pusa't daga sa pagitan ng imperyalistang panginoon at mga kolonya. Gumamit ang Unyong Sobyet ng pinakabrutal at bisyosong paraan para pahigpitin ang kontrol sa mga bayang ito. Sa larangang militar, nag-istasyon ito ng malaki-laking armadong pwersa sa ilang bayan ayon sa "Warsaw Pact" at iba pang baylateral na kasunduan. Lantaran pa itong nagmobilisa ng ilang daang libong tropa para lusubin ang Czechoslovakia. Sa pulitika, sinuhulan, sinabotahe, at ginamit pa nga nito ang bayoneta para itayo ang mga papet na gubyerno. Sa ekonomya, itinulak nito ang tinatawag na "pang-ekonomyang unipikasyon" sa pamamagitan ng "Council for Mutual Economic Aid" (COMECON). Ang ilang bayan sa Silangang Europa at ang Mongolia ay halos nakapailalim sa kolonyal na paghahari at nagdurusa sa kagimbal-gimbal na pagsasamantala.

Ang layunin ng "pang-ekonomyang unipikasyon" na itinutulak ng sosyal-imperyalismo ng rebisyunismong Sobyet ay lusawin ang sistema ng pambansang ekonomya ng mga myembro ng COMECON, lumikha ng isang monolitiko at tagibang na ekonomyang kolonyal, at "pagbuklurin" ang mga teritoryo, populasyon, at rekurso ng mga bayang ito sa sosyal-imperyalismo ng rebisyunismong Sobyet. Ang "pandaigdigang hatian sa paggawa" at "espesyalisasyon sa produksyon" ng rebisyunismong Sobyet ay kapwa nakapailalim sa "pang-ekonomyang unipikasyon", naglilingkod sa layunin na ipatupad ang "pang-ekonomyang unipikasyon" na binanggit sa itaas.

Isa sa mga paraan na ginamit ng rebisyunismong Sobyet para alipinin ang mga "praternal na bayan" sa ngalan ng "pang-ekonomyang unipikasyon," at para kamtin ang mataas na antas ng monopolyo ng rebisyunismong Sobyet, ay wasakin ang mga industriya sa panggatong at hilaw na materyales ng mga myembrong bayan ng COMECON. Ayon sa istatistiks na inilabas ng COMECON at upisyal na datos ng rebisyunistang Sobyet, noong 1966-1970, ang porsyento ng panggatong at hilaw na materyales na iniimport mula sa rebisyunistang Sobyet patungo sa Bulgaria, Hungary, German Democratic Republic, Poland, at Czechoslovakia ay 93 porsyento para sa petrolyo, 61.9 porsyento para sa uling, 86.8 porsyento para sa mineral na bakal, 97.5 porsyento para sa tunaw na bakal, at 64.3 porsyento para sa bulak. Ang mataas na antas ng monopolyo ng mga rebisyunistang Sobyet sa suplay ng panggatong at hilaw na materyales sa mga myembrong bayan ang nagtatakda sa kapalaran ng mga bayang ito.

Isa pang paraan na ginamit ng rebisyunismong Sobyet para alipinin ang mga "praternal na bayan" sa ngalan ng "pang-ekonomyang unipikasyon" ay pwersahin ang mga myembrong bayan na mag-espesyalisa sa mga produkto na kailangan ng rebisyunistang Sobyet. Halimbawa, pinuwersa ang

Poland na paunlarin ang industriya sa paggawa ng barko, Czechoslovakia na mag-espesyalisa sa paggawa ng bagul ng tren, ang German Democratic Republic na gumawa ng mga kasangkapan sa minahan, Bulgaria na magtanim ng gulay at prutas, at Mongolia na mag-espeyalisa sa industriya ng paghahayupan para magbigay ng karne sa mga rebisyunistang Sobyet. Sa parang ito, ang mga "praternal na bayan" ay natransporma sa pagiging mga kaanib na planta sa pagpoproseso, mga prutasan at gulayan, at mga rantso para sa rebisyunismong Sobyet.

Para pabilisin ang "pang-ekonomyang unipikasyon" at mas epektibong kontrolin ang mga myembrong bayan, nagtayo ang rebisyunismong Sobyet ng isang serye ng mga "supranasyunal na organisasyon," tulad ng: "International Metallurgical Industry Cooperative Organization)," "International Chemical Engineering Industry Cooperative Organization," "International Economic Cooperative Bank," at "International Investment Bank." Sa katotohanan, ang mga "supranasyunal na organisasyon" na ito ay mga internasyunal na monopolyong organisasyon na kontrolado ng monopolyong kapitalismo ng estado ng rebisyunismong Sobyet. Sa pamamagitan ng mga ito, ang mahahalagang departamento sa pambansang ekonomya ng mga myembrong bayan ay nakokontrol ng rebisyunismong Sobyet.

Kapag ang kamay ng rebisyunismong Sobyet ay nasa lalamunan ng mga "kapatid na bayan," at pinipilit sila na tagibang na paunlarin ang kanilang mga ekonomya nang naaayon sa pangangailangan ng Sobyet, napagdarambungan sila nito sa pamamagitan ng kalakalan na gamit ang mga patakarang monopolyo at kolonyal. Ayon sa rebisyunistang Sobyet na mga magasin, noong 1970, nasa rebisyunismong Sobyet ang 80 porsyento ng kabuuang panlabas na kalakalan ng Mongolia, mahigit 50 porsyento ng sa Bulgaria, at humigit-kumulang 40 porsyento ng sa German Democratic Republic, at humigit-kumulang sang-katlo ng sa Poland, Hungary, at Czechoslovakia. Gamit ang bentahe ng dominanteng pusisyon nito, malupit na pinagsasamantalahan ng rebisyunismong Sobyet ang mga bayang ito sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan sa mga kondisyon na di paborable sa kanila. Makikipagpalit ang Unyong Sobyet sa Mongolia ng isang bisikleta para sa apat na kabayo at isang laruang tupa para sa isang tunay na tupa. Ang presyong Sobyet sa import para sa dekuryenteng tren mula Czechoslovakia ay mas mababa nang 2/5 kaysa presyo sa West Germany para sa produkto ding iyon. Pero ang presyo sa eksport ng mineral na bakal mula sa rebisyunistang Sobyet patungong Czechoslovakia ay mahigit doble kaysa patungong West Germany. Ang mga *atomic reactor* na ibinenta ng rebisyunismong Sobyet sa ilang bayan sa Silangang Europa ay nasa presyo na apat na ulit na mas mataas kaysa internasyunal na pamilihan. Isang dating myembro ng Planning Commission ng German Democratic Republic ang nagreklamo na ang taunang pagkalugi ng kanyang bayan sa pakikipagkalakalan sa Unyong Sobyet ay umaabot sa 2 bilyong *marks*.

Tulad ng imperyalismong kapital, ang sosyal-imperyalismo ng rebisyunismong Sobyet ay nag-eksport ng kapital sa ilang bayan sa Silangang Europa at sa Mongolia na tinatawag nitong "ayuda". Hanggang maagang bahagi ng 1971, nag-eksport ng kapital ang rebisyunismong Sobyet ng kabuuang 2.15 bilyong ruble bilang pangmatagalang "pautang". Sa pamamagitan ng eksport ng kapital, hindi lamang napiga ang maraming salapi sa anyo ng interes, kundi maging ang direksyon sa pag-unlad ng tumatanggap na bayan ay nakokontrol. Higit pa, sa pamamagitan ng ganitong pag-eksport, itinambak nila ang malalaking kantidad ng di mabentang kalakal at kasangkapan sa mataas na presyo para makakuha ng dambuhalang monopolyong tubo.

Habang nag-eeksport ng kapital, sa pamamagitan ng bentahe ng dominanteng posisyon sa "pang-ekonomyang unipikasyon" at sa pagkukunwaring lumalaki ang demand ng mga myembrong bayan sa eksport ng hilaw na materyales ng Sobyet, pinilit ng mga rebisyunistang Sobyet ang mga myembrong bayan na maglaan ng pondo at tauhan para sa konstruksyon ng mga plantang Sobyet at eksplorasyon ng mga minahang Sobyet. Nagsagawa sila ng lantarang pandarambong. Halimbawa, noong 1966, pinilit ang Czechoslovakia na magbigay ng 500 milyong ruble sa mga rebisyunistang Sobyet sa layuning bumili ng mga aserong tubo at kasangkapan sa petrolyo para paunlarin ang

minahan ng langis sa Tuimen. Noong 1968, pinilit muli ang Czechoslovakia na magbigay ng maraming mga trak at malalaking kalibreng tubo para gumawa ng pagdadaluyan ng *natural gas* mula Siberia. Nangalap pa nga ang rebisyunismong Sobyet ng puu-puong libong manggagawa mula sa Bulgaria para sa trabahong mabigat, at sa gayon ay tuwirang pinagsasamantalahan ang kanilang labis na paggawa.

Minsan nang tinuligsa ni Lenin ang lumang tsar na "tumatrato sa mga karatig bayan ayon sa prinsipyo ng karapatan ng paghahari sa mga timawa."[4] Ang kondukta ng rebisyunismong Sobyet ngayon sa mga karatig bayan nito ay mas masahol pa kaysa niyong sa lumang tsar Ang tinaguriang "internasyunal na hatian sa paggawa" at "espesyalisasyon sa produksyon" na pinagsilbi sa "pang-ekonomyang unipikasyon" ng rebisyunistang Sobyet ay isang "hatian sa paggawa" sa pagitan ng imperyalistang panginoon at mga kolonya nito. Tulad ito ng itinaguyod ng lumang militarismo ng Japan sa islogan na "industriyal na Japan, agrikultural na Tsina." Ang "malaking sosyalistang pamilya" ng rebisyunismong Sobyet ay ibang pangalan lamang para sa imperyalistang saklaw ng impluwensya tulad ng "bagong kaayusan sa Europa" ng Germany ni Hitler at "East Asian Greater Co-Prosperity Sphere" ng militarismo ng Japan.[4]

## Pagpapatupad ng Patakaran sa Kolonyal na Pagpapalawak sa Asya, Aprika, at Latina Amerika sa Ngalan ng "Ayuda"

Dahil natransporma ang rebisyunismong Sobyet sa sosyal-imperyalismo, kailangang nakapailalim din ito sa mga batas na sumasaklaw sa imperyalismo. Natural na hindi ito nasisiyahan sa kolonyal na paghahari sa loob ng "malaking sosyalistang pamilya," manapa'y di maiiwasang nagsisikap ito na monopolisahin ang pandaigdigang pamilihan para sa mga kalakal, hilaw na materyales, at pamumuhunan. Ang Asya, Aprika, at Latina Amerika, na sagana sa rekurso at atrasado ang mga ekonomya, ay naging natural na mga target ng kolonyal na pagpapalawak ng rebisyunistang Sobyet.

Sinasabi ng taksil na pangkatin ng rebisyunismong Sobyet na nag-aalok ito ng "ayuda" sa Asya, Aprika, at Latina Amerika. Pero, sa katunayan, sa tabing ng "ayuda," sinusubukan nito ang lahat ng paraan para ipaloob ang mga bayan ng mga rehiyong ito sa sariling saklaw ng impluwensya at makipaglabanan sa imperyalismong US na kabigin ang mga bayan ng ikatlong daigdig.

Ang "ayudang Sobyet" ay isang panlalansi na sapilitang pinapasok sa lahat ng panig ng mga bayang tumatanggap ng "ayuda" at nagdadala ng mabibigat na kondisyon sa pulitika at ekonomya. Binubuo ito sa pangunahin ng "ayudang militar," ibig sabihin, pagbebenta ng lipas nang mga kagamitang militar. Sa gayong paraan, ang mga bayang tumatanggap ng "ayuda" ay nakokontrol at napanghihimasukan nito sa militar, pulitika at ekonomya. Taun-taon, nagbibigay ang rebisyunismong Sobyet ng isang bilyong ruble sa anyo ng ayuda sa mga rehiyon ng Asya, Aprika, at Latina Amerika: ang 30 porsyento ay "ayudang pang-ekonomya" at 70 porsyento ay "ayudang militar". Ang mga susing lugar ay ang Middle East at ang palibot ng Persian Gulf; sumunod sa linya ay ang palibot ng South Gulf na may napakalaking estratehikong halaga at mayayaman sa langis. Nagsisikap nang husto ang rebisyunismong Sobyet sa mga bayan ng mga lugar na ito na magtatag ng mga baseng pandagat at panghimpapawid, kontrolin ang eksplorasyon, pagmimina, pagrerepina, at transportasyon ng langis, at monopolisahin ang pagbili ng langis sa pamamagitan ng "ayudang Sobyet." Ang subkontinente ng Timog Asya ay hindi lamang may importanteng estratehikong halaga kundi sagana rin sa likas na rekurso at tao. Dinambong ng rebisyunismong Sobyet ang mga rekurso ng mga lugar na ito at nanghimasok sa kanilang pulitika (sa pamamagitan ng pag-eeksport ng kagamitang militar at kapital sa di paborableng kondisyon sa kalakalan) habang naghihintay ng paborableng oportunidad na magtatag ng mga base militar.

Sa subkontinente ng Timog Asya, tumanggap ang India ng pinakamalaking bahagi ng "ayudang Sobyet." Ang kanyang buhay pang-ekonomya ay hawak ng rebisyunismong Sobyet. Hanggang sa pagtatapos ng 1970, ang porsyentuhan sa produksyong pang-industriya ng India mula sa mga empresa na tumatanggap ng "ayudang" Sobyet ay ang sumusunod: 30 porsyento ng nagawang bakal, 60 porsyento ng kapasidad sa pagrerepina ng langis, 85 porsyento ng mabibigat na makina, 20 porsyento ng nalilikhang kuryente, 30 porsyento ng mga produktong langis, at 60 porsyento ng kagamitang lumilikha ng kuryente. Sa mga proyekto na "binigyan ng ayuda," ang mga disenyong pang-inhinyerya ay monopolisado at buung-buong kontrolado ng rebisyunismong Sobyet sa yugto ng konstruksyon. Kahit sa operasyon, imposible pa rin sa India na maging malaya mula sa kontrol ng rebisyunismong Sobyet. Para magmantine ng kagamitan at suplay ng pyesa at mahahalagang materyales, kailangan nitong sumalig sa rebisyunistang Sobyet. Dagdag pa, ibayong nakontrol ng rebisyunismong Sobyet ang produksyon ng India sa pagtatakda na bayaran sa anyo ng produkto ang "ayudang Sobyet". Ilan sa mga pabrika ng kwerong sapatos, pabrika ng damit, pabirka ng tina, pabrika ng katad, at pabrika ng bumbilya sa India ay itinayo hindi para sa konsumo ng India, kundi para sa eksport patungong Unyong Sobyet bilang kabayaran sa mga utang. Sa mga parang ito nilayong samantalahin ng rebisyunismong Sobyet sa tabing ng "ayuda" ang hilaw na materyales at murang lakas paggawa ng India at gawin itong kaanib na planta sa pagpoproseso. Ibinulalas ng pahayagan sa India, "Ang India ay isang itlog na kontentong nakabuslo sa basket ng Rusya."

Ang taksil na pangkatin ng rebisyunismong Sobyet ay naghahambog na tanging sa pagsalig sa "ayudang" Sobyet at pagpasok sa "internasyunal na hatian sa paggawa" "magagawang makamit ng mga umuunlad na bayan ang tunay na pampulitika at pang-ekonomyang kasarinlan at magkakaroon ng kakayanang labanan ang kapangyarihang imperyalista." Ito na nga ang pinakamalaking kasinungalingang maririnig kahit kailan. Kahit ang rebisyunismong Sobyet ay napilitang umamin na ang hatian ng paggawa sa pagitan nito at ng mga umuunlad na bayan ay "apektadong-apektado ng dati nang umiiral na hatian sa paggawa." Ang katangian nito ay "ang pagpapalitan ng mga produktong pang-industriya, laluna ang makinarya para sa hilaw na materyales, produktong tropikal at panggatong." Mahigit 95 porsyento ng import ng rebisyunistang Sobyet sa goma at 92 porsyento ng kanilang import ng bulak ay nagmula sa Asya, Aprika, at Latina Amerika. Ipinagpapalit ng mga rebisyunistang Sobyet ang pinaglipasang makinarya nito para sa langis mula Middle East, tanso mula Chile, lata mula Bolivia, karne mula East Africa, at uranium mula Somalia. Hindi ba't totoo na ang padron nito ng "internasyunal na hatian sa paggawa" sa pagitan ng "industriyal na Unyong Sobyet" at "agrikultural na Asya, Aprika, at Latina Amerika" ay tipikal na hatian sa paggawa ng imperyalistang panginoon at mga kolonya nito?

Ipinagmamalaki ng taksil na pangkatin ng rebisyunismong Sobyet na ang interes sa pautang nito, na 2.5 porsyento sa bawat taon, ay mas mababa kaysa singil ng mga bayang imperyalistang kapitalat ang mga pautang ay "di makasariling ayuda." Sa katotohanan, ang pautang ng rebisyunistang Sobyet ay nakabalatkayong anyo ng usura. Ang tantos ng interes na pang-uusura ay itinago sa matataas na presyong singil sa mga produktong isinusuplay. Ang pautang ng Sobyet na ipinagkakaloob sa mga bayan ng Asya, Aprika, at Latina Amerika ay kailangang gamitin bilang pambili sa mga produktong Sobyet, na binubuo pangunahin ng pinaglipasang mga sandata, lumang kagamitan, at hindi maibentang mga kalakal. Hindi lamang mababa ang kalidad at atrasado sa teknolohiya ang mga produkto, mas mahal pa ang presyo nito; ang ilan ay 20 porsyento, 30 porsyento, o maging 100 porsyento na mas mataas kaysa mga presyo sa internasyunal na pamilihan. Dagdag pa, ang mga sosyal-imperyalistang rebisyunistang Sobyet ay kadalasang nanggigipit sa mga nangutang na bayan para sa pagbabayad; pinipilit silang mag-suplay sa Unyong Sobyet ng ilang hilaw na materyales. Naiulat na ang Unyong Sobyet ay naningil sa isang bayan sa Middle East, na pinirmahan sa isang kasunduan, na bayaran ang mga utang sa anyo ng langis mula 1973 hanggang 1980 sa presyo na 20

porsyento na mas mababa kaysa presyo ng internasyunal na pamilihan. Sa katunayan, ang tinatakan na "di makasariling ayuda" ay malupit na pagsasamantala.

Sa salita, ang taksil na pangkatin ng rebisyunistang Sobyet ay nangako ng "lubos na pagsuporta" sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng Asya, Aprika, at Latina Amerika. Sa katotohanan, nakipagsabwatan ito sa pinakareaksyunaryong mga kapangyarihan ng daigdig para pahinain ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayang ito at nagsulong ng neokolonyalismo. Nagawa na nitong mag-suplay ng salapi at armas para tulungan ang mga reaksyunaryong grupo ng iba't ibang bayan na imasaker ang mga rebolusyonaryo. Pinaghiwa-hiwalay nila ang Pakistan, sinuportahan ang taksil na pangkatin ni Lon Nol, gumamit ng pananabotahe sa maraming bayan ng Asya, Aprika, at Latina Amerika, ginawa ang lahat ng paraan para suportahan ang mga reaksyunaryong grupo sa iba't ibang bayan sa Asya, Aprika, at Latina Amerika para sugpuin ang armadong pakikibaka ng mamamayan, sinupil ang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya, at umaktong pulis-militar ng daigdig.

## Ang Rebisyunistang Imperyalismong Sobyet ay Bisperas ng Ikalawang Rebolusyong Oktubre

### Ang Sukdulang Parasitiko at Naaagnas na Kalikasan ng Rebisyunistang Sosyal-Imperyalismong Sobyet

Ang rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet ay monopolyong kapitalismo. Malupit nitong pinagsasamantalahan at inaapi ang masang anakpawis nito at mabangis na dinarambong at inaalipin ang mga mamamayan ng ibang mga bayan, laluna ang malawak na masa ng Asya, Aprika, at Latina Amerika. Mas masahol pa nga ito kaysa imperyalismong kapital. Gayunman, tulad ng lahat ng imperyalismo, ang monopolyong kapitalismo ng estado ng rebisyunistang Sobyet ay isang lamang tigreng papel. Dahil di maiiwasan na sa lahat ng monopolyong kapitalismo ay kapwa parasitiko at naagnas na kapitalismo, ito ay naghihingalong kapitalismo. Hindi eksepsyon ang monopolyong kapitalismo ng estado ng rebisyunistang Sobyet. Sa pang-ekonomya o pampulitikang aspeto man, inilalantad ng monopolyong kapitalismo ng estado ng rebisyunistang Sobyet sa lahat ng posibleng paraan ang sukdulang parasitiko at naagnas nitong kalikasan. Hindi magtatagal ay ipadadala ito ng mamamayan ng Unyong Sobyet at ng daigdig sa museo ng kasaysayan.

Ang sukdulang naaagnas na kalikasan ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet ay pangunahing nailantad na sa istagnasyon ng pang-ekonomyang pag-unlad nito. Ang relasyon sa produksyon ng monopolyong kapitalismo ng estado ng rebisyunistang Sobyet ay malubhang sumasagka sa pag-unlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon. Noong ang Unyong Sobyet ay isang sosyalistang bayan, ang produksyong pang-industriya nito sa loob ng 10 taon noong 1929-1938 ay lumago nang patalon at palundag sa karaniwang taunang tantos na 17.4 porsyento. Nang maging sosyal-imperyalismo ang Unyong Sobyet, ang karaniwang taunang tantos ng paglago ng produksyong pang-industriya sa loob ng 10 taon noong 1961-1970 ay biglang bumagsak mula sa 8.6 porsyento tungo sa 7.7 porsyento noong 1971 at mababa sa 7 porsyento noong 1972. Sa pahahari ng taksil na pangkatin nina Khrushchov at Brezhnev, ang produksyong pang-agrikultura sa Unyong Sobyet ay mas masahol pa. Malulubhang krisis sa agrikultura ang sumambulat nang maraming ulit at malalaking bulto ng pagkain ay kailangan pang iimport mula US, Canada, at Australia. Bunga ng resesyon sa industriya, huminang produksyong pang-agrikultura, papaliit na paghahayupan, at implasyon, naiulat ang matitinding kasalatan sa mga kalakal at kakulangan ng suplay sa pamilihan. Nagdahop ang kabuhayan ng masang anakpawis.

Ang sukdulang naaagnas na kalikasan ng sosyal-imperyalismo ay nailantad rin sa pagkukumahog nito sa pagpapalawak ng militar at paghahanda sa gera. Para patuloy na ipatupad ang panlabas na agresyon at pagpapalawak, ang burukratikong monopolyong burgesya na kinatawan ng taksil na pangkatin ni Brezhnev ay di naiwasang sumunod sa patakarang ala-Hitler na "mas maraming baril at mas kaunting pagkain" para imilitarisa ang pambansang ekonomya. Ayon sa mga pagtaya, ang gastusing militar ng mga rebisyunistang Sobyet ay tatlo hanggang apat na ulit na mas mataas kaysa inaamin ng upisyal na pinagmumulan ng datos. Ang karaniwang taunang gastusing militar sapul noong dekadang1970 ay umabot sa 80 bilyong dolyar, o mahigit 30 porsyento ng badyet ng estado. Para makipaglaban sa pangingibabaw ng lakas pandagat, malakihang pinalawak ng rebisyunismong Sobyet ang navy nito. Ang gastusing militar sa mga *battleship* ay tumaas nang malaki sa bawat taon. Ayon sa mga pagtaya, ang karaniwang taunang gastusin sa larangang ito noong dekadang 1960 ay 2 bilyong dolyar. Noong 1970, itinaas ito sa 3 bilyong dolyar, o 0.9 bilyong dolyar na mas malaki kaysa ginastos ng US sa mga *battleship* sa taon ding iyon. Ang malalaking bulto ng kayamanang panlipunan ay hindi ginamit sa pagpapalawak ng produksyon para paunlarin ang kabuhayan ng mamamayan, at sa halip ay ginamit para magparami ng mga sandata, maghanda sa gera, at maghabol ng panlabas na agresyon at pagpapalawak. Ang kalagayang ito ang pinakamatingkad na manipestasyon ng naaagnas na kalikasan ng sosyal-imperyalismo.

Ang sukdulang naaagnas na kalikasann ng sosyal-imperyalismo ng mga rebisyunistang Sobyet ay nailantad din sa ganap na reaksyon nito sa pulitika at malubhang deteryorasyon ng buhay panlipunan. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao na "ang kasalukuyang Unyong Sobyet ay isang diktadura ng burgesya, isang diktadura ng malaking burgesya, isang ala-German na pasistang diktadura, isang ala-Hitler na diktadura."[5] Ang pagsusuri ni Tagapangulong Mao ay malalim na naglantad sa makauring kalikasan at panlipunang pinagmulan ng sosyal-imperyalismo ng mga rebisyunistang Sobyet, naglantad sa pasistang kalikasan nito at sa kasinungalingan ng taksil na pangkatin ng mga rebisyunistang Sobyet na ang Unyong Sobyet ay isang "bayan para sa lahat ng mamamayan." Nang maupo sa poder ang taksil na pangkatin ng rebisyunistang Sobyet, nagsikap ito nang husto para palakasin ang instrumento nito ng pasistang diktadura. Hindi lamang nito ginamit ang pinakamakabagong syentipiko at tekonolohikal na paraan para sandatahan ang pulis at ahensya sa paniktik para palakasin ang panunupil sa mamamayan, kundi malawakang nag-istasyon din ng mga lihim na ahente sa mga pabrika, sakahan, organisasyon, at asosasyon para kontrolin ang masa. Ang Unyong Sobyet sa kasalukuyan ay nasa paghahari ng puting lagim. Sinumang mangahas na magpakita ng diskuntento at lumaban sa pangkating Brezhnev ay minamanmanan, binubuntutan, iniinteroga, o ipinadadala sa isang "mental asylum," *concentration camp*, o bilangguan para sa krimen umano ng "paninirang-puri sa Unyong Sobyet o pananabotahe sa panlipunang kaayusan."

Dagdag pa sa panunupil sa mamamayan sa pamamagitan ng lantarang dahas, ang taksil na pangkating Brezhnev ay gumamit din ng disimuladong mga hakbang para papanghinain ang mamamayan sa pamamagitan ng pagpasok ng bulok na kultura, bulgar na sining, at estilo ng pamumuhay mula sa kapital imperyalistang mga bayan para lasunin ang mamamayang Sobyet. Lahat ng pinakaatrasado sa kaisipan, pinakareaksyunaryo, at pinakabulok na bagay sa daigdig ay nagawang lumago sa matabang lupa ng sosyal-imperyalismo ng mga rebisyunistang Sobyet.

Isa pang manipestasyon ng sukdulang parasitiko at naaagnas na kalikasan ng sosyal-imperyalismo ng mga rebisyunistang Sobyet ay ang mas mataas na kita ng burukratikong monopolyong burgesya na kinakatawan ng taksil na pangkating Brezhnev kaysa tinatanggap ng karaniwang manggagawa at magsasaka. Ang agwat sa kita na mahigit 10 ulit, o maging 100 ulit, ay kinuha sa pamamagitan ng matataas na sahod, malalaking bonus, at iba't ibang tipo ng personal na subsidyo. Sinamantala din ng uring ito ang espesyal nitong mga pribilehiyo sa ekonomya at pulitika para magsilbi sa kanilang makasariling interes, mangurakot at mamuhay nang maluho at parasitiko. Mahigpit na kaugnay sa burukratikong monopolyong burgesya na ito ang rebisyunistang intelektwal na aristokrasya. Ang

rebisyunistang intelektwal na aristokrasyang ito ay nagsisilbi sa burukratikong monopolyong burgesya sa larangan ng ideolohiya at may makamundo at parasitikong buhay din. Si Sholokhov, isang awtor na kilala sa kanyang pagsusulat sa lagim ng digma at burges na pasipismo, ay naging bilyunaryo. Pag-aari niya hindi lamang ang isang pribadong kotse, kundi ang isang pribadong eroplano rin. Ang kanyang deposito sa bangko ay napakalaki na kahit siya mismo ay hindi na ito nasusundan.

Bilang pagsusuma, ang bulok na kalagayan na katangian ng isang naaagnas na panlipunang sistema ay kumalat na sa mga larangan ng ekonomya, pulitika at kultura ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet. Ang panlipunang sistemang ito, tulad ng nakalalasong kabute na tumutubo sa isang tumpok na tae ng kalabaw, ay walang kabuhay-buhay.

## Nagsimula Na ang Isang Bagong Istorikong Panahon ng Paglaban sa Imperyalismong US at Rebisyunismong Sobyet

Ang madugong pang-aapi at pagsasamantala sa masang anakpwis sa sariling bayan, ang malupit na paghaharing kolonyal sa mga bayan sa "malaking sosyalistang pamilya," at ang agresibong pagpapalawak sa iba't ibang bahagi ng daigdig ay di maiiwasang nagpatindi sa iba't ibang kontradiksyon na kinakaharap ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet sa sariling bayan at sa ibayong-dagat.

Saanman may pang-aapi, may paglaban. Ang pang-aapi at pagsasamantala ng burukratikong monopolyong burgesya ng rebisyunistang Sobyet sa masang anakpawis sa Unyong Sobyet ay di maiiwasang mahaharap sa paglaban ng masang anakpawis na Sobyet.

Ang paglaban ng mamamayang Sobyet sa burukratikong monopolyong burgesya ay may iba't ibang anyo. Ang mga manggagawa sa maraming lugar sa Unyong Sobyet ay nagsagawa ng mga slowdown, pagpapabaya sa trabaho, at welga para ipakita ang kanilang diskontento at paglaban sa naghaharing pangkatin ng rebisyunismong Sobyet. Sa maraming lugar, ang rebolusyonaryong masa ay nagdemonstrasyon nang maraming ulit, at lumalaban sa pasistang diktadura ng rebisyunistang awtoridad na Sobyet. Sa iba't ibang lugar sa Unyong Sobyet, ang mamamayan ay madalas na naglalathala ng mga lihim na babasahin, namamahagi ng mga polyeto para labanan ang reaksyunaryong paghahari ng taksil na rebisyunistang pangkating Sobyet, at nagsisiwalat sa nakatagong mga lihim ng rebisyunistang pribilehiyadong uri ng Sobyet. Ang mga bayaning anak ng Rebolusyong Oktubre ay hindi kailanman magpapailalim sa reaksyunaryong paghahari ng bagong tsar ng rebisyunismong Sobyet. Sa madilim na paghahari ng lumang tsar, matatag na ipinaliwanag ni Lenin na "ang proletaryado ng Russia ay hindi mangingiming magsakripisyo para palayain ang buong sangkatauhan mula sa paghamak ng tsaristang monarkiya."[6] Ngayon, ang proletaryado, magsasaka, at rebolusyonaryong intelektwal na Sobyet ay dapat tumugon sa panawagan ni Lenin at magsikhay para ibagsak ang bagong tsar at muling-itatag ang diktadura ng proletaryado.

Ikalawa, ang kontradiksyon sa pagitan ng mga bayan at mamamayan na pinagmamalupitan ng neokolonyalismo ng mga rebisyunistang Sobyet at rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet ay patindi nang patindi.

Ang neokolonyal na patakaran ng "pang-ekonomyang unipikasyon" na ipinatutupad ng mga rebisyunismong Sobyet at ang pang-aalipin at pandarambong sa ilang bayan sa Silangang Europa at sa Mongolia ay lalong nagpaunlad sa pakikibaka laban sa pandarambong at laban sa dominasyon sa mga bayang ito. Ang lantarang armadong okupasyon ng mga rebisyunistang Sobyet sa Czechoslovakia ay nagbukas sa mapagbantay na mata ng ilang bayan sa Silangang Europa at sa Mongolia at pinalakas ang kanilang pakikibaka laban sa rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet. Ngayon ang Silangang Europa ay parang pulburang sasabog. Ang okupasyon sa Prague ay

parang isang bagul ng pulbura na maaaring sumabog sa hinaharap. Ang pagsalakay ng mga tangke ng rebisyunistang Sobyet ay hindi nagpakita ng lakas ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet; kabaligtaran nito, ito'y pangitain ng pagsisimula ng kolaps ng kolonyal na emperyo ng rebisyunistang Sobyet.

Sa tabing ng "ayuda," ang rebisyunismong Sobyet ay balisang pumapasok, nandarambong, at lumulusob sa mga bayan ng Asya, Aprika, at Latina Amerika. Ang makademonyong galamay ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet ay nakaabot sa ilang bayan sa Mediterranean at sa Indian Ocean sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga base militar, pagkuha ng pribilehiyo sa pagdaong, at pagkontrol at panghihimasok sa panloob na pulitika at ugnayang panlabas. Ang mga barkong pangisda ng Sobyet ay naglalayag nang malaya sa buong daigdig, dinarambong at sinisira ang mga rekurso sa pangingisda at nang-aangkin ng teritoryal na karagatan ng ibang mga bayan. Ang mamamayan ng Asya, Aprika, at Latina Amerika ay ibayong namumulat sa reaksyunaryong kalikasan ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet. Mataimtim nilang ipinakita na ang taksil na rebisyunistang pangkating Sobyet, na nagtaksil sa "rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig," ay isang "neokolonyalista" at "isa pang kaaway ng mamamayan ng daigdig." Ang mga bayan at mamamayan na dumaranas ng agresyon, kontrol, panghihimasok, at pagmamalupit ng rebisyunismong Sobyet at imperyalismong US ay nagkakaisa para matagumpay na isulong ang anti-imperyalista at antikolonyal na pakikibaka na nakatuon partikular sa dalawang nukleyar na superpower, ang US at Unyong Sobyet.

Ikatlo, ang nagkukumahog na panlabas na agresyon at pagpapalawak ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet at ang pakikipag-agawan nito para sa mga pamilihan ng kalakal, suplay ng hilaw na materyales, at paglalagakan ng pamumuhunan ay nagpatindi sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang bayan na wala pang kapantay, laluna iyong sa pagitan ng rebisyunismong Sobyet at imperyalismong US; ang dalawang nukleyar na superpower ay nagpapambuno para sa pandaigdigang hegemonya.

Sa kasalukuyan, ang dalawang nukleyar na superpower, ang US at Unyong Sobyet, ang pangunahing naglalabanan para sa pandaigdigang hegemonya. Ang estratehikong lugar na pinag-aawayan nila ay nasa Europa dahil Europa ang puso ng kapitalistang daigdig. Laging gusto ng Kanluran na itulak ang rebisyunismong Sobyet na magpalawak nang pasilangan at ibaling ang delubyong ito sa Tsina. Pero ang Tsina ay isang makunat na karne na sa maraming taon ay tumatangging pakagat. Sa kasalukuyan, gamit ang estratehiya ng kunwang pag-atake, pinatindi pa ng rebisyunismong Sobyet ang paglaban nito sa Europa. Nag-istasyon ang mga rebisyunistang Sobyet ng dalawang-katlo ng kanilang army at air force sa kanluran ng kabundukang Ural. Ang rebisyunistang Sobyet na navy ay mabilis na nagpalawak sa nakaraang dekada. Noong 1970, nagtalaga ito ng mahigit 200 *battleship* sa tatlong karagatan at walong baybaying-dagat sa isang pandaigdigang ehersisyo para ipagmalaki ang kapangyarihang pandagat nito at pinalawak pang lalo ang pag-abot nito sa Mediterranean at sa Indian Ocean. Ang pag-aagawan ng US at Unyong Sobyet para sa pandaigdigang hegemonya ang pinagmumulan ng ligalig sa daigdig. Ang pag-aagawan ay naharap sa maigting na paglaban mula sa Ikatlong Daigdig at lumikha sa Japan at sa mga bayan ng Kanlurang Europa ng papatinding disgusto. Ang papalawak na panloob at panlabas na mga kahirapan ng dalawang superpower ay naglalagay sa kanila sa isang di kanais-nais at walang lunas na sitwasyon.

Nangangahulugan ang imperyalismo ng agresyon at gera. Nag-istasyon ng mga tropa ang rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet sa kahabaan ng hangganan ng Tsina, at sinubukang gawing kolonya ang Tsina. Dapat nating sundin ang mga turo ni Tagapangulong Mao na "maging handa sa gera, maging handa sa natural na kalamidad, at gawin ang lahat para sa mamamayan", at "maghukay ng malalalim na kweba, palakihin ang imbak na pagkain, at huwag maging agresibo" para palakasin ang paghahanda laban sa mga gerang agresyon at maging alerto sa pagsiklab ng

imperyalistang digmaang pandaigdig, laluna sa mga sorpresang pag-atake mula sa rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet. Dapat nating matatag, puspusan, tiyak, at lubusang durugin ang lahat ng kaaway na mangangahas na lusubin tayo.

Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Hindi kailanman patatawarin ng rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig ang maraming masasama at nakakahiyang ginawa ng rebisyunismong Sobyet sa pakikipagsabwatan sa imperyalismong US. Ang mamamayan ng iba't ibang bayan ay nagbabangon. Isang bagong panahon ng pakikibaka sa imperyalismong US at rebisyunismong Sobyet ang nagbubukang-liwayway."[7] Sa pakikibaka sa mentalidad ng hegemonya at pulitika ng pamumwersa, bumabangon at lumalakas ang Ikatlong Daigdig. Malaking kaganapan ito sa kasalukuyang internasyunal na ugnayan. Ang katangian ng kasalukuyang pandaigdigang sitwasyon ay walang-hanggang kaguluhan. "Ibinabadya ng malalakas na hangin ang paparating na unos." Ito mismo ang kasalukuyang bersyon ng mga batayang kontradiksyon ng daigdig na sinuri ni Lenin. Lahat ng bayan na dumaranas ng agresyon, pananabotahe, panghihimasok, pagkontrol, at pagmamalupit mula sa imperyalismo ay lalong nagkakaisa, nagbubuo ng malapad na nagkakaisang prente at nagpapalakas ng kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo at sa luma't bagong kolonyalismo, laluna laban sa mentalidad ng hegemonya ng dalawang superpower, ang US at ang Unyong Sobyet. Ang mga bayan ay dapat independyente, ang mga bansa ay dapat lumaya, at ang mamamayan ay dapat magrebolusyon. Ang mga ito ang di mapipigilang istorikong agos na aanod sa US at Unyong Sobyet.

Sa bisperas ng tagumpay sa Digma Laban sa Hapon, natanaw ni Tagapangulong Mao: "Ang daigdig ay susulong at hindi kailanman uurong. Gayunman, natural na dapat tayong maging handa na pangunahan ang posibleng pansamantala, at kahit malulubhang, mga pagliko ng landas sa kasaysayan. Marami pang malalakas na reaksyunaryong impluwensya sa maraming bayan na atubiling makita na makakamit ng kanilang sariling mamamayan at mamamayan ng ibang mga bayan ang pagkakaisa, pagsulong, at paglaya. Sinuman na magbale-wala sa mga salik na ito ay tiyak na makagagawa ng malulubhang pagkakamali sa pulitika. Gayunman, ang pangkalahatang tunguhin ng kasaysayan ay nakatakda na at hindi na mababago."[8]

Ang paglitaw ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet ay isang pansamantalang pagliko ng landas sa kasaysayan. Pero, tulad ng imperyalismong kapital, pasan-pasan nito ang samu't saring mga kontradiksyon: Ang kontradiksyon sa pagitan ng burukratikong monopolyong burgesya ng mga rebisyunistang Sobyet, sa isang panig, at ang proletaryado at lahat ng masang anakpawis sa Unyong Sobyet, sa kabilang panig; ang kontradiksyon sa pagitan ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet at ng mamamayan ng mga kolonya at buong daigdig; at ang kontradiksyon sa pagitan ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet at imperyalismong kapital, laluna ang imperyalismong US. Lahat ng ito ay patindi nang patindi. Dahil sa pag-iral at pag-unlad ng mga kontradiksyon na ito, ang rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet ay tiyak na itatapon ng mamamayan ng Unyong Sobyet at ng daigdig sa museo ng kasaysayan. Iginiit ni Lenin, "Ang imperyalismo ay bisperas ng sosyalistang rebolusyon."[9] Ang rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet ay bisperas ng ikalawang sosyalistang Rebolusyong Oktubre. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ang Unyong Sobyet ay isang sosyalistang bayan at ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet ay nilikha ni Lenin. Bagamat ang pamunuan ng Partido at gubyerno ng Unyong Sobyet ay inagaw ngayon ng mga rebisyunista, pinapayuhan ko ang mga kasama natin na matatag na magtiwala na ang malawak na mamamayang Sobyet, mga myembro ng Partido, at mga kadre ay mabubuting mamamayan at nagnanais ng rebolusyon. Hindi magtatagal ang rebisyunistang paghahari."[10] Sa dakilang bandila ng Leninismo at sa suporta ng mamamayan ng daigdig, ililibing sa kalaunan ng mamamayang Sobyet, na may maningning na rebolusyonaryong tradisyon, ang rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet. Muling ibabalik ng kanilang tagumpay ang ningning ng diktadura ng proletaryado, sosyalismo, at Marxismo-Leninismo para kuminang sa ibabaw ng lupa ng Unyong Sobyet.

Hayaang mangatog ang naghaharing uri sa harap ng komunistang rebolusyon. Walang mawawala sa mga proletaryo kundi ang kanilang mga tanikala. May daigdig silang ipagwawagi.

Manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa![11]

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Lenin, "Hinggil sa Tungkulin ng Ikatlong Internasyunal," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 29.
Chairman Mao, "Pakikipag-usap sa Amerikanong Peryodistang si Anna Louise Strong."
Chairman Mao, "Telegramang Pambati sa Ikalimang Kongreso ng Partido sa Paggawa ng Albania," Oktubre 25, 1966.

**Mga Katanungan sa Pagbabalik-aral**

1. Paano makikila ang kalikasan ng rebisyunistang sosyal-imperyalismong Sobyet mula sa batayang mga katangiang pang-ekonomya ng imperyalismo?
2. Bakit hindi magtatagal ang paghahari ng taksil na pangkating Brezhnev sa Unyong Sobyet?

**Mga Tala**

1) Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 827.
2) "Mga Resolusyon hinggil sa Kasalukuyang Sitwasyon. Ika-pitong Pambasang Kumperensyan ng Kongreso (Kumperensya ng Kongreso sa Abril) ng Sosyal Demokratikong Partido ng Paggawa (Bolshevik) ng Russia," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 24, p. 277.
3) Marx, Kritika ng Programang Gotha, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 17.
4) "Hinggil sa Pananaw ng Pambansang Superyoridad ng Dakilang Mamamayang Ruso," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 611.
5) Talumpati ni Tagapangulong Mao noong Mayo 11, 1964. Sinipi sa Jen-min jih-pao [People's Daily], Abril 22, 1970.
6) "Ang Digmaan at ang Sosyal Demokratikong Partido ng Rusya," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 21, p. 13.
7) Sinipi mula sa Jen-min jih-pao [People's Daily], Abril 28, 1969.
8) "Hinggil sa Gubyernong Koalisyon," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 932.
9) "Paunang Salita sa Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 730.
10) Sinipi mula sa Jen-min jih-pao [People's Daily], Hunyo 11, 1967.
11) Manipestong Komunista, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, pp. 285-86.

# Kabanata 12

## Inihahatid ng Lipunang Sosyalista ang Isang Bagong Panahon sa Kasaysayan ng Tao

Lipunang Sosyalista at ang Diktadura ng Proletaryado*

Higit sandaang taon na ang nakalipas, ang mga guro ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon, sina Marx at Engels, ay nagsuri sa paglitaw, pag-unlad, at pagdausdos ng kapitalistang relasyon sa produksyon at narating ang syentipikong kongklusyon na tiyak na ibabagsak ng proletaryado ang burgesya't lahat ng mapagsamantalang uri, na tiyak na papalitan ng diktadura ng proletaryado ang diktadura ng burgesya, na tiyak na papalitan ng sosyalismo ang kapitalismo, at tiyak na makakamit sa wakas ang komunismo. Nanawagan sila sa proletaryado ng daigdig na makipagkaisa sa malawak na masang anakpawis at manandata para matatag na makibaka sa pagdurog sa makinarya ng burges na estado, pagtatag ng diktadura ng proletaryado, at pagkamit ng sosyalismo at komunismo. Sa nakaraang sandaang taon at higit pa, ang proletaryado ng daigdig, di alintana ang sakripisyo, ay matatag na nagmartsa pasulong sa maningning na gabay ng Marxismo. Ginawang katotohanan ng pandaigdigang proletaryado ang syentipikong sosyalistang mithiin na tumatanglaw sa malawak na saklaw ng daigdig. "Papalitan sa wakas ng sosyalistang sistema ang kapitalistang sistema; ito ay isang obhetibong batas na hindi nakasalaay sa kagustuhan ng tao."1 Ang lipunang sosyalista sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, na itinatag sa marahas na rebolusyon, ay isang pundamental na negasyon sa mapagsamantalang sistemang kapitalista at lahat ng mapagsamantalang sistema. Naghahatid ito ng isang bagong panahon sa kasaysayan ng tao.

### Ang Proletaryong Rebolusyon at Diktadura ng Proletaryado ay mga Prekondisyon para sa Paglitaw ng Sosyalistang Relasyon sa Produksyon

Ang Sosyalistang Relasyon sa Produksyon ay Hindi Maaaring Lumitaw sa Loob ng Kapitalistang Lipunan

Ang transisyon mula sa isang anyo ng lipunan tungo sa isa pa sa kasaysayan ng tao ay itinutulak ng saligang panlipunang kontradiksyon, ibig sabihin, ang kontradiksyon sa pagitan ng relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon, at sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya. Ipinaliwanag ni Marx: "Oras na umunlad ang materyal na produktibong pwersa sa isang takdang yugto, bumabangga ang mga ito sa umiiral na relasyon sa produksyon o relasyon sa pagmamay-ari (legal na terminolohiya lamang ito para mga relasyon sa produksyon). Ang mga relasyong ito ay nagiging tanikalang pumipigil sa mga produktibong pwersa dahil sa anyo na pinag-unlaran ng mga produktibong pwersa. Sa panahong iyon, dumating na ang panahon para sa sosyalistang rebolusyon. Sa pagbabago ng pang-ekonomyang subistruktura, ang buong napakalaking superistruktura ay magdaraan sa mga pagbabago sa iba't ibang bilis" "Ang bago't mas mataas na relasyon sa produksyon ay hindi kailanmang lilitaw bago ganap na mahinog ang materyal na kondisyon sa pag-iral nito sa binhi ng lumang lipunan." [2] Ang mga materyal na kondisyon para sa sosyalistang mga relasyon sa produksyon – sosyalisadong produksyon at ang proletaryado na

---

* She-hui-chu-i she-hui k'ai-ch'uang le jen-lei li-shih ti hsin chi-yuan – she-hui-chu-i she-hui ho wu=ch'an-chieh-chi chuan-cheng.

kumikilos bilang tagahukay ng libingan ng kapitalismo – ay tuluy-tuloy na umuunlad sa kapitalistang kalagayan. Nang umunlad ang kapitalismo tungong imperyalismo, ang agunyas ng kamatayan ng kapitalismo ay bumatingaw, at dumating na ang panahon ng proletaryong sosyalistang rebolusyon.

Batid na natin na sa kasaysayan ng tao, ang sistemang alipin, pyudalismo, at kapitalismo ay pawang mapagsamantalang sistema na nakabatay sa pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Ang pagpapalit sa isa sa tatlong sistemang panlipunan at pang-ekonomya ng isa pa ay laging nagsasaanyo na pinapalitan ng isang bagong sistema ng pribadong pagmamay-ari ang lumang sistema ng pribadong pagmamay-ari. Sa ganitong kalagayan, unti-unting makalilitaw ang bagong relasyon sa produksyon. Halimbawa, unti-unting lumitaw ang kapitalistang relasyon sa produksyon nang papatapos ang lipunang pyudal. Kahit sa ganitong kalagayan, para maging dominanteng pang-ekonomyang batayan ng lipunan ang bagong sistema ng pribadong pagmamay-ari, kailangan nitong sumalig sa bagong lumilitaw na mapagsamantalang uri, na kumakatawan sa ganitong bagong sistema ng pribadong pagmamay-ari, para maglunsad ng rebolusyon, agawin ang kapangyarihang pampulitika, at lumahok sa buhay-at-kamatayang tunggalian ng mga uri. Ito ay batas na subok na ng panahon.

Ang sosyalistang relasyon sa produksyon ay relasyon sa produksyon na nakabatay sa pampublikong pagmamay-ari. Hindi ito maaaring lumitaw sa loob ng kapitalistang lipunan. Ang sosyalistang sistema ng pampublikong pagmamay-ari ay pundamental na salungat sa sistema ng kapitalistang pagmamay-ari kung saan pribadong pagmamay-ari ang mga kagamitan sa produksyon. Ang pagpapatupad ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon ay nangangahulugan ng ekspropriyasyon ng mga kagamitan sa produksyon ng burgesya. Hindi ito magagawa sa kapitalistang lipunan sa ilalim ng diktadura ng burgesya. Umiiral ang makinarya ng burges na estado at kabuuan nitong superistruktura para protektahan ang sistema ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari. Hindi kailanman papayagan ng burgesya na magkahugis sa loob ng kapitalistang lipunan ang sosyalistang relasyon sa produksyon. Ang lahat ng maling pangangatwiran na "maaaring payapang umunlad ang kapitalismo tungong sosyalismo," na itinataguyod ng bago at lumang mga rebisyunista, ay pawang taliwas sa katotohanan. Ang ganitong mga "teorya" ay nagsisilbi para panatilihin ang kapitalistang sistema at pigilan ang proletaryado na mag-alsa at maghimagsik. Sa pag-unlad ng kapitalismo, malinaw ang landas ng ganap at rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan: "*Inaagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika sa estado at una sa lahat, itatransporma ang mga kagamitan sa produksyon bilang pag-aari ng estado.*"[3]

Ang pundamental na usapin sa rebolusyon ay kapangyarihang pampulitika. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Nagmumula ang kapangyarihang pampulitika sa dulo ng baril."[4] Tanging sa pagbabagsak ng burges na makinarya ng estado at pagtatatag ng diktadura ng proletaryado sa pamamagitan ng rebolusyonaryong dahas maitatatag at mapapaunlad ng proletaryado ang mga relasyon sa produksyon na nakabatay sa sosyalistang pampublikong pagmamay-ari matapos ang sosyalistang nasyunalisasyon ng kapitalistang ekonomya at sosyalistang transpormasyon ng indibidwal na ekonomya. Sa gayon, ang proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado ay nagiging prekondisyon para sa paglitaw ng sosyalistang relasyon sa produksyon.

Ang Komuna ng Paris ng 1871 ay ang makabuluhan sa kasaysayang unang pagsisikap ng proletaryado na ibagsak ang kapitalistang sistema sa pamamagitan ng rebolusyonaryong dahas. Bagama't nabigo ang Komuna ng Paris, ang mga prinsipyo ng komuna ay patuloy na nabubuhay. Ang karanasan ng Komuna ng Paris ay nagpakita na dapat wasakin ng proletaryado ang burges na makinarya ng estado, ibig sabihin, "imposibleng simpleng hawakan lamang ng uring manggagawa ang makinarya ng estado na nariyan na, at gamitin ito para sa sariling layunin."[5]

Ang pamumuno ni Lenin sa Rebolusyong Oktubre ay napakahusay na paglalapat ng Marxistang teorya ng marahas na rebolusyon. Ipinakita ng karanasan ng Rebolusyong Oktubre na ang panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, hanggat may malaki-laking proletaryado, hanggat may

masang nagdurusa sa pang-aapi, at hanggat may relatibong husto sa gulang na proletaryong partido na may kakayahang magbalangkas ng isang Marxistang linyang nakabatay sa pambansang rebolusyong kalagayan at may kakayahang pamunuan nang wasto ang proletaryado, maralita, at naghihirap na mga magsasaka sa pamamagitan ng pagkakaisa ng lahat ng pwersang maaaring kabigin para isulong ang mapagpunyaging pakikibaka laban sa kaaway sa uri, magiging posible na ibagsak ang burges na paghahari sa pamamagitan ng armadong rebolusyon, kahit na sa pinakaatrasadong kapitalistang bayan, at sa gayo'y itatag ang isang sosyalistang baya sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

Ang kanyon na dumagundong sa Rebolusyong Oktubre ay nagbigay sa mamamayang Tsino ng Marxismo-Leninismo. Binuo ng dakilang Tagapangulong Mao ang pangkalahatang linya para sa bagong demokratikong rebolusyon ng Tsina sa paglalapat ng unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa rebolusyonaryong kalagayan ng Tsina. Ang pangkalahatang linya ay: "Ito ay isang rebolusyong pinamumunuan ng proletaryado, rebolusyon ng bayan, at laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo."[6] Sa patnubay ng ganitong rebolusyonaryong linya, sinunod ang landas sa pagtatatag ng mga baseng purok sa kanayunan at mga eryang rural at pagkubkob at sa wakas ay pag-agaw sa mga lunsod. Matapos ang matagal na panahon ng rebolusyonaryong digma, ibinagsak ng mamamayang Tsino ang reaksyunaryong paghahari ng imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo, winasak ang lumang makinarya ng estado, at itinatag ang Republikang Bayan ng Tsina sa ilalim ng demokratikong diktadurang bayan, ibig sabihin, proletaryong diktadura. Ang pagsilang ng Republikang Bayan ng Tsina ang pinakadakilang kaganapan sa kasaysayan ng daigdig matapos ang Rebolusyong Oktubre.

Ipinapakita ng karanasan ng rebolusyong Tsino na, sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, kung ang proletaryado ng mga bayang kolonyal at malakolonyal ay seryosong naglalapat ng unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa aktwal na rebolusyonaryong kalagayan ng kanilang mga bayan, mahigpit na tanganan ang pamumuno sa demokratikong rebolusyon, at namumuno sa mamamayan sa tagumpay ng ganitong rebolusyon, lubos na posibleng pumasok agad sa yugto ng sosyalistang rebolusyon matapos makumpleto ang mga tungkuling anti-imperyalista at antipyudal.

Ang mga tagumpay ng Rebolusyong Oktubre at sosyalistang rebolusyon sa Tsina ay mga dakilang tagumpay ng Marxistang teorya ng armadong rebolusyon. Walang-tigil at malisyosong umaatake sa mga armadong rebolusyon ang bago at lumang mga rebisyunista. Niyayakap nila ang kasinungalingan ng "mapayapang transisyon", na dili't iba'y niretokeng bersyon ng "kabutihang-loob" na ipinangaral ng pilosopong si Confucius, isang tagapagsalita ng noo'y nabubulok na uring panginoong may-alipin sa Tsina. [Tala ng Editor: Ang ibig sabihin ng mga prinsipyo ng "kabutihang-loob" ni Confucius sa madaling salita ay: "Tapat sa mga prinsipyo ng ating kalikasan at sa mapagpalang paggamit ng mga ito sa iba."] Ang mga prinsipyo ng "kabutihang-loob" kailanma'y hindi naging pagmamabuting-loob, at laging gumagamit ng reaskyunaryong pwersa ang burgesya para supilin ang proletaryado. Ang tinaguriang "landas ng katapatan at pagbibigayan" ay isang panloloko na ginamit ng mapagsamantalang uri para paralisahin ang rebolusyonaryong diwa ng anakpawis. Iyong kasalukuyang tunay na disipulo ni Confucius, si Lin Piao, ay namulot pa ng inaalikabok na mga sandata tulad ng "umuunlad iyong gumagamit ng kabanalan , namamatay iyong gumagamit ng pwersa", bigong tinatangka na supilin ang kalayaan ng proletaryado at labanan ang paggamit ng rebolusyonaryong dahas laban sa reaksyunaryong uri. Kaugnay ng konsistenteng kasinungalingang pagtutol sa rebolusyonaryong dahas na laging itinutulak ng lokal at dayuhang mga rebisyunista, taimtim na ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ang armadong pag-agaw sa pampulitikang kapangyarihan, ang pagtatapos sa usapin sa pamamagitan ng armadong pakikibaka, ang sentral na tungkulin at pinakamataas na anyo ng rebolusyon. Ang rebolusyonaryong Marxista-

Leninistang prinsipyong ito ay totoo para sa lahat. Lagi itong wasto, maging sa Tsina man o sa ibayong dagat."[7] Ito ay unibersal na batas ng proletaryong rebolusyon.

## Ang Pinakabuod ng "Teorya ng Produktibong Pwersa" ay ang Pagsalungat Nito sa Proletaryong Rebolusyon at Diktadura ng Proletaryado

Ang pinakapundamental na kataksilan sa Marxismo ng bago at lumang mga rebisyunista ay ang kanilang pagsalungat sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado. Ang gula-gulanit na bandila na itinataas nila laban sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado kadalasan ay ang reaksyunaryong "teorya ng "produktibidad muna".

Ang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal na sina Bernstein at Kautsky ay nagsikap nang husto na itulak ang ideya na, dahil sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa, ang mga kapitalistang bayan na may napakaunlad na industriyalisadong ekonomya ay "unti-unting magluluwal" ng sosyalistang sistemang pang-ekonomya. Hindi na kinakailangan kung gayon na gumamit ng marahas na rebolusyon.  kinakailangan munang "paunlarin" ng mga kapitalistang bayan na di maunlad ang mga industriya, ng mga kolonya, at ng mga dependyenteng bayan, ang mga produktibong pwersa. Kung wala ang napakaunlad na mga produktibong pwersa, hindi makakapagrebolusyon ang proletaryado.  Ito'y maagang bersyon ng "teorya na produktibidad muna" sa pandaigdigang kilusang komunista. Itinuring ng maling teoryang ito ang pagbabagong panlipunan bilang lantay na usapin ng pag-unlad ng produktibong pwersa. Lubos nitong winalang-bahala na ang mga relasyon sa produksyon ay may ganting-aksyon sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa, at ang superistruktura ay may ganting-aksyon sa pang-ekonomyang base.  Winalang-bahala nito ang prinsipyo ng materyalismong istoriko na sa makauring lipunan dapat magdaan ang transpormasyong panlipunan sa marahas na tunggalian ng mga uri bago matupad ang teoryang ito ng istorikong materyalismo.

Pinabulaanan ng mga tagapagtatag ng Marxismo ang rebisyunistang "teorya ng ngmateryalismo, ang nagtatakdang salik sa kasaysayan ay ang produksyon at reproduksyon ng tunay na kalagayan sa buhay sa kahuli-hulihan. Hindi kami nagbigay nina Marxng higit na pagpapahalaga sa alinmang ibang salik.  Kung may sadyang mambaluktot nito sa pagsasabing ang pang-ekonomyang salik lamang ang tanging nakapagtatakda salik, kung gayon ginagawa nilang isang walang saysay, abstrakto, at walang kabuluhang satsat."[8]

Sa takbo ng proletaryong rebolusyon sa Rusya, pinulot muli ng mga taong tulad nina Trotsky at Bukharin ang gasgas na "teorya ng produktibidad muna" sa bigong tangka na labanan ang matagumpay na pagsulong ng proletaryadong Ruso laban sa kapitalistang sistema. Ipinagpilitan nila na ang Rusya na atrasado ang ekonomya ay hindi kwalipikado na magtatag ng sosyalistang sistema. Ang ganitong tipo ng kabulastugan ay ganap na pinuna ni Lenin. Itinanong ni Lenin: "Bakit hindi nating maaring gamitin muna ang mga rebolusyonaryong pamamaraan upang makamit ang mga prekondisyon para matamo ang tiyak na antas na ito at makahabol sa mamamayan ng ibang mga bayan sa batayan ng kapangyarihang pampulitika ng manggagawa at magsasaka at sistemang Sobyet?"[9]

Sa takbo ng demokratiko at sosyalistang rebolusyon ng Tsina, ang mga pinuno ng rebisyunistang linya, tulad ni Chen Tu-hsiu, ay humiram sa reaksyunaryong "teorya ng produktibidad muna" mula sa mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal at mga Trotskyista. Ang sabi nila'y atrasado ang ekonomya ng Tsina at maaagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika pagkatapos lamang na naging napakaunlad ang kapitalismo. Lumalabas na pinapawi nito ang rebolusyon ng Tsina at pinapanatili ang Tsina sa malakolonyal at malapyudal nitong kalagayan. Sinagot ni Tagapangulong Mao ang pusisyon iyon sa pamamagitan ng ganitong obserbasyon: "Kung walang reporma sa

pulitika, ang lahat ng produktibong pwersa tiyak na mawawasak. Ito'y totoo kapwa sa agrikultura at industriya."[10] Tinutukoy ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng lumang lipunan ng Tsina, ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao na ang rebolusyon ng Tsina ay dapat sumulong sa dalawang hakbang. Ang unang hakbang ay ang bagong demokratikong rebolusyon. Ang ikalawang hakbang ay ang sosyalistang rebolusyon. Ang mga ito ay dalawang namumukod pero magkaugnay na rebolusyonaryong proseso. Ang demokratikong rebolusyon ay kinakailangang paghahanda para sa sosyalistang rebolusyon. Ang sosyalistang rebolusyon ay di maiiwasang tunguhin ng demokratikong rebolusyon. Ganap at puspusang dinudurog nito ang sabwatan ng mga taong tulad ni Chen Tu-hsiu na bigong nagtangka na pigilin ang pagdadaluyong ng rebolusyon sa pamamagitan ng reaksyunaryong "teorya ng produktibidad muna".

Sabi ni Tagapangulong Mao: "Totoo, ang produktibong pwersa, praktika at ang pang-ekonomyang subistruktura ay mukhang gumaganap sa pangkalahatan ng mapagpasyang papel. Sinumang magkaila nito ay hindi materyalista. Pero sa ilang takdang kalagayan, ang mga relasyon sa produksyon, teorya at superistruktura ay kalitatibong nagbabago at nagpapamalas ng kanilang mahalaga at mapagpasyang papel. Dapat din itong tanggapin."[11] Ang kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista ay nagpapakita na ang linya ng pagkakaiba sa pagitan ng Marxismo at rebisyunismo sa pakikibaka ng proletaryado para sa kapangyarihang pampulitika ay nakasalalay kung matatag na tumatalima sa dialektikong materyalistang teorya ng kaisahan ng mga pwersa sa produksyon at relasyon sa produksyon at ng kaisahan ng superistruktura at pang-ekonomyang subistruktura, o kung ang nagtutulak ng reaksyunaryong "teorya ng produktibidad muna".

## Ang Sosyalistang Lipunan ay Isang Matagal-Tagal na Istorikong Yugto

### Ang Sosyalistang Lipunan ay Yugto ng Tunggalian ng Dumadausdos na Kapitalismo at Sumisibol na Komunismo

Anong klaseng lipunan ang sosyalistang lipunan na itinatag sa pamamagitan ng proletaryong rebolusyon? Anu-ano ang saligang katangian nito?

Ipinaliwanag ni Marx: "Sa pagitan ng kapitalistang lipunan at komunistang lipunan ay may panahon ng rebolusyonaryong transpormasyon ng una tungo sa huli. May katapat din itong yugto ng pampulitikang transisyon. Ang estado sa panahong ito ay magiging dili't iba'y proletaryong rebolusyonaryong diktadura."[12] Ang panahong inilarawan ni Marx bilang "isang panahon ng rebolusyonaryong transpormasyon mula sa una tungo sa huli" at "isang yugto ng pampulitikang transisyon" ay ang istorikong panahon ng sosyalismo. Ang lipunan sa panahong ito ay ang sosyalistang lipunan sa ilalim ng proletaryong diktadura.

Sa sosyalistang lipunan, ang sistema ng pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan ng produksyon ay pumapalit sa sistema ng pribadong pagmamay-ari. Ang anakpawis ang kumukontrol sa tadhana ng sosyalistang ekonomya at nagiging panginoon ng lipunan. Unti-unting pinalalaya ng Marxistang edukasyong pang-ideolohiya ang milyun-milyong anakpawis mula sa impluwensya ng lumang lipunan para makasulong sa sosyalista at komunistang landas. Sa puntong ito, taglay na ng sosyalistang lipunan ang ilang elemento ng komunistang lipunan. Pero ang sosyalistang lipunan ay paunang yugto pa lamang ng komunistang lipunan, hindi pa ganap na komunistang lipunan. Tulad ng ipinaliwanag ni Marx: "Ang inilalarawan natin dito ay ang komunistang lipunang iyon. Hindi pa ito ganap na maunlad sa sariling pundasyon. Kabaligtaran nito, kalilitaw pa lamang nito mula sa kapitalistang lipunan. Kung gayonmatatagpuan pa ang mga labi ng lumang lipunan na siyang sinapupunan na pinagluwalan nito sa kanyang mga aspetong pang-ekonomya,moral at pang-ideolohiya."[13] Ibig sabihin, sa iba't ibang aspeto ng sosyalistang lipunan, nananatili pa rin ang ilang

tradisyon at impluwensyang kapitalista: naibagsak na ang burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri, pero mananatili sa mahabang panahon ang kanilang impluwensya sa ekonomya, pulitika at ideolohiya. Ang mga pagkakaiba sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, ng kalunsuran at kanayunan, at ng gawaing mental at gawaing pisikal na labi ng lumang lipunan at ang nalalabing mga karapatang ligal na nagsasalamin sa mga pagkakaibang iyon ay maggugumiit sa mahabang panahon. Bunga nito, ang buong istorikong yugto ng sosyalistang lipunan "ay kinakailang maging yugto ng tunggalian sa pagitan ng dumadausdos na kapitalismo at sumisibol na komunismo."[14]

Ang kalikasan at katangiang ito ng sosyalistang lipunan ay nagtatakda na ang sosyalistang lipunan ay hindi magiging maigsi at pansamantalang yugto ng transisyon, kundi isang mahaba-habang istorikong yugto.

Bago ang sosyalistang rebolusyon, ang mga rebolusyon para palitan ng pyudalismo ang sistemang alipin at ng kapitalismo ang pyudalismo ay kumakatawan lamang sa pagpapalit ng isang bagong mapagsamantalang sistema sa isang lumang mapagsamantalang sistema. Ang proletaryong sosyalistang rebolusyon ay pundamental na naiiba. Puspusan nitong pawiin ang lahat ng mapagsamantalang sistema sa hanay ng sangkatauhan, lahat ng uri at pagkakahati-hati sa mga uri, lahat ng nalalabi pang burges na karapatang ligal na sumasalamin sa mga pagkakaibang ito. Ang rebolusyong ito ay mas mayaman, mas masaklaw, at mas masalimuot kaysa alinpamang rebolusyon sa kasaysayan. Ang layunin ng komunismo ay makakamit sa wakas sa pamamagitan lamang ng matagalang pakikibaka at sa hakbang-hakbang na paglikha ng paborableng mga kondisyon.

Para pawiin ang mga uri, ang sosyalistang lipunan ay dapat puspusan at ganap na humulagpos sa lahat ng nakagawiang impluwensya ng tradisyunal na konsepto ng pribadong pagmamay-ari at ng lumang lipunan. Ang multo ni Confucius, na matigas na nagtanggol sa sistemang alipin sa Tsina mahigit nang dalawang libong taon ang nakaraan, ay ginamit ng mga mapagsamantalang uri sa iba't ibang istorikong panahon para konsolidahin ang kanilang reaksyunaryong paghahari. Sa kasalukuyan, ang reaksyunaryong kaisipan ni Confucius ay ginagamit pa rin ng burgesya at mga rebisyunista bilang pang-ideolohiyang sandata para panumbalikin ang kapitalismo. Isang matagalan at masalimuot na tungkulin ang lutasin ang usapin kung sosyalismo ba o kapitalismo ang magwawagi sa larangan ng pampulitikang ideolohiya. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Sa mga larangan ng ideolohiyang pampulitika, mangangailangan ng mahabang panahon para malutas ang tunggalian sa tagumpay sa pagitan ng sosyalismo at kapitalismo. Hindi ito matatapos sa loob ng ilang dekada. Maaaring tumagal ito nang ilang siglo."[15]

"Ang ultimong tagumpay ng pagtatatag ng isang sosyalistang bayan ay hindi lamang nakasalalay sa pagsisikap ng sarili nitong proletaryado at malawak na mamamayan, kundi sa tagumpay din ng pandaigdigang rebolusyon, pagpawi sa sistema ng pagsasamantala ng tao sa tao sa buong daigdig, at pagpapalaya sa buong sangkatauhan."[16] Nasa kapanahunan pa rin tayo ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Ang ultimong pagwawagi ng sosyalistang rebolusyon ay maipagtatagumpay lamang matapos ang isang serye ng mahirap, masalimuot, at matagalang tunggalian ng mga uri sa daigdig.

Ang wastong pag-unawa sa kalikasan at mga katangian ng sosyalistang lipunan, ang wastong pag-unawa na ang sosyalistang lipunan ay isang mahaba-habang istorikong yugto, at ang malinaw na pag-iiba sa pagitan ng syentipikong sosyalismo at lahat ng klase ng huwad na sosyalismo ay may malaking kabuluhan para sa tagumpay ng proletaryado sa lahat ng bayan sa kanilang sosyalistang rebolusyon at sa pakikibaka para pigilan ang kapitalistang panunumbalik matapos ang tagumpay ng rebolusyon. Ang tagumpay ng sosyalismo sa malawak na erya sa daigdig ay magtutulak sa mga kaaway nito na magbalatkayo bilang mga sosyalista. Magtataas sila ng iba't ibang "sosyalistang" bandila para linlangin ang daigdig at pasikatin ang sarili. Sa kasalukuyang panahon, nariyan ang "maunlad na sosyalismo" na inihain ni Brezhnev, ang "tunay na sosyalismo" na inilako ni Lin Piao, at katulad na iba pa. Ang mga taong tulad ni Brezhnev ay bigong umaasa na makapagkubli sa tabing ng "maunlad

na sosyalismo" para patindihin ang pagsasamantala at pang-aapi sa anakpawis sa loob ng kanilang bayan at walang kahihiyang panumbalikin ang kapitalismo. Sa ibayong-dagat, pinatitindi nila ang agresyon at pagpapalawak sa kanilang bigong pagtatangka na pagharian ang daigdig. Ang tinatawag na "maunlad na sosyalismo" ay isang bagong anyo ng burukratang monopolyong kapitalismo, ibig sabihin, sosyal-imperyalismo. Ang "tunay na sosyalismo" na inilako ng mga taong tulad ni Lin Piao ay isang balatkayo lamang. Ang kanyang reaksyunaryong programa ay ang "pagpigil sa sarili at panunumbalik ng mga ritwal" ni Confucius. Ipinaghiyawan niya na "sa lahat ng bagay, ito ang pinakamahalaga." Ang kanyang pakay ay magpakana para sabotahehin ang sosyalistang sistema ng Tsina sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at panumbalikin ang kapitalismo. Ang diumano'y "tunay na sosyalismo" sa katunayan ay tunay na kapitalismo. Ang ganitong pangkat ng mga taksil ay bigong nagtangkang paghaluin ang tunay sa huwad para lumpuhin ang rebolusyonaryong diwa ng malawak na masa ng mamamayan. Gayunman, ang Marxistang syentipikong sosyalismo ay hindi maaaring mahuhuwad. Sa sandaling ikumpara ito sa kalikasan at mga katangian ng sosyalistang lipunan tulad ng ipinaliwanag ng Marxismo, madaling ilantad ang iba't ibang huwad na sosyalismo.

Ang Teorya ng mga Saligang Kontradiksyon sa Sosyalistang Lipunan ang Teoretikal na Batayan para sa Nagpapatuloy na Rebolusyon sa Ilalim ng Diktadura ng Proletaryado

Matapos maitatag ang diktadura ng proletaryado sa Tsina, inilatag ni Tagapangulong Mao ang pangkalahatang linya para sa Partido sa panahon ng transisyon: "Sa mahaba-habang panahon, unti-unting makakamit ang sosyalistang industriyalisasyon sa bayan at ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura, industriya ng pagyayaring-kamay, at kapitalistang industriya at komersyo sa pamamagitan ng estado."[17] Alinsunod sa pangkalahatang linya na ito, nakumpleto na ng Tsina sa saligan noong 1956 ang sosyalistang transpormasyon ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Sa sitwasyong ito, isa pa bang istorikong proseso ng paggalaw ng mga kontradiksyon ang sosyalistang lipunan? Anu-ano ang mga saligang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan? Pangunahing ipinapapahayag ba ang mga kontradiksyong ito sa kontradiksyon at tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya? Sa mga katanungang ito mismo umniral ang pundamental na pagkakaiba sa pagitan ng Marxismo at modernong rebisyunismo.

Tahasang ikinakaila ng taksil na rebisyunistang pangkating Sobyet na umiiral ang mga kontradiksyon sa sosyalistang lipunan mula simula hanggang katapusan. Tahasan nitong ipinagkakaila na ang mga kontradiksyong ito ay pangunahing nalalahad sa tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Tahasan nitong ipinagkakaila na ang kaisahan at tunggalian sa pagitan ng magkakasalungat ang mismong nagsusulong sa pag-unlad ng sosyalistang lipunan. Ang pakay nito ay itago ang buktot nitong pagmumukha na ganap na panumbalikin ang kapitalismo at ipataw ang pasistang diktadura. Ang kasapakatan nina Liu Shao-chi at Lin Piaoay sumunod sa yapak ng mga rebisyunistang Sobyet. Matapos ang dakilang tagumpay na nakamit sa sosyalistang transpormasyon ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon ng Tsina, naglubid sila ng kabulastugan na "umiral ang kontradiksyon sa pagitan ng abanteng sosyalistang sistema at atrasadong mga pwersa sa produksyon ng lipunan." Bigong tinangka nila na gamitin ang ganitong di umiiral na "kontradiksyon" para baligtarin ang laging umiiral na kontradiksyon sa pagitan ng mga relasyon sa produksyon at mga produktibong pwersa, sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya. Para ikubli ang kanilang sapakatan na panumbalikin ang kapitalismo sa Tsina, ipinagkaila nila na ang pangunahing kontradiksyon sa lipunang Tsino ay ang kontradiksyon sa pagitan ng uring manggagawa at burgesya.Sa harap ng ganitong rebisyunistang kontra-agos, isinulong ni Tagapangulong Mao ang dakilang teorya ng mga saligang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan, batay sa pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo at natipong karanasan ng pandaigdigang

kilusang komunista. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao na ang unibersal na batas ng pagkakaisa at tunggalian sa pagitan ng magkakasalungat sa Kalikasan, lipunan ng tao, at isip ng tao ay mailalapat din sa sosyalistang lipunan. "Ang mga saligang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan ay nananatiling ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon at sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya."[18] Ang teorya ni Tagapangulong Mao sa mga saligang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan ay kumakatawan sa pagpapatuloy, pagtatanggol, at ibayong pagpapaunlad ng Marxismo-Leninismo. Nagbigay ito ng pamatay na dagok sa modernong rebisyunismo at epektibong sinandatahan ang proletaryado at malawak na masang anakpawis.

Ang sosyalistang relasyon sa produksyon ay tumutugma sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Tinutulutan nito ang mga pwersa sa produksyon na mabilis na umunlad, sa bilis na hindi posible sa lumang lipunan. Ang sistemang pang-estado at batas sa ilalim ng proletaryong diktadura, at iba pang salik sa superistruktura, gaya ng sosyalistang ideolohiya, na ginagabayan ng Marxismo, ay tumutugma rin sa sosyalistang baseng pang-ekonomya, ibig sabihin, ang sosyalistang relasyon sa produksyon. Ito ang pundamental na aspeto. Pero may isa pang aspeto ng mga kontradiksyon sa sosyalistang lipunan sa pagitan ng mga relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon, at sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya. Ang pagtutugmaan at kontradiksyon ng iba't ibang aspeto ng mga saligang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan ay nagtutulak pasulong sa sosyalistang lipunan.

Para wastong maunawaan kung paano tumutugma at sumasalungat ang mga relasyon sa produksyon sa mga pwersa sa produksyon sa sosyalistang lipuna, dapat gumawa ng kongkretong pagsusuri sa relasyon sa produksyon sa sosyalistang lipunan.

Sa isang takdang panahon sa sosyalistang lipunan, umiiral pa rin ang relasyon sa produksyon na hindi sosyalista. Kaugnay ng sistema ng pagmamay-ari, halimbawa, ang kalikasan ng pinagsamang empresang estado-pribado sa Tsina ay sosyalista sa saligan. Pero sa loob ng isang takdang panahon, makakakuha pa rin ang kapitalista ng interes sa pirming tantos. Sa ibang salita, umiiral pa rin ang pagsasamantala at mga labi ng kapitalistang pribadong pagmamay-ari. Matapos ipawalambisa ang interes sa pirming tantos, umiiral pa rin ang labi ng indibidwal na ekonomya sa kalunsuran at kanayunan sa mahaba-habang panahon sa sosyalistang lipunan. Kaugnay ng interpersonal na relasyon, umiiral pa rin ang salungatan sa pagitan ng mga uri na kumakatawan sa kapitalistang relasyon sa produksyon at anakpawis. Kaugnay ng distribusyon ng personal na mga produktong pangkonsumo, binabayaran pa rin ng matataas na sweldo ang kapitalista at mga ekspertong burges na pinanatili ang serbisyo sa isang takdang panahon. Hindi nilalaman ng ganitong matataas na sweldo ang sosyalistang prinsipyo na para sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan , tungo sa bawat isa ayon sa kanyang paggawa kundi sa katunaya'y isang anyo ng pagbili sa kanila. Ang lahat ng relasyong ito sa produksyon na hindi sosyalista ay salungat hindi lamang sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon kundi maging sa sosyalistang relasyon sa produksyon. Sa proseso ng pag-unlad ng sosyalistang konstruksyon, ang mga relasyon sa produksyong ito na hindi sosyalista ay kinakailangang matransporma nang hakbang-hakbang.

Sa kabilang banda, ang sosyalistang relasyon sa produksyon mismo ay dumaraan sa isang proseso ng pag-unlad mula sa di perpektong kalagayan tungo sa mas perpektong kalagayan. Sa sosyalistang lipunan, "hindi pa maaaring maging ganap ang komunismo sa ekonomya. Hindi pa nito lubos na mapalalaya ang sarili sa tradisyon o impluwensya ng kapitalismo."[19] Ang pagkatatag ng sistema ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari ay isang pundamental na pagbaligtad sa sistema ng pribadong pagmamay-ari. Pero hindi ito nangangahulugan na ganap nang nalutas ang usapin ng pagmamay-ari. Ang konsolidasyon at perpeksyon ng sistema ng pagmamay-ari ng sosyalistang estado at ang sistema ng sosyalistang kolektibong pagmamay-ari ng masang anakpawis ay dapat magdaan sa mahabang proseso kung nagtutunggalian pa ang proletaryado at burgesya para sa pamumuno sa ekonomya. Ang sistema ng sosyalistang kolektibong pagmamay-ari ay dapat ding dmaan sa isang

proses ng transisyon mula sa sistema ng maliit na kolektibong pagmamay-ari tungo sa sistema ng malakihang kolektibong pagmamay-ari, at sa huli, tungo sa isang sistema ng pagmamay-ari ng sosyalistang estado. Kaugnay ng interpersonal na relasyon sa sosyalistang produksyon, nanantili pa ang mga pagkakaiba sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, kalunsuran at kanayunan, at paggawang mental at pisikal, at maging ligal na mga karapatan burges na nalabi mula sa lumang lipunan na sumasalamin sa mga pagkakaibang ito. Isa pang ligal na karapatang burges ang distribusyon ng mga produktong pangkonsumo ayon sa paggawa. Ang legal na mga karapatang burges na ito ay patuloy pang iiral sa mahabang panahon sa sosyalistang yugto. Dapat tanggapin ang mga ito ng proletaryado at kasabay nito, likhain ang paborableng mga kondisyon para sa pag-aalis ng mga ito sa entablado ng kasaysayan.

Kaalinsabay, sa mabilis na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, lumilitaw ang mga kondisyon kung saan ang ilang aspeto ng sosyalistang relasyon sa produksyon ay hindi na tumutugma sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, at kailangang maagap na iakma at pahusayin ang mga ito.

Pero, sa huling pagsusuri, ang sentral na usapin ng pagpeperpekto sa sosyalistang relasyon sa produksyon ay magiging dili't iba kundi ang proseso ng pakikibaka kung saan ang sumisibol na mga komunistang salik ay unti-unting nananaig sa dumadausdos na kapitalistang mga tradisyon at impluwensya.

Para maunawaan kung paano tumutugma at sumasalungat ang superistruktura ng sosyalistang lipunan sa subistrukturang pang-ekonomya, dapat ding magsagawa ng kongkretong pagsusuri sa superistruktura sa sosyalistang lipunan. Umiiral pa rin sa sosyalistang lipunan ang ideolohiyang burges. Halimbawa, sa superistruktura ng sosyalistang lipunan, ang pag-iral ng ilang kinatawan ng burgesya sa mga organisasyon ng estado, ilang burukratikong estilo ng paggawa at ilang depekto sa sistemang pang-estado ay pawang bumabangga sa sosyalistang baseng pang-ekonomya. Tanging sa tuluy-tuloy na paglutas sa mga kontradiksyon ito ibayong makatutugon ang superistruktura sa pangangailangang patatagin at paunlarin ang sosyalistang pundasyong pang-ekonomya.

Ang batayang mga kontradiksyon sa sosyalistang lipunan ay pundamental na naiiba sa kalikasan at kalagayan sa mga kontradiksyon sa pagitan ng mga relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon, at sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya sa lumang lipunan. Ang batayang mga kontradiksyon sa kapitalistang lipunan ay nalalahad bilang mararahas na labanan at banggaan. Ang mga kontradiksyong ito ay malulutas lamang sa pamamagitan ng marahas na rebolusyon ng proletaryado, pagbabagsak sa diktadura ng burgesya, at pagpapawi sa kapitalistang relasyon sa produksyon. Ganap na ibang bagay ang mga kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang mga relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon at sa pagitan ng sosyalistang superistruktura at baseng pang-ekonomya. Ang proseso ng walang-tigil na paglitaw at paglutas ng mga kontradiksyon ito ang siya ring proseso ng transisyon ng sosyalistang lipunan tungong komunistang lipunan. Sa proseso ito, ang mga manggagawa, magsasaka, at iba pang anakpawis, na siyang naghaharing uri, ay hindi ibinabagsak ng anumang kapangyarihan na katunggali. Nananatili pa rin silang panginoon ng lipunan. Hindi winawasak ang sistema ng pampublikong pagmamay-ari, kundi pinauunlad sa mas mataas na yugto. Sa pakahulugang ito, ang mga kontradiksyon ng sosyalistang lipunan "ay hindi antagonistiko at isa-isang malulutas sa pamamagitan ng sosyalistang sistema mismo."[20]

Ang tugmaan at kontradiksyon sa pagitan ng relasyon sa produksyon at pwersa sa produksyon, at sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya ay binubuo ng walang-tigil na dialektikal na proseso ng pag-unlad na nagpapasulong sa sosyalistang lipunan.

Ang teorya ni Tagapangulong Mao hinggil sa mga batayang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan ang teoretikal na batayan sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Sa Tsina, bagama't nakumpleto na sa

pangunahin ang sosyalistang transpormasyon…, may mga labi pa rin ng naibagsak na mga uring panginooong maylupa at komprador. Umiiral pa rin ang burgesya, at nasa proseso pa lamang ng transpormasyon ang petiburgesya…. Ang usapin kung sosyalismo o kapitalismo ang magwawagi ay hindi pa talagang nalulutas.… Ang makauring tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya, ang makauring tunggalian sa pagitan ng magkakaibang pampulitikang pwersa, at ang makauring tunggalian sa ideolohiya sa pagitan ng proletaryado at burgesya ay mananatiling matagal at mahirap at minsa'y magiging marahas pa nga."[21] Ito kung gayon ang unang malinaw na kongklusyon na malinaw na nahalaw sa teorya at praktika ng pandaigdigang kilusang komunista: Matapos makumpleto sa saligan ang sosyalistang transpormasyon ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, umiiral pa rin ang mga uri at tunggalian ng mga uri. Dapat ipagpatuloy ng proletaryado ang rebolusyon at isulong ang sosyalistang rebolusyon sa mga larangan ng labanan sa pulitika, ekonomya, ideolohiya, at kultura hanggang sa ganap na wakas.

## Matatag na Tumalima sa Batayang Linya ng Partido sa Buong Istorikong Panahon ng Sosyalismo

Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao na "nakasalalay ang lahat sa kung wasto o hindi ang linyang pang-ideolohiya at pampulitika." Para magsikhay sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, kailangan ng proletaryado ang wastong linya.

Batay sa detalyadong pagsusuri ng mga batayang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan at sa kanyang teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, binalangkas ni Tagapangulong Mao para sa ating Partido ang batayang linya para sa buong sosyalistang istorikong yugto: "Ang sosyalistang lipunan ay isang mahaba-habang istorikong panahon. Sa istorikong panahon ng sosyalismo, mayroon pa ring mga uri, kontradiksyon ng mga uri at tunggalian ng mga uri, mayroong tunggalian sa pagitan ng sosyalistang landas at kapitalistang landas, at mayroong panganib ng kapitalistang panunumbalik. Dapat nating lubos na kilalanin ang matagalan at masalimuot na kalikasan ng ganitong tunggalian. Dapat nating pag-ibayuhin ang ating pagmamatyag. Dapat tayong magsagawa ng sosyalistang edukasyon. Dapat nating wastong maunawaan at mahawakan ang mga makauring kontradiksyon at makauring tunggalian, wastong pag-ibahin ang mga kontradiksyon sa pagitan natin at ng kaaway at iyong sa hanay ng mamamayan at wastong hawakan ang mga ito. Kung hindi, ang ating sosyalistang bayan ay maliligaw ng landas at mabubulok, at magaganap ang kapitalistang panunumbalik. Mula ngayon ay dapat nating pag-usapan ang bagay na ito taun-taon, buwan-buwan at araw-araw nang sa gayo'y magkaroon tayo ng malinaw na pag-unawa sa usaping ito at sa Marxista-Leninistang linya."[22] Ang proletaryong rebolusyonaryong linya na ito na binalangkas ni Tagapangulong Mao ay nagpapakita sa obhetibong batas na nagtatakda sa makauring tunggalian sa sosyalistang panahon at siyang tanging wastong linya para matupad ang batayang programa ng Partido. Ang batayang linyang ito ay isang maliwanag na tanglaw para sa buong partido, buong bayan, at buong mamamayan na nag-iilaw sa istorikong landas ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

Ang kalikasan ng pagiging matagalan ng makauring tunggalian sa sosyalistang lipunan ay dahil sa di maiiwasang repleksyon ng tunggalian sa pagitan ng sumisibol na komunistang mga salik at dumadausdos na kapitalistang mga tradisyon at impluwesnya sa relasyon ng mga uri. Ang naibagsak na mapagsamantalang mga uri ay nabubuhay pa at patuloy na humahamon sa proletaryado, ginagawa ang lahat para mabawi ang kanilang nawalang "paraiso". Ang ispontayong mga pwersa sa hanay ng petiburgesya ay makapagluluwal din ng bagong burgesya. Dahil sa impluwensya ng burgesya at pagkubkob at mapanirang impluwensya ng petiburgesa, maaaring lumitaw sa uring manggagawa, mga organisasyon ng Partido at gubyerno, at sa mga kagawaran sa kultura at edukasyon ang ilang

elementong bulok, mga nasa kapangyarihan na tumatahak sa kapitalistang landas at mga tagapagsalita para sa burgesya. Kaalinsabay, laging nagpupursige ang pandaigdigang imperyalismo at sosyal-imperyalismo na gawing kapitalistang mga bayan ang mga sosyalistang bayan o gawing kolonyal o malakolonyal na mga bayan pa nga. Ang pandaigdigang makauring tunggalian ay di maiiwasang sasalaminin sa mga sosyalisyang bayan. Sa proseso ng patuloy na pagpeperpekto ng sosyalistang mga relasyon sa produksyon at superistruktura, unti-unting mapapalakas ang komunistang mga salik sa mga relasyon sa produksyon at superistruktura at unti-unting mapapalis ang kapitalistang tradisyon at impluwensya. Tiyak na makakatulong ito sa patuloy na konsolidasyon ng sosyalistang pang-ekonomyang subistruktura at sa patuloy na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon.

Ang proletaryado at ang malawak na masang anakpawis sa ilalim ng pamumuno nito ang mga kinatawan ng sosyalistang relasyon sa produksyon. Lagi silang matatag na tumatalima sa sosyalistang landas at laging matatag na tumatalima sa Marxistang teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon at sa teorya ng yugto-yugtong rebolusyonaryong pag-unlad. Itinataguyod nila ang tuluy-tuloy na pagpapatatag at perpeksyon ng sosyalistang mga relasyon sa produksyon at superistruktura. Ang burgesya at mga ahente nito sa loob ng Partido Komunista ang kinatawan ng kapitalistang mga relasyon sa produksyon. Nagmamatigas sila na tahakin ang kapitalistang landas at laging nagpupursige na itransporma ang sosyalistang relasyon sa produksyon tungo sa kapitalistang relasyon sa produksyon. Kung gayon, sa buong istorikong yugto ng sosyalismo, laging obhetibong umiiral ang tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya at ang tunggalian sa pagitan ng sosyalista at kapitalistang landasat hindi mababago ng kapasyahan ng tao. Sa madaling sabi, di maiiwasan ang mga tunggalian. Bagama't nanaisin ng mga tao na iwasan ang mga ito, hindi ito posible. Magtatagumpay lamang ang proletaryado sa pagsamantala sa paborableng mga kondisyon.

Ang makauring tunggalian sa sosyalistang lipunan ay umuunlad sa paggalaw na parang alon, minsa'y tumataas at minsa'y humuhupa. Dulot ito ng mga pagkakaiba-iba ng mga kalagayan ng makauring tunggalian at hindi nakabatay sa kung mayroon o walang makauring tunggalian. Itinuturo sa atin ng kasaysayan ng sosyalistang lipunan ay nagtuturo sa atin na lilitaw ang mga kaaway sa uri at lahat ng halimaw at demonyo . Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ang ganap na kaguluhan ay susundan ng ganap na kaayusan. Ang siklong ito ay umuulit tuwing pito o walong taon. Ang mga halimaw at demonyo ay kusang maglalantad ng sarili. Itinatakda ng sariling nilang makauring kalikasan na ilantad nila ang kanilang sarili."[23] Itinatakda ng batas ng makauring tunggalian na magkakaroon ng malaking tunggalian tuwing ilang taon. Tanging sa paulit-ulit na subokan ng lakas at sa unti-unting paghina ng reaksyunaryong uri makakayanan ng proletaryado na matupad sa wakas ang dakilang istorikong misyon na pawiin ang burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri.

Di maiiwasan na masalamin sa Partido ang makauring tunggalian sa lipunan at nalalahad ito bilang tunggalian ng dalawang linya sa loob ng Partido. Ang nilalaman ng batayang linya ng Partido ay "ilapat ang Marxismo at huwag ilapat ang rebisyunismo". Sinasabi sa atin ng batayang linya ng Partido na ang pakikibaka sa rebisyunismo ay matagalang pakikibaka. Sa nakaraang dalawampung taon, ang tunggalian sa pagitan ng ating Partido at ng apat na kontra-Partidong pangkatin na pinamumunuan nina Kao Kang, Jao Shu-shih, Peng Te-huai, Liu Shao-chi, at Lin Piao ay isang pakikibaka laban sa rebisyunismo. Inilunsad at pinamunuan mismo ni Tagapangulong Mao ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Ito'y isang dakilang rebolusyon sa superistruktura, isang dakilang pampulitikang rebolusyon sa ilalim ng kalagayan ng diktadura ng proletaryado. Matatawag din ito bilang "ang ikalawang rebolusyon" ng Tsina. Sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura, pinamunuan ni Tagapangulong Mao ang buong Partido, ang buong sandatahang lakas, at ang buong sambayanan para wasakin ang dalawang punong himpilan na nasa kumand nina Liu Shao-chi at Lin Piao. Ang sandakot na taksil at traydor na ito ay nagsapakatan para agawin ang kataas-taasang poder ng Partido at ng estado at nagtangka na baguhin sa saligan ang batayang linya ng Partido at mga batayang patakaran nito sa buong istorikong yugto ng sosyalismo

para gawing isang rebisyunistang pasistang partido ang Marxista-Leninistang partido, isabotahe ang diktadura ng proletaryado, at panumbalikin ang kapitalismo. Ang nilalaman ng kanilang rebisyunistang linya ay dulong Kanan. Ang kanilang kontrarebolusyonaryong sapakatan ay nadurog na ng daan-daang milyong rebolusyonaryong mamamayan ng Tsina. Nagkamit ng dakilang tagumpay ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Umuunlad pa rin ang rebolusyon at nagpapatuloy pa rin ang pakikibaka. Ang tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa loob ng Partido na sumasalamin sa makauring tunggalian, ay patuloy na iiral sa buong istorikong yugto ng sosyalismo. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ang kasalukuyang Dakilang Rebolusyong Pangkultura ay una pa lamang. Maglulunsad tayo ng marami pa pagkatapos. Ang tagumpay ng isang rebolusyon ay mapagpapasyahan lamang matapos ang mahaba-habang istorikong panahon. Malamang na ang kapitalismo ay mapanumbalik anumang panahon kung hindi natin ito mahusay na mapanghahawakan. Hindi dapat isipin ng lahat ng kasapi ng Partido at ng buong sambayanan na ang tatlo o apat na Dakilang Rebolusyong Pangkultura ay sapat na. Dapat doblehin natin ang pagmamatyag."[24]

## Ang Sosyalistang Lipunan ang Pagsisimula na Mulat na Paglilikha ng Tao sa Kasaysayan

### Ang Malaking Igpaw Pailanglang sa Kasaysayan ng Pag-unlad ng Tao

Ipinagpapatuloy ng proletaryado at ng anakpawis ang rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado nang sa gayo'y mapaglingkod ang superistruktura sa sosyalistang baseng pang-ekonomya, maiugma ang relasyon sa produksyon sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, at mulat na matransporma ang lipunan at kalikasan alinsunod sa pang-ekonomyang batas ng sosyalismo. Ito'y isang malaking hakbang sa kasaysayan ng tao.

Mayroong ilang libong taon ang nakasulat na kasaysayan ng tao. Pero bago ang pagluwal ng sosyalistang lipunan, ang ganitong mahabang panahon sa kasaysayan ay isa lamang "pre-istorikong" panahon sa lipunan ng tao. Ang mga lumilikha ay inalipin hindi lamang ng kalikasan kundi ng mga kagamitan sa produksyon din na sila mismo ang lumikha. "Hindi ang mga lumilikha ang nakakapangibabaw sa mga kagamitan sa produksyon, kundi ang mga kagamitan sa produksyon ang nakakapangibabaw sa mga lumilikha."[25] Ibig sabihin, ang mapagsamantalang uri, na may kontrol sa mga batayang kagamitan sa produksyon, at sa gayon, sa kapangyarihang pampulitika ng estado, ay bisyosong nang-aapi at nagsasamantala sa malawak na masang anakpawis at nagsadlak sa kanila sa madilim at miserableng pamumuhay. Ang proletaryong sosyalistang rebolusyon ay tulad ng kulog sa tagsibol at yumanig sa kasaysayan ng tao. Winakasan nito ang "pre-istorikong" panahon at naghatid ng isang bagong panahon kung saan mulat na nililikha ng tao ang kasaysayan.

Ang materyal na batayang ito para sa malaking igpaw sa kasaysayan ng tao ay nasa transpormasyon ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon tungo sa sosyalistang pagmamay-ari matapos maagaw ng proletaryado at anakpawis ang kapangyarihang pampulitika. Sa sosyalistang lipunan, ang pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon ay nagbibigay ng kakayahan sa anakpawis, na mayorya ng mamamayan, na maging panginoon ng estado at mga empresa. Kapag naging panginoon na ng relasyong panlipunan ang anakpawis, saka pa lamang sila magiging panginoon ng kalikasan at mulat na mababago ang daigdig at malilikha ang kasaysayan sa patnubay ng Marxismo.

Syempre, kumpara sa abanteng lipunang komunista, ang sosyalistang lipunan ay pagsisimula pa lamang ng isang panahon na ang mamamayan ay mulat na lumilikha ng kasaysayan. Dagdag sa mga limitasyon na ipinataw ng antas ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon at ng ating kaalaman sa pisikal na daigdig, ang pangunahing hadlang ay nasa patuloy na pag-iral sa sosyalistang lipunan ng

burgesya at pang-ideolohiyang impluwensya nito, ng mga pagkakaiba sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, kalunsuran at kanayunan, at mental at manwal na paggawa. Kung gayon, bagama't kontrolado ng proletaryado at anakpawis ang kapangyarihang pampulitika ng estado at mga batayang kagamitan sa produksyon, ang kanilang mulat na aktibidad sa pagbabago ng daigdig at paglilikha ng kasaysayan ay nalilimitahan pa rin ng kasaysayan. Gayunpaman, "ang pinakamahalaga'y nabasag na ang mga hadlang; nahawan ang daan, at malinaw na ang landas."[26] Huhubugin ng proletaryado sa wakes ang isang komunistang bagong daigdig sa pamamagitan ng sosyalistang lipunan, isang bagong daigdig sa sarili nitong imahe.

## Lubos na Paganahin ang Pasimunong Papel ng Superistruktura, Mulat na Gamitin ang mga Obhetibong Batas

Sa sosyalistang lipunan, nagsisimulang mulat na likhain ng mamamayan ang kanilang sariling kasaysayan. Hindi ito nangangahulugan na basta-basta na lamang malilikha ng mamamayan ang kasaysayan. Nangangahulugan lamang ito na sa kauna-unahang pagkakataon ay mulat na matutukoy at magagamit ng mamamayan ng buong lipunan ang mga obhetibong batas pang-ekonomya para papaglingkurin sa interes ng proletaryado at ng malawak na masang anakpawis.

"Ang kalayaan ay ang pagkilala sa kung ano ang kailangan at ang pagtransporma sa obhetibong daigdig."[27] Ang mga pang-ekonomyang batas ay mga obhetibong batas na nagtatakda sa pag-unlad ng panlipunang ekonomya at hindi nababago batay sa kapasyahan ng tao. Hindi magagawa ng tao na "baguhin" o "likhain" ang mga obhetibong batas. Gayunman, hindi lubos na walang magagawa ang tao sa harap ng mga obhetibong batas. Sa sosyalistang lipunan, wastong matutukoy ng tao ang mga ito, masasaligan ang mga ito, magagamit ang mga ito, at maibabaling ang mapangwasak na pwersa ng takdang mga batas sa ibang direksyon, o malilimitahan ang saklaw ng operasyon ng mga ito. Sa kabilang banda, ang mas malaking saklaw ng operasyon ay ibinibigay sa mga batas na konstruktibo upang mapaglingkod sa layunin ng pagbabago sa obhetibong daigdig.

Sa magkakaibang sistemang panlipunan, ang mga anyo kung saan nailalapat ang mga pang-ekonomyang batas ay may magkakaibang mga katangian. Sa kapitalistang lipunan, dulot ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, nagaganap ang produksyon sa bulag na kumpetisyon at magulong kondisyon. Kung gayon, ang mga pang-ekonomyang batas ay laging may panlabas at di kilalang anyo sa kapitalistang lipunan. Ang sosyalistang lipunan ay nakabatay sa pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Ang masang anakpawis ang panginoon ng panlipunang relasyon sa ekonomya. Nagagawa nitong posible na mulat na magpakadalubhasa at magamit ng tao ang mga pang-ekonomyang batas. Tulad ng minsa'y nahinuha ni Engels: "Ang mga batas sa sariling aktibidad ng tao sa lipunan, na mula noon hanggang ngayo'y humarap sa kanya bilang panlabas na batas ng kalikasan na nakapangingibabaw sa kanya, ay mahusay na magagamit na ng tao na ganap ang kaalaman at nakapailalim sa kanyang kontrol pagdating ng panahong iyon."[28]

Sa pagtatatag ng isang sistema ng pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, magagawa ng mamamayan na matukoy at mulat na kumilos ayon sa mga pang-ekonomyang batas. Gayunman, para maging realidad ang posibilidad na ito, di maiiwasan ang tunggalian. Ang mga pagsisikap ng proletaryado na kumilos ayon sa mga pang-ekonomyang batas at batas ng lipunan, at pabilisin ang transpormasyon ng sosyalistang lipunan tungong komunistang lipunan, ay tiyak na haharapin ng marahas na pagtutol mula sa burgesya at iba pang bulok na pwersang panlipunan, at laluna ng panghihimasok at pananabotahe mula sa rebisyunistang linya. Ang proseso ng mulat na paglalapat ng sosyalistang mga pang-ekonomyang batas ay ang proseso ng tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya, sa pagitan ng Marxistang linya at rebisyunistang linya. Kaalinsabay, dapat

ding lutasin ng mamamayan sa praktika "ang kontradiksyon sa pagitan ng obhetibong mga batas ng pang-ekonomyang pag-unlad sa sosyalistang lipunan at suhetibo nating pag-unawa sa mga ito".[29] Ito'y isa pang proseso. Kinakailangan na magsimula sa praktika, magsagawa ng pagsisiyasat at pananaliksik, sumulong mula sa walang karanasan tungo sa pagkakaroon ng karanasan at mula sa kaunting karanasan tungo sa mas maraming karanasan, at unti-unting pangibabawan ang pagka-ispontanyo at itaas ang kamulatan. Ang prosesong ito ng pag-unawa ay hindi maaaring ihiwalay sa proseso ng transpormasyon sa pananaw ng mamamayan sa daigdig. Ang mga tao na may proletaryong pananaw sa daigdig ay mas wastong makatutukoy sa mga batas ng pag-unlad na nagtatakda sa sosyalistang ekonomya. Iyong nagmamatigas sa burges na pananaw ay hindi kailanman wastong makatutukoy sa mga batas ng pag-unlad na nagtatakda sa sosyalistang ekonomya. Kung gayon, ang prosesong ito ng pag-unawa ay proseso rin ng pagwawasak sa burges na pananaw sa daigdig at pagtatatag ng proletaryong pananaw sa daigdig. Mali ang mga pananaw na nagtuturing sa mulat na paggamit ng mga pang-ekonomyang batas sa sosyalistang lipunan na madali at hindi na kailangang magsikhay, o di kaya'y hindi na kailangang pangibabawan ang paglaban ng burgesya at ang panghihimasok ng rebisyunistang linya, o tunggalian sa pagitan ng dalawang pananaw sa daigdig. Itinataguyod ng ganitong mga pananaw: "Bahala na ang kalikasan", o "apulahin natin ang makauring tunggalian".

Sa sosyalistang lipunan, para mulat na ilapat ang mga obhetibong batas na pang-ekonomya, kinakailangang lubos na paganahin ang aktibong aspeto ng superistruktura.

Ang napakalaking kakayahan ng sosyalistang superistruktura ay nalalahad pangunahin sa pamumuno ng partidong pampulitika ng proletaryado. Ang partidong pampulitika ng proletaryado ay itinatatag alinsunod sa Marxistang rebolusyonaryong teorya at rebolusyonaryong estilo. Mahusay ito sa pag-unawa sa mga obhetibong batas na nagtatakda ng istorikong pag-unlad, paglalagom sa dunong ng masa, pagsapol sa pangkalahatang tunguhin ng istorikong pag-unlad, at pagbabalangkas ng wastong teorya, programa, linya, at mga pangkalahatan at partikular na patakaran batay sa aktwal na kalagayan sa iba't ibang yugto ng panlipunang pag-unlad. Itong mga wastong teorya, programa, linya, pangkalahatan at partikular na patakaran ay nagmumula sa masa at bumabalik sa masa, pinamumunuan sila para magtagumpay sa kanilang pakikibaka. Ang Partido Komunista ng Tsina ay gumagamit ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tse-tung bilang teoretikal na batayan na gumagabay sa pag-iisip nito. Ang dahilan kung bakit lubhang hindi magagapi ang teorya ng Partido sa rebolusyon, laluna ang teorya nito ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at ang Marxistang linya at pangkalahatan at partikular na patakaran na binalangkas ng proletaryong pampulitikang Partido ay sapagkat wastong sinasalamin ng mga teoryang ito ang mga obhetibong batas na nagtatakda sa pang-ekonomyang pag-unlad ng lipunan. "Kung walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonaryong kilusan."[30] Mahalaga kung gayon na seryosong pag-aralan ang Marxistang teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado bilang gabay sa wastong pagtukoy, at mulat na kumilos nang naaayon sa mga pang-ekonomyang batas na nagtatakda sa sosyalistang lipunan.

Sa huling pagsusuri, ang pamumuno ng Partido ay pamumuno sa pamamagitan ng Marxistang linya. Tanging sa pagsapol sa rebolusyon sa superistruktura, kabilang ang larangan sa ideolohiya, at pagtiyak na wasto ang mga linyang pang-ideolohiya at pampulitika, magagawang pamunuan ng isang Marxistang partido ang proletaryong rebolusyonaryong adhikain mula sa tagumpay tungo sa ibayo pang tagumpay.

Ang kapangyarihang pampulitika ng estado ng diktadura ng proletaryado sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ay gumaganap ng napakalaking papel sa pagtitiyak ng lubos na pagpapatupad ng batayang linya ng Partido as sa pag-oorganisa at pamumuno sa sosyalistang ekonomya. Sa paggamit ng sarili nitong kapangyarihang pampulitika ng estado, magagawang mapabukadkad ng proletaryado ang sosyalistang rebolusyon sa pang-ekonomyang larangan, maitatag at mapaunlad ang

sosyalistang relasyon sa produksyon, maplano, maorganisa, at mapamunuan ang buong pambansang ekonomya, mapaunlad ang panlipunang mga pwersa sa produksyon, at maisulong ang sosyalistang rebolusyon sa mga larangan ng pulitika, ideolohiya at kultura nang sa gayo'y mapatatag ang sosyalistang baseng pang-ekonomya sa tuluy-tuloy na pagpapahusay ng sosyalistang superistruktura. Ang nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado ay nangangahulugan ng lubos na pagpapagana sa pasimunong papel na ito ng kapangyarihang pampulitika ng estado ng diktadura ng proletaryado. Ang mga kondisyong ito ay hindi malilikha sa ilalim ng diktadurang burges. Nagtatapos ang rebolusyong burges oras na maagaw ng burgesya ang kapangyarihang pampulitika. Bagamat sinikap nang husto ng burgesya na gamitin ang kapangyarihang pampulitika at ilang bahagi ng superistruktura para ipagtanggol ang kapitalistang relasyon sa produksyon, tumungo ang tuluy-tuloy na deteryorasyon ng kapitalistang mga relasyon sa produksyon sa katugmang reaksyon sa kapangyarihang pampulitikang burges. Ang tipo ng pagtatanggol na ito ay isa lamang patalong pakikibaka. Kung sosyalistang rebolusyon ang pag-uusapan, ang pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihang pampulitika ay simula pa lamang ng rebolusyon. Ang sosyalistang relasyon sa produksyon ay dumaraan sa isang proseso ng rehenerasyon sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Ang kapangyarihang pampulitika ng estado sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, na nagtataguyod ng gayong pagbabago at nagsusulong sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, ang ultimong pinakamakapangyarihang sandata para ipagpatuloy ng proletaryado ang sosyalistang rebolusyon. Sa pamamagitan ng sandatang ito, madudurog na ngayon ng proletaryado ang paglaban ng burgesya at lahat ng reaksyunaryong pwersa, mapag-iisa nito ang buong masang anakpawis, matagumpay na maisusulong ang tatlong Dakilang Rebolusyonaryong Kilusan ng makauring pakikibaka, pakikibaka para sa produksyon, at syentipikong eksperimento, at maitataguyod ang mabilis na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon at maitataguyod ang matatag na konsolidasyon at perpeksyon ng sosyalistang baseng pang-ekonomya at superistruktura para makaabante ang sosyalistang lipunan sa landas ng batayang linya ng Partido hanggang sa pagkakamit ng pinakamataas na simualiang komunismo.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Marx, Kritika ng Programang Gotha
Lenin, "Ekonomiks at Pulitika sa Panahon ng Diktadura ng Proletaryado," KA, Bol. 30
Mao, "Hinggil sa Wastong Paghawak sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan," Piling mga Babasahin

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Bakit natin sinasabi na marahas na rebolusyon ang unibersal na batas ng proletaryong rebolusyon? Ano ang buod ng "teoryang produktibidad muna"?
2. Ano ang pag-unawa natin sa sosyalistang lipunan? Paano natin iintindihin ang teorya ni Mao tungkol sa batayang kontradiksyon ng sosyalistang lipunan na siyang teoretikal na batayan para sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado?
3. Bakit natin sinasabi na ang sentral na punto ng tunggalian sa pagitan ng proletaryado at ng rebisyunistang mga lider sa buong istorikong yugto ng sosyalismo ay nasa kung matatag na tatalima sa saligang linya ng Partido o kung babaguhin ba ito? Paano ganap na pagaganahin ang pasimunong papel ng superistruktura at mulat na mailalapat ang obhetibong batas pang-ekonomya?

**Mga Tala**

1. Mao Tse-tung, "Talumpati sa Pulong ng Kataas-taasang Sobyet ng U.S.S.R. sa Pagdiriwang ng Ika-40 Anibersaryo ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre," sinipi sa Mga Sipi mula kay Tagapangulong Mao Tse-tung (Peking: Foreign Languages Press, 1966), p. 14. (Tutukuyin dito bilang The Red Book.)
2. Marx, "Paunang Salita sa Isang Kontribusyon sa Kritika ng Ekonomyang Pampulitika," MESW 1, pp. 503-504.
3. Engels, "Anti-Duhring" (Peking: Foreign Languages Press, 1976), p. 362.
4. Mao, "Mga Problema of Digma at Estratehiya", PA, 2, p. 224.
5. Marx, "Ang Digmaang Sibil sa France", (Peking: Foreign Languages Press, 1974), p. 64.
6. Mao, "Talumpati sa Kumperensya ng mga Kadre sa mga Pinalayang Purok sa Shansi-Suiyuan," PA 4, p. 238.
7. Mao, "Mga Usapin ng Digma at Estratehiya", p. 219.
8. Engels, "Para kay J. Bloch sa Konigsberg (Setyembre 21-22, 1890), MESW 3, p. 487.
9. Lenin, "Ang Ating Rebolusyon", KA 33 (1973), pp. 478-79.
10. Mao, "Hinggil sa Gubyernong Koalisyon", KA 3, p. 252.
11. Mao, "Hinggil sa Kontradiksyon", PA 1, p. 336.
12. Marx, "Kritika sa Programang Gotha" (Peking: Foreign Languages Press, 1972), pp. 27-28.
13. Ibid., p. 15.
14. Lenin, "Ekonomiks at Pulitika sa Panahon ng Diktadura ng Proletaryado", KA 30 1974), p. 107.
15. Partido Komunista ng China (PKT), "Ang Huwad na Komunismo ni Khrushchov at ang mga Istorikong Aral nito para sa Daigdig", sa Ang Pagtatalo hinggil sa Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista (Peking: Foreign Languages Press, 1965), pp. 471-72.
16. Mao, sinipi sa PKT, Mahahalagang Dokumento hinggil sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura sa Tsina (Peking: Foreign Languages Press, 1970), p. xi.
17. Mao, sinipi sa "Ipagdiwang ang Ika-50 Anibersaryo ng Partido Komunista ng Tsina", Peking Review No. 27, 1971.
18. Mao, "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan", sa Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung (SR) (Peking: Foreign Languages Press, 1971), pp. 443-44.
19. Lenin, Ang Estado at Rebolusyon (Peking: Foreign Languages Press, 1973), p. 117.
20. Mao, "Hinggil sa Wastong Paghawak sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan", p. 443.
21. Ibid., pp. 463-64.
22. Mao, sinipi sa Mahahalagang Dokumento, pp. ix-x.
23. Mao, sinipi sa Wang Hung-wen, "Ulat sa Rebisyon ng Konstitusyon ng Partido", sa mga Dokumento ng Ikasampung Kongreso ng Partido (Peking: Foreign Languages Press, 1973); muling nilimbag sa At Panlima si Mao, ni Lotta, p. 96.
24. Mao, sinipi sa Wang Hung-wen, "Ulat sa Sentral na Klase sa Pag-aaral", sa At Panlima si Mao, ni Lotta, p. 57.
25. Engels, Anti-Duhring, p. 378.
26. Lenin, "Ikaapat na Anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre", KA 33, p. 57.
27. Mao, "Talumpati hinggil sa mga Usapin ng Pilosopiya", sa Stuart Schram, ed., Pakikipag-usap ni Tagapangulong Mao sa mga Mamamayan (New York: Pantheon, 1972), p. 228.
28. Engels, Anti-Duhring, pp. 366-67.
29. Mao, "Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksyon…", p. 477.
30. Lenin, Ano ang Dapat Gawin? (Peking: Foreign Languages Press, 1975), p. 28.

# Kabanata 13

## Ang Sosyalistang Sistema ng Pampublikong Pagmamay-ari ang Batayan ng Sosyalistang Relasyon sa Produksyon

Ang Sistema ng Pagmamay-ari ng Sosyalistang Estado
at ang Kolektibong Pagmamay-ari ng Masang Anakpawis*

Matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, para mapawi ang lahat ng sanhi ng kapitalismo at lahat ng iba pang mapagsamantalang sistema at maitatag ang sosyalistang baseng pang-ekonomya, kinakailangang sistematikong itransporma ang sistema ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon tungo sa sosyalistang sistema ng pampublikong pagmamay-ari. Ito ay mahalagang hakbang sa pagpapatatag ng diktadura ng proletaryado at paggapi sa kapitalismo sa pamamagitan ng sosyalismo.

### Ang Sosyalistang Sistema ng Pagmamay-ari ng Estado ang Pangunahing Batayang Pang-ekonomya ng Diktadura ng Proletaryado

Kailangang Kontrolin ng Proletaryado at Masang Anakpawis
ang mga Kagamitan sa Produksyon

Sa nakalipas na ilang libong taon, ang pundamental na sanhi kung bakit napagsasamantalahan at naaapi ng panginoong may-alipin, ng pyudal na panginoong maylupa, at ng kapitalista ang masang anakpawis ay sa dahilang ang mga kagamitan sa produksyon ay wala sa kamay ng masang anakpawis. "Para pwersahin ang tao na lumahok sa anumang anyo ng paggawang alipin, kailangang ipagpalagay na kontrolado ng mang-aapi ang mga kagamitan sa produksyon. Tanging sa pagsalig sa mga kagamitan sa produksyong ito mamamanipula ang mga inaalipin."[1] Sunud-sunod na henerasyon ng masang anakpawis ang naglunsad ng iba't ibang anyo ng pakikibaka, sa pagsisikap na ilagay sa sariling kamay ang mga kagamitan sa produksyon, pero sa istorikong mga dahilan, lahat ng pagsisikap na ito ay nabigo. Sa kapitalistang lipunan, ang proletaryado, na pinayabong at pinanday ng malaking kapitalistang industriya, ay nagsimulang sumibol. Nawala sa uring ito ang lahat ng kontrol sa mga kagamitan sa produksyon. Liban sa tanikala sa kanilang leeg, wala ni anuman ang manggagawa . Sa papatinding kontradiksyon sa pagitan ng pribadong katangian ng kapitalistang pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at ng panlipunang katangian ng produksyon, umunlad ang posibilidad na makontrol ng proletaryado ang mga kagamitan sa produksyon.

Gayunman, kailanma'y hindi papayag ang mga mapagsamantalang uri na isuko ang pagsasamantala. Hindi lamang nila inabuso ang makinarya ng estado para protektahan ang pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon kundi nag-imbento pa ng samu't-saring mga kasinungalingan sa larangan ng ideolohiya. Halimbawa, ang paghihirap ng mga manggagawa, anila, ay dulot ng mabilis na paglaki ng populasyon, kakulangan ng "makatarungan at makatwirang prinsipyo ng distribusyon," at iba pang katulad nito, sa bigong pagtatangka na lansihin at lokohin ang

---

* She-hui-chu-i kung-yu chih shih she-hui-chu-i sheng-chan kuan-his ti chi-ch'u – she-hui-chu-i kuo-chia so-yu chih ho lao-tung chun-chung chi-t'I so-yu chih.

anakpawis para hindi nila tinagin ang burges na pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon o agawin ang kontrol sa mga kagamitan sa produksyon. Pinabulaanan ng mga rebolusyonaryong guro ng proletaryado ang mga kasinungalingang ito. Ipinaliwanag nila na ang ugat ng pagsasamantala at pang-aalipin sa anakpawis ay sa dahilang ang mga kagamitan sa produksyon ay wala sa kamay ng anakpawis kundi nasa kamay ng mapagsamantalang uri. Ang unang pangungusap sa "Gotha Program", na isinulat sa panahon ng kilusang manggawa sa Germany noong dekadang 1870 sa impluwensya ni Lassalle, ay nagsaad: "Paggawa ang pinagmumulan ng lahat ng yaman at kultura". Sa biglang tingin, binigyan ng mataas na pagpapahalaga ang "paggawa", pero agad na nakita ni Marx ang teoretikal na kamalian sa ganitong pahayag. Ipinaliwanag niya na makalilikha lamang ng yaman at kultura ang paggawa sa kombinasyon nito sa mga kagamitan sa produksyon. Kung wala ang mga kagamitan sa produksyon at kung wala ang pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, ano ang mangyayari sa paggawa? Matalas na ipinaliwanag ni Marx: "Ang tao na walang pag-aari liban sa kanyang lakas paggawa, anuman ang kalagayan ng lipunan at kultura, ay dili't iba kundi alipin ng ibang tao na nagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Makapagtatrabaho at mabubuhay lamang siya sa awa ng ibang tao."[2] Ang teorya ng Marxismo kaugnay ng pangangailangang halinhan ng proletaryado ang sistema ng pribadong pagmamay-ari sa ilalim ng kapitalismo ng sistema ng pagmamay-aring publiko sa ilalim ng sosyalismo bago nito mapalaya ang sarili ay dumurog sa teorya at sa pulitika sa hibang na kapitalistang sabwatn ng mapagsamantalang uri na habambuhay na monopolisahin ang mga kagamitan sa produksyon at pagsamantalaha't alipinin ang masang anakpawis. Tinutukoy nito ang wastong direksyon ng pakikibaka para sa proletaryado.

Ginawang posible sa pag-unlad ng kapitalistang lipunan na kolektibong ariin ng proletaryado at ng anakpawis ang mga kagamitan sa produksyon. Isang mahaba-habang istorikong proseso ang kailangan para lubos na matupad ang ganitong posibilidad. Kailangan munang wasakin ng proletaryado ang burges na makinarya ng estado at itatag ang isang diktadura ng proletaryado bago nito magawang "pawiin ang ugat ng kahirapan at maipunla ang yaman", itransporma ang sistema ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon tungo sa sistema ng pampublikong pagmamay-ari at ilagay sa sariling kamay ang mga kagamitan sa produksyon. Ito ang kinakailangang simula kung saan ang lahat ng mapagsamantalang sistema ay pundamental na mapapawi at mapapalaya sa ekonomya ang proletaryado at ang anakpawis at tatahak sa sosyalistang landas tungo sa kasaganaang komun. Marami pa ring pakikibaka sa landas na ito. Tanging sa mapagpunyagi at matatag na paghawak sa sariling kamay sa kinabukasan ng sosyalistang ekonomya malilikha ng proletaryado ang mga paborableng materyal na kondisyon para sa pagpawi sa lahat ng uri at pagkakahati-hati sa mga uri at makakamit ang dakilang simulain ng komunismo. Sa sandaling mawala ang mga kagamitan sa produksyon, at sa sandaling mapasakamay ng burgesya at mga ahente nito sa loob ng Partido ang kontrol sa kapalaran ng sosyalistang ng ekonomya, mabubulok ang sosyalistang ekonomya at ang proletaryado at anakpwis ay muling magiging "nangangatog at gutom na mga alipin". Ang posibilidad na ito ay umiiral sa buong istorikong yugto ng sosyalistang lipunan.

## Ang Kumpiskasyon at Pagbili ay mga Paraan para Itatag ang Sistema ng Sosyalistang Pagmamay-ari ng Estado

Mahigit 100 taon ang nakalipas, ipinaliwanag nina Marx at Engels na matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, "gagamitin nito ang pampulitikang kapangyarihan para unti-unting agawin ang lahat ng kapital mula sa burgesya at isentralisa ang lahat ng kagamitan sa produksyon sa kamay ng Estado, ibig sabihin, sa proletaryado, ang naghaharing uri."[3]

Dahil sa napakasosyalisadong kalikasan ng mga pwersa sa produksyon sa ilalim ng kapitalismo, nangangailangan ito ng isang panlipunang sentro para sentral na makoordina ang lahat ng

departamento at empresa upang pangibabawan ang mga kontradiksyon na maaaring lumitaw sa pagitan ng sosyalisasyon ng produksyon at ng minanang pribadong pagmamay-aring kapitalista. Ang panlipunang sentrong ito ay ang sosyalistang estado sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Tanging sa pagtatatag muna ng sosyalistang sistema na ang estado ang nagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon at matatag na hawak ng proletaryado at anakpawis ang buhay pang-ekonomya sa pamamagitan ng kanilang sariling makinarya ng estado, ganap na mapapawi ang mapagsamantalang kapitalistang sistema.

Sa paanong paraan, kung gayon, matatransporma ng proletaryado ang burges na pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon tungo sa sosyalistang sistema ng pagmamay-ari ng estado? Ayon sa karanasan ng pandaigdigang kilusang komunista at karanasang Tsino, matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, kagyat na ginagawang sosyalisado ang malalaking empresa, habang ang katamtaman at maliliit na empresa ay unti-unting itinatransporma.

Sa pangkalahatan, matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, sabay na umiiral ang lahat ng empresa, malaki man o maliit. Kinakatawan ng malaking kapital ang pinakareaksyunaryong [anyo ng] relasyon sa produksyon; kontrolado nito ang buhay ng pambansang ekonomya at lubhang pinipigilan ang pag-unlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon. Ito rin ang pangunahing subistrukturang pang-ekonomya ng burges na reaksyunaryong paghahari. Pagkaagaw na pagkaagaw ng kapangyarihang pampulitika, hindi kailanman mapatatatag ng proletaryado ang kapangyarihan nito kung hindi makokontrol ang pambansang ekonomya at hahayaan ang malalaking kapitalista na mamahala. Sa paglalagom ng karanasan ng Komuna ng Paris, ipinaliwanag ni Lenin na isa sa dalawang kamalian na naglibing sa maniningning na tagumpay na nakamit ng Komuna ng Paris ay ang pagkukulang ng proletaryado na agawin ang malalaking empresa tulad ng bangko, na nakakaapekto sa pintig ng buhay ng pambansang ekonomya. Samakatwid, dapat kagyat na kumpiskahin ng sosyalistang estado ang malaking kapital.

Ang malaking kapital sa Tsina ay burukratang kapital. Ito ang monopolyong kapital ng komprador at pyudal na estado na pagmamay-ari ng burukratang burgesya na pinamumunuan ni Chiang Kai-shek. Gumawa si Tagapangulong Mao ng matalas na pagsusuri sa reaksyunaryong kalikasan ng kapital na ito, at ipinaliwanag: "Sa panahon ng kanilang 20-taon na paghahari, ang apat na malalaking pamilyang Chiang, Soong, Kung, at Chen ay nakapagkamal ng napakalaking yaman na nagkakahalaga ng 10 hanggang 20 bilyong US dolyar at nagmonopolisa sa buhay pang-ekonomya ng buong bayan. Ang monopolyong kapital, kakombina ang estado poder, ay naging monopolyong kapitalismo ng estado. Ang monopolyong kapitalismong ito na mahigpit na kaugnay ng dayuhang imperyalismo, lokal na uring panginoong maylupa at lumang-tipo na mayayamang magsasaka, ay naging monopolyong kapitalismo ng komprador at pyudal na estado."[4] Dahil sa reaksyunaryong katangian ng burukratang kapital, malinaw na isinaad ng ating Partido, sa maagang bahagi ng proseso ng demokratikong rebolusyon, ang patakarang kumpiskahin ang burukratang kapital at "[isabansa it sa Republikang Bayan na pinamumunuan ng proletaryado".[5] Ang kumpiskasyon sa burukratang kapital ay nakamit sa hakbang-hakbang na paraan sa matagumpay na pag-unlad ng digma ng pagpapalaya. Ang kumpiskasyon sa burukratang kapital, na bumubuo ng 80 porsyento ng pirming ari-ariang kapital sa mga industriya ng manupaktura at transportasyon sa Tsina bago ang Liberasyon, ay pumawi sa mayor na bahagi ng kapitalistang ekonomya ng Tsina at nagbigay sa proletaryong kapangyarihang pampulitika ng kontrol sa buhay ng pambansang ekonomya. Naitatag sa gayon ang pang-ekonomyang batayan ng sosyalismo, na lumikha ng paborableng mga kondisyon para sa pag-unlad ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon.

Matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, kumpiskahin ang malaking kapital, at itatag ang sosyalistang pundasyong pang-ekonomya, magagawang unti-unting ipailalim ang katamtaman at maliit na kapital sa sosyalistang transpormasyon sa pamamagitan ng pagbili at itransporma ang kapitalistang sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon tungo sa

sosyalistang sistema ng pagmamay-ari ng estado. Ang makauring kalikasan ng katamtaman at maliit na kapital ay pareho ng sa malaking kapital. Lahat ng ito'y nakatali sa kapitalistang pagsasamantala sa anakpawis; ang mga ito ay may interes na salungat sa anakpawis at target ng sosyalistang rebolusyon. Gayunman, may ilang pagkakaiba-iba ang mga ito, dahil ang katamtaman at maliit na kapital ay kadalasang may malakas na pagnanais na paunlarin ang kapitalismo, pero kaalinsabay nito'y maaari rin silang mapilit ng proletaryado sa ilang takdang kondisyon na tumanggap ng pagbili ng kanilang mga ari-arian. Naniniwala ang Marxismo na "sa ilalim ng ilang takdang kondisyon, tiyak na hindi tatanggi ang mga manggagawa na bilhin ang ari-arian ng burgesya".[6] Sa sandaling maagaw na ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika at matiyak ang kontrol sa buhay ng pambansang ekonomya, magiging bentahe para sa proletaryado kung ang mga kapitalistang ito ay mapipilit na tumanggap ng patakarang bayaran ng proletaryado at itransporma ang kanilang kapitalistang mga empresa sa sosyalistang mga empresa.

Sa Tsina, ang pambansang burgesya na nag-aari ng katamtaman at maliit na kapital ay nagtataglay ng dalawahang katangian. Sa panahon ng demokratikong rebolusyon, nagtataglay ito ng rebolusyonaryong katangian gayundin ng katangiang mapagkompromiso. Sa panahon ng sosyalistang rebolusyon, mapipilit itong tumanggap ng sosyalistang transpormasyon, pero mayroon din itong malakas na reaksyunaryong pagnanais na paunlarin ang kapitalismo. Ang mga empresa sa industriya at komersyo na pinatatakbo ng uring ito ay gumagampan ng dalawahang papel sa panahon ng rekonstruksyon ng pambansang ekonomya ng Tsina. Gumampan sila ng konstruktibong papel sa pagpapalaki ng produksyon na kailangan ng pambansang ekonomya at ng kabuhayan ng mamamayan, pagpapalawak ng pang-ekonomyang pagpapalitan sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan, at pagmamantini ng empleyo. Pero pinagsamantalahan din nila ang mga manggagawa at ginawa ang lahat para sa tubo, sa gayo'y gumampan ng negatibong papel sa sosyalistang rekonstruksyon at kabuhayan ng mamamayan. Dahil sa dalawahang katangian ng pambansang burgesya at dalawahang papel ng pambansang kapitalistang ekonomya, nagbalangkas ang ating Partido ng patakaran para gamitin, limitahan, at itransporma ang pambansang kapitalistang empresa sa manupaktura at komersyo. Nangahulugan ito ng paggamit sa konstruktibong papel ng mga ito na nakabubuti sa pambansang ekonomya at kabuhayan ng mamamayan, paglimita sa negatibong papel ng mga ito, at unti-unting pagtransporma sa mga ito bilang bahagi ng sosyalistang ekonomya ng estado.

Ang sosyalistang transpormasyon ng mga kapitalistang empresa sa manupaktura at komersyo sa Tsina ay isinagawa sa pamamagitan ng iba't ibang porma ng kapitalismo ng estado. Ang kapitalismong ito ng estado ay "kapitalismo na maaaring rendahan at maaaring itakda ang saklaw ng operasyon nito"[7] ng estado sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Sa manupaktura, ang primaryang anyo na kapitalismo ng estado ng Tsina ay binubuo ng pagproseso, pag-order, pinag-isang pagbili, at nakakontratang pagbebenta[*]; sa komersyo, binubuo ito ng pagbili at distribusyon sa pamamagitan ng komisyon. Sa anyong ito, malilimitahan ang kapitalistang ekonomya sa isang takdang antas, sa oryentasyon nito sa produksyon at operasyon at sa tindi ng pagsasamantala. Gayunpaman, hindi binago ng anyong ito ang kalikasan ng pagmamay-ari at pagkontrol ng kapitalista sa mga kagamitan sa produksyon; ni hindi rin nito pundamental na malulutas ang antagonistikong kontradiksyon ng paghadlang ng kapitalistang relasyon sa produksyon sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Sa pag-unlad ng panlipunang mga pwersa sa produksyon ng Tsina, ang obhetibong kinakailangan ay gawing abanteng kapitalismo ng estado ang mababang antas na kapitalismo ng estado, ibig sabihin, ang pinagkasamang operasyong estado-pribado. Sa pinagkasamang mga empresang estado-pribado, nagpadala ang estado ng mga kadre para pamumunuan ang gawain. Pinangasiwaan nila ang empresa

---

[*] Ang maliliit at katamtamang mga empresang kapitalista ay binibigyan ng hilaw na materyales at kinokontrata na gumawa ng mga yaring produkto para sa estado. Sa ganitong paraan, nakokontrol ang mga ito.

alinsunod sa mga plano ng estado at sa pamamagitan ng pagsalig sa masang anakpawis. Bilang resulta, napwersa nito ang kapitalista na isuko ang kanyang kontrol sa mga kagamitan sa produksyon ng mga empresa. Ang pagsasamantala ng kapital sa paggawa ay mahigpit na nilimitahan. Sa praktika ng Tsina, ang abanteng anyong ito ng kapitalismo ng estado ay nahati sa dalawang yugto: pinagkasamang operasyong estado-pribado sa mga indibidwal na empresa at pagkatapos ay sa buu-buong mga industriya. Sa yugto ng pinagkasamang operasyon ng mga indibidwal na empresa, kalahok ang kapitalista sa distribusyon ng tubo ayon sa kanyang bahagi sa kabuuang kapital ng empresa. Ang tubo na nakukuha ng kapitalista ay lumalaki kasabay ng pag-unlad ng produksyon. Hindi ito paborable sa lubos na mobilisasyon ng kasigasigan sa paggawa sa hanay ng mga manggagawa at sa akumulasyon ng pondo ng estado. Matapos ipailalim ang isang buong industriya sa pinagsamang operasyong estado-pribado, ang kapitalista ay pinahihintulutan lamang na tumanggap ng takdang dibidendo, ibig sabihin, pirming interes (humigit-kumulang 5 porsyento kada taon) sa takdang dami ng mga taon.  Ang tantos na ito ay ipinirmi ayon sa kabuuang halaga ng kanyang pirming kapital bago sinimulan ang pinagkasamang operasyong estado-pribado. Sa gayon, ang karapatan ng kapitalista sa pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon ay esklusibong nalalahad sa pirming dibidendo ayon sa laki ng kanyang sapi. Sosyalista mga empresa sa saligan ang kalikasan ng pinagsamang mga empresang estado-pribado. Sa pagtatapos ng panahon na binabayaran ng pirming interes ang kapitalista batay sa itinakda ng estado at wala nang ibinabayad na pirming interes, ang mga empresang estado-pribado ay naging mga empresa na nasa ilalim ng ganap na sosyalistang sistema ng pagmamay-ari ng buong sambayanan.

Sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, mayroong kaibhan ang transpormasyon sa katamtaman at maliit na kapital at niyong sa malaking kapital. Pero hindi ito nangangahulugan na wala nang makauring tunggalian. Sa katunayan, may maigting na makauring tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya na nagaganap sa buong proseso ng sosyalistang transpormasyon ng kapitalistang industriya at komersyo. Nalalahad ang tunggaliang ito bilang tunggalian sa pagitan ng paglimita at kontra-paglimita, transpormasyon at kontra-transpormasyon. Noong tagsibol ng 1950, kinailangan na magsulong ng pakikibaka laban sa ispekulatibong mga aktibidad para gawing istable ang mga presyo. Noong 1951, nariyan ang "Limang Kontro" na pakikibaka – laban sa panunuhol, pagnanakaw at di pababayad ng buwis, pagnanakaw sa ari-arian ng estado, padaskul-daskol na paggawa at mababang-kalidad na materyales, at pagnanakaw sa mga pang-ekonomyang sikreto ng estado. Noong 1957, nariyan ang pakikibaka laban sa naninibasib na atake mula sa mga maka-Kanan. Ang mga ito ay maiigting na makauring tunggalian. Nasalamin din ang mga makauring tunggalian na ito sa Partido mismo bilang tunggalian ng dalawang linya. Ang mga rebisyunista tulad ni Liu Shao-chi ay paulit-ulit na naglako ng kabalbalan na ang kapitalistang "pagsasamantala ay may kabutihan" at tumutol sa sosyalistang transpormasyon ng kapitalistang industriya at komersyo sa pagtatangka na panatilihin ang kapitalistang impluwensya. Ang rebisyunistang pangkatin nina Kao Kang at Jao Shu-shih, sa kabilang banda, ay nagpakan na agawin ang kataas-taasang kapangyarihan sa Partido at estado para tugunan ang mga pangangailangan ng burges na oposisyon sa sosyalistang transpormasyon. Sa pamumuno ng Komite Sentral ng Partido sa pangunguna ni Tagapangulong Mao, ang mga sabwatan ng mga taksil na ito ay maagap na nadurog, naitakwil ang kanilang mga rebisyunistang linya, at natiyak sa wakas ang tagumpay ng sosyalistang transpormasyon ng kapitalistang industriya at komersyo.  Pinatunayan nito na sapilitang mapapatanggap nang unti-unti sa pambansang burgesya ang sosyalistang transpormasyon tanging sa pamamagitan ng matatag na pagtalima sa pakikibaka ng proletaryado laban sa burgesya, ng Marxistang linya laban sa rebisyunistang linya, at mabisang pagbigo sa sandakot na mga reaksyunaryong kapitalista at mga ahente nila sa Partido na salungat sa sosyalistang rebolusyon, at umaatake at nananabotahe sa sosyalistang konstruksyon.

## Ang Sosyalistang Sistema ng Pagmamay-ari ng Estado ay Nagtataglay ng Napakalaking Superyoridad

Ang pagpapalit ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado sa kapitalistang pribadong pagmamay-ari ay kumakatawan sa isang malaking rebolusyonaryong igpaw sa relasyon sa produksyon. Ang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng buong sambayanan ay isang sistema ng pampublikong pagmamay-ari na kapwa ang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto ng paggawa ay pag-aari ng proletaryong estado na kumakatawan sa buong masang anakpawis. Ang paglitaw ng sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado ay nagpapakita na ang pinalayang anakpawis ay hindi lamang naging naghaharing uri sa lipunan kundi naging panginoon rin ng ekonomya.

Sa Tsina, kabilang sa saklaw ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado ang mga depositong mineral, ilog, teritoryal na karagatan; kagubatan, pronterang lupa, at iba pang likas na yaman na inilagay ng batas sa kapangyarihan ng estado; at mga empresa tulad ng perokaril, serbisyo sa koreo at komunikasyon, bangko, pabrikang pinatatakbo ng estado, sakahan, at komersyo. Bilang kinatawan ng buong masang anakpawis, pag-aari ng estado ang mga kagamitan sa produksyon at tinitiyak na inilalaan ang mga ito nang makatwiran at sa pinag-isang paraan. Lumilikha ito ng bagong sitwasyon sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng ating bayan, na ang pambansang ekonomya ay sistematikong pinauunlad, sa gayo'y binibigyang daan ang pag-unlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon.

Ang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado ay isang sosyalistang sistema ng pampublikong pagmamay-ari na tumutugma sa napakasosyalisadong kalikasan ng produksyon. Sa modernong industriya, magkakaugnay at nagsasalalayan ang mga departamento at empresa. Ang mga ito'y pawang integral at buhay na bahagi ng panlipunang produksyon sa kabuuan. Ang paglitaw ng sosyalistang sistema ng pagmamay-ari ng estado ay di maiiwasang resulta ng kontradiksyon sa pagitan ng napakasosyalisadong mga pwersa sa produksyon at kapitalistang pribadong pagmamay-ari sa modernong industriya. Tanging sa sosyalistang pagmamay-ari ng estado malulutas ang kontradiksyon sa panlipunang kalikasan ng produksyon at pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon sa kapitalistang lipunan, at ang kontradiksyon sa pagitan ng organisadong kalikasan ng produksyon sa mga indibidwal na empresa at anarkiya sa produksyon sa lipunan sa kabuuan. Tanging sa batayang ito mapapawi ang paglulustay at pagwasak sa mga pwersa sa produksyon at mga produkto na dulot ng kapitalistang sistema, kasama na ang maluhong pag-aaksaya ng burgesya at pampulitikang mga kinatawan nito. Ang naisasalba sa gayon na malalaking kantidad ng mga kagamitan sa produksyon at mga produkto para sa buong lipunan ay magagamit para itaguyod ang mas mabilis na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon.

Ang ekonomya ng estado na nakabatay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado ang may kontrol sa buhay ng pambansang ekonomya. Mayroon itong modernong mga industriya at mga industriya sa transportasyon. Ang mga industriya na pinatatakbo ng estado ay lumilikha ng maraming makina, materyales, kasangkapan, panggatong, at lakas motor para itulak ang teknikal na pagpapahusay sa iba't ibang departamento ng pambansang ekonomya. Lumilikha ang mga ito ng maraming traktora, makinaryang pang-ani, gamit sa transportasyon, elektrisidad, panggatong, kemikal na abono, at pestisidyo para itulak ang mekanisasyon sa agrikultura. Nagtitipon din ang mga ito ng napakalaking pondo ng kapital para sa konstruksyon ng estado sa ekonomya, kultura, at depensa. Ang sosyalistang ekonomya ng estado ay isang pang-ekonomyang salik na gumaganap ng namumunong papel sa pambansang ekonomya sa kabuuan. Ito ang materyal na base kung saan isinusulong ng estado ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura, industriya ng pagyayaring-kamay, at kapitalistang industriya at komersyo sa Tsina ay nakamit sa pamumuno at gabay ng ekonomya ng estado. Ang konsolidasyon at

pag-unlad ng ekonomya ng kolektiba ay nakakawing din sa namumunong papel ng ekonomya ng estado matapos ang batayang pagkumpleto ng sosyalistang transpormasyon. Ang sosyalistang ekonomya ng estado ay isang malakas na materyal na pwersa para sa konsolidasyon ng diktadura ng proletaryado.

Sa agrikultura, ang bahagi ng ekonomya na nakapailalim sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado ay ang sakahan ng estado sa pangunahin. Sa Tsina, ang sakahan ng estado ay gumagampan ng ilang papel na kakaiba kaysa ekonomya ng kolektiba: 1) Dagdag pa sa pondo na natitipon ng sakahan mismo, ang pamumuhunan, kung kinakailangan, ay maaari ring tuwirang manggaling sa estado para pabilisin ang mekanisasyon ng agrikultura, at sa gayo'y nabibigyan ng pagkakataon ang sakahan ng estado na gampanan ang nangungunang papel at maging isang huwaran. 2) Ang sakahan ng estado ay isang mahalagang base ng estado para magsagawa ng mga syentipikong eksperimento sa agrikultura. Ang mga syentipikong eksperimento na nangangailangan ng mas espeyalisadong tauhan sa pananaliksik, mas maraming pondo, at mahabang panahon para makakuha ng kapaki-pakinabang na mga resulta ay kadalasang hindi maisasagawa ng ekonomya ng kolektiba sa kanayunan, bunga ng mga limitasyon sa tauhan, materyales, at pinansya. Ang sakahan ng estado, sa kabilang banda, ay makapagkokonsentra ng tauhan, rekursong materyal, at pondo sa ilalim ng pinag-isang plano para magsagawa ng iba't ibang syentipikong eksperimento at magpalaganap ng mga resultang mapapakinabangan – superyor na mga binhi at abanteng karanasan – sa mga pang-agrikulturang komunang bayan sa maagap na panahon. 3) Ang sakahan ng estado ay superyor sa ekonomya ng kolektiba sa malakihang reklamasyon ng mga bagong lupain, pagbuhay sa gubat, at pagtotroso.

Sa Tsina, may isa pang anyo ng sosyalistang sistema ng pagmamay-ari ng estado. Ito ay ang kwerpong militar sa produksyon at konstruksyon. Isang itong komprehensibong yunit pang-ekonomya sa ilalim ng sistema ng pagmamay-ari ng estado na kinabibilangan ng agrikultura, industriya, transportasyon at konstruksyon. Kalimitang itinatatatag ito sa mga prontera na may malalawak na lupain at maliit na populasyon at gumaganap ng mahalagang tungkulin sa pagtatayo at pagtatanggol ng rehiyong prontera at pagpapatatag ng pambansang depensa. Isang hukbong pang-industriya na lumalahok sa konstruksyong pang-ekonomya at isa ring malakas na hukbong panlaban sa pagtatanggol ng rehiyon prontera ang matatandang manggagawa, rebolusyonaryong mga kadre, at kabataang may pinag-aralan na nagtatrabaho sa mga kwerpong militar sa produksyon at konstruksyon. May espesyal na kabuluhan ang anyong ito ng ekonomya sa ilalim ng sistema ng pagmamay-ari ng estado sa pagkokonsolida ng proletaryong diktadura.

## Hindi Magkakaroon ng Ganap na Sosyalismo Kung Walang Sosyalisasyong Pang-agrikultura

### Kinakailangang Ipailalim ang Maliit na Ekonomyang Magsasaka sa Sosyalistang Transpormasyon

Matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, madalas itong nahaharap sa sa malaking bilang ng indibidwal na ekonomya bukod pa sa napakasosyalisadong kapitalistang ekonomya. Ang mga sangkap sa ekonomyang ito ay matatagpuan sa agrikultura, industriya ng pagyayaring-kamay, transportasyon, at komersyo pero ang mga ito ay pinakamarami at pinakalaganap sa agrikultura.Ang mga lumalahok sa indibidwal na aktibidad pang-ekonomya ay mga indibidwal na nagtatrabaho. Ang indibidwal na kabahayan ay isang yunit ng produksyon at operasyon. Bagama't nag-aari ng iilang kagamitan sa produksyon ang mga ito, walang katiyakan ang kanilang kapalaran at maaari silang mabangkra ng kapitalistang ekonomya anumang oras. Kapag ibinagsak ng proletaryado ang burges na paghahari at itinatag ang isang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado sa mga

kagamitan sa produksyon, maaari bang payagang magpatuloy ang operasyon ng indibidwal na ekonomya? Hindi. Sabi ni Tagapangulong Mao, "Hindi ganap na makokonsolida ang sosyalismo kung walang sosyalisasyon ng agrikultura."[8]Ang dapat nating suriin dito ay ang usapin kung anong landas ang dapat tahakin ng sistema ng indibidwal na ekonomya sa agrikultura sa kalagayan ng sosyalismo, sapagkat ang landas na tinatahak ng indibidwal na ekonomya sa agrikultura sa prinsipyo'y siya ring landas na tinatahak ng iba pang indibidwal na ekonomya, tulad ng industriya ng indibidwal na pagyayaring-kamay.

Ang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado na itinatag ng proletaryado matapos agawin ang kapangyarihang pampulitika ang pangunahing pang-ekonomyang batayan ng sistemang pang-estado ng diktadura ng proletaryado. Pero ang maliitang ekonomyang magsasaka bilang anyo ng pribadong ekonomya ay salungat sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari at sa superistruktura ng diktadura ng proletaryado. Dahil dito, ang maliitang ekonomyang magsasaka na nakabatay sa pribadong pagmamay-ari ay isang punlaan ng kapitalismo. Tiyak popolarisahin nito ang mga magsasaka tungo sa isang mayorya ng mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, at isang minorya ng mayayamang magsasaka na bumubuo sa burgesya ng kanayunan. Ipinaliwanag ni Lenin, "Iniluluwal ng maliitang produksyon ang kapitalismo at ang burgesya nang regular, tuluy-tuloy, sa paraang ispontanyo, at sa malawakang saklaw."[9] Ang demokratikong rebolusyong bayan ng Tsina ay isang dakilang tagumpay, dahil sa puspusang pagtransporma ng sistema sa lupa, pagkumpiska ng lupa ng pyudal na uri, at pamamahagi nito sa mga magsasaka, para palayain ang malawak na masa ng mga magsasaka mula sa sistemang pyudal. Pero matapos ang reporma sa lupa, nananatili ang usapin kung saan nararapat mgtutungo ang indibidwal na mga magsasaka. Dapat ba nilang tahakin ang kapitalistang landas o ang sosyalistang landas? Sa loob ng ilang taon matapos ang reporma sa lupa ng Tsina, tuluy-tuloy na lumitaw ang sumusunod na mga kalagayan: Tuluy-tuloy na umunlad ang ispontanyong mga tendensyang kapitalista. Lumitaw sa lahat ng dako ang bagong mayayamang magsasaka, at maraming nakatataas na panggitnang magsasaka ang nagsikap nang husto para maging mayamang magsasaka. Marami pa ring maralitang mga magsasaka ang nagdurusa sa karalitaan dahil sa kakulangan ng mga kagamitan sa produksyon. Marami sa kanila ang baon sa utang. Ang ilan ay kinailangang magbenta o magsangla ng kanilang lupa. Ipinakita ng mga kalagayang ito na kung, matapos ang reporma sa lupa, hindi agad pinamunuan ng proletaryado ang malawak na masang magsasaka na tahakin ang sosyalistang landas at maagap na ipailalim ang maliitang ekonomyang magsasaka sa sosyalistang transpormasyon, bagkus ay hayaang mapolarisa ito, sa gayo'y ang mga nakatataas na panggitnang magsasaka na desididong tahakin ang kapitalistang landas ay lalong lalago at ibayong mahihiwalay sa interes ng uring manggagawa, habang ang mga magsasaka na kamakailan lamang ay nawalan muli ng lupa at napapaligiran pa rin ng kahirapannasadlak pa rin sa karalitaan ay magpoprotesta na hindi sila sinagip ng proletaryado at tinulungan na lutasin ang kanilang mga problema. Samakatwid, ang alyansang manggagawa-magsasaka na itinatag sa batayan ng reporma sa lupa ay mahaharap sa panganib ng pagguho. Ang gayong sitwasyon ay magiging mapanganib din sa diktadura ng proletaryado at sa konsolidasyon ng sosyalistang baseng pang-ekonomya.

Matapos ang reporma sa lupa, ang maliitang ekonomyang magsasaka na nakabatay sa pribadong pagmamay-ari ay gumampan ng takdang papel sa muling pagbuhay at pagpapaunlad sa produksyong pang-agrikultura. Kunsabagay, ang ekonomyang ito ay nakabatay pa sa atrasadong relasyon sa produksyon. Ginawang imposible ng indibidwal at hiwa-hiwalay na operasyon na magamit ang abanteng mga pamamaraan at modernong mga kasangkapan sa bukid, walang magagawa laban sa mga natural na kalamidad, at ginawang imposible na ipagpatuloy ang pinalawak na reproduksyon. Samakatwid, hindi nito kayang tugunan ang pangangailangan ng sosyalistang ekonomya para sa kalakal na pagkaing butil, hilaw na materyales na pang-industriya, at mas maraming lakas paggawa; ni hindi rin ito maipagkaloob ang malaking pamilihang lokal para sa pag-unlad ng industriya, at kung gayon, tahasang salungat ito sa sosyalistang industriyalisasyon. Para malutas ang ganitong

kontradiksyon, kinailangan gumawa ng angkop na mga hakbangin ang proletaryado para pamunuan ang hiwa-hiwalay at atrasadong maliitang ekonomyang magsasaka tungo sa sosyalistang landas.

Paano mapapamunuan ang maliitang ekonomyang magsasaka tungo sa sosyalistang landas?

## Mag-organisa ang Kinakailangang Landas para sa Sosyalistang Tranpormasyon ng Maliitang Ekonomyang Magsasaka

Ang magsasaka ay nagbabanat ng buto at isang alyado ng proletaryado. Hindi maaaring samsamin ang mga kagamitan sa produksyon na pribadong pagmamay-ari ng indibidwal na magsasaka. Minsa'y itinuro ni Engels: "Kapag hawak natin ang estado poder, hindi kailanman natin pwersahang sasamsaman ang maliliit na magsasaka (pareho rin kung kung babayaran o hindi ang sinamsam), na kakailanganin nating gawin sa kaso ng malalaking panginoong maylupa. Ang tungkulin natin kaugnay ng maliit na magsasaka ay binubuo, unang-una, ay gawing produksyon at pag-aari ng kooperatiba ang pribadong produksyon at pag-aari, hindi sapilitan kundi sa pamamagitan ng halimbawa at ng tulong panlipunan."[10] Ibig sabihin, nakakamit ang kooperatibisasyon ng agrikultura sa pamamagitan ng pag-oorganisa. "Kinakailangang landas ito sa paglaya ng sambayanan, at kinakailangang tanging landas mula kahirapan tungong kasaganaan."[11] Sa Tsina, tanggap ng malawak na masa ng maralita at mababang panggitang magsasaka ang sosyalistang transpormasyon. Masigasig ang aktibismo para sa sosyalistang landas. Bahagi ng nakatataas na panggitnang magsasaka ay may duda sa sosyalistang landas, habang ang mga panginoong maylupa at mayayamang magsasaka ay nagsikap nang husto na isabotahe ito. Samakatwid, sa usapin ng kung dapat na bang ipatupad ang kooperatibisasyon ng agrikultura, umiral na simula't sapul ang isang matinding tunggalian sa pagitan ng sosyalista at kapitalistang landas. Ang tunggalian na ito ay sinalamin mismo sa Partido bilang isang seryosong tunggalian ng dalawang linya.

Ang pangkating Liu Shao-chi at Chen Po-ta, kinakatawan ang interes ng burgesya at mayayamang magsasaka, ay nagpanukala ng rebisyunistang linya na "mekanisasyon muna, bago kooperatibisasyon". Buong lakas nilang sumalakay, at nangangatwirang "mali, peligroso, at mapangarap na sosyalismong pang-agrikultura" ang kooperatibisasyon bago ang mekanisasyon, sa bigong pagtatangka na dalhin ang ekonomyang nakabatay sa indibidwal tungo sa buktot na landas ng kapitalismo. Matatag na ipinagtanggol ng Komite Sentral ng Partidosa pamumuno ni Tagapangulong Mao ang interes ng proletaryado at maralita at mababang panggitnang magsasaka. Sinuri nito ang aktwal na kalagayan sa kanayunan ng Tsina at binalangkas ang batayang linya ng Partido sa agrikultura: ang unang hakbang ay ipatupad ang kolektibisasyong pang-agrikultura, at ang ikalawang hakbang ay kamtin ang mekanisasyong pang-agrikultura sa batayan ng kolektibisasyong pang-agrikultura. Ito'y Marxistang linya. Ang rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao ay puspusang ipinatupad sa Tsina. Sa proseso ng kooperatibisasyong pang-agrikultura, matibay na sumalig ang buong Partido sa maralita at mababang panggitnang magsasaka para solidong makipagkaisa sa iba pang panggitnang magsasaka nang sa gayo'y isulong ang matatag na pakikibaka laban sa mga panginoong maylupa at mayayamang magsasaka at mabisang itinakwil ang rebisyunistang linya ng pangkating Liu Shao-chi. Bilang resulta, ang kooperatibisasyong pang-agrikultura ay matagumpay na nakamit sa napakaigsing panahon.

Ang proseso ng sosyalistang transpormasyon ng agrikultura sa Tsina ay proseso ng mga kontradiksyon ng mga relasyon sa produksyon at mga pwersa sa produksyon sa kanayunan. Ang proseso ng transpormasyon ay dumaan sa tatlong yugto, sumulong nang hakbang-hakbang, isa muna bago ang isa pa. Sa simula, inorganisa ang mga pangkat sa bayanihan na may ilang sosyalistang elemento para sanayin ang mga magsasaka sa kolektibong paggawa at ipakita na mas mabilis na lalaki ang kanilang produksyon sa ganitong paraan kaysa sa indibidwal na operasyon. Pero mayroong

kontradiksyon sa pagitan ng paggawang pangkat at kalat-kalat na operasyon ng pangkat sa bayanihan. Kung hindi nalutas ang kontradiksyong ito, mahihirapang gamitin nang ibayo ang superyoridad ng "pagiging organisado". Sa panahong iyon at bunga ng lokal na mga kalagayan, ang mga magsasaka ay pinamunuan para mag-organisa ng mga primitibong kooperatiba na pamproduksyong pang-agrikultura na mala-sosyalista ang kalikasan. Sa mga primitibong kooperatibang ito, ang lupang pag-aaring pribado ay ipinailalim sa magkasanib na operasyon ng kooperatiba, habang ang mga hayop at malalaking gamit pansaka na pribadong pag-aari ay sama-samang ginagamit ng kooperatiba, sa gayo'y nilulutas ang kontradiksyon sa pagitan ng paggawang pangkat at kalat-kalat na operasyon ng pangkat sa bayanihan. Ibayong pinaunlad ang produksyon. Pero taglay pa rin ng primitibong kooperatiba ang "dibidendo sa lupa" at ilang kabayaran sa paggamit ng mga hayop at malalaking gamit pansaka na pribadong pag-aari. Hindi pa napapawi ang sistema ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Umiral pa rin ang kontradiksyon sa pinagkasamang operasyon at kolektibong paggawa, sa isang banda, at pribadong pagmamay-ari sa lupa at iba pang kagamitan sa produksyon, sa kabilang banda. Kung hindi nilutas ang kontradiksyong ito, hindi lubos na mamomobilisa ang aktibismo ng malawak na hanay ng maralita at mababang panggitnang magsasaka. Sa panahong iyon, batay sa kongkretong kalagayan, muling pinamunuan ng Partido ang mga magsasaka sa pagbubuo ng ganap na sosyalista at abanteng kooperatiba na pamproduksyong pang-agrikultura. Sa batayan ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari ng anakpawis sa mga kagamitan sa produksyon, ipinatupad ng abanteng kooperatiba ang sosyalistang prinsipyo na "mula sa bawat isa ayon sa kakayahan at para sa bawat isa ayon sa kanyang paggawa". Iyon ay isang ganap na sosyalistang kolektibong ekonomya. Ang patakaran na sumulong nang yugto-yugto batay sa aktwal na mga kalagayan ay naging mahalaga sa unti-unting pagsasanay sa mga magsasaka sa kolektibong paggawa at kolektibong operasyon, at naipawaksi sa kanila ang konsepto ng pribadong pagmamay-ari, at namobilisa ang kanilang sosyalistang aktibismo nang sa gayo'y kusa silang umanib sa kooperatiba. Samakatwid, sa buong proseso ng kooperatibisasyon, hindi lamang hindi nabawasan ang produksyong pang-agrikultura kundi lumago pa nga taun-taon, at ipinapakitang lubos ang walang katulad na kawastuan ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao.

Matapos makumpleto ang reporma sa lupa, ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura sa malawak na kanayunan ng Tsina ay nakumpleto sa saligan nang wala pang apat na taon. Nakamit ang kooperatibisasyong pang-agrikultura at ang laganap na sistema ng indibidwal na pagmamay-ari ay natransporma sa sistema ng sosyalistang kolektibong pagmamay-ari ng anakpawis. Dahil sa pagkamit ng kooperatibisasyong pang-agrikultura, ibayong pinalaya ang mga pwersa sa produksyon, pinalakas ang sosyalistang balwarte ng proletaryado sa malawak na kanayunan, kinonsolida ang alyansang manggagawa-magsasaka, at kinonsolida ang diktadura ng proletaryado. Malalim ang naging kabuluhan nito.

## Ang Komunang Bayan sa Kanayunan ng Tsina
## Ay Isang Mahalagang Pag-unlad sa Sistema ng Kolektibong Pagmamay-ari

Matapos maitatag ang sistema ng sosyalistang kolektibong pagmamay-ari ng masang anakpawis, sumunod ang proseso ng unti-unting pag-unlad at pagpapahusay. Sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon at pagtaas ng sosyalistang kamulatan ng masang anakpawis, ang maliliit na kolektiba ay naging malalaking kolektiba at ang mga kolektiba na mababa ang antas ng pampublikong pagmamay-ari ay naging mga kolektiba na may mataas na antas ng pampublikong pagmamay-ari. Ito'y isang obhetibong batas. Noong 1958, sa gabay ng Pangkalahatang Linya ng Partido sa Sosyalistang Konstruksyon, na pinasikad ng Dakilang Igpaw Pasulong, at tugma sa pangangailangan na paunlarin ang mga pwersa sa produksyon sa kanayunan, ang komunang bayan sa kanayunan ng Tsina ay

lumitaw na tila bagong sikat na araw sa malawak na abot-tanaw ng Silangang Asya.Marubdob ang pagmamahal ng malawak na masa ng maralita at mababang panggitnang magsasaka sa komunang bayan.  Kumatha sila ng maraming awitin na pumupuri sa pagsilang nito. Ganito ang saad ng isa:

> Ang indibidwal na operasyo'y tulad ng isang tablang tawiran,
> Tatlong beses umuuga sa bawat paghakbang;
> Ang pagdadamayan ay tila tulay na bato,
> Na walang tibay sa hampas ng bagyo;
> Ang tulay na bakal ay hindi masama,
> Ngunit hindi magkakasya ang laksa-laksa;
> Ang komunang bayan ay tulay na ginintuan,
> Na naghahatid tungong Kalangitan.

Ang saklaw ng komunang bayan ay isa sa bawat munisipalidad, at binubuo sa pagsasanib ng ilang abanteng kooperatiba sa produksyong pang-agrikultura sa isang munisipalidad. Ang komuna ay isang organisasyon na pinagkokombina ang administrasyon sa produksyon at binubuo ng manggagawa, magsasaka (kabilang ang nasa *forestry*, paghahayupan, saydlayn, at pangisdaan), mangangalakal, estudyante, at kawal. Ito ang batayang yunit sa kanayunan ng sosyalistang lipunan ng Tsina. Batayang yunit din ito ng gubyerno ng Tsina sa kanayunan. Sa mahaba-habang panahon na darating, ito ang magiging kolektibong pang-ekonomyang organisasyon ng sosyalismo na nakabatay sa bayanihan at benepisyo. Gayunman, nang umunlad sa komunang bayan ang abanteng kooperatibang pang-agrikultura, lumaki kapwa ang saklaw ng operasyon at bahagi ng pagmamay-ari ng publiko sa mga kagamitan sa produksyon. Ang katangian nito ay "malaki at pampubliko". Ito ay mahalagang pag-unlad sa sosyalistang sistema ng Tsina sa kolektibong pagmamay-ari ng masang anakpawis.

Sa kasalukuyang yugto, ang saligang sistema ng "tatlong antas na pagmamay-ari na ang pangkat pamproduksyon ang batayan" ay ipinatutupad sa mga komunang bayan sa kanayunan sa Tsina. Sa tatlong-antas na sistema ng pagmamay-ari, parsyal ang sistema ng kolektibong pagmamay-ari sa mga antas ng komuna at brigada. Ang sistema ng kolektibong pagmamay-ari sa antas ng pangkat pamproduksyon ay saligan. Ang pangkat pamproduksyon ay ang batayang yunit ng akawnting sa komunang bayan. Nagsasagawa ito ng sariling akawnting at may pananagutan sa lahat ng tubo at gi. Tuwiran nitong inoorganisa ang produksyon at distribusyon. Ang dahilan nito'y nasa kasalukuyang antas pa lamang ang produksyong pang-agrikultura sa pagsasaka na pangunahi'y umaasa pa sa manwal na paggawa at hayop pansaka. Bagama't tuluy-tuloy na lumago ang antas ng mekanisasyon sa agrikultura matapos itatag ang komunang bayan, namamayani pa rin sa kabuuan ng bayan ang manwal na paggawa. Sa kasalukuyang yugto, angkop sa pangkalahatan na magkaroon ng 20 hanggang 30 kabahayan sa isang pangkat pamproduksyon, na bumubuo ng isang batayang yunit sa kawnting para sa pag-oorganisa ng produksyon at distribusyon. Ito ay paborableng kondisyon para organisahin ang produksyon, palakasin ang pangangasiwa, pakilusin ang sosyalistang aktibismo ng malawak na kasapian ng komuna, at pinupukaw sila na lalong magmalasakit sa kolektiba, at palakasin ang superbisyon ng mga kadre. Sa itaas ng pangkat pamproduksyon ay ang kolektibong ekonomya ng brigada at komuna. Ang antas ng sosyalisasyon sa dalawang antas na ito ay relatibong mataas, at sa pag-unlad ng kolektibong ekonomya, nakakayang tustusan sa pinansya ang pagbili ng malalaki at katamtamang laki na makinaryang pambukid, magsagawa ng *capital construction* sa bukirin tulad ng konserbasyon ng tubig, magpatakbo ng maliliit na pabrika at empresa sa pagmimina, at sa mga susing punto, matulungan ang mahihinang pangkat pamproduksyon, para pabilisin ang pag-unlad ng kolektibong ekonomya.  Ang mga aktibidad na ito ay lubhang malaki para magawa ng pangkat pamproduksyon. Ang kolektibong pagmamay-ari na may tatlong magkakaibang antas ang bumubuo ng batayang yunit ng pang-ekonomyang akawnting ng komunang bayan sa kanayunan. Ito ay isang

integral at di mahahating yunit. Ang ganitong sistema ng tatlong-antas na kolektibong pagmamay-ari ay napakapleksible para angkupan ang iba't ibang kondisyon sa kanayunan at samu't saring hinihingi ng umuunlad na mga pwersa sa produksyon sa kanayunan; nakabubuti ito sa gayon sa mabilis na pag-unlad ng panlipunang produktibidad.

Sa kolektibong ekonomya ng komunang bayan sa kanayunan ng Tsina, basta't natitiyak at unang naaasikaso ang pag-unlad at absolutong pangingibabaw ng kolektibong ekonomya, ang mga myembro ng komuna ay pinahihintulutan at hinihikayat na gamitin ang kanilang libreng oras at bakasyon para sa pampamilyang saydlayn (kabilang ang lupang kanyang tangan na itinakda sa kanya). Ang pampamilyang trabahong saydlayn ay isang labi ng pribadong ekonomya. Pero sa sosyalismo, ang mga ito ay panuporta at nakapailalim sa ekonomya na nakabatay sa sistema ng kolektibong pagmamay-ari ng at sistema ng pagmamay-ari ng estado. Sa isang panahon sa loob ng sosyalismo, ang pagpapanatili ng pampamilyang saydlayn ay makakatulong para ganap na magamit ang lakas paggawa ng kanayunan, mapalaki ang panlipunang produkto, mapahusay ang kabuhayan ng mga myembro ng komuna, at mapagyaman ang tiangge sa kanayunan. Gayunman, dapat palakasin ang pamumuno para pigilan ang kawalang direksyon.

Ang sistema ng kolektibong pagmamay-ari sa komunang bayan sa kanayunan ng Tsina, na may "tatlong-antas ng pagmamay-ari at pangkat pamproduksyon ang batayang" ay mananatiling gayon sa darating pang mga taon. Gayunman, sa unti-unting pagpapahusay sa iba't ibang kondisyon (halimbawa, sa mataas na antas ng mekanisasyong pang-agrikultura, mas maliit na agwat ng kita sa mga pangkat pamproduksyon, at unti-unting pagtaas ng sosyalistang kamulatan ng mga myembro ng komuna), ang mga komunang bayan sa kanayunan ng Tsina ay unti-unting uunlad mula sa kasalukyang sistema ng pagmamay-ari na nakabatay sa pangkat pamproduksyon tungo sa isang panghinaharap na sistema ng pagmamay-ari na nakabatay sa brigada at sa komuna, at mula roon, unti-unti, tungo sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado. Magiging mahabang proseso ito ng unti-unting pag-unlad.

Tulad ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari sa agrikultura, ang sistema ng kolektibong pagmamay-ari sa industriya ng pagyayaring-kamay ay magiging isang mahabang proseso rin ng pagdaan mula sa maliliit na kolektiba tungo sa malalaking kolektiba, at pagkatapos mula sa malalaking kolektiba tungo sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado.

Ang pag-unlad ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari mula sa maliit tungo sa malaki, mula mababa tungo sa mataas, at mula kolektibong pagmamay-ari tungo sa pagmamay-ari ng estado ay pawang nakabatay sa hakbang-hakbang na pagpapaunlad ng mga pwersa sa produksyon at pagtataas ng sosyalistang kamalayan ng mamamayan. Magiging mali na tangkaing baguhin ang sitwasyon nang madalian, kapag hindi pa umiiral ang kinakailangang mga kondisyon. Magiging mali rin na magkasya na lamang sa kasalukuyang katayuan, kapag umiiral na nga ang kinakailangang mga kondisyon. Ang dalawang tendensyang ito ay nagpapahina sa sosyalistang aktibismo ng masa at hindi paborable sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Ang mga ito ay maaari pa ngang maging hadlang sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Sa proseso ng pagtransporma ng abanteng kooperatiba na pamproduksyong pang-agrikultura tungo sa komunang bayan sa kanayunan ng Tsina, ang ganitong dalawang tendensya ay totoo ngang umiral. Ang paglitaw ng komunang bayan ay natural na resulta ng pang-ekonomya at pampulitikang pag-unlad sa Tsina at lubos na umaayon sa mga obhetibong batas. Pero malisyosong inatake ng mga rebisyunistang tulad ni Liu Shao-chi ang pagbubuo ng mga komunang bayan bilang "hindi napapanahon at isang malaking gulo". Nang lunurin ng malakas na agos ng komunang bayan ang kontra-agos na nilikha nila, naghumiyaw naman sila para sa "igpaw tungong komunismo", pinaypayan ang "komunistang hangin" sa bigong pagtatangka na isabotahe ang sosyalistang katangian ng komunang bayan. Mula ngayon, may tunggalian ng dalawang uri, ng dalawang landas, at ng dalawang linya sa proseso ng pag-unlad ng ekonomya sa kanayunan na nakabatay sa sistema ng sosyalistang kolektibong pagmamay-ari ng masang anakpawis. Hindi ito

maiiwasan at hinding-hindi nakakagulat.

Bagama't ang sosyalistang kolektibong pagmamay-ari ng masang anakpawis at pagmamay-ari ng estado ay dalawang klase ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari, may mahahalagang kaibhan ang dalawa. Ang mga kagamitan sa produksyon ng ekonomya sa ilalim ng kolektibong pagmamay-ari ay hindi pampublikong pag-aari ng masang anakpawis sa buong bayan kundi pampublikong pag-aari ng trabahador ng kooperatiba. Samakatwid, ang lakas-tauhan, materyales, at pinansyal na rekurso ay hindi maaaring ilipat sa pagitan ng mga sektor ng estado at kooperatiba nang walang kompensasyon. Hindi rin maililipat ang mga rekurso sa pagitan ng mga kooperatiba nang walang kompensasyon. Ang umiiral na pagkakaiba-iba sa antas ng kita sa pagitan ng mga kooperatiba ay hindi artipisyal na mapapawi. Ang tanging paraan para gawin ito ay tulungan ang mga kooperatibang mababa ang kita na panghawakan ang rebolusyon at itaas ang produktibidad ng paggawa para unti-unting pakitirin ang agwat.

## Ang Sistema ng Sosyalistang Pampublikong Pagmamay-ari ay Nakokonsolida at Napapaunlad sa Pamamagitan ng Pakikibaka

### Ang Mabigat na Aral sa Panunumbalik ng Sistema ng Kapitalistang Pagmamay-ari sa Unyong Sobyet

Sapul nang ipanumbalik ng taksil na pangkating Khrushchov-Brezhnev ang diktadura ng burgesya, ang sistema ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari na itinatag ng diktadura ng proletaryado ay ganap na natransporma sa isang bagong sistema ng pagmamay-ari ng burukratang monopolyong burgesya. Ito'y isang mabigat na aral. Ipinakikita ng pangyayari na matapos itatag ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, nananatili pa rin ang dalawang posibilidad ng pagsulong sa direksyon ng komunismo o pag-atras sa direksyon ng kapitalismo. Itinuturo sa atin ng Marxismo na ang kalikasan ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon ay itinatakda sa kahuli-hulihan ng kung anong panlipunang grupo ang may hawak sa mga kagamitan sa produksyon at kung kani-kaninong panlipunang grupo pinaglilingkod ang mga ito. Paano natin matutukoy ang ganitong pagmamay-ari at paglilingkod? Sa *Kapital*, sinipi ni Marx ang sinabi ni Aristotle na "nakasalalay ang katayuan ng panginoon hindi sa kung sino ang bumili ng alipin kundi sa kung sino ang tumatayong panginoon niya". Pagpapatuloy ni Marx: "nakasalalay ang katayuan ng kapitalista hindi sa kanyang pagmamay-ari ng kapital – na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihang bilhin ang lakas paggawa – kundi sa kapangyarihang upahan ang mga manggagawa, ibig sabihin, ang sahurang manggagawa, sa proseso ng produksyon".[13]

Ngayon, ang isang sulyap kung paanong ang proletaryado at masang anakpawis na Sobyet ay ineempleyo ay magpapakita sa esensya ng rebisyunismong Sobyet, ibig sabihin, sa tabing ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari, inagaw ni Brezhnev at kanyang mga kasapakat ang kontrol sa mga kagamitan sa produksyon ng mamamayang Sobyet uang papaglingkurin sa interes ng burukratikong monopolistang burgesya.

Sa mga regulasyon sa pamamahala ng mga empresang pamproduksyon ng pinapatakbo ng sosyalistang estado, itinakda ng mga rebisyunistang Sobyet: "Hahawakan ng manedyer (administrador o direktor) ang awtoridad sa produksyon at pangangasiwa kaugnay ng iba pang responsableng tauhan na itinalaga ayon sa hatian ng kanilang mga tungkulin". Ang manedyer ng empresa ay may awtoridad na itakda ang antas ng empleyo at ang laki ng bilang ng tauhan; mag-empleyo at magtanggal ng mga empleyado; magbigay ng mga gantimpala o magpataw ng mga parusa; magtakda ng pasahod at mga bonus; magbenta, umupa, o magpaupa ng mga kagamitan sa produksyon ng empresa; at maglaan ng iba't ibang "pondo sa insentibang pang-ekonomya", na

itinakda ng rebisyunistang pamunuang Sobyet bilang reserba para sa sariling alokasyon ng empresa.

Ang "Mga Regulasyon sa Pamamahala ng Modelong Kolektibong Sakahan" ng rebisyunistang Sobyet ay nagtatakda na ang tagapangulo ng kolektibong sakahan ay may awtoridad na umupa, magpaupa, o maglipat ng lupa na pag-aari ng estado; maglaan ng pondong pansaka, at maging malayang bumili o magbenta ng mga kagamitan sa produksyon, tulad ng mga makinang pang-agrikultura; at magpasya sa bayad sa paggawa at mga bonus ng mga myembro ng sakahan, umupa ng mga taong tagalabas para magtrabaho sa sakahan, at iba pa. Ang mga "manedyer" na ito, o "tagapangulo ng sakahan", ay mayroong ganoo't ganitong kapangyarihan. Ano naman ang kapangyarihan ng masang anakpawis? Wala. Ang karapatan nila sa pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon ay inagaw nang lahat ng burukratikong monopolistang burgesya. Sa pamamagitan ng pagsasadlak sa masang anakpawis ng Unyong Sobyet sa pagiging sahurang manggagawa "sa proseso ng produksyon", pinatutunayan ng burukratikong monopolistang burgesya na ito nga ay burukratikong monopolistang burgesya. Ayon sa mga magasin ng rebisyunistang Sobyet, ang buwanang sahod na pakyawan ng isang magtotorno sa isang empresa ng estado sa Unyong Sobyet ay kasing-baba ng 50 hanggang 60 rubles. Ang katamtamang antas ng pasahod ay 70 hanggang 80 rubles. Pero mahigit sampung ulit, o puu-puong ulit pa nga, na mas malaki kaysa tinatanggap ng manggagawa ang nakukuha ng manedyer, direktor ng planta, at iba pang burges na elementong burukratikong monopolista sa anyo ng sahod, bonus, subsidyo, at iba pang "ligal" na paraan. Ang netong buwanang kita ng isang karaniwang magsasaka ay mababa pa sa 60 rubles. Pero ang buwanang kita ng isang tagapangulo sa sakahan ay karaniwang 300 rubles. Ang iba pa ay sumusweldo ng lampas 1,000 rubles. Sinabi ng isang matandang manggagawang Sobyet na may mahigit 30 taon nang karanasan: "Marami sa amin ang milyunaryo. Naiiba sila sa amin hindi lamang sa antas ng pamumuhay kundi maging sa lenggwahe". Isang manedyer sa kompanyang pang-konstruksyon ng Ministri ng Agrikultura ng rebisyunistang Sobyet ang naghambog: "Sariling bahay ko ang kompanya. Ako ang masusunod. Ginagawa ko ang gusto ko." Kung ano ang puno ay siya rin ang bunga, at kung ano'ng klaseng uri ay siya rin ang klase ng pananalita. Ipinakikita ng anakpawis at burukratikong monopolistang burgesya mula sa kanilang magkakaibang paninindigan at magkakaibang anggula ang iisang punto: Ang mga burukratikong monopolistang burgesya ang naging mga panginoon sa produksyon. Tulad ng mga kapitalista, "ginagawa nila ang gusto nila". Sa kabilang banda, ang malawak na masa ng anakpawis ay nasadlak sa pagiging sahurang manggagawa sa produksyon. Sila'y inalipin, pinagsamantalahan, at miserableng nagdurusa.

Nakabibigla ang katotohanan na ang sistema ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari sa Unyong Sobyet ay ganap na nabulok. Pinatutunayan nito na matapos maitatag ang sistema ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari, hindi ito awtomatikong makokonsolida at mapeperpekto; magkakaroon ng isang mahabang proseso ng tunggalian.

Ang sistema ng pagmamay-ari ay hindi isang bagay, ito'y isang panlipunang relasyon. Para sa anakpawis, ang sistema ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari ay nangangahulugan ng relasyong panlipunan kung saan ang mga kagamitan sa produksyon ay pantay na pagmamay-ari at lahat ay panginoon. Sa kabilang banda, kinakatawan din nito ang relasyon kung saan inaagawan ang proletaryado at anakpawis ang mangamkam at naghahari sa, at tinatransporma ang lahat ng myembro ng mapagsamantalang uri. Sa mga panlipunang relasyong ito, dapat konsolidahin ng proletaryado at anakpawis ang kanilang mga tagumpay na nakuha sa pamamagitan ng ekpropriyasyon, palakasin ang kanilang paghahari at ang transpormasyon sa mga myembro ng mapagsamantalang uri, upang makonsolida at maperpekto ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring pubiko sa pamamagitan ng palagiaang pagpapalis ng pang-uuk-ok at pananabotahe ng mapagsamantalang uri. Sa kabilang banda, lalabanan ng burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri ang tipong ito ng paghahari at transpormasyon upang itransporma ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko tungong sistema ng kapitalistang pagmamay-ari pribado sa pamamatingan

ng palagiang pang-uuk-ok at pananabotahe. Maraming muka ang mga kontradiksyon at tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa usapin ng sistema ng pagmamay-ari. Pero ang mga ito ay pangunahing nalalahad sa tunggalian para sa pamumuno sa ekonomya na nakabatay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Sinuman ang makaagaw sa pamunuan ang sa katunaya'y nagiging panginoon ng mga relasyon sa pagmamay-ari. Oras na mahulog ang pamumuno sa mga kamay ng burgesya o mga ahente nito, hindi lamang hindi makokonsolida o mapapahusay ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, kundi'y tiyak pang mabubulok ito. Dahil mismo sandakot na taong nasa kapangyarihan sa Unyong Sobyet na naglandas kapitalista ang nagnakaw sa pamumuno sa ekonomyang nakabatay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko kung bakit natransporma ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko tungong isang sistema ng pagmamay-ari ng burukratikong monopolistang burgesya at kung bakit natransporma ang proletaryado at anakpawis ng Unyong Sobyet tungong mga alipin ng isang sistema ng pagmamayari ng burukratikong monopolistang burgesya. Sapul nang agawin ng taksil na pangkating Khrushchov-Brezhnev ang kataas-taasang kapangyarihan ng Partido at estado ng Unyong Sobyet, ang kapitalismo ay ganap nang naipanumbalik.

Makibaka para sa Konsolidasyon at Pag-unlad ng Sistema ng Sosyalistang Pagmamay-aring Publiko

Matapos ang pagtatatag ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, ang usapin ng sistema ng pagmamay-ari ay hindi pa ganap na nalulutas. Umiiral pa rin ang dalawang posibilidad: umabante tungo sa sosyalismo, o umatras pabalik sa kapitalismo. Ibinunyag nito sa proletaryado at malawak na masa ng anakpawis ang istorikong tungkulin: alang-tigil na makibaka para sa konsolidasyon at pag-unlad ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko.

Para konsolidahin at paunlarin ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, unang-una'y kailangang tiyakin na ang pamumuno sa sosyalistang ekonomya ay nasa kamay ng mga Marxista at malawak na masang anakpawis.

Ipinapakita ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko na ang proletaryado at masang anakpawis ay panginoon ng mga kagamitan sa produksyon. Pero paano malalaman kung ang proletaryado at masang anakpawis nga ba talaga ang panginoon ng mga kagamitan sa produksyon? Iyan ay nakabatay sa kanilang papel sa proseso ng produksyon. Sa kapitalistang lipunan, ginagamit ng kapitalista ang manggagawa sa proseso ng produksyon bilang lakas paggawa. Sa pamamagitan ng paggamit ng lakas paggawa, pinipiga ng kapitalista ang pinakamalaking posibleng labis na halaga mula sa manggagawa. Ang manggagawa ay isa lamang bayarang alipin. Ang kapitalista ang tunay na amo. Nagdudulot ito ng matalas na labanan ng manggagawa at kapitalista. Sa sosyalistang lipunan, ang papel ng mga manggagawa sa proseso ng produksyon ay ibang-iba. Lumalahok sila sa proseso ng produksyon bilang panginoon. Lumilikha sila ng yaman para sa lipunan sa pamamagitan ng mulat na paggawa. Kung gayon, sino ang nag-oorganisa sa proseso ng produksyong ito? Sa ultimo, ito'y mga manggagawa mismo. Natural, hindi naman ito nangangahulugan na ang lahat ng manggagawa ay tuwirang nag-oorganisa at nangangasiwa sa produksyon. Nagtatalaga ang malawak na masa ng mga manggagawa ng mga kinatawan sa pamamagitan ng estado at ng kolektiba, o naghahalal ng mga kinatawan para organisahin ang produksyon. Pero lumilitaw rito ang isang suliranin: kung nagtalaga ng kapangyarihan ang malawak na masa ng mga manggagawa sa kanilang mga kinatawan para organisahin ang produksyon, kaya bang katawanin ng mga iinalagang ito ang interes ng proletaryado at masang anakpawis sa pag-oorganisa ng produksyon? Matapos maitalaga ng manggagawa ang kanyang kapangyarihan sa isang kinatawan para organisahin ang produksyon, may kapangyarihan pa bang natitira sa manggagawa mismo? Naganap na sa kasaysayan ang usaping ito. Sa pagwawakas ng primitibong komuna, ang mga lingcod bayan ng lipunan na inihalal ng mga kasapi ng komuna ay unti-unting naging mga panginoon ng lipunan, at sa huli'y humantong ito sa pagkalusaw ng sistema ng pagmamay-ari ng mga komunang angkan at sa pagsibol ng pribadong pagmamay-ari. Inilalahad

nito ang isang progresibong pagsulong sa kasaysayan sa panahong iyon. Sa Unyong Sobyet ngayon, iyong mga nag-oorganisa ng produksyon ay hindi kailanman kumatawan sa interes ng proletaryado at masang anakpawis. Sa halip, kinakatawan nila ang interes ng burukratikong monopolistang burgesya. Ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ng burukratikong monopolistang burgesya ang siya ngayong baseng pang-ekonomya ng lipunang Sobyet. Ito'y isang malaking istorikong pag-atras. Sa ilalim ng diktadura ng proletaryado sa Tsina, lmitaw rin ang katulad na kalagayan sa ilang tiyak na larangan. Bago ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura, inagaw ng sandakot na mga taksil, espesyal na ahente at mga naglalandas kapitalista ang tunay na pamumuno sa ilang yunit, bagamat sa turing ay nasa ilalim ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. O kaya'y nasa mga kamay pa ito ng dating mga kapitalista. Bilang resulta ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura na personal inilunsad at pinamunuan ni Tagapangulong Mao, naibalik ang pamumuno sa mga yunit na ito sa malawak na masang anakpawis na matayog na nagwagayway sa pulang bandila na "makatwiran ang maghimagsik laban sa mga reaksyunaryo", at "mahalaga ang mga aral na halaw sa kasaysayan." Nilagom ng Ikasampung Pambansang Kongreso ng Partido ang mayamang karanasan at mga aral, at malinaw na ipinaliwanag: "Dapat palakasin ang pamumuno sa batayang organisasyon upang ang pamumuno ay tunay na nasa kamay ng mga Marxista, ng mga manggagaw, ng mga maralita at mababang panggitnang magsasaka, at ng iba pang masang anakpawis. Ang tungkulin ng pagkokonsolida ng proletaryong rebolusyon ay dapat ipatupad sa bawat batayang yunit."[14] Mapagpasya ang kabuluhan nito sa pagkokonsolida at pagpapaunlad ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko.

Para tiyakin na ang pamunuan ng empresa sa ilalim ng ekonomya ng estado at ekonomya ng kolektiba ay nasa kamay ng mga tunay na Marxista, dapat magsulong ang proletaryado at masang anakpawis ng matatag na pakikibaka sa mga taksil, espesyal na ahente, at naglalandas-kapitalista na nang-agaw sa pamumuno at muli itong bawiin. Ang ganitong tipo ng pakikibaka ay hindi magagawa sa iisang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Sa kanilang bigong pagtatangka sa panunumbalik, gagawin ng burgesya ang lahat para agawin ang pamumuno sa pang-estado at kolektibong ekonomya. Kaalinsabay, dapat ibayong itransporma ng mga kinatawan (mga kadre sa iba't ibang antas) ng proletaryado at masang anakpawis na may kontrol sa pamumuno sa pang-estado at kolektibong ekonomya ang kanilang pananaw sa daigdig at lubos na magsikap na maging mga Marxista, nang sa gayo'y tunay nilang katawanin ang interes ng proletaryado at masang anakpawis. Kung hindi sila magsisikhay sa direksyong ito, posibleng sa proseso ng pag-oorganisa ng produksyon, sa impluwensya ng burges na pananaw sa daigdig, ay sumalungat sila sa interes ng proletaryado at masang anakpawis. Ang ilan ay interesado sa materyal na insentiba, tubo, at mapanupil na mga hakbangin sa pagpapatakbo at pangangasiwa ng sosyalistang ekonomya. Sa ibang salita, hindi nila tinatrato ang masang anakpawis bilang panginoon ng sosyalistang empresa. Hindi maiiwasang hahadlangan at pahihinain nito ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Kung magpapatuloy ang tunguhing ito, ang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari publiko ay mabubulok. Sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura, ang tendensyang ito ay pinuna at itinakwil ng malawak na masa at mga kadre. Pero sa ilang takdang kalagayan, ang mga bagay na pinuna at itinakwil ay maaaring lumitaw muli. Sa pagsisimula ng 1974, ilang manggagawa sa No. 5 Loading and Unloading District ng Shanghai Harbor Affairs Bureau ay nagpaskel ng malaking-titik na poster na pinamagatang: "Maging Panginoon ng Pantalan, Hindi Alipin ng Tonelahe." Itinuro nito: "Hindi itinuturing ng pamunuan ang mga manggagawa bilang panginoon ng pantalan. Sa halip, tinatrato sila bilang alipin ng tonelahe. Ito ay tanda ng rebisyunistang linya sa pagpapatakbo ng empresa." Tinutumbok ng mga salitang ito ang pinakaubod ng pagkokonsolida at pagpapaunlad sa sosyalistang pagmamay-aring publiko at may unibersal na kabuluhan sa praktika.

Para tunay na mapasakamay ng Marxista ang pamumuno sa ekonomya ng estado at kolektibong ekonomya, dapat din itong tunay na mapasakamay ng mga manggagawa, maralita at mababang

panggitnang magsasaka, at iba pang masang anakpawis. Hindi mapaghihiwalay ang dalawang aspetong ito. Dahil ang masang anakpawis ang panginoon ng sosyalistang ekonomya, hindi ibig sabihin na wala na silang karapatan na manghimasok sa sandaling ang pamumuno ay itinalaga na sa iilang kinatawan. Ang ganitong pananaw ay ginawa nang institusyon ng rebisyunistang "sistema ng pangangasiwa ng isang tao" na itinataguyod ng mga rebisyunistang Sobyet. Ipinapakita sa katunayan na ito'y pampatulog na ikinalat ng burgesya at mga ahente nito para agawin ang pamumuno. Minsa'y ipinaliwanag ni Engels: "Ang di maiiwasang reslta ng indibidwal na pangangasiwa ng mga industriya ay pribadong pagmamay-ari."[16] Kung ang pamumuno sa empresa sa ilalim ng sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ay wala sa kamay ng mga manggagawa, maralita at mababang panggitnang magsasaka, at iba pang anakpawis, lalaganap ang rebisyunistang "sistema ng pangangasiwa ng isang tao". Sa ilalim ng rebisyunistang "sistema ng pangangasiwa ng isang tao", sa katunaya'y nahihiwalay ang masang anakpawis sa mga kagamitan sa produksyon. Tagatanggap na lang sila ng utos mula sa "pinuno" ng empresa. Kung wala na silang pamumuno sa empresa, hindi na sila ang panginoon ng empresa. Kung lumala ito, ituturing na sila ng "pinuno" ng empresa bilang lantay na lakas paggawa sa proseso ng produksyon.  Mawawalan na ng karapatan ang masang anakpawis na tanungin kung ang isang partikular na proseso sa produksyon ay naglilingkod sa interes ng proletaryado at masang anakpawis. Sa paraang ito, unti-unti mahuhulog sa burak ng kapitalismo ang mga sosyalistang empresa. Pero kapag ang pamumuno ng empresa ay tunay na nasa kamay ng mga Marxista at mga manggagawa, maralita at mababang panggitnang magsasaka, at iba pang masang anakpawis, tiyak na mapapangalagaan ang posisyon ng masang anakpawis bilang panginoon ng empresa. Bilang mga panginoon, ganap nilang pakikilusin ang aktibismong sosyalista. Kung aagawin ng ilang buktot na tao ag pamumuno ng empresa, babawiin ito ng masang anakpawis sa pamumuno ng Partido. Di miminsan itong pinatunayan sa praktika ng sosyalistang rebolusyon ng Tsina, laluna't sapul nang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura.  Muli pa itong patutunayan.

Ang pinakabuod ng pagsusuri sa kung sino ang may kontrol sa pamumuno sa sosyalistang ekonomya ay nasa kung anong linya ang ipinapatupad ng mga departamento ng empresa na nakatalaga sa operasyon ng produksyon o pang-ekonomyang pangangasiwa. Laging salungat sa interes ng proletaryado at masang anakpawis ang rebisyunistang linya. Pinapayabong nito ang materyal na insentiba, tubo, at mapanupil na mga hakbangin. Sa kabilang banda, alinsunod sa sosyalistang mga prinsipyo, laging iginigiit ng Marxistang linya na ang rebolusyon ang may kumand sa produksyon at ang pangangasiwa sa operasyon ay mapapalakas sa pamamagitan ng pagsalig sa masa bilang panginoon. Samakatwid, ang mahigpit na pagtalima sa Marxistang linya, at ang pagpupuna at pagtatakwil sa rebisyunistang linya, ang pinakagarantiya para sa pagkokonsolida at pagpapaunlad sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko.

Para makonsolida at mapaunlad ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, kinakailangan ding ipatupad ang iba't ibang patakaran ng Partido. Ang mga patakaran ng Partido ay kongkretong mga manipestasyon ng linya ng Partido. Para mahigpit na tumalima sa proletaryong rebolusyonaryong linya, kinakailangang mahigpit na ipatupad ang iba't ibang patakaran ng Partido. Halimbawa, kinakailangang wastong hawakan ang relasyon sa pagitan ng sentro at lokalidad para pakilusin ang dalawahang aktibismo sa loob ng ekonomya na nasa ilalim ng sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado. Kinakailangan na wastong hawakan ang relasyon sa pagitan ng estado at empresa para ganap na hawakan ang inisyatiba sa operasyon at pangangasiwa sa ilalim ng pinag-isang pamumuno ng estado. Gayundin, sa kolektibang ekonomya ng komunang bayan sa kanayunan, kinakailangan na wastong ipatupad ang batayang sistema ng pagmamay-ari, na sa kasalukuyang yugto ay nasa anyo ng "tatlong-antas na pagmamay-ari at pangkat pamproduksyon ang batayan", para ganap na pakilusin ang aktibismong sosyalista sa tatlong-antas na ekonomya ng kolektiba ng komuna, ng brigada, at ng pangkat pamproduksyon. Habang kinikilala ang pag-iral ng pagkakaiba-iba sa hanay ng mga pangkat, ng mga brigada, at ng mga komuna, dapat nating pagsikapan na likhain

ang paborableng mga kondisyon na nagpapakitid sa gayong mga pagkakaiba para tahakin ang sosyalistang landas tungo sa kasaganaang komun.

Para makonsolida at mapaunlad ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, dapat palakasin ang sosyalistang edukasyon. Ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ay itinayo sa batayan ng pagpawi sa sistema pribadong pagmamay-ari. Pero ang "mga labi ng mga lumang ideya na sumasalamin sa lumang sistema ay nananatili sa isip ng mamamayan sa mahabang panahon, at hindi ito basta-basta nawawala."[17] Ang ganitong mga labi ng lumang ideolohiya, na nakabatay sa lumang sistema ng pribadong pagmamay-ari ay nalalahad sa maraming aspeto. Ito ay salungat sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Tanging sa pamamagitan ng pagpapalakas ng edukasyon sa linyang pang-ideolohiya at pampulitika, palagiang pagtataas ng kamulatang pampulitika ng mga kadre at malawak na masa, at matatag na pagbubuo ng proletaryong pananaw sa daigdig magagawang itaguyod nang mabisa ang pagkokonsolida at pagpapaunlad sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko.

Para makonsolida at mapaunlad ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, kinakailangan din na masiglang paunlarin ang mga panlipunang pwersa sa produksyon. Ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ay lumilikha ng paborableng mga kondisyon sa pag-unlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon, habang ang ibayong pag-unlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon ay dapat magbigay ng materyal na batayan para sa ibayong konsolidasyon at pag-unlad ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Ang pagpapabilis sa sosyalistang industriyalisasyon ay magpapalakas sa sosyalistang ekonomya ng estado. Ang pagpapabilis ng mekanisasyon sa agrikultura at walang-tigil na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyong pang-agrikultura ay magpapalakas sa kolektibong ekonomya at kung gayo'y magtutulak sa ibayong konsolidasyon at pag-unlad sa sistema ng kolektibong pagmamay-ari. Samakatwid, ang matatag na pagpapatupad sa patakaran na "panghawakan ang rebolusyon, paunlarin ang produksyon" at pagpapaunlad sa sosyalistang ekonomya na mas malaki, mas mabilis, mas mahusay, at mas ekonomikal ang resulta ay mahahalagang kondisyon para sa konsolidasyon at pagpapaunlad ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko.

Ang proseso ng pagkokonsolida at pagpapaunlad sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ay isang mahabang proseso ng tunggalian ng dalawang uri, dalawang landas, at dalawang linya. Ang landas ng pakikibaka ay napakahab at ang tungkulin ay napakabigat, at dapat tayong ubos-kayang lumaban!

### Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral

Marx, Manipestong Komunista.
Lenin, "Hinggil sa Buwis sa Pagkaing Butil," Piling mga Akda ni Lenin.
Chairman Mao, "Ulat sa Ikalawang Plenum ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Tagapangulong Mao, "Hinggil sa Wastong Paghawak sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan," Seksyon 3-4.
Chairman Mao, "Hinggil sa Kooperatibisasyong Pang-agrikultura."

### Mga Tanong sa Pagbabalik-aral

1. Paano lumilitaw ang sosyalistang sistema pagmamay-ari ng estado? Bakit nating sinasabi na ito ang pangunahing batayang pang-ekonomya ng proletaryong diktadura?

2. Bakit natin sinasabi na hindi hindi ganap na konsolidado ang sosyalismo kung walang sosyalisasyon sa agrikultura? Bakit itinaguyod ng komunang bayan sa kanayunan ng Tsina ang sistema ng "tatlong antas na pagmamay-ari na pangkat pamproduksyon ang batayan" sa kasalukuyang yugto?
3. Paano patuloy na makokonsolida at mapapaunlad ang sosyalistang sistema ng pagmamay-aring publiko? Paano natin makokonsolida at mapapaunlad ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko?

**Mga Tala**

1) Engels, Anti-Duhring, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 201.
2) Marx, Kritika ng Programang Gotha, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 5.
3) Manipestong Komunista, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 272.
4) "The Present Situation and Our Tasks," Selected Works of Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1149.
5) "Ulat sa Ikalawang Plenum ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1321.
6) "Hinggil sa Pagkawalang-muwang ng 'maka-Kaliwa' at ang Makauring Kalikasan ng Petiburgesya," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 3, Jen- min ch'u-pan-she; 1972, p. 548.
7) "Ulat Pampulitika sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Rusya (Bolshevik)" Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 627.
8) "Hinggil sa Demokratikong Diktadurang Bayan," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1366.
9) "Pagkawalang-muwang na 'maka-Kaliwa' sa Kilusang Komunista," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 181.
10) Engels, "Ang Usapin ng Magsasakang French at German," Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan she, 1972, p. 310.
11) "Mag-organisa!" Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 886.
12) "Hinggil sa Kooperatibisasyong Pang-agrikultura," Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-panshe, 1965, p. 308.
13) Marx, Kapital, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1966, p. 438.
14) Chou En-lai, "Ulat sa Ikasampung Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina," Tinipong mga Dokumento mula sa Ikasampung Pambansang Kongreso ng ng Partido Komunista ng Tsina, Jenmin ch'u-pan-she, 1973, pp. 32-33.
15) Engels, "Mga Prinsipyo of Komunismo," Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 217.
16) Chairman Mao, "Mga Tala hnggil sa 'Isang Sersyosong Aral'," Sosyalistang Daluyong sa Kanayunan ng Tsina, Bol. 1, p. 123.

# Kabanata 14

## Itatag ang Interpersonal na Relasyon ng Mamamayan Ayon sa Sosyalistang mga Prinsipyo

Ang Katayuan at Interelasyon ng Mamamayan sa Sosyalistang Produksyon*

Ang katayuan ng mamamayan at kanilang interelason ay isang mahalagang sangkap ng mga relasyon sa produksyon. Matapos ang pagtatatag ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon, napakahalagang hubugin ang katayuan ng mamamayan at ang kanilang interelasyon na tumutugma sa anyong ito ng sistema ng pagmamay-ari. Kung ang panggitnang kawing na ito ng relasyon sa produksyon ay mapapanghawakan at patuloy na mapapaunlad, patuloy na makokonsolida at mapapaunlad ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko at ang relasyon sa distribusyon.

### Dumaan sa Isang Pundamental na Pagbabago ang Katayuan at Interelasyon ng Mamamayan

Ang Sistema ng Sosyalistang Pagmamay-aring Publiko ay Negasyon ng Lahat ng Mapagsamantalang Sistema

Sa kasaysayan, ang katayuan ng mamamayan at kanilang interelasyon sa produksyon ay lagi't laging itinatakda ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Itinakda ng sistema ng pagmamay-ari sa alipin ang relasyon ng panginoong may alipin at kanyang mga alipin. Itinakda ng sistema ng pagmamay-ari ng mga panginoong pyudal ang relasyon ng panginoong maylupa at ng magsasaka. Itinakda ng sistema ng pagmamay-ari ng kapitalista ang relasyon ng kapitalista at ng manggagawa. Ang relasyon ng pagsasamantala sa pagitan ng kapitalista at manggagawa ay mas tago kaysa relasyon sa pagitan ng nagmamay-ari ng alipin at alipin, o sa pagitan ng panginoong maylupa at magsasaka. Kalimitan, ang relasyong ito kadalasan ay sumasangkot ng mga produkto at nalalahad bilang relasyon sa pagitan ng mga produkto. Sa mahabang panahon, isinulat ng mga burges na ekonomista ang mga libro at naglubid ng mga teorya hinggil sa relasyon sa pagitan ng mga produkto sa pagtatangka na ikubli ang katotohanan ng makauring antagonismo sa pagitan ng mga tao. "Saan man nakikita ng mga burges na ekonomista ang relasyon sa pagitan ng mga produkto (ang palitan ng kalakal) isiniwalat ni Marx ang isang relasyon sa pagitan ng mga tao"[1] "Ang pinag-aaralan ng syensyang pang-ekonomya ay mga bagay kundi ang interpersonal na relasyon , at sa huli, sa relasyon ng mga uri."[2]

Ang interelasyon sa sosyalistang produksyon ay naitatatag matapos lamang ibagsak ng proletaryado at ng malawak na masang anakpawis ang burges na makinarya ng estado gamit ang dahas at itatag ang diktadura ng proletaryado at ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon.

Sa sosyalistang lipunan, ang relasyon na umiral sa lumang lipunan sa pagitan ng naghahari at pinaghaharian, na ang uring manggagawa at magsasaka sa kolektibasa isang panig at ang burgesya, mga panginoong maylupa at mayayamang magsasaka sa kabila, ay nabaligtad na. Lahat ng

---

* An-chao she-hui-chu-i yuna-tse chien-li jen-men ti hsiang-hu kuan-his – jen-men tsai she-hui-chu-i sheng-ch'an chung ti ti-wei ho hsiang-hu kuna-his.

mapagsamantalang relasyon ay pinawalambisa na. Ang pagbaligtad at negasyong ito ay mga prekondisyon para sa transpormasyon ng sistema ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon tungo sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Isang mapamwersang pang-ekonomyang hakbang ang pagtatatag ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Sa sistemang ito, ang mapagsamantalang uri ay pinagkakaitan ng mga kagamitan nito sa pagsasamantala sa masang anakpawis at pinupwersang tanggapin ang transpormasyong dulot ng proletaryado at ng malawak na masang anakpawis. Sa kabilang banda, sa pagtatatag ng sistema ng sosyalistang pagmamamay-aring publiko, ang proletaryado at ang masang anakpawis, na dati'y mga alipin sa lumang lipunan, ay naging mga panginoon ng bagong lipunan. Mula dito, nasa naghaharing pusisyon sa proseso ng sosyalistang produksyon ang proletaryado at ang masang anakpawis, habang nasa pinaghahariang pusisyon ang burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri. Itatatag at pauunlarin sa batayang ito ang sosyalistang interelasyon.

Sa buong istorikong yugto ng sosyalismo, mula umpisa hanggang wakes, iiral ang tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Sa isang banda, magsisikap nang husto ang proletaryado at malawak na masang anakpawis na ipagtanggol at ikonsolida ang kanilang pusisyon sa sosyalistang produksyon at sosyalistang interelasyon upang maabot ang dakilang adhikan ng pagkakamit ng komunismo sa pamamagitan ng pagpawi sa burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri at lahat ng pagkakaiba sa uri. Sa kabilang banda, hindi kailanman kaliligtaan ng burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri ang kanilang nakaraang nangingibabaw na posisyon sa anakpawis, ang "dating masasayang araw" nang sila ay umaani nang hindi nagtatrabaho, at bigo silang magtatangka na palayain ang sarili sa mga restriksyong ipinataw sa kanila ng sosyalistang interelasyon at panumbalikin ang kapitalistang relasyon. Ang pagtataguyod ni Lin Piao sa napakareaksyunaryong panukalang pampulitika ni Confucious na "muling buhayin ang mga estadong wala na, ibalik sa panunungkulan iyong mga wala na sa pusisyon, at hingin ang payo ng retiradong mga paham" ay isang sabwatan para ibalik sa dati ang mga talunang mapagsamantalang uri, ibagsak ang masang anakpawis bilang bagong mga panginoon, at panumbalikin ang kapitalistang interelasyon. Samakatwid, ang proseso ng pagkokonsolida at pagpapaunlad ng sosyalistang interelasyonsa esensya, ay isang proseso ng tunggalian ng proletaryado at burgesya.

## Taglay pa rin ng Sosyalistang Interelasyon ang Tatak ng Uri

Sa makauring lipunan, sa kahuli-hulinan, ang interpersonal na relasyon ay relasyon sa pagitan ng mga uri. Paano, kung gayon, nalalahad ang interpersonal na relasyon sa sosyalistang produksyon bilang makauring relasyon?

Para mas maunawaan ang makauring relasyon sa sosyalistang produksyon, kailangang saglit na balikan ang makauring relasyon sa malakolonyal at malapyudal na Tsina.

Pinausbong ng pang-ekonomyang subistruktura ng lumang Tsina ang sumusunod na mga uri: ang proletaryado, ang magsasaka, ang petiburgesyang lunsod, ang pambansang burgesya, ang burukratikong burgesya, at mga panginoong maylupa. Sa panahong iyon, ang katayuan at pag-uugnayan ng mga uring ito ay makikilala sa parang ito. Ang mga panginoong maylupa at burukratikong burgesya na kumukontrol sa mayor na mga kagamitan sa produksyon at sa makinarya ng reaksyunaryong estado, at kasabwat ng imperyalismo, ay nasa dominanteng pusisyon sa panlipunang produksyon. Walang tigil nilang pinagsamantalahan at inapi ang proletaryado, ang magsasaka, at ang petiburgesyang lunsod. Nagmamay-ari rin ang pambansang burgesya ng malaking kantidad ng mga kagamitan sa produksyon. Sa isang banda, kunektado sila sa produksyon sa imperyalismo, mga panginoong maylupa at burukratikong burgesya sa pagsasamantala nila sa proletaryado at anakpawis. Sa kabilang banda, sila ay ginigipit at sinasaktan ng mga panginoong

maylupa at burukratikong burgesya. Ang proletaryado at malawak na masa ng maralitang magsasaka ay nasa dustang pusisyon sa panlipunang produksyon, nakapailalim sa tripleng pang-aapi at pagsasamantala mula sa mga imperyalista, pwersang pyudal at burgesya.

"Ang pagbabagsak sa lumang panlipunang sistema at pagtatatag ng bago ay isang dakilang pakikibaka, isang napakalaking pagbabago sa panlipunang sistema at interpersonal na relasyon."[3] Nang pumasok ang Tsina sa istorikong yugto ng sosyalistang rebolusyon, at sa saliga'y nakamit na ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura, industriya ng pagyayaring-kamay, at kapitalistang industriya at komersyo, na ang sosyalistang pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon ang naging tanging pang-ekonomyang subistruktura, "ang relasyon ng mga uri sa buong bayan na nagbago."[4] Naibagsak na ang mga panginoong maylupa at burukratikong burgesya at nasa pusisyon na paghaharian at itatransporma sa pamamagitan ng panlipunang produksyon. Ang kagamitan sa produksyon na pagmamay-ari ng pambansang burgesya ay nailipat na sa kamay ng proletaryado at buong masang anakpawis. Sa pagkawala ng kanilang kumokontrol na pusisyon sa mga empresa, kinailangang tanggapin ng pambansang burgesya ang edukasyon at tranpormasyon mula sa uring manggagawa. Ang mga magsasaka (kabilang ang indibidwal na mga tagayaring-kamay) ay natransporma na mula sa indibidwal na mga prodyuser tungo sa manggagawa sa kolektiba, at kasama ang uring manggagawa, naging mga panginoon ng sosyalistang ekonomya. Ang petiburgesyang lunsod ay naisama na sa sosyalistang relasyon sa produksyon sa pamamagitan ng proseso ng sosyalistang transpormasyon. Naging namumunong uri na sa buong bayan ang uring manggagawa, kinokontrol ang buhay ng sosyalistang ekonomya at nasa namumunong pusisyon sa buong proseso ng panlipunang produksyon. Umiiral pa rin ang lumang mga uri ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, pero dumaan na sa pundamental na pagbabago ang mga relasyon sa pagitan ng mga uring ito.

Inilalako ng mga rebisyunista mula kina Khrushchov at Brezhnev hanggang kina Liu Shao-chi at Lin Piao at kanilang mga kasapakat ang plataporma na kapag ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ang naging tanging pang-ekonomyang subistruktura, lahat ng nagsasamantalang uri ay naglalaho. Bunga nito, ang mga relasyon sa produksyon, na kinabibilangan ng relasyon sa pagitan ng tao ay nawawalan ng kanilang makauring katangian, at ang tinaguriang interpersonal na relasyon ay nagiging relasyon sa hanay ng mga "magkakasama, magkakaibigan, at magkakapatid." Lubusang sumasalungat ang kasinungalingang ito sa Marxismo at di umaayon sa realidad ng sosyalistang lipunan.

Sa sosyalistang lipunan, kahit wala na sa mapagsamantalang uri ang kanilang mga kagamitan sa produksyon, umiiral pa rin ito bilang isang uri. Matapos makumpleto sa saligan ng sosyalistang rebolusyon sa pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon, nakatali ang pag-iral ng mga uri sa pang-ekonomyang relasyon ng mga tao bago ang sosyalistang reporma at sa kanilang pampulitikang paninindigan sa tunggalian ng sosyalismo at kapitalismo. Dagdag paang pag-iral ng mga uri ay nakaugnay sa kapitalistang mga tradisyon at impluwensya na nananatili pa sa sosyalistang lipunan, sa nalalabing mga pagkakaiba sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, ng kalunsuran at kanayunan, at mental at pisikal na paggawa, at sa ligal na mga karapatang burges na nagsasalamin sa mga ito. Sa katunayan, dagdag sa patuloy na pag-iral ng panginoong maylupa at burgesya, patuloy na sumisibol ang bagong burges na mga elemento. Mula sa hanay ng mga nakapag-aral, maaaring lumitaw pa rin ang mga maka-Kanang burges. Maaari pa ngang lumitaw ang mga ahente ng burgesya sa loob ng Partido Komunista. Ipinaliwanag minsan ni Lenin: "Para lubusang mapawi ang mga uri, hindi sapat na ibagsak ang mga mapagsamantala, ibig sabihin, mga panginoong maylupa at kapitalista, hindi sapat na wakasan ang kanilang sistema sa pagmamay-ari; kinakailangan din na wakasan ang anumang sistema ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, kinakailangang wakasan ang pagkakaiba ng kalunsuran at kanayunan, gayundin ang manwal at mental na paggawa. Ito ay tungkuling makakamit lamang matapos ang mahabang panahon."[5]

Bagamat may ilang taong napilitang tanggapin na mayroon pa ring mapagsamantalang mga uri sa sosyalistang lipunan, ayaw nilang aminin na buhay pa rin ang mga uring ito sa sosyalistang relasyon sa produksyon. Akala nila, umiiral lamang ang mga uring ito sa bahaging iyon ng lipunan na hiwalay sa sosyalistang mga relasyon sa produksyon. Sa katunayan, hindi talaga umiiral ang isang lipunang hiwalay sa takdang mga relasyon sa produksyon. Hindi umiiral sa kawalan ang mapagsamantalang mga uri, kundi sa mga sosyalistang relasyon sa produksyon. Sa ibang salita, nabubuhay sila sa ekonomya ng mga empresa ng sosyalistang estado at sa kolektibong ekonomya. Ang tanging kaibahan ay wala na sila sa dominanteng pusisyon ng paghahari kundi nasa pusisyon ng pinaghaharian. Kasama ng uring manggagawa at anakpawis, binubuo nila ang mga relasyon ng pinaghaharian at naghahari.

Ang isipin na hindi nalalahad ng sosyalistang relasyon sa produksyon ang relasyon kung saan ang uring manggagawa at masang anakpawis ang naghahari at nagtatransporma sa mga mapagsamantalang uri, ay mauuwi sa mapaminsalang kongklusyon na hiwalay sa uri ang sosyalistang relasyon sa produksyon. Akala ng ilan na dahil lahat tayo'y kumikita sa pagtatrabaho, pare-pareho ang lahat. Kung gayon, hindi na umiiral ang mga uri. Mahigpit na nakaugnay ang maling konsepto na ito sa teoretikal na negasyon sa makauring kalikasan ng sosyalistang relasyon sa produksyon.

Sa kalagayan ng Tsina, may umiiral na dalawang mapagsamantalang uri at dalawang uring anakpawis. Ang dalawang mapagsamantalang uri ay mga labi ng uring panginoong maylupa at kumprador at ng burgesya at kanilang kaanib na mga intelektwal. Ang dalawang uring anakpawis ay ang uring manggagawa at magsasaka na nasa kolektiba at kanilang kaanib na nagtatrabahong mga intelektwal. Ang interelasyon sa sosyalistang produksyon sa pangunahin ay ang relasyon sa hanay at sa loob ng apat na uring ito. Hindi pantay-pantay ang halaga ng mga relasyon sa hanay ng apat na uring ito. Sa buong istorikong yugto ng sosyalismo, ang pangunahing kontradiksyon ay sa pagitan ng proletaryado at ng burgesya. Ang relasyon ng naghaharing proletaryado at pinaghahariang burgesya ang batayang makauring relasyon sa sosyalistang lipunan. Di maiiwasang sinasaklaw, isinasaayos, at iniimpluwensyahan ng mga relasyong ito ang interpersonal na relasyon sa produksyon. Ikinukubli ng mga modernong rebisyunista ang makauring kalikasan ng interpersonal na relasyon sa produksyon. Maingay nilang ipinangangalandakan na ang interpersonal na relasyon ay pawang mga relasyon ng "magkakasama, magkakaibigan, at magkakapatid." Ipinagsigawan ng pangkating Lin Piao ang mga islogan tulad ng "habang ginagawang magkakaaway ng dalawang tunggalian ang lahat ng tao, ginagawang magkakaibigan ng dalawang mapayapa ang lahat ng tao" at "sa saklaw ng apat na karagatan, ang lahat ay magkakapatid." Kalokohan! Alam ng sinumang mulat sa Marxismo-Leninismo na walang relasyong "magkakasama, magkakaibigan, at magkakapatid" na hiwalay sa uri sa isang makauring lipunan. Ang pagkamuhi ng proletaryado sa burgesya ay nagmula sa pagsasamantala at pang-aapi ng burgesya sa proletaryado. "Hindi kailanman magkakaroon ng pag-ibig na walang dahilan; hindi rin magkakaroon ng pagkamuhi nang walang dahilan."[6] Kailanma'y hindi magiging "magkaibigan", huwag nang sabihin pang "magkapatid" ang dalawang uring ito. Posible bang bitiwan ng proletaryado at masang anakpawis ang kanilang pamumuno at maging "kapatid" at "kaibigan" ng burgesya? Ang layunin ng mga modernong rebisyunista sa pagtataguyod ng mga kasinungalingang ito ay ipagtanggol ang burgesya, linlangin ang masang anakpawis, at ikubli ang kanilang sabwatan para itransporma sa kapitalistang interelasyon ang sosyalistang interelasyon nang sa gayo'y panumbalikin ang kapitalismo.[7]

Sa sosyalistang produksyon, ang dalawang mapagsamantalang uri ay nasa pusisyon ng pinaghaharian ngayon. Sa kalagayan ng Tsina, magkaiba ang paghawak sa dalawang uring ito. Ikinakategoryang kaaway ang uring panginoong maylupa at komprador, at ikinakategorya ang pambansang burgesya bilang bahagi ng mamamayan. Napipilitang tanggapin ng dalawang mapagsamantalang uring ito ang transpormasyon sa iba't ibang paraan, pero ang kanilang relasyon sa manggagawa at magsasaka ay nakabatay pa rin sa makauring antagonismo. Sa sosyalistang

produksyon, ang masang anakpawis, na nasa nangingibabaw na pusisyon, ang panginoon sa sosyalistang relasyon sa produksyon. Sa pamamagitan ng puspusan at masikhay na pakikibaka, unti-unting matatransporma ng uring manggagawa at ng maralita at nakabababang panggitang magsasaka ang mayorya ng dalawang mapagsamantalang uring ito tungo sa mga manggagawang nabubuhay sa sariling pawis matapos ang mahabang panahon ng paggawa.

Ang uring manggagawa at masang anakpawis ay parehong may masaklap na karanasan ng pagsasamantala at pang-aapi sa lumang lipunan. Sa sosyalistang lipunan, gamit ang mga kagamitan sa produksyon na pag-aari ng estado o ng kolektibong pag-aari ng anakpawis, lahat sila'y nagtatrabaho, bagamat sa iba't ibang larangan, para sa kanilang sariling uri at sa lipunan. Binabalikat nila ang komun na tungkuling baguhin ang mapagsamantalang uri at nagsasalo sa iisang hangarin – ang ipaglaban ang adhikain ng komunismo. Samakatwid, magkapareho ang kanilang mga batayang interes. Sa sosyalistang produksyon, binubuo ng relasyon sa hanay ng manggagawa, ng magsasaka, at ng mga intelektwal na nagtatrabaho, at ng relasyon sa loob ng bawat isa sa tatlong grupo, ang araw-araw na umuunlad na relasyon sa hanay ng mga rebolusyonaryong magkakasama na may iisang batayang interes. Isa itong pundamental na punto na nagtatakda sa sosyalistang kalikasan ng relasyon sa hanay ng masang anakpawis.

Pero mayroon bang "kalagayan kung saan walang pagkakaiba-iba" at walang anumang kontradiksyon sa relasyon sa hanay ng masang anakpawis sa sosyalistang produksyon? Wala! Sa relasyon sa hanay ng anakpawis sa paroduksyon, dagdag sa saligang realsyon ng pagiging mga rebolusyonaryong magkakasama, may isa pang aspeto na kinapapalooban ng kapitalistang mga tradisyon at impluwensya. Ang mga tradisyon at impluwensyang kapitalistang ito ay pangunahing nasasalamin sa mga pagkakaiba sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, ng kalunsuran at kanayunan at ng mental at pisikal na paggawa. Ang pagkakaiba-iba ay kontradiksyon. Sa huling pagsusuri, ang kontradiksyong ito ay nagtataglay ng kalikasan ng makauring kontradiksyon. Kaalinsabay, ang makauring tunggalian ng proletaryado at burgesya ay di maiiwasang sasalaminin sa hanay ng masang anakpawis, kaya ang lahat ng usapin ng tama o mali, rebolusyonaryo at konserbatibo, at sulong at atrasado ay nagtataglay ng tatak ng uri. Samakatwid, sa huling pagsusuri, ang mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan ay nagsasalamin sa mga kontradiksyon at tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya, sa pagitan ng sosyalistang landas at kapitalistang landas.

## Ang Napakaaktibong Papel ng Interelasyon

Ang ilang interelasyon ay nakabatay sa katugmang sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Pero ang interelasyon ay gumagampan din ng napakaaktibong papel sa dalawa pang aspeto ng relasyon sa produksyon, ibig sabihin, ang anyo ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at ang katugma nitong mga relasyon sa distribusyon.

Kitang-kita sa istorikong yugto bago sumibol ang sosyalistang lipunan ang papel ng interelasyon kaugnay ng dalawa pang aspeto ng relasyon sa produksyon. Halimbawa, para itatag at ikonsolida ang sistema ng kapitalistang pagmamay-ari at ang relasyon sa distribusyon nito, kailangang magtatag ang burgesya ng interpersonal na relasyon na nakabatay sa kapitalistang mga prinsipyo, ibig sabihin, relasyon kung saan pinagharian ng burgesya ang manggagawa. Gaya ng taimtim na ipinaliwanag ni Marx sa kanyang kritisismo sa reaksyunaryong pagmamatwid na "makatwiran ang pagsasamantala" at "makatwiran ang pang-aapi" na itinataguyod ng mga tagapagtanggol ng sistemang alipin ng Amerika, "Sa relasyon ng dominasyong ito at pang-aalipin bilang prekondisyon, pupwersahin niya (kapitalista) ang sahurang manggagawa na likhain kapwa ang sarili niyang sahod at gayundin ang sahod para sa superbisor para sa kanyang paggawa sa pag-uutos at pangangasiwa sa manggagawa."[8]Kung hindi gumagamit ang mga kapitalista at kanilang mga ahente ng absolutong

kapangyarihan ng dominasyon sa manggagawa at kung hindi nila pupwersahin ang manggagawa na magtrabaho ayon sa kagustuhan ng kapitalista, kung gayon, hindi magaganap kung gayon ang kapitalistang pagsasamantala at ang sistema ng kapitalistang pagmamay-ari at kapitalistang relasyon sa distribusyon, kung saan "ang nagtatrabaho ay hindi umaani at ang umaani ay hindi nagtatrabaho," ay di kailanman makokonsolida at mapapaunlad. Samakatwid, nagbibigay ng masusing atensyon ang burgesya sa pagtatatag at pagkokonsolida sa nakapailalim na katayuan ng manggagawa sa kapital, nang sa gayo'y konsolidahin at paunlarin ang sistema ng kapitalistang pagmamay-ari at relasyon sa distribusyon.

Sa sosyalistang lipunan, isa ring mahalagang kawing ang transpormasyon ng interelasyon sa transpormasyon ng relasyon sa produksyon. Kapag ang kawing na ito ay napanghawakan at patuloy na napaunlad, napakalaki ng kabuluhan nito sa pagkokonsolida at pagpeperpekto sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari at sa relasyon ng sosyalistang distribusyon, at bunga nito, sa pagtataguyod sa pag-unlad ng panlipunang mga pwersa sa produksyon.

Sinasabi sa atin ng istorikong karanasan ng diktadura ng proletaryado sa loob at labas ng bansa na kung susulong o aatras ang sosyalistang sistema ay mahigpit na nakatali sa kung maiaayos o hindi ang mutwal na relasyon ng tao. Ipinapakita ng sosyalistang konstruksyon sa ating bayan na kapag ang naninibasib na atake ng mga mapagsamangang uri sa ating mga sosyalistang empresa ay nagapi, kapag wastong napanghawakan ang ating mga kontradiksyon sa ating mga kaaway, kapag unti-unti nating naitatag batay sa sosyalistang mga prinsipyo ang mga relasyon sa hanay ng mamamayan, sa pagitan ng lider at masa, sa hanay ng mga administrador, teknisyan at mga manggagawa, at sa pagitan ng mga manggagawa at magsasaka, mas lubusan nating mapapaunlad ang kanilang aktibismo at pagkamapanlikhain, at maiaayos ang direksyon ng ating sosyalistang mga empresa. Nasaksihan natin na yumabong ang ating sosyalistang rebolusyon at sosyalistang produksyon, lumakas ang ating sistema ng sosyalisasyon ng mga kagamitan sa produksyon at walang tigil na umunlad ang ating mga relasyon sa distribusyon. Kapag sinasalungat ang sosyalistang interpersonal na relasyon o kaya'y sinasabotahe, at kapag hinayaan nating umunlad ang mga labi ng kapitalistang interpersonal na relasyon, malalagay sa panganib ang pusisyon ng masa bilang panginoon, masusugpo at mapipigilan ang sosyalistang aktibismo ng masa, at bunga nito, mapipigilan o maaaring mabulok pa nga ang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari at relasyon sa distribusyon.

Ang interelasyon na unti-unting itinatag sa batayan ng pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at ayon sa sosyalistang mga prinsipyo ay hindi lamang sa iisang empresa. Saklaw nito ang lahat ng empresa, lahat ng sektor sa ekonomya, ang sistema ng pagmamay-ari ng estado, at ang sistema ng kolektibong pagmamay-ari. Nalalahad ang mga ito sa mga aktibidad ng palitan, tulad ng kooperasyon sa produksyon at pagpapalitan ng sulong na karanasan at abanteng teknolohiya. Ang pag-unlad ng gayong mutwal na palitan sa produksyon, kasama ang pamumuno at pagpaplano sa hanay ng mga empresa, at mga departamento, ang naglalaman ng superyoridad ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Pinadudulas nito ang konsolidasyon at pag-unlad ng sistema ng sosyalistang pagmamay-ari, at paborable sa ganap na pagpapakilos ng mga pwersa ng iba't ibang pang-ekonomyang departamento, at paborable sa ganap na pagpapalarga sa mga potensyal sa ekonomya at pagsusulong ng mabilis na pag-unlad ng buong panlipunang pwersa sa produksyon.

Dapat bigyan natin ng masusing pansin ang kahalagahan ng unti-unting perpeksyon ng interelasyon kaugnay ng konsolidasyon ng mga relasyon sa produksyon at pagpapaunlad ng mga panlipunang pwersa sa produksyon. Matapos ang pagtatatag ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, dapat tuluy-tuloy at masikhay na lutasin ang usapin ng interelasyon.

**Konsolidahin at Paunlarin ang Sosyalistang Interelasyon sa Takbo ng Pakikibaka**

Paunlarin ang Relasyon ng Mutwal na Pagsuporta at Mutwal na Pagtataguyod ng Industriya at Agrikultura

Kung titignan mula sa pananaw ng kabuuang panlipunang produksyon, sa halip na mula sa pananaw ng isang partikular na empresa, sa pangunahi'y nalalahad ang interelasyon bilang relasyon ng industriya at agrikultura. Industriya at agrikultura ang dalawang saligang sektor ng materyal na produksyon. Ang sosyalistang pagmamay-ari ng estado, na siyang nangingibabaw sa industriya, at sosyalistang kolektibong pagmamay-ari ng masang anakpawis, na siyang nangingibabaw sa agrikultura, ang dalawang tipo ng sistema ng sosyalistang pagmamay-ari. Mula sa paninindigan ng makauring relasyon, ang pang-ekonomyang istruktura na ito ay isang relasyon sa pagitan ng manggagawa at magsasaka. Ang makauring relasyong ito ay pundamental na naiiba sa relasyon sa pagitan ng uring anakpawis at ng mapagsamantalang uri; ito ay relasyon ng isang alyansang manggagawa-magsasaka kung saan magkapareho ang batayang interes at nasa kamay ng uring manggagawa ang pamumuno.

Matapos makamit ang batayang tagumpay sa sosyalistang rebolusyon ng Tsina sa larangan ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ang interelasyon sa produksyon at palitan alinsunod sa sosyalistang mga prinsipyo ay unti-unti pa ring itinatatag sa hanay ng iba't ibang sektor ng ekonomya. Unti-unting hinahanap ang mas angkop na mga anyo."[9] Ang interelasyon ng iba't ibang sektor sa ekonomya sa pangunahi'y interelasyon ng industriya at agrikultura, at bunga nito ay interelasyon ng manggagawa at magsasaka. Kapwa panginoon ng mga kagamitan sa produksyon ang manggagawa at magsasaka. Ang manggagawa ay nagtatrabaho sa mga empresa sa ilalim ng sistema ng pagmamay-ari ng estado. Ang magsasaka ay nagtatrabaho sa mga empresa sa ilalim ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari. Ang manggagawa at magsasaka ay kailangan makipagkalakalan sa isa't isa para maipagpatuloy ang panlipunang produksyon.

Sa sosyalistang lipunan, manggagawa at magsasaka ang bumubuo ng hukbong pang-industriya sa sosyalistang konstruksyon. Ang kanilang relasyon bilang rebolusyonaryong magkakasama sa produksyon ay isang araw-araw na umuunlad na pagsusuportahan at pagtutulungan batay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Sa proseso ng produksyon at palitan, lumilikha ang manggagawa ng samu't saring makinang pang-agrikultura, kemikal na abono, pestisidyo, at produktong pang-industriya para sa pang-araw-araw na gamit sa kanayunan bilang suporta sa pag-unlad ng produksyong pang-agrikultura at sa pagpapahusay sa kabuhayan ng magsasaka. Ang magsasaka ay lumilikha ng pagkaing butil, hilaw na materyales, at iba't ibang produktong pang-agrikultura at saydlayn. Dagdag pa, kaugnay sa tantos ng paglago ng produktibidad sa paggawa sa agrikultura, magsasaka ang nagsusuplay ng tamang dami ng lakas-paggawa bilang suporta sa pag-unlad ng produksyong pang-industriya, tumutugon sa materyal na mga pangangailangan ng produksyong pang-industriya, at tumutulong sa pagtiyak sa kabuhayan ng tagalunsod. Sa pamumuno ng uring manggagawa, umaayon ang mutwal na pagsuporta at mutwal na pagtataguyod sa pagitan ng manggagawa at magsasaka sa mga batayang interes ng dalawang uring ito at bumubuo sa isang makapangyarihang pwersa para konsolidahin ang alyansang manggagawa-magsasaka at itaguyod ang pag-unlad ng sosyalistang ekonomya.

Dagdag pa sa tuwirang kontribusyon sa akumulasyon ng pinansya ng estado sa pamamagitan ng pagbubuwis[*], ang mga aktibidad sa palitan ng manggagawa at magsasaka sa ilalim ng dalawang tipo ng sosyalistang pagmamay-ari ay pangunahing nasa anyo ng palitan ng kalakal ng mga produktong pang-industriya at pang-agrikultura. Samakatwid, bagamat iisa ang kanilang batayang interes, maaari ring lumitaw ang ilang kontradiksyon kaugnay ng usapin sa kantidad, pagkakaiba-iba, kalidad, at

presyo sa palitan ng mga produktong pang-industriya at pang-agrikultura, gayundin ang mga kontradiksyon kaugnay ng proporsyon ng produktong pang-agrikultura na ibebenta at itatabi ng magsasaka at mga buwis na ipapataw sa magsasaka.

Ang alyansa ng manggagawa at magsasaka sa sosyalistang lipunan ang batayan ng diktadura ng proletaryado.. Sa ilalim ng pamumuno ng uring manggagawa mahalagang tungkulin na wastong panghawakan ang mga kontradiksyon sa pagitan ng manggagawa at magsasaka na nakabatay sa interes na komun at paunlarin ang sosyalistang mga relasyon ng mutwal na suportahan at mutwal na pagtataguyod sa pagitan ng industriya at agrikultura.

Ang relasyon sa pagitan ng industriya at agrikultura ay itinatakda, nililimitahan at iniimpluwensyahan ng pangunahing kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Dapat pamunuan ng uring manggagawa (sa pamamagitan ng Partido Komunista) ang magsasaka para itatag, konsolidahin, at paunlarin ang sosyalistang kolektibong ekonomya at unti-unting makamit ang mekanisasyon ng agrikultura sa batayan ng kolektibisasyong pang-agrikultura nang sa gayon, ang sosyalistang agrikultura ay susulong sa sosyalistang landas, tuluy-tuloy na lalakas ang relasyon nito sa sosyalistang industriya ng estado, at makokonsolida ang batayang pang-ekonomya ng diktadura ng proletaryado sa agrikultura. Laging nagtatangka nang husto ang burgesya na hikayatin ang magsasaka na tahakin ang kapitalistang landas, papanghinain ang sosyalistang kolektibong ekonomya sa pamamagitan ng pagsamantala sa seryosong ispontanyong tendensyang kapitalista ng ilang nakatataas na panggitnang magsasaka. Samakatwid ang proseso ng pagpapaunlad ng relasyong manggagawa-magsasaka sa sosyalistang produksyon ay di maiiwasang hindi maging proseso ng tunggalian para sa mga magsasaka sa pagitan ng proletaryado at ng burgesya. Dahil dito, makagagawa tayo ng malaking pagkakamali kung, sa pagtangan sa relasyon sa pagitan ng agrikultura at industriya at sa relasyon sa pagitan ng paglitan ng mga produktong pang-agrikultura at pang-industriya, ang makikita lamang natin ay ang mga relasyon sa pagitan ng mga produkto at hindi ang relasyon sa pagitan ng manggagawa at magsasaka oa ang relasyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa kanilang tunggalian para mahimok ang magsasaka.

## Itaguyod ang "Estilong Lung-Chiang,"[*] Paunlarin ang Relasyon ng Sosyalistang Kooperasyon

Isa pang mahalagang aspeto ng interpersonal na relasyon ng mamamayan sa sosyalistang produksyon ay ang relasyon sa hanay ng mga empresa, ng mga sektor, at ng mga rehiyon. Pangunahing nalalahad ang mga relasyong ito bilang relasyon ng sosyalistang kooperasyon sa hanay ng mga empresa, sektor, at rehiyon.

Sabi ni Marx: "Maraming tao ang sabay-sabay na lumalahok sa kooperatibong paggawa sa proseso ng produksyon o sa iba't iba ngunit magkakaugnay na proseso sa produksyon. Ang anyong ito ng paggawa ay tinatawag na kooperasyon."[10] Ang katangian at saklaw ng kooperasyong ito ay may iba't ibang katangiang panlipunan at iba't ibang antas ng aktibidad sa ilalim ng iba't ibang mga relasyon sa produksyon.

Ang pribadong pagmamay-ari ng kapitalista sa mga kagamitan sa produksyon ay naglilimita sa kooperasyon sa kapitalistang produksyon sa iisang empresa o sa iisang monopolyong kapitalistang grupo. Sa pananaw ng buong kapitalistang lipunan, imposibleng mapaunlad ang sistematikong kooperasyon sa hanay ng iba't ibang sektor ng produksyon at iba't ibang empresa na hinati-hati ng

---

[*] Ang Lung-chiang ay isang modelong brigada sa probinsya ng Fukien. Isinasalaysay sa modelong rebolusyonaryong opera "Awit ng Lung-chiang" ang kolektibong pagsisikap nito na pangibabawan ang mga pagbaha.

pribadong pagmamay-ari. Maging ang ilang relasyon sa kooperasyon na itinatatag sa pamamagitan ng mga kontrata ay sukdulang mabuway at kadalasang nauuntol.

Ang sosyalistang kooperasyon na nakabatay sa sistema ng pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon ay mapapaunlad hindi lamang sa loob ng isang empresa; maisasagawa rin ito sa isang planado at organisadong paraan sa buong lipunan sa hanay ng magkakaibang empresa, sektor, at rehiyon. "Kapag lumalahok ang isang planta, daang planta ang nagtutulungan. Kapag lumilikha ng isa ang bawat planta, daang planta ang nabubuo sa isang linya sa produksyon." Lumilikha ng isang bagong pwersa sa produksyon ang sosyalistang kooperasyon. Ang gayong kooperasyon ay paborable sa pag-unlad ng isang espesyalidad at maraming abilidad sa mga empresa, na ibayong nag-aambag sa paglaki ng produktibidad sa paggawa. Nakakatulong ito na ikonsentra ang lakas-tauhan, materyal na rekurso, at pinansya para makumpleto ang proyektong pamproduksyon at pangkonstruksyon na hindi makakaya o makukumpleto ng empresa, sektor, o rehiyon nang nag-iisa. Nakakatulong ito na ikonsentra ang lakas sa isang maikling panahon para mapangibabawan ang mahihinang kawing sa pag-unlad ng pambansang ekonomya, at sa gayo'y pinasisigla ang mabilis na pag-unlad ng buong pambansang ekonomya.

Ang pag-unlad ng sosyalistang kooperasyon ay isang mahalagang anyo para patuloy na paunlarin ang interelasyon sa hanay ng mga empresa, sa hanay ng mga sektor at sa hanay ng mga rehiyon. Walang batayang pagsasalungatan ng interes sa hanay ng mga bahaging bumubuo ng sosyalistang ekonomya. Itinatakda ng sosyalistang kooperasyon na ilagay sa kumand ang proletaryong pulitika, ang pagbuwag ng hangganan ng mga empresa, ng mga sektor, ng mga rehiyon, ang pagsasaalang-alang sa buong sitwasyon, ang paglago sa harap ng kahirapan, at ang pagmamalasakit sa iba pang mamamayan. Itinatakda rin nito ang mahigpit na pagtupad sa mga kontrata sa suplay, pagtutulungan sa koordinasyon sa pagitan ng kooperatibong pagtatalaga at pagkukumpleto ng mga plano, at paggamit ng epektibong mga hakbangin para tiyakin ang pagkukumpleto ng mga nakatakdang plano alinsunod sa pagkakaiba-iba, ispesipikasyon, kalidad, kantidad, at iskedyul. Ang mga relasyon ng kooperasyong ito ay pundamental na salungat sa kapitalistang interelasyon na nakabatay sa mutwal na panlilinlang, kumpetisyon, at kapitalistang departamentalismo. Ang departmentalismo ay isang repleksyong konseptwal ng sistema ng pribadong pagmamay-ari at iiral sa sosyalistang lipunan sa mahabang panahong pang darating sa iba't ibang antas. "Ang kawalan ng pagsasaalang-alang sa kabuuang sitwasyon at lubusang pagwawalang-bahala sa iba pang sektor, rehiyon, at tao ay katangian ng departamentalismong ito."[11] Umiiral pa ang sumusunod na maling konsepto at pagkilos sa relasyong kooperatibo: pagkiling sa pagganap ng malaking papel sa halip maliit lamang; pagtutuos ng mga pang-ekonomyang akawnt sa kapinsalaan ng pampulitikang akawnt; pagbibigay atensyon sa interes ng bahagi lamang at hindi sa interes ng kabuuan, kahit hanggang sa antas na biyayaan ang sarili sa kapinsalaan ng iba; pagwawalang-bahala sa pinag-isang plano ng estado sa ekonomya sa pamamagitan ng pagmamadali, o sa ibang salita, pagso*shortcut*; at iba pa. Ang paglitaw ng mga suliraning ito sa proseso ng kooperasyon ay isang repleksyon ng tunggalian ng dalawang uri, ng dalawang landas at ng dalawang linya. Ang proseso ng pag-unlad ng sosyalistang kooperasyon ay isang proseso ng pakikibaka sa burges na mga impluwensya, lalo na sa burges na departamentalismo. Sa esensya, ito ay repleksyon ng tunggalian sa pagitan ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko at ng sistema ng kapitalistang pagmamay-aring pribado.

Hinihingi ng pagbukadkad ng sosyalistang kooperasyon ang pagtataguyod ng komunistang estilo sa paggawa, matatag na pagtalima sa mga sosyalistang prinsipyo, kusang loob na pagpapatupad sa mga patakarang piskal ng estado at puspusang implementasyon ng iba't ibang proletaryong patakaran sa ekonomya. Samakatwid, sa kooperatibong relasyon sa pagitan ng mga empresa ng estado at mga kolektibong empresa, sa hanay ng mga empresa ng estado, sa hanay ng mga kolektibong empresa, sa hanay ng mga sektor, at sa hanay ng mga rehiyon, ang prinsipyo ng palitan ng magkakatumbas ang dapat sundin, at dapat ipatupad ang tamang pagpepresyo. Dapat umalinsunod ang mutwal na

suportahan sa materyal na mga rekurso sa kooperatibong proseso sa plano ng estado, at dapat pinagtibay ng namumunong organo. Hindi pinapahintulutan ang basta-bastang pagpasok sa "mutwal na palitan" sa ngalan ng "kooperasyon" na nakasisira sa sosyalistang plano.

Dahil sa matagumpay na pag-unlad ng sosyalistang kooperasyon, patuloy na palalakasin ng anakpawis ang proletaryong pananaw ng pagtingin sa buong sitwasyon at patuloy na pupunahin at itatakwil ang burges na departmentalismo. Sa proseso ng pakikibaka, patuloy na uunlad ang relasyon ng pagiging rebolusyonaryong magkakasama ng anakpawis.

## Ang Konstitusyon *ng Anshan Iron and Steel Company* ay Isang Kompas sa Paghawak ng Interelasyon sa Loob ng mga Empresa

Ang sosyalistang mga empresa (kabilang ang industriya, agrikultura, komunikasyon at transportasyon, komersyo, at lahat ng departamento sa produksyon at sirkulasyon) ang mga batayang yunit ng materyal na produksyon at palitan ng tao. Sa mga empresang ito, umiiral ang malaking bilang ng interpersonal na relasyon sa produksyon. Ang interelasyon sa hanay ng masang anakpawis may dalawang tipo sa pangunahin:: ang relasyon ng pamunuan at masa, at ang relasyon ng mga tauhang nasa maneydsment at mga teknisyan (mga manggagawang mental) sa isang banda, at mga manggagawa at magsasaka (mga manggagawang manwal), sa kabilang banda. Ang wastong paghawak sa dalawang aspetong ito ng mga relasyong ito, ibig sabihin, ang "paglikha ng isang pampulitikang sitwasyon kung saan mayroon kapwa sentralismo at demokrasya, kapwa disiplina at kalayaan, kapwa pagkakaisa ng hangarin at personal na kapanatagan at kasiglahan"[12] ay isang mahalagang usapin sa pagkokonsolida at pagpapaunlad ng sosyalistang relasyon sa produksyon at sa pagpapahusay ng pangangasiwa sa sosyalistang empresa. Sa mga empresa, may relasyon din ng masang anakpawis na manggagawa-magsasaka at ng dalawang mapagsamantalang uri. Nasuri na ang mga relasyon sa itaas.

Ang sosyalistang empresa ay isang empresa ng uring manggagawa at ng masang anakpawis. Ang uring manggagawa at ang masang anakpawis ang responsable sa pamumuno sa empresa sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawan. Nagluluwal ito sa usapin ng relasyon ng pamunuan at ng masa. Bagamat ang mga tauhang nasa pamunuan at ang masa sa empresa ay may magkakaibang trabaho, sila'y "magkasamang lumalaban mula sa iisang trenstera" na magkatuwang sa mabigat na tungkulin ng wastong pangangasiwa sa empresa at nagtatrabaho para sa iisang rebolusyonaryong hangarin. Mahusay itong isinalarawan ng mga manggagawa sa pantalan ng Shanghai: "Bagamat ang mga gawain sa rebolusyon ay magkakaiba, dapat ang ating pag-iisip ay nagkakaisa." Ipinapaliwanag ng mga katagang ito ang susi sa pagpapahusay ng relasyon ng pamunuan at ng masa sa sosyalistang mga empresa.

Sa mga empresa, kinakailangan din na magkaroon ng ilang tao na mangunguna sa iba't iba't gawaing pangangasiwa at teknikal. Nagluluwal ito sa usapin ng relasyon ng mga tauhang nasa maneydsment at mga teknisyan at ng masang anakpawis na manggagawa-magsasaka. May dalawang kategorya ng mga tauhang nasa maneydsment at mga teknisyan sa Tsina. Ang isa ay binubuo ng mga tauhang nasa maneydsment at mga teknisyan na labi ng lumang lipunan. Liban sa ilang reaksyunaryong tumutunggali sa sosyalistang lipunan, malaking mayorya sa kanila ay nagmamahal sa kanilang bayan, mahal ang ating Republikang Bayan, at handang paglingkuran ang sambayanan at ang sosyalistang estado. Ang isa pang kategorya ay binubuo ng mga intelektwal na sinanay ng proletaryado sa pamamagitan ng tunggalian at sa pamamagitan ng pag-unlad ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon. Bagamat ang ilan sa kanila ay maaaring nalason ng rebisyunistang linya sa edukasyon, ang kanilang pananaw sa daigdig ay dapat pa ring patuloy na itinatransporma, ang malaking mayorya ay handang makisalamuha sa masang manggagawa-magsasaka at mag-ambag sa sosyalista at komunistang hangarin. Samakatwid, sa sosyalistang lipunan,

ang relasyon sa pagitan ng pamunuan at ng masa, at sa pagitan ng mga tauhang nasa maneydsment at mga teknisyan at ng masang manggagawa-magsasaka, ay mga relasyong araw-araw ding umuunlad sa hanay ng mga rebolusyonaryong kadre na may komon na interes. Pero umiiral din ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga ito; hindi ito "sitwasyong walang pag-iiba-iba."

Ang hatian sa paggawa sa sosyalistang mga empresa sa pagitan ng pamunuan at ng masa, at sa pagitan ng mga tauhang nasa maneydsment at mga teknisyan at ng mga tuwirang prodyuser, ay nagsasalamin pa rin sa hatian sa paggawa ng lumang lipunan at manipestasyon na umiiral pa rin ang mga pagkakaiba ng mental at manwal na paggawa. Sa kalagayang ito, kung hindi regular na lalahok sa kolektibong paggawa sa produksyon ang tauhan sa pamunuan, tauhan sa maneydsment at mga teknisyan na responsable para sa pag-oorganisa at paggabay sa produksyon, mahihiwalay sila sa masang anakpawis at mapapailalim sa pang-uuk-ok ng burges na kaisipan at lilitaw ang mga kontradiksyon sa pagitan nila at ng masang anakpawis.

Kadalasang sinasalamin ng mga kontradiksyong ito, sa iba't ibang antas, ang kontradiksyon ng proletaryado at burgesya. Halimbawa, ang ilang namumunong kadre, tauhang nasa maneydsment, at mga teknisyan na nalason ng gayong mga kaisipang Confucian at Mencian tulad ng "ang mga gumagamit ng utak ang naghahari, ang mga gumagamit ng lakas ng bisig ang pinaghaharian" ay nagtuturing sa masa at sa sarili nang may tamang aktitud. Akala nila, "mas matalino ang pamununa" at hindi itinatratong mga panginoon ng empresa ang masang manggagawa-magsasaka. Gumagamit sila ng mga hakbanging mapanikil at binabago ang relasyon ng mga rebolusyonaryong magkakasama tungong relasyon ng pangingibabaw at subordinasyon. Ang lahat ng ito ay manipestasyon ng nananatiling lason ng rebisyunistang linya at sumasalamin, sa iba't ibang antas, sa mga kontradiksyon at tunggalian sa pagitan ng burgesya at proletaryado. Kaalinsabay, bagamat walang saligang salungatan ng interes sa hanay ng masa, maaaring hindi mapanghawakan ng ilang tao ang interpersonal na relasyon ayon sa mga sosyalistang prinsipyo dahil sa impluwensya ng kaisipang burges at sa pagluluwag ng pamunuan sa sosyalistang edukasyon. Kinakatawan ng mga kontradiksyong ito sa hanay ng mamamayan sa empresa sa iba't ibang antas ang kalikasan ng mga makauring kontradiksyon. Bagamat lumilitaw ang mga kontradiksyong ito mula sa paninindigan ng lahat ng interelasyon sa hanay ng mga tao sa empresa, sosyalista pa rin ang kalikasan ng interelasyong ito hanggat hawak ng proletaryado ang namumunong pusisyon. Kung papayagang umunlad ang mga kontradiksyong ito, at papayagang makuha ng burges na bersyon ang pumapatnubay na pusisyon, sa gayon ang sosyalistang interelasyon ay mabubulok tungong kapitalistang interelasyon.

Ang Konstitusyon ng *Anshan Iron and Steel Company*, na personal na inanunsyo ni Tagapangulong Mao, at ang kanyang serye ng mga tagubilin, tulad ng " Ang Pangangasiwa ay Sosyalistang Edukasyon Din"[13] ang bumubuo ng kompas para sa wastong pagtangan ng interpersonal na relasyon sa mga sosyalistang empresa. Ang batayang diwa ng Konstitusyon ng *Anshan* ay matatag na panatilihin sa kumand ang proletaryong pulitika; palakasin ang pamumuno ng Partido; maglunsad ng masisiglang kilusang masa nang malakihan; ipatupad ang "dalawang paglahok, isang reporma, at tatlong kumbinasyon" (ang mga ito ay ang pagigiit na lumahok ang kadre sa paggawa at lumahok ang masa sa pangangasiwa, pagbabago ng mga di makatwiran mga tuntunin at regulasyon, at pagpapatupad sa tatlong kumbinasyon sa hanay ng manggagawa, kadre, at teknisyan); at paglikha ng mga inobasyong teknikal at rebolusyong teknikal nang malakihan. Ang matatag na pgtalima sa paglalagay sa proletaryong pulitika sa kumand at pagpapalakas sa pamumuno ng Partido ay mga batayang prinsipyo sa wastong paghawak sa mga interelasyon. Sa gabay ng mga prinsipyong ito, ang pursigido at puspusang pagpapatupad ng "dalawang paglahok, isang reporma, at tatlong kumbinasyon" ay patuloy na magpapaunlad sa relasyon ng pagiging mga rebolusyonaryong magkakasama ng pamunuan at masa At sa pagitan ng tauhan ng maneydsment at teknisyan at ng masang anakpawis na manggagawa-magsasaka.

Ang paglahok ng mga kadre sa produktibong paggawa ay isang mayor na sukatan na may pundamental na kahalagahan sa ilalim ng sosyalistang sistema. Ito rin ay isang mahalagang elemento sa wastong paghawak sa mga sosyalistang interelasyon. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Kailangang igiit natin ang sistema ng paglahok ng kadre sa kolektibong produktibong paggawa. Ang mga kadre ng ating Partido at estado ay mga ordinaryong manggagawa at hindi mga panginoon na nakaupo sa balikat ng sambayanan. Sa paglahok sa kolektibong produktibong paggawa, pinapanatili ng mga kadre ang pinakamalawak, pinakaregular, at pinakamahigpit na ugnayan sa masang anakpawis. Ito ay isang mayor na sukatan na may pundamental na kabuluhan para sa ilalim ng sosyalistang sistema. Instrumental ito sa pagpapangibabaw sa burukratismo at pagpigil sa rebisyunismo at dogmatismo."[14] Isang di mababaling katotohanang ito na ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao matapos lagumin ang karanasan at mga aral ng pandaigdigang kilusang komunista. Iyong mga kadre na kusa at regular na lumalahok sa kolektibong produktibong paggawa sa pangkalahatan ay mas mulat sa kanilang paglaban sa burges na kaisipan at may mas mataas na antas ng kaalaman-sa-sarili. Nagpapakita sila ng pagmamalasakit at pagmamahal sa masa, mapagkumbabang dinidinig ang tawag ng masa, bukas sa puna at superbisyon mula sa masa, at kayang matatag na tumalima sa sosyalistang oryentasyon ng empresa. Mas pamilyar sila sa mga kondisyon sa produksyon at bihirang basta na lang mag-utos. May isang awit sa hanay ng ilang babaeng manggagawa ng tela na naglalarawan ng transpormasyon ng isang kadre sa pamunuan sa pabrika matapos siyang lumahok sa kolektibong produktibong paggawa: "Noong nakaraan, kailanma'y hindi niya binibisita ang pagawaan; ngayon pumupunta siya sa tabi ng makina para humingi ng payo. Noong nakaraan, nabibinbin ang mga bagay; ngayon malulutas agad ang mga ito. Noong nakaraan, malalaking ulat lamang ang ginagawa; ngayon nasasabi niya ang naiisip sa loob ng pagawaan. Noong nakaraan, tinatawag siyang maliit na burukrata; ngayon tinatrato siyang parang kapatid na babae." Ang katotohanan ay tinatanggap ng masa ang ganitong tipo ng pamumuno at ang kaparehong tipo ng tauhang nasa maneydsment at teknisyan. Kahit pa may mga kontradiksyon sa pagitan nila, wastong malulutas agad ang mga ito.

Ang paglahok ng masa sa pangagasiwa ay isang rekisito sa sosyalistang relasyon sa produksyon. Sa pamamagitan lamang ng paggigiit sa paglahok ng masa sa pangangasiwa maaaring maipagtatanggol at makokonsolida ang pusisyon ng masang anakpawis bilang panginoon ng mga empresa. Laging sinasalungat ng mapagsamantalang uri ang pagpapalahok sa masa sa pangangasiwa. Nang ang mga taong nasa poder na naglalandas kapitalista ang may kontrol sa pamumuno ng mga empresa, sumalig sila sa ilang ekspertong burges. Gumamit sila ng mga hakbanging mapanikil sa pakikitungo sa masang manggagawa-magsasaka. Sa katunayan, inagaw nito ang karapatan ng masa na pangasiwaan ang empresa. Sa kalagayang ito, ang relasyon sa pagitan ng mga naglalandas kapitalista at ng masang manggagawa-magsasaka ay walang iba kundi nakabalatkayong kapitalistang dominasyon at subordinasyon. Kapag mga taong matatag ang komitment sa kaisipang burges ang may kontrol sa pamumuno ng mga empresa, imposible rin para sa masa na tunay na lumahok sa pangangasiwa ng empresa. Bunga nito, magagawa ng iilang kadre ang anumang naisin nila. Samakatwid, sa mga empresang ito, hindi perpekto ang mga sosyalistang interelasyon sa pagitan ng pamunuan at ng masa. Sa proseso ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon ng Tsina, laluna sa proseso ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura at sa Kampanya para Punahin si Lin Piao at Iwasto ang Estilo ng Paggawa, nabawi ang kapangyarihang ninakaw ng mga naglalandas kapitalista at masasamang tao; napuna at naitakwil ang burgesya at mga rebisyunista at ang pamumuno sa mga empresa ay unti-unti at mabisang naisakamay ng mga Marxista at anakpawis. Matapos nito, lumitaw ang bagong sitwasyon na lumalahok sa pangangasiwa ang masa.

Ang paglahok ng masa sa pangangasiwa ay pangunahing pumapatungkol sa paglahok sa pangangasiwa ng mga tuwirang prodyuser, ang masang manggagawa-magsasaka. Ang masa na lumalahok sa pangangasiwa ng empresa ay hindi lamang dapat mamatnubay sa produksyon, teknikal

na kaalaman, at akawnting; mas mahalaga, dapat din nilang tulungan at gabayan ang mga kadre sa puspusang pagpapatupad ng linya ng Partido at pangkalahatan at partikular na mga patakaran nito. Sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura, tuwirang lumahok ang mga kinatawan ng masang manggagawa-magsasaka sa mga rebolusyonaryong komite ng mga empresa. Hindi sila hiwalay sa produksyon, pero ginagawa pa rin nila ang kanilang gawaing superbisyon. Ito ay isang bagong pag-unlad sa paglahok ang masa sa pangangasiwa. Ito ay mahalagang-mahalaga sa pagkakamit ng mahigpit na relasyon sa pagitan ng mga kadre at ng masa, pagtataguyod ng matatag na pagpapatupad sa linyang masa ng pamunuan ng empresa, paglilingkod sa sambayanan, at pagpeperpekto at pagpapaunlad ng mga sosyalistang interelasyon.

Ang pagpapatupad ng "tatlong kumbinasyon" ng masa, mga kadre, at teknisyan sa pakikibaka para sa produksyon at syentipikong eksperimento para lutasin ang mayor na mga problemang teknikal sa produksyon ay hindi lamang nakakatulong sa pagpapasigla ng inobasyong teknikal sa malawakang batayan kundi nakakatulong din sa pagsasanay ng mga intelektwal sa paggawa at ng masang manggagawa-magsasaka sa sistematikong kaalaman; sa gayo'y pinakikitid ang esensyal na pagkakaiba ng mental at manwal na paggawa, at ibayong pineperpekto at pinauunlad ang mga sosyalistang interelasyon.

Ang pagreporma sa mga di makatwiran at lipas nang mga tuntunin, regulasyon, at sistema sa pangangasiwa sa empresa ay isa pang aspeto sa di tumitigil na pag-aayos at transpormasyon na mga sosyalistang interelasyon. Anumang tipo ng panlipunang produksyon ay mangangailangan ng tiyak na mga regulasyon at sistema*. Pero ang tipo ng mga regulasyon at sistema na itinatag ay itinatakda ng relasyon sa produksyon sa lipunan. Matalas itong ipinaliwanag ni Lenin kaugnay ng pangangasiwa sa empresa sa kapitalistang lipunan, "Ang pinagkakaabalahan ng kapitalista ay kung paanong mandambong sa pamamagitan ng pangangasiwa, at paanong mangasiwa sa pamamagitan ng pandarambong."[15] Iisa lamang ang nilalayon ng mga regulasyon at sistema ng kapitalistang empresa, at ito'y walang iba kundi kung paano higit na lilimitahan ang kalayaan ng manggagawa at kung paano makapipiga ng mas malaking labis na halaga mula sa manggagawa. Ang napakaraming tuntunin at walang katapusang mga regulasyon sa kapitalistang empresa ay pawang nakadisenyo para pangalagaan ang, at nakatali sa, kapitalistang relasyon sa produksyon. Sa sosyalismo, "kailangang maging paborable sa masa ang mga sistema."[16] Ito ang pinakapundamental na pagkakaiba ng sosyalistang mga regulasyon at sistema at ng kapitalistang mga regulasyon at sistema. Ang ibig sabihin ng dapat maging paborable sa masa ay dapat paborable sa papel ng masa bilang mga panginoon ang gayong mga sistema, sa pagpapahusay at pagpapaunlad ng interpersonal na relasyon sa empresa, sa pagpapalarga ng sosyalistang aktibismo ng masa, at sa pagpapaunlad ng Tatlong Rebolusyonaryong Kilusan ng makauring pakikibaka, pakikibaka para sa produksyon, at syentipikong eksperimento. Ang mga regulasyon at sistema na paborable sa masa ay siguradong magiging paborable sa pagpapaunlad ng produksyon dahil momobilisahin ng mga ito ang aktibismo ng masa. Sa impluwensya ng rebisyunistang linya nina Liu Shao-chi at Lin Piao, ang mga regulasyon at sistema ng ilang empresa ay kadalasang sumisikil sa masa. Ang puna ng manggagawa ay "napakarami ng mga sistema at regulasyon, at ginagawa ang mga ito kung hindi man sa pagpaparusa ay sa pamimilit." Sa mahusay na pamumuno, dapat pakilusin ang masa para yugtu-yugtong baguhin ang mga sistema at regulasyon na di makatwiran, mapanikil, at masama sa produksyon, at naghahasik ng hidwaan at aliyenasyon ng mga manggagawa. Samantala, sa batayan ng karanasang nakamit sa praktika, dapat itatag ang isang bagong bungkos ng malusog at makatwirang mga sistema at regulasyon na tumutugma sa mga pangangailangan ng sosyalistang interelasyon at sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon.

---

* Ang mga sistema ay pumapatungkol sa sistema ng pagkontrol sa pangangasiwa at produksyon at ang katugmang antas-antas na responsabilidad at mga tuntunin sa operasyon.

Ang Napakalaking Impluwensya ng Superistruktura sa Pormasyon ng mga Interelasyon

Ang katayuan ng mga tao at ang kalikasan ng kanilang interelasyon sa produksyon ay itinatakda ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Pero nabubuo rin at umuunlad ang mga ito bilang reaksyon sa superistruktura. Kung walang kaunting impluwensya mula sa superistruktura, ang katayuan ng tao sa produksyon at ang kanilang interelasyon ay hindi makinis na mabubuo, at walang pagkakataong makonsolida, at umunlad. Laging ginagamit ng naghaharing uri ng alinmang lipunan ang kapangyarihan ng superistruktura para ipagtanggol sa anumang paraan ang sistema ng pagmamay-ari na naitatag at para konsolidahin at paunlarin ang katayuan ng tao, ang kanilang interelasyon sa produksyon at ang kaakibat na relasyon sa distribusyon. Ito ay isang pangkalahatang batas.

Kuning halimbawa ang kapitalistang lipunan. Ginagamit ng burgesya ng alinmang kapitalistang bayan ang kapangyarihan ng superistruktura para pwersahang itatag at palawakin ang relasyong kapital-paggawa upang dominahin ang paggawa. Ipinaliwanag ni Marx na para itatag at palawakin ang dominasyon ng kapital sa paggawa, "kailangang gumagamit ng kapangyarihan ng estado"[17] ang bagong sumisibol na burgesya. Sapul nang pagtatapos ng ika-15 na siglo hanggang sa unang hati ng ika-19 na siglo, gumamit ang bantog na "kilusang pagbabakod"[18] sa England ng marahas na pamamaraan para patalsikin ang malaking bilang ng maralitang magsasaka na matapos nito'y napadpad sa kalunsuran nang dukha at "sinlaya ng ibon" para lamang maging bagay na dodominahin ng kapital. Gayunman kadalasa'y mas pinili pa ng mga magsasaka na napadpad sa kalunsuran ang maging mga palaboy kaysa mapailalim sa arbitraryong paghahari ng kapital sa paggawa. Para pilitin ang naghihikahos na mga magsasaka sa mga pabrika, nagpasa ang burgesyang Ingles ng mga batas na nagpaparusa sa mga palaboy para "pwersahin sila na masanay sa kinakailangang disiplina ng sahurang paggawa sa pamamagitan ng paghagupit, paghero, at tortyur."[19] Masdan kung gaano kalupit ang mga pamamaraang ginamit ng burgesya para itatag at paunlarin ang mga interelasyon kung saan dominado ng kapital ang paggawa.

Ang relasyon ng dominasyon ng kapital sa paggawa ay itinatag gamit ang dahas. Mawawasak lamang sa pamamagitan ng pwersa. Sa sosyalistang mga bayan sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, ang relasyong ito sa katotohanan ay nawasak.

Dahil maitatatag lamang ang sosyalistang relasyon sa produksyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, kitang-kita ang epekto ng sosyalistang superistruktura sa sosyalistang subistrukturang pang-ekonomya. Itinatakda ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ang mga sosyalistang interelasyon. Ang mga ito ay binubuo rin at umunlad sa ilalim ng napakalaking presyur ng sosyalistang superistruktura. Kung inakala natin na kusang magkakahugis at uunlad ang mga sosyalistang interelasyon sa pagtatatag lamang ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, lubha tayong magkakamali.

Sa mga sosyalistang interelasyon, ang relasyon ng uring manggagawa at iba pang masang anakpawis sa burgesya at iba pang mapagsamantalang uri ay iyong relasyon sa pagitan ng naghahari sa pinaghaharian, at sa pagitan ng nagtatransporma at itinatransporma. Dahil sa kanilang makauring kalikasan, hindi kusang tatanggapin ng mga mapagsamantala ang pusisyon ng pinaghaharian at itinatransporma. Ang katotohanan na ang proletaryado ay may kakayahang pwersahin ang ilan sa kanila na tanggapin ang sosyalistang transpormasyon ay dahil sa kontrolado nito ang makapangyarihang makinarya ng estado. Kung wala ang prekondisyong ito, imposible ang paghahari at transpormasyon sa burgesya.

Sa hanay ng masang anakpawis, para patuloy na paunlarin ang relasyon bilang mga rebolusyonaryong magkakasama ayon sa sosyalistang mga prinsipyo, kinakailangan na sumandig sa, at gagapin ang papel ng, sosyalistang superistruktura para turuan at itransporma ang sarili upang

palayain ang sarili mula sa impluwensya ng mga reaksyunaryo dito at sa ibayong dagat. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ipinagtatanggol ng estadong bayan ang mamamayan. Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng estadong bayan magagawa nilang turuan at itransporma ang kanilang mga sarili gamit ang mga demokratikong paraan sa lahat ng dako ng bayan at sa pangkabuuang saklaw nang sa gayon ay palayain ang sarili sa impluwensya ng mga reaksyunaryo sa loob at labas ng bayan."[20] Tanging sa pagpupunyagi sa paglulunsad ng sosyalistang rebolusyon sa superistruktura, gamit ang proletaryong ideolohiya para unti-unting pangibabawan ang burges na ideolohiya, at walang humpay na pagbunot sa ugat ng kapitalistang mga tradisyon at impluwensya sa mga interelasyon magagawang patuloy na umunlad ang relasyon sa hanay ng anakpawis ng pagiging rebolusyonaryong magkakasama. Sa batayang ito lamang mahahawan ang landas para sa pormasyon at pag-unlad ng mga interelasyon sa sosyalistang produksyon.

Bilang paglalagom, ang proseso ng pormasyon at pag-unlad ng mga sosyalistang interelasyon ay isang matagalang proseso ng tunggaliang pampulitika at pang-ideolohiya sa pagitan ng dalawang uri. Para ipagtanggol at paunlarin ang mga sosyalistang interelasyon, dapat matatag na tumalima ang proletaryado sa batayang linya ng Partido sa buong istorikong yugto ng sosyalismo. Matapos makamit ang batayang tagumpay sa sosyalistang rebolusyon sa sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, dapat patuloy na malalimang isagawa ang sosyalistang rebolusyon sa larangang pampulitika at pang-ideolohiya, lusawin ang burges na ideolohiya at itatag ang proletaryong ideolohiya, labanan ang pagiging makasarili at punahin ang rebisyunismo. Ito ay pundamental na usapin sa konsolidasyon at pagpapahusay ng mga sosyalistang interelasyon. Kung inakala natin na kahit paano'y maglalaho ang mga mapagsamantalang uri matapos ang pagtatatag ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, at kung lilihis tayo sa sentral na usapin ng oposisyon ng proletaryado sa burgesya sa pagpapaliwanag ng mga sosyalistang interelasyon, kung gayo'y sasalungat tayo sa batayang linya ng Partido at mahuhulog sa bitag ng argumentong kusang namamatay ang tunggalian ng uri. Kung hindi natin iginiit na isulong ang sosyalistang rebolusyon sa superistruktura at kung hinayaan nating malayang umapaw ang burges na ideolohiya, mabubulok kung gayon ang mga sosyalistang interelasyon tungong kapitalistang interelasyon at ang sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ay malulusaw. Itinuturo sa atin ng pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet, sa pamamagitan ng negatibong halimbawa, na unawain ang syentipikong katotohanan ng Marxismo sa usaping ito.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral:**

Tagapangulong Mao, "Hinggil sa Wastong Paghawak sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan", SR
Tagapangulong Mao, "Talumpati sa Pambansang Kumperensya sa Gawaing Propaganda ng Partido Komunista ng Tsina", SR

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Bakit natin sinasabi na sa huling pagsusuri, ang interpersonal na relasyon sa sosyalistang produksyon ay mga relasyon sa uri?
2. Ano ang kabuluhan ng interpersonal na relasyon sa produksyon na itinatag ayon sa mga sosyalistang prinsipyo sa pagkokonsolida, pagpeperpekto at pagpapaunlad ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko at relasyon sa distribusyon at pagtataguyod ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon?
3. Saan nalalahad ang napakalaking aktibong papel ng superistruktura sa konsolidasyon, pagpeperpekto at patuloy na pag-unlad ng interpersonal na relasyon sa sosyalistang produksyon?

**MGA TALA**

1) "Tatlong Pinagmulan at Sangkap ng Marxismo," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 444.
2) Engels, "Karl Marx 'Isang Kritika sa Ekonomyang Pampulitika,'" Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 2, Jen-min ch'u-panshe, p. 123.
3) "Isang Talumpati sa Pambansang Kumperensya sa Gawaing Pampropaganda ng Partido Komunista ng Tsina," Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 365.
4) Ibid., p. 365.
5) "Ang Dakilang Inobasyon," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 11.
6) "Mga Talumpati sa Porum ng Yenan hinggil sa Literatura at Sining," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 827.
7) Maraming kasalukuyang likhang-sining na rebisyunistang Sobyet ang naglalantad ng esensya ng kasinungalingang "magkakasama, magkakaibigan, at magkakapatid" na itinataguyod ng rebisyunistang Sobyet. Halimbawa, isa isang dula na pinamagatang "Ang Tagalabas", ang bida, isang kasapi ng rebisyunistang Partido ng Sobyet at inhinyero ng isang empresa, ay nagpunta sa isang pundisyon para itransporma ang "makalumang itsura" nito. Hambog niyang sinigawan ang mga manggagawa: "Kami ang namumuno. Walang ginagawa ang aming mga kamay. Nagtatrabaho kami gamit ang salita at aming utak." Inutusan niya ang mga katiwala na bantayan nang mabuti ang mga manggagawa, na "bantayan sila at hawakan sa leeg." "Sinumang sumuway sa utos ay dapat parusahan sa pamamagitan ng pagkaltas ng kalahati sa kanyang bonus." "Batuhin sila ng rubles." Sa Unyong Sobyet, ang masang anakpawis ay nakapailalim sa malupit na pagsasamantala at pang-aapi ng bagong burukratang monopolyong burgesya. Ito ang ibig sabihin kapag ipinangangalandakan ng mga rebisyunistang Sobyet ang relasyon ng "magkakasama, magkakaibigan, at magkakapatid."
8) Marx, Capital, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1966, p. 440.
9) "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan," Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 337.
10) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 23, p. 362.
11) "Ang Pagwawasto ng Estilo ng Paggawa ng Partido," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she 1968, p. 782.
12) Mga Sipi mula kay Tagapangulong Mao. Mula sa Hung-ch'i [Red Flag], 1972, No. 10.
13) Sinipi mula sa Jen-min jih-pao [People's Daily], August 14, 1972.
14) Sinipi mula sa "Hinggil sa Huwad na Komunismo ni Khrushchov at ang Aral Nito para sa Kasaysayan ng Daigdig," Jen-min ch'u-pan-she, 1964, pp. 5455.
15) "Paano Mag-oorganisa ng Kompetisyon?" Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 395.
16) Mga Sipi mula kay Tagapangulong Mao. Halaw sa Jen-min jih-pao [People's Daily], May 31, 1972.
17) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 23, p. 806.
18) Ang "kilusang pagbabakod" ay isa sa mahahalagang paraan ng primitibong kapitalistang akumulasyon. Sa pagtatapos ng ika-15 siglo, ang paglitaw ng industriya ng pag-iikid ng lana sa Inglatera, bilang epekto, ay lalong pinataas ang presyo ng lana. Ang pag-aalaga ng tupa ay naging isang napakamapagkikitaang negosyo. Ang mga aristokratang may lupa at ang burgesya ng Inglatera ay nagsabwatan para sapilitang palayasin ang mga magsasaka sa lupa, at pagkatapos ay binakuran ito para mag-alaga ng tupa. Ang mga bahay sa loob ng bakod ay sinirang lahat. Ang mga magsasaka ay inalisan ng mga tirahan at nauwi sa pagiging mga pulubi at palaboy. Noong ika-18 siglo, ang burges

na gubyerno ng Britanya, sa pamamagitan ng serye ng mga "batas sa pagbabakod" na niluto ng Parlamento, ay sumuporta sa marahas na pagdambong ng burgesya sa magsasaka. Ang mga magsasaka ay tuluy-tuloy na lumaban at nagpasimula ng maraming rebelyon laban sa kilusang pagbabakod.

19) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 23, p. 805.

20) "Hinggil sa Demokratikong Diktadurang Bayan," Selected Works of Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1365.

# Kabanata 15

## Paunlarin ang Sosyalistang Produksyon nang may Mas Malaki, Mas Mabilis, at Mas Mahusay na mga Resulta sa mas Murang Halaga

Ang Kalikasan at Layon ng Sosyalistang Produksyon
at ang mga Pamamaraan ng Pagkamit sa Layong Ito*

Humantong ang pagpawi sa sistema ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at ang pagtatatag ng sistema ng ssyalistang pagmamay-aring publiko sa isang pundamental na pagbabago sa mga relasyong panlipunan ng mamamayan sa proseso ng produksyon, palitan, at distribusyon. Una sa lahat, nagbago ang kalikasan ng panlipunang produksyon. Ang layon ng panlipunang produksyon at ng pamamaraan ng pagkamit sa layon ng produksyon ay nagbago rin. Samakatwid, sumusunod ang pag-unlad ng sosyalistang produksyon sa mga batas na kaiba sa mga batas ng kapitalistang produksyon. Tanging sa wastong pag-unawa at paggamit ng mga batas na ito mapapaunlad ang sosyalistang produksyon nang may mas malaki, mas mabilis, at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga.

### Pundamental na Binago ng Sosyalistang Pampublikong Pagmamay-ari ang Kalikasan ng Panlipunang Produksyon

Ang Tuwirang Panlipunang Produkto sa Ilalim ng Sosyalismo ay Nagtataglay,
sa Iba't Ibang Antas, ng mga Katangian ng Kalakal

Ang produksyon ng materyal na kayamanan ay isang kinakailangang kondisyon para sa buhay at pag-unlad ng lipunan ng tao. Gayunman, sa ilalim ng magkakaibang sistemang panlipunan at pang-ekonomya, nagtataglay ng magkakaibang katangian ang mga panlipunang produkto.

Sa sistema ng pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, ang produksyon ay isang pribadong usapin ng indibidwal. Pagmamay-ari niya ang produkto. Kung gayon, ang produksyon ay laging tuwirang nalalahad bilang pribadong produksyon. Ang produkto ay tuwiran ding nalalahad bilang isang pribadong produkto. Kapag ang produktong ito ay hindi nilikha para sa pagkonsumo ng prodyuser bagkus ay inilalaan sa palitan, nagiging kalakal na ito. Nagtataglay rin ng panlipunang kalikasan ang pribadong produktong ito. Pero ang panlipunang kalikasan na ito ay itinatago ng sistema ng pribadong pagmamay-ari at hindi tuwirang mailalahad. Sa pamamagitan lamang ng palitan, kung saan napatunayang tumutugon ang nilikhang kalakal sa mga pangangailangan ng lipunan, mapapatotohanan ang panlipunang kalikasan ng produkto. Sa lipunang kapitalista, ang lahat ng produkto ay pribadong produkto at kalakal rin. Ang kapitalistang produksyon ang pinakamaunlad na anyo ng pribadong produksyon ng kalakal.

Sa sosyalistang lipunan, matapos saligang makumpleto ang sosyalistang transpormasyon ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, ang buong panlipunang produksyon, liban sa maliit na kantidad ng mga pampamilyang saydlayn na pinatatakbo ng mga myembro ng kolektibong ekonomya ng kolektiba sa kanayunan, ay binuo sa batayan ng sistema ng pagmamay-

* To k'uai hao sheng ti fa-chan she-hui-chu-i sheng-ch'an – she-hui-chu-i sheng-ch'an ti hsing-chih mu-ti ho ta-tao mu-ti ti shou-tuan.

aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon. Sa kabuuan, ang produksyon ng ekonomya ng estado at kolektibong ekonomya, batay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ay organisado ayon sa pambansang plano. Nakatuon ito sa tuwirang pagtugon sa mga pangangailangan ng lipunan, ibig sabihin, sa tuwirang pagtugon sa mga pangangailangan ng proletaryado at sa kabuuan ng masang anakpawis. Nawala na ang kalikasan ng pribadong produksyon sa klaseng ito ng produksyon. Mula sa batayang aspeto nito, ito ay naging tuwirang panlipunang produksyon. Ang mga produkto ng paggawa ay kapaki-pakinabang din sa lipunan mula sa simula, at samakatwid, hindi na pribadong produkto ang mga ito bagkus ay tuwirang mga panlipunang produkto. Hindi na kailangang banggitin pa, ang paggawa na kalahok sa tuwirang panlipunang produksyon para lumikha ng tuwirang panlipunang produkto ay hindi na pribadong paggawa kundi tuwirang panlipunang paggawa. Minsa'y nabanggit ni Engels, "Sa sandaling pag-aari na ng lipunan ang mga kagamitan sa produksyon at ginagamit ang mga ito sa tuwirang mga anyong panlipunan sa produksyon, ang paggawa ng bawat indibidwal, anuman ang partikular na mga gamit nito, ay agad na nagiging panlipunang paggawa."[1]

Sa istorikong proseso ng pag-unlad ng lipunan ng tao, minsan nang umiral ang tuwirang panlipunang produksyon sa primitibong komuna. Sa panahong yaon, "nagsasama-sama ang mga myembro ng komuna para tuwirang buuin ang isang samahan para sa produksyon."[2] Sama-sama silang gumagawa at ipinamamahagi ang mga produkto sa mga myembro ayon sa kaugalian at pangangailangan. Ito ay isang klase ng tuwirang panlipunang produksyon batay sa isang sistema ng pagmamay-aring publiko ng komuna ng angkan. Lumitaw ito sa mga kondisyon na mababa ang antas ng mga pwersa sa produksyon at atrasado ang panlipunang hatian sa paggawa. Isa itong ekonomya ng primitibong pagmamay-aring publiko na walang produksyon at palitan ng kalakal.

Ang sosyalistang tuwirang panlipunang produksyon ay malawakang-saklaw na panlipunang produksyon batay sa isang hatian sa paggawa at moda ng kooperasyon na kalahok ang milyun-milyon, puu-puong milyon, at daan-daang milyong tao. Sa mahaba-habang istorikong yugto ng sosyalistang lipunan, binubuo pa rin ng dalawang anyo ang sosyalistang sistema ng pagmamay-aring publiko. Isinasagawa ang sosyalistang tuwirang panlipunang produksyon batay sa dalawang anyo ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Ang mga produkto ay pagmamay-ari ng sosyalistang estado at ng iba't ibang yunit at empresa sa ilalim ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari. Itinatakda nito na ang tuwirang panlipnang produksyon sa ilalim ng sosyalismo ay hindi makapapawi sa produksyon at palitan ng kalakal. Para makamit ang normal na mga relasyon ng sa pagitan ng dalatang tipo ng sosyalistang pagmamay-aring publiko at sa pagitan ng industriya at agrikultura, at para padaliin ang konsolidasyon ng alyansang manggagawa-magsasaka, kinakailangan na panatilihin at angkop na paunlarin ang produksyon at palitan ng kalakal sa isang mahaba-habang panahon. Hindi ito basta-basta na lamang mababago. Ipinaliwanag ni Lenin, "Ang palitan ng kalakal ay isang panukat ng pagiging normal ng interelasyon ng industriya at agrikultura."[3]

Pangunahing sinasalamin ng sosyalistang mga kalakal ang relasyon sa pagitan ng ekonomya sa ilalim ng sistema ng pagmamay-ari ng estado at ng ekonomya sa ilalim ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari at ang relasyon sa hanay ng iba't ibang kolektibong ekonomya. Sa ekonomya ng estado, inililipat ang mga produkto mula sa isang empresa ng estado tungo sa isa pang empresa ng estado. Halimbawa, inililipat ang bakal na liso ng isang pagawaan ng bakal at asero sa ia pang planta ng estad na gumagawa ng makinang pang-ikid at panghabi. O kaya nama'y inililipat ang makinang panghabi na ginawa ng isang planta ng estado para sa makinang pang-ikid at panghabi sa isang plantang ikiran at habian ng estado. Pag-aari pa rin ng sosyalistang estado ang produkto, at walang naganap na palitan ng karapatan sa pagmamay-ari. Dagdag pa, madalas na inilalaan at dinedeliber ang palitan ng mga produkto sa hanay ng mga empresa ng estado sang-ayon sa plano ng estado sa halip na nagaganap sa pamamagitan ng pamilihan. Samakatwid, sa saligan, hindi palitan ng kalakal ang

tipong ito ng palitan ng produkto. Taglay na nito ang maraming katangian ng komunistang distribusyon ng mga produkto.

Gayunman, ang sosyalistang ekonomya ay isang integral na kabuuan; ang relasyong nakabatay sa kalakal sa pagitan ng dalawang klase ng sosyalistang pagmamay-aring publiko ay di maiiwasang salaminin sa relasyon sa palitan sa loob mismo ng sistema ng pagmamay-ari ng estado. Samantala, dulot ng umiiral na antas ng produktibidad, itinatakda ng materyal na mga kondisyon na imantine ng mga empresa ng estado ang relatibong kasarinlan ng mga ito sa operasyon at pangangasiwa at magpalitan sila sa isa't isa ayon sa prinsipyo ng palitan ng magkakatumbas na halaga. Samakatwid, kahit na ang mga kalakal na pinagpapalitan sa hanay ng mga empresa ng estado ay hindi na mga kalakal sa saligan, taglay pa ng mga ito ang ilang katangian ng kalakal at dapat malahad sa anyo ng presyo at bilhin gamit ang salapi. Kapag ipinamamamahagi para sa konsumo ng mga myembro, dapat ring malahad ang pagkaing butil na nilikha ng kolektibong ekonomya ng kanayunan sa anyo ng presyo at salapi. Dahil dito, may tatak na kalakal ang produkto. Samakatwid, ang mga sosyalistang produkto ay tuwirang panlipunang produkto sa isang banda, pero taglay rin nila ang mga katangian ng kalakal sa iba't ibang antas.  Naiiba ang sosyalistang kalakal sa ibang kalakal sa kasaysayan. Taglay nito ang tatlong katangian:  (1) Ito ay nakabatay sa sistema ng pagmamay-aring publiko ng mga kagamitan sa produksyon at sa pangunahin, ekspresyon ng relasyon ng palitan sa pagitan ng manggagawa at magsasaka. (2) Kabaligtaran ng di organisado at di planadong kapitalistang produksyon ng kalakal, nililikha ang kalakhang mayorya ng sosyalistang kalakal sa isang planadong paraan sa gabay ng plano ng estado. (3) Kumpara sa lipunang kapitalista, ang saklaw ng mga kalakal ay binawasan nang malaki sa lipunang sosyalista. Hindi na kalakal ang lakas paggawa. Ang lupa, rekursong mineral, at iba pang likas na yaman ay ni hindi na rin mga kalakal. Ang mga kagamitan sa produksyon na umiikot sa loob ng sosyalistang sistema ng pagmamay-aring publiko ay nagkaron din ng makabuluhang mga pagbabago at nawala ang ilang katangian ng kalakal.

Ekspresyon ng espesyal na dualidad ng sosyalistang mga produkto ang tuwirang mga produktong panlipunan na may iba't ibang antas ng mga katangian ng kalakal. Sinasalamin ng mga ito ang mga katangian ng sosyalistang mga relasyon sa produksyon sa panahon ng transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo. Dominanteng aspeto ng dualidad na ito ang tuwirang panlipunang mga produkto. Ito ang aspetong komun sa mga produktong sosyalista at komunista. Bagamat pundamental na naiiba ang sosyalidtang kalakal sa lahat ng kalakal sa kasaysayan na nakabatay sa sistema ng pribadong pagmamay-ari, kunsabagay, tradisyon na ng lumang ekonomya sa loob ng libu-libong tayon ang relasyon ng kalakal-salapi. Ipinapakita ng mga sosyalistang produkto na may iba't ibang antas ng katangian ng kalakal na kumpara sa tuwirang panlipunang produktong komunista, hindi pa husto sa gulan ang sosyalistang tuwirang panlipunang mga produkto at taglay pa ng mga ito ang mga tradisyon at impluwensya ng lumang lipunan. Ganap na lalaya ang tuwirang panlipunang mga produktong komunista sa mga tradisyon at impluwensyang ito ng lumang lipunan, ibig sabihin, mga katangian ng kalakal. Sa panahong iyon, ang paggawang ginamit sa produksyon ng mga produkto ay hindi na malalahad bilang halaga ng mga produktong ito.

Itinatakda ng antas ng produktibidad sa yugto ng sosyalismo at ng dalawang anyo ng sosyalistang sistema ng pagmamay-aring publiko at iba pang materyal kondisyon na tataglayin pa rin ng sosyalistang tuwirang panlipunang mga produkto ang iba't ibang antas ng mga katangian ng kalakal. Sapagkat taglay pa rin ng mga sosyalistang produkto ang iba't ibang antas ng mga katangian ng kalakal, tiyak na iiral pa ang mga kategoryang kaugnay ng kalakal, tulad ng halaga-sa-gamit at halaga sa palitan, kongkreto at abstraktong paggawa, salapi, presyo at iba pa. Ang pagtatwa sa aspetong kalakal ng sosyalistang tuwirang panlipunang mga produkto at ang pagtatangka na pawiin ang produksyon ng kalakal nang wala sa panahon ay malinaw na mali. Ipinagsigawan ni Chen Po-ta, isang taksil at Trotskyista, ang pagbuwag sa produksyon at palitan kalakal sa panahong mabilis na umuunlad ang kilusan ng komunang bayan sa kanayunan ng Tsina sa bigong pagtatangka na iligaw

ang rebolusyon at konstruksyon. Maagap na nakita ni Tagapangulong Mao ang sapakatang ito at matatag siyang tinunggali. Sa mga resolusyon ng Ika-6 na Plenum ng Ika-8 Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina, na personal na ipinatawag at pinanguluhan ni Tagapangulong Mao, tinukoy na: "Ang paraan ng pag-iisip na ito na nagtatangkang buwagin nang wala sa panahon ang produksyon at palitan ng kalakal, itatwa nang wala sa panahon ang konstruktibong papel ng mga kalakal, halaga, salapi, at presyo ay nakapipinsala sa pagpapaunlad ng sosyalistang konstruksyon at kung gayon ay mali."[5] Ang sosyalistang produksyon ng kalakal ay hindi lamang dapat panatilihin kundi dapat ding paunlarin para konsolidahin ang pang-ekonomyang kawing sa pagitan ng industriya at agrikultura ng Tsina at sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan para itaguyod ang pag-unlad ng sosyalistang konstruksyon.

Gayunman, sa kabilang banda, dapat ding kilalanin na kahit na ang sosyalistang produksyon ng kalakal na nakabatay sa sistema ng pagmamay-aring publiko ay pundamental na naiiba sa pribadong produksyon ng kalakal, hindi maaaring hindi maging repleksyon pa rin ng mga tradisyon at impluwensya ng lumang lipunan ang katotohanan na ang mga produkto ay nililikha bilang mga kalakal. mga bagay na magagamit ng burgesya at mga ahente nito sa loob ng Partido Komunista ang gayong mga kategorya tulad ng kalakal, halaga, salapi at presyo. Gusto ng proletaryado na gamitin ang produksyon ng kalakal para itaguyod ang sosyalistang konstruksyon, samantalang gusto ng burgesya na gamitin ang produksyon ng kalakal para panumbalikin ang kapitalismo. Sa panahon ng tatlong taon ng kalamidad ng kalikasan mula 1960 hanggang 1962, walang-prinsipyong itinaguyod ng pangkating Liu Shao-chi ang pagpapalawak ng sakahang piananatiling pribado, ang walang kontrol na pagpapaunlad ng malayang pamilihan, at ang sistema ng "internal na responsibilidad para sa tubo at lugi" sa ekonomya ng estado. Ang kanilang intensyon ay gamitin ang prinsipyo ng kapitalistang produksyon ng kalakal para "itransporma" ang sosyalistang ekonomya at panumbalikin ang kapitalistang sistema sa Tsina. Si Tagapangulong Mao ang unang nakatuklas sa ganitong buktot na hangarin ng pangkating Liu Shao-chi. Pinamunuan niya ang buong Partido para punahin at itakwil ang rebisyunistang linya na ipinapatupad ng pangkating Liu Shao-chi, para progresibong makaunlad ang produksyon ng kalakal ng Tsina sa sosyalistang landas.

## Ang Proseso ng Sosyalistang Produksyon ay Pagkakaisa ng Proseso ng Paggawa at Proseso ng Paglikha ng Halaga

Ang dualidad ng mga sosyalistang produkto ay nasasalamin sa dualidad ng proseso ng produksyon para sa mga sosyalistang produkto. Bilang produksyon para sa tuwirang panlipunang produkto, ito ay isang proseso ng paggawa na lumilikha, sa planadong paraan, ng iba't ibang halaga sa gamit na tumutugon sa mga pangangailangan ng proletaryado at ng masang anakpawis. Bilang produksyon ng kalakal, ang paggawa ng prodyuser ay hindi lamang lumilikha ng iba't ibang kongkretong halaga sa gamit kundi maging ng halaga sa palitan. Ang proseso ng sosyalistang produksyon ay pagkakaisa ng prosesong ito ng paggawa at proseso ng paglikha ng halaga.Maitatakda lamang ang mga katangian ng sosyalistang produksyon kaugnay ng mga katangian ng proseso ng sosyalistang paggawa at proseso ng paglikha ng halaga.

Kung isasakonsepto natin mula sa iba't ibang partikular na mga kondisyon sa lipunan at pag-aaralan ito mula sa punto ng mga papel na ginagampanan, ang proseso ng paggawa ay isang proseso lamang na inilalakip ng tao ang taglay na lakas paggawa sa mga materyales, at lumilikha ng ninanais na mga produkto – isa itong aktibidad na tiyak ang layon para sa paglikha ng halaga sa gamit, isang proseso ng materyal na transpormasyon sa pagitan ng tao at Kalikasan. Gayunman, isinasagawa ang lahat ng proseso ng produksyon sa ilalim ng tiyak na mga kondisyon sa lipunan. Samakatwid, sinasalamin ng mga proseso ng paggawa ang relasyon hindi lamang ng tao at Kalikasan kundi maging

ng mga tao. Kung susuriin natin ang proseso ng paggawa sa punto de bistang ito, malinaw na mayroong pundamental na pagkakaiba ang proseso ng paggawa sa sosyalismo at proseso ng paggawa sa kapitalismo.

Ang proseso ng paggawa sa kapitalistang sistema ay isang proseso kung saan kumokonsumo ng lakas paggawa ang kapitalista. Ang mga katangian nito ay ang sumusunod: nagtatrabaho ang manggagawa sa superbisyon ng kapitalista habang ang mga produkto ng paggawang iyon ay pag-aari ng kapitalista, ibig sabihin, ang paggawa sa ilalim ng kapitalistang sistema ay upahang paggawa, aliping paggawa, mabigat na paggawa ng pinagsasamantalahan.

Sa sosyalistang sistema, sa unang pagkakataon, naging mga panginoon ng estado at empresa ang masang anakpawis. Bunga nito, lumitaw sa sosyalistang proseso ng paggawa ang bagong mga katangian na walang katulad sa kasaysayan. Sinabi ni Lenin: "Bawat pabrika kung saan pinatalsik ang kapitalista, o kahit man lamang nakapailalim ang kapitalista sa tunay na superbisyon ng mga manggagawa, bawat baryo kung saan pinalayas ang mapagsamantalang panginoong maylupa at kinumpiska ang kanyang lupa ay nagiging kaharian ng anakpawis. Dito, mailalabas ng manggagawa ang kanyang mga talento, ituwid ang kanyang likod, ikarangal ang sarili, at damhin na siya rin ay isang tao. Sa loob ng ilang libong taon, nagtatrabaho siya para sa iba, nagtatrabaho nang mabigat para sa mapagsamantala. Ngayon, sa unang pagkakataon, makapagtatrabaho siya para sa sarili at higit pa, gamit ang lahat ng bagong pagsulong ng teknolohiya at kultura."[5] Ang sosyalistang proseso ng paggawa ay isang proseso kung saan lumilikha ng materyal na kayamanan ang manggagawa, magsasaka, at iba pang anakpawis para sa uring anakpawis mismo. Ang mga katangian nito ay: ang lumalahok sa organisado at planadong paggawa sa sosyalistang produksyon ang masang anakpawis, bilang sarili nilang panginoon. Ang buong produkto ng paggawa ay ipinamamahagi ng uring anakpawis mismo. Samakatwid, isang planadong proseso ng paggawa ang sosyalistang paggawa, hindi nakapailalim sa pagsasamantala at boluntaryong paggawa ng masang anakpawis para sa paglikha ng panlipunang yaman.

Gayunman, ang lipunang sosyalista ay isang lipunang may mga uri. Dagdag pa sa uring anakpawis, naririyan ang mapagsamantalang mga uri. Ang dating mga mapagsamantala ay dapat ding magtrabaho sa lipunang sosyalista kung saan nakabatay sa paggawa ang pagkonsumo. Ipinapataw ang superbisadong paggawa sa mga panginoong maylupa, mayayamang magsasaka, at myembro ng iba pang antagonistikong mga uri. Pinahihintulutang magreporma ang burges na mga elemento sa pamamagitan ng paggawa sa empresa. Ang pagtrato na ibinibigay sa dalawang mapagsamantalang uri na ito ay magkaiba, sapagkat magkaiba ang kalikasan ng kanilang kontradiksyon sa masang anakpawis. Pero bilang mga mapagsamantala, ang kanilang paggawa ay nagtataglay ng magkakaibang antas ng pamimilit. Natural, pundamental na naiiba ang pamimilit na ipinapataw ng manggagawa sa nagsasamantala kaysa pamimilit na ipinapataw ng mapagsamantala sa manggagawa. Sa nakaraan, pinilit ng nagsasamantala ang manggagawa na magtrabaho para makapiga ng labis na halaga mula sa manggagawa. Ngayon, pinipilit ng manggagawa ang mapagsamantala na magtrabaho para itransporma siya tungo sa isang bagong tao. Samakatwid, isa ring proseso para sa pagreporma ng mapagsamantala ang sosyalistang proseso ng paggawa. Ibig nitong sabihin, hindi lamang sangkot sa sosyalistang proseso ng paggawa ang materyal na transpormasyon sa pagitan ng tao at Kalikasan kundi laman din nito maging ang panlipunan at makauring reporma.

Kung ang masang anakpawis ang pag-uusapan, taglay pa rin ng sosyalistang proseso ng paggawa ang mga tradisyon at impluwensya ng lumang lipunan. Ito ay dahil mapapawi lamang nang unti-unti, sa buong istorikong panahon ng sosyalismo, ang lumang panlipunang hatian sa paggawa na namana sa kapitalistang lipunan. Ang pusisyon ng masang anakpawis sa sosyalistang produksyon ay di maiiwasang malimitahan at maapektuhan ng lumang panlipunang hatian sa paggawa: ilang tao ang pangunahing kalahok sa mental na paggawa, habang ang iba ay pangunahing kalahok sa manwal na paggawa; ilang tao ang nakaupo sa pamunuan at pangasiwaan sa produksyon, habang ang iba ay nasa

pusisyon ng tuwirang prodyuser. Isa sa pinakamahalagang pinagmumulan ng di pagkakapantay-pantay sa kapitalistang lipunan ang salungatan ng mental at manwal na paggawa. Naigpawan na ng sosyalistang lipunan ang ganitong salungatan. Pero nananatili pa rin ang esensyal na pagkakaiba. Ang esensyal na pagkakaibang ito ay maaari ring maging salungatan sa ilalim ng ilang takdang kondisyon. Ang Unyong Sobyet, sa paghahari ng taksil na pangkating Brezhnev, ay pinaghaharian ng isang burukratikong monopolyong burgesya, ibig sabihin, ng sandakot na "mga taong gumagamit ng kanilang utak," kabilang ang mga burukrata sa Partido, intelektwal na aristokrata, at teknikal na burukrata. Samakatwid, isang mahabang proseso ng pakikibaka ang proseso kung saan ang masang anakpawis ay nagiging panginoon ng lipunan at empresa sa sosyalistang lipunan. Hindi lamang ito proseso ng pakikitunggali sa burgesya at mga ahente nito sa Partido, proseso rin ito kung saan nililikha ang paborableng mga kondisyon para unti-unting pawiin ang esensyal na pagkakaiba ng mental at manwal na paggawa. Sa sosyalistang yugto, bagaman malaya ang lahat ng masang anakpawis mula sa pagsasamantala, ang paggawa ay hindi pa rin nagiging pangunahing komitment sa buhay ng lahat ng manggagawa. Ang nalalabing tradisyon at impluwensyang ito ng lumang lipunan kaugnay ng kalikasan ng paggawa ay mapapawi lamang, sa wakas, sa pinakamataas na yugto ng komunismo.

Ang mga katangiang ito ng sosyalistang proseso ng paggawa ay makikita rin sa proseso ng paglikha ng halaga.

Bawat kalakal ay nagtataglay ng dualidad ng paggawa: nililikha ng kongkretong paggawa ang halaga sa gamit, habang nililikha ng abstraktong paggawa ang halaga sa palitan. Sinasalamin ng halaga ang ilang tiyak na relasyong panlipunan. Sa magkakaibang kondisyong panlipunan at pang-ekonomya, magkakaiba ang panlipunang relasyon na sinasalamin ng halaga, gayundin ang pormasyon ng halaga.

Sa kondisyon ng isang simpleng ekonomyang nakabatay sa kalakal, lumilikha ang magsasaka o tagayaring-kamay na gamit ang sarili niyang kagamitan sa produksyon. Ang mga produkto ng paggawa at halaga ng mga ito ay natural na kanyang pag-aari. Matapos maibenta ang kalakal, nababawi niya ang halaga ng kagamitan sa produksyon na ginamit sa proseso ng produksyon. Pero nakakamit din ng prodyuser ang bagong halagang likha ng sarili niyang paggawa. Pinupunuan ng bagong halagang ito ang halaga ng mga panustos sa buhay na kailangan sa reproduksyon ng lakas paggawa. Sa ganitong paraan, makakapagpatuloy ang proseso ng produksyon sa antas ng simpleng reproduksyon. Tinawag ni Marx ang proseso ng pormasyon ng halaga sa ilalim ng simpleng produksyon ng kalakal bilang proseso ng simpleng pormasyon ng halaga.

Sa kapitalismo, ang layon ng produksyon ng kalakal na isinasagawa ng kapitalista ay para pumiga ng labis na halaga mula sa manggagawa. Sa pamamagitan ng produksyon at pagbenta ng mga kalakal, nababawi ng kapitalista ang halaga ng mga kagamitan sa produksyon na ginamit sa proseso ng produksyon. Kaalinsabay, ang bagong halaga na likha ng manggagawa ay hindi lamang kabayaran sa nagbabagong kapital na ipinauna ng kapitalista para bumili ng lakas paggawa kundi lumilikha rin ng sarplas. Ang sarplas na ito ay ang labis na halagang pinipiga ng kapitalista. Tinawag ni Marx ang proseso ng pormasyon ng halaga sa kapitalistang produksyon bilang proseso ng pagpapalaki ng halaga. Sinasalamin ng prosesong ito ng pagpapalaki ng halaga ang mapagsamantalang relasyon ng kapital at upahang paggawa.

Sa sosyalistang proseso ng produksyon, inililipat at pinepreserba ng paggawa ng manggagawa, bilang kongkretong paggawa, ang halaga ng mga kagamitan sa produksyon na ginamit sa proseso ng produksyon. Bilang abstraktong paggawa, lumilikha ito ng bagong halaga. Dapat bang buung-buong ariin ng prodyuser mismo ang bagong halaga na ito na kanyang likha? Hindi. Para makamit ang sosyalistang pinalawak na reproduksyon at matugunan ang samu't saring pangangailangang komun ng mga manggagawa, kailangang hawakan ng lipunan ang iba't ibang panlipunang pondo. Ang mga panlipunang pondo na ito ay maaari lamang manggaling sa bagong halaga na likha ng prodyuser.

Kung buung-buong inaari ng tuwirang prodyuser ang bagong likhang halaga, hindi makakapagpatuloy sa gayon ang sosyalistang ekonomya sa pinalawak na reproduksyon. Makapagpapanatili lamang nito ng simpleng reproduksyon. Hindi rin matutugunan ang mga pangangailangang komun ng mga manggagawa. Samakatwid, sa sosyalistang lipunan, dapat hatiin sa dalawang bahagi ang bagong halagang likha ng prodyuser. Ang isang bahagi ay nasa pagpapasya ng prodyuser mismo. Binubuo nito ang pondo bilang kabayaran sa paggawa ng prodyuser at ginagamit para tugunan ang personal na mga pangangailangan sa buhay ng prodyuser.

Ang isa pang bahagi ay nasa pagpapasya ng lipunan. Ito ang bumubuo sa iba't ibang panlipunang pondo, ibig sabihin, ang panlipunang netong kita, at ginagamit para ibayong paunlarin ang sosyalistang produksyon at tugunan ang iba't ibang pangangailangang komun ng masang anakpawis. Bunga nito, bilang prodyuser, dapat kaltasin ang isang bahagi ng halagang nilikha niya para sa gamit ng lipunan bilang pondong panlipinan. Bilang myembor ng anakpawis, ganap ang kanyang karapatan na makinabang, kasama ng iba pang anakpawis, sa kagalingang dulot ng pondong panlipunan. Samakatwid, ang distribusyon ng bagong halagang likha ng prodyuser sa pondo ng kabayaran sa paggawa at sa pondong panlipunan sa ilalim ng sosyalistang sistema ay pundamental na naiiba sa distribusyon ng bagong halagang nilikha ng manggagawa sa sahod at labis na halaga sa ilalim ng kapitalistang sistema. Sa kapitalistang sistema, ang lakas paggawa ay kalakal at nakapailalim sa batas ng halaga. Ang sahod ay nangangahulugang presyo ng lakas paggawa. Gaanoman kalaki ang bagong likhang halaga, ang bahagi na napupunta sa manggagawa mismo ay katumbas lamang sa halaga ng mga panustos sa buhay na kailangan para sa reproduksyon ng lakas paggawa. Ang natitira, ibig sabihin, ang labis na halaga, ay hindi lamang inaari ng kapitalista kundi ginagamit pang paraan para patindihin ang pagsasamantala sa manggagawa. Sa sosyalistang sistema, hindi na kalakal ang lakas paggawa. Hindi na pinagsasamantalahan ang manggagawa. Lahat ng halagang likha ng prodyuser ay naglilingkod sa uring anakpawis. Ang distribusyon ng pondo sa kabayaran ng paggawa ng prodyuser at ang panlipunang pondo ay itinatakda ng pangkabuuang konsiderasyon ng komun at indibidwal na mga interes, at ng pangmatagalan at kagyat na interes ng masang anakpwis.

Bunga nito, naiiba ang proseso ng pormasyon ng halaga sa ilalim ng sosyalistang sistema hindi lamang sa proseso ng simpleng pormasyon ng halaga sa simpleng produksyon ng kalakal kundi maging sa proseso ng pagpapalaki ng halaga sa ilalim ng kapitalistang produksyon. Isa itong natatanging proseso ng paglikha-ng-halaga na sumasalamin sa sosyalistang relasyon sa produksyon. Ang sosyalistang proseso ng produksyon ay pagkakaisa ng prosesong ito ng paggawa at ng proseso ng paglikha ng halaga.

## Nilalaman ng Saligang Pang-Ekonomyang Batas ng Sosyalismo ang Pinakaesensyal na Relasyon ng Sosyalistang Produksyon

### Ang Layon ng Sosyalistang Produksyon ay Tugunan ang Laging Lumalaking mga Pangangailangan ng Estado at ng Mamamayan

Ang sosyalistang produksyon ay pagkakaisa ng proseso ng tuwirang panlipunang paggawa at proseso ng paglikha ng halaga. Ano kung gayon ang prinsipal na aspeto ng kontradiksyon sa dualidad na ito?

Isang nangingibabaw na aspeto ng kontradiksyon sa panlipunang produksyon ay kumakatawan sa obhetibong layon ng panlipunang produksyong ito at sumasalamin sa pinakaesensyal na relasyon ng panlipunang produksyong ito. Hindi ito nakabatay sa kagustuhan ng tao; ito ay ultimong itinatakda ng kalikasan ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Kailangan maglingkod ang panlipunang produksyon sa interes ng uring nagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon.

Sa sistema ng kapitalistang pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, lumilikha rin ng halaga sa gamit ang proseso ng paggawa. Pero hindi ito ang layon ng kapitalistang produksyon. Nagpapatakbo ng pabrika ang kapitalista para pagsamantalahan ang manggagawa at makakuha ng tubo sa proseso ng pagpapalaki ng halaga. Ang dominanteng aspeto ng kapitalistang produksyon ay ang pagpapalaki ng halaga. Nilalaman nito ang pinakapundamental na relasyon ng kapitalistang produksyon. Ipinaliwanag ni Marx, "Ang layon ng kapital ay hindi para tugunan ang pangangailangan, bagkus ay lumikha ng tubo."[6] "Ang kapital at akumulasyon nito ay nalalahad bilang simula at katapusan ng produksyon, ang motibo at layunin ng produksyon."[7]

Tinutulutan ng sosyalistang sistema ng pagmamay-aring publiko sa kagamitan sa produksyon ang masang anakpawis na maging panginoon ng produksyon. Dapat maglingkod ang panlipunang produksyon sa mga pangangailangan ng buong masang anakpawis. Samakatwid, ang prinsipal na aspeto ng sosyalistang produksyon ay ang proseso ng tuwirang panlipunang paggawa na lumilikha ng halaga sa gamit sa planadong paraan para tugunan ang mga pangangailangan ng masang anakpawis. Nilalaman nito ang obhetibong layon ng sosyalistang produksyon at pinakaesensyal na relasyon ng sosyalistang produksyon. Ang proseso ng paglikha ng halaga ay nakapailalim sa proseso ng tuwirang panlipunang paggawa na lumilikha ng halaga sa gamit.Sa sosyalistang proseso ng produksyon, lubos na kinakailangang kwentahin ang ginugol na paggawa at tubo at lugi. Pero kung ano at gaano karami ang lilikhain ay hindi maitatakda ng laki ng halaga ng produksyon at laki ng tubo. Sa halip, dapat nakabatay sa mga pangangailangan ng masang anakpawis ang mga ito. Anuman ang kagyat na pangangailangan ng masang anakpawis ay dapat gawin nang mas marami sa lubos na kakayanin, kahit may panganib ng pansamanatalang pagkalugi. Sa kabilang banda, anumang hindi kagyat na kailangan ng masang anakpawis, kahit pa magdudulot ito ng mataas na halaga ng kabuuang produkto at mataas na tubo, ay hindi maaaring basta na lamang maramihang likhain. Ang dahilan kung bakit dapat kwentahin ng sosyalistang empresa ang ginugol na paggawa at tubo at lugi ay para makabawas ito sa gastos sa produksyon nang sa gayon ay mabayaran ng empresa ang halaga at maglaan din ng papalaking panlipunang pondo para mabilisang paunlarin ang produksyon at palakihin ang suplay ng panlipunang produkto. Ang pagpapailalim ng proseso ng paglikha ng halaga sa proseso ng tuwirang panlipunang paggawa ay nakatuon, sa huling pagsusuri, sa paglikha ng laging dumaraming panlipunang kayamanan para tugunan ang mga pangangailangan ng buong masang anakpawis. Bago ang tagumpay ng Rebolusyong Oktubre, ipinaliwanag ni Lenin na sa sosyalistang lipunan, "ang yamang likha ng komon na paggawa ay mapupunta sa pakinabang, hindi ng sandakot na mayayaman, kundi ng lahat ng nagtatrabaho."[8]

Ang layunin ng sosyalistang produksyon ay para tugunan ang mga pangangailangan ng kabuuang masang anakpawis. Pero masasalamin at maipapahayag lamang ang pangmatagalang interes ng masang anakpawis at pangkabuuang interes nila sa pamamagitan ng estado sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Samakatwid, maisasalarawan din ang layon ng sosyalistang produksyon bilang pagtugon sa laging tumatataas na pangangailangan ng sosyalistang estado at ng mamamayan. Ang mga pangangailangang ito ay masalimuot. Para paunlarin ang kanilang moralidad, katalinuhan at pangangatawan, kinakailangan ng proletaryado at ng masang anakpawis na tuluy-tuloy na pataasin ang antas ng kanilang materyal at kultural na buhay. Sapagkat umiiral pa rin sa sosyalistang lipunan ang mga uri, kontradiksyon ng mga uri, tunggalian ng mga uri, ang panganib ng kapitalistang panunumbalik, at ang nakaambang pananabotahe at agresyon mula sa imperyalismo at sosyal-imperyalismo, mayroon ding pangangailangan para sa sosyalistang bayan na konsolidahin ang diktadura ng proletaryado at palakasin ang pambansang depensa. At dahil mapapalaya ng proletaryado ang sarili nito, sa wakas, sa pamamagitan lamang ng pagpapalaya sa buong sangkatauhan, dapat gampanan ng sosyalistang bayan ang obligasyon nito sa internasyunalismo at suportahan ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig. Samakatwid, ang layon ng sosyalistang produksyon ay pataasin ang antas ng materyal at kultural na buhay ng

proletaryado at masang anakpawis, konsolidahin ang diktadura ng proletaryado, palakasin ang pambansang depensa, at suportahan ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig. Sa huling pagsusuri, dapat itong maglingkod sa pagpawi ng mga uri at pagkamit ng komunismo.

Ang dakilang estratehikong patakaran na binuo ni Tagapangulong Mao na "maging handa sa gera, maging handa sa mga kalamidad ng kalikasan, at gawin ang lahat para sa sambayanan" ay buung-buong naglalaman ng obhetibong layon ng sosyalistang produksyon at nagtuturo ng wastong direksyon para sa pag-unlad ng sosyalistang produksyon ng Tsina at ng buong pambansang ekonomya. Sa gabay ng proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, at kanyang pangkalahatan at partikular na mga patakaran, masiglang umunlad ang sosyalistang produksyon ng Tsina. Palaging tumataas ang antas ng materyal at kultural na buhay ng mamamayan. Patuloy na pinalalakas at kinokonsolida ang diktadura ng proletaryado. Sa abot ng ating makakaya, nakapagbigay tayo ng ayuda sa layunin ng pandaigdigang rebolusyon.

Sa Unyong Sobyet, sa paghahari ng taksil na pangkating Brezhnev, itinatakda ng batas ng labis na halaga ang panlipunang produksyon. Ang layon ng produksyon ay para magkamal ng tubo at tiyakin na ang pinakamalaking posibleng labis na halaga ay napipiga ng burukratikong monopolyong burgesya mula sa masang anakpawis ng Unyong Sobyet. Pero para linlangin ang masa, nakakapangilabot na kapit-tuko sa huwad na komunismo ang rebisyunistang taksil na pangkating Sobyet. Nagtatangka sila nang husto para balukturin ang layon ng sosyalistang produksyon at nagsasabi nang ganito: "ang pinakamataas na layunin ay iangat ang kagalingan ng mamamayan." "Lahat ay magkakaroon ng sapat na pagkain, damit, sapatos, pabahay, at mga libro. Tinatawag namin itong komunismo." Nalilinlang ng taksil na pangkating ito ang masa sa matatamis na salita ng burges na kagalingan. Layunin nito na ipalimot sa mga tao ang tunggalian ng mga uri at rebolusyon upang mapadali para sa taksil na pangkating ito ang panunumbalik ng kapitalismo. Sa Unyong Sobyet, ang tanging kumakain nang mabuti, nananamit nang mabuti, at may maayos na pamamahay ay ang mga burukratikong monopolyong burgesya at ang rebisyunistang intelektwal na aristokrasya sa kanilang pangangalaga. Ang malawak na masang anakpawis ay nahulog muli sa kumunoy ng pagsasamantala at paghihikahos.

## Panghawakan ang Rebolusyon, Isulong ang Produksyon

Ang nangingibabaw na aspeto ng proseso ng sosyalistang produksyon, ibig sabihin, ang pinakaesensyal na bagay na nagtatakda sa sosyalistang produksyon, ay ang pagtugon sa laging lumalaking pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Para makamit ang layong ito, dapat paunlarin ang sosyalistang produksyon nang mapalaki ang kabuuang panlipunang produkto. Ipinaliwanag nina Marx at Engels sa *Manipesto ng Komunista* na matapos ibagsak ng proletaryado ang burges na paghahari, gagamitin nito ang pampulitikang paghahari para sa ekspropriyasyon sa kapitalista. "Ilalagay nito ang lahat ng mga kasangkapan sa produksyon sa kamayng estado, ibig sabihin, ang proletaryado na nag–organisa ng sarili bilang naghaharing uri; at palalakihin ang kabuuang produktibidad sa pinakamabilis na paraan."[9] Nang maharap ang Tsina sa transisyon mula bagong demokratikong rebolusyon tungong sosyalistang rebolusyon, at sa pagbaling ng diin ng gawain ng Partido sa kalunsuran mula sa kanayunan, buong-tapat ding itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao na bigyang-pansin ang rehabilitasyon at pag-unlad ng produksyon, sa pagsasabing, "Mula sa araw na maagaw natin ang administrasyon ng lunsod, dapat nating ituon ang ating pansin sa rekoberi at pagpapaunlad ng kakayahan sa produksyon ng lunsod na ito."[10]

Sa pangkalahatan, mayroong dalawang paraan ng pagpapaunlad ng panlipunang produksyon at pagpapalaki ng kabuuang panlipunang produkto. Isa ay palakihin ang pwersa sa paggawa sa produksyon habang lumalaki ang populasyon. Sa pangkalahatan, maaari nitong palakihin ang

kabuuang panlipunang produkto, pero hindi nito napapalaki ang kabuuang produkto *per capita*. Isa pang paraan ay ang itaas ang produktibidad sa paggawa. Hindi lamang nito napapalaki ang kabuuang panlipunang produkto kundi napapalaki din ang kabuuang produkto *per capita*. Mula sa pangmatagalang perspektiba, ang mayor na paraan para paunlarin ang sosyalistang produksyon ay dili't iba kundi sa pamamagitan ng pagpapataas ng produktibidad sa paggawa. Nang tinalakay niya ang kabuluhan ng pagpapataas ng produktibidad sa paggawa, sinabi ni Lenin, "Tanging sa pagpapalaki ng produksyon at pagpapataas ng produktibidad sa paggawa makakamit ng Sobyet Rusya ang tagumpay."[11] Sinabi rin niya, "Pinakamahalaga ang produktibidad sa paggawa, na ultimong magtitiyak sa tagumpay ng bagong panlipunang sistema."[12]

Paano kung gayon mapapataas ang produktibidad sa pagawa para paunlarin ang sosyalistang produksyon?

Pinanghahawakan ng Marxismo na ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon ay nakapailalim sa pagpigil at pagtulak ng mga relasyon sa produksyon. Sa makauring lipunan, laging isinasagawa ang produksyon sa ilalim ng tiyak na mga relasyon ng mga uri. Kahit pa laging nagsisimula ang mga pagbabago at pag-unlad ng panlipunang produksyon sa mga pagbabago at pagsulong ng mga pwersa sa produksyon, ang malalaking pagsulong ng pwersa sa produksyon ay laging nagaganap matapos lamang ang malalaking transpormasyon ng relasyon sa produksyon. Sa umpisa ng kapitalistang pag-unlad, napatunayan na kailangan lagingmagkaroon ng burges na rebolusyon para maging mayor na baseng pang-ekonomya ng lipunan ang kapitalistang relasyon sa produksyon, bago maganap ang malalaking pagsulong ng mga pwersa sa produksyon. Sa sosyalistang lipunan, magkakaroon lamang din ng malalaking pagsulong ng mga pwersa sa produksyon matapos ang pagtatatag ng diktadura ng proletaryado, ang malalimang pagbukadkad ng sosyalistang rebolusyon, at ang ng sosyalistang nasyunalisasyon, at kolektibisasyon ng agrikultura, at ang pagtatatag ng sosylistang mga relasyon sa produksyon bilang tanging baseng pang-ekonomya ng lipunan. Kapag makumpleto sa saligan ang sosyalistang transpormasyon ng sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, hindi pa natatapos ang rebolusyon. Sa larangan ng mga relasyon sa produksyon, magagawang tuluy-tuloy at mabilis na mapaunlad ang sosyalistang produksyon sa pamamagitan lamang ng pagkokonsolida ng sosyalistang relasyon sa produksyon na tumutugma sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, at maagap na nagbabago o nagtatransporma sa mga bahaging iyon ng relasyon sa produksyon na bumabangga sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon.

Gumaganap ng malaking papel ang pagsulong ng syensya at teknolohiya at inobasyon sa mga kasangkapan sa produksyon sa pagpapaunlad ng produksyon at pagpapataas ng produktibidad sa paggawa. Pero, "ang mga mamamayan, hindi ang mga bagay, ang mapagpasyang salik."[13] Ang syensya at teknolohiya ay tinutuklas ng tao, at ang mga kasangkapan sa produksyon ay nililikha ng tao. "Sa lahat ng bagay sa daigdig, tao ang pinakamahalaga. Sa pamumuno ng Partido Komunista, hangga't mayroong tao, lahat ng himala sa daigdig ng tao ay malilikha."[14] Mahusay na inilahad ito ng malawak na masa ng Tsina: "Huwag katakutan ang kawalan ng mga makina; katakutan lamang ang kawalan ng ambisyon. Sa pamamagitan isang pulang puso at dalawang kamay, lahat ay magagawa sa pamamagitan ng pag-asa-sa-sarili." Dapat pukawin ang sosyalistang aktibismo ng malawak na masa sa pamamagitan ng gawaing pampulitika at pang-ideolohiya ng Partido. Tanging sa pag-aangat ng susing kawing ng gawaing pampulitika at pang-ideolohiya, sa malawakan at malalimang pagpapakilos sa masa para pag-aralan ang mayor na mga usaping pambansa, sa pamamagitan ng pagpupuna at pagtatakwil sa rebisyunismo, sa mentalidad nina Confucius at Mencius at lahat ng pananaw sa daigdig ng mga mapagsamantalang uri, at sa pamamagitan ng pundamental na pagpapataas sa kamulatan ng malawak na masa sa mga usapin ng tunggalian ng uri at tunggalian ng linyatuluy-tuloy at mabilis na mapapaunlad ang sosyalistang produksyon.

Samakatwid, sa sosyalistang lipunan, ang ultimong paraan para paunlarin ang produksyon at pataasin ang produktibidad sa paggawa ay ang pagpupunyagi sa pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim

ng diktadura ng proletaryado. Matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, maiwawaksi at madudurog ang pananabotahe at paghadlang ng burgesya at kapitalistang impluwensya sa pangkalahatan, sa pamamagitan lamang ng paggamit ng sosyalistang superistruktura para isulong ang malalimang sosyalistang rebolusyon sa larangan ng pulitika, ekonomya, at ideolohiya, sa gabay ng wastong linya ng Partido at sa tulong ng kapangyarihan ng gubyerno sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Sa gayon lamang makokonsolida at mapapahusay ang sosyalistang relasyon sa produksyon at mapapakilos ang lahat ng konstruktibong salik para itaguyod ang mabilis na pag-unlad ng sosyalistang produksyon. Ang patakaran na "panghawakan ang rebolusyon at isulong ang produksyon" na binalangkas ni Tagapangulong Mao ay wastong sumasalamin sa mga rekisitos ng obhetibong batas na nagtatakda sa paggalaw ng mga batayang kontradiksyon ng sosyalistang lipunan. Itinuturo sa atin ng patakarang ito na sa pamamagitan lamang ng paglalagay ng lahat ng gawaing pang-ekonomya sa kumand ang proletaryong pulitika at sa pagsusulong ng produksyon sa pamamagitan ng rebolusyon matitiyak ang pagsulong ng sosyalistang produksyon ng Tsina nang malalaking hakbang sa wastong direksyon.

Laging ginagamit ng rebisyunistang pangkatin nina Brezhnev, Liu Shao-ch'I at Lin Piao ang reaksyunaryong "teorya ng produktibidad muna" para labanan ang nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Laging hinaharap ng taksil na mga pangkating ito ang produksyon bilang produksyon at nilalabanan ang rebolusyon sa tabing ng pagpapaunlad ng produksyon. Sinasabi pa nga nila na ang pag-unlad ng produksyon ay buung-buong nakasalalay sa pag-unlad ng syensya at teknolohiya at ang pag-unlad ng mga kasangkapan sa produksyon ay nakasalig sa mga burges na mga eksperto. Naibagsak na ang rebisyunistang linya na itinulak ng mga pangkating Liu Shao-chi at Lin Piao, pero ang naiwang lason ng "teorya ng produktibidad muna" na ito ay hindi ba ganap na naiwawaksi at dapat punahin at itakwil nang paulit-ulit.

## Itinatakda ng Saligang Pang-Ekonomyang Batas ng Sosyalismo ang Lahat ng Mayor na Aspeto ng Pag-unlad ng Sosyalistang Ekonomya

Inilalahad ng obhetibong layon ng panlipunang produksyon at ng mga paraan para makamit ito ang batayang direksyon ng pag-unlad ng panlipunang produksyon at naglalaman ng rekisitos ng pang-ekonomyang batas ng lipunan. Ang magkakaibang sistemang panlipunan at pang-ekonomya ay may magkakaibang layon sa produksyon at magkakaibang paraan para makamit ang mga ito. Bunga nito, mayroong magkakaibang pundamental na pang-ekonomyang batas. Ang layon ng sosyalistang produksyon ay tugunan ang laging lumalaking mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Ang paraan para makamit ang layong ito ay ang pagsusulong sa pag-unlad ng teknolohiya at produksyon sa pamamagitan ng rebolusyon. Samakatwid, bilang maikling pagsusuma, ang mayor na mga katangian at rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo ay: tuluy-tuloy na pataasin ang antas ng teknolohiya, paunlarin ang sosyalistang produksyon nang may mas malaki, mas mabilis, at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga; tugunan ang laging lumalaking mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan, at likhain ang materyal na kondisyon para sa ganap na pagpawi sa mga uri at sa pagkakamit ng komunismo sa komand ng proletaryong pulitika.

Itinatakda ng pundamental na pang-ekonomyang batas ng sosyalismo ang lahat ng mayor na aspeto ng pag-unlad ng sosyalistang ekonomya at ang batayang nilalaman ng sosyalistang produksyon, palitan, distribusyon, at pagkonsumo.

Kung produksyon ang pag-uusapan, kung ano at gaano karami ang lilikhain, at paano dapat isaayos ang produksyon sa sosyalistang lipunan, dapat tumalima sa hinihingi ng batas na ito. Sa pagbabalangkas ng mga plano, itinatakda ng sosyalistang bayan ang pagkakaiba-iba, kantidad, at kaayusan ng produksyon alinsunod sa mga rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng

sosyalismo, nang sa gayon ay makatulong ang pag-unlad ng sosyalistang produksyon sa pagkokonsolida ng diktadura ng proletaryado, mapalakas ang pambansang depensa, masuportahan ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig, at tuluy-tuloy na itaas ng antas ng materyal at kultural na buhay ng masang anakpawis.

Dapat ding tumalima ang sosyalistang palitan sa rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo. Sa pagtatakda ng proporsyon ng eksport at import, ng proporsyon sa pagitan ng gamit militar at sibilyan, ng proporsyon sa pagitan ng suplay sa kanayunan at suplay sa kalunsuran, at ng presyo ng mga produkto, ang unang bagay na dapat isaalang-alang ng sosyalistang bayan ay hindi kung gaano kalaki ang kikitaing salapi o gaano kalaki ang tubo. Ang unang isinasaalang-alang nito ay kung paborable ang kaayusan sa pagpapataas ng antas ng materyal at kultural na buhay ng masang anakpawis, pagkokonsolida sa alyansang manggagawa-magsasaka, pagpapalakas sa pambansang depensa, at pagsuporta sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig.

Itinatakda rin ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo ang sosyalistang distribusyon at pagkonsumo. Sa distribusyon ng pambansang kita at produkto para sa personal na pagkonsumo, dapat tumalima ang sosyalistang estado sa rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo. Halimbawa, sa pagtatakda ng tamang tumbasan sa pagitan ng akumulasyon at pagkonsumo at ng antas ng sahod, dapat isaalang-alang kapwa ang pangmatagalan at kagyat, at ang kolektibo at indibidwal na interes ng proletaryado at masang anakpawis. Gayundin, ang sosyalistang pagkonsumo, maging kolektibo o indibidwal na pagkonsumo man, ay dapat maging paborable sa patuloy na pagpapahusay ng materyal at kultural na buhay ng proletaryado at masang anakpawis, pagrerebolusyonisa sa kaisipan ng mamamayan, paglilinang ng bagong mga sosyalistang kaugalian, pagkokonsolida sa diktadura ng proletaryado, at pagpapabilis sa sosyalistang konstruksyon.

Bilang buod, nilalaman ng pundamental na pang-ekonomyang batas ng sosyalismo ang pinakaesensyal na kawing sa pagitan ng sosyalistang produksyon, palitan, distribusyon, at pagkonsumo. Itinatakda nito ang ultimong direksyon ng pag-unlad ng sosyalistang ekonomya. Ang wastong pag-unawa at paggamit ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo ay makakapagpataas sa ating kamulatan-sa-sarili, makakatulong sa atin na pangibabawan ang pagkaispontanyo sa gawain, makakapagtulot sa atin na sumulong nang malalaking hakbang sa wastong sosyalistang direksyon.

## Ang Mabilis na Pag-unlad ng Sosyalistang Produksyon ay ang Pagkakaisa ng Obhetibong Posibilidad at Suhetibong Inisyatiba

### Tinutulutan ng Sosyalistang Sistema ang Produksyon na Umunlad sa Bilis na Imposible para sa Lumang Lipunan

Ang layon ng sosyalistang produksyon ay para tugunan ang laging lumalaking mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Ang antas ng pagtugon sa mga pangangailangang ito ay mahigpit na kaugnay ng bilis ng pag-unlad ng produksyon. Ang konsolidasyon ng pambansang depensa sa sosyalistang bayan, ang pag-unlad ng mga pasilidad pangkultura, pang-edukasyon, at pangkalusugan sa sosyalistang lipunan, ang paghusay ng materyal at kultural na buhay ng mamamayan, at ang pagtulong sa rebolusyonaryong adhikain ng mga mamamayan ng daigdig ay pawang nangangailangan ng mabilis na pag-unlad ng sosyalistang produksyon para likhain ang materyal na prekondisyon ng mga ito. Gayundin, dahillaging naibabagsak ang imperyalistang paghahari sa pinakamahinang kawing nito, ang unang mga bayan kung saan magtatagumpay ang sosyalistang rebolusyon ay malamang na mayroong relatibong mahinang baseng pang-industriya.

Lumilikha ito ng obhetibong pangangailangan para sa mabilis na pag-unlad ng sosyalistang konstruksyon.

Sa sosyalistang sistema, hindi lamang kailangan kundi posible ang mabilis na pag-unlad ng produksyon. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Kapag sinasabi natin na mas angkop ang sosyalistang relasyon sa produksyon para sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon kaysa lumang mga relasyon sa produksyon, ang ibig nating sabihin ay tinutulutan ng mga ito ang mga pwersa sa produksyon na umunlad sa bilis na hindi maaaring makamit sa lumang lipunan, nang bunga nito, tuluy-tuloy na mapalawak ang produksyon para tugunan ang patuloy na lumalaking mga pangangailangan ng mamamayan."[15] Samakatwid, hindi lamang isang pangarap ang mabilis na pag-unlad ng sosyalistang produksyon, bagkus ay nakabatay sa obhetibong posibilidad na likas sa loob ng sosyalistang mga relasyon sa produksyon. Manipestasyon ito ng superyoridad ng sosyalistang sistema.

Kaya ba mabilis na isulong ng sosyalistang relasyon sa produksyon ang pag-unlad ng produksyon at ng buong pambansang ekonomya?

Una sa lahat, nagbibigay ang sosyalistang sistema ng malawakang posibilidad para palargahin ang aktibismo sa produksyon at pagkamalikhain ng masang anakpawis. Sa ilalim ng sosyalistang sistema, ang proletaryado at masang anakpawis ay hindi na tagapagbebenta ng lakas paggawa. Napalaya na nila ang kanilang mga sarili mula sa pagkaalipin at pagsasamantala, at naging panginoon na ng bagong lipunan. Hindi na sila nagtatrabaho nang mabigat para sa sinumang mapagsamantala, bagkus ay nagtatrabaho para sa interes ng sariling uri. Ang paggawa ay naging maringal at dakilang gawain. Pinahihintulutan ng pagbabagong ito sa pusisyon ng masang anakpawis sa panlipunang produksyon na magsimulang tunay na lumahok sa produksyon bilang mga panginoon at gamitin ang kanilang di nasasaid na talento. Ang mga taong may kakayahan na gumawa ang pinakamahalagang salik sa produksyon. Ang pangunahing dahilan kung bakit kayang isulong ng sosyalistang relasyon sa produksyon ang pag-unlad ng produksyon nang mabilis ay napalaya na ang aktibismo at malikhaing talento ng masang anakpawis na sinupil sa kapitalistang sistema.

Ikalawa, pinapawi ng sosyalistang sistema ang napakalaking pag-aaksaya ng lakas tauhan, materyal na rekurso, at pinansya na di naiiwasan sa ilalim ng kumpetisyon at napakagulong kondisyon ng kapitalismo. Kayang lubos at makatwirang gamitin ng sosyalistang bayan ang paggawa at mga materyal na rekurso sa pamamagitan ng pagbubuo ng pinag-isang plano para gabayan ang pag-unlad ng buong pambansang ekonomya, paggamit nang planado at makatwiran sa mga pasilidad at likas na yaman; at pagsanay at paglalaan ng lakas paggawa sa planado at makatwirang paraan.

Ikatlo, pinawi na ng sosyalistang rebolusyon ang sistema ng pagsasamantala ng tao sa tao at ginawang posible para gamitin iyong bahagi ng yaman, na dating ginagamit ng sandakot na myembro ng mga mapagsamantalang uri para sa parasitikong pagkonsumo, nang sa gayon ay mapahusay ang kabuhayan ng masang anakpawis at paunlarin ang sosyalistang produksyon.

Ikaapat, hinawan ng sosyalistang sistema ang isang malawak na landas para sa mabilis na pag-unlad ng syensya at teknolohiya. Sa kapitalistang sistema, ginagamit lamang ang bagong teknolohiya kapag magbibigay ito ng mas malaking tubo para sa kapitalista. Ang bagong mga teknolohiya na ginagamit na ay minomonopolisa ng kapitalista bilang "*trade secrets*." Di maiiwasang hinahadlangan nito ang pag-unlad ng bagong teknolohiya. Sa sosyalistang sistema, ginagamit ang bagong teknolohiya para sa layunin ng pagtitipid sa paggawang ginugugol sa produksyon at pagpapababa sa tindi ng paggawa at pagpapahusay sa kalagayan sa paggawa. Samakatwid, ang pag-unlad ng syensya at teknolohiya ay nagiging mulat na demand ng masang anakpawis. Higit pa, ang abanteng karanasan sa inobasyong teknikal ng alinmang sosyalistang empresa ay komon na pag-aari ng masang anakpawis. Mas mabilis itong magagamit ng ibang empresa matapos itong lagumin at ipalaganap.

Ikalima, pinawi na ng sosyalistang sistema ang kontradiksyon sa pagitan ng pagpapalaki ng produksyon at ng relatibong pagliit ng kakayahang bumili ng masa na partikular katangian ng

kapitalismo. Ito ay dahil, sa pag-unlad ng sosyalistang produksyon, tuluy-tuloy na tumataas ang antas ng pagkonsumo ng proletaryado at masang anakpawis at tuluy-tuloy na lumalawak ang saklaw ng pambansang konstruksyon. Hindi kailanman nagkakaroon ng mga pang-ekonomyang krisis dulot ng labis na produksyon. Inaalis nito ang artipisyal na mga hadlang sa mabilis na pag-unlad ng produksyon.

Bagamat umiiral ang obhetibong posibilidad sa loob ng sosyalistang sistema para sa mabilis na pag-unlad ng produksyon, mayroon ding ilang salik na nagpapahina at pumipigil sa mabilis na pag-unlad ng produksyon. Mga halimbawa ang pananabotahe ng burgesya at mga ahente nito, ang sagka dulot ng nagpapatuloy na impluwensya ng petiburgesya, ang pananalanta ng mga kalamidad ng kalikasan, at iba pa. Dagdag pa sa obhetibong pag-iral ng panlipunan at likas na mga salik na ito, mayroon ding suhetibong mga salik kaugnay ng proletaryado mismo. Sa landas ng pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon, tiyak na mahaharap ang proletaryado sa bagong sitwasyon at bagong mga problema. Para maintindihan ang obhetibong mga batas ng bagong sitwasyon at makahanap ng wastong solusyon sa bagong mga problema, kinakailangan ng panahon para makapag-ipon ng karanasan. Hindi dapat asahang magpatuloy ang sosyalistang konstruksyon nang banayad; makakasulong lamang ito nang paalun-alon. Para gawing realidad ang obhetibong posibilidad ng mabilis na pag-unlad, kinakailangan ang ating suhetibong pagsisikap. Dito gumaganap ng mapagpasayang papel ang isang Marxistang linya na wastong sumasalamin sa obhetibong batas. Kung wasto ang linya, makakayanan ng pampulitikang Partido ng proletaryado, na mahusay sa paglalagom ng mayamang praktikal na karanasan, na pamunuan ang buong masang anakpawis sa pangingibabaw sa pananabotahe ng kaaway sa uri at sa mga sagka ng kalamidad ng kalikasan at makakamit ang mabilis na pag-unlad ng sosyalistang produksyon

## Ang Pangkalahatang Linya ay Isang Kompas para sa Pagtatatag ng Sosyalismo na may Mas Malaki, Mas Mabilis, at Mas Mahusay na mga Resulta sa Mas Murang Halaga

Matapos lagumin ang panloob at panlabas na mga karanasan at aral sa sosyalistang konstruksyon, binalangkas ni Tagapangulong Mao noong 1958 ang Pangkalahatang Linya na "Ubos-kayang magsikhay, magtarget nang mataas, at itatag ang sosyalismo nang may mas malaki, mas mabilis, at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga." Isa itong Marxistang linya na lubos na gumagamit sa superyoridad ng sosyalistang sistema, lubos na pumupukaw sa suhetibong inisyatiba ng mamamayan, at naglalayong itatag ang sosyalismo nang may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga.

Itinatakda ng Pangkalahatang Linya para sa sosyalistang konstruksyon ang pagkakaisa ng mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga sa sosyalistang konstruksyon. Pumapatungkol ang "mas malaki" sa kantidad ng produkto; ang "mas mabilis", sa oras; ang "mas mahusay", sa kalidad; at ang "mas murang halaga", sa mas kaunting paggugol ng paggawa. Ang rekisitos ng mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga ay mutwal na nagsusuportahan, at gayundin, nagsasalalayan. Kung magtutuon lamang tayo sa mas malaki at mas mabilis na mga resulta sa kapinsalaan ng mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga, ang epekto ay mababang kalidad at malaking gastos. Sa matagalan at kabuuan, ang epekto ay hindi talaga mas malaki at mas mabilis bagkus ay mas kaunti at mas mabagal na mga resulta. Kung magtutuon lamang tayo sa mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga sa kapinsalaan ng mas malaki at mas mabilis na mga resulta, bagamat maaaring mataas ang kalidad ng mga produkto, hindi magiging sapat ang malilikha. Ang takbo ng konstruksyon ay magiging lubhang mabagal para makatugon sa mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Tanging kung

maitatatag natin ang sosyalismo nang may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga magkakaroon ng tunay na mabilis na pag-unlad at matutugunan sa pinakalubos na posibleng paraan ang laging lumalaking mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Ang Pangkalahatang Linya para sa sosyalistang konstruksyon, at ang buong serye ng patakaran ng "paglakad-sa-dalawang-paa" na binalangkas ni Tagapangulong Mao, ay nagtulot sa industriya at agrikultura, mabigat at magaan na industriya, malakihang-saklaw, katamtaman, at maliitang-saklaw na industriya, produksyon sa pamamagitan ng dayuhan at katutubong paraan, atbp., na tulungan at itaguyod ang isa't isa, at tinitiyak sa gayon ang balansyadong pag-unlad ng iba't ibang sektor ng sosyalistang pambansang ekonomya ng Tsina. Wastong sinasalamin ng Pangkalahatang Linya na ito kapwa ang obhetibong rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo, ang batas ng mabilis na pag-unlad ng pambansang ekonomya at ang batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya, at ang rebolusyonaryong kapasyahan ng mamamayan ng buong bayan, na naghahangad ng mabilis na pagbabago ng atrasadong kalagayan ng bayan.

Paano makakamit ang mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga at maiiwasan ang mas kaunti, mas mabagal at mas masahol na mga resulta sa mas mataas na halaga sa sosyalistang konstruksyon? Ang susi ay nasa ganap na pagpapakilos sa masa sa pagtatatag ng sosyalismo. Matagal nang pinaninindigan ng Marxismo na "ang makasaysayang mga aktibidad ay likha ng masa."[16] Itinuturo ni Tagapangulong Mao, "Ang mamamayan, at ang mamamayan lamang, ang motibong pwersa sa kasaysayan."[17] Di miminsang ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao na dapat sumalig sa masa sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika at pagtatag sa sosyalismo. Siniraang ng pangkating Lin Piao, mga tapat na disipulo ni Confucius, ang masa sa lahat ng paraan. Ipinagmalaki nila na ang kanilang "utak ay hindi iyong sa ordinaryong magsasaka, o kaya niyong sa ordinaryong manggagawa." Ubos-kaya nilang tinangka na ilako ang isang maka-Confucius na kasinungalingan na "tanging angpinakamatalino, at pinakamangmang, ang hindi mababago," na lubos na naglalantad sa kanilang pusisyon bilang pusakal na kaaway ng mamamayan. Ipinapahayag ng maraming datos na ang pinakamababang loob ang pinakamatalino at ang pinakamataas ang pinakamangmang. Tanging sa buung-buong pagtitiwala sa masa, pagsalig sa masa, pagrespeto sa mapanlikhang diwa ng masa, pagpapakilos sa lahat ng konstruktibong salik, pakikipagkaisa sa lahat ng mamamayan na mapapagkaisa, at hanggat maaari, pagtatransporma sa mapaminsalng salik tungong konstruktibong salik matagumpay na maisusulong ang sosyalistang rebolusyon sa larangan ng pulitika, ekonomya, ideolohiya at kultura, at mapapaunlad ang sosyalistang produksyon at mga gawain sa syensya, kultura, at edukasyon na may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga. Idinidiin ng Pangkalahatang Linya para sa sosyalistang konstruksyon ang kombinasyon ng pamunuan ng Partido at ng malawak na mamamayan at isang bagong pag-unlad sa linyang masa ng Partido sa sosyalistang konstruksyon.

Pumapatungkol ang "Ubos-kayang magsikhay, magtarget nang mataas" sa ispiritwal na kalagayan at suhetibong inisyatiba na mamamayan. Ipinapakita nito na ang Pangkalahatang Linya ay nagpapatampok sa paglalagay sa proletaryong pulitika sa kumand at nagbibigay-diin sa papel ng rebolusyonaryong kasigasigan ng masa sa sosyalistang konstruksyon. Ang tungkulin ng Partido sa sosyalistang konstruksyon ay panghawakan ang susing kawing na gawain sa pulitika at ideolohiya, itaas ang sosyalistang kamulatan ng mamamayan kaugnay ng sosyalismo, tulungan ang masa na maging dalubhasa sa Marxistang linya ng Partido at sa pangkalahatan at partikular na mga patakaran, at pakilusin at organisahin ang malawak na hanay ng masa para makibaka para sa dakilang layunin ng pagtatatag ng sosyalismo. Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: "Ang panlipunang kayamanan ay nalilikha ng manggagawa, ng magsasaka, at ng nakapag-aral. Hanggat hawak ng mga taong ito ang kanilang kapalaran, nagtataglay ng Marxista-Leninistang linya, at lumulutas sa mga problema nang may konstruktibong aktitud sa halip na iwasan ang mga ito, kayang lutasin ang anumang kahirapan sa daigdig ng tao."[18] Sa sandaling naging dalubhasa na ang malawak na rebolusyonaryong masa sa

Marxistang linya ng Partido, ang kanilang napakalaking kasigasigan ay mapupukaw at magiging malakas na materyal na pwersa para sa paglikha ng mga himala sa daigdig ng tao. Lumitaw ang Dakilang Igpaw Pasulong sa pambansang ekonomya ng Tsina dahil dito.

## Kamtin ang Dakilang Igpaw Pasulong sa Pambansang Ekonomya sa Pamamagitan ng Kasarinlan at Pag-asa-sa-Sarili

Sa gabay ng Pangkalahatang Linya, "Ubos-kayang magsikhay, magtarget nang mataas, at itatag ang sosyalismo nang may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga," masiglang-masigla at handa sa paglaban ang uring manggagawa at lahat ng masang anakpawis ng Tsina. Abot-langit ang kanilang rebolusyonaryong diwa na mangahas mag-isip, magsalita, at gumawa. Ang pagdaluyong ng sosyalistang kompetisyon na magkumpara, matuto, at humabol sa sulong, habang inaagapayan ang nahuhuli, ay papataas na pumailanglang. Tinutulutan ng wastong pamumuno ng Marxistang linya ng Partido ang pambansang ekonomya ng Tsina na masiglang umunlad sa pamamagitan ng kasarinlan at pag-asa-sa-sarili. Lumitaw ang kalagayan ng dakilang pag-igpaw pasulong.

Sa ilalim ng pang-aapi at pang-aalipin ng imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo, ang malawak na masang anakpawis ng Tsina ay sakmal ng katakut-takot na kahirapan at pagdurusa. Tigil ang pambansang ekonomya. Sa mahabang panahon, maraming industriyal na produkto para sa pang-araw-araw na gamit ay pawang inangkat mula sa mga dayuhang bayan. Ang isa ngayong karaniwang posporo ay tinawag noon na "dayuhang apoy," ang telang hinabi ng makina ay "dayuhang tela," at ang mga pako ay "dayuhang pako." Mayroon din noong "dayuhang payong," "dayuhang langis," at marami pang iba. Binaha ng dayuhang mga kalakal ang lokal na pamilihan, at ibinabagsak ang lokal na mga industriya ng Tsina. Ito ang iniwan ng lumang Tsina.

Mula noong liberasyon, sa matalinong pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina, ang bayaning uring manggagawa at masang anakpawis ng Tsina ay nanindigan at determinado na itransporma ang lumang atrasadong Tsina at itayo ang isang masagana at malakas na bagong sosyalistang Tsina. Ang pagkumpleto sa saligan ng sosyalistang rebolusyon sa sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at ang proklamasyon ng Pangkalahatang Linya ng Partido para sa sosyalistang konstruksyon ay malakas na nagsusulong sa pag-unlad ng gawain sa sosyalistang konstruksyon. Sa gitna ng nagngangalit na pambansang pagdaluyong ng Dakilang Igpaw Pasulong, ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Hindi tayo pwedeng sumunod sa lumang landas ng teknolohikal na pag-unlad sa ibang bayan sa daigdig, at gumapang nang paisod-isod sa yapak ng iba. Dapat nating wasakin ang mga kumbensyon, gawin ang lahat ng ating makakaya para magamit ang bagong teknolohiya, at itatag ang Tsina bilang isang modernong makapangyarihang sosyalistang estado sa loob ng maikling istorikong panahon. Kapag nagbabanggit tayo ng Dakilang Igpaw Pasulong, ito mismo ang tinutukoy natin."[19] Sa gabay ng Marxistang linya na binalangkas ni Tagapangulong Mao at sa gabay ng patakaran ng pambansang konstruksyon sa batayan ng kasarinlan at pag-asa-sa-sarili, pinaunlad ng mamamayan ng buong bayan ang kani-kanilang sariling sektor ng industriya. Hindi lamang kumpleto ang larangan ng magaan na industriya, lumilikha rin ito ng sapat kapwa para sa pagiging sapat-sa-sarili at sa eksport. Ang lumang panahon na binaha ng mga produktong import ang mga kalsada ay ganap nang napawi. Mabilis na itinatag at pinaunlad ang mga industriya ng paggawa ng makina, industriya ng metallurhiya, industriya ng kemika, industriya ng syentipikong kasangkapan at panukat, at industriya ng elektroniks ng Tsina. Sa proseso ng pag-unlad ng sosyalistang industriya, ang tagibang na konsentrasyon ng industriya sa mga tabing-dagat na mga probinsya na umiral noon sa Tsina ay binago na. Itinatag ang bagong mga baseng industriya sa interyor, at unti-unting nirasyunalisa sa gayon ang lokasyon ng kapasidad sa produksyon at tinugunan ang mga

pangangailangan ng konstruksyon sa ekonomya at konstruksyon sa pambansang depensa. Sa praktika ng Tatlong Dakilang Rebolusyonaryong Kilusan mabilis na lumawak ang bagong mga syentipiko at teknikal na lakas tauhan, at tuluy-tuloy na tumataas ang antas ng syensya at teknolohiya. Maraming malalaking piraso ng kasangkapang presisyon at mayor na mga proyekto ang kaya na natin ngayong idisenyo at imanupaktura nang walang tulong mula sa labas. Sa batayang ito, ang Tsina ay nakapagpasabog na ng bombang atomiko at *hydrogen* at nakapagpailanglang ng mga satelayt na gawa ng tao. Ang Tsina ang pinakaunang bayan sa daigdig na matagumpay na nakalikha ng sintetikong *insulin*, na nakapagbigay sa gayon ng mahalagang ambag sa pag-aaral sa pinagmulan ng buhay. Ang Tsina ang pinakaunang bayan sa daigdig na matagumpay na nakapagmanupaktura ng *double internal water-cooling turbo-generator*. Sa gabay ng Kaisipang Mao Zedong, naigpawan ng Tsina ang sunud-sunod syentipiko at teknikal na mga hangganan, at nakapagtala ng bagong mga rekord sa malalaking hakbang. Sa paimbulog na pag-igpaw sa pag-unlad ng industriya, syensya, at teknolohiya, ang mekanisasyon ng agrikultura ng Tsina ay mabilis ding sumusulong. Maraming makabuluhang tagumpay ang nakamit sa konstruksyon ng kontrol sa patubig para sa sakahan ng Tsina, at malakihang lumawak ang lupang natatamnan nag may patubig. Malaganap na ginagamit ang "walong-titik na kartilya" ng lupa, abono, tubig, binhi, masinsing pagtatanim, proteksyon ng pananim, at tuwirang pangangasiwa para sa mas mataas na kabuuang produktong agrikultural.

Sa takbo ng sosyalistang konstruksyon ng Tsina, isang "pag-uurong-sulong" ang minsang sumulpot nang ilang panahon sa ilang sektor bilang resulta ng pananabotahe at panggugulo ng rebisyunistang linya na itinulak ng mga pangkating Liu Shao-chi at Lin Piao. Manipestasyon ito ng tunggalian ng dalawang uri at tunggalian ng dalawang linya sa proseso ng sosyalistang konstruksyon. Isa itong tunggalian sa pagitan ng pagsulong at pag-urong. Sa pagsusuri mula sa buong proseso at mula sa buong sitwasyon mula noong pagtatatag ng Republika, ang pambansang ekonomya ng Tsina ay umuunlad sa malalaking igpaw sa gabay ng dominanteng Marxistang linya na binalangkas ni Tagapangulong Mao. Mula 1949 hanggang 1970, ang kabuuang halaga ng produksyong pang-agrikultura ng ating bayan ay tumaas nang 1.5 ulit. Ang halaga ng produksyon ng industriya ay tumaas nang higit 18 ulit. Kasabay ng pag-unlad ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultura, mabilis ding sumulong ang komunikasyon at transportasyon, komersyo, pananalapi at pinansya, at mga empresa sa kultura at edukasyon ng Tsina. Substansyal ding naitaas ang antas ng materyal at kultural na buhay ng mamamayan. Ang di mapapasubaliang mga katotohanang ito ay hindi maitatanggi ninuman. Bigong tinangka ng pangkating Lin Piao na baligtarin ang maniningning na tagumpay na nakamit ng mamamayang Tsino sa tanglaw ng Pangkalahatang Linya sa pamamagitan ng mapanirang-puri na pagsasabi na "tigil ang pambansang ekonomya." Ibayo lamang nitong inilantad ang kanilang pusisyon bilang mga ahente ng imperyalismo, rebisyunismo, at reaksyon, ang kanilang pagkamuhi sa sosyalismo, at ang kanilang naninibasib na ambisyon na panumbalikin ang kapitalismo.

Ang ningning ng batayang linya ng Partido para sa buong istorikong yugto ng sosyalismo at ang Pangkalahatang Linya para sa sosyalistang konstruksyon ay tumatanglaw sa ating malalaking hakbang pasulong. Ang ating dakilang sosyalistang inang bayan ay sumasagana at umuunlad. Kapag tumanaw tayo sa hinaharap, buo ang loob natin at masigla. Kung ano ang hindi nagawa ng burgesya ng Kanluran, dapat at kayang kamtin ng proletaryado ng Silangan!

**Pangunahing mga Sanggunian:**

Lenin, "Minsan Pang Muli Tungkol sa mga Unyon, ang Kasalukuyang Sitwasyon at ang mga Kamalian nina Trotsky and Bukharin", CW 31

J. V. Stalin, "Mga Usapin sa Ekonomya ng Sosyalismo sa U.S.S.R." (Peking, FLP, 1972)

Mao, "Dapat Matuto Tayong Humarap sa Gawaing Pang-ekonomya", SW 3.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Bakit natin sainasabi na may dualidad pa sa mga produktong sosyalista at sa proseso ng sosyalistang produksyon?
2. Ano ang mayor na mga katangian at rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo? Bakit natin sinasabi na para makamit ang layon ng sosyalistang produksyon, kinakailangang wastong panghawakan ang relasyon ng pulitika at produksyon, at ng pulitika at ekonomya?
3. Paano natin ipinapatupad ang Pangkalahatang Linya ng Partido sa sosyalistang konstruksyon sa ating praktika?

**Mga Tala**

1. Engels, Anti-Duhring, p. 401-2.
2. Ibid., p. 401.
3. Lenin, "Mga Atas ng Konseho sa Paggawa at Depensa sa mga Lokal na Organong Sobyet", CW 32 (1973), p.
4. Mula sa "Resolutions on Some Questions Concening the Peoples Communes, Adopted by the 8th Central Committee of the Party at its 6th Plenary Session on December 10, 1958." Ang tekstong ito na may bahagyang naiibang salin ay makikita sa *Communist China, 1955-9: Policy Documents with Analysis* (Cambridge: Harvard University Press, 1962), p. 497.
5. Lenin, "Mga Atas ng Konseho sa Paggawa at Depensa sa mga Lokal na Organong Sobyet", CW 32 (1973), p. 384.
6. Marx, Kapital 3, p. 256.
7. Ibid., p. 250.
8. Lenin, "May Day", CW 7 (1961), p. 199.
9. Marx and Engels, Manipestong Komunista, p. 59.
10. Mao, "Ulat sa Ikalawang Plenum ng Ikapitong Komite Sentral ng PKT," SW 4, p. 365.
11. Lenin, "Ikawalong Kongreso ng Buong Sobyet Rusya", CW, Bol. 31, p. 454.
12. Lenin, "Ang Dakilang Inobasyon", SW, Bol. 4, p. 16.
13. Mao, "Hinggil sa Matagalang Digma", SW, Bol. 2, p. 437.
14. Mao, "Ang Pagkabangkarote ng Ideyalistang Interpretasyon ng Kasaysayan", SW, Bol. 4, p. 1401.
15. Mao, "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan".
16. "Ang Banal na Angkan", Kumpletong mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 2, p. 104.
17. Mao, "Hinggil sa Gubyernong Koalisyon", SW, Bol. 3, p.932.
18. Mao, "Mga Komentaryo tungkol sa 'Pisikal na Lumalahok ang Kalihim ng Partido, at Pinagagana ng Buong Partido ang Kooperatiba," Ang Sosyalistang Daluyong sa Kanayunan ng Tsina, Bol. 1, pp. 5-6.
19. Sinipi mula sa Hung-ch'i [Red Flag], 1965, No.1.

# Kabanata 16

## Ang Sosyalistang Ekonomya ay Isang Planadong Ekonomya

Ang Planado at nasa Proporsyong Pag-unlad ng Pambansang Ekonomya*

Anumang anyo ng panlipunang produksyon ay nahaharap sa suliranin ng pag-aayos ng panlipunang paggawa, ibig sabihin, paglalaan kapwa ng lakas-paggawa (nabubuhay na paggawa) at materyal na lakas (materyalisadong paggawa) sa iba't ibang sektor at sangay ng produksyon. Ang regulasyon ng panlipunang paggawa at produksyon ay sumusunod sa mga tiyak na batas. Napakahalaga ng wastong pagkilala at paggamit sa mga batas pang-ekonomya na nagkokontrol sa sosyalistang produksyon at pag-ibahin ito sa pang-ekonomyang batas na nagkokontrol sa kapitalistang produksyon kung nais natin na pauunlarin ang sosyalistang produksyon na may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga.

### Ang Batas ng Planadong Pag-unlad ang Kumokontrol sa Sosyalistang Produksyon†

Ang Batas ng Planadong Pag-unlad ay ang Kabaligtaran ng Batas ng Kumpetisyon at ng Anarkiya sa Produksyon

Sa anumang malakihang-saklaw na panlipunang produksyon, may umiiral na mahihigpit na relasyon ng pagsasaligan ng iba't ibang sangay ng produksyon. Halimbawa, kailangan ng industriya ng tela ang agrikultura para magsuplay ng bulak at ang industriya ng paggawa ng makina para magsuplay ng mga makinang ikiran at panghabi; kailangan ng industriya ng paggawa ng makina ang industriya ng bakal at asero para magsuplay ng sarisaring lisong asero; at kailangan ng industriya ng bakal at asero ang industriya ng uling para magsuplay ng hilaw na panggatong at ang industriya ng pagbubuo ng makina para magsuplay ng mga makinang pangmina, kasangkapan sa pagdadalisay, plantsa¸ at kung anu-ano pa. Kailangan ng lahat ng ganitong empresa sa industriya at pagmimina ang agrikultura para magsuplay ng panustos sa buhay, ang industriya ng enerhiya para magsuplay ng kuryente, at ang mga departamento ng komunikasyon at transportasyon para ipagbyahe sila ng mga hilaw na materyales at yaring produkto. Ang ganitong relasyon ng pagsasaligan sa hanay ng iba't ibang sangay ng produksyon at sa hanay ng mga empresa ay nagtatakda na magmamantine sila ng wastong proporsyon at magsusuplay sa iba ng kanilang nalilikha para tugunan ang mga pangangailangan ng isa't isa. Kung hindi, mahahadlangan o kaya'y mauuntol pa ang panlipunang produksyon.

Ang kapitalistang lipunan ay isang lipunan na may mataas na antas ng panlipunang produksyon. Ano ang nagkokontrol sa alokasyon ng panlipunang paggawa sa hanay ng iba't ibang departamento ng produksyon sa lipunang ito? Kinokontrol ito ng batas ng kompetisyon at anarkiya sa produksyon at ng batas ng halaga. Hindi ang pagtugon sa mga pangangailangan ng lipunan ang layunin ng kapitalistang produksyon kundi ang pagpapalaki ng halaga para makakuha ng tubo. Para habulin ang mas malalaking tubo, sinusuong ng mga kapitalista ang buhay at kamatayang paglalabanan sa kanilang hanay. Gaya ng mga langaw na naghahabol ng dumi, nililipat-lipat ng kapitalista ang

* She-hui-chu-i ching-chi shih chi-hua ching-chi – kuo-min ching-chi ti yu chi-hua an pi-li fa-chan.

† Sa iba pang mga teksto at komentaryong Tsino noon, minsa'y tinatawag ang batas na ito na batas ng planado at nasa proporsyong pag-unlad.

kanyang kapital bilang tugon sa ispontanyong paggalaw ng mga presyo sa pamilihan, para palawakin ang produksyon ng kalakal una, sa sektor na ito at pagkaraa'y sa sektor na iyon. Sa mga kondisyong ito, madalas na nalalabag ang kinakailangang proporsyunal na mga relasyon sa mga departamento ng produksyon. Matapos lamang ang mga ispontanyong pag-angkop, sa pamamagitan ng pagwasak ng kapasidad sa produksyon, pansamantalang, maibabalik ang nalabag na proporsyunal na mga relasyon. Ang pangungusap ni Lenin na dapat magtatag ng balanse ang kapitalismo na regular na nalalabag sa pamamagitan ng krisis"[1] ay eksaktong paglalarawan ng ganitong sitwasyon.

Matapos halinhan ng sosyalistang sistema ang kapitalistang sistema, ang mga kondisyon sa ekonomya ay pundamental na nabago. Ang sosyalistang produksyon ay nakabatay sa sistema ng pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, at ang layunin nito ay tugunan ang mga pangangailangan ng sosyalistang estado at ng buong masang anakpawis. Sa sosyalistang sistema, sa isang banda, ibayong pinaunlad ang panlipunang produksyon. Mas kailangan na nasa tiyak na proporsyon ang alokasyon ng panlipunang paggawa at magmantine ng wastong balanse sa iba't ibang departamento ng produksyon. Sa kabilang banda, ang masang anakpawis ay nagiging mga panginoon sa produksyon dahil sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon. Iisa ang kanilang mga batayang interes. Pinapawi nito sa hanay ng iba't ibang mga departamento at empresa ang magkakasalaungat na interes na likas sa kapitalismo. Sa gayon, ang sosyalistang estado na kumakatawan sa mga interes ng proletaryado at ng kabuuang masang anakpawis, ay makapaglalaan ng lakas-paggawa at mga kagamitan sa produksyon sa hanay ng iba't ibang departamento ng pambansang ekonomya sa ilalim ng pinag-isang plano na ayon sa mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Nagagawa nitong umunlad ang iba't ibang sektor ng pambansang ekonomya sa isang balansyado at nasa proporsyong paraan. Ang mga kalagayang ito sa ekonomya mismo na batayan ng sosyalistang produksyon ang pumapawi sa batas ng kumpetisyon at sa anarkiya sa produksyon mula sa istorikong yugto at nagpapawalang bias sa batas ng halaga sa pagkokontrol ng produksyong panlipunan. Nagpapausbong rin ang mga ito ng isang bagong batas sa ekonomya, ibig sabihin, ang batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya. Ito ang kumokontrol sa panlipunang produksyon at sa pag-unlad ng buong pambansang ekonomya. Ang di maiiwasang mga pagbabagong ito na bunga ng paghalili ng sosyalismo sa kapitalismo ay syentipikong nahinuha ni Engels. Ipinaliwanag niya minsan, "Oras na ariin ng lipunan ang mga kagamitan sa produksyon, hahalinhan ang internal na anarkiya sa produksyong panlipunan ng planado at mulat na organisasyon."[2]

## Ipinapakita ng Planadong Ekonomya ang Superyoridad ng Sosyalistang Sistema

Ang pagpalit ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya sa kumpetisyon at anarkiya sa produksyon ay isang mahalagang aspeto ng superyoridad ng sosyalismo sa kapitalismo.

Ang sosyalistang planadong ekonomya ay tanda ng pagsisimula ng tao sa mulat na paglikha ng kanilang sariling kasaysayan. Sa lipunang kapitalista, na kinatangian ng kumpetisyon at anarkiya sa produksyon, mga bagay ang naghahari sa tao, sa halip na tao ang naghahari sa mga bagay. Hindi makontrol ng mga manggagawa ang kanilang sariling tadhana, ni makahulagpos ng mga kapitalista mula sa bulag na operasyon ng iba't ibang batas sa ekonomya na gumagana nang hindi alam ng tao. Sa sosyalistang lipunan, ang sistema ng pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon ay nakamit na; ang masang anakpawis ay naging mga panginoon na ng lipunan. Kontrolado nila ang kanilang sariling tadhana at nagsisimulang mulat na gamitin ang obhetibong mga batas para lumikha ng kanilang sariling kasaysayan. Ang mulat na mga aktibidad na ito, ang mulat na paglikha ng kasaysayan na ito, ay nakikita sa proseso ng praktika bilang unti-unting pagkilala sa obhetibong mga batas, pagbabalangkas ng mga plano, batay sa obhetibong mga batas, para itransporma ang Kalikasan

at lipunan, at pagtatamo ng inaasahang mga resulta sa pamamagitan ng organisadong mga aktibidad. Pinagpugayan ni Tagapangulong Mao ang mulat na aktibidad ng masang anakpawis ng Tsina na itransporma ang daigdig sa pamumuno ng Partido, at ipinaliwanag: "Ang pag-unlad ng tao ay ilang daang libong taon nang nagaganap. Sa Tsina, ang mga kondisyon para sa planadong pag-unlad ng kanyang sariling ekonomya at kultura ay ngayon pa lamang nakamit. Sa mga kondisyong ito, ang anyo ng Tsina ay magbabago taun-taon. Mas malaking pagbabago pa kada limang taon. Higit na mas malaking pagbabago pa ang mangyayari matapos ang maraming limang taon panahon."[3]

Ang superyoridad ng sosyalistang planadong ekonomya sa ekonomya ng kapitalistang kumpetisyon at anarkiya ng produksyon ay hindi nakasalalay sa pagtitiyak nito na absolutong mababalanse sa lahat ng panahon ang proporsyunal na relasyon sa hanay ng iba't ibang sektor ng produksyon. Walang anumang bagay sa daigdig na maaaring umunlad sa isang absolutong balansyadong paraan. Sa proseso ng pag-unlad ng sosyalistang ekonomya, pansamantala at relatibo lamang ang balanse. Permanente at absoluto naman ang disbalanse. Dahil sa laging nagbabagong kalagayan sa pagitan ng abante at atrasado sa hanay ng iba't ibang empres, iba't ibang sektor at iba't ibang rehiyon, dahil sa paghadlang at panggugulo ng mga burges na impluwensya, dahil sa mga pagbabago sa likas na mga kondisyon, at dahil sa hangganan ng pag-unawa ng tao sa obhetibong mga bagay, at iba pa, regular pa rin na susulpot ang sitwasyong nasisira ang balansyado at proporsyunal na mga relasyon. Pero sa sosyalistang lipunan, tuluy-tuloy na mapapangibabawan ang tipong ito ng disbalanse sa iba't ibang sektor ng produksyon sa pamamagitan ng mulat na aktibidad ng masa at sa pamamagitan ng regulasyon ng sosyalistang plano ng estado. Kumpara sa bulag na pangangapa na kaugnay ng kumpetisyon at anarkiya sa produksyon, ang patuloy na pangingibabaw sa disbalanse, at ng pagtatatag ng relatibong balanse sa pamamagitan ng pagkontrol gamit ang mga plano, nagiging posible na maiwasan ang napakalaking paglustay ng mga lakas tao, materyal na rekurso at pondo para makamit ang mas rasyunal at ganap na paggamit ng panlipunang paggawa, at para matiyak ang mabilis na pag-unlad ng sosyalistang produksyon Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Kailangan ang isang palagiang proseso ng muling pag-aayos sa pamamagitan ng pagpaplano ng estado para harapin ang kontradiksyon ng produksyon at mga pangangailangan ng lipunan, na matagal na mananatili bilang obhetibong realidad. Bawat taon ay bumubuo ang ating bansa ng plano sa ekonomya para makapagtatag ng wastong tumbasan ng akumulasyon at konsumo at matamo ang balanse ng produksyon at mga pangangailangan. Ang balanse ay walang iba kundi isang pansamantala, relatibong pag-kakaisa ng magkakasalungat. Sa pagtatapos ng bawat taon, ang balanseng ito sa kabuuan, ay ginugulo ng pagtutunggalian ng magkakasalungat; dumaraan sa isang pagbabago ang pagkakaisa, nagiging disbalanse ang balanse, naging di pagkakaisa ang pagkakaisa, at kailangan na muling ayusin ang balanse at pagkakaisa para sa susunod na taon. Hinihingi ng obhetibo at pangmatagalang pag-iral ng mga kontradisyon sa pagitan ng panlipunang produksyon at mga pangangailangang panlipunan na madalas na kontrolin ng tao ang mga ito sa pamamagitan ng plano ng estado. Sa Tsina, may taunang plano na nag-aayon ng angkop na proporsyon sa pagitan ng akumulasyon at pagkonsumo upang makamit ang balanse sa pagitan ng produksyon at mga pangangailangan. Dito, ang tinutukoy ng balanse ay ang pansamantala at relatibong kaisahan ng mga kontradiksyon. Matapos ang isang taon, kung ang kabuuan ang pag-uusapan, nagugulo ang balanseng ito ng tunggalian sa loob ng mga kontradiksyon, at nababago ang kaisahang ito. Ang balanse ay nagiging disbalanse; ang kaisahan ay nagiging kawalan ng kaisahan. Kinakailangang ang balanse at kaisahan ng pangalawang taon."[4] Metapisikal iyong mga pananaw na itinuturing ang planadong pag-unlad ng sosyalistang ekonomya bilang malaya sa mga kontradiksyon at balansyadong pag-unlad. Ang wastong aktitud dapat ay magsagawa ng syentipikong pagsusuri sa mga disbalanse sa pambansang ekonomya para madiskubre ang kanilang magkakaibang kondisyon at malapatan ng karampatang lunas. Matapos ang pagsulpot ng disbalanse, dapat natin itong harapin nang may konstruktibong aktitud. Hindi natin maaaring matigas na baltakin pababa ang mataas para umayon sa

mababa. Sa halip, dapat maagap nating hilahin pataas ang mga atrasadong sektor para magtatag ng bagong balanse ayon sa mga pangangailangan at posibilidad. Sa gayon, ipinapahiwatig ng pagbabago mula balanse tungong disbalanse at ng disbalanse tungong balanse sa proseso ng pag-unlad ng sosyalistang ekonomya ang pagwasak ng lumang mga proporsyunal na relasyon at ang pagtatag ng bagong mga proporsyunal na relasyon sa mas mataas na antas ng pag-unlad. Ito ay pinakakongkretong manipestasyon ng superyoridad ng sosyalistang ekonomya.

## Dapat Wastong Mapanghawakan ang mga Proporsyunal na Relasyon sa Pambansang Ekonomya

Itinatakda ng sosyalistang ekonomya na kontrolin ang iba't ibang nagsasaligang mga sektor ng pambansang ekonomya gamit ang mga plano nang sa gayo'y matiyak ang pag-unlad na nasa proporsyon. Ano kung gayon ang obhetibong mga proporsyunal na relasyon sa iba't ibang sektor ng pambansang ekonomya?

Marami at masalimuot ang mga proporsyunal na relasyon sa pambansang ekonomya. Ang pangunahing mga proporsyunal na relasyon ay ang sumusunod:

Una, ang mga proporsyon sa pagitan ng agrikultura at industriya. Ang agrikultura at industriya ay ang dalawang batayan at nagsasaligan na mga sektor ng produksyon. Kailangan ng mga tauhan at mga manggagawa sa sektor ng industriya ang agrikultura para magsuplay sa kanila ng bigas at iba pang pagkain. Kailangan ng magaan na industriya ang agrikultura para magsuplay dito ng mga hilaw na materyales. Kailangan kapwa ng magaan at mabigat na industriya ang sektor ng agrikultura bilang mahalagang pamilihan para sa kanilang mga produkto. Sa kabilang banda, kailangan ng populasyon sa kanayunan ang industriya para magsuplay ng mga produktong pang-industriya para sa pang-araw-araw na gamit. Kailangan ng produksyon sa agrikultura ang industriya para magsuplay dito ng mga kemikal na abono, pestisidyo, makinaryang pang-agrikultura, kuryente, at iba pang mga kagamitan sa produksyon. Kailangan din ng bahagi iyon ng mga produktong pang-agrikultura na hindi pinanatili ng sektor ng agrikultura ang industriya at populasyon sa kalunsuran bilang pamilihan. Dahil umiiral ang ganitong nagsasaligang relasyon ng agrikultura at industriya, at dahil ang relasyon ng industriya at agrikultura, sa katunayan, ay relasyon sa pagitan ng manggagawa at magsasaka at sa pagitan ng sistema pagmamay-ari ng estado at sistema ng kolektibong pagmamay-ari, isang susing usapin sa planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya ang pagpapanatili ng wastong proporsyon sa pagitan ng industriya at agrikultura, para magkasuportahan sila sa proseso ng pag-unlad ng sosyalistang ekonomya. Ang usaping ito ay mas detalyadong tatalakayin sa susunod na kabanata.

Pangalawa, ang mga proporsyon sa loob ng agrikultura. Kabilang dito ang proporsyon sa hanay ng pagtatanim, forestry, paghahayupan, saydlayn na produksyon, at pangingisda, gayundin ang proporsyon sa hanay ng pagkaing butil, bulak, mantika, abaka at rami, seda, tsaa, asukal, gulay, prutas, mga gamot na herbal, at sarisaring makakain sa loob mismo ng pagtatanim. Sa kabuuang produksyong pang-agrikultura, ang produksyon ng pagkaing butil ang nasa pinakamahalagang pusisyon. Kung gayon, kailangang igiit na ang pagkaing butil ang susing kawing sa paghawak ng mga proporsyunal na relasyon sa loob ng agrikultura. Ang pag-unlad ng mga pananim na pambenta, forestry, paghahayupan, saydlayn na produksyon, at pangingisda ay hindi maihihiwalay sa susing kawing na pagkaing butil. Gayunman hindi ipinahihiwatig nito na ang pag-unlad ng iba pang aytem ng produksyong pang-agrikultura ay maaaring pabayaan. Halimbawa ang forestry; hindi lamang ito tuwirang nagsusuplay ng mga produkto sa lipunan kundi may mahalagang gamit din sa pangangalaga ng tubig at lupa. "Kung walang puno sa kabundukan, hindi mapapanatili doon ang tubig at lupa; ang pagkakaroon ng maraming puno sa kabundukan ay kasing inam ng paggawa ng mga dam." Ang kahalagahan ng forestry sa pag-unlad ng agrikultura ay nakikita kung gayon. Hindi rin maaarng pabayaan ang pag-unlad ng paghahayupan, saydlayn na produksyon, pangingisda, at mga pananim na

pambenta. Mahalaga sa pambansang konstruksyon at pamumuhay ng mamamayan ang pag-unlad ng forestry, paghahayupan, saydlayn na produksyon, at pangingisda. Maitataguyod rin nito ang ibayong pag-unlad ng produksyon ng pagkaing butil sa pamamagitan ng pagtitipon ng pondo at pagpaparami ng abono. Ang patakaran na "kunin ang pagkaing butil bilang susing kawing at tiyakin ang lahatang-panig na pag-unlad," na binalangkas ni Tagapangulong Mao, ang nagturo ng direksyon para sa wastong paghawak sa mga proporsyunal na relasyon sa loob ng agrikultura. Itinatakda ng patakarang ito, na prekondisyon ang pagturing sa pagkaing butil bilang susing kawing, na isaalang-alang ang mga katangian ng iba't ibang rehiyon at tiyakin na ang kabuuang kaayusan ng agrikultura, forestry, paghahayupan, saydlayn na produksyon, at pangingisda, gayundin ang pagkaing butil, bulak, langis, abaka at rami, seda, tsaa, at iba pa ay magkakasuportahan at uunlad bilang kabuuan.

Pangatlo, ang mga proporsyon sa loob ng industriya. Kabilang dito ang mga proporsyon ng magaan at mabigat na industriya, industriya ng hilaw na materyales at industriya ng pagpoproseso, industriya ng pambansang depensa at batayang industriya, gayundin ang mga proporsyon ng mayor at minor na mga makina, at ng mga buong makina at pamalit na pyesa sa loob ng iba't ibang industriya. Ang mga proporsyunal na relasyon sa loob ng industriya ay mas masalimuot pa sa mga proporsyunal na relasyon sa loob ng agrikultura. Pero sa mga masalimuot na relasyon, mayroon pa ring susing kawing. Ang susing kawing na ito ay asero. Kung may asero, makalilikha tayo ng mga makina, at kung may mga makina, makapagpapaunlad tayo ng iba't ibang industriya. Sinasalamin ng susing papel na ito ng asero sa industriya ang isang mayor na aspeto ng mga proporsyunal na relasyon sa loob ng industriya at isinasalarawan na ang pag-unlad ng iba't ibang sektor ng industriya ay dapat nakabatay sa pag-unlad ng industriya ng bakal at asero. Dagdag pa, dapat wastong hawakan din ang iba pang proporsyunal na relasyon. Sa relasyon ng magaan at mabigat na industriya, hindi natin dapat pabayaan ang magaan na industriya kapag binibigyan natin ng prayoridad ang pag-unlad ng mabigat na industriya. Sa relasyon ng industriya ng hilaw na materyales at ng industriya ng pagpoproseso, ang nangungunang aspeto ng kontradiksyon ay ang industriya ng hilaw na materyales. Para paunlarin ang industriya ng hilaw na materyales, lalo na ang industriya ng pagmimina na may mapagpasyang halaga sa industriya ng hilaw na materyales, mahalaga na ilatag ang sosyalistang konstruksyon sa pamamagitan ng pagsasarili at pag-asa sa sarili at mapanatili ang balanse ng industriya ng hilaw na materyales at ng industriya ng pagpoproseso. Sa relasyon ng industriya ng pambansang depensa at batayang industriya, dapat bigyan ng prayoridad ang pag-unlad ng mga batayang industriya. Kung wala ang pag-unlad ng gayong mga batayang industriya, tulad ng metal, kemikal, paggawang makina, elektroniks, at mga instrumentong panukat, hindi makakasulong ang industriya ng pambansang depensa. Sa pamamagitan lamang ng mahigpit na pag-uugnay ng pag-unlad sa industriya ng depensa sa pag-unlad ng batayang industriya at sa pagpapanatili ng relatibong balanse sa industriya ng depensa at batayang industriya mas mabilis na uunlad ang industriya ng depensa at industriya bilang kabuuan. Sa relasyon sa pagitan ng mayor at minor ng mga makina at sa pagitan ng kumpletong makina at mga pamalit na pyesa sa loob ng industriya, dapat pansinin na kung wala ang pagpuno ng mga minor na makina, siguradong hindi tatakbo ang mga mayor na makina. Kung may mga kumpletong makina pero walang mga pamalit na pyesa, matitigil ang operasyon ng mga kumpletong makina sa sandaling maging gastado ang ilang pyesa. Samakatwid, para mamantine ang tamang proporsyon, dapat nating pangibabawan ang maling tendensya ng pagbibigay-diin sa mga mayor na makina sa kapinsalaan ng mga minor na makina at sa mga kumpletong makina sa kapinsalaan ng mga pamalit na pyesa.

Ang mga proporsyunal na relasyon sa loob ng industriya, sa loob ng agrikultura, at sa pagitan ng agrikultura at industriya ang tatlong napakahalagang proporsyunal na relasyon sa buong pambansang ekonomya. Ito ay dahil, sa mga kawing pang-ekonomya ng produksyon, palitan, distribusyon, at konsumo, ang produksyon ang mapagpasyang kawing. Ang agrikultura at industriya ay mga batayang sektor din ng produksyon. Nililikha sa saligan ng agrikultura at magaan na industriya ang mga

produktong pangkonsumo at nililikha sa saligan ng mabigat na industriya ang mga kagamitan sa produksyon. Sa sandaling wastong napanghawakan ang tatlong proporsyunal na relasyon na ito, sa saligan ay naaayos ang proporsyunal na relasyon ng dalawang departamento ng panlipunang produksyon (mga industriya ng mga kagamitan sa produksyon at mga industriya ng mga pangkonsumo.)

Pang-apat, ang mga proporsyon sa pagitan ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultura at ng industriya ng komunikasyon at transportasyon. Ikinategorya ni Marx ang industriya ng transportasyon bilang ikaapat na larangan ng materyal na produksyon, sunod sa ekstraktibong industriya, pagpoproseso, at agrikultura. Nangangailangan ang malakihang-saklaw na panlipunang produksyon na matanggap nang maagap ng iba't ibang sektor at empresa ang kanilang suplay ng hilaw na materyales, naprosesong materyales at panggatong, at maagap nilang maibyahe ang kanilang mga produkto sa mga lugar ng pagkonsumo. Kung walang kaakibat na pag-unlad sa industriya ng komunikasyon at transportasyon, mahahadlangan nang husto ang produksyong pang-industriya at pang-agrikultura.

Panglima, ang proporsyon sa pagitan ng konstruksyong pangkultura at pang-edukasyon at konstruksyong pang-ekonomya. Nagsisilbi sa konstruksyong pang-ekonomya ang konstruksyong pangkultura at pang-edukasyon. Itinataguyod at pinag-iibayo din ng konstruksyong pang-ekonomya ang pag-unlad ng mga gawain sa kultura at edukasyon. Para maitayo ang isang sosyalistang bayan na may modernong agrikultura, industriya, at pambansang depensa, kailangang-kailangan ang pag-unlad ng modernong syensya at kultura. Nangangailangan ang pag-unlad ng konstruksyong pang-ekonomya ng kaakibat na pag-unlad sa konstruksyong pangkultura at pang-edukasyon nang sa gayo'y pabilisin ang tuluy-tuloy na suplay ng mga manggagawang nakapag-aral na may sosyalistang kamulatan.

Pang-anim, ang proporsyon ng pagtaas ng produksyon at pag-unlad ng mga gawain sa kultura at edukasyon sa isang banda, at ng paglaki ng populasyon sa kabila. Ang planadong pag-unlad ng materyal na produksyon at ng kultura at edukasyon ay obhetibong nagtatakda ng planadong paglaki ng populasyon, ibig sabihin, pagpaplano sa pamilya. Ang pagpaplano sa pamilya ay hindi lamang isang batayang prekondisyon para sa reproduksyon ng lakas paggawa, isa rin itong kailangang kondisyon para sa planadong kaayusan ng kabuhayan ng mamamayan, pangangalaga sa kalusugan ng nanay at sanggol, at planadong pag-unlad ng sosyalistang konstruksyon. Makakasagka ang bulag na paglaki ng populasyon sa planado at nasa proporsyon na pag-unlad ng pambansang ekonomya. Sa kapitalistang lipunan, ang paglaki ng populasyon ay kasinggulo ng produksyon ng mga bagay. Hindi mahihinagap ang pagpapatupad ng pagpaplano sa pamilya sa buong lipunan. Sa ilalim lamang ng mga kondisyon kung saan mga panginoon ang proletaryado at ang masang anakpawis nagiging posible na magkaroon ng magkasabay na planadong regulasyon sa paglaki ng populasyon at planadong regulasyon sa produksyon ng mga bagay. Ang pagpaplano sa pamilya ay isang resulta ng pagkontrol ng proletaryado sa sarili nitong kapalaran at isang manipestasyon ng superyoridad ng sosyalistang sistema.

Pampito, ang proporsyunal na relasyon ng akumulasyon at konsumo. Dahil nagtataglay ng iba't ibang antas ng katangian ng kalakal ang mga sosyalistang produkto, dagdag pa sa mga nabanggit na mga proporsyunal na relasyon na pangunahi'y materyal, umiiral ang isang proporsyunal na relasyon ng akumulasyon at konsumo na nakabatay sa halaga. Kung hindi wastong mapanghahawakan ang proporsyunal na relasyon na ito, masasagkaan ang pag-unlad ng buong pambansang ekonomya. Higit na tatalakayin ang usaping ito sa Kabanata 20.

Panghuli, ang proporsyunal na relasyon ng iba't ibang rehiyon, ibig sabihin, ang rasyunal na distribusyon ng kapasidad sa produksyon. Ang sosyalistang lipunan ay umuunlad mula sa kapitalistang lipunan. Ang distribusyon ng kapasidad sa produksyon sa kapitalistang lipunan ay nabuo sa kalagayan ng kumpetisyon at anarkiya sa produksyon at naglalaman ng maraming di

makatwirang salik. Kuning halimbawa ang maagang bahagi matapos ang liberasyon ng Tsina. Bumubuo sa 73 porsyento ng kabuuang halaga ng pambansang produksyong pang-industriya ang kabuuang halaga ng produksyong pang-industriya sa pitong probinsya at dalawang munisipalidad sa baybaying dagat ng Tsina. Nakakalat sa kahabaan ng babaying dagat ang 80 porsyento ng kapasidad sa produskyon ng bakal at asero. Halos walang industriya ng bakal at asero sa Inner Mongolia, sa hilagang kanluran o timog kanluran na sagana sa mga reserbang materyal. Sa industriya ng tela, mahigit 80 porsyento ng mga ikiran at mahigit 90 porsyento ng mga makinang panghabi ay nakakalat sa kahabaan ng baybayin. Kaunting-kaunti lamang ang mga pabrika ng tela sa lugar na nagsusuplay ng bulak at sa interyor. Kung gayon, matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, kinaharap nito ang tungkulin na muling isaayos batay sa heograpiya ang kapasidad sa produksyon. Ang rasyunal na distribusyon ng kapasidad sa produksyon ayon sa heograpiya ay dapat maging paborable sa pagkokonsolida ng diktadura ng proletaryado at pagkokonsolida at pagpapalakas ng pambansang depensa laban sa posibleng agresyon at mga banta ng imperyalismo. Dapat maging paborable ito sa pagpapalakas ng pagkakaisa sa hanay ng masang anakpawis ng iba't ibang nasyunalidad, sa paggamit ng iba't ibang rekurso sa pinakarasyunal na paraan, at sa pagtatayo ng sosyalismo nang may mas malaki, mas mabilis, at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga. Ang susing usapin sa rasyunal na distribusyon ng kapasidad sa produksyon ay para makamit ang "industriya . . . na nakalatag sa buong bayan sa paraan na pinakaangkop sa sarili nitong pag-unlad at sa pagpapanatili at pag-unlad ng iba pang elemento ng produksyon."[5] Sa mahigit 20 taon matapos ang pagkakatatag ng Republikang Bayan at sa gabay ng teorya ni Tagapangulong Mao hinggil sa wastong paghawak sa mga relasyon ng industriya sa baybaying dagat at industriya sa interyor, mabilis na umunlad ang industriya ng Tsina sa interyor. Nagsisimula nang magkahugis ang mga bagong-tayong baseng pang-industriya. Ang mga dating baseng pang-industriya sa mga probinsya at munisipalidad sa baybaying dagat ay lubusan ding nagamit at rasyunal na napaunlad.

### Nakakaimpluwensya pa rin ang Batas ng Halaga sa Sosyalistang Produksyon

Pangunahin ang Pagpaplano, Segundaryo ang Presyo

Ang sosyalistang produksyon, sa isang antas, ay kapwa tuwirang panlipunang produksyon at produksyon ng kalakal din. Bilang produksyon ng kalakal, may sariling mga batas ng operasyon ito. "Saanman umiiral ang mga kalakal at produksyon ng kalakal, nangingibabaw ang batas ng halaga."[6] Samakatwid, nagtatakda sa sosyalistang produksyon kapwa ang batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya at ang batas ng halaga.

Ang nilalaman ng batas ng halaga ay:

(1) ang halaga ng mga kalakal ay itinatakda ng karaniwang oras paggawa na inilapat sa kanilang produksyon;

(2) dapat nakabatay sa prinsipyo ng magkakatumbas na halaga ang palitan ng kalakal.

Magkakaroon ng magkakaibang anyo at lilikha ng magkakaibang epekto sa produksyon sa ilalim ng magkakaibang sistemang panlipunan ang obhetibong rekisitos ng batas ng halaga.

Sa kapitalistang sistema, isinasagawa ang panlipunang produksyon sa kumpetisyon at anarkiya sa produksyon. Ang presyo ng mga kalakal ay nagtataas-baba kasabay ng pagbabago sa relasyong suplay-demand. Minsan ay mas mataas ito kaysa presyo sa produksyon at minsan ay mas mababa. Kapag ang presyo ay mas mataas kaysa presyo sa produksyon, ang tubo ay mas malaki kaysa karaniwang tubo. Kapag nakikita ng kapitalista ang pagkakataon ito para sa mas malaking tubo, magmamadali siya para ipuhunan ang kanyang kapital sa mas mapagtutubuang mga sektor na ito. Sa kabaligtarang sitwasyon, aalisin ang kapital. Sa ilalim ng mga bulag na kondisyong ito umuunlad ang

panlipunang produksyon. Ipinapakita ng mga kondisyong ito na ang batas ng halaga sa kapitalistang sistema ay nakikita bilang isang pwersang panlabas na gumagalaw nang hindi alam ng tao at siyang pangkalahatang tagapagkontrol sa produksyong panlipunan.

Sa sosyalistang sistema, isinasagawa ang panlipunang produksyon sa isang planadong paraan. Ang presyo ay nakabatay sa halaga at itinatakda ng estado sa pinag-isang paraan. Hindi na tumataas-baba ang presyo sa mga pagbabago sa relasyong suplay-demand. Ang batas ng halaga ay hindi na isang pwersang panlabas na naghahari sa tao. Sa batayan, ito ay mulat na ginagamit ng tao para maglingkod sa sosyalistang konstruksyon. Higit pa, ang mga epekto ng batas ng halaga sa panlipunang produksyon ay ibayong nalimitahan na rin. Ang kongkretong manipestasyon ng mga ito ay ang sumusunod:

Una, ang produksyon sa sosyalistang empresa ng estado ay hindi nakapailalim sa mga pagtaas-baba ayon sa antas ng mga presyo at laki ng tubo. Hindi kinokontrol ng batas ng halaga ang produksyon, kundi ng plano sa pambansang ekonomya ayon sa rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo at batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya. Batay sa mga pangangailangan ng estado at mamamayan, itinatakda ng plano ng estado kung ano at gaano karami ang lilikhain, at dapat lubusang maisagawa ito ng empresa ng estado. Dapat lumikha ang empresa ayon sa plano anuman ang tubo. Ang pagkalugi ay pupunuan naman ng mga planadong subsidyo. Kung hindi sinusunod ng pamunuan ng isang empresa ang itinakda ng plano at sa sarili nito ay nagpalawak ng produksyon ng mga produktong pinagtutubuan nang malaki, lalabagin nito ang mga rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo at batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya at maliligaw sa kapitalistang landas.

Pangalawa, ang produksyon sa mga sosyalistang empresa ng kolektiba sa kanayunan ay isinasagawa rin sa gabay ng plano ng estado. Di tulad ng empresa ng estado, ang empresa ng kolektiba ay isang yunit pang-ekonomya na responsable sa sarili nitong tubo at lugi. Tuwirang naiimpluwensyahan ng antas ng mga presyo ng produkto at laki ng kita ang akumulasyon ng kolektiba at kita ng mga myembro nito. Sa magkakaparehong kalagayan, ang empresa ng kolektiba sa pangkalahata'y kumikiling na lumikha ng mas maraming mga produkto na may mababang gastos at may mataas na kita. Kaugnay nito, higit na naiimpluwensyahan ng batas ng halaga ang produksyon ng empresa ng kolektiba kaysa niyong produksyon ng empresa ng estado. Gayunman, ang saklaw ng tinatamnan ng pagkaing butil, bulak, mantika, at iba pang mayor na pananim ay itinatakda ng plano ng estado. Hindi arbitraryong mapapalawak ng ekonomya ng kolektiba ang sakahang saklaw ng mga pananim na iyon na may mas mataas na kita. Maaari lamang nitong palakihin ang ani kada-sukat-ng-lupa ng mga pananim na ito sa saklaw ng sinasaka na itinakda ng estado sa pamamagitan ng mas intensibong pagsasaka, mas maraming abono, at mas mahusay na pamamalakad. Kung gayon, sa usapin ng produksyon ng mga mayor na produkto sa ekonomya ng kolektiba sa kanayunan, ang kumokontrol na papel na may mapagpasyang kahalagahan ay ang batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya pa rin. Ang batas ng halaga ay gumagampan lamang ng segundaryong papel. Sa mga produkto lamang na hindi mahalaga sa estado at mamamayan, iyong hindi kasama sa plano ng estado o nakuha sa pamamagitan ng mga kontrata, nagiging mas mahalaga ang antas ng presyo at laki ng kita. Mabilisang umuunlad ang mga produktong mas mataas ang kita, samantalang may kahirapang umunlad ang mga produkto na mas maliit ang kita. Ang batas ng halaga ay gumagampan ng kaunting nagkokontrol na papel hanggang sa isang antas kaugnay ng mga produktong ito lamang.

Kung ang buong sosyalistang produksyon ang pag-uusapan, pangunahin ang pagpaplano at segundaryo ang presyo. Ibig sabihin, sa alokasyon ng panlipunang paggawa sa iba't ibang sektor ng produksyon, kung ano at gaano karami ang lilikhain ay kinokontrol ng plano ng estado, na sumasalamin sa mga rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo at batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya. Gumagampan ng pangunahin at mapagpasyang

papel ang plano ng estado. May gamit pa rin ang batas ng halaga, pero gumagampan lamang ito ng segundaryo at pansuportang papel.

## Mahusay na Paaralan ang Batas ng Halaga

Sa sosyalistang produksyon, hindi lamang iba ang anyo at antas ng epekto ng batas ng halaga sa mga inilalapat sa kapitalistang produksyon, kundi iba rin pati ang mga epektong panlipunan.

Sa kapitalistang sistema, sa isang banda, itinataguyod ng bulag na regulasyon ng produksyon ng batas ng halaga ang pagsulong ng teknolohiyang pamproduksyon. Sa kabilang banda, di maiiwasang tumungo ito sa isang napakalaking pag-aaksaya ng kayamanan ng lipunan at maramihang pagkabangkrap sa hanay ng katamtamang laki at maliliit na empresa, at pinatitindi ang makaurang kontradiksyon sa kapitalistang lipunan.

Sa sosyalistang sistema, kaya ng proletaryong Partido at sosyalistang estado na kilalanin ang obhetibong papel ng batas ng halaga at magagamit ang konstruktibong epekto nito sa sosyalistang produksyon at malilimitahan o mapapawi ang mga negatibong epekto nito.

Sa proseso ng pag-unlad ng sosyalistang produksyon, magkaminsa'y iisa ang direksyon ng mga epekto na idinudulot ng batas ng halaga at batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya. Halimbawa, itinatakda ng batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya ang pagpapabilis ng produksyon ng ilang pananim pambenta para tugunan ang pangangailangan sa hilaw na materyales dahil sa mabilis na pag-unlad ng ilang magaan na industriya. Magagarantiyahan din ng presyo ng mga pananim pambenta na ito ang rasonableng kita para sa kolektibong ekonomyang pang-agrikultura. Sa mga kalagayang ito, magkakatulad ang rekisitos ng plano ng estado para sa pinalaking produksyon at ang mga rekisitos ng kolektibong ekonomyang pang-agrikultura para sa pinalaking produksyon at piñatas na kita. Sa pangkalahatan, makakamit o malalampasan ang plano sa pinalaking produksyon. Gayunman, ang direksyon ng mga epekto na idinudulot ng dalawang epektong ito ay maaaring maging iba. Kaugnay ng komparatibong relasyon sa presyo sa pagitan ng mga pananim na pagkaing butil at pananim na pambenta at sa hanay ng iba't ibang pananim na pambenta sa loob ng produksyong pang-agrikultura, makapagbibigay ng mas malaking kita ang presyo ng ilang pananim na pambenta sa kolektibong ekonomya kaysa presyo ng ibang mga pananim na pambenta. Kung hahayaang maimpluwensyahan ng batas ng halaga ang produksyon, makapamiminsala ito sa rekisitos ng pambansang plano sa ekonomya na magkaroon ng pangkalahatang paglaki sa produksyon ng lahat ng pananim pero sa iba't ibang antas para sa iba't ibang pananim. Kung gayon, makikita natin na kapag magkatulad ang epekto ng dalawang batas, gumaganap ng konstruktibong papel ang batas ng halaga sa pagpapatupad ng plano ng estado. Pero kung hindi magkatulad ang epekto ng dalawang batas, sinisira ng batas ng halaga ang pagpapatupad ng plano ng estado at gumaganap ng negatibong papel. Nangangahulugan ang tinaguriang mulat na paggamit ng batas ng halaga na ang papel ng batas ng halaga ay dapat komprehensibong nauunawaan, at sa pamamagitan ng gawaing pampulitika at pang-ideolohiya, pagsasaayos ng plano ng estado at patakaran sa presyo, mapapagana ang positibong papel ng batas ng halaga at mapipigilan ang negatibong papel nito, nang sa gayon ang epekto nito sa sosyalistang produksyon ay makakatulong sa pagpapatupad ng plano ng estado. Konsistenteng idinidiin ng ating Partido at gubyerno ang sosyalistang edukasyon ng magsasaka at ang planadong pamumuno sa produksyong pang-agrikultura. Kaalinsabay nito, nagbigay pansin din sila sa rasyunal na kaayusan ng presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura at produktong saydlayn at sa komparatibong relasyon sa presyo sa hanay ng iba't ibang produktong pang-agrikultura at pansaydlayn, at puspusang nakibaka para tugunan kapwa ang pangangailangan ng estado para sa mga produktong pang-agrikultura at pansaydlayn at itaguyod ang pag-unlad ng produksyon ng komuna at brigada at itaas ang kita ng mga

myembro ng komuna, sa gayon ay wastong pinanghahawakan ang interes ng estado, ng kolektiba at ng indibidwal.

Ang mulat na paggamit ng sosyalistang bayan sa batas ng halaga para maitulak ang sosyalistang produksyon ay nakikita rin sa gamit nito sa sistema ng akawnting sa ekonomya bilang paraan sa pagpapatupad ng patakaran sa pagpapatakbo ng isang empresa nang masipag at matipid. Batay sa rekisitos ng batas ng halaga, itinatakda ng sosyalistang bayan ang parehong presyo para sa parehong produkto ayon sa karaniwang lakas paggawa na inilapat sa paglikha ng produkto. Pero dahil magkakaiba ang mga kondisyon sa teknolohiya ng produksyon at mga antas ng pamamalakad at operasyon, maaaring magkakaiba ang indibidwal na inilapat na paggawa sa parehong produkto sa magkakaibang empresa. Ang indibidwal na paglalapat ng paggawa sa mga empresa na makaranasan sa pagpapakilos sa masa, palagiang nagpapaunlad ng teknolohiya sa produksyon, at nagpapababa ng mga gastos sa pamamagitan ng maingat at detalyadong kalkulasyon ay maaaring mas mababa kaysa karaniwang inilapat na lakas paggawa. Matutupad at malalampasan nila sa gayon ang mga target ng plano na itinakda sa kanila ng estado at malalagay sa abanteng pusisyon. Kabaligtaran nito, ang mga empresa na bulagsak, maaksaya, konserbatibo, at hindi mahusay sa pagpapakilos sa masa para itransporma ang kanilang atrasadong kondisyon sa teknolohiya ay magkakaroon ng mas mataas na indibidwal na inilapat na paggawa kaysa karaniwan sa lipunan. Hindi nila matutupad ang mga target na itinakda sa kanila ng estado at malalagay sa atrasadong pusisyon. Samakatwid, ang pinag-isang presyo na itinakda ng sosyalistang estado, gamit ang batas ng halaga, ay mainam sa paglalantad ng mga kontradiksyon ng iba't ibang empresa sa operasyon at pamamalakad, at tumutulong sa pagtuklas sa mga pagkakaiba ng abante at atrasado upang maitulak ang iba't ibang empresa na palagiang paunlarin ang kanilang operasyon at pamamalakad, pababain ang kanilang mga gastos sa produksyon, at ipatupad ang patakaran na patakbuhin ang empresa nang masipag at matipid.

Maituturo sa atin ng wastong paglalapat ng batas ng halaga nang sumusunod: sundin ang rekisitos ng batas ng halaga para itakda nang makatwiran ang mga presyo; gamitin ang impluwensya at mga epekto ng batas sa halaga para ayusin nang makatwiran ang produksyon; eksaktong kalkulahin ang laki ng produksyon at buksan at gamitin ang mga potensyal ng produksyon batay sa mga aktwal na kondisyon; at paunlarin ang mga pamamaraan sa produksyon, pababain ang mga gastos sa produksyon, at tuluy-tuloy na ipatupad ang akwanting sa ekonomya. Ipinapakita ng mga positibong papel na ito na mahusay sa paaralan ang batas ng halaga. Naobserbahan ni Stalin: "Ito ay napakahusay na paaralang praktikal. Itinataguyod nito ang mabilis na pag-unlad ng ating mga kadre sa gawaing pang-ekonomya kaya't nagiging tunay na mga lider sila sa sosyalistang produksyon sa kasalukuyang yugto."[7]

Sa sosyalistang lipunan, nais ng proletaryado na magamit ang batas ng halaga para itulak ang pag-unlad ng sosyalistang konstruksyon habang sinisikap nang husto ng burgesya na gamitin ang batas ng halaga para magtayo ng mga malayang pamilihan at guluhin ang sosyalistang konstruksyon. Tinangka nang husto ng mga pangkating Liu Shao-chi at Lin Piao na palakihin ang papel ng batas ng halaga. Idiniin nila ang "lubos na makapangyarihang kalikasan" ng batas ng halaga at itinaguyod ang batas ng halaga bilang tagakontrol ng panlipunang produksyon. Sa kanilang pagpapanumbalik ng kapitalismo, ang taksil na rebisyunistang pangkating Sobyet ay lantarang gumamit sa batas ng halaga bilang "isang obhetibong tagakontrol ng sosyalistang panlipunang produksyon." Naglunsad din ito ng isang "bagong sistemang pang-ekonomya" na nakatuon sa paglalagay ng tubo sa kumand at paggamit ng mga materyal na insentibo na naaayon sa rebisyunistang teorya na ito. Kahit pa minsa'y magkakaiba ang mga hakbangin na ginagawa ng mga lokal at dayuhang rebisyunista, iisa ang kanilang layunin, na walang iba kundi guluhin ang sosyalistang konstruksyon at panumbalikin ang kapitalismo. Sinasabi sa atin ng karanasang ito na nasalamin sa tunggalian ng dalawang linya kaugnay ng usapin ng batas ng halaga na kailangang gumuhit ng linya ng pag-iiba ng Marxismo at rebisyunismo at matatag na

manatili sa sosyalistang landas para wastong mapagsilbi ang batas ng halaga sa sosyalistang produksyon. Hindi tayo kailanman dapat maging bulagsak; kung hindi'y maliligaw tayo ng landas.

### Dapat Wastong Salaminin ng Plano sa Pambansang Ekonomya ang mga Obhetibong Batas

Dapat Sinasalamin ng Gawain sa Pambansang Plano sa Ekonomya ang mga Rekisitos ng Obhetibong mga Batas.

Ang batas sa planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya at batas ng halaga ay kapwa mga batas pang-ekonomya na obhetibong umiiral sa sosyalistang lipunan. Ang mga papel ng mga batas na ito ay saligang nakakamit sa pamamagitan ng kanilang mulat na aplikasyon. Ang plano sa pambansang ekonomya ng sosyalistang estado ay isang anyo ng mulat na aplikasyon ng mga batas na ito. Kabilang sa gawaing pagpaplano sa pambansang ekonomya ang pananaliksik, pormulasyon, pagpapatupad, pag-iinspeksyon, pag-aayos, at paglalagom. Kung wala ang gawaing pagpaplano sa pambansang ekonomya, imposibleng makamit ang nasa proporsyong pag-unlad ng sosyalistang pambansang ekonomya. Syempre, kahit hindi mulat na inilalapat ng tao ang mga ito, mananaig sa kalaunan ang batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya at batas ng halaga. Halimbawa, kung ang mga organo ng pamunuan sa ekonomya ay hindi seryosong mag-iimbestiga at mag-aaral, hindi nirerespeto ang mga obhetibong rekisitos ng batas ng planadong pag-unlad, o kung bulagsak na binabalangkas ang mga proporsyon o kung binalangkas nila ang plano sa presyo nang hindi isinaalang-alang ang mga rekisitos ng batas ng halaga at arbitraryong itinatakda ang mga presyo sa paraang hindi nababayaran ang karaniwang gastos ng ilang departamento sa produksyon at hindi maipagpatuloy ang produksyon, sa gayon, iba't ibang dislokasyon ang lilitaw sa nagsasaligang mga departamento. Tuturuan ng mga pangyayaring ito ang tao sa pamamagitan ng negatibong halimbawa na igalang ang mga batas na ito at isaalang-alang ang rekisitos ng mga batas na ito sa pamamagitan ng pagpapalakas at pagpapaunlad ng gawain sa pambansang plano sa ekonomya.

Isang mahalagang kawing sa gawain sa pambansang plano sa ekonomya ay ang pagbubuo ng mga plano. Ang mga plano ay binubuo ng mamamayan at mga produkto ng ideolohiya. Ang ideolohiya ay salamin ng realidad at may ganting aksyon din sa realidad. Itinutulak ng wastong plano ang mabilis na pag-unlad ng sosyalistang ekonomya. Hinahadlangan ng di wastong plano ang pag-unlad ng sosyalistang ekonomya.

Para maging wasto pambansang plano sa ekonomya, kailangan una sa lahat na salaminin ng mamamayan sa proseso ng pagbubuo ng plano ang mga obhetibong rekisitos ng batas ng planadong pag-unlad sa lahat ng aspeto nito,. Hindi ito madali. Sa lipunang sosyalista, ang burgesya at lahat ng nagsasamantalang uri ay nagsisikap nang husto para guluhin at manghimasok sa planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya sa iba't ibang paraan at pahirapan ang proletaryado na maunawaan ang batas na ito. Ang buong pambansang ekonomya ay isang masalimuot na bagay na batbat ng kontradiksyon. Ang mga disbalanse ay sumusulpot at nalulutas para sumulpot lamang muli. Napakadaling magbago ng mga obhetibong kondisyon. Hindi madali para sa suhetibo na wastong salaminin ang obhetibo. Pero hindi ito nangangahulugan na ang mga proporsyunal na relasyon sa pambansang ekonomya ay hindi matutukoy. Kung palagian tayong naglalagom ng karanasan, malalim na nagsisiyasat at nag-aaral, seryosong nagsusuri, sumasalig sa masa, at nagtatrabaho nang masinop, posibleng-posible na unti-unting makilala ang batas ng planadong pag-unlad at gawin na mas naaayon sa rekisitos ng batas na ito ang plano sa pambansang ekonomya.

Ang batas ng planadong pag-unlad ng pambansang ekonomya ay nagtatakda lamang na sa proseso ng pag-unlad ay mamantini ang magkakatugmang proporsyunal na relasyon ng mga nagsasaligan na sektor. Hindi nito tinutukoy para sa atin ang direksyon at mga tungkulin ng sosyalistang pag-unlad ng ekonomya. Ito ang saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo na

tumutukoy sa esensyal na direskyon at mga tungkulin ng sosyalistang pag-unlad ng ekonomya. Samakatwid, ang tumpak na pambansang plano sa ekonomya ay dapat wastong sumasalamin hindi lamang sa mga rekisitos ng batas ng planadong pag-unlad kundi pati sa mga rekisitos ng saligang pang-ekonomyang batas ng sosyalismo sa iba't ibang aspeto nito. Nilalaman ng pambansang plano sa ekonomya, na sumasalamin sa mga rekisitos ng obhetibong mga batas na ito, ang interes ng proletaryado at ng buong masang anakpawis. Ito ang programa ng Partido para sa konstruksyong pang-ekonomya at dapat seryosohin at matatag na ipatupad.

## Pangkalahatang* Balanse ang Batayang Pamamaraan sa Gawaing Pagpaplano

Sa gawain sa pambansang plano sa ekonomya, mahalagang magpakadalubhasa sa pangkalahatang balanse. Ang pangkalahatang balanse ay hindi balanse sa loob ng mga indibidwal na sektor. Ito ay balanse sa agrikultura, balanse sa industriya, at balanse sa pagitan ng industriya at agrikultura. Kabuuang balanse ang batayang pamamaraan sa planadong ekonomya.

Ang tungkulin ng pangkalahatang balanse, sa pangunahin, ay ang pagsasaayos ng mga proporsyunal na relasyon sa pambansang ekonomya. Alinsunod sa mga mayor na tungkulin ng estado sa panahon ng pagpaplano, ang estado ay wastong naglalaan ng paggawa, mga materyal na rekurso, at pinansya sa iba't ibang sektor ng pambansang ekonomya at nagtatatag ng balanse sa pagitan ng panlipunang produksyon at panlipunang pangangailangan nang sa gayon, umaayon ang paglago ng mga kagamitan sa produksyon sa mga pangangailangan ng laging umuunlad na sosyalistang produksyon, at sa gayo'y umaayon ang paglago ng produksyon ng mga produktong pangkonsumo sa mga pangangailangan na umuusbong mula sa unti-unting pagbuti ng antas ng pamumuhay ng mamamayan.

Ang proseso ng pangkalahatang balanse ay isang proseso ng paglalantad, pagsusuri at paglulutas ng mga kontradiksyon. Para maging mahusay sa pangkalahatang balanse, dapat nating hawakan ang mga kontradiksyon nang may positibong aktitud, masiglang itulak ang produksyon ng mga produktong *short-range*[8] at, at pabilisin ang pag-unlad ng mga susing sektor sa pambansang ekonomya na pansamantalang atrasado para maitatag ang bagong balanse sa isang bago at mas mataas na antas. Sa parang ito lamang mas mabuting mapangangalagaan ang konstruksyong pambansang depensa, konstruksyong kapital at mga pangangailangan sa kabuhayan ng mamamayan. Para salungatin ang proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, kung minsan, nagpapanukala ang pangkating Liu Shao-chi ng tinaguriang "panandaliang balanse" at isinapraktika sa malaking paraan ang negatibong balanse para hatakin pababa ang mataas para bagayan ang mababa.† Kung minsan,

---

* Mauunawaan din ito bilang buo (iyon ay intersektoral at interrehiyonal) na balanse.

† Hindi nakita ng mga Maoista ang balanse bilang isang di gumagalaw na relasyon ng mga *economic variables*. Iniisip nila ito bilang mas dinamikong pangyayari na, gaya ng idinidiin ng teksto, ang balanse ay nagbibigay-daan sa disbalanse na siya namang nagbibigay-daan sa bagong balanse. Ang "pasibo" at "panandalian" na balanse ay mga pagtatangka na matamo ang pormal na balanse; binibigyan ng pangunahing halaga ang balanse sa bawat yugto ng pag-unlad. Ang puna ng mga Maoista ay sa paghahanap ng gayong pansamantala o "panandalian" na balanse ay makadaragdag sa higit pang disbalanse sa matagalan. Ang ganitong pananaw sa balanse ay sasakal at babawas sa mga dinamikong elemento sa iba't ibang antas ng pambansang ekonomya, hihilahin pababa ang abante at pipigilan ang lokal na inisyatiba. Para sa mga Maoista, ang paraan para umangkop sa disbalanse na idinudulot ng mabilis at di pantay na pag-unlad at para malampasan ang samu'tsaring bara at kakapusan ay himukin ang atrasado na humabol sa abante at himukin ang lahat ng antas ng ekonomya na higit pang magpalalim sa kanilang mga potensyalidad sa produksyon at pakilusin ang lokal na rekurso – ito ang "aktibong" balanse. Ginamit ng mga makakanang pwersa ang teorya ng "pasibong" balanse

nagtatakda sila ng mga target na napakataas kayat hindi matupad. Nang hindi maabot ang mga target na ito, bumaling sila sa "lubos na pag-atras." Itinulak nila ang Kanang oportunistang linya sa gawaing pagpaplano na "Kaliwa" sa anyo, pero Kanan sa esensya.

Ang pangkalahatang balanse ay ang paglatag ng balanse sa buong pambansang ekonomya. Pero hindi ito paglalapat ng pantay-pantay na pwersa nang hindi pinag-iiba kung ano ang higit at ano ang di gaanong mahalaga. Kung ang dalawang kamay ay kailangang makahuli ng 10 isda sa isang pagkakataon, ang resulta ay walang mahuhuling isda. Sa masalimuot na proporsyunal na mga relasyon ng buong pambansang ekonomya, mayroong mas mahalaga at di gaanong mahalaga, may nangingibabaw at nakapailalim. Para matamo ang pangkalahatang balanse, dapat nating pag-ibahin ang higit na mahalaga at ang di gaanong mahalaga at tiyakin na mapagtutuuanan ang mga susing punto. Dapat muna nating tiyakin na matutugunan ang mga pangangailangan ng mga nangungunang kawing at mga susing sektor sa pag-unlad ng pambansang ekonomya. Sa pagbabalangkas ng isang plano para sa kapital na konstruksyon, dapat ipatupad ang prinsipyo ng pagkokonsentra ng mga pwersa para lumaban sa isang digmang mapanlipol. Kung tayo ay magsisimula sa departamentalismo, hindi magtutuon ng pansin sa kung ano ang mas mahalaga at kung ano ang di gaanong mahalaga, magkokonsentra sa maraming bagay, at ikakalat nang manipis ang limitadong lakas paggawa, materyal na rekurso at pondo sa malapad na larangan ng digma, sa gayo'y makakalat ang ating mga pwersa, at tiyak na maaapektuhan ang maagang pagkukumpleto at pagpapatakbo ng maraming susing bagay. Syempre, ang pagtiyak sa mga susing punto ay hindi nangangahulugang isasantabi ang mga karaniwang bagay. May mahihigpit na relasyon ng pagsasaligan sa pagitan ng mga susing punto at karaniwang bagay. Hindi uunlad nang wasto ang mga karaniwang bagay kung isasantabi natin ang mga susing punto. Pero kung isasantabi natin ang mga ordinaryong bagay, maapektuhan din ang pag-unlad ng mga susing punto. Samakatwid, dapat rin tayong magbigay ng pansin sa ordinaryong mga bagay sa prekondisyon na naaasikaso rin ang mga susing punto. Dapat tayong magsimula sa kabuuan at isaalang-alang lahat ng bertikal at horisontal na relasyon upang maiwasan ang kamalian ng pagiging makaisang-panig.

Sa gawain ng pangkalahatang pagbabalanse, dapat pagtuunan ng pansin ang balanse ng paggawa, materyales, at pondo. Tao ang pinakamahalagang salik sa mga pwersa sa produksyon; kaya't sa tatlo, dapat unang ayusin ang balanse ng paggawa. Alinsunod sa prinsipyo na agrikultura ang pundasyon ng pambansang ekonomya, dapat munang tiyakin ang sapat na paggawa sa agrikultura. Ang mga manggagawa ay ililipat mula agrikultura tungong industriya, o iba pang sektor ng pambansang ekonomya, kapag tinulutan lamang ng pag-unlad ng produksyong pang-agrikultura at mekanisasyon ng agrikultura ang mga lugar sa kanayunan na magtagumpay sa pagbibigay ng sobrang lakas paggawa at mas maibebentang mga pananim na butil at pangkalakal. Kapag lumihis tayo sa paunang rekisitong ito at maglipat ng masyadong maraming lakas paggawa mula sa agrikultura, masisira ang pangkalahatang balanse, at hindi ito magiging paborable sa mabilis, planado, at nasa proporsyong pag-unlad ng pambansang ekonomya.

May isang di maiiwasang proseso ng paglitaw ng mga disbalanse at ng pagtatatag ng bagong mga balanse sa hanay ng iba't ibang sektor ng pambansang ekonomya. Para matiyak ang nasa proporsyong pag-unlad ng iba't ibang sektor, kinakailangan na magbuo at magmantine ng tiyak na dami ng mga materyal na reserba. Dapat wasto ang dami ng iba't ibang tipo ng materyal na reserba. Kung masyadong kakaunti ang mga reserba, hindi matutugunan ng mga ito ang mga pangangailangan sa pagpuno ng agwat ng dalawang relatibong balanse. Bilang resulta, ang ilang sektor ay kailangang tumakbo nang mababa kaysa kapasidad dahil sa kakulangan sa ilang materyal na rekurso, at makakaapekto ito sa mabilis na pag-unlad ng pambansang ekonomya. Kung masyadong

---

para siraan ang kilusang masa na magtayo ng mga lokal na industriya, na itinuturing na "taliwas" at malamang na magdudulot ng "mga gulo sa balanse."

marami naman ang mga materyal na reserba na lampas sa pangangailangan na punuan ang pansamantalang kakulangan, ang materyal na reserba naman na nagamit sana sa kasalukuyang produksyon ay hindi makukuha, at makakaapekto rin ito nang masama sa mabilis na pag-unlad ng pambansang ekonomya.

## Sundin ang mga Batayang Prinsipyo ng Gawaing Pagpaplano

Para maging mahusay sa gawaing pagpaplano, dagdag sa paggamit ng batayang pamamaraan ng pangkalahatang balanse, kailangan din na tumalima sa ilang batayang prinsipyo na nakuha mula sa praktikal na karanasan ng gawaing pagpaplano.

Dapat paganahin nang husto ng gawaing pagpaplano kapwa ang sentral at lokal na inisyatiba at ikombina ang sentralisado at pinag-isang pamumuno sa pagpapalarga sa lokal na aktibismo.

Para magbalangkas at magpatupad ng pinag-isang pambansang plano sa ekonomya, kailangang magkaroon ng mahigpit na sentralisado at pinag-isang pamumuno. Sa gawain sa pambansang plano sa ekonomya, hindi magkakaroon ng pinag-isang pambansang plano sa ekonomya kapag walang sentralisado at pinag-isang pamumuno at kung ang pananaw sa buong sitwasyon ay hindi itinaguyod at hindi tinunggali ang labis na desentralisasyonnang sa gayon, makagagawa ng kani-kanilang plano ang bawat lokal na yunit. Gayunman, ang sosyalistang sentralisadong pamumuno ay itinayo sa malawak na pundasyon ng demokrasya. Dapat ikombina ang sentralisado at pinag-isang pamumuno sa lokal na aktibismo. Sa pagbubuo ng plano sa pambansang ekonomya, dapat alamin ng mga kinauukulang sentral na departamento kung ano ang lokal na opinyon, kumonsulta sa mga lokal na yunit, at bumuo ng mga plano kasama ang mga lokal na yunit. Sa pagpapatupad ng plano, kailangan din na magbigay ng pagtatangi para sa lokal na mga kalagayan. Ang mga pagtatanging ito ay hindi dahilan para lumikha ng nagsasariling mga kaharian kundi mga kinakailangang pagluluwag na umaangkop sa interes ng kabuuan, nagpapahintulot sa lubos na pagbubukas ng potensyal sa produksyon ayon sa mga lokal na kalagayan, at mas mahusay na nagpapabilis sa pagtupad ng plano sa pambansang ekonomya. Kaugnay na sistema ng gawaing pagpaplano, kailangan na magpatupad ng isang sistema na nagkukumbina ng pinag-isang plano sa administrasyon sa bawat antas ng plano. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao sa panahon ng pagtatatag ng Republikang Bayan ng Tsina: "Dapat pag-isahin ang dapat pag-isahin. Hindi mapahihintulutan ang labis na desentralisasyon. Pero kailangan na ikombina ang unipikasyon sa mga lokal na pag-aangkop."[9] Di nagtagal, di lang minsan tayong tinuruan ni Tagapangulong Mao na mas madalas na gamitin ang lokal na aktibismo sa paghawak sa relasyon ng sentro at mga lokalidad. Ang mga lokal na yunit ay dapat himukin na gumawa ng mas maraming bagay sa ilalim ng sentral at pinag-isang plano. Bilang pagtalima sa mga itinuro ni Tagapangulong Mao, pinuna at itinakwil ng malawak na masa ng bayan ang "diktadura ng mga regulasyon" na inilako ng pangkating Liu Shao-chi na sumisikil sa lokal na aktibismo, at mas mahusay nilang ginamit kapwa ang sentral at lokal na aktibismo sa gawaing pamamalakad ng pagpaplano, at kung gayon ay tinaguyod ang mabilis, planado, at nasa proporsyong pag-unlad ng sosyalistang ekonomya ng Tsina.

Sinabi ni Tagapangulong Mao, "Kapag binubuo ang plano, kailangang pakilusin ang masa at mag-bigay ng puwang."[10] Napakahalagang prinsipyo ito sa gawaing pagpaplano ng pambansang ekonomya.

Sa sosyalistang konstruksyon, dapat sundin ang linyang masa anuman ang gawain. Dapat masiglang ilunsad ang mga kilusang masa. Ang gawaing pagpaplano ay dapat ding tumalima sa linyang masa. Dapat pakilusin ang masa para talakayin ang linya, ilantad ang mga kontradiksyon, isiwalat ang mga pagkakaiba, at pabilisin ang mga pagbabago. Kung ang mga target ng plano ay hindi tinalakay ng masa, mga ideya ito ng kadre. Matapos lamang talakayin ng masa ang mga plano

nagiging mga plano ito ng masa. Matapos lamang nito magiging kapwa sulong at maaabot ang mga target ng plano at lubusang mapupukaw ang aktibismo ng malawak na masa.

Dapat sulong ang mga target ng plano. Ang isang sulong na plano lamang ang makapaglalaman ng superyoridad ng sosyalistang sistema, at isang sulong na plano lamang ang makapagtataas ng moral. Para bumuo ng sulong na plano, kailangan bakahin ang konserbatibong kaisipan. Malinaw na nauunawaan ng ilang tao na may napakalaking potensyal sa produksyon, pero nagtatakda sila ng napakababang mga target. Ang inaalala lamang nila ay ang matupad nang maginhawa ang plano. Ang proseso ng pagbabalangkas ng plano ay isang proseso rin ng pagtutunggalian ng sulong at konserbatibong kaisipan.

Dapat sulong ang mga target ng plano. Pero hindi ibig sabihin nito na habang mas mataas ang mga target, mas mapatataas ang moral. Ang mga target ng plano na sobrang taas para maisapraktika ay hindi lamang bigong magpapakilos sa aktibismo ng masa bagkus ay pahuhupain ang aktibismo ng masa. Dapat may syentipikong batayan ang mga sulong na target ng plano; dapat ay maaabot at maisasapraktika ang mga ito. Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Walang sinuman ang dapat magpakalulong sa ilusyon, magbalangkas ng mga plano na lampas sa ipinahihintulot ng obhetibong sitwasyon, at mangahas na gumawa ng imposible."[11] Ang mga target ng plano na obhetibong posible ay hindi dapat itakda nang sobrang taas. Magbigay ng puwang. Ipinapakita ng praktikal na karanasan na ang mga target ng plano na hindi itinakda nang napakataas at nagpapahintulot na malampasan ang plano sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng masa ay mas paborable para bigyang-laya ang aktibismo ng masa.

Kailangan na ikombina ang mga pangmatagalang plano (mga plano na sumasaklaw sa lima, 10, 20 taon) kasama ang mga kagyat na plano (taunang plano, pantatlong buwan na plano, at buwanang plano) sa pagpaplano ng pambansang ekonomya. Kapag hindi nagbabalangkas ng mga pangmatagalang plano, mahirap mag-ayos ng kapital na konstruksyon. Nilalaman ng pangmatagalang mga plano ang pangmatagalang mga target. Hinihimok ng mga ito ang mamamayan na itaas ang sarili, layuan ang pagtanaw at magsumikap. Mahusay na isinalarawan ito ng mga kasamang manggagawa: "Kung walang malalaking target sa aming isip, kahit isang karaniwang dayami ay sapat na ang bigat para mabali ang aming likod. Kung may malalaking target sa aming isip, kahit Kabundukang T'ai-shan ay hindi makababali sa aming likod." Pero kinakailangan ng pangmatagalang mga plano na magkaroon ng kagyat na mga plano, na ang mga ito ay magagap, at magsilbi ang mga ito sa layon ng paghahambing at pag-iinspeksyon nang sa gayon ay hindi kapusin sa pagkakamit ng pangmatagalang mga plano.

May sariling mga katangian ang gawaing pagpaplano sa isang ekonomya na nakapailalim sa sosyalistang pagmamay-ari ng kolektiba. Dapat sundin ng isang ekonomya na nasa ilalim ng pagmamay-ari ng kolektiba ang pamumuno ng pinag-isang plano ng estado. Pero mapapanatili nito ang isang mas mataas na antas ng pleksibilidad basta't hindi nalalabag ang pinag-isang plano ng estado at mga patakaran at batas ng estado. Pinahihintulutan nito ang mas ganap na pagpapakilos sa aktibismo at inisyatiba ng ekonomya ng kolektiba sa sosyalistang produksyon sa pamamagitan ng mga lokal na pag-aangkop, para ang ekonomya ng kolektiba ay umunlad kasabay ng pag-unlad ng ekonomya ng estado.

### Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral

Engels, Anti-Duhring, part 3, chapter 2.
Stalin, Mga Usapang Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa U.S.S.R.
Mao, "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan", section 1.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Bakit natin sinasabi na ang sosyalistang lipunan lamang ang makapagpapatupad ng planadong ekonomya? Ano ang superyoridad ng sosyalistang planadong ekonomya?
2. Anu-ano ang mahahalagang proporsyunal na relasyon sa pambansang ekonomya? Paano wastong panghahawakan ang mga proporsyunal na relasyong ito?
3. Ano ang sinasabi sa atin ng ang plano ay pangunahin at ang pagpepresyo ay segundaryo? Paano wasong gagamitin ang batas ng planadong pag-unlad at batas ng halaga para itaguyod ang pag-unlad ng sosyalistang produksyon?

**MGA TALA**

1. Lenin, "Isang Puna na Hindi Isang Puna", CW, Bol. 3, p. 566.
2. Engels, Anti-Duhring.
3. Mao, "Komentaryo hinggil sa 'Isang Pangmatagalang Plano para sa Kolektibong Sakahang Pulang Tala'," Ang Sosyalistang Daluyong sa Kanayunan ng Tsina, Bol. 1, p. 311.
4. Mao, "Hinggil sa Wastong Pagtangan ng mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan".
5. Engels, Anti-Duhring.
6. Stalin, Mga Usaping Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa Unyong Sobyet, Jen-min ch'u-pan-she, 1961, p. 14.
7. Ibid., p. 15.
8. Ang tinutukoy ng mga produktong *short-range* ay ang mga kagamitan sa produksyon na pansamantalang kulang sa suplay. Ang tinutukoy ng tinaguriang "balanseng *short-range*" ay ang negatibong balansa na sumasaklaw sa mga produktong *short-range* na ito.
9. Sinipi mula sa Jen-min jih-pao [People's Daily], December 4, 1949.
10. Sinipi mula sa Jen-min jih-pao [People's Daily], February 21, 1969.
11. Mao, "Paunang Salita sa Sosyalistang Daluyong sa Kanayunan ng Tsina, Bol. 1, p. 4.

# Kabanata 17

## Sa Pagpapaunlad ng Pambansang Ekonomya, Dapat Tayong Sumalig sa Agrikultura bilang Pundasyon at sa Industriya bilang Nangungunang Salik

Ang Relasyon ng Sosyalistang Agrikultura
at Magaan na Industriya at Mabigat na Industriya*

Ang agrikultura at industriya ang tatlong mayor na sektor ng materyal na produksyon sa sosyalistang pambansang ekonomya. Ang wastong pag-unawa sa kahalagahan at papel ng mga sektor na ito sa pambansang ekonomya at ang wastong paghawak sa relasyon ng mga ito ay instrumental para makonsolida at mapaunlad natin ang alyansang manggagawa-magsasaka at maitaguyod ang mabilis at planadong pag-unlad ng sosyalistang pambansang ekonomya.

### Agrikultura ang Pundasyon ng Pambansang Ekonomya

Dapat Tayong Sumalig sa Agrikultura bilang
Pundasyon sa Pagpapaunlad ng Pambansang Ekonomya

Para mabuhay, lumikha, at lumahok sa mga gawaing pangkultura at panlipunan, kailangan munang lutasin ng tao ang suliranin ng pagkain. Prekondisyon ang produksyong pang-agrikultura para mabuhay ang sangkatauhan at para sa lahat ng produktibong gawain. Ang agrikultura (kabilang ang pangangalap, pagtatanim, pangangaso, pangingisda, at paghahayupan) ang tanging sektor ng produksyon sa maaagang yugto ng lipunan ng tao. Sapagkat lubhang napakababa ng produktibidad sa paggawa sa mga panahong ito ng kasaysayan ng tao, para mabuhay lamang, kinailangan na ang lahat ng magagamit na paggawa ng primitibong komuna ay lumahok sa gawaing pang-agrikultura. Nakakapaglibre lamang ng paggawa para lumahok sa iba pang gawain nang ang produktibidad sa agrikultura ay umunlad sa isang antas na kaya na ng isang bahagi ng pwersa sa paggawa na makaani nang sapat na dami ng mga produktong pang-agrikultura para suportahan ang lahat ng myembro ng lipunan. Sa gayon, nahiwalay ang pagyayaring-kamay sa agrikultura para maging isang nagsasariling sektor ng produksyon; lumitaw ang komersyo, at gayundin ang mga sektor ng aktibidad ng tao kaugnay ng ispiritwal na produksyon, tulad ng kultura at edukasyon. Habang mas mataas ang produktibidad sa paggawa sa agrikultura, mas maunlad ang mga sektor na labas sa agrikultura kaugnay ng materyal at ispiritwal na produksyon. Sa pagsusuri ni Marx, "Habang mas maigsi ang oras na kailangan ng lipunan para sa produksyon ng trigo at hayo, atbp., mas maraming oras ang nalilibre nito para sa iba pang produksyon - materyal at ispiritwal na produksyon."[1] Patuloy niya, "Ang produktibidad na ito sa paggawa pang-agrikultura na lampas sa kinakailangan para sa mga pangangailangang personal ng lumilikha ang batayan ng lahat ng labis na paggawa."[2] Samakatwid, sa esensya, agrikultura ang batayan ng buhay ng tao at batayan para sa nagsasariling pag-iral at ibayong pag-unlad ng iba pang sektor ng pambansang ekonomya. Ito ay isang pang-ekonomyang batas na aplikable sa lahat ng istorikong panahon sa lipunan ng tao.

---

* Fa-chan kuo-min ching-chi pi-hsu i nung-yeh wei chi-ch'u kung-yeh wei chu-tao – she-hui-chu-i nung-yeh ch'ing kung-yeh ho chung kung-yeh ti hsiang-hu kuan-hsi.

Lalo pang tampok ang papel ng agrikultura bilang pundasyon ng pambansang ekonomya sa lipunang sosyalista kaysa alinmang nakaraang lipunan. Sa lipunang kapitalista, ang obhetibong batas na agrikultura ang pundasyon ng pambansang ekonomya ay gumagampan sa papel nito sa ilalim ng kumpetisyon at anarkiya ng produksyon. Para matugunan ang rekisitos sa pag-unlad ng monopolyong kapital, pinagdambungan ng ilang imperyalistang bayan na mahina ang lokal na agrikultura ng kanilang mga kolonya at malakolonya para sa mga produktong pang-agrikultura sa pamamagitan ng pagbayad sa mababang presyo. Sa mga bayang iyon, hindi lokal na agrikultura bagkus ay dayuhang agrikultura ang nagsilbing pundasyon ng pambansang ekonomya. Sa lipunang sosyalista, hindi mapapayagan na pagdambungan ang agrikultura ng atrasadong mga bayan. Kahit pa ginagawa ang palitan ayon sa magkakatumbas na halaga, hindi pa rin mapapayagan na sumalig sa dayuhang mga bayan para sa pagkain, o paunlarin ang sosyalistang ekonomya sa batayan ng dayuhang agrikultura. Ang gawin ito ay taliwas sa mga prinsipyo ng kasarinlan at pag-asa-sa-sarili. Sa pag-oorganisa ng pag-unlad ng pambansang ekonomya, dapat mulat na gamitin ng sosyalistang bayan ang obhetibong batas na agrikultura ang pundasyon ng pambansang ekonomya.

Sa kongkretong salita, ang pangunahing dahilan kung bakit dapat sumalig ang pag-unlad ng sosyalistang pambansang ekonomya sa agrikultura bilang pundasyon ay sapagkat nakasalig sa agrikultura ang pag-unlad ng iba't ibang sektor ng sosyalistang ekonomya para magbigay ng mga panustos sa buhay. Anuman ang empresa, maging industriya, transportasyon, o edukasyon man, babalik at babalik sa paunang rekisito na kailangang ibigay ng agrikultura ang isang tiyak na dami ng mga kalakal at butil.

Isa pang dahilan kung bakit agrikultura ang pundasyon para sa pagpapaunlad ng sosyalistang pambansang ekonomya ay sapagkat ito ang pinagmumulan ng hilaw na materyales ng industriya, liban sa isang bahagi ng suplay na galing sa industriya mismo. Partikular sa magaan na industriya, ibinibigay ng agrikultura ang kalakhan ng hilaw na materyales. Sa kasalukuyan, humigit-kumulang 70 porsyento ng hilaw na materyales para sa ating magaan na industriya ay ibinibigay ng agrikultura. Nangangailangan din ng ilang produktong pang-agrikultura ang mabigat na industriya bilang mga sangkap. Kung hindi mapapalaki ng agrikultura ang suplay nito ng hilaw na materyales, lubhang maaapektuhan ang pag-unlad ng industriya. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Mahigpit na kaugnay ng agrikultura ang magaan na industriya. Kung walang agrikultura, hindi magkakaroon ng magaan na industriya."[3] Ang agrikultura ay direktang kaugnay pag-unlad ng industriya, partikular ng magaan na industriya.

Isa pang dahilan kung bakit agrikultura ang pundasyon para sa pagpapaunlad ng sosyalistang pambansang ekonomya ay sapagkat ang kanayunan ang bumubuo malawak na pamilihan para sa mga produktong pang-industriya. Binubuo ng populasyon sa kanayunan, na bumibilang ng humigit-kumulang 80 porsyento ng kabuuang populasyon, ang isang mayor na pamilihan para sa industriya. Habang mas maunlad ang produksyong pang-agrikultura, mas maraming magagawang kalakal na butil at hilaw na materyales para sa industriya, at mas malaki ang kakayahang bumili ng mga magsasaka. Ang pangangailangan ng mga magsasaka kapwa para sa magaan at mabigat na produktong pang-industriya ay laging lumalaki. Pagkatapos na pagkatapos ng matagumpay na pagpapatupad ng kooperatibisasyon ng Tsina, nakita ni Tagapangulong Mao: "Hindi pa gaanong malinaw na nauunawaan ang punto na dapat tanganan ng mabigat na industriya ang agrikultura bilang pangunahing pamilihan nito. Dahil sa patuloy na pagsulong ng teknolohiyang pang-agrikultura at ang laging tumataas na modernisasyon nito, na nagbibigay ng paparami nang paparaming makinarya, abono, konserbasyon ng tubig, atpasilidad sa elektrisidad at transportasyon sa agrikultura, gayundin ng paparaming panggatong at materyales sa konstruksyon para sa pribadong pagkonsumo, mauunawaan na agrikultura ang pangunahing pamilihan para sa mabigat na industriya."[4]

Isa pang dahilan kung bakit dapat sumalig sa agrikultura bilang pundasyon sa pagpapaunlad ng sosyalistang pambansang ekonomya ay sapagkat ang agrikultura ay pangunahing balon ng lakas

paggawa para sa industriya at iba pang sektor ng pambansang ekonomya. Para paunlarin ang sosyalistang industriya, komersyo, at transportasyon, kailangan ang karagdagang paggawa. Hindi sapat na magsikap tayo para mapataas ang produktibidad sa paggawa sa mga sektor na ito para mailibre ang natipon na pwersa sa paggawa na ilalaan sa bagong mga pangangailangan; kailangan ding manggaling ang karagdagang paggawa mula sa labas ng mga sektor na ito, bahagi mula sa kalunsuran at bahagi mula sa kanayunan. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Mga magsasaka ang siyang pinagmumulan ng manggagawa ng Tsina."[5] Gayunman, ang parte ng populasyon sa kanayunan na maililipat bilang pwersa sa paggawa para suportahan ang pangangailangan ng iba pang sektor ng pambansang ekonomya ay hindi itinatakda ng gayong mga pangangailangan sa pag-unlad na ito, bagkus ng antas ng pag-unlad ng produksyong pang-agrikultura at kung gaano maiaangat ang produktibidad sa paggawang pang-agrikultura. Tanging sa ilalim ng mga kondisyon na palagiang iniaangat ang produktibidad sa paggawang pang-agrikultura at palagiang dumarami ang kabuuan ng mga produktong pang-agrikultura at pangsaydlayn magiging posible para ilipat ang karampatang dami ng lakas paggawa mula sa agrikultura para suportahan ang pag-unlad ng iba pang sektor ng pambansang ekonomya.

Isa pang dahilan kung bakit dapat sumalig sa agrikultura bilang pundasyon sa pagpapaunlad ng sosyalistang pambansang ekonomya ay sapagkat ang agrikultura ay isang mahalagang pinagmumulan ng akumulasyon ng kapital ng estado. Dagdag pa sa direktang pagbibigay sa estado ng akumulasyon ng kapital sa pamamagitan ng buwis pang-agrikultura, di tuwirang pinatataas ng agrikultura ang sosyalistang akumulasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga produktong pang-agrikultura bilang hilaw na materyales sa magaan na industriya. Samakatwid, nagkakaroon din ng kahalagahan ang pag-unlad ng agrikultura sa pagpapataas ng kita ng estado, pagpapalawak ng akumulasyon ng kapital, at pagsuporta sa sosyalistang konstruksyon.

Mula sa binanggit na ilang aspeto, ang kahalagahan at papel ng agrikultura sa pambansang ekonomya ay nagtatakda na hindi maihihiwalay ang pag-unlad ng pambansang ekonomya sa pag-unlad ng agrikultura. Kung hindi tamang pinaunlad ang agrikultura, ang iba pang mga sektor ng pambansang ekonomya ay hindi rin yayabong. Ang karanasan ng sosyalistang konstruksyon ng Tsina ay nagpakita na kung may masaganang ani sa isang partikular na taon, ang pag-unlad ng pambansang ekonomya ay bibilis sa taon ding iyon o sa susunod. Kabaligtaran nito, kung nagkaroon ng salat na taon, ang pag-unlad ng pambansang ekonomya ay babagal sa taon din iyon o sa susunod. Ipinapakita nito sa atin na sa sosyalistang konstruksyon, ang prinsipyo ng pagsalig sa agrikultura bilang pundasyon para sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya ay dapat matatag na tanganan.

## Ang Ultimong Solusyon para sa Agrikultura ay Nakasalalay sa Mekanisasyon

Dahil agrikultura ang pundasyon ng pambansang ekonomya, dapat nating tratuhin ang pag-unlad ng agrikultura bilang isang prayoridad para paunlarin ang pambansang ekonomya. Mapapaunlad lamang ang magaan na industriya, mabigat na industriya, at iba pang pang-ekonomya, pangkultura, at pang-edukasyong empresa kapag napaunlad ang agrikultura bilang pundasyon ng pambansang ekonomya.

Paano mapapaunlad ang agrikultura? Hindi maisasakatuparan ng sosyalistang bayan ang mekanisasyon ng agrikultura bago ang kolektibisasyon ng agrikultura. Dapat mauna ang kolektibisasyon ng agrikultura bago magagamit ang malalaking makina. Pero matapos maisakatuparan ang kolektibisasyon ng agrikultura, napakahalaga na makamit ang mekanisasyon ng agrikultura sa batayan ng kolektibisasyon ng agrikultura. Sa bisperas ng pagdaluyong ng kooperatibisasyong pang-agrikultura ng Tsina, ipinaliwanag na ni Tagapangulong Mao na ang

kanayunan ng Tsina ay nangangailangan hindi lamang ng pagkamit ng repormang panlipunan – ang kumbersyon ng sistema ng indibidwal na pagmamay-ari tungong sistema ng kolektibong pagmamay-ari, kundi maging ng pagkamit ng inobasyong teknikal – ang kumbersyon ng demanong paggawa sa produksyong mekanikal.

"Ang panlipunan at pang-ekonomyang anyo ng Tsina ay ganap na matatransporma lamang kapag maisakatuparan na ang sosyalistang transpormasyon ng sistemang panlipunan at pang-ekonomya at nagagamit, sa teknikal na larangan, ang mga makinarya, saanman posible, sa bawat sangay ng produksyon at bawat lugar."[6] Matapos ang matagumpay na pagsasakatuparan ng kooperatibisasyon ng agrikultura ng Tsina at ang pagkakatatag ng mga komunang bayan sa kanayunan, napapanahong ipinanukala ni Tagapangulong Mao ang malaking tungkuling tuluy-tuloy na pagkakamit ng mekanisasyon ng agrikultura. Malinaw niyang ipinaliwanag, "Ang ultimong solusyon sa usapin ng agrikultura ay nakasalalay sa mekanisasyon." Kapag ganap na napapagana ang nagpapasiglang papel ng sosyalistang relasyon sa produksyon, at sa suporta ng sosyalistang industriya, laluna ng mabigat na industriya, ang bilis ng pagkakamit ng mekanisasyon ng agrikultura ay mapapatulin.

Bago ng liberasyon, ang lumang Tsina ay isang napakaatrasadong agrikultural na bayan. Noong 1949, umaabot lamang ang kabuuang produkto ng pagkaing butil sa 216.2 bilyong *chin*[*]. Matapos ang liberasyon, nang ang sosyalistang relasyon sa produksyon ay maitatag at umunlad sa kanayunan sa pamamagitan ng kolektibisasyon ng agrikultura at ng mga komunang bayan, substansyal na umunlad ang produksyong pang-agrikultura. Ang kabuuang produkto ng pagkaing butil noong 1971 ay umabot sa 492 bilyong *chin*, mahigit dalawang ulit ng laki noong 1949. Pero hindi pa mataas ang antas ng mekanisasyon ng agrikultura sa Tsina. Nananatiling relatibong mababa ang produktibidad sa paggawang pang-agrikultura. Kumpara sa ibang mga bayan kung saan masasabing abante ang antas ng mekanisasyon ng agrikultura, nananatili sa relatibong atrasadong kalagayan ang produksyong pang-agrikultura ng Tsina. Ang kondisyong ito ay hindi nakaayon sa pag-unlad ng industriya at iba pang sektor ng pambansang ekonomya ng Tsina. Kung gayon, kinakailangan ng ibayong mekanisasyon ng agrikultura at itaguyod ang mabilis na pag-unlad ng produksyong pang-agrikultura sa batayan ng tuluy-tuloy na pagkokonsolida at pagpapaunlad ng mga sosyalistang relasyon sa produksyon sa kanayunan.

Kapag gumagamit ng makina sa pag-aararo, pagpupunla, pag-aani, at transportasyon, ang produktibidad sa paggawang pang-agrikultura ay puu-puo at daan-daang ulit na maitataas. Sa demanong pag-aararo, ang isang beteranong manggagawa ay nakakaararo ng isang *mou*[*] lamang sa isang araw. Gamit ang isang kalabaw, makakaararo ng apat na *mou* sa isang araw. Gamit ang isang katamtamang laki o malaking traktora, puu-puo hanggang daan-daang *mou* ang maararo sa isang araw, epektibong napapataas ang produktibidad sa paggawang pang-agrikultura nang puu-puo hanggang daan-daang ulit. Ang lakas paggawa na natipid sa mekanisasyong pang-agrikultura ay magagamit para palakihin ang produksyon, kapwa masinsinan at malawakan, sa pagpapataas ng ani kada sukat ng lupa at sa pagtataguyod ng kabuuang pag-unlad ng agrikultura, forestry, paghahayupan, produksyong pangsaydlayn, at pangingisda. Magagamit ang natipid na lakas paggawa para suportahan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng iba pang mga sektor ng pambansang ekonomya.

Makakatulong din ang pagkakamit ng mekanisasyon ng agrikultura sa pagpapatibay sa kapasidad ng Tsina na humarap sa mga kalamidad at sa pagbabawas sa pagiging palaasa nito sa kalagayan ng panahon para sa pagkain. Isang bayang may malawak na kalupaan ang Tsina. Nagaganap bawat taon ang ilang tagtuyot at pagbaha. Dahil sa dekuryenteng mga makina sa pag-iiga at irigasyon, mas epektibong makokontrol ang tubig. Ang resultang pagkabawas sa pinsalang gawa ng posibleng

---

[*] Ang isang chin ay katumbas ng 0.5 kilo, o 1.1 libra – ed.

[*] Ang isang mou ay katumbas ng 1/15 ektarya, o 0.16 acres

tagtuyot o baha ay magtitiyak ng isang tuluy-tuloy at masaganang ani sa produksyong pang-agrikultura. Mahusay na pahayag ng mga maralita at nakabababang panggitnang magsasaka: "Ang tunog ng mga makina sa ilog ay naghahatid ng tuwa sa mga tanim sa bukirin. Nang walang takot sa tagtuyot at baha, tiyak ang masagana at mataas na ani."

Sa gabay ng proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, at laluna matapos ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura, nagkaroon ng mabilis na pag-unlad sa mekanisasyon ng agrikultura ng Tsina. Kung ikukumpara ang 1970 sa 1965, tumaas nang 1.6 na ulit ang konsumo ng elektrisidad sa kanayunan, tumaas nang 1.6 ulit ang kasangkapan sa dekuryenteng makina sa pag-iiga at irigasyon, tumaas ang pagmamay-ari ng malaki at katamtamang laking traktora ng higit sa 70 porsyento, tumaang ang pagmamay-ari ng demanong traktora nang halos 20 ulit, at ang kalupaang inararo ng makina ay kumatawan sa halos 20 porsyento ng lupang matatamnan. Sa hakbang-hakbang na pagkakamit ng mekanisasyon ng agrikultura sa Tsina, patuloy na tataas ang kapasidad ng agrikultura sa pagkontrol sa tagtuyot at pag-iiga, mapapalakas ang kakayahan ng mamamayan na labanan ang mga kalamidad ng kalikasan. At mas matitiyak ang tuluy-tuloy na paglago ng produksyong pang-agrikultura. Mula sa mga ito, makikita natin na ang ibayong pagkakamit ng mekanisyon ng agrikultura, sa batayan ng kolektibisasyon ng agrikultura, ay isang kinakailangang landas para paunlarin ang produktibidad pang-agrikultura.

Sa proseso ng unti-unting pagkakamit ng mekanisasyon ng agrikultura, araw-araw na lalago ang materyal na batayan ng ekonomya ng kolektiba, at ibayong makokonsolida at mapapaunlad ang tatlong antas na sistema ng pagmamay-ari ng komunang bayan sa kanayunan. Ipinapakita ng karanasan sa mekanisasyon ng agrikultura na ang malalaki at katamtamang laking makinang pang-agrikultura ay epektibong magagamit lamang kung pag-aari ang mga ito ng komuna at brigada sa produksyon. Bunga nito, dahil sa pag-unlad ng mekanisasyon ng agrikultura, ang saklaw at papel ng ekonomya ng kolektiba sa mga antas ng komuna at brigada ay unti-unting lalawak, at ibayong maihahayag ang superyoridad ng komunang bayan. Sa gayon, lalong pakamamahalin ng maralita at nakabababang panggitnang magsasaka ang komunang bayan, lalong magiging matatag sa pagtahak sa sosyalistang landas. Gumamit ng malinaw na mga salita ang maralita at nakabababang panggitnang magsasaka para ipakita ang pangangailangan ng mekanisasyon ng agrikultura: "Puno ng lakas ang komunang bayan. Namumukadkad ang ekonomya ng kolektiba nang may pulang bulaklak. Sa mekanisasyon ng agrikultura, hindi tayo magagapi kahit na ng isang klase-doseng."

## Sa Agrikultura, Matuto sa Tachai

Isang di maiiwasang tunguhin ng pag-unlad ng sosyalistang agrikultura ang unti-unting pagkakamit ng mekanisasyon ng agrikultura sa batayan ng kolektibisasyon. Pero ang mekanisasyon ng agrikultura ay dapat nasa kumand ng rebolusyonisasyon. Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao, "Sa sandaling mapasakamay ng masa ang wastong mga ideya na katangian ng abanteng uri, ang mga ideyang ito ay magiging materyal na pwersa na magbabago sa lipunan at sa daigdig."[7] Kapag ang malawak na masa ng maralita at nakabababang panggitnang magsasaka, na mga panginoon ng sosyalistang agrikultura, ay nag-aral ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at nagpakadalubhasa sa linya ni Tagapangulong Mao at pangkalahatan at partikular na mga patakaran, taglay nila ang di magagaping lakas at nagkakaroon ng sapat na kapangyarihan para paamuin ang kabundukan at isingkaw ang mga ilog. Matatransporma nila ang di paborableng likas na mga kondisyon na maging paborable, matatransporma ang mababang ani sa masaganang ani, makakasulong mula sa kondisyon ng kawalan ng pag-aaring makinang pang-agrikultura tungo sa pagmamay-ari ng iba't ibang makinang pang-agrikultura, at ganap na makakamit ang superyoridad ng

mekanisasyon ng agrikultura. Sa ganitong paraan natransporma ang Brigada ng Tachai sa Produksyon sa komuna ng Tachai sa bayan ng Hsiyang, Probinsya ng Shansi.

Ang Brigada ng Tachai sa Produksyon ay matatagpuan sa Kabundukan ng Taihang. Bago ang kolektibisasyon ng agrikultura, ito ay isang mahirap na bulubunduking lugar na maraming bato at kakaunting lupa. Isinalarawan ito ng mga maralita at nakabababang panggitnang magsasaka ng Tachai sa ganitong paraan: "Mataas ang bundok, at napakaraming bato. Kapag lumabas ka, kailangan mong umakyat ng matatarik na gulod. Wala pang 3.5 *mou* ng lupa para sa bawat pamilya. Pangkaraniwan na ang mga kalamidad." Nang sinimulan ang primaryang kooperatiba noong 1953, ang karaniwang bawat *mou* na ani ng pagkaing butil ay 250 *chin*. Sa proseso ng pagpapaunlad mula primaryang kooperatiba tungong abanteng kooperatiba at komunang bayan sa kalaunan, ang sangay ng Partido sa Brigada ng Tachai sa Produksyon ay mahigpit na tumalima sa prinsipyo ng paglalagay ng proletaryong pulitika sa kumand. Ginamit nito ang islogan na "pagtransporma sa mamamayan, pagtransporma sa lupa, at pagtransporma sa ani," ginamit ang Kaisipang Mao Zedong para turuan ang mga kadre at masa, at isinagawa ang isang malaking transpormasyon sa produksyong pang-agrikultura sa pamamagitan ng rebolusyong pang-ideolohiya sa hanay ng mamamayan. Dinurog ng mga kadre at masa ng Brigada ng Tachai ang pananabotahe ng panginoong maylupa, mayamang magsasaka, kontra-rebolusyonaryo, at masasamang elemento, at nilabanan ang panghihimasok ng rebisyunistang linya na itinulak ng mga pangkating Liu Shao-chi at Lin Piao. Sa gabay ng dakilang patakaran ni Tagapangulong Mao na pag-asa-sa-sarili sa pamamagitan ng puspusang pakikibaka, ang Brigada ng Tachai ay lumahok sa kapital na konstruksyon para sa patubig at itrinansporma ang "tatlong nawalang linang", kung saan ang tubig, abono, at lupa ay nawala dahil sa mahinang konstruksyon, tungo sa "tatlong nabawing linang", kung saan ang tubig, abono, at lupa ay nabawi matapos patagin at gawing payaw-payaw ang mga bukid. Unti-unting napataas ang karaniwang ani bawat *mou* ng pagkaing butil sa Brigada ng Tachai mula 250 *chin* noong noong 1953 tungo sa 543 *chin* noong 1958, noong 1964 ay 802 *chin*, at noong 1967 ay 1,096 *chin*. Kasabay ng mabilis na paglago sa produksyon ng pagkaing butil, nakamit ng Brigada ng Tachai ang lahatang-panig na pag-unlad ng agrikultura, forestry, paghahayupan, at produksyong pangsaydlayn. Sa prosesong ito ng "pagtransporma sa mamamayan, pagtransporma sa lupa, pagtransporma sa ani," pinamunuan din ng sangay ng Partido sa Brigada ng Tachai ang mga myembro ng komuna para gamitin ang kanilang sariling mga kamay upang pagsamahin ang katutubo at dayuhang teknolohiya at sa gayon ay substansyal na maisulong ang mekanisasyon ng pag-aararo, paglilinang, paggigiik, transportasyon, at pagpoproseso ng pagkaing butil at pagkaing hayop, at sumulong sa landas ng pagpapailalim ng mekanisasyon sa kumand ng rebolusyon. Ang kabayanihan ng mga maralita at nakabababang panggitnang magsasaka para labanan ang Kalikasan at magsaka para sa rebolusyon ay isang makapangyarihang pagpuna at pagtakwil sa mga reaksyunaryong kasinungalingan ni Lin Piao na nanirang-puri sa masang anakpawis na manggagawa-magsasaka, at nagsabing "Ang iniisip lamang nila ay kung paano magkasalapi, magkaroon ng bigas, mantika, asin, sawsawan, suka, at panggatong, at mag-alaga sa kanilang mga asawa at anak," at nagtaguyod sa kaisipan ni Confucius na "ang maliliit na tao ay mahihikayat lamang ng pansariling interes."

Isang modelo ang Brigada ng Tachai kung paano paunlarin ang sosyalistang agrikultura ayon sa proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao. Isang dakilang panawagan ni Tagapangulong Mao ang "Sa agrikultura, matuto sa Tachai." Kung mahigpit lamang tayong tatalima sa pag-aarmas sa mga kadre at masa ng dakilang kaisipan ni Mao Zedong, katulad ng Brigada ng Tachai, magkakaroon tayo ng aktibismo, disiplinang pang-organisasyon, at rebolusyonaryong diwa ng pagharap sa kahirapan. Tiyak na mapapangibabawan natin ang mga kalagayang di paborable at makalilikha ng paborableng mga kalagayan para radikal na mabago ang hinaharap ng produksyong pang-agrikultura.

Dulot ng panggugulo at pananabotahe ng rebisyunistang linya ni Liu Shao-chi bago ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura, hindi pinalarga ng *hsien* ng Hsi-yang, kung saan matatagpuan ang Brigada ng Tachai, ang kilusang masa na matuto sa Tachai. Umunlad nang napakabagal ang produksyong pang-agrikultura nito. Ang kabuuang produkto ng pagkaing butil sa kabuuang *hsien* ay naglaro sa 70 hanggang 80 milyong *chin*. Ang taunang pinakamataas na benta ng pagkaing butil sa estado ay 7 milyong *chin* lamang. Itrinansporma ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura ang pananaw ng Hsi-yang *hsien*. Simula noong 1967, masiglang pinalarga ng buong *hsien* ang kilusang masa na matuto sa Tachai. Nilabanan din nito ang panggugulo at pananabotahe ng rebisyunistang linya ni Lin Piao. Ang mamamayan ng buong *hsien* ay nakibaka sa langit at lupa, binago ang mga bundok at ilog, at malaking itrinansporma ang sukat ng natatamnan sa Hsi-yang *hsien*. Mabilis na umunlad ang produksyong pang-agrikultura. Ang produkto ng pagkaing butil ay nagdoble sa loob ng tatlong taon at nagtriple sa loob ng limang taon. Ang kabuuang produkto na pagkaing butil noong 1971 ay umabot sa 240 milyong *chin*, tatlong ulit na mas malaki kaysa pinakamaraming ani bago ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Ang kalakal na pagkaing butil na ibinenta sa estado ay umabot sa 80 milyong *chin*, mahigit sampung ulit na paglaki sa pinakamataas na ani na nakamit bago ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura.

Ipinapakita ng karanasan na matuto sa Tachai ng Hsi-yang *hsien* na kapag naaarmasan ng Kaisipang Mao Zedong ang masa, maiigpawan nila ang anumang kahirapan at magagawa ang anumang himala sa daigdig ng tao. Ang masiglang pagpapalarga sa kilusang masa na matuto sa Tachai at ang pagpapabukadkad sa bulaklak ng Tachai sa buong bayan ay tiyak na magpapabilis sa pag-unlad ng produksyong pang-agrikultura, ibayong magpapatatag sa sosyalistang base sa kanayunan, at magpapaganap sa agrikultura ng ibayong papel bilang pundasyon ng pambansang ekonomya.

### Ang Lahat ng Linya ng Hanapbuhay at Industriya ay Dapat Sumuporta sa Agrikultura sa Pagsisikap ng mga Ito

Dapat pangunahing sumalig ang sosyalistang agrikultura sa mga pagsisikap ng mga kadre at maralita at nakabababang panggitnang magsasaka, istap at mga manggagawa ng mga sakahang pang-estado, at iba pang nagtatrabahong magsasaka na nakikibaka sa larangan ng agrikultura. Gayunman, hindi ito nangangahulugan na walang kinalaman ang pag-unlad ng sosyalistang agrikultura sa ibang mga linya ng hanapbuhay at industriya. Agrikultura ang pundasyon ng pambansang ekonomya. Iniimpluwensyahan ng produksyong pang-agrikultura ang pag-unlad ng buong sosyalistang pambansang ekonomya. Kung hindi tamang napaunlad ang agrikultura, hindi rin makakaasang mapapaunlad ang iba pang mga linya ng hanapbuhay at industriya. Kung tamang napaunlad ang agrikultura, magiging mabuti rin ang lahat. Ang pag-unlad ng sosyalistang agrikultura ay kaugnay ng lahat ng linya ng hanapbuhay at industriya. Ang lahat ng linya ng hanapbuhay at industriya ay dapat magbigay ng malaking kahalagahan sa pagsuporta sa agrikultura at aktibong tupdin ang gawaing suportahan ang agrikultura. Dapat ituring, higit sa lahat, ng mga sektor ng industriya ang pagsuporta sa agrikultura at ang pagtataguyod sa mekanisasyon ng agrikultura bilang isang mayor na tungkulin. Dapat buong tatag na ituon ng mga ito ang kanilang gawain tungo sa layunin ng pagtrato sa agrikultura bilang pundasyon. Ang maliliit na industriyang lokal tulad ng bakal at asero, paggawa ng makina, kemikal na abono, at simento ay dapat mas mahigpit na tumalima sa wastong oryentasyon ng paglilingkod sa produksyong pang-agrikultura.

Mahalagang katangian ng sosyalistang ekonomya ang pagsuporta sa agrikultura ng lahat ng linya ng hanapbuhay at industriya. Sa lipunang kapitalista, pinagsasamantalahan ng industriya ang agrikultura at dinarambong ng kalunsuran ang kanayunan. Samakatwid, ang relasyon ng kapitalistang

industriyal at ng masang anakpawis ay isang makauring antagonismo. Sa sosyalistang ekonomya, matapos sumailalim sa sosyalistang transpormasyon ang kalunsuran at kanayunan at sa batayan ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko, napawi ang antagonismo sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan at sa pagitan ng industriya at agrikultura. Pero mayroon pa ring dalawang anyo ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. At dahil mas mababa pa rin ang pang-ekonomya, pangkultura, at panteknolohiyang antas ng kanayunan kaysa niyong sa kalunsuran, nananatili ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga ito. Ang dakilang programa ng proletaryado na itatag ang sosyalismo at komunisno ay nagtatakda na sa proseso ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad ng produksyong pang-agrikultura at pagpapalaganap ng repormang panlipunan at inobasyong teknikal sa agrikultura, unti-unting paliliitin at papawiin sa wakas ang mga esensyal na pagkakaiba na ito. Samakatwid, sa pagpapaunlad ng sosyalistang ekonomya, isang obhetibong pangangailangan na lahat ng linya ng hanapbuhay at industriya ay magbigay ng suporta ng mga ito sa agrikultura at sa pagpapataas ng pang-ekonomya, pangkultura, at teknikal na antas ng kanayunan. Nananawagan ang proletaryong partido sa lahat ng linya ng hanapbuhay at industriya na matatag na yakapin ang prinsipyo ng pagtrato sa agrikultura bilang pundasyon ng pambansang ekonomya at ibigay ang lahat ng kanilang tulong sa pagpapaunlad ng sosyalistang agrikultura sa lahat ng aspeto.

Dala ng kanilang pangangailangan para mapanumbalik ang kapitalismo, ang burgesya at mga ahente nito sa loob ng proletaryong partido ay hindi lamang hindi nagpapakitid sa agwat ng kalunsuran at kanayunan bagkus ay nagtutulak rin sa kapitalistang pamamaraan ng pagpapahintulot sa pagsasamantala ng industriya sa agrikultura at pagdambong ng kalunsuran sa kanayunan. Ang proseso ng pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet ay isa ring proseso ng pagpapatindi sa kontrol at pagsasamantala sa kanayunan ng burukratikong monopolyong burgesya na pinamumunuan ni Brezhnev. Ang rebisyunistang linya ng "pagbibigay-diin sa industriya sa kapinsalaan ng agrikultura" at "pagpiga sa agrikultura sa pakinabang ng industriya," na itinaguyod ng pangkating Liu Shao-chi ay isa ring linya na naglayong magpalawak sa agwat ng kalunsuran at kanayunan at sa pagitan ng industriya at agrikultura at kalauna'y magpanumbalik sa kapitalismo.

Hindi madaling gawain ang ipuspos sa mamamayan ang kaisipan ng pagtatrato sa agrikultura bilang pundasyon at ng mahigpit na pagpapatupad sa patakaran ng pagsuporta sa agrikultura ng lahat ng linya ng hanapbuhay at industriya. Sa impluwensya ng rebisyunistang linya, madalas pinauunlad ng mamamayan ang kaisipan ng pagpapataas sa industriya, at pagpapababa sa agrikultura. Matapos umani nang masagana ang agrikultura sa maraming sunud-sunod na taon, ang kaisipan ng pagtatrato sa agrikultura bilang pundasyon ay nawaglit sa isipan ng mamamayan. Inuusal nila ang "agrikultura, magaan na industriya, mabigat na industriya" pero kumikilos ayon sa "mabigat na industriya, magaan na industriya, agrikultura." Kitang-kita ang tendensyang isantabi ang agrikultura sa alokasyon ng mga pondo at suplay ng hilaw na materyales. Ipinapakita ng mga kondisyong ito na para itaguyod ang prinsipyo ng agrikultura bilang pundasyon, kinakailangan na seryosong pag-aralan ang mga teorya ni Tagapangulong Mao hinggil sa interelasyon ng agrikultura at magaan at mabigat na industriya, seryosong pag-aralan ang pangkalahatang patakaran ng pagpapaunlad ng pambansang ekonomya na "agrikultura ang pundasyon at industriya ang nangungunang salik," at ibayong punahin at itakwil ang iba't ibang reaksyunaryong kasinungalingan ng modernong rebisyunismo na nangangaral ng pagmamaliit sa agrikultura.

Sa gabay ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, puu-puong milyong kabataang estudyante sa Tsina ang tumugon sa kanyang dakilang panawagan na "dapat pumunta ang kabataang- may pinag-aralan sa mga baryo at tumanggap ng reedukasyon mula sa maralita at nakabababang panggitnang magsasaka" at tumungo sa kanayunan at kabundukan para makibaka sa unang hanay ng produksyong pang-agrikultura. Ito ay isang rebolusyong panlipunan na nagbabago sa mga kaugalian ng lipunan at isang estratehikong hakbang sa pagsasanay ng maraming tagapagmana sa proletaryong rebolusyonaryong layunin. Kinamuhian nang husto ni Confucius, tagapagsalita ng

pabagsak na uring panginoong may-alipin, ang paggawang pang-agrikultura. Tinanong siya ng kanyang estudyante na si Fan Ch'ih kung paano magtanim ng halaman at gulay. Pinagalitan niya ito sa pagiging "isang maliit na tao." Buung-buong minana ni Lin Piao, ang masugid na disipulo ni Confucius, ang reaksyunaryong kaisipang ito. Malisyoso niyang inatake ang patakaran ng pagpapadala ng mga kabataang may pinag-aralan sa kanayunan at kabundukan, tinawag itong "katumbas ng nakabalatkayong reporma sa pamamagitan ng paggawa." Kinamumuhian ng lahat ng mapagsamantalang uri kapwa ang agrikultura at mga magsasaka. Ang desperadong layunin ng mga uring ito ay ang magpapasan hanggat kaya nila sa mga balikat ng masang anakpawis at pagsamantalahan sila. Puspusang pinuna at itinakwil ni Tagapangulong Mao ang mga reaksyunaryong ideya ng mga taong tulad ni Confucius. Ipinaliwanag niya na "wastong oryentasyon sa pulitika at paraan ng paggawa"[8] para sa rebolusyonaryong kabataan ang pag-aaral ng rebolusyonaryong teorya, paglahok sa produksyon, at integrasyon sa masang manggagawa -magsasaka. Ang kanayunan ay bukas na bukas. Para sa paghuhusto sa gulang ng mga kabataang may pinag-aralan, konstruksyon ng isang bagong sosyalistang kanayunan, pagpuna kina Lin Piao at Confucius, at pagpapaliit sa batayang kaibahan ng manggagawa at magsasaka at ng mental at manwal na paggawa, mahalagang-mahalaga na tumungo ang mga kabataang may pinag-aralan sa kanayunan para tumanggap ng reedukasyon mula sa maralita at nakabababang panggitnang magsasaka, lumahok sa makauring pakikibaka, pakikibaka sa produksyon, at syentipikong eksperimento sa kanayunan, at malantad sa iba't ibang pagsubok at karanasan.

## Industriya ang Nangungunang Salik sa Sosyalistang Ekonomya

### Lubos na Paganahin ang Papel ng Industriya bilang Nangungunang Salik

Agrikultura ang pundasyon ng pambansang ekonomya. Industriya ang nangunguang salik sa pambansang ekonomya. Ang industriya ay hindi lamang isang sektor na lumilikha ng mga panustos sa buhay kundi isa ring sektor na lumilikha ng mga kagamitan sa produksyon. Ang pagpapahusay ng mga kagamitan sa produksyon ay gumaganap ng makabuluhang papel sa pag-unlad ng panlipunang produksyon. Sa istorikong pananaw, ang ebolusyon mula kasangkapang bato tungong kasangkapang bakal at mula kasangkapang bakal hanggang sa lahat ng klase ng makina ay kumakatawan hindi lamang ng napakaraming malalaking pagsulong sa kasaysayan ng tao kundi panukat rin ng iba't ibang pang-ekonomyang kapanahunan sa lipunan ng tao. Nangangahulugan ang nangungunang papel ng industriya sa pambansang ekonomya na ang pag-unlad ng industriya ay tiyak na magluluwal ng mga abanteng kasangkapan para sa iba't ibang sektor ng pambansang ekonomya. magtataguyod ng teknikal na inobasyon sa pambansang ekonomya, at bunga nito, magpapataas ng produktibidad sa paggawa at produksyong panlipunan.

Ang industriya ay nahahati sa magaan na industriya at mabigat na industriya. Pangunahing nakatuon ang magaan na industriya sa paglikha ng panustos sa buhay. Pangunahing nakatuon naman ang mabigat na industriya sa paglikha ng *capital goods* at paggawa ng mga kagamitan sa produksyon [kasangkapan]. Para magamapanan ng industriya ang papel bilang nangungunang salik sa pambansang ekonomya, kinakailangang palargahin ang mabigat na industriya na lumilikha ng *capital goods* at mga kagamitan sa produksyon. Sa lipunang sosyalista, mailalarawan ang papel ng mabigat na industriya sa sumusunod na paraan: lumikha ng iba't ibang modernong makinang pang-agrikultura, makinang demotor, kemikal na abono, pestisidyo, at iba pang mga kagamitan sa produksyong pang-agrikultural lumikha ng iba't ibang magaan na makinang pang-industriya at industriyal na hilaw na

materyales at itaguyod sa inobasyong teknikal at produktibidad sa paggawa sa magaan na industriya upang makalikha ang magaan na industriya nang papayaman at mas samu't saring produktong pang-industriya para sa pang-araw-araw na gamit; at lumikha ng modernong kasangkapan para sa industriya ng transportasyon, konstruksyon, at pambansang depensa, nang sa gayo'y maitaguyod ang inobasyong teknikal at pag-unlad sa mga larangang ito. Mula sa mga ito, makikita natin na ang papel ng mabigat na industriya bilang nangungunang salik ay hindi lamang nalalahad bilang kinakailangang kondisyon sa pagkakamit ng mekanisasyon ng agrikultura; nalalahad rin ito bilang kinakailangang kondisyon sa pagtataguyod ng inobasyong teknikal para sa kabuuang pambansang ekonomya at kinakailangang kondisyon para sa pagkokonsolida ng pambansang depensa, paggagarantiya sa pambansang seguridad, pagpapalakas sa proletaryong diktadura, at pagsusuporta sa pandaigdigang rebolusyon. Tulad ng ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Kung walang industriya, hindi magkakaroon ng malakas na pambansang depensa, kagalingan para sa mamamayan, at masagana at malakas na bayan."[9] Ang papel ng industriya bilang nangungunang salik ay itinatakda ng mahalagang papel nito sa mga aspetong nabanggit sa itaas.

Kung ang papel ng industriya bilang nangungunang salik ay pangunahing ginagampanan ng mabigat na industriya, hindi ito nangangahulugan na hindi mahalaga ang magaan na industriya. Bagaman ang magaan na industriya sa pangkalahatan ay hindi gumagawa ng mga kasangkapan sa produksyon, isa pa rin itong mahalagang sektor ng sosyalistang pambansang ekonomya. Sa batayan, isa itong sektor para sa produksyon ng mga panustos sa buhay. Tulad ng agrikultura, ito ay isang di maiaalis na sektor para sa reproduksyon ng lakas paggawa. Ang magaan na industriya ay kinakailangang pampuno sa agrikultura. Ito ay nagpoproseso ng mga produktong pang-agrikultura at pangsaydlayn, gumagawa ng iba't iba at kinakailangang panustos sa buhay para sa masang anakpawis ng kalunsuran at kanayunan, at tumutulong sa agrikultura para mas mahusay nitong magampanan ang papel bilang pundasyon ng pambansang ekonomya. Kumpara sa mabigat na industriya, ang magaan na industriya ay kinatatangian ng maliliit na puhunan at mabibilis na ikot. Ang magaan na industriya ay nag-aambag sa akumulasyon ng kapital ng estado at isang mahalagang mapagkukunan ng pondo para sa pagpapalawak ng mabigat na industriya. Binigyan ng espesyal na pansin ni Tagapangulong Mao ang pusisyon at papel ng magaan na industriya sa pambansang ekonomya. Ipinaliwanag niya: "Habang umuunlad ang agrikultura at magaan na industriya, ang mabigat na industriya ay mas mabilis na lalago kapag nakatitiyak sa pamilihan at pondong kapital nito."[10] Malinaw na ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao na ang pag-unlad ng mabigat na industriya ay nakasalalay hindi lamang sa agrikultura kundi maging sa magaan na industriya. Binigyang-diin niya ang mahalagang papel ng magaan na industriya, bagay na madaling makalimutan ng mga tao.

## Pahakbang-hakbang na Kamtin ang Sosyalistang Industriyalisasyon

Ang mahalagang papel ng industriya sa pambansang ekonomya ay obhetibong nagtatakda sa sosyalistang bayan na magtuon ng pansin sa pag-unlad ng sosyalistang industriya. Para sa mga bayan na relatibong atrasado ang pag-unlad sa industriya, isang mahalagang tungkulin na kinakaharap ng proletaryado matapos nitong agawin ang kapangyarihang pampulitika ay ang mabilis na paunlarin ang modernong industriya, kamtin ang sosyalistang industriyalisasyon, at baguhin ang dating bayan na atrasado sa ekonomya tungo sa isang malakas na sosyalistang bayan na may modernong agrikultura, modernong industriya, modernong pambansang depensa, at modernong syensya at teknolohiya.

Dagdag pa sa ibayong pagpapalarga sa papel ng industriya bilang nangungunang salik, at ginagarantiyahan sa gayon ang kasarinlan ng pambansang ekonomya at kinokonsolida ang pambansang depensa, ang pagkamit sa sosyalistang industriyalisasyon ay mayroon pang mas

masaklaw na kabuluhan. Ang pagkakamit ng sosyalistang industriyalisasyon ay tiyak na magpapataas sa proporsyon ng sektor ng ekonomya sa ilalim ng pagmamay-ari ng estado at magpapatibay sa nangungunang papel ng ekonomya ng estado sa kabuuang pambansang ekonomya. Ang pag-unlad ng sosyalistang industriyalisasyon ay magpapabilis sa pag-unlad ng industriya sa mga lugar na dating atrasado ang ekonomya at babago sa di rasyunal na distribusyon ng mga industriya. Kaalinsabay, lalawak ang hanay ng uring manggagawa, na magiging paborable para sa pagpapalakas sa pamumuno ng uring manggagawa sa buong bayan. Ang sosyalistang industriyalisasyon ay tiyak ding magpapabilis sa mekanisasyon ng agrikultura at magpapalakas sa kapasidad ng industriya na suportahan ang agrikultura, nang sa gayon ay malikha ang paborableng mga kondisyon sa parang ito, para sa unti-unting pagpapaliit ng agwat ng kalunsuran at kanayunan at ng manggagawa at magsasaka. Dahil mismo sa naturang kabuluhan ng sosyalistang industriyalisasyon, itinakda ni Tagapangulong Mao, sa personal na pamamahala sa pagbabalangkas ng Pangkalahatang Linya ng Partido sa panahon ng transisyon noong 1953, na mahalagang tungkulin ang hakbang-hakbang na sosyalistang industriyalisasyon na dapat pagpunyagiang makamit ng buong Partido at buong sambayanan.

Ang lumang Tsina ay dating malakolonyal at malapyudal na bayan. Sa pang-aapi ng imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo, sukdulang atrasado ang antas ng produksyon. Napakakaunti ng modernong industriya. Ang iilang modernong industriya na umiiral ay pangunahing binubuo ng magaan na industriya at industriya ng tela. Nang mapalaya ang bayan noong 1949, ang taunang produksyon ng asero ay 158,000 tonelada lamang. Walang nang masasabi pang mahahalagang sektor pang-industriya.

Sa harap ng ganitong "mahirap at blangkong" kondisyon na namana mula sa lumang Tsina, ang mabilis na pagkamit ng industriyalisasyon ay isang napakabigat na suliranin para sa proletaryado ng Tsina, na siyang may hawak ngayon ng kapangyarihang pampulitika. Sa nakaraang dalawampung taon o higit pa, sa matalinong pamumuno ni Tagapangulong Mao, nakapagsagawa na ng signipikanteng mga hakbang para pabilisin ang proseso ng sosyalistang industriyalisasyon.

Para makamit ang sosyalistang industriyalisasyon sa Tsina, kinakailangang magtatag ng isang kumpleto sosyalistang sistemang pang-industriya na nagkukumbina ng malalaki, katamtamang laki, at maliliit na empresa, na inilatag sa mga lugar ayon sa relatibong rasyunal na paraan, at kung saan nasa bag-as ang mga industriya ng bakal at asero at paggawa ng makina. Ang pambansang sistemang pang-industriya na ito ay itinayo sa pundasyon ng mga sistemang pang-industriya sa iba't ibang magkakoordinang mga rehiyon at probinsya*. Sa sandaling maitatag ang mga modernong sistemang pang-industriya na kumpleto at relatibong nagsasarili, pero pawang nag-iiba-iba ayon sa lokal na mga kondisyon, sa isang planado at hakbang-hakbang na paraan sa bawat magkakoordinang rehiyon at sa loob ng balangkas ng maraming probinsya, ang pagbubuo ng pambansang sistemang pang-industriya ay napakabilis na magaganap.

Paano makakamit ang sosyalistang industriyalisasyon? Ipinaliwanag sa atin ni Tagapangulong Mao: "ang pangunahing tinutukoy ng usapin ng kung anong landas ang tatahakin patungong industriyalisasyon ay ang interelasyn ng mabigat na industriya, magaan na industriya, at agrikultura."[11] Para makamit ang sosyalistang industriyalisasyon, natural na kinakailangang bigyang prayoridad ang pagpapaunlad ng mabigat na industriya. Pero hindi ito ngangahulugan na isasantabi ang agrikultura at magaan na industriya. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Nakasentro sa mabigat na industriya ang pang-ekonomyang konstruksyon ng Tsina. Dapat pagtibayin ang puntong ito. Kaalinsabay, dapat ibigay ang buong atensyon sa pagpapaunlad ng agrikultura at magaan na industriya."[12] Batay sa

---

* Para sa kalakhan ng panahon sa pagitan ng 1950 at ng pagkakalimbag ng teksbuk, ang Tsina ay mayroong 29 na administratibong rehiyon sa antas-probinsya (21 probinsya, 3 munisipalidad, at 5 nagsasariling rehiyon). Ang mga entidad na ito ay grinupo noong 1957-58 sa pitong mas malalaking yunit, ma tinawag na magkakaugnay, o pang-ekonomyang kooperasyon, na rehiyon.

interelasyon ng agrikultura, magaan na industriya, at mabigat na industriya, binalangkas ni Tagapangulong Mao ang isang rebolusyonaryong linya para makamit ang sosyalistang industriyalisasyon sa mas malaki, mas mabilis, at mas mahusay na mga resulta sa mas mababang halaga, ibig sabihin, paunlarin ang mabigat na industriya sa pamamagitan ng higit na pagpapaunlad ng magaan na industriya at agrikultura. Sa paraang ito, umunlad ang agrikultura at magaan na industriya. Ang mga ito'y hindi lamang makapagbibigay ng mas paparaming panustos sa buhay at makapagpapabuti sa buhay ng mamamayan; makalulutas din ang agrikultura at magaan na industriya sa suliranin ng akumulasyon ng kapital at pagbibigay ng pamilihan para sa mabigat na industriya, nang sa gayon ay matiyak ang mas matatag at maaasahang pag-unlad ng mabigat na industriya. Sa mas matagalang pananaw, ang pamamaraang ito ay aktwal na tutungo sa mas malaki at mas mahusay na pag-unlad ng mabigat na industriya.

Kasalungat ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao ay ang rebisyunistang linya ng mga pangkatin nina Liu Shao-chi at Lin Piao. Itinaguyod nila ang pagpapaunlad ng mabigat na industriya sa kapinsalaan ng agrikultura at magaan na industriya, ibig sabihin, mas kaunti, mas mabagal, at mas mahinang resulta sa mas malaking gastos. Dahil kinaligtaan nito ang pag-unlad ng agrikultura at magaan na industriya, ang ganitong linya ng tagibang na pagpapaunlad ng mabigat na industriya ay hindi nagtitiyak sa antas ng pamumuhay ng malawak na hanay ng masa at siguradong magreresulta sa diskuntento na mamamayan gayundin sag di astong pag-unlad ng mabigat na industriya.

Sa gabay ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, napuna at naitakwil ang rebisyunistang linya nina Liu Shao-chi at Lin Piao, naigiit ang pagsasarili at pag-asa-sa-sarili, wastong nahawakan ang interelasyon ng agrikultura, magaan na industriya, at mabigat na industriya, nakamit ang maniningning na resulta sa sosyalistang industriyalisasyon ng Tsina, at napaunlad ang sibol ng isang nagsasariling at modernong sistema ng industriya.

## Sa Industriya, Matuto sa Tach'ing

Ang proseso ng sosyalistang industriyalisasyon ay isang proseso ng matinding tunggalian ng dalawang uri, dalawang landas, at dalawang linya. Sa proseso ng pamumuno sa Tsina para makamit ang sosyalistang industriyalisasyon, dagdag sa syentipikong pagpapaliwanag ni Tagapangulong Mao sa landas para sa sosyalistang industriyalisasyon na nakabatay sa interelasyon ng agrikultura, magaan na industriya, at mabigat na industriya, itinaguyod din niya ang mga patakaran tulad ng kasarinlan, pag-asa-sa-sarili, masikhay na pakikibaka, at "pagwasak sa mga dayuhang kaparaanan at pagtahak sa ating sariling landas para paunlarin ang industriya." Ito ay isang matalas na pagpuna at pagtatakwil sa linya ng "pangangayupapa sa mga dayuhang bagay" at "usad susô" na itinaguyod ng mga pangkatin nina Liu Shao-chi at Lin Piao. Sa pagsunod sa mga turo ni Tagapangulong Mao, ipinamalas ng uring manggagawa ng Tsina ang rebolusyonaryong diwa ng pangangahas mag-isip, pangangahas magsalita, at pangangahas gumawa, at nagtulak sa mabilis na pag-unlad ng konstruksyon pang-industriya ng Tsina. Isang modelo sa industriya ang Tach'ing Oil Field para sa pagtatayo ng sosyalismo nang may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas mababang halaga. Sa tunggalian ng dalawang linya, mahigpit itong tumalima sa proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao.

Dating isang tigang na kapatagan ang bagong Tach'ing Oil Field. Nang dumating doon ang ilang daan libong tauhan at manggagawa noong 1960 para itayo ang minahan ng langis, ito ay "isang asul na kalangitan sa itaas at isang madamong kapatagan sa ibaba." Malamig ang panahon at nagyeyelo ang lupa. Wala roong mga bahay, walang tulugan, walang kagamitan sa pagluluto. Napakahirap din ng kalagayan sa produksyon. Ilang dosenang higanteng makinang panghukay ang agad itinayo sa kapatagan. Pero kulang-kulang ang kagamitan, hindi sapat ang mga trak o crane at walang mga

kalsada. Ang mga daanan ay mapuputik. Kulang na kulang ang suplay ng tubig at kuryente. Sa mahirap na kalagayang ito, matatag na nagpunyagi ang magigiting na manggagawa ng Tach'ing sa paglagay ng proletaryong pulitika sa kumand, at masigasig na nag-aral ng mga akda ni Tagapangulong Mao, partikular ang *Hinggil sa Praktika* at *Hinggil sa Kontradiksyon*. Inarmasan nila ang kanilang isip ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, nilabanan ang langit at lupa, nakipagtunggali sa mga kaaway sa uri, at nagpamalas ng rebolusyonaryong diwa ng pag-asa-sa-sarili at masikhay na pakikibaka. Sa loob lamang ng mahigit tatlong taon, naitatag sa Tsina ang isang malaki at primera-klaseng minahan ng langis nang mabilis at mataas ang kalidad. Ang Tsina sa saligan ay nakasasapat-sa-sarili sa mga produktong langis simula noong 1963. Ang mga manggagawa ng Tach'ing ay nakapagsagawa rin ng maraming syentipikong pananaliksik at nakalutas ng ilang mahahalagang teknikal na suliranin kaugnay ng paghahanap at paglilinang ng pinagkukunan langis na pandaigdigan ang kabuluhan. Sa pagsunod sa mga turo ni Tagapangulong Mao sa pagpapatakbo ng isang empresa nang may kasigasigan at katipiran, nabawi noong 1963 ang kabuuang pamumuhunan ng estado. Noong bisperas ng Araw ng Mayo 1974, umabot ang kapital na nakalap ng Tach'ing para sa estado nang 11 ulit ng pamumuhunan ng estado, at nakamit ang mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas mababang halaga. Mas mahalaga pa, ang Tach'ing Oil Field ay nakapagsanay ng isang kwerpo ng manggagawa na may kamulatan sa uri, pgpupunyagi, mahusay na estilo ng paggawa, organisasyon, at disiplina, at kakayahang bathin ang paghihirap at lumaban nang maigting. Dahil sa rebolusyonisadong kwerpong ito, patuloy at mabilis na umunlad ang Tach'ing Oil Field at tumatayong isang malaking tagumpay ng proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao.

Ang Tach'ing Oil Field ay isang pulang bandila sa larangan ng industriya ng Tsina. Ang "Sa industriya, matuto sa Tach'ing" ay isang dakilang panawagan ni Tagapangulong Mao. Mayroong batayang pagkakapareho ang Tach'ing Oil Field at ang Brigada ng Tachai. Tinukoy ni Kasamang Chou En-lai sa kanyang Pampulitikang Ulat sa Ika-10 Kongreso ng Partido: "Isang batayang karanasan mula sa ating sosyalistang konstruksyon sa mahigit dalawang dekada ay ang sumandig sa masa. Para matuto mula sa Tach'ing sa industriya, at matuto mula sa Tachai sa agrikultura, dapat tayong magpunyagi sa paglalagay ng proletaryong pulitika sa kumand, masiglang maglunsad ng kilusang masa, at lubos na palargahin ang kasigasigan, karunungan, at pagkamalikhain ng masa." Ipinakita sa karanasan ng Tach'ing na ang pagtuturo sa mamamayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at pagpapanday ng kwerpo ng mga manggagawa ang pinakabatayang nilalaman ng gawaing sosyalistang konstruksyon. Kung may ganitong kwerpo ng bakal at asero na naaarmasan ng Kaisipang Mao Zedong, walang tao sa pagpapakasakit o kahirapan. Habang mas humihirap, lalong umaabante ang kwerpo, pinangingibabawan ang lahat ng kahirapan para maitayo ang mga sosyalistang industriya na may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas mababang halaga. Inalimura ng mga taong tulad ni Lin Piao ang uring manggagawa na interesado lamang sa "kabuhayan." Isang sampal sa kanila ang karanasan sa Tach'ing. Sa pagtatayo ng sosyalistang industriya, ang mga usapin na kung nabibigyan ng prayoridad ang pampulitika at pang-ideolohiyang pag-aaral ng mga tauhan at manggagawa, kung nagtitiwala tayo sa masa, kung iginigiit natin ang linyang masa, at kung nasusunod ang landas ng pag-asa-sa-sarili at puspusang pakikibaka ay mahahalagang palatandaan kung tunay na naitataguyod ang bandila ng "Sa industriya, matuto sa Tach'ing" at kung tunay na naisasapraktika ang rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao.

Itinuro ng panawagan ni Tagapangulong Mao na "Sa industriya, matuto sa Tach'ing" ang landas para sa pag-unlad ng industriya ng Tsina. Lubusang pinukaw nito ang uring manggagawa ng Tsina para umasa-sa-sarili, magsikap, at mabilis na baguhin ang kalagayan ng industriya ng Tsina. Ang malalimang paglaganap ng kilusang masa na "Sa industriya, matuto sa Tach'ing" ay siguradong magpapabilis sa sosyalistang industriyalisasyon ng Tsina at gagawing isang dakilang sosyalistang

bayan ang Tsina na may modernong agrikultura, modernong industriya, modernong pambansang depensa, at modernong syensya at teknolohiya.

## Dapat Umayon ang Pambansang Plano sa Ekonomya sa Agrikultura, Magaan na Industriya at Mabigat na Industriya ayon sa Ganoong Pagkakasunud-sunod

### Itaguyod ang Mabilis na Pag-unlad ng Pambansang Ekonomya ayon sa Pagkakasunud-sunod ng Agrikultura, Magaan na Industriya at Mabigat na Industriya

Isang obhetibong pangangailangan na ang agrikultura ang pundasyon at industriya ang nangungunang salik ng pambansang ekonomya. Wastong inilalarawan ang pangangailangan na ito ng pangkalahatang patakaran na "agrikultura ang pundasyon, industriya ang nangungunang salik" na binalangkas ni Tagapangulong Mao para paunlarin ang pambansang ekonomya, at tumatayong isang modelo para paunlarin ang sosyalistang pambansang ekonomya.

Sa patnubay ng Pangkalahatang Linya sa pagtatatag ng sosyalismo at ng pangkalahatang patakaran sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya, nakaayos ang pambansang plano sa ekonomya ng Tsina ayon sa pagkakasunud-sunod ng agrikultura, magaan na industriya at mabigat na industriya na ipinanukala ni Tagapangulong Mao. Ibig sabihin, sa pag-aayos ng pambansang plano sa ekonomya, dapat tayong magsimula sa agrikultura, at ilagay ang agrikultura sa unang pusisyon. Sa alokasyon ng mga pondong kapital man o sa suplay ng materyal na mga produkto, hindi maaaring kaligtaan ang mga pangangailangan ng agrikultura. Kaalinsabay, dapat din nating tiyakin na hindi lalampas ang pag-unlad ng mabigat na industriya at iba pang sektor ng pambansang ekonomya sa kantidad ng pagkaing butil, hilaw na materyales, pondong kapital, at lakas paggawa na maipagkakaloob ng agrikultura. Dapat ibatay ang pag-unlad ng mabigat na industriya sa pundasyon ng pagpapaunlad ng agrikultura at magaan na industriya. Sa Tsina, bugna ng implementasyon ng patakarang ito, relatibong magkaugma-ugma ang relasyon sa pagitan ng industriya at agrikultra. Patuloy na lumaki ang produksyong pang-agrikultura at produksyong pang-industriya. Masagana ang pamilihan at istable ang presyo. Nangingibabaw ang masagana at masiglang larawan sa produksyong pang-industriya at pang-agrikultura. Ipinakikita ng istorikong karanasan na dapat gawing pundasyon ang agrikultura at nangungunang salik ang industriya, at wastong tanganan ang relasyon sa hanay ng agrikultura, magaan na industriya at mabigat na industriya para sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya sa sosyalistang bayan. Hindi mapapasubalian ang katotohanang ito. Di tulad ng Tsina, pinagsasamantalahan at inaapi ng rebisyunistang sosyal-imperyalistang Sobyet ang kanyang anakpawis sa sariling bayan at naglulunsad ng agresyon at pagpapalawak sa ibayong dagat. Nagkukumahog itong minimilitarisa ang kanyang pambansang ekonomya, pinauunlad ang industriya ng pananandata, gaanuman kalaki ang gastos, winawasak ang pag-unlad ng relasyon sa hanay ng agrikultura, magaan na industriya at mabigat na industriya, at dinadala ang pambansang ekonomya nito sa matitinding krisis. Ang mga hakbanging ito ng pangkating Brezhnev na naghahangad ng "mas maraming baril kaysa mantikilya" ay humahantong sa matinding implasyon, kakulangan ng kalakal sa pamilihan, at kawalan ng suplay. Nagdarahop ang anakpawis.

### Ang Pagkakasunud-sunod ng Agrikultura, Magaan na Industriya At Mabigat na Industriya Ay Tiyak na Magtataguyod ng Konsolidasyon ng Alyansang Manggagawa-Magsasaka

Ang usapin ng relasyon ng pag-unlad sa hanay ng agrikultura, magaan na industriya at mabigat na industriya sa sosyalistang pambansang ekonomya ay hindi lamang usapin ng proporsyunal na

relasyon sa hanay ng mga pambansang sektor sa produksyong ito; isa rin itong usapin ng interelasyon sa pagitan ng mga manggagawa at magsasaka, at isang usapin ng alyansang manggagawa-magsasaka.

Sa sosyalistang sistema, magkakapareho ang mga batayang interes ng manggagawa at magsasaka. Sa pamumuno ng uring manggagawa, ang alyansang manggagawa-magsasaka, isang alyansa ng mutwal na suportahan at pagtaguyod, ay itinatag sa layunin ng paglulunsad ng komon na pakikibaka para itatag ang sosyalismo at kamtin ang komunismo. Pero nananatili pa rin ang ilang pagkakaiba ng kalunsuran at kanayunan at ng manggagawa at magsasaka sa usapin ng ekonomya, kultura, teknolohiya, at materyal na kabuhayan. Ang mga pagkakaibang ito ay mga labi ng lumang lipunan. Ang hayaan ang mga ito na umiral sa mahabang panahon, manapa'y palawakin, at ang hindi paglikha ng mga kondisyon para sa pagpapaliit at pagpawi sa mga pagkakaibang ito ay makakapinsala sa konsolidasyon ng alyansang manggagawa-magsasaka.

Sa kanyang pagsusuri sa mga relasyon ng namumunong uri at pinamumunuang uri, ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao:

"Dapat taglay ng namumunong uri at namumunong partido ang dalawang katangian para makapamuno sila sa mga uri, saray, pampulitikang partido, at organisasyong masa na pinamumunuan:

(a) Pamunuan iyong mga pinamumunuan (alyado) para maglunsad ng matatag na pakikibaka laban sa komun na kaaway at magtagumpay;

(b) Magkaloob ng mga benepisyong materyal sa mga pinamumunuan o sa minimum ay huwag pinsalain ang kanilang interes at kaalinsabay, bigyan sila ng pampulitikang edukasyon." (13)
Matapos maagaw ng uring manggagawa ang kapangyarihang pampulitika, mapamunuan ang magsasaka para ibagsak ang uring panginoong maylupa, at makamit ang reporma sa lupa at kolektibisasyon ng agrikultura, kinakailangan pa rin na pamunuan ang mga magsasaka sa isang determinadong pakikipaglaban sa kaaway sa uri sa kanayunan, magsagawa ang sosyalistang edukasyon upang tulungan silang ibayong kamtin ang mekanisasyon ng agrikultura sa batayan ng kolektibisasyon, unti-unting itaas ang kanilang materyal at kultural na antas ng pamumuhay sa batayan ng pag-unlad ng produksyon, at pamunuan sila na tahakin nang matatag ang sosyalistang landas. Sa parang ito, mapapaliit ang mga pagkakaiba ng kalunsuran at kanayunan at ibayong makokonsolida ang alyansang manggagawa-magsasaka.

Samakatwid, ang pag-aayos ng pambansang plano sa ekonomya ayon sa pagkakasunud-sunod ng agrikultura, magaan na industriya at mabigat na industriya ay mahalagang aspeto sa wastong paghawak ng relasyon ng manggagawa at magsasaka. Ang esensya ng suliraning ito ay ang usapin ng pagkokonsolida sa pamumuno ng uring manggagawa, pagkokonsolida sa alyansa ng manggagawa at magsasaka, at pagtitiyak na ang manggagawa ay naglulunsad ng pakikibaka sa burgesya para sa katapatan ang mga magsasaka – lahat ng ito ay bagong usapin ng tunggalian ng mga uri sa sosyalistang sistema. Ang teorya ni Tagapangulong Mao kaugnay ng interelasyon ng agrikultura, magaan na industriya, at mabigat na industriya, ang pangkalahatang patakaran sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya na "agrikultura ang pundasyon at industriya ang nangungunang salik," at ang pag-aayos ng pambansang plano sa ekonomya ayon sa pagkakasunod ng agrikultura, magaan na industriya, at mabigat na industriya ay ang itinurong landas para malutas ang mga usaping ito.

**Mga Sanggunian sa Pagbabalik-aral**

Marx, Capital 3, chapter 37.
Mao, "Correct Handling of Contradictions", Sections 3 and 12.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Bakit natin sinasabi na agrikultura ang pundasyon ng pambansang ekonomya? Paano mahusay na magagampanan ang gawaing pagsuporat sa agrikultura?
2. Bakit natin sinasabi na industriya ang nangungunang salik ng pambansang ekonomya? Bakit dapat bigyan ng pansin ang pagpapaunlad ng agrikultura at magaan na industriya habang pinauunlad ang mabigat na industriya?
3. Ano ang napakalaking kabuluhan ng wastong paghawak sa relasyon sa hanay ng agrikultura, magaan na industriya at mabigat na industriya?

**Mga Tala**

1) Marx, "'Money': One of the 1857-1858 Manuscripts on Economics," quoted from Marx, Engels, Lenin, and Stalin on Communist Society, Jen-min ch'u-pan-she, 1958, p. 67.
2) Marx, Capital, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1966, p. 91$. 3) "On the Correct Handling of Contradictions among the People," Selected Readings from the Works of Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 362.
4) Ibid., p. 362.
5) "On Coalition Government," Selected Works of Mao Tsetung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 978.
6) "On Agricultural Cooperativization," Selected Readings from the Works of Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 314.
7) "Where Does People's Correct Thought Come from?" Selected Readings from the Works of Mao Tse-tung, Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 383.
8) "The Orientation of the Youth Movement," Selected Works of Mao Tse-tung, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, pp. 532-33.
9) "On Coalition Government," Selected Works of Mao Tsetung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 981.
10) "On the Correct, Handling of Contradictions among the People," Selected Readings from the Works of Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 362.
11) Ibid., p. 362.
12) Ibid., p. 362.
13) "On Some Important Problems of the Party's Present Policy," Selected Works of Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1168.

# Kabanata 18

## Ang Pagtitipid ay Isang Mahalagang Prinsipyo sa Sosyalistang Ekonomya

Isapraktika ang Pagtitipid at Pang-Ekonomyang Akawnting*

Ang sosyalistang produksyon ay isang proseso ng planadong alokasyon ng oras paggawa at pagsisikap na maging ekonomikal sa oras paggawa. Ang pagsasapraktika ng pagtitipid at pang-ekonomyang akawnting sa lahat ng gawain at sa pamamahala sa pambansang ekonomya sa kabuuan ay mga esensyal na kondisyon sa pagtatatag ng sosyalismo na may mas malaki, mas mabilis, at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga.

### Ang Pagtitipid ay Kinakailangan sa Soyalistang Pag-unlad sa Ekonomya

Ang Kabuluhan ng Pagtitipid sa Soyalistang Pag-unlad sa Ekonomya

Ang ibig sabihin dito ng pagtitipid ay ang ekonomikal na paggamit ng lakas tauhan, materyales, at pondo. Ang ibig sabihin ng ekonomikal na paggamit ng lakas tauhan ay ang pagtitipid sa nabubuhay na paggawa; ang ibig sabihin ng ekonomikal na paggamit ng materyales ay ang pagtitipid sa materyalisadong paggawa; at ang ibig sabihin ng ekonomikal na paggamit ng pondo ay ang pagtitipid sa nabubuhay at materyalisadong paggawa na nalalahad sa sirkulasyon ng pananalapi. Samakatwid, ang lahat ng pagtitipid sa katunayan ay ang ekonomikal na paggamit sa nabubuhay at materyalisadong paggawa, o ekonomikal na paggamit ng oras paggawa.

Sa sosyalistang lipunan, ang pagtitipid ng oras paggawa ay may napakabigat na kahalagahan. Ipalinawanag ni Marx: "Lahat ng pagtitipid sa huling pagsusuri ay pagtitipid ng oras. Dapat rasyunal na ilaan ng lahat ng tao ang kanyang oras para magtamo ng kinakailangang kaalaman o tugunan ang iba't ibang mga pangangailangang itinatakda ng kanyang mga aktibidad. Gayundin, dapat hatiin ng lipunan ang oras nito, para makamit ang isang produksyon na tumutugon sa kabuuang pangangailangan nito. Kung gayon, ang pagtitipid ng oras, at ang planadong paghahati ng oras paggawa sa iba't ibang sektor ng produksyon, ay nagiging primaryang batas pang-ekonomya ng kolektibong produksyon. Ito ay isa pa ngang napakaabanteng batas."[1]

Ang layunin ng sosyalistang produksyon ay tugunan ang mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Ang pagtitipid ng oras paggawa at planadong alokasyon ng oras paggawa para malikha ang pinakamalaking posibleng kantidad ng halaga sa gamit nang may pinakamaliit na paggamit ng paggawa ay isang saligang landas para matiyak ang laging lumalaking mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan sa pinakamataas na antas. Nakaayon rin ito sa obhetibong hinihingi ng saligang batas pang-eknomya ng sosyalismo Ang paglabag sa batas ng pagtitipid ay paglabag sa saligang mga rekisito ng sosyalistang pag-unlad ng ekonomya at paglabag sa saligang interes ng proletaryado at masang anakpawis. Samakatwid, kung ipinapatupad ba ang pagtitipid ay pangunahin usapin ng kung tinatanggap ba ang obhetibong mga batas ng sosyalistang ekonomya at kung pinahahalagahan ba ang saligang interes ng proletaryado at masang anakpawis.

Sa sosyalistang bayan, ang pagtitipid ay isang mahalagang paraan para palakihin ang akumulasyon sa pamamagitan ng pag-asa-sa-sarili. Para magsagawa ng malakihang saklaw na konstruksyong pang-ekonomya, kinakailangan ng sosyalistang bayan ng maraming pondo ng akumulasyon. Saan

---

* Chieh-yueh shih she-hui-chu-i ching-chi ti chung-yao yuan-tse – li-hsing chieh-yueh ho ching-chi ho-suan-chih.

manggagaling ang pondo? Hindi katulad ng kapital-imperyalismo at sosyal-imperyalismo, ang sosyalistang bayan ay hindi maaaring magsamantala sa kanyang sariling mamamayan, maglunsad ng panlabas na agresyon at pandarambong, maningil ng bayad-pinasala sa gera, o magbenta ng likas na yaman para paunlarin ang ekonomya nito. Makakasandig lamang ang sosyalistang bayan sa masipag na paggawa ng masang anakpawis nito at sa panloob na pagtitipid para sa akumulasyon. Sa isang banda, ang yunit pamproduksyon ay nagtitipid ng pinakamaraming posibleng lakas tauhan, materyales, at pondo, makatwiran na nagsasagawa ng alokasyon ng pondo, at tuluy-tuloy na nagpapalawak ng saklaw ng produksyon. Sa kabilang banda, ang mga yunit na di pamproduksyon, tulad ng mga organo ng estado, yunit militar, paaralan, at organisasyon ng mamamayan, ay dapat magtipid at pawiin ang pag-aaksaya para paliitin ang bahagi ng gastusing di pamproduksyon sa badyet ng estado. Sa ganitong paraan, malaking pondo ang matitipon para sa pang-ekonomyang konstruksyon. Dapat magtipid ng sosyalistang bayan at bakahin ang pag-aaksaya para pabilisin ang sosyalistang konstruksyon at mas matugunan ang laging lumalaking mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan.

Mahalaga ang pagtitipid laluna sa sosyalistang konstruksyon ng Tsina. Malaking bayan ang Tsina, pero ito rin ay isang bayang atrasado at mahirap ang ekonomya, isang umuunlad na bayan. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Nais nating ipagpatuloy ang malakihang-saklaw na konstruksyon, pero lubhang mahirap pa ang ating bayan. Isa itong kontradiksyon. Isang paraan ng paglutas sa kontradiksyong ay ganap at tuluy-tuloy na magtipid."[2] Kung gayon, nanawagan si Tagapangulong Mao sa lahat ng mamamayan: "Paandarin ang mga pabrika nang may kasipagan at ekonomikal na paggamit, paandarin ang mga talyer nang may kasipagan at paandarin ang lahat ng empresa ng estado at empresa ng kooperatiba nang may kasipagan at ekonomikal na paggamit, at paandarin ang lahat ng iba pang empresa nang may kasipagan at pagtitipid. Ang prinsipyo ng pagtitipid at ekonomikal na paggamit ay dapat gawin sa lahat ng bagay. Ito sa gayon ang prinsipyo ng pagtitipid."[3] Mahigpit na tumatalima sa tagubilin ni Tagapangulong Mao ang malawak na hanay ng mga manggagawa at maralita't nakabababang panggitnang magsasaka na lumalaban sa unang hanay ng produksyon. Naiintindihan nila ang dakilang kabuluhan ng pagtitipid. Mahusay na inilahad ito ng masang anakpawis, "Ang kasipagan nang walang ekonomikal na paggamit ay nangangahulugan ng tahasang pagsasayang lamang ng pagod." Tanging sa pamamagitan ng kasipagan at pagtitipid makakalikha ang masang anakpawis ng yaman at makakagampan ng pinakadakilang papel at mapapaunlad ang Tsina sa madaling panahon tungo sa isang malaki at malakas na sosyalistang bayan.

Kinakailangan din ang pagtitipid para tupdin ng isang sosyalistang bayan ang mga obligasyon nito kaugnay ng internasyunalismo. Tanging sa pamamagitan ng higit na pag-iimpok sa loob ng bayan, mas malaki ang ating internasyunal na maiaambag sa pandaigdigang rebolusyon.

Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Dapat palakihin ang produksyon, magtipid, at labanan ang pagpaparangya at pag-aaksya ng lahat ng 600 milyong mamamayan ng ating bayan . Ito ay makabuluhan hindi lamang sa ekonomya, kundi maging sa pulitika."[4] Ang kasipagan at pagtitipid ay lagi nang mabuting katangian ng proletaryado at masang anakpawis. Sa patnubay ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, ang malawak na masa ng Tsina ay nagsasapraktika ng kasipagan at pagtitipid. Nakamihasnan na ito. Ang pagpaparangya at pag-aaksaya ay mga lason ng burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri. Tulad ng kanilang amo na si Confucius, ang mga pangkatin nina Liu Shao-chi at Lin Piao ay binuo ng mga taong "hindi nagtatrabaho gamit ang kanilang tigalawang bisig at paa at hindi mapag-iba-iba ang limang pagkaing butil." Ang luho at pag-aaksaya ay likas na katangian ng mapagsamantalang uri. Galit sila sa patakaran ni Tagapangulong Mao na "itayo ang bayan sa pamamagitan ng kasipagan at pagtitipid." Sa gawaing konstruksyong kapital, hinabol nila ang "malalaki, dayuhan, at kaakit-akit" na mga proyekto. Sa pamamahala ng mga rekurso, gumagamit sila ng tinatawag na "napakalaking badyet pero napakahigpit na gastusin".

Sa katunayan, ito'y "napakalaking badyet at napakalaking gastusin." Sa pagpapatakbo at pamamahala, nangatwiran pa nga sila na "hindi lalabas ng bayan ang salapi, kahit pa hindi gawin sa tatlong taon ang mga pagkwenta." Ang kanilang kriminal na layon ay sirain ang pananaw ng mga mabuway sa rebolusyonaryong hanay, aksayahin ang likas na yaman, papanghinain ang sosyalismo, isabotahe ang diktadura ng proletaryado, at panumbalikin ang kapitalismo. Samakatwid, sa pagtitipid at pagbaka sa pag-aaksaya, hindi lamang pinabibilis ang sosyalistang konstruksyon kundi ngsusulong din ng malakas na pampulitikang pakikibaka sa mga taong tulad nina Liu Shao-chi at Lin Piao. Isa rin itong puspusang pagpuna at pagtatakwil sa mga tradisyunal na konsepto at karaniwang paniniwala. Dapat nating mulat na labanan ang paninira at mga atake ng burges na ideolohiya at itaguyod ang dakilang tradisyon ng proletaryado na itatag ang mga bagong empresa nang may kasigasigan at isapraktika ang kasipagan at pagtitipid. "Dapat nating tulungan ang lahat ng ating kabataan para maunawaan na ang ati'y isa pang lubhang mahirap na bayan, at hindi posibleng pundamental na mabago ang sitwasyong ito sa maigsing panahon. Dapat tayong sumalig sa kabataan at sa buong sambayanan, gamit ang sariling mga kamay, para magkaisa at lumaban sa loob ng ilang dekada at likhain isang mayaman at malakas na bayan."[5]

## Binubuksan ng Sosyalistang Sistema ang Malawak na Daan para sa Pagtitipid

Sa sosyalistang lipunan, hindi lamang kailangan ang pagtitipid, kundi possible rin na rasyunal at malawakang makamit ang pagtitipid kaugnay ng nabubuhay at materyalisadong paggawa sa iba't ibang larangan ng labanan at sa bawat indibidwal na sektor ng sosyalistang produksyon. Ito'y pangunahing dahil naging sariling panginoon nila ang masang anakpawis sa sosyalistang lipunan. Ang ultimong layunin ng pinakamalaking posibleng pagtitipid sa lakas tauhan, materyal na rekurso, at pondo ay higit pang akumulasyon para sa estado at kolektiba at mas mahusay na palawakin ang reproduksyon para paglingkuran ang interes ng proletaryado at ng masang anakpawis. Samakatwid, ang pagtitipid ay mulat na aktibidad ng malawak na masang anakpawis. Sa sandaling mapukaw ang sosyalistang aktibismo ng masa, ginagamit ang lahat ng pamamaraan ng pagtitipid: iniimbentaryo ang mga bodega at imbakan ng produkto para magamit ang potensyal na mga rekursong materyal; ginagawa sa malaking paraan ang mga teknikal na inobasyon para magamit ang potensyal ng mga kasangkapang nakatiwangwang; pinauunlad ang organisasyon sa paggawa at pamamaraan sa operasyon para magamit ang potensyal ng paggawa; at pinabubukadkad ang komprehensibong paggamit para gawing kapaki-pakinabang na mga bagay ang "basura" at itransporma sa mapapakinabangan ang "walang saysay". Halimbawa, ang pangunahing planta ng Northeast Pharmaceuticals ay nagmobilisa sa masa para maglunsad ng gayong kampanya ng komprehensibong paggamit. Pinag-isipang mabuti ng masang anakpawis at mga teknisyan para makatuklas ng paraan na magamit ang "*solid waste*", "*fluid waste*", at "*gaseous waste*". Bilang resulta, maraming bagong produkto ang naidagdag. Ang pangunahing distileriya sa Peking ay dating gumagawa lamang ng alak. Matapos ilunsad ang kilusang masa para pataasin ang produksyon at magtipid, maraming mahahalagang produkto ang nalikha mula sa "tatlong basura" ng planta. Umunlad ito sa isang masaklaw na empresa, na gumagawa ng maraming iba't ibang produkto. Minamahalaga ng malawak na masang anakpawis ang pagtitipid at isinasapraktika ito sa libu-libong paraan. Hindi ito posible sa kapitalistang lipunan. Sa kapitalismo, nagsasapraktika ang kapitalista ng pagtitipid sa sariling empresa. Ang layunin ay paliitin ang gastos at pigain ang maksimum na labis na halaga. Ang esensya ng pagtitipid ay patindihin ang pagsasamantala sa upahang paggawa. Ipinaliwanag ni Marx: "Tinitipid ng kapitalistang produksyon, kapag tiningnan nang hiwalay sa proseso ng sirkulasyon at mga kalabisan ng kumpetisyon, ang materyalisadong paggawa na nilakip sa kalakal. Subalit, higit sa anupamang moda sa produksyon, sinasayang nito ang buhay ng mga tao, o nabubuhay na paggawa.

Sinasayang nito hindi lamang ang dugo't laman, kundi maging ang isip at utak."[6] Galit na galit ang masang anakpawis sa tinatawag na pagtitipid na ginagawa ng kapitalista at matatag na makikibaka at mag-aaklas laban dito.

Sa kalagayan ng sosyalistang pampublikong pagmamay-ari, ang batas ng pagtitipid ay hindi lamang gumaganap ng papel sa loob ng iba't ibang empresa; mas mahalaga, gumaganap ito ng papel sa pambansang ekonomya sa kabuuan. Ang sosyalistang ekonomya ay isang planadong ekonomya. "Ang panlipunan at planadong alokasyon ng oras paggawa ay nagkokontrol sa tamang proporsyon hanay ng iba't ibang gawain ng paggawa at iba't ibang mga pangangailangan."[7] Sa pamamagitan ng pambansang plano sa ekonomya, makatwirang magagamit ng sosyalistang bayan ang lakas tauhan, materyal na rekurso, at pondo, sentralisadong maoorganisa ang produksyon at sirkulasyon, mapapabukadkad ang sosyalistang kooperasyon sa buong bayan, at makokombina ang pagtitipid ng indibidwal na mga empresa sa pagtitipid ng buong lipunan. Sa kapitalismo, bunga ng kumpetisyon sa hanay ng mga empresa at anarkiya sa panlipunang produksyon, sa saliga'y imposibleng magawa ang pagtitipid sa sistematikong paraan sa buong lipunan. Ito'y laluna't dahil sa malubhang pag-aaksya sa lakas tauhan, materyal na rekurso, at pondo na katambal ng paulit-ulit na nangyayari sa mga siklo ng negosyo. Ipinaliwanag ni Marx: "Pinupwersa ng kapitalistang moda sa produksyonang pagtitipid sa bawat indibidwal na negosyo., Pero nagbubunga ang anarkikal na sistema ng kumpetisyon ng napakalaking pag-aaksaya ng ng panlipunang mga kagamitan sa produksyon at lakas paggawa."[8]

Ang pagtitipid at pag-aaksaya ay isang kaisahan ng magkakasalungat. Dapat ang proseso ng pagtitipid ay di maiiwasang maging proseso ng paglaban sa pag-aaksaya.

Para makapagtipid, dapat muna nating patatagin ang edukasyon ng masa at mga kadre sa linyang pang-ideolohiya at pampulitika, walang-humpay na isulong ang pakikibaka laban sa pag-aaksaya, at pagyamanin ang ideya ng pagtatatag ng bayan sa pamamagitan ng kasipagan, pagtitipid at masikhay na pakikibaka.

Ang gawaing pang-ideolohiya at pampulitika ng Partido ang saligang garantiya na maiaanat ang kamulatan ng masa at mga kadre sa pagtitipid at maipapatupad ang patakarang paganahin ang mga empresa nang may kasigasigan at pagtitipid. Para maikombina ang gawaing pang-ideolohiya at pampulitika sa puspusang gawaing pang-ekonomya, kailangang itatag ang isang sistemang rasyunal. Isang napakahalagang sistema ang pagpapalakas ng pang-ekonomyang akawnting sa pambansang ekonomya at iba't ibang empresa, at pagpapatakbo ng mga empresa sa batayan ng pang-ekonomyang akawnting.

## Ang Pang-Ekonomyang Akawnting ay Mahalagang Paraan para Paunlarin ang Sosyalistang Ekonomya nang may Higit na Malaki, Mabilis at Mahusay na mga Resulta sa mas Murang Halaga

Gamitin ang Pang-Ekonomyang Akawnting para Kamtin ang
Higit na Malaki, Mabilis at Mahusay na mga Resulta sa mas Murang Halaga

Ang pang-ekonomyang akawnting ay ang pagsusuri ng mga pang-ekonomyang aktibidad sa pamamagitan ng *bookkeeping*. Sa pakikibaka para sa produksyon, natutunan ng tao noon pa man ang kahalagahan ng paggamit ng pang-ekonomyang akawnting. Sa primitibong komuna ng India, mayroong tagapagtuos para magtala ng mga akawnt pang-agrikultura at lahat ng kaganapan kaugnay ng mga ito.[9] Hiniram ni Marx ang istorya, na popular sa mga burges na ekonomista, ni Robinson Crusoe, para ipaliwanag ang pangangailangan ng bookeeping sa proseso ng produksyon. Paliwanag ni Marx: Para kay Robinson, na nabuhay sa nahihiwalay na isla, "gaanuman kasimple ang buhay niya, may iba't ibang pangangailangan siyang dapat matugunan. Bunga nito, kailangang lumahok siya sa iba't ibang tipo ng kapakipakinabang na paggawa, tulad ng paggawa ng mga kasangkapan at gamit sa

bahay, pag-aalaga ng kambing, pangingisda at pangangaso." "Kinailangang pwersahin niya ang sarili na presisong hatiin ang kanyang oras sa pagitan ng iba't ibang aktibidad." "Ang kanyang talaan ay naglalaman ng listahan ng iba't ibng bagay na mayroon siya, iba't ibang aktibidad para malikha ang mga bagay na ito; at panghuli, ng karaniwang oras paggawa na ginugol niya para likhain ang kantidad na ito ng mga produkto."[10] Habang nagiging mas sosyalisado ang proseso ng produksyon, mas malaki ang pangangailangan para sa pang-ekonomyang akawnting. "Ang bookkeeping ay mas kailangan sa kapitalistang produksyon kaysa desentralisadong produksyon ng pagyayaring-kamay at mga magsasaka. Higit na kailangan sa produksyon sa ilalim ng pagmamay-aring produksyon kaysa kapitalistang produksyon."[11]

Sa ilalim ng iba't ibang sistemang panlipunan, ang nilalaman, anyo at panlipunang resulta ng pang-ekonomyang akawnting ay magkakaiba. Sa kapitalistang lipunan, ginagamit ng kapitalista ang pang-ekonomyang akawnting para pigain ang pinakamalaking posibleng labis na halaga sa pinakamaliit na posibleng dami ng kapital. Habang mas mahigpit ang pang-ekonomyang akawnting na ito, mas malaking kapital ang natitipid, mas nagiging malupit ang pagsasamantala sa upahang paggawa, at lalong naghihirap ang masang anakpawis. Sa sosyalistang lipunan, ang pang-ekonomyang akawnting ay hindi na sumasalamin sa kapitalistang relasyon sa produksyon. Sa halip, sumasalamin ito sa sosyalistang relasyon sa produksyon. Sa pagtataguyod ng pang-ekonomyang akawntinging, mulat na ginagamit ng proletaryado at anakpawis ang batas ng pagtitipid sa oras paggawa para paunlarin ang sosyalistang produksyon nang may mas malaki, mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga.

Mahahalagang katangian ng sosyalistang produksyon ang mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga. Isang mahalagang paraan ang sosyalistang pang-ekonomyang akawnting para makamit ang mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga. Sa punto de bista ng buong pambansang ekonomya, hindi mapaghihiwahiwalay ang mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga. Sa produksyon, kung isinasapraktika natin ang pagtitipid at binabawasan ang konsumo ng hilaw na materyales, panggatong, at paggawa, at gastos, magagamit natin kung gayon ang daming ito ng paggawa, materyal na rekurso, at pondo para lumikha ng mas maraming produkto. Kaalinsabay, ang masikhay na kalkulasyon, kasigasigan at pagtitipid, ang rasyunal na pagpili ng hilaw na materyales at pagpapalit ng mas mura at mas mahusay na hilaw na materales sa mas mahal at mas mababang kalidad na hilaw na materyales ay magpapataas sa produksyon sa pamamagitan ng pag-aangat ng kalidad ng mga produkto at at pagpapahusay ng tibay ng mga produkto. Sa gayon, ang lakas tauhan, materyal na rekurso, at pondo ay magagamit para paunlarin ang produksyon ng iba pang mga bagay para pabilisin ang sosyalistang konstruksyon.

Ginagawa ng burgesya ang lahat para makapiga ng pinakamalaking posibleng labis na halaga sa pamamagitan ng paggamit ng pinakamaliit na halaga ng kapital. Itinuturing ng rebisyunismong Sobyet ang paghahabol ng tubo bilang pinakamataas na prinsipyo ng pang-ekonomyang akawnting. Ang tubo sa mga empresa ng monopolyong kapitalismong pang-estado ng mga rebisyunistang Sobyet ay transpormasyon ng labis na halaga. Ang pang-ekonomyang akawnting sa kapital-imperyalismo at sosyal-imperyalismo ay pang-ekonomyang akawnting ng mapagsamantalang uri. Salungat na salungat ito sa sosyalistang pang-ekonomyang akawnting.

## Masang Anakpawis ang Panginoon sa Pang-Ekonomyang Akawnting

Ang pusisyon ng masang anakpawis sa sosyalistang pang-ekonomyang akawnting at kapitalistang pang-ekonomyang akawnting ay ganap na magkakaiba. Dahil ang pang-ekonomyang akawnting sa kapitalistang empresa ay naglilingkod sa burgesya, at saliga'y salungat sa interes ng masang

anakpawis, ang pang-ekonomyang akawnting ay gawain lamang ng iilang eksperto na inuupahan ng burgesya. Ang sosyalistang pang-ekonomyang akawnting ay naglilingkod sa interes ng masang anakpawis at naaayon sa kanilang batayang interes. Samakatwid, ang pang-ekonomyang akawnting sa sosyalistang empresa ay hindi lamang gawain ng mga eksperto kundi isang pang-ekonomyang aktibidad din na dapat at maaaring maging pang-ekonomyang aktibidad na nagtataglay ng mulat na paglahok ng masang anakpawis.

Ikinokombina ng pang-ekonomyang akawnting sa sosyalistang empresa ng Tsina ang masang anakpawis at ang mga eksperto. Pinapatunayan ng karanasan ng Tsina na para maging mahusay sa pang-ekonomyang akawnting, kailangang lumahok ang masa. Ang pang-ekonomyang akawnting ng mga eksperto ay dapat nakabatay sa pangmasang akawnting. Dahil mayaman sa praktikal na karanasan ang malawak na masang anakpawis sa matagalan at mahirap na pakikibaka sa larangang-digma ng produksyon, pamilyar sila sa sariling kalagayan sa produksyon. Malinaw nilang nalalaman kung saan mayroong pag-aaksaya at kung saan lalong mapapalaki ang pagtitipid. Alam na alam nila kung paano paghuhusayin ang mga teknik para itaas ang pagiging episyente, at kung paano kukwentahin ang gastos sa paggawa, materyal na mga rekurso, at pondo para kamtin ang higit na malaki, mabilis, at mahusay na mga resulta sa mas murang halaga. Ang grupong akawnting, mga organisasyon sa pang-ekonomyang superbisyon, at mga kumperensya para suriin ang pang-ekonomyang aktibidad sa mga sosyalistang empresa ng Tsina ay ilan sa mas mahuhusay na anyo ng pang-ekonomyang akawnting. Resulta ang mga ito nang hinawakan ng masa ang pinansyal na pamamahala at mula sa iba't ibang kombinasyon ng masang anakpawis at mga eksperto. Sa sosyalistang empresa, ang masa, bilang kanilang sariling amo, ay lumalahok sa grupong akawnting, pagsusuri sa pang-ekonomyang aktibidad, at pinansyal na pamamahala. Sa paraang ito, ang pang-ekonomyang akawnting ay hindi lamang gumagampan ng mas malaking papel sa pagtataguyod ng higit na malaki, mabilis, at mahusay na mga resulta sa mas murang halaga; itinutulak din nito ang mga namumunong tauhan at malawak na hanay ng mga kadre na kumilos ayon sa linya ng Partido at sa pangkalahatan at partikular na mga patakaran nito para makasulong ang empresa sa sosyalistang landas.

Sa sosyalistang pang-ekonomyang akawnting, mahalaga din na gampanan ang papel ng mga eksperto. Sa pakikisalamuha sa iba't ibang pagawaan at departamento ng empresa, nagiging mas pamilyar ang mga eksperto sa sitwasyon ng iba't ibang pang-ekonomyang aktibidad ng buong empresa at nakakatulong sa pamumuno at pag-oorganisa ng marami't iba-ibang pang-ekonomyang aktibidad. Mangyari pa, dapat magtungo rin ang mga eksperto sa unang hanay ng produksyon, sumalig nang lubos sa masa, patibayin ang pagsisiyasat at pananaliksik, magtiwala sa pagkamalikhain ng masa, at maagap na lutasin ang mga problema sa pang-ekonomyang akawnting na lumilitaw mula sa proseso ng produksyon. Tanging sa paraang ito nila magagampanan ang kanilang tamang papel.

## Ang Sistema ng Pang-Ekonomyang Akawnting<br>ay Isang Sistema ng Pamamahala ng Sosyalistang Empresa

### Kinakatawan ng Sistema ng Pang-Ekonomyang Akawnting<br>ang Relasyon ng Estado at mga Empresa ng Estado<br>at ang Relasyon sa Hanay ng mga Empresa ng Estado

Matapos itatag ng sosyalistang bayan ang ekonomya ng sosyalistang estado, paano dapat pamahalaan ang empresa ng estado?

Ang ekonomya ng sosyalistang estado na nakabatay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado ay pag-aari ng buong masang anakpawis sa kabuuan. Pag-aari at pinamamahalaan ng

sosyalistang estado ang ekonomya ng estado bilang kinatawan ng buong masang anakpawis. Itinatakda ng sosyalistang estado ang produksyon at operasyunal na planadong asaynment para sa mga empresa ng estado at sentralisadong hinahati ang produkto at kita ng empresa ng estado para tugunan ang mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan.

Ibig bang sabihin ng pamamahala ng estado sa ekonomya ng estado na wala nang relatibong kasarinlan ang maraming empresa ng estado? Ibig ba nitong sabihin na ang lahat ng kagamitan sa produksyon at kompensasyon para sa tauhan ay ibinibigay nang libre sa empresa ng estado, na ang lahat ng produkto ng empresa ng estado ay ipinapasa sa estado nang walang kompensasyon, at wala nang nagsasariling akawnting sa kita o lugi ng empresa ng estado? Nangyari na sa kasaysayan ang tipong ito ng sistema ng pamamahala ng empresa, at tinatawag na sistemang libreng suplay. Noong 1918 hanggang 1920 sa panahon ng komunismong militar sa Unyong Sobyet, ang sistemang ito ng pamamahala ng empresa ng estado ay ginamit. Kinailangan ito sa ilalim ng natatanging istorikal na kalagayan ng komunismong militar. Pero hindi ito maisasagawa sa ilalim ng pangkalahatang kalagayan ng pagtatatag ng sosyalismo. Kung walang nagsasariling akawnting sa kita at lugi sa ilalim ng sistemang libreng supply, mahihirapang matukoy kung saan hindi episyente o kung may pag-aaksaya sa proseso ng produksyon at operasyon. Samakatwid, hindi magiging paborable ang kalagayan para mobilisahin ang aktibismo sa operasyon at palakasin ang responsibilidad ng nagtatrabahong tauhan ng empresang ng estado. Sasalungat ito sa batas ng pagtitipid.

Kung gayon, tama ba na hayaan ang mga empresa ng estado na akuin ang nagsasariling pananagutan para sa sarili nitong kita at lugi? Lalong hindi ito maisasagawa. Kung ipapatupad ang sistemang ito, ang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado ay magiging sa pangalan lamang at mabubulok tungo sa isang sistemang pagmamay-ari ng empresa, sa isang sistema ng pagmamay-ari ng maliit na grupo, at sa huli'y sa isang sistema ng pribadong pagmamay-ari. Tiyak na igigiit ng pang-ekonomyang batas ng kapitalismo ang sarili. Sa sosyalistang lipunan, ang pang-ekonomyang pamamahala ng estado sa mga empresa ay obhetibong nagtatakda ng isang sistema gaya ng sistemang ito ng pang-ekonomyang akawnting. Ano ang sistema ng pang-ekonomyang akawntinging? Sa simpleng salita, ito ay isang sistema ng pang-ekonomyang pamamahala na nagtitiyak ng sentral na pamumuno ng estado pero kaalinsabay ay nagpapahintulot ng relatibong pagsasarili sa operasyon ng mga empresa.

Noon pa mang 1942, ibinandila ni Tagapangulong Mao ang prinsipyo ng "sentralisasyon sa pamumuno, at desentralisasyon sa pamamahala" sa kanyang direktiba na itatag ang isang sistema ng pang-ekonomyang akawnting sa lahat ng sektor ng ekonomya ng estado. Nangangahulugan ang sentralisadong pamumuno ng planadong pamamahala ng mga empresa ng estado ayon sa sentralisadong mga linya, direktiba, at patakaran. Sa ilalim ng kongkretong mga kalagayan, ang mga empresa ay tinatakdaan ng iba't ibang target sa produksyon kabilang ang pagkakaiba-iba ng uri, kantidad, kalidad, halaga ng produkto, produktibidad ng paggawa, gastos, at pagkita na isesentro sa estado. Pananagutin ang empresa sa plano ng estado at dapat tupdin ang iba't ibang target na itinakda ng estado. Nangangahulugan ang desentralisadong pamamahala ng alokasyon ng estado ng mga pondo sa mga empresa ng estado ayon sa kanilang mga pangangailangan sa produksyon at operasyon. Ginagamit ng mga empresa ang inilaang pondo ng estado at inoorganisa ang mga aktibidad sa produksyon, suplay at pamilihan ayon sa mga itinatakda rito ng plano na binalangkas ng estado. Ang bawat empresa ng estado ay nagtataglay ng isang antas ng relatibong pagsasarili sa operasyon. Responsable ito sa sarili nitong kita at lugi, at ginagamit ng bawat empresa ang sarili nitong kita para punan ang mga gastusin at maglaan ng pondo para sa akumulasyon ng estado. Ang desentralisadong pamamahala sa ilalim ng sentralisadong pamumuno ng estado ay nagtatakda, sa isang banda, na paunlarin ng empresa ng estado ang produksyon at operasyon, palakasin ang pang-ekonomyang akawnting, at tiyakin ang pagtupad sa plano ng estado. Sa kabilang banda, dapat likhain ng estado ang mga kailangang kalagayan nang sa gayo'y mapauunlad ng empresa ng estado ang

produksyon at operasyon. Halimbawa, ang mga plano sa produksyon ay dapat maagap na ipinaalam at ang suplay ng hilaw na materyales at kooperasyon sa produksyon ay dapat matamang inorganisa. Ang pamamahala ng estado sa empresa ng estado sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay nagtitiyak ng sentralisadong pamumuno ng estado sa mga empresa ng estado at nagpapadali rin sa paggamit ng empresa ng sosyalistang aktibismo sa operasyon. Kapwa nakakaiwas ito sa sobrang kontrol, na di paborable sa pang-ekonomyang akawnting ng empresa, at nakakapigil sa sobrang pagsasarili ng empresa, na maaaring tumungo sa kapitalistang tendensya ng malayang operasyon.

Sa sistema ng pang-ekonomyang akawnting, ang natatanging katangian ng pang-ekonomyang relasyon sa hanay ng mga empresa ng estado ay ang pinagsama-samang kooperasyon at nagsasariling akawnting. Ang mga empresa ng estado ay pag-aari ng proletaryado at ng buong masang anakpawis. Pag-aari ang mga itong iisang nagmamay-ari. Pinag-uugnay-ugnay ang mga ito hindi lamang ng hatian sa paggawa kundi ng katotohanan din na itinatakda ng kanilang identical na saligang interes na magkoordinahan at mahigpit na magtulungan sa sarili nilang inisyatiba. Ang mga empresang ito ay pundamental na naiiba sa kapitalistang empresa batay sa sistema ng pribadong pagmamay-ari. Gayunman, sa kalagayan ng pagpapatupad ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting, ang mga empresa ng estado ay mga yunit din na may relatibong nagsasariling akawnting at nagsasariling operasyon.

Dapat itala ang mga transaksayon at kooperasyong pang-ekonomya sa kanilang hanay para makatulong sa kalkulasyon ng mga benepisyong pang-ekonomya. Kung gayon, ang pagpapalitan ng mga lakas tauhan, materyal na rekurso, at pondo sa hanay ng mga empresa ng estado ay kailangang inspirado ng kooperatibong estilo ng komunismo at tumatalima sa prinsipyo ng pagpapalitan ng magkakatumbas na halaga.

Ang nabanggit na mga relasyon sa pagitan ng estado at mga empresa ng estado at sa hanay ng mga empresa ng estado sa ilalim ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay nagbibigay ng kakayahan sa daan-daang libong empresa ng estado na ganap na ipatupad ang kanilang responsibilidad at aktibismo sa operasyon sa ilalim ng sentralisadong pamumuno ng estado. Minsa'y ipinaliwanag ni Lenin: "Ang layon ng pagtatayo ng mga empres sa batayan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay para maging responsable ang mga ito, higit pa, maging lubos na responsable para sa kanilang mga empresa na tumakbo nang walang lugi."[12] Nagtataka ang ilan, kung ang lahat ng empresa ng estado ay pag-aari ng estado, bakit kailangan pa na magkaroon ng ganoon kapinong sistema ng akawnting para sa mga ito? Ang ganitong ideyang ito, na nagtatanggi sa sistema ng pang-ekonomyang akawnting, ay lumalabag sa sosyalistang prinsipyo ng pagtitipid. Sa sosyalistang lipunan, ang pagpapalawak ng produksyon at ang pagtitipid ay pangunahing nakasalalay sa gawaing pang-ideolohiya at pampulitika ng Partido para iangat ang kamulatan ng mga kadre at ng masa. Pero kailangan ding itatag ang isang sistema ng pananagutan kaugnay ng operasyon at pamamahala. Kung ang sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay hindi ipinatutupad, hindi magiging paborable ang kalagayan para sa pagpapalakas ng pananagutan sa operasyon ng mga tauhan sa pamamahala, at magreresulta sa substansyal na pag-aaksaya ng lakas tauhan, materyal na rekurso, at pondo.

Alinsunod sa dualidad ng proseso ng sosyalistang produksyon, dapat kalkulahin ng empresa ng estado ang *output*, pagkakaiba-iba ng produkto at kalidad kaugnay ng kanilang halaga sa gamit, sa proseso nito ng pang-ekonomyang akawnting. Dapat kalkulahin din nito ang gastos, presyo, tubo at iba pa kaugnay ng halaga sa palitan ng mga ito. Kabilang sa target ng plano na itinatakda ng estado sa mga empresa ng estado sa pamamahala ng mga ito sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting ang pagkakaiba-iba ng mga produkto, ispesipikasyon, kantidad, kalidad, at iba pang materyal na target, gayundin ang mga target sa halaga gaya ng gastos, halaga ng produkto at isasauling tubo. Komplementaryo at kinakailangan ang materyal na mga target at mga target na

halaga. Gayunman, tinutukoy ng pag-iral ng mga kategorya ng halaga ang pag-iral ng produksyon ng kalakal at pag-iral ng mga kontradikson sa pagitan ng halaga-sa-gamit at halaga sa palitan sa mga kalakal. Dapat paunlarin ng proletaryado ang produksyon para tugunan ang mga pangangailangan ng sosyalistang estado at ng mamamaan ayon sa mga rekisitos ng saligang sosyalistang pang-ekonomyang batas. Dapat wastong hawakan ng mga ito ang mga kontradiksyon sa pagitan ng halaga sa gamit at halaga sa palitan, at kamtin ang mas malaki, mas mabilis, at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga sa buong ekonomya. Tiyak na sasamantalahin ng mga ahente ng burgesya sa sosyalistang ekonomya ang mga kontradiksyon sa pagitan ng halaga sa gamit at halaga sa palitan para itulak ang rebisyunistang linyang "lumikha ng mas marami kung mataas ang tubo at mas kaunti kung mababa ang tubo; huwag lumikha kng walang tubo" at magsabatwatan para panumbalikin ang kapitalismo. Samakatwid, ang proseso ng pagpapatupad ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay magiging batbat ng tunggalian sa pagitan ng dalawang uri, dalawang landas at dalawang linya. Para magwagi sa tunggaliang ito, dapat wasto nating maunawaan at magamit ang iba't ibang kategorya ng halaga sa sistema ng pang-ekonomyang akawnting.

## Gamitin nang Wasto ang Sistema ng Halaga<br>Para Maging Mahusay sa Sistema ng Pang-ekonomyang Akawnting

Ang mga kapital na pondo, gastos sa produksyon, tubo at iba pang kategorya ng halaga sa sosyalistang sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay nagsasalamin sa sosyalistang relasyon sa produksyon. Naiiba sa esensya ang mga ito sa mga kapital na pondo, gastos sa produksyon, tubo at iba pang kategorya ng halaga sa kapitalistang ekonomya.

Ang mga kapital na pondo sa sosyalistang empresa ng estado ay pag-aari ng estado at pundamental na naiiba sa kapital sa kapitalistang empresa. Nilikha ang kapital ng labis na halaga at sumasalamin sa mapagsamantalang relasyon ng kapital sa upahang paggawa. Ang mga pondong kapital sa sosyalistang empresa ng estado ay iyong bahagi ng natipong yaman ng estado na ginamit para sa produksyon at operasyon. Ang paggamit ng empresa sa mga pondong ito sa mga aktibidad sa produksyon at operasyon ay sumusunod sa mga rekisitos ng pundamental na sosyalistang batas pang-ekonomya at naglilingkod sa pagpapalawak ng reproduksyon at pagtugon sa laging tumataas na mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Ang rasyunal na paggamit sa pondong kapital ay may napakalaking kabuluhan sa pagpapaunlad ng sosyalistang ekonomya.

Ang pondo sa produksyon ng empresa ng estado ay maikakategorya bilang pirming kapital at gumaganang kapital ayon sa kalikasan ng kanilang sirkulasyon sa proseso ng produksyon. Ang materyal na anyo ng pirming mga pondong kapital ay nalalahad sa mga makina, planta, at iba pa. Ang ganap na paggamit sa pirming ari-ariang kapital ay katumbas ng pagpapalawak ng kapasidad sa produksyon ayon sa isang takdang halaga ng pirming mga ari-arian. Dapat magtakda ang estado ng rasyunal na paraan sa depresasyon at tantos ng depresasyon para sa pirming mga ari-arian para sa empresa ng estado (kabilang ang nakikita at di nakikitang depresasyon) nang sa gayon ay matiyak ang tuluy-tuloy na pagpapalit sa mga pirming ari-arian ng empresa at pahintulutan ang kinakailangang teknikal na inobasyon. Ito ay isang kinakailangang kondisyon sa ekonomya para mapanatili ang simpleng reprodukusyon at isang antas ng pinalawak na reproduksyon. Naglalaan rin ang estado sa mga empresa ng estado ng isang kantidad ng gumaganang kapital para sa sarili nilang gamit. Kung lalampas ang kanilang mga pangangailangan sa inilaang kwota, maaari silang humiran ng pondo mula sa bangko ng estado. Instrumental ito para hikayatin ang mga empresa na pabilisin ang *turnover* ng gumaganang kapital at patuloy na paliitin ang proporsyon ng produksyon at pondo (ang halaga ng gumaganang pondong kapital na kailangan para sa bawat 100 yuan ng produksyon) sa pamamagitan ng wastong kalkulasyon ng kwota sa imbentaryo ng iba't ibang materyales at produkto, at sa kwota s

konsumo ng hilaw na materyales at panggatong bawat yunit ng *output*, at pagbawas sa siklo ng produksyon, pagpapahusay sa gawain sa produksyon at pagbebenta at iba pang pamamaraan.

Ang gastos sa produksyon ng mga produktong sosyalista at gastos sa produksyon ng mga produktong kapitalista ay dalawang kategoryang pang-ekonomya na magkakaiba sa esensya. Ang kapitalistang gastos sa produksyon ay ang pagkonsumo ng kapital. Ang pagbabawas ng gastos sa produksyon sa isang kapitalistang empresa ay nangangahulugan ng pagtitipid ng kapital at pagpapatindi ng pagsasamantala sa paggawa. Ang gastos sa produksyon sa isang sosyalistang empresa ay ang gastos kaugnay ng produksyon ng isang takdang kantidad ng mga produkto. Dahil ang mga empresa sa ilalim ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay umaasa sa kita mula sa pagbenta ng mga produkto para mabayaran ang kanilang mga gastusin at makakuha ng kita, ang tuluy-tuloy na pagbabawas ng gastos sa produksyon ay nangangahulugan ng pagtitipid sa oras paggawa at pagtataas ng produktibidad sa paggawa. Sa gayon, mas maraming akumulasyon ang mapupunta sa estado o sa kolektiba. Ang papel ng pagbabawas sa gastos sa sosyalistang konstruksyon ay masusukat sa susunod na mga datos:

Ayon sa datos ng 1972, bawat 1 porsyentong pagbawas sa kabuuang gastos sa mga empresang pang-industriya ng Tsina ay umabot sa sapat na pamumuhunang kapital para sa tatlong tulay ng Ilog Yangtze sa Nanking.

Ang tubo sa mga sosyalistang empresa ng estado ay naiiba sa esensya sa tubo sa mga empresang kapitalista. Ang kapitalistang tubo ay binubuo ng natransportmang labis na halaga na kinamkam ng kapitalista. Ang tubo sa mga sosyalistang empresa ay ang netong panlipunang kita na nilikha ng masang anakpawis. Ito ay isinesentralisa sa kamay ng estado sa pamamagitan ng isinauling tubo at buwis, at pangunahing ginagamit para palawakin ang sosyalistang produksyon at paunlarin ang antas ng pamumuhay ng mamamayan.*

Ang tubo sa sosyalistang ekonomya ay maaari ring tingnan mula sa perspektiba ng pambansang ekonomya sa kabuuan. Sa takdang mga kalagayan, maaaring pahintulutan ng sosyalistang estado ang ilang empresa na makabawi lamang ng puhunan o magpatuloy sa operasyon kahit na may pagkalugi.

---

*Sa seksyong ito ng teksto, na ipinag-iba ang sosyalistang tubo sa kapitalistang tubo, ginagamit minsan ang salitang *ying-li*, pagkokombina ng ganansya at tubo, para tukuyin ang tubo sa ilalim ng sosyalismo.

Sa sosyalistang ekonomya, ang panlipunang produksyon ay walang pagsasamantala sa sahurang paggawa at pangingibabaw, at reproduksyon, ng panlabas, antagonistikong interes sa lakas paggawa. Ang tubo ay hindi layunin ng produksyon ni hindi sukatan para sa alokasyon ng mga rekurso at sa pagtakbo at pagiging sulit ng empresa.

Ang produksyon ay nasa kumand ng pulitika – sa pambansa at pang-empresang antas. Ang pribadong ganansya ay tumigil na sa pagiging tagapag-organisa at tagapagpakilos na prinsipyo ng lipunan.

Sa sosyalismo, ang tubo, o netong kita, ay tumutukoy sa sarplas ng akumulasyong panlipunan. Ang ganitong panlipunang sarplas ay produkto ng kolektibo at di mapagsamantalang proseso ng sosyalistang paggawa at ginagamit ng proletaryong estado para tugunan ang panlipunang pangangailangan at para irebolusyunisa ang lipunan at ang daigdig. Sa usapin ng salapi sa antas ng sosyalistang empresa, ang sarplas na ito ay nagmumula sa agwat ng gastos sa produksyon at pinal na presyo sa ilalim ng mga kondisyong: a) ang aktibidad sa produksyon ng empresa ay ginagawa na bahagi ng isang sentral na plano (hindi nakabatay sa presyo at tubo ang komposisyon at antas ng ilalabas na produkto ni ang direksyon ng teknikal na inobasyon); b) ang presyo ng lahat ng ipapasok at ilalabas ay ibinibigay sa empresa (hindi nito maaaring ikatwiran "na hindi kakayanin"); at k) ang tubo ng indibidwal na yunit pamproduksyon ay nakapailalim sa kabuuang pag-unlad ng lipunan at ekonomya.

Gayunpaman, at ito'y sentral na tema sa teksto, sapagakat gumaganap mismo ang tubo ng kinakailangang, bagama't segundaryong, papel sa sosyalistang ekonomya, makakaapekto at totoong nakakaapekto ito ito nang masama sa mga pagsukat sa alokasyon at pagiging episyente at sa mga aktibidad sa produksyon – tungo sa pagkuha ng maksimum na kita at pag-ikot ng kapital kaysa maglingkod sa interes ng lipunan.

Halimbawa, para magkaroon ng mas rasyunal na heograpikal na distribusyon, ang ilang itinatatag na interior at lokal na industriya ay maaaring hindi tumutubo sa kasalukuyan dahil sa di paborableng kalagayan. Pero paborable ang pagpapaunlad ng mga industriyang ito sa pangmatagalang interes ng pambansang ekonomya at pagtatatag ng isang estratehiko, malakas at istableng interyor. Samakatwid sinusuportahan pa rin ng estado ang pag-unlad ng mga ito kahit na pansamantalang hindi tumutubo ang mga empresang ito. Isa pang halimbawa, ang ilang empresa na lumilikha ng ilang produkto, laluna ang mga bagong produkto, bagong materyales, at mga produkto na sumusuporta sa agrikultura, ay maaaring malugi sa isang takdang panahon. Pero instrumental ang pagpapaunlad ng mga produktong ito sa konstruksyon gpang-industriya at produksyong pang-agrikultura. Mapapahintulutan ang pansamantala at planadong pagkalugi para sa interes ng buong pambansang ekonomya sa kabuuan at sa konsolidasyon ng alyansang manggagawa-magsasaka. Hindi na kailangang sabihin pang dapat pakilusin ng empresa ang masa para aktibong paliit ang gastos sa produksyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga teknika sa produksyon at produktibidad sa paggawa at maisalin ang pagkalugi sa pagtubo. Ang tubong ito mula sa pananaw ng bong pambansang ekonomya ay tinatawag na "abanteng tubo". Mangyari pa, hindi ito nangangahulugan na ang tubo sa mga empresang pang-industriya at sektor ay hindi na mahalaga at lehitimong makatatamo ng pagkalugi dahil sa mahinang operasyon sa bahagi ng indibidwal na mga empresa. Sa ultimo, ang tubo ng buong pambansang ekonomya ay nakabatay sa tubo mula sa indibidwal na mga empresa at sektor. Samakatwid, ang mga empresa na dumaranas ng pansamantalang mga pagkalugi ay dapat magsikap nang mabuti na paunlarin ang operasyon, bawasan ang gastos sa produksyon, bawasan ang pagkalugi, at isalin ang pagkalugi sa pagtubo para mapalaki ang akumulasyon sa estado.

Ang tubo mula sa sosyalistang mga empresa ng estado ang pangunahing pinagmumulan ng sosyalistang akumulasyon. Dapat punahin at itakwil ng sosyalistang empresa ang "paglalagay ng tubo sa komand" sa isang banda, at labanan ang malingmga ideya na hindi nagbibigay pansin sa gastos, tubo at papalaking akumulasyon para sa estado sa kabilang banda.

Inilalagay ng "tubo sa komand" ang pagtatamo ng pinakamataas na possibleng tubo sa primaryang pusisyon. Ginagabayan ng tubo ang produksyon. Binabalewala ang mga itinatakda ng plano sa produksyon ng estado. Isa itong kapitalistang prinsipyo ng operasyon at dapat punahin at itakwil. Sa sosyalistang sistema, dahil sa magkakaibang kalagayan sa produksyon at kalagayan sa suplay-demand, maaaring hindi laging magkatulad ang presyo sa plano ng estado sa halaga ng mga produkto. Sa ilalim ng magkakatulad na kalagayan, kapag mas mataas sa halaga ang presyo ng produkto, mas mataas ang tubo. Kung ang kabaligtaran ang nangyayari, mas mababa ang tubo. Kung lalabagin ng mga empresa ng estado ang mga target na itinakda ng estado kaugnay ng kantidad at pagkakaiba-iba ng produkto, at palawakin ang produksyon ng mga mga produkto na mataas ang halaga sa produksyon at mataas ang tubo at paliitin ang produksyon ng mga produkto na maliit ang halaga sa produksyon at mababa ang tubo, manipestasyon ito ng paglalagay ng "tubo sa komand". Isang mahalagang hakbang sa pagpapanumbalik ng kapitalismo ang "sistema ng ganap na pang-ekonomyang akawnting" na ipinatutupad ng taksil na rebisyunistang pangkating Sobyet na ilagay ang tubo sa komand. Sa "sistema ng pganap na pang-ekonomyang akawnting", "ang pinakamahalagang buod na sukatan ng pinansya ng empresa ay tubo at tantos ng tubo." Sa napakalaking antas, maitatakda ng empresa ang pagkakaiba-iba ng produkto at kantidad ng produksyon ayon sa laki ng inaasahang tubo. Para palakihin ang tubo, maaaring patalsikin ang mga manggagawa at patindihin ang paggawa para "bawasan ang gastos sa produksyon." Ang "sistema ng ganap na pang-ekonomyang akawnting" na ito na naglalagay ng tubo sa komand ay isang mapagsamantalang sistema na ipinapataw sa anakpawis ng Unyong Sobyet ng rebisyunistang burukratikong monopolyong burgesyang Sobyet.

Dapat ring tumubo ang sosyalistang empresa ng estado. Pero walang pagkakahalintulad sa paglalagay ng tubo sa komand. Pinahihintulutan lamang ng sosyalistang empresa ng estado na

palakihin ang sosyalistang tubo sa pamamagitan ng tumalima sa linya ng Partido at sa pangkalahatan at partikular na mga patakaran, pagtupad sa mga itinatakda na tinukoy ng plano ng estado, at palakihin ang produksyon at magtipid na proletaryong pulitika ang nasa komand.

Sa pamamagitan ng pagpapalaki ng produksyon at pagtitipid, pinalalaki ng sosyalistang empresa ng estado ang tubo at nagbibigay ng mas maraming akumulasyon sa estado. Sa paraang ito, umaambag ito sa sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon. Kumakatanan ng higit 90 porsyento ng kita sa badyet ng estado ng Tsina ang kita ng mga empresa ng estado (isinauling tubo, buwis at iba pa). Kung hindi aktibong mapapalaki ng empresa ang akumulasyon para sa estado, o dumanas pa ng di kinakailangang pagkalugi, liliit ang kita sa badyet ng estado, at sa gayo'y may masamang epekto sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon at sa pagpapatupad ng mga obligasyon sa internasyunalismo.

Bilang buod, ang pagpapatupad ng estado sa pamamahala sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting sa mga empresa ng estado ay para sa layuning mas mahusay na makamit ang direktibang ito ni Tagapangulong Mao: "Dapat magbigay ng pansin ang anumang sosyalistang pang-ekonomyang empresa sa paggamit sa lakas tauhan at kasangkapan sa pinakaganap na posibleng paraan, pagpapahusay ng organisasyon ng paggawa sa pinakamataas na paraang possible, pagpapahusay ng operasyon at pamamahala at pagpapataas ng produktibidad ng paggawa, pagtitipid ng lahat ng lakas tauhan at materyal na rekurso na matitipid, at pagtataguyod ng kompetisyon sa paggawa at pang-ekonomyang akawnting para mapaliit ang gastos at mapalaki ang personal na kita at akumulasyon taun-taon."[13]

## Palakasin ang Pamamahala sa Pamamagitan ng Sistema ng Pang-Ekonomyang Akawnting sa Komunang Bayan sa Kanayunan

Ang mga kagamitan sa produksyon at lakas paggawa sa ilalim ng ekonomya ng sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng kolektiba ay pag-aari ng bawat indibidwal na organisasyon ng kolektiba ng masang anakpawis. Ang bawat pang-ekonomyang organisasyon ng kolektiba ay isang yunit na akawnting. Inoorganisa nito ang produksyon sa direksyon ng plano ng estado at nagbebenta ng kalakal ayon sa presyo na itinakda ng estado. Gumagana ito nang nagsasarili at responsable para sa sariling kita at lugi. Ang produksyon at distribusyon ng kita ay isinasagawa sa loob ng kolektiba. Kaalinsabay, ang akumulasyon ay ibinibigay sa estado sa pamamagitan ng buwis. Ang sosyalistang pambansang ekonomya ay isang pinag-isang kabuuan. Ang pinag-isang pambansang plano sa ekonomya na binalangkas ng estado ay sumasaklaw sa ekonomya ng estado gayundin sa ekonomya ng kolektiba.

Kinakailangan isapraktika ang pang-ekonomyang akawnting hindi lamang sa pamamahala ng mga empresa ng estado kundi gayundin sa sektor ng kolektibong ekonomya dahil palalakasin nito ang sistema ng pang-ekonomyang akawnting at kokonsolidahin at itataguyod ang pag-unlad ng kolektibong ekonomya.

Ang sosyalistang ekonomya ng Tsina sa ilalim ng sistema pagmamay-ari ng kolektiba ng masang anakpawis ay umiiral sa agrikultura, industriya (kabilang ang industriya ng pagyayaring-kamay), transportasyon, at komersyo. Pero pinakamahalaga ito sa agrikultura. Dito'y pangunahin tayong nagtutuon sa problema ng pagpapalakas ng pamamahala sa pamamagitan ng sistemang pang-ekonomyang akawnting sa ekonomya ng kolektiba sa komunang bayan sa kanayunan.

Ang komunang bayan sa kanayunan ng Tsina sa kasalukuyan ay gumagamit ng sistema ng tatlong-antas ng pagmamay-ari ng komuna, ng brigadang pamproduksyon, at ng pangkat pamproduksyon. Ang komuna, ang brigada, at ang pangkat pamproduksyon ay pawang mga yunit akawnting na gumagana nang nagsasarili at may pananagutan para sa kanilang kita at lugi. Ang

pinansyal na mga transaksyon sa hanay ng mga komuna, brigadang pamproduksyon, at pangkat pamproduksyon, gayundin ang alokasyon ng materyal na rekurso at lakas paggawa, ay dapat nakabatay sa prinsipyo ng "magkakatumbas na pagpapalitan sa batayang boluntaryo at mutwal na benepisyo."

Sa ekonomya ng komunang bayan sa kanayunan sa ilalim ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari, ang pamamahala sa pamamagitan ng pang-ekonomyang akawnting ay ipinapatupad ng komuna sa mga empresa na pinatatakbo ng komuna at ng brigada sa mga empresa na pinatatakbo ng brigada. Ipinapatupad ng komuna at brigada ang pinag-isang pamumuno sa kani-kanilang saklaw na empresa, naglalaan ng takdang dami ng pondo sa bawat empresa, hinihingi na gamitin nila ang pondong ito sa responsableng paraan para matupad ang takdang gawain sa plano ng produksyon na ibinigay sa kanila ng estado, ng komuna, at ng brigada, at itinatakda sa kanila na sagutin ang kanilang mga gastusin mula sa kanilang kita at tuparin o lampasan pa ang takdang gawain sa akumulasyon na ipinirmi ng komuna at ng brigada. Sa pag-unlad ng mga empresa na pinatatakbo ng komuna at ng brigada at sa pag-unlad ng ekonomya ng kolektiba sa iba't ibang antas, paparami nang paparaming yunit sa loob ng komunang bayan ang gumagamit ng pamamahala sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting, at ang pamamahala sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting ay dapat na ibayong palakasin.

Ang pangkat pamproduksyon ay batayang yunit ng akawnting na gumagana nang nagsasarili. Ang kolektibong pondo ng pangkat pamproduksyon ay hindi inilalaan ng brigadang pamproduksyon o ng komuna. Nagmumula ito sa kontribusyon at akumulasyon ng mga myembro ng pangkat pamproduksyon. Ang komuna at ang brigada ay dapat na mamuno, tumulong, at sumuporta sa pangkat pamproduksyon para paunlarin ang ekonomya ng kolektiba. Hindi nila maaaring gamitin ang pondo ng pangkat pamproduksyon para paunlarin ang ekonomya ng komuna o ng brigada. Sa pagitan ng brigadang pamproduksyon at ng pangkat pamproduksyon, walang umiiral na relasyon ng pamamahala sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting. Ibig sabihin nito, ang brigadang pamproduksyon ay hindi ultimong responsable para sa kita o lugi na natamo ng pangkat pamproduksyon. Ang mga pangkat mismo ang may pananagutan sa sariling kita at lugi.

Bagama't walang umiiral na relasyon sa pamamahala sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting sa pagitan ng komuna, ng brigadang pamproduksyon, at ng pangkat pamproduksyon, dapat ding gumamit ang pangkat pamproduksyon ng pang-ekonomyang akawnting. Ang pang-ekonomyang akawnting ng pangkat pamproduksyon ay binubuo sa pangunahin ng pagkwenta sa taunang konsumo ng materyalisado at nabubuhay na paggawa sa produksyon, pagtutuos sa taunang kita at gastusin, pagbabawas ng mga ginugugol at gastos, pag-iwas sa di produktibong paggawa at iba pang katulad na ginastos, at matatag na pagbaka sa luho at pag-aaksaya. Bukod-tangi na mahalaga ang pagtatatag ng isang maayos na sistema ng pampinansiyang pamamahala. Lahat ng gastusing pampinansya ay dapat dumaan sa itinakdang proseso ng pag-apruba. Dapat isapraktika ang demokrasya sa mga usaping pampinansya. Lahat ng papasok at papalabas na bagay ay dapat ipaalam nang buwanan sa mga myembro. Dapat na may hiwalay na pananagutan para sa pagkaing butil, materyal na rekurso, salapi, at akawnt para iwasan ang sobrang konsumo, nakawan, at mga pagkawala. Sa sandaling mapalakas ang pang-ekonomyang akawnting at mapaunlad ang pamamahala sa pinansya, mababawasan ang gastos sa produksyon, mapapalaki ang akumulasyon ng pondo sa produksyon at kita ng mga myembro, at ibayong mamahalin ng malawak na kasapian ang ekonomya ng kolektiba at makikibaka para sa ibayong konsolidasyon at pag-unlad ng ekonomya ng kolektiba at lalabanan ang ispontanyong mga tendensyang kapitalista.

**Mga Mayor na Sanggunian sa Pag-aaral**

Sina Marx, Engels, Lenin & Stalin hinggil sa Lipunang Komunista (wala sa Ingles).

Mao, "Talang Pang-introduksyon sa 'Pagpapagana ng Kooperatiba nang Matiyaga at Matipid' " sa Pulang Aklat, p. 187.
Mao, "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan", section 11.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Bakit natin sinasabi na tanging sosyalistang lipunan lamanga ang may kakayahang ganap na magtipid?
2. Anu-ano ang epeko ng pagtataguyod ng pamamahala sa pamamagitan ng sistema ng pang-ekonomyang akawnting sa pagtatatag ng sosyalistang ekonomya na may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga?
3. Paano wastong mapapahawakan ang usapin ng tubo sa sosyalistang ekonomya?

**Mga Tala**

1) Marx, " 'Salapi': Isa sa mga Manuskrito ng 1857-1858 hinggil sa Ekonomiks," sinipi mula sa Sina Marx, Engels, Lenin & Stalin hinggil sa Lipunang Komunista, Jen-min ch'u-pan-she, 1958, p. 67.
2) "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan," Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 360.
3) Chairman Mao, "Mga Komentaryo hinggil sa 'Ang Pagpapagana ng Kooperatiba nang Matiyaga at Matipid', Sosyalistang Daluyong sa Kanayunan ng Tsina, Bol. 1, p. 16.
4) "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan," Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung, (Type A), Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 361.
5) Ibid., p. 348.
6) Marx, Kapital, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1966, p.78.
7) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 23, p. 96.
8) Ibid., p. 579.
9) Ibid., p. 396.
10) Ibid., pp. 93-94.
11) Marx, Kapital, Bol. 2, Kumpletong mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 24, p. 152.
12) "Sa mga Komiteng Bayan sa Pinansya," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 35, p. 549.
13) Chairman Mao, "Mga Komentaryo hinggil sa 'Ang Karanasan ng Pang-agrikulturang Kooperatibang Pamproduksyon ng Li-tzu-yuan ng Distrito ng Chen-ju sa Pagpapaliit ng mga Gastos sa Produksyon,"' Ang Sosyalistang Daluyong sa Kanayunan ng Tsina, Bol. 2, p. 768.

# Kabanata 19

### Ang Palitan ay Isang Anyong Pang-ekonomya na Nag-uugnay ng Produksyon sa Konsumo

Ang Sosyalistang Palitan at Sirkulasyon ng Pananalapi*

Karamihan sa mga produkto ng paggawa sa sosyalistang lipunan ay makakapasok lamang sa mga larangan ng produktibo at personal na konsumo sa pamamagitan ng palitan. Anu-ano ang katangian ng palitan sa sosyalistang lipunan? Paano ito nakakamit ang palitan? Anu-ano ang mga obhetibong batas na nakapangingibabaw dito? Dapat malinaw na maunawaan ang mga usaping ito para sa pag-unlad ng sosyalistang ekonomya.

### Ang Sosyalistang Palitan ay Nagtataglay ng Bagung-Bagong mga Kalidad at Katangian

Ang Sosyalistang Palitan ay Isang Bagong Tipo ng Palitan sa Kasaysayan

Ang palitan ay itinatakda ng produksyon. Itinatakda ng katotohanang ang sosyalistang produksyon ay isang bagong tipo ng produksyon sa kasaysayan ng sangkatauhan na dapat ang sosyalistang palitan ay dapat din maging isang bagong tipo ng palitan sa kasaysayan ng sangkatauhan. Para maunawaan ang mga kalidad at katangian ng sosyalistang palitan, una sa lahat, kailangang kilalanin ang esensyal na relasyon sa palitan na aktwal na umiiral sa isang takdang sosyalistang lipunan.

Sa mahabang panahon, umiral ang sumusunod na pangunahing relasyon sa palitan sa sosyalistang lipunan: (1) ang relasyon sa palitan sa hanay ng mga sosyalistang empresa ng estado, na ang batayan ay ang relatibong operasyunal at pampangasiwaang kasarinlan ng mga empresa ng estado; (2) ang relasyon sa palitan sa pagitan ng sosyalistang ekonomya ng estado at ng ekonomya ng kolektiba na ang batayan ay ang pag-iral ng dalawang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari; (3) ang relasyon sa palitan sa loob ng sosyalistang kolektibong ekonomya na ang batayan ay pag-aari ng iba't ibang kolektibong ekonomya ang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto; (4) ang relasyon sa palitan sa hanay ng mga magsasaka, gayundin sa pagitan ng magsasaka at populasyon sa kalunsuran at sa pagitan ng magsasak at sosyalistang sektor sa komersyo, na ang batayan ay ang pag-iral ng pampamilyang produksyong saydlayn na isinasagawa ng mga myembro ng komunang bayan sa kanayunan; (5) ang relasyon sa palitan sa pagitan ng mga empresa ng estado at istap at mga manggagawa ng mga ito na ang batayan ay ang distribusyon ng sosyalistang estado ng mga personal na produktong pangkonsumo sa istap at mga manggagawa sa pamamagitan ng salaping sahod. Ang nabanggit na limang tipo ng palitan ay maikakategorya sa tatlong anyo ayon sa relasyon sa ekonomya na sinasalamin ng mga ito.

Ang unang tipo ng relasyon sa palitan ay kumakatawan sa isang anyo. Ito ay palitan sa loob ng sosyalistang sistema ng pagmamay-ari ng estado. Sa pamamagitan ng palitan, napupunta ang mga produkto mula sa isang empresa ng estado sa isa pa, pero propyeda pa rin ang mga ito ng estado. Walang nasasangkot na palitan ng karapatan sa pagmamay-ari. Ang tanging pagbabago ay ginagamit ang mga produktong ito ng magkakaibang empresa. Batid natin na ang palitan ng kalakal ay palitan sa pagitan ng magkakaibang nagmamay-ari. Ang palitan sa pagitan ng mga empresa ng estado ay

---

* Chiao-huan shih lien-his sheng-ch'an ho Hsiao-fei ti ching-hi hsing-shih – she-hui-chu-i chiao-huan ho huo-pi liu-t'ung.

hindi palitan sa pagitan ng magkakaibang nagmamay-ari. Samakatwid, nawala na ang batayang katangiang ng palitan ng kalakal sa tipong ito ng palitan. Nagsisimula na itong maging katulad ng tuwirang distribusyong panlipunan ng mga produkto ng komunistang lipunan sa hinaharap. Gayunman, dahil ang bawat empresa ng estado ay isa pang relatibong nagsasariling yunit ng operasyon, nagtatakda pa rin ng presyo sa palitan, at ang prinsipyo ng magkakatumbas na kompensasyon ang ginagamit. Sa gayon, taglay ng palitan sa pagitan ng mga empresa ng estado ang ilang katangian ng palitan ng kalakal.[*] Ang anyong ito ng palitan, dahil nawala na nito ang saligang katangian ng palitan ng kalakal, ay dapat na tawaging palitan ng produkto para maipag-iba ito sa palitan ng kalakal sa pagitan ng magkakaibang nagmamay-ari.

Ang ikalawa hanggang ikaapat na tipo ng relasyon sa palitan ay kumakatawan sa iba pang anyo. Bagamat may malalaking pagkakaiba-iba sa tatlong tipong ito ng relasyon sa palitan, dahil ang iba'y nakabatay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko at ang iba'y sa pampamilyang produksyong saydlayn, sumasalamin sa masalimuot na relasyon ng palitan ng paggawa sa pagitan ng manggagawa at magsasaka at sa hanay ng mga magsasaka, ang tipong ito ng palitan ay mga palitan pa rin sa pagitan iba't ibang sistema ng pagmamay-ari o sa pagitan ng magkakaibang may-ari. Dito, matapos ang palitan, nalilipat ang karapatan sa pagmamay-ari sa mga produkto. Samakatwid, taglay pa rin ng mga ito ang saligang mga katangian ng pangkalahatang palitan ng kalakal. Dapat tawagin ang anyong ito ng palitan na palitan ng kalakal.

Ang ikalimang tipo ng relasyon sa palitan ay naiiba sa nabanggit na dalawang anyo. Natutulad sa paglalarawan ni Marx ang paraan kung paano ginagamit ng tauhan at mga manggagawa ng mga empresa ng estado ang kanilang kompensasyon sa paggawa para bumili ng mga produktong pangkonsumo: "Nakakakuha siya ng sertipiko mula sa lipunan, na nagpapatunay na nagbigay siya ng isang takdang kantidad ng paggawa (bawas ang paggawang iniambag niya sa pondong panlipunan). Ginagamit niya ang sertipikong ito para kunin mula sa akumulasyon ng lipunan ang kantidad ng mga produktong pangkonsumo na katumbas ng paggawa na ibinigay niya. Nagbibigay siya sa lipuna ng isang anyo ng paggawa at binabawi ang buong kantidad sa iba pang anyo."[1] Isa rn itong palitan. Iisang prinsipyo ang ginagamit para gabayan ang palitan ng kalakal. Ibig sabihin, ang isang takdang kantidad ng paggawa saisang anyo ay ipinagpapalit sa katumbas na kantidad ng paggawa sa ibang anyo. Gayunman, ang palitang ito ay may bago nang nilalaman. Ang tauhan at mga manggagawa ng sosyalistang lipunan ay mga panginoon ng estado at mga empresa. Hindi sila nagbebenta ng lakas paggawa. Ang palitan sa pagitan ng estado at tauhan at mga manggagawa ay isang espesyal na tipo ng palitan. Sa katunayan, isa itong anyo ng distribusyon ng personal na mga produktong pangkonsumo sa hanay ng tauhan at mga manggagawa sa sosyalistang estado. Dahil nangangahulugan ito ng paglilipat ng karapatan sa pagmamay-ari at dahil aplikable dito ang prinsipyo ring iyon na ginagamit sa palitan ng kalakal na may magkakatumbas na halaga, ang tipo ito ng palitan ay itinuturin na nasa kategorya ng palitan ng kalakal sa ating darating na pagsusuri .

Ang limang tipo ng relasyon sa palitang ito na nagkakahugis sa tatlong magkakaibang anyo ay maigugrupo ayon sa dalawang aspeto sa huling pagsusuri, ang palitan ng produkto at palitan ng kalakal. Magkaiba sa kalikasan at may sariling mga katangian ang dalawang tipong ito ng palitan.

Ang palitan ng mga produkto sa pagitan ng mga empresa ng estado ay palitan ng mga kagamitan sa produksyon sa pangunahin. Isang kawing sa pagitan ng produksyon at pagkonsumo ang tipong ito ng palitan, at tuwirang nakaugnay sa produksyon; isa itong akto ng produksyon.

---

[*] Ayon sa sosyalistang depinisyon, ang pangunahing pagkakaiba ng kalakal at produkto ay nangangahulugan ng paglipat ng pagmamay-ari ang kalakal sa pamamagitan ng mekanismo ng pamilihan, habang ang produkto ay karaniwang inilalaan sa pamamagitan ng tuwirang distribusyon nang walang pagpapalit ng pagmamay-ari. - Editor

Dahil tuwirang nakaugnay ang sosyalistang palitan ng produkto sa produksyon at dahil umunlad ang sosyalistang produksyon sa isang planado at proporsyunal na paraan, dapat ilaan ng estado ang palitan ng mahahalagang kagamitan sa produksyon mahigpit na sang-yon sa plano sa halip na sa pamamagitan ng transaksyon sa pamilihan. Bagamat isinasagawa rin ang sosyalistang palitan ng kalakal sa ilalim ng gabay ng plano ng estado, hindi ito mailalaan sa pamamagitan ng mga plano dahil ang mga bagay na ipinagpapalit, na sa pangunhin ay mga personal na produktong pangkonsumo, ay maipagpapalit lamang sa pamamagitan ng transaksyon sa pamilihan.

Dahil nakakamit ang sosyalistang palitan ng produkto sa pamamagitan ng planadong alokasyon ng estado, malulutas ng estado ang anumang kontradiksyon sa suplay at demand sa planadong paraan sa pamamagitan ng pag-aadyas ng mga plano sa produksyon o sirkulasyon ng produkto, o pagtitipid at paghahanap ng pamalit. Dito, wala nang kumokontrol na kabuluhan ang batas ng halaga; mayroon lamang ito kaunting impluwensya. Gayunman, may ilang regulatoryong gawain ang batas ng paggawa sa sosyalistang palitan ng kalakal. Bagamat ang kabuuang kantidad at komposisyon ng mga produktong pangkonsumo na pumapasok sa sirkulasyon ay itinatakda ng mga plano ng estado at bagamat kinokontrol din ng mga plano ng estado ang kapangyarihang bumili ng lipunan, ang layunin ng pagpaplano ng estado ay tiyakin ang mga pangangailangan sa pamumuhay ng tao. Sa pamamagitan ng plano ng estado sa sirkulasyon para sa mga produktong pangkonsumo, magdaraan pa rin sa pamilihan ang personal na mga produktong pangkonsumo. Hindi maididikta ng sosyalistang estado kung ano at gaano karami ang dapat bilhin ng konsyumer. Sa normal na kalagayan, kung napakataas ng presyo ng ilang personal na produktong pangkonsumo, bababa ang dami ng benta ng mga ito. Kung napakababa ng presyo ng mga ito, lalaki ang dami ng benta ng mga ito. Dahil kinikilala ang batas na ito, kailangang gamitin ng estado ang regulatoryong gawaing ito sa ilalim ng partikular na mga kalagayan para makamit ang ekwilibriyo sa pagitan ng suplay at demand. Halimbawa, maibebenta ang ilang kalakal na luho sa depinidong kantidad sa presyong mas mataas kaysa halaga ng mga ito kung lalampas sa suplay ang demand. Kabaligtaran nito, para palawakin ang pamilihan at tugunan ang mga pangangailangan sa pamumuhay ng tao, maibebenta ang pang-araw-araw na mga pangangailangan sa presyong kapantay o mas mababa sa halaga ng mga ito kung lilikhain ang mga ito sa kantidad na may sapat na laki para matugunan ang lahat ng demand.

Walang katulad sa kasaysayan ang palitan ng produkto sa sosyalistang lipunan. Iba rin sa prnsipyo ang palitan ng kalakal sa sosyalistang lipunan sa iba pang palitan ng kalakal sa kasaysayan. Ang palitan ng kalakal mula sa lipunang alipin hanggang sa lipunang kapitalista ay pawang nakabatay sa sistema ng pribadong pagmamay-ari. Liban sa mga palitang iyon ng pampamilyang mga produktong saydlayn na nilikha ng mga myembro ng mga komunang bayan sa kanayunan at mga naninirahan sa kalunsuran at kabayanan, ang palitan ng kalakal sa sosyalistang lipunan ay pawang nakabatay sa sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko. Layon nito na tugunan ang mga pangangailangan ng estado at mamamayan. Ito ay bagong anyo ng palitan. Sa ilalim ng sosyalistang palitan ng produkto at palitan ng kalakal, nagsisimulang lumitaw ang mga elemento ng tuwirang distribusyong panlipunan ng mga kagamitan sa produksyon at produktong pangkonsumo, at nagbubukas ng may pangakong perspektiba ng pag-unlad mula sa sosyalista tungong komunistang lipunan.

## Isinusulong Naman ng Palitan ang Pag-unlad ng Produksyon, at Pahusayin ang Kabuhayan ng Mamamayan

Sa proseso ng panlipunang reproduksyon, gumagampan ng mapagpasyang papel ang produksyon. Gayunman, ang palitan ay may tuwiran at di tuwirang reaksyon dito. Sinabi ni Engels: "Ang dalawang panlipunang gawaing ito [ng produksyon at palitan]  ay mutwal na nagpipigilan at

nakasalig sa isa't isa. Matatawag ang mga ito na *abscissa* at *coordinate* ng *economic curve*."[2] Aplikable ang pahayag na ito ni Engels kapwa sa palitan ng kalakal at sa palitan ng mga produkto.

Ang pag-unlad ng sosyalistang produksyong pang-industriya at pang-agrikultura ang materyal na batayan ng sosyalistang produksyon at palitan ng kalakal. Noon pa mang 1942, ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Ang pangkalahatang patakaran na gumagabay sa ating gawaing pang-ekonomya at pampinansya ay paunlarin ang ekonomya at tiyakin ang mga suplay."[3] Ibig sabihin, kapag napaunlad lamang ang produksyong pang-agrikultura magkakaroon ng sapat na kagamitan sa produksyon para tugunan ang mga pangangailangan sa higit pang pagpapaunlad ng produksyon at pagpapalawak ng konstruksyong pang-ekonomya at magkakaroon ng sapat na mga produktong pangkonsumo para mapasigla ang pamilihan at gawing istableng ang presyo. Kung walang pag-unlad ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultura, imposible na mapataas ang sosyalistang palitan ng produkto at kalakal.

Sa kabilang banda, gumagampan din ang sosyalistang palitan ng napakalaking nagpapasimulang papel sa pag-unlad ng sosyalistang produksyong pang-industriya at pang-agrikultura. Sa pamamagitan lamang ng sosyalistang palitan maisasakatuparan ang palitan ng materyal na rekurso sa hanay ng iba't ibang rehiyon ng bayan at sa hanay ng iba't ibang empresa ng estado sa magkakaibang sektor ng pambansang ekonomya. Sa pamamagitan lamang ng sosyalistang palitan ng kalakal makakamit ang relasyon sa ekonomya ng agrikultura at industriya, produksyon at konsumo, ekonomya sa ilalim ng sistema ng pagmamay-ari ng estado at iyong nasa ilalim ng sistema ng pagmamay-ari ng kolektiba, at ng kalunsuran at kanayunan. Ang mga departamento sa materyal na rekurso ng estado na namamahala sa sa sosyalistang palitan ng mga produkto ay aktibong nag-oorganisa ng palitan ng mga kagamitan sa produksyon sa hanay ng mga empresa ng estado. Ang mga sosyalistang departamentong pangkomersyo na responsable sa sosyalistang palitan ng kalakal ay aktibong nag-oorganisa at namimili ng mga kalakal sa tamang oras mula sa mga sektor ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultura at ibinibenta ang mga ito sa mga konsyumer sa isang planado at sistematikong paraan. Gumagampan ito ng napakalaking papel sa mabilisang pagpapaunlad ng pambansang ekonomya sa isang planado at nasa proporsyong paraan at sa pagpapahusay ng mga kalagayan sa buhay sa kalunsuran at kanayunan. Mahalagang aspeto rin ito sa pagkokonsolida ng alyansa ng manggagawa-magsasaka.

Ganap na maisusulong lamang ang papel sa pagtataguyod ng sosyalistang palitan kaugnay ng produksyon at pagkonsumo sa pamamagitan ng wastong pagtangan ng mamamayan sa iba't ibang kontradiksyon sa proseso ng palitan.

Isang napakamahalagang kawing sa pag-unlad ng palitan sa loob ng sektor ng mga empresang pag-aari ng estado ay kung mauunawaan at wastong matatanganan ng mga departamento sa materyal na rekurso ang mga kontradiksyon ng suplay at demand sa mga kagamitan sa produksyon sa loob ng sistema ng pagmamay-ari ng estado. Sa proseso ng mabilisang pag-unlad ng sosyalistang konstruksyon, sa isang banda, ang suplay ng mga kagamitan sa produksyon sa pangkalahatan ay lumalaki nang mas mabilis kaysa supply ng mga produktong pangkonsumo. Sa kabilang banda, ang kantidad, kalidad, pagkakaiba-iba, at mga ispesipikasyon ng mga kagamitan sa produksyon ay kadalasang hindi lubusang nakakatugon sa mga rekisito sa pag-unlad ng sosyalistang kontruksyon. Ang mga kontradiksyon ng suplay at demand sa mga kagamitan sa produksyon ay obhetibong iiral sa mahabang panahon at malalahad sa iba't ibang departamento ng pambansang ekonomya, sa iba't ibang rehiyon, at sa iba't ibang empresa ng estado. Sa pamamagitan lamang ng regular na pag-aaral at tamang pamamahala, wastong pagbabalans ng mga plano at pagtutugma ng suplay sa demand mamamantine ang isang nagpapatuloy na relatibong balanse sa pagitan ng produksyon at mga pangangailangan sa mga kagamitan sa produksyon at maitutulak ang mabilis na pag-unlad ng sosyalistang produksyon.

Ang proseso ng sosyalistang palitan ng kalakal ay mas kumplikado pa. Ang mga layon ng mga palitan ng kalakal sa pangunahin ay mga produktong pangkonsumo, pero kabilang din sa palitang iyon ang isang takdang dami ng mga kagamitan sa produksyon. Ang relasyon sa pagitan ng ekonomya ng estado at kolektibong ekonomya, sa loob ng ekonomya ng estado at sa hanay ng mga kolektibong ekonomya ay lahat umiiral sa palitan ng kalakal. Sa masalimuot na palitan ng mga kalakalan, ang mga kontradiksyon ng suplay at demand ay iiral din sa mahabang panahon. Kongkreto itong nalalahad bilang mga kontradiksyon sa pagitan ng espesyalisadong mga departamento ng ng komersyo na responsable sa gawaing palitan ng mga kalakal, agrikultura, industriya at mga konsyumer.

Ang mga kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang komersyo at agrikultura sa ay pangunahing nalalahad sa proporsyon ng mga pang-agrikultura at saydlayn na produktong binibili o pinananatili, sa mga presyo sa pagbili, sa mga anyo ng pagbili sa mga produkto, at sa suplay at mga presyo ng mga produktong pang-industriya. Isang bahagi ng produksyong pang-agrikultura at saydlayn ay produksyon ng kalakal para tugunan ang mga pangangailangan ng lipunan. Ang iba pang bahagi ay produksyon na nakasasapat sa sarili para tugunan ang mga pangangailangan mismo ng magsasaka. Sa proseso ng pagbili, kailangang angkop na isaayos ang proporsyon ng mga bibilhin o napapanatilihin nang sa gayon ay makuha ng estado ang kinakailangang dami ng mga produktong pang-agrikultura at saydlayn at maasikaso rin ng mga magsasaka ang kanilang produksyon at kabuhayan. Kaalinsabay, kapag ang sosyalistang komersyo ay bumibili ng mga produktong pang-agrikultura at saydlayn, dapat mahusay din ito sa pagpapadala ng mga produktong pang-industriya sa kanayunan. Dapat itong magsikap na tiyakin na ang pagpasok at paglabas ng mga produkto at materyales ay lubusang tumutugon ang mga pangangailangan kapwa ng sosyalistang produksyong pang-agrikultura at ng kabuhayan ng magsasaka. Ang presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura at saydlayn at presyo sa supply ng mga produktong pang-industriya ay tuwirang nakakaimpluwensya sa kita ng magsasaka, sa pagpapalawak ng produksyong pang-agrikultura, at sa akumulasyon ng estado. Kinakailangang itakda ang makatwirang presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura at saydlayn at itakda ang makatwirang presyo para sa mga produktong pang-industriya para mamamantine ang relasyon sa palitan na nakabatay sa palitan ng magkakatumbas na halaga sa pagitan ng mga produktong pang-industriya at pang-agrikultura. Sa paghawak sa mga kontradiksyon ng komersyo at agrikultura na naaayon sa tamang mga prinsipyo, nagiging posibleng mapahusay ang palitan ng kalakal sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan at paborable sa pagpupukaw ng aktibismo ng magsasaka sa sosyalistang produksyon, pagtutulak ng pag-unlad ng produksyon pang-industriya at pang-agrikultura, at pagkokonsolida ng alyansa ng manggagawa-magsasaka.

Ang mga kontradiksyon ng sosyalistang komersyo at industriya sa pangunahin ay mga panloob na kontradiksyon sa ekonomya ng estado. Kalahok sa produksyon ang industriya ng estado. Kalahok sa distribusyon ang komersyo ng estado. Ang mga kontradiksyon ng industriya at komersyo sa pangunahin ay mga kontradiksyon na kabilang, sa isang banda, ang kantidad, kalidad, pagkakaiba-iba, at presyo ng mga produktong pang-industriya, at sa kabila, mga rekisito ng pamilihan. May relatibong istabilidad sa produksyong pang-industriya. Pero nagbabago ang mga rekisito ng pamilihan. Ang mga kontradiksyon ng relatibong istable na produksyong pang-industriya at nagbabagong mga rekisito ng pamilihan ay kadalasang lumalabas sa kontradiksyon ng industriya at komersyo. Ang iba pang mga kontradiksyon ay mula sa kawalan ng koordinasyon ng plano sa produksyon at plano sa pamilihan, na resulta ng di sapat na pagsisiyasat at pananaliksik sa mga pag-unlad at pagbabago at sa mga batas ng produksyon at pamilihan. Ang impluwensya ng mga kapitalistang ideya ng operasyon, o ang paggambala ng rebisyunistang linya, ay higit na nagpapalubha sa kontradiksyon ng industriya at komersyo. Para wastong hawakan ang mga kontradiksyon ng industriya at komersyo, dapat sundin ng mga departamentong pangkomersyo ang mga rekisito ng pundamental na batas pang-ekonomya ng sosyalismo, palakasin ang pagsisiyasat at pananaliksik,

karampatang iulat ang mga pangangailangan ng mga konsyumer sa mga departamento ng industriya, likhain ang mahigpit na kooperasyon ng industriya at komersyo, at aktibong alalayan ang mga sangay ng industriya na paunlarin ang produksyon, magdagdag ng iba't ibang produkto, at itaas ang kalidad para mas mahusay na matugunan kapwa ang mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan.

Ang mga kontradiksyon ng suplay at demand sa proseso ng palitan ng kalakal ay ultimong nalalahad bilang mga kontradiksyon ng sosyalistang komersyo at ng malawak na masang konsyumer. Sa mabilis na pag-unlad ng industriya at agrikultura, tuluy-tuloy na napatataas ang kakayahang bumili ng mamamayan. Natural na hinihingi nila sa sosyalistang komersyo na bigyan sila ng mas marami at higit na pinahusay na mga produktong pangkonsumo. Gayunman, ang paglago ng panlipunang produksyon ay laging nahuhuli sa paglago ng panlipunang demand. Samakatwid, isang kinakailangang kondisyon ang wastong paghawak sa kontradiksyon sa pagitan ng komersyo at agrikultura at sa pagitan ng komersyo at industriya para wastong mahawakan ang mga kontradiksyon ng komersyo at mga konsyumer. Pero hindi ito sapat. Para wastong malutas ang mga kontradiksyon ng komersyo at mga konsyumer, esensyal na yakapin ng mga nagtatrabaho sa komersyo ang prinsipyo ng taos-pusong paglilingkod sa sambayanan. Mahusay itong sinabi ng mga manggagawang pangkomersyo ng Tsina: "Ang istante ay tatlong piye lamang ang taas, pero ang paglilingkod sa mga manggagawa, magsasaka, at mandirigma ay walang hangganan." Tanging kapag malalim nang nakaugat ang pananaw sa daigdig na ito aktibong naoorganisa ng sosyalistang komersyo ang suplay ng kalakal, makatwiran na maipapamahagi ang mga kalakal, at tamang maisasaayos ang sosyalistang pamilihan ayon sa iba't ibang pangangailangan ng mga manggagawa, magsasaka, at mandirigma. Kaalinsabay, sa pag-oorganisa para sa kabuhayan ng mamamayan, hindi dapat pasibong umangkop lamang ang sosyalistang komersyo sa demand ng konsyumer; dapat nitong aktibong iniimpluwensyahan ang pagkonsumo, pinamamatnugutan ang pagkonsumo, at mas mahusay na ginagampaman ang pag-oorganisa para sa kabuhayan ng mamamayan ayon sa mga kondisyon ng pag-unlad ng sosyalistang produksyong pang-industriya at pang-agrikultura at kondisyon ng pambansang mga rekurso.

Ang larangan ng distribusyon ay hindi lamang lugar kung saan pinagpapalitan ang mga produkto at kalakal. Isa rin itong larangan ng labanan para sa tunggalian ng mga uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Pamilyar ang burgesya sa larangan ng labanang ito, pero hindi gaanong pamilyar ang proletaryado. Gumagamit ang bago at lumang elementong burges ng panunuhol, ispekulasyon at iba pang iligal na pamamaraan, at ng pang-uudyok ng maling mga gawi tulad ng barter at iligal na transaksyon para uk-ukin ang ideolohiya ng mamamayan at papanghinain ang sosyalismo.* Tinatangka nang husto ng mga ahente ng burgesya sa loob ng Partido na itulak ang rebisyunistang linya na naglalayon na panumbalikin ang kapitalismo sa larangan ng sirkulasyon. Ang pangkating Liu Shao-ch'I ang taksil, traydor at eskirol na iyon, na malawakang ipinalaganap ang ideya ng paglalagay ng "mga regulasyon sa komand" sa palitan ng mga produkto, ay nagtaguyod ng "paglilingkod sa lahat ng mamamayan" sa palitan ng kalakal, at hinimok ang buktot na gawi ng iligal na transaksyon. Ito ay pagtataksil sa Marxismo. Para gapiin ang hibang na atake ng burgesya, mahigpit na tumalima sa paglalagay ng proletaryong pulitika sa komand, at suriin at hawakan ang mga suliranin gamit ang pananaw ng makauring tunggalian upang hindi lamang itataguyod ng sosyalistang ang pag-unlad ng produksyon at pahuhusayin ang kabuhayan ng mamamayan, kundi kokonsolidahin rin ang sosyalistang baseng pang-ekonomya at diktadura ng proletaryado.

### Dapat mayroong Angkop na mga Anyo ng Organisasyon ang Sosyalistang Palitan

---

* Ipinapahiwatig dito ang di awtorisado o iligal na transaksyon sa pagitan ng mga empresa ng estado. – Editor.

Kailangang ng Palitan ng Produkto ang Angkop na Sistema ng Suplay at Daluyan

Ang sirkulasyon ng mga kagamitan sa produksyon mula sa produksyon tungo sa pagkonsumo sa produksyon ay napakakumplikado. kailangan ng angkop na mga anyo ng palitan sa gabay ng sentral na plano ng estado para pabilisin ang paggalaw ng mga kagamitan sa produksyon mula sa larangan ng produksyon tungo sa larangan ng produktibong konsumo.* nang napapanahon, sa tamang dami, at nang may kalidad para itaguyod ang pag-unlad ng produksyon.

Sinasalamin ng mga palitan ng mga produkto ang interelasyon sa hanay ng mga empresa ng estado, mga rehiyon, at mga departamento, at sa pagitan ng mga departamento sa loob ng sistema ng pagmamay-ari ng estado at sa pagitan ng mga sentral na departamento sa ekonomya at mga lokal na departamento sa ekonomya. Itinuturo sa atin ng karanasan ng Tsina sa sosyalistang konstruksyon na napakahalagang magtayo ng isang rasyunal na sistema para sa pagsusuplay ng materyal na rekurso sa paghawak sa ganitong mga interelasyon.

Itinataguyod ng sistema ng Tsina sa suplay ng materyal na rekurso ang mga prinsipyo ng "nagkakaisang pamumuno, antas-antas na kontrol, at espesyalisadong operasyon" alinsunod sa dakilang estratehikong patakaran ni Tagapangulong Mao na dapat tayong "maging handa sa digma, maging handa sa mga natural na kalamidad, at gawin ang lahat para sa sambayanan" at sa kanyang turo na: "Hayaan ang mga lokal na yunit na gumawa ng mas maraming bagay sa ilalim ng pinag-isang sentral na plano." Gaya ng inilalahad sa palitan ng mga produkto, ikinakategorya ng estado ang mga kagamitan sa produksyon sa tatlong grupo ayon sa kanilang kabuluhan at papel sa pambansang ekonomya. Ang unang grupo ay "materyal na rekurso sa ilalim ng nagkakaisang alokasyon." Ang mga rekursong ito ay napakahalaga para sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya. Mga halimbawa ang asero, tanso at mahahalagang kasangkapang mekanikal at dekoryente. Sentral na inilalaan ang mga ito ng mga departamento sa pagpaplano ng estado para tiyakin ang mga pangangailangan ng mahahalagang proyekto ng estado sa konstruksyon. Ang ikalawang kategorya ay ang "materyal na rekurso nanakapailalim sa kontrol ng isang departamento [ng sentral na gubyerno]." Mahahalagang rekurso ang mga ito sa pambansang ekonomya, gaya ng lata, nikel, at iyong kung hindi man napakaespesyalisado ay ginagamit naman bilang suplemento sa ibang mga produkto, tulad ng mga materyales sa tunawan ng metal. Inilalaan ang mga ito ng responsableng mga departamentong pangkontol sa isang balansyadong paraan. Ang ikatlong grupo ay ang "materyal na rekurso sa ilalim ng lokal na kontrol." Hindi kabilang ang mga rekursong ito sa una at ikalawang grupo na kontrolado ng mga probinsya, munisipalidad at awtonomong rehiyon. Ang mga materyal na rekursong kinakailangan para sa sosyalistang konstruksyon ay napakarami at samutsari. Kung lahat ng ito ay sentral na kokontrolin ng departamento sa pagpaplanong estado, maaaring masama ang epekto sa sosyalistang konstruksyon. "Ang pinag-isang pamumuno, antas-antas na pamamahala at operasyon ayon sa espesyalisasyon ay tumutugon sa pangangailangan ng pagtatatag ng sosyalismo nang may mas malaki, mas mabilis at mas mahusay na mga resulta sa mas murang halaga.

Sa kasalukuyan, batay sa naturang prinsipyo, ang sistema ng Tsina sa suplay ng materyal na rekurso ay mapamili at sistematikong nagpapatibay sa pamamaraan ng "panrehiyong balanse, diperensyal na alokasyon, pagkontrol sa pagkakaiba-iba, at pagtiyak ng deliberi sa estado sa ilalim ng pinag-isang plano ng estado."** Itinatakda nito, bilang prekondisyon ng pinag-isang plano ng estado

---

* Ibig sabihin, mula sa larangan kung saan nalilikha ang mga kagamitan sa produksyon tungo sa larangan kung saan ginagamit ang mga ito bilang mga elemento sa proseso ng produksyon.

** Ang tinutukoy rito at sa buong talata na ito ay ang mga mekanismo at patakaran sa alokasyon at kontrol na naglalayong ikoordina ang kabuuang pag-unlad ng ekonomya sa batayan ng pagpapatupad ng panrehiyong pag-asa-sa-sarili (at pagbabawas sa pagkakaiba ng mga rehiyon). Ang awtoridad sa pagpaplano at mga patakaran sa supply at pagbili ay mga susing pang-ekonomyang kalso na ginagamit ng sentro. Sa partikular:

at tiyak na deliberi sa estado, na balansyado sa lokal at kinokomplementayan sa lokal ang mga gawang lokal na hilaw na materyales at mga kasangkapan. Nakakatulong ang ganitong pamamaraan sa pagtupad sa dakilang estratehikong patakaran ng paghahanda sa gera, paghahanda sa natural na kalamidad, at gawin ang lahat para sa sambayanan. Hinihimok nito ang hakbang-hakbang na pagtatatag ng sistemang pang-industriya sa iba't ibang nagkokoordinang mga rehiyon, at maging sa antas ng mga probinsya, pagpapakilos ng sentral at lokal na aktibismo, ang tamang paghawak sa interelasyon ng sentral at lokal na yunit, gayundin sa hanay ng mga rehiyon at mga empresa, at pagtataguyod ng paglago ng produksyon.

Matapos maitatag ang tamang sistema ng suplay ng materyal na rekurso, kailangang din ang angkop na kongkretong mga anyo ng palitan ng mga produkto at mga daluyan para dito para padaliin ang pagdaloy ng mga produkto para ang mga kagamitan sa produksyon ay mapapaikot mula sa isang empresa ng estado tungo sa iba pang empresa ng estado nang mas mabilis at mas matipid sa pamamagitan ng rasyunal na mga kawing sa sirkulasyon. Sa kasalukuyan, may tatlong batayang tipo ng mga kongkretong anyo at daluyan ng sirkulasyon sa palitan ng produkto ng Tsina.

Ang una ay tuwirang supply. Ito ay isang anyo ng palitan kung saan tuwirang idinedelibar sa mga gagamit ang mga hilaw na materyales at kasangkapan na nilikha ng empresa ng estado nang di na dumadaan sa panggitnang kawing. Gayunman, ito ay isinasaayos sa ilalim ng pinag-isang plano ng estado at ayon sa mga kontrata ng pagsuplay sa pagitan ng mga empresa. Pinapaikli ng ganitong anyo ng palitan ang panahon sa sirkulasyon, pinaliliit ang mga gastusin sa sirkulasyon, pinatatatag ang mga relasyon ng suplay at demand, at tinutulungang pahusayin ang pagkakapantay ng mga produkto. Ito ang direksyon ng pag-unlad para sa anyo ng palitan ng produkto. Pero hindi maaaring gamitin ang anyong ito ng palitan sa lahat ng kalagayan. Sa pangkalahatan, ito ay angkop para sa sirkulasyon sa hanay ng mga empresa na malalaki ang bulto ng suplay atdemand at istable ang mga relasyon ng suplay demand ng mga produkto.

Ang ikalawa ay ang pagsuplay sa pamamagitan ng mga sangay ng materyal na rekurso. Isinasagawa rin ito sa ilalim ng pinag-isang plano ng estado. Tulad ng naunang anyo ng palitan, saklaw rin ito ng plano sa alokasyon. Gayunman, dapat dumaan ito sa mga sangay sa materyal na rekurso. Sa ibang salita, batay sa kontrata sa pangsuplay ng produkto, dapat munang tipunin at ipadala sa mga sangay ng estado sa materyal na rekurso ang hilaw na materyales at kasangkapan na likha ng empresa ng estado. Matapos ang kinakailangang pagpoproseso at pag-aayos ng mga sangay ng materyal na rekurso, isinusuplay ang mga ito sa mga empresa para sa pagkonsumo. Sa pangkalahatan ay mataas ang demand sa hilaw na materyales at kasangkapan sa anyong ito ng palitan, bagamat maliit ang demand mula sa indibidwal na mga yunit. Kung tuwirang idedeliber ang lahat ng ito ng gumawang mga empresa sa mga empresang kumokonsumo, kailangang mayroong napakalawak na organisasyon pansuplay para maideliber sa oras ang mga produktong ito. Bunga nito, kahit parang mas mabagal at mas magastos na gumamit ng mga sangay ng estado sa materyal na rekurso sa halip na mga daluyan ng tuwirang pagsuplay, sa katunayan, mas mapapababa ang singil sa pag-iimbak at bayad sa transportasyon at mas mabilis na maihahatid sa mga empresang kumokonsumo ng mga kagamitan sa produksyon. Dagdag pa, dahil kailangan ng estado na magmantine ng isang reserba ng ilang kagamitan sa produksyon at dahil ang mga empresa ng estado

---

hinggil sa alokasyon ng mga materyal na supply, dapat ikonsidera ang mga sentral na mga awtoridad ang pagkakaiba sa yaman ng mga rekurso at ang pangkalahatang antas ng kaunlaran ng partikular ng mga erya o rehiyon, alalayan ang mas mahihirap na erya, at magbigay ng atensyon sa mga pangangailangan ng agrikultura at magaan na industriya; at hinggil sa pagkontrol ng paghahalo ng mga produkto at patutunguhan ng produkto, habang isinasaalang-alang din ang mga lokal na katangian, itinataguyod ng sentro ang pagkaing butil at kasapatan-sa-sarili sa agrikultura at pag-asa-sa-sarili sa industriya sa mga lokal na rehiyon habang tinitiyak din na pupunta kung saan kailangan sa kabuuang ekonomya ang mga gawang lokal na mga produkto.

ay maaaring dumanas ng biglaang pagsulak ng demand para sa ilang kagamitan sa produksyon dahil sa mga pagbabago sa mga itinatakda ng plano, kailangan ang mga sangay ng estado sa materyal na rekurso bilang panggitnang kawing sa pamamalakad at pag-oorganisa ng suplay ng mga kagamitan sa produksyon.

Ang ikatlo ay suplay na inorganisa ng mga sangay na pangkomersyo. Ang mga ito ay mga produkto na magagamit para sa produktibong konsumo o personal na konsumo. Ang ilan ay maliliit na pamalit na pyesa at maliliit na kasangkapang metal na may iba't ibang ispesipikasyon at mas limitadong gamit. Mas maalwan ang ganitong maliliit at iba't ibang kagamitan sa produksyon na pinamahalaan ng mga sangay pangkomersyo para mabili ang mga ito anumang oras sa pamilihan ng yunit na gagamit.

## Ang Tatlong Daluyan ng Palitan ng Kalakal

Dapat mayroong ring angkop na mga daluyan ang sosyalistang palitan ng mga kalakal para mapadali ang sirkulasyon ng mga produkto at ganap nitong magampanan ang kanyang papel. Sa kasalukuyang yugto, isinasagawa ang sosyalistang palitan ng kalakal ng Tsina sa pamamagitan ng tatlong daluyan ng komersyo ng estado, komersyo sa batayan ng kolektibong pagmamay-ari at mga tiangge. Binubuo ng tatlong daluyang ito ng palitan ng kalakal ang pinag-isang sosyalistang pamilihan ng Tsina. Gumaganap ang mga ito ng magkakaibang papel ayon sa kani-kanilang magkakaibang pusisyon.

Binubuo ng sosyalistang komersyo ang pangunahing kwerpo at nangungunang pwersa sa pinag-isang sosyalistang pamilihan. Pinamumuan nito ang komersyo ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari at mga tiangge sa kanayunan. Halos lahat ng kalakal at kawing sa pakyawan ay kontrolado ng komersyo ng estado. Idinedeliber ang mga kalakal sa konsyumer sa planadong paraan ng komersyo ng estado ayon sa prinsipyo ng pangkabuuang disenyo, angkop na kaayuan at pagtitiyak sa mga susing punto.

Tumutulong ang komersyo sa ilalim ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari sa komersyo ng estado. Pangunahing tinutukoy ng komersyo sa ilalim ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari ang mga kooperatiba sa suplay at pamilihan sa kanayunan. Ang mga kooperatibong tindahan sa kalunsuran ay kabilang din sa kategorya ng komersyo sa ilalim ng sistema ng kolektibong pagmamay-ari.

Sa Tsina, matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, may umiiral na napakalawak na pamilihan sa kanayunan na pinangingibabawan ng ekonomya ng indibidwal. Kung hindi saklaw ng sosyalismo ang pamilihang ito, maaaring itong saklawin ng kapitalismo at maging punlaan ng kapitalismo. Habang aktibong pinauunlad ang komersyo ng estado, kinakailangan din na pakilusin ang anakpawis sa kanayunan para organisahin ang mga kooperatiba sa suplay at pamilihan sa kanayunan para bumili ng mga produktong pang-agrikultura at saydlayn at magsuplay ng mga produktong pang-industriya. Kailangang-kailangan na gawing katulong ang mamamaan ng komersyo ng estado sa kanayunanpara makontrol ang suplay at demad at kontroling ang pamilihan. Ipinakita ng karanasan na ang pagtatatag at pagpapaunlad ng mga kooperatiba sa suplay at pamilihan sa Tsina ay gumampan ng napakahalagang papel sa pagpapalakas ng sosyalistang komersyo, sa pagputol ng relasyon sa pagitan ng ekonomya ng indibidwal at kapitalistang ekonomya, at pagtaguyod sa sosyalistang transpormasyon ng ekonomya ng indibidwal.

Ang mga kooperatibang tindahan ay unang binuo ng mga indibidwal na manggagawa sa kalunsuran. Ang mga ito ay isang transisyon mula komersyo ng indibidwal tungong komersyo ng estado. Sa kasalukuyang yugto, maginhawa para mga naninirahan sa lunsod ang umiiral na mga kooperatibong tindahansa pagbili ng mga pang-araw-araw na kalakal.

Ang mga tiangge sa kanayunan ay suplemento sa sosyalistang komersyo. Maaaring ibenta ayon sa mga regulasyon ng estado sa mga tiangge sa kanayunan ng mga magsasaka ang maliliit na kantidadng mga saydlayn na produktong pampamilya na nilikha ng mga kolektiba ng mga magsasaka, liban na lamang sa mga itinatabi nila para sa kanilang sariling pagkonsumo at sa ibinibenta sa estado. Ang mga tiangge ay lugar kung saan ipinagpapalit ng mga magsasaka ang anumang mayroon sila para sa kanilang nais bilhin at saan tuwirang nakikipagpalitan ang mga magsasaka sa mga taga-lunsod. Walang pinapayagang mga pamagitang ahente.

May dalawahang katangian ang mga tiangge sa kanayunan. Sa isang banda, itinataguyod ng mga ito ang pag-unlad ng produksyong pang-agrikultura at saydlayn, pinatataas ang kita ng mga myembro ng pangkat, at pinasisigla ang ekonomya ng kanayunanSa kabilang banda, ang mga tiangge sa kanayunan ay di planadong pamilihan. Kung papayagan ang mga ito na umunlad nang walang kontrol, makakasagabal ang mga ito sa sosyalistang planadong pamilihan at maglilinang ng mga kapitalistang kapangyarihan. Sa ilalim ng sosyalistang sistema, kung hahayaang umiral ang mga tiangge sa kanayunan sa mahabang panahon, kailangang palakasin ang pamumuno at pamamalakad sa mga ito para linangin ang kanilang positibong papel at limitahan ang kanilang negatibong papel para maglingkod sila nang mas mahusay sa sosyalistang ekonomya.

## Ang Salapi ay Dapat Maging Lingkod ng Sosyalistang Palitan

### Ang Salapi sa Sosyalistang Sistema ay Nagsisimulang Magkaroon ng Bagong mga Katangian at Gamit

Sa kasaysayan ng tao, lumitaw ang salapi bilang pamalit nang umunlad ang kalakalan sa isang antas. Dahil umiiral pa ang produksyon ng kalakal at palitan ng kalakal sa sosyalistang lipunan, kailangan pa ang salapi.

Sa sosyalistang lipunan, hindi lamang nakaugay ang salapi sa sosyalistang produksyon ng kalakal at palitan ng kalakal; nakaugnay din ito sa sosyalistang produksyon ng produkto at palitan ng produkto. Binago ng pang-ekonomyang kalagayan ng sosyalismo ang kalikasan at papel ng salapi.

Ang salapi, sa relasyon nito sa produksyon ng kalakal at palitan ng kalakal, ay isang yunit ng akawnting pa rin sa sosyalistang sistema. Pero hindi na nito sinasalamin ang kapitalistang relasyon sa produksyon. Ang kapitalistang produksyon ng kalakal at palitan ng kalakal, na naglalaman ng pagsasamantala sa upahang paggawa, ay hindi na nakaugnay sa salaping ito. Sa halip, ito ay nakaugnay na ngayon sa sosyalistang produksyon ng kalakal at palitan ng kalakal, na naglalaman ng pagpapalitan ng paggawa sa loob at sa pagitan ng manggagawa at ang magsasaka.

Ang mga kagamitan sa produksyon na pinagpapalitan sa hanay ng mga empresa ng estado, kung ang kanilang nangungunang aspeto ang pag-uusapan, ay hindi na mga kalakal kundi mga produkto. Gayunman, sa planadong pamumuno nito sa pambansang ekonomya, dapat gamitin ng sosyalistang estado ang salapi bilang nagkakaisang pamantayan para sukatin ang paggawang panlipunan, sa pormulasyon man ng mga target sa produksyon, alokasyon ng mga materyal na rekurso, o distribusyon ng kabuuang produktong panlipunan. Nangangahulugan ito na ang salapi sa ilalim ng sistemang sosyalista ay nagsisimula nang magkaroon ng bagong katangian, ibig sabihin, isang paraan para sukatin ang paggawa sa gawain sa pambansang pagpaplanong pang-ekonomya. At mas malayo ang ating marating, mas mahalaga ang bagong katangiang ito ng salapi. Sa takbo ng pag-unlad, dahil sa unti-unting pagpawi ng produksyon ng kalakal at palitan ng kalakal, unti-unti ring mapapawi ang salapi bilang yunit ng akwanting. Magkagayunman, kakailanganin pa rin ang isang paran ng pagsusukat sa paggawa sa pambansang gawaing pang-ekonomya.

Sa distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo sa sosyalistang lipunan, dagdag pa sa pagiging yunit ng akawnting, nagsisilbi rin ang salapi bilang sertipiko ng paggawa. Isinasagawa ang distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo sa mga departamento sa ilalim ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado sa ganitong paraan: estado ay nagbabayad ng salaping sahod sa mga tauhan at manggagawa alinsunod sa prinsipyo ng "mula sa bawat isa ayon sa kakayahan, sa bawat isa ayon sa kanyang paggawa." Ginagamit ng mga tauhan at manggagawa ang salapi para bumili ng mga produktong pangkonsumo na kailangan nila. Dito, ang papel ng salapi ay tulad ng sa mga sertipiko ng paggawa. Sinabi ni Marx: "Ang sertipiko ng paggawa ay patunay lamang ng bahaging iniambag ng indibidwal sa komon na paggawa, at kanyang bahagi sa komon na mga produkto na karapat-dapat na kanya."[4]

Sinasalamin ng pagbabago sa kalikasan ng salapi sa sosyalistang lipunan ang mga pagbabago sa katangian ng sosyalistang relasyon sa produksyon. Pero ang ganitong pagbabago ay nilalaman sa mga papel ng salapi.

Ang unang papel ng salapi ay bilang panukat ng halaga. Totoo rin ito sa sosyalistang lipunan. Sa sosyalistang lipunan, ginagamit ang salapi para sukatin kapwa ang paggawang panlipunan na nilalaman sa mga kalakal at ang paggawang panlipunan na kinakatawan sa lahat ng produkto. Ginagamit ng sosyalistang estado ang papel ng salapi bilang panukat ng halaga para itakda ang presyo ng mga kalakal at mga produkto at itakda ang mga target ng produksyon, gastusin, at tubo sa anyo ng halaga nang sa gayon ay isagawa ang planadong pangangasiwa sa pambansang ekonomya.

Kapag umaakto ang salapi bilang pamamaraan sa sirkulasyon sa sosyalistang sistema, tumatayo ito hindi lamang bilang pamalit ng mga kalakal kundi bilang pamalit ng mga produkto. Sa sosyalistang lipunan, ang papel na ito ng salapi ay isinasakatuparan sa mga salaping papel. Ang mga salaping papel ay walang likas na halaga. Simbolo lamang ng halaga ang mga ito. Sa Tsina, ang mga simbolo ng halaga ay ang Renminbi na inilalabas ng Bangko ng Mamamayan ng Tsina. Ang papel ng salapi sa sosyalistang estado ay bilang pamamaraan sa sirkulasyon para itaguyod ang relasyong pang-ekonomya sa pagitan ng industriya at agrikultura, sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan, at sa hanay ng mga empresa ng estado.

Sa sosyalistang lipunan, nagsisilbi ang salapi bilang pambayad. Ginagamit ng mga empresa ng sosyalistang estado ang papel na ito para magbayad ng mga buwis at tubo sa estado at sahod ng tauhan at mga manggagawa at para magbayad ng mga utang sa mga kapatid na empresa. Ginagamit ng sosyalistang estado ang ganitong papel ng salapi para isentralisa at ipamahagi ang pondo sa badyet ng estado at pondo sa pautang.

Sa sosyalistang lipunan, nagsisilbi rin ang salapi bilang pamamaraan sa akumulasyon at pag-iimpok. Ang netong panlipunang kita na likha ng masang anakpawis ay nagiging sosyalistang akumulasyon ng estado sa anyo ng salapi. Ang bahagi ng bayad sa paggawa ng masang anakpawis na hindi pa nagagastos ay idinideposito sa bangko ng estado sa anyo ng salapi na gagamitin din para isulong ang sosyalistang konstruksyon.

Sa panlabas na relasyong pang-ekonomya ng sosyalistang estado, gumagampan ang ginto bilang pandaigdigang salapi. Sa panlabas na ayuda at panlabas na kalakalan ng sosyalistang estado, nagsisilbi ang ginto bilang unibersal na pambayad at isang kinatawan ng panlipunang kayamanan. Dahil ang Renminpi ng Tsina ay bihira at istableng salapi sa mundo, nagtamo ito ng mataas na reputasyon. Sa panlabas na kalakalan ng Tsina, paparaming bayan ang nagnanais na gamitin ang Renminpi bilang kagamitan sa pagkakalkula ng mga presyo at para sa internasyunal na akawnting.

Sa sosyalistang lipunan, dahil ang mga kagamitan sa produksyon ay pagmamay-aring publiko, hindi maaaring bilhin ang mga ito ng indibidwal. Ang salapi, kung gayon, ay hindi na magagawang kapital sa pangakalahatan. Naibigwas sa gayon ang mapagpasyang dagok sa petisismo sa salapi na popular sa sistemang kapitalista. Gayunman, dahil umiiral pa rin ang salapi sa independyenteng anyo bilang halaga sa palitan, maaaring gamitin pa rin ang salapi para ipambili sa halos lahat ng

produktong pangkonsumo. Samakatwid, tiyak na nananatili pa rin ang labi ng petisismo sa salapi. Hayagang itinaguyod ni Lin Piao ang kabalbalan na "Magpakayaman tayong lahat" sa intensyong uk-ukin ang kaisipan ng tao sa pamamagitan ng petisismo sa salapi at papanghinain ang sosyalistang sistema. Samakatwid, istorikong misyon ng proletaryado at buong masang anakpawis sa istorikong yugto ng sosyalismo na paulit-ulit na punahin at itakwil ang gayong mga ideya ng mapagsamantalang uri gaya ng "kayang suhulan ng salapi ang mga diyos", "sa pamamagitan ng salapi, mapaggigiling ng trigo ang isang multo" at "umangat sa pwesto at kumita ng malaki" at maglunsad ng walang katapusang pakikibaka laban sa criminal na mga aktibidad tulad ng korapsyon, pagnanakaw, panunuhol, ispekulasyon, at pagbubukas ng andergrawn na mga pabrika na isinasagawa ng bago at lumang mga elementong burges.

## Papaglingkurin ang Batas ng Sirkulasyon ng Salapi sa Sosyalistang Konstruksyon

Sa proseso ng produksyon, palitan, distribusyon, at pagkonsumo, mayroong kaakibat na paggalaw ang salapi sa paggalaw ng mga kalakal at produkto. Sa kapitalistang lipunan, bulag at ispontanyong isinasagawa ang produksyon at palitan. Bulag at ispontanyong isinasagawa rin ang sirkulasyon ng salapi sa pamilihan. Sa sosyalistang lipunan, isinasagawa ang produksyon, palitan, at distribusyon nang naaayon ang lahat sa plano. Maaaring palawakin at bawasan ng sosyalistang estado ang suplay ng salapi sa isang planadong paraan, at makamit ang pagpaplano ng sirkulasyon ng salapi nang sa gayon ay papaglingkurin ito sa sosyalistang konstruksyon.. Para matamo ang planadong sirkulasyon ng salapi, kailangan munang maunawaan ang paggalaw ng salapi sa sosyalistang sistema at malaman ang obhetibong batas ng sirkulasyon ng salapi.

Sa sosyalistang lipunan, ang palitan ng produkto sa hanay ng mga empresa ng estado sa pangkalahatan ay hindi nangangailangan ng aktwal na transaksyon ng salapi (*cash*). Isinasagawa ang kalkulasyon ng presyo sa proseso ng palitan sa pamamagitan ng paggamit sa salapi bilang panukat ng halaga. Kapag ginagampanan ng salapi ang papel nito bilang panukat ng halaga, hindi kailangang may hawak na salapi. Ang konsepto lamang ng salapi ang kailangan. Ang pagbabayad sa proseso ng palitan ay ginagawa sa pamamagitan ng *account clearings* sa bangko ng estado, kaya't wala ring salapi na kailangan dito.

Sa sosyalistang lipunan, may apat na pangunahing daluyan sa paglalabas at pagbawi ng salapi (mga daluyan ng sirkulasyon ng salapi).

Una, ang mga empresa ng estado, mga yunit sa negosyo, at mga organo ng estado ay kumukuha ng salapi mula sa bangko ng estado para bayaran ang sahod ang mga tauhan at manggagawa. Ginagamit ng mga tauhan at manggagawa ang salapi na pambili ng personal na mga produktong pangkonsumo, o para bayaran ang iba pang gastos sa paggawa. Sa ganitong paraan, dumadaloy pabalik sa bangko ang salapi sa pamamagitan ng sektor ng komersyo at mga industriya sa serbisyo. Dagdag pa, makakapag-impok ang mga tauhan at manggagawa sa tuwirang pagdedeposito ng salapi sa bangko nang walang anumang palitan ng kalakal.

Ikalawa, ang mga sangay ng komersyo ay kumukuha ng salapi sa bangko ng estado para bumili ng mga produktong pang-agrikultura at saydlayn mula sa ekonomya ng kolektiba sa kanayunan. Ang isang bahagi ng kitang salapi mula sa pagbenta ng mga produktong pang-agrikultura at saydlayn ay ginagamit ng mga yunit ng kolektiba na pambili ng mga kemikal na abono, pestisidyo, makinang pang-agrikultura, at iba pang kagamitan sa produksyon mula sa estado. Sa parang ito, ang bahaging ito ng salapi ay muling bumabalik sa bangko. Isa pang bahagi ng kitang salapi ng ekonomya ng kolektiba ay ipinamamahagi sa mga magsasaka ng kolektiba ayon sa kanilang iniambag na paggawa. Ginagamit ito ng mga magsasaka pambili ng mga produktong pang-industriya mula sa mga sangay

ng komersyo o iniimpok ito. Sa parang ito, sa ultimo'y bumabalik din ang bahaging ito ng salapi sa bangko.

Ikatlo, sa pamamagitan ng kanilang pagbili sa mga tiangge, umiikot din ang bahagi ng kitang salapi ng mga taga-lunsod. Gayunman, sa kahuliha'y dapat din itong bumalik sa bangko sa pamamagitan ng mga pagbili ng mga magsasaka sa mga produktong pang-industriya at mga impok na deposito.

Ikaapat, sa saligan ay isinasagawa ang mga transaksyong pang-ekonomya ng mga empresa ng estado, mga yunit sa negosyo, at mga organo ng estado sa pamamagitan ng paglilipat ng kredito. Pero nangangailangan din ng salapi ang ilang iba't iba at maliliit na pagbabayad. Ang mga empresa ng estado, mga yunit sa negosyo, at mga organo ng estado ay makapagpapanatili lamang ng isang kantidad ng salapi na itinakda ng estado. Anumang halaga na sobra at lampas sa itinakdang ito ay dapat ideposito sa bangko ng estado. Samakatwid, limitado ang dami ng salapi na kailangan para sa gayong sirkulasyon.

Mahigpit na kaugnay ng mga daluyang ito ng sirkulasyon ng salapi ang sosyalistang palitan ng kalakal. Itinatakda ng sirkulasyon ng kalakal ang sirkulasyon ng salapi. Ayon sa batas ng sirkulasyon ng salapi na ipinaliwanag ni Marx, ang pormula sa sirkulasyon ng salapi ay ang sumusunod:

$$\text{KANTIDAD NG SALAPI BILANG PAMAMARAN SA SIRKULASYON} = \frac{\text{Kabuuang halaga sa salapi ng mga kalakal}}{\text{Bilis ng sirkulasyon ng salapi}}$$

Balido pa rin ang ganitong pormula sa sosyalistang sistema. Sinasabi ng pormulang ito na ang kailangang dami ng salapi para sa sirkulasyon sa isang takdang panahon ay tuwirang proporsyunal ng kabuuang halaga sa salapi ng mga kalakal na nangangailangan ng salapi para marealisa at baligtad na proporsyunal naman sa bilis ng sirkulasyon ng salapi. Dahil ang salaping papel ay simbolo lamang ng halaga, dapat katugma ng paglalabas ng mga salaping papel ang dami ng salaping kailangan sa sirkulasyon. Sa ganitong paraan lamang mapapanatiling istable ang halaga ng salapi at lubos na mapapagana ang aktibong papel nito sa isang dinamikong sosyalistang ekonomya. Kung masyadong kakaunti ang salapi na inilabas, maaaring matambak ang mga kalakal sa larangan ng sirkulasyon (dahil walang midyum ng palitan) at hindi nito makakaabot sa tamang oras sa konsyumer. Kung masyadong maraming salapi ang inilabas, ang resulta ay napakaraming salapi na humahabol sa limitadong kantidad ng kalakal. Tataas ngayon ang mga presyo ng kalakal sa mga tiangge, at babagsak ang halaga ng salaping papel. Mulat na ginagamit ng sosyalistang estado ang batas ng sirkulasyon ng salapi para ipantay ang sirkulasyon ng salapi sa sirkulasyon ng kalakal at itaguyod ang planadong mga paggalaw ng sosyalistang produksyon, palitan, distribusyon, pagkonsumo, at iba pang kawing sa pamamagitan ng isang planadong pagkontrol sa mga daluyan ng sirkulasyon ng salapi.

Ang Renminpi ng Tsina ay isang bihira at istableng salapi sa daigdig. Pangunahin dahil sa gabay ng proletaryong rebolusyunaryong linya ni Tagapangulong Mao, patuloy na umunlad ang industriya at agrikultura ng Tsina, napakarami ng piskal na kita, at balansyado ang mga internasyunal na bayarin. Isang matatag na sosyalistang ekonomya ang naglalatag ng istableng materyal na pundasyon para sa salapi ng Tsina at nagtutulot sa estado na patuloy na maglabas ng maraming kalakal na istable ang presyo sa pamilihan para pantayan ang demand mula sa papataas na kakayahang bumili ng mamamayan. Ang istableng halaga ng Renminpi ay resulta rin ng mulat na paggamit ng estado sa batas ng sirkulasyon ng salapi at ng planadong pangangasiwa sa sirkulasyon ng salapi para matamo ang balanse sa pagitan ng kita at bayad na *cash*. Sa isang banda, kontrolado ng estado ang paglalabas ng salapi sa pamamagitan ng planadong pagkontrol sa bilang ng mga tauhan at manggagawa, sa tantos ng mga pagtaas ng sahod, at sa kakayahang bumili ng mga empresa ng estado, mga yunit sa negosyo, at mga organo ng estado, at sa pamamagitan ng regulasyon sa mga presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura. Sa kabilang banda, inoorganisa ng estado ang pagbawi ng salapi mula

sa sirkulasyon sa pamamagitan ng karampatan at sapat na pagsusuplay ng mga kalakal na kailangan ng mga taga-lunsod at taga-nayon, sa pamamagitan ng pagkokontrol sa mga presyo sa isang planadong paraan, at sa pamamagitan ng pagpapakilos sa masa para mag-impok. Sa paraang ito, napapantayan ng dami ng Renminpi na nasa sirkulasyon ang dami na kinakailangan sa sirkulasyon, sa gayo'y tinitiyak ang istableng halaga ng Renminpi.

Isinasagawa ang planadong pagkontrol sa sirkulasyon ng salapi sa sosyalistang estado sa pamamagitan ng bangko ng estado. Sa Tsina, ang Bangko ng Mamamayan ang bangko ng estado. Ang Bangko ng Mamamayan ng Tsina, na naglalabas at bumabawi sa Renminpi at nagkokontrol ng sirkulasyon ng salapi sa planadong paraan ayon sa pag-unlad ng produksyon at mga rekisito sa sirkulasyon ng kalakal, ay naging pambansang saklaw na sentro ng mga pagpasok-labas ng cash. Ang Bangko ng Mamamayan ng Tsina ay isang pambansang saklaw na *clearinghouse* para sa lahat ng transaksyong hindi gumagamit ng cash sa hanay ng mga pang-ekonomyang sangay, empresa, at mga yunit ng estado. Isa rin itong pambansang saklaw na sentro ng kredito na naglalayong matamo ang mas buong paggamit sa tiwangwang na salapi sa pamamagitan ng paghawak nito sa mgadeposito at bayad sa binili. Sa buod, lahat ng aakawnting ng salapi at aktibidad sa pagbabayad ay umunlad mula sa pinakasentro ng bangko ng estado. Ang sosyalistang bangko ay hindi lamang isang organisasyong pang-ekonomya, kundi isa ring bangko ng estado na namamahala ng pamamalakad sa pambansang ekonomya ng proletaryong estado. Gumagampan ito ng napakahalagang papel sa sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon.

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Marx, Kapital, Bol. 1, chapter 3.
Stalin, Mga Usaping Pang-ekonomya ng Sosyalismo.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Ano ang bagong mga katangian ng sosyalistang palitan? Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng sosyalistang palitan ng mga produkto at palitan ng mga kalakal?
2. Ano ang mga anyo ng organisasyon at daluyan kung saan natatamo ang sosyalistang palitan ng produkto at palitan ng kalakal?
3. Ano ang mga katangian ng kalikasan at mga papel ng salapi sa ilalim ng sosyalistang sistema? Paano maoorganisa ng sosyalistang estado ang sirkulasyon ng salapi sa isang planadong paraan?

**MGA TALA**

1) Marx, Kritika ng Programang Gotha, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 11.
2) Engels, Anti-Duhring, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 186.
3) "Mga Problemang Pang-ekonomya at Pampinansya sa Digma Laban sa Hapon," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 846.
4) Marx, Kapital, Bol. 1, Kumpletong mga Akda nina Marx at Engels, Bol. 23, p. 113.

# Kabanata 20

## Wastong Hawakan ang mga Relasyon sa Hanay ng Estado, Kolektiba, at Indibidwal

### Ang Distribusyon at Redistribusyon ng Sosyalistang Pambansang Kita*

Ang mga produkto nilikha sa sosyalistang ekonomya sa pangkalahatan ay dapat dumaan sa palitan at distribusyon bago makonsumo ang mga ito. Ang paulit-ulit at tuluy-tuloy na nagpapanibagong proseso ng produksyon, palitan, distribusyon, at pagkonsumo ay isang proseso ng reproduksyon. Ang wastong paghawak sa mga relasyon sa hanay ng estado, kolektiba, at indibidwal kaugnay ng distribusyon at ang wastong distribusyon ng panlipunang produkto at pambansang kita ay gumagampan ng mahalagang papel sa makinis na kondukta ng sosyalistang reproduksyon.

#### Ang Sosyalistang Pambansang Kita ay Nagmumula sa Mamamayan at Ginugugol para sa Mamamayan

Kayang Tuluy-tuloy at Mabilis Lumaki ng Sosyalistang Pambansang Kita

Mayroong sariling mga katangian ang sosyalistang reproduksyon. Sa katunayan, ito ay ang pag-uulit-ulit lamang ng mga katangian ng sosyalistang produksyon. Ang layunin ng reproduksyon ay para matugunan ang laging tumataas na mga pangangailangan ng sosyalistang estado at ng mamamayan. Hindi ito para sa layunin ng pagsasamantala tulad ng sa kapitalismo. Isinasagawa ang sosyalistang reproduksyon sa paraang planado at proporsyunal. Hindi ito ang bulag na kumpetisyon ng kapitalismo. Ang sosyalistang reproduksyon ay tuluy-tuloy na pinalawak na reproduksyon. Hindi ito ginagambala ng siklikal na krisis pang-ekonomya tulad sa kapitalismo. Hindi maiiwasang nasasalamin ang mga katangiang ito ng sosyalistang reproduksyon sa paglikha at distribusyon ng sosyalistang pambansang kita.

Ang pambansang kita ay ang kabuuang panlipunang produkto na likha ng mga manggagawa sa mga sangay ng produksyong materyal sa isang takdang bayan sa isang takdang panahon (kalimitang isang taon) bawas ang depresasyon ng mga kagamitan sa produksyon. Ito ang yaman na likha ng mga manggagawa sa mga sangay ng produksyong materyal.

Dahil sa dalawahang katangian ng sosyalistang produksyon, ang pambansang kita na likha ng sosyalistang produksyon ay ipinapakita sa mga produkto at gayundin, sa halaga. Hindi makakalkula ang pambansang kita sa anyo ng mga produkto sa pamamagitan ng simpleng pagbibilang dahil sa sarisaring klase ng produkto. Pero dahil ang kabuuang panlipunang produkto awas ang depresasyon ay may halaga, ang kabuuan at tantos ng paglaki nito ay makakalkula sa kasalukuyang mga presyo o palagiang presyo.

Ang pangunahing mga salik na nagtatakda sa paglikha at pagtaas ng pambansang kita ay ang sumusunod: pagtaas sa panlipunang paggawa, pagtaas ng produktibidad sa paggawa, at mga natipid sa panlipunang pagkonsumo sa mga kagamitan sa produksyon.

---

* Cheng-ch'ueh ch'u-li kuo-chia, chi-t'i ho ko-jen chih chien ti kuan-hsi – she-hui-chu-i kuo-min shou-ju ti fen-p'ei ho tsai fen-p'ei.

Sa pangkalahatan, basta't hindi nagbabago ang ibang mga salik, habang mas maraming paggawa ang kalahok sa panlipunang produksyon, mas malaki ang nalilikhang pambansang kita, kapwa sa usaping materyal at halaga. Sa sosyalismo, ang layunin ng produksyon at reproduksyon ay para matugunan ang laging tumataas na mga pangangailangan ng estado at ng mamamayan. Lumalaki ang saklaw ng reproduksyon taun-taon, at nasusustine rin ng pambansang kita ang paglago nito. Sa kapitalismo, ang layunin ng produksyon at reproduksyon ay pagsasamantala. Madalas ginagambala ng mga krisis pang-ekonomya ang paglawak ng reproduksyon. Lumulubha ang relatibong sobrang produksyon, na nagreresulta sa malawakang disempleyo na isang namumukod na suliraning panlipunan sa kapitalismo. Sa parang ito, siguradong maaapektuhan nang masama ang paglaki ng kapitalistang pambansang kita.

Gayundin, kung hindi nagbabago ang dami ng paggawa, habang mas mabilis na pinatataas ang produktibidad sa paggawa ng empresang pamproduksyon, mas mabilis na lumalago ang pisikal na dami ng pambansang kita, ibig sabihin, lumalaki ang pambansang kita na kwinenta sa palagiang presyo. Sa lipunang sosyalista, lubusang mapapakilos ang inisyatiba at aktibismo ng masang anakpawis. Malawakang maipapalaganap ang abanteng teknolohiya. Ang kilusang masa para sa teknikal na inobasyon at teknikal na rebolusyon ay magbubukas ng malawak na tanaw para sa pagpapataas ng produktibidad sa paggawa at pambansang kita. Sa lipunang kapitalista, inaapi at pinagsasamantalahan ang masang anakpawis. Ang inisyatiba at aktibismo sa paggawa nila ay sinusupil. Ginagamit lamang ang abanteng teknolohiya kung magreresulta ito sa mas maraming labis na halaga. Samakatwid, humaharap sa napakaraming hadlang ang pagtaas sa produktibidad sa paggawa at sa pambansang kita.

Tingnan natin ang ikatlong salik na nagtatakda ng pambansang kita. Kung pirmi ang kabuuan ng panlipunang produkto, habang mas maraming kagamitan sa produksyon ang natitipid sa proseso ng produksyon, mas lumiliit ang awas sa kabuuang panlipunang produkto at mas bumibilis ang paglago ng pambansang kita. Sa lipunang sosyalista, ang masang anakpawis ang panginoon. Aktibo silang makakalahok sa pagtitipid, substitusyon, at komprehensibong paggamit ng hilaw na materyales at sa regular na pagmamantine at lubusang paggamit ng mga kagamitan sa produksyon. Pinahihintulutan ng planadong kalikasan ng sosyalistang reproduksyon na mas lubusan at rasyunal na magagamit ang mga kagamitan sa produksyon sa buong lipunan. Ginagawang posible ng lahat ng ito na matipid ang mga kagamitan sa produksyon, bawasan ang konsumo ng mga ito, at palakihin ang pambansang kita. Sa lipunang kapitalista, bagamat nagsisikap ang kapitalista na matipid ang mga kagamitan sa produksyon para bawasan ang gastos na kapital, marami ang nasasayang mula sa kumpetisyon at anarkiya sa produksyon. Dagdag pa, kadalasang ginagawang tiwangwang ng mababang paggamit sa kapasidad ng mga empresa ang maraming kasangkapan. Ang mga kondisyong ito ay di paborable sa pagpapalaki ng pambansang kita.

Dahil magkakaiba ang mga salik na nagtatakda sa paglikha at paglago ng pambansang kita sa ilalim ng magkakaibang panlipunang kondisyon, mas mabilis na mapapalaki ang pambansang kita ng sosyalistang bayan kaysa pambansang kita ng kapitalistang bayan sa katagalan.

## Ang Distribusyon ng Pambansang Kita ay Umaayon sa Batayang Interes ng Masang Anakpawis

Paano ipapamahagi ang pambansang kita matapos itong malikha? Ang distribusyon ng pambansang kita ay ultimong itinatakda ng padron ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Sa lipunang sosyalista, pampublikong pag-aari ang mga kagamitan sa produksyon. Ang masang anakpawis ang panginoon sa produksyon. Samakatwid, dapat umaayon ang distribusyon ng

pambansang kita sa mga interes ng masang anakpawis at tumugon sa laging tumpataas na mga pangangailangan ng estado at ng masang anakpawis sa planadong paraan.

Ang pambansang kita ay likha ng manggagawa sa mga sangay ng produksyong materyal. Dapat muna itong dumaan sa inisyal na distribusyon sa loob ng mga sangay ng produksyong materyal. Sa mga empresa sa ilalim ng sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado, ang pambansang kita ay hinahati sa dalawang bahagi matapos ang inisyal na distribusyong ito: isang bahagi ay sahod na gagamitin ng manggagawa sa empresa ng estado para sa personal na konsumo; ang isa pang bahagi ay netong kita na nagiging sentralisadong netong kita ng estado matapos itong ibigay sa estado sa anyo ng buwis at tubo.

Sa mga empresa sa sistema ng pagmamay-ari ng kolektiba, matapos ang primaryang distribusyon, ang isang bahagi ng pambansang kita ay nagiging kompensasyon sa paggawa para sa mga myembro ng komuna para sa personal na pagkonsumo, habang ang isa pang bahagi ay nagiging netong kita ng kolektiba. Hindi buong ibinibigay sa estado ang netong kita ng mga empresa sa ilalim ng pagmamay-ari ng kolektiba, di tulad ng netong kita ng mga empresa ng estado. Isang bahagi lamang nito ang inililipat sa estado bilang buwis na magiging bahagi ng sentralisadong netong kita ng estado. Ang isa pang bahagi ay pinananatili bilang pondo sa pampublikong akumulasyon at pondo sa pampublikong kagalingan na gagamitin para sa pinalawak na reproduksyon ng mga empresa ng kolektiba at sa kagalingan ng kolektiba.

Matapos ang inisyal na distribusyon sa mga sangay ng produksyong materyal, ang sosyalistang pambansang kita ay nagiging kita ng estado, kita ng mga empresa ng kolektiba, at kita ng indibidwal na mga manggagawa. Isang mahalagang usapin ng prinsipyo na wastong hawakan ang mga relasyon ng estado, kolektiba, at indibidwal kaugnay ng distribusyon. Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: "Sa usapin ng distribusyon ng kita, dapat nating isaalang-alang ang interes ng estado, ng kolektiba, at ng indibidwal. Ang mga relasyon ng buwis sa estado, pondo sa akumulasyon ng kooperatiba, at indibidwal na kita ng magsasaka ay dapat angkop na napapanghawakan, at laging regular na na iregyuleyt ang kontradiksyon sa pagitan ng mga ito."[1] Ang instruksyon na ito ni Tagapangulong Mao ay pumapatungkol sa ekonomya ng kolektiba. Pero aplikable rin ang prinsipyong ito sa distribusyon ng kabuuang pambansang kita.

Matapos ang inisyal na distribusyon, dapat muling ipuhunan (o ibalik muli sa ekonomya) ang isang bahagi ng pambansang kita, na lilikhang muli sa gayon ng kita.[2] Bakit dapat muling ipuhunan ang pambansang kita? Ito ay dahil sa lipunang sosyalista, dagdag pa sa mga sangay ng produksyong materyal, mayroon ding mga sangay na pangkultura, pang-edukasyon, at pangkalusugan, ilang industriya ng serbisyo, ang armadong pwersa, at organo sa administrasyon ng estado. Hindi lumilikha ng pambansang kita ang mga sangay na ito ng produksyong di materyal, pero kinakailangan ang mga ito para sa pag-unlad ng lipunang sosyalista, pagpapayaman sa materyal at pangkulturang buhay ng masang anakpawis, at pagkonsolida sa diktadura ng proletaryado. Ang personal na kita ng manggagawa sa ganitong mga sangay ng produksyong di materyal ay inilalaan sa pamamagitan ng redistribusyon ng pambansang kita. Dagdag pa, kailangan ang redistribusyon ng pambansang kita para matugunan ang mga pangangailangan sa panlipunang pangkagalingan at tulong panlipunan. Sa paraang ito, ito ay nagiging personal na kita ng mga nagtatamasa ng naturang kagalingan at tulong.

Ang redistribusyon ng pambansang kita ay pangunahing isinasagawa sa pamamagitan ng badyet ng sosyalistang estado, pero ang mga aktibidad ng mga industriya sa serbisyo ay nagdudulot din ng redistribusyon ng pambansang kita. Halimbawa, ang barberya at paglalabada ay sumisingil ng tiyak na mga bayad sa mga tumanggap ng serbisyo ng mga ito. Mula sa mga singil na ito, ang isang bahagi ay ginagamit para bayaran ang sahod ng kanilang mga empleyado. Sa ganitong paraan, natatransporma ang personal na kita mula sa inisyal na distribusyon tungo sa personal na kita ng mga manggagawa sa mga industriya ng sebisyo, na bumubuo sa redistribusyon ng pambansang kita.

Ang redistribusyon ng pambansang kita ay isinasagawa rin, sa isang antas, sa pag-aayos ng presyo. Halimbawa, ang pagpapababa ng presyo ng mga produktong pang-industriya at ang pagpapataas ng presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura ay may epektong nagpapataas sa kita ng mga magsasaka.

Hinahati sa dalawang bahagi ang pambansang kita sa lipunang sosyalista matapos ang distribusyon at redistribusyon. Ang isang bahagi ay nasa kontrol ng sosyalistang estado at mga empresang pagmamay-ari ng kolektiba para palawakin ang reproduksyon at tugunan ang iba pang komon na pangangailangang panlipunan. Ang isa pang bahagi ay nasa indibidwal na manggagawa para tugunan ang kanyang personal na mga pangangailangan sa buhay. Ang dalawang bahagi na ito ng pambansang kita sa kalauna'y ginugrupo sa pondo sa akumulasyon at pondo sa pagkonsumo ayon sa magkaibang gamit ng mga ito.

Matapos ang distribusyon at redistribusyon ng panlipunang produkto at ng pambansang kita, ang panghuling resulta ay maikakategorya tulad ng nasa talahanayan sa ibaba.

[Chart]

Matapos ang distribusyon at redistribusyon, ang bahagi ng sosyalistang pambansang kita na napupunta sa personal na konsumo ng manggagawa ay tuwirang nag-aambag sa kanyang kagalingan. Ang bahagi na napupunta sa lipunan ay nag-aambag sa kolektibong kagalingan ng mga manggagawa at kanilang pangmatagalang interes. Tulad ng pahayag ni Marx: "Lahat ng bawas mula sa prodyuser bilang indibidal ay tuwiran at di tuwirang gagamitin para sa kagalingan ng prodyuser na ito bilang myembro ng lipunan.."[3]

Ang sosyalistang pambansang kita ay nagmumula sa mamamayan at ginugugol sa mamamayan. Ito ay pundamental na naiiba sa distribusyon ng pambansang kita sa lumang lipunan. Sa lipunang dominado ng mapagsamantalang uri, ang pambansang kita na likha ng masang anakpawis kalakhan ay kinakamkam ng mapagsamantalang uri para suportahan ang sandakot ng mga parasito. Tinangka ng mga taong tulad ni Lin Piao na mapanumbalik ang ganitong kaayusan kung saan pinagsasamantalahan ng tao ang tao. Sumunod sila sa yapak ni Mencius, isang tapat na disipulo ni Confucius, na nagsabing: "Kung wala ang ginoo, walang mamumuno sa mga walang pinag-aralan; kung wala ang mga walang pinag-aralan, walang susuporta sa ginoo." Sa kanilang mga mata, ang dominasyon at pang-aapi sa masang anakpawis ay di mababaling mga batas. Gayunman, nabubuhay tayo sa panahon ng imperyalismo at proletayong rebolusyon. Tiyak na mapupuksa ang mapagsamantalang sistema, at sa katunaya'yhindi na umiiral sa lipunang sosyalista. Lipas na ang sistemang ito sa sosyalistang lipunan.Hindi na susuportahan ng masang anakpawis ang "ginoo" ng mapagsamantalang uri. Ang mga taong tulad ni Lin Piao na bigong nagtangkang pabalikin ang kasaysayan ay hindi makakaiwas na madurog sa gulong ng kasaysayan.

## Ang Mahalagang Papel ng Pampublikong Pinansya sa Distribusyon at Redistribusyon ng Pambansang Kita

### Ang Badyet ng Estado ay Mahalagang Kawing sa Sistema ng Pinansya

Sa lipunang sosyalista, pangunahing isinasagawa ang distribusyon at redistribusyon ng pambansang kita sa pamamagitan ng pinansya. Ang sosyalistang sistema ng pinansya ay binubuo ng badyet ng estado, kredito at pautang ng bangko ng estado, at pinansya ng empresa ng estado. Sa mga ito, ang pinansya ng empresa ng estado ang batayan ng sosyalistang sistema ng pinansya. Sistematiko nitong sinasalamin ang paggamit at pag-ikot ng mga pondong kapital sa mga aktibidad sa produksyon ng mga empresa. Ipinatutupad din nito ang inisyal na distribusyon ng pambansang kita para bumuo ng sentralisadong netong kita ng estado. Ipinamamahagi ng mga bangko ng estado ang pansamantalang tiwangwang na pondo ng pambansang ekonomya sa pamamagitan ng pautang para tugunan ang mga pangangailangan sa maigsing-panahon na umiikot na kapital sa produksyon. Nakukuha ng badyet ng estado ang kita nito mula sa kanyang partisipasyon sa distribusyon ng pambansang kita para tugunan ang mga pangangailangan sa pagkokonsolida ng diktadura ng proletaryado at konstruksyon sa ekonomya at kultura. Ang malaki-laking bahagi ng pambansang kita na ipinamamahagi, laluna iyong bumubuo ng mayor na bahagi ng sosyalistang akumulasyon, ay ipinatutupad sa pamamagitan ng alokasyon ng badyet ng estado. Isang importanteng kawing ang badyet ng estado sa sosyalistang sistema ng pinansya.

Paano lumalahok ang badyet ng estado sa distribusyon ng pambansang kita? Dahil binubuo ng mga kita at gastos ang badyet ng estado, kailangan sagutin ang tanong na ito mula sa dalawang aspeto ng badyet: mga kita at gastos. Ang mga kita sa badyet ng sosyalistang estado sa pangkalahatan ay kinabibilangan ng kita mula sa empresa at serbisyo, iba't ibang buwis, at iba pang kita. Ang mga kita na ito sa badyet ay kalakhang nagmumula sa netong kita ng mga sosyalistang empresa. Sa Tsina sa kasalukuyan, ang netong kita ng mga empresa ng sosyalistang estado ay buong ibinibigay sa badyet ng estado sa anyo ng buwis at tubo. Sing-aga ng 1959, ang mga bayad na ibinibigay ng mga empresa

ng estado ng Tsina ay kumakatawan sa 91.8 porsyento ng badyet ng estado. Ang mga kabayaran na ibinibigay sa anyo ng buwis ng mga komunang bayan sa kanayunan ay kumakatawan sa 7.4 porsyento ng badyet ng estado. Kung pagsasamahin, kinakatawan ng dalawang pinagmumulang ito ang 99.2 porsynto ng kita ng badyet ng setado. Sa kita sa badyet ng Tsina, hindi na umiiral ang mga utang pampubliko at utang panlabas. Ang Tsina ay naging isang sosyalistang bayan na walang anumang panloob o panlabas na utang.

Ang gastos sa badyet ng sosyalistang estado sa pangkalahatan ay kinabibilangan ng mga gastos sa pang-ekonomyang konstruksyon, gastos sa gawaing panlipunan, pangkultura, at pang-edukasyon, at gastos sa pambansang depensa at panlabas na tulong. Sa pamamagitan ng mga gastos na ito sa badyet, itinatatatag ang iba't ibang pondo nang planado para matugunan ang mga pangangailangan sa pagkokonsolida ng diktadura ng proletaryado, pagpapalawak sa produksyon, at pagpapaunlad ng serbisyo sa kultura, edukasyon at kalusugan. Sa mga gastos sa badyet, may mayor na kahalagahan ang gastos sa pang-ekonomyang konstruksyon at sa gawaing panlipunan, pangkultura, at pang-edukasyon. Ang mga gastos para sa dalawang ito ay tumaas mula sa humigit-kumulang 36 porsyento noong 1950 hanggang sa humigit-kumulang 70 porsyento ng mga gastos sa badyet ng estado ng Tsina noong 1970. Gayunman, sa mga imperyalista at soyal-imperyalistang bayan, ang mga gastos para sa paglawak ng pag-aarmas at administrasyon ng gubyerno ay kumakatawan sa napakasubstansyal na proporsyon ng mga gastos sa badyet ng estado para panghimasukan at pagdambungan ang masang anakpawis ng dayuhang mga bayan at para apihin at pagsamantalahan ang masang anakpawis sa kanilang sariling bayan. Kalimitang lumalampas ang gastos sa kita, na nagreresulta sa malaking depisit sa badyet.

Ipinapakita ng mga kondisyong nabanggit na ang sosyalistang pinansya ay isang relasyon sa distribusyon na umiinog sa paglahok ng sosyalistang estado sa distribusyon at redistribusyon ng pambansang kita. Layon nitong konsolidahin ang diktadura ng proletaryado, paunlarin ang ekonomya at serbisyo sa kultura, edukasyon, at kalusugan, at tupdin ang mga internasyunalistang tungkulin. Nakasalalay ang pagkakaiba ng sosyalistang pinansya at kapitalistang pinansya sa katotohanan na ultimong pinagsisilbihan ng sosyalistang pinansya ang interes ng malawak na hanay ng masang anakpawis, sa halip na panghimasukan ang mga interes na iyon, at lumalahok ang sosyalistang pinansya sa distribusyon at redistribusyon ng pambansang kita kapwa sa loob at sa labas ng larangan ng produksyon. Mahigpit na ikinakawing ng sosyalistang pinansya sa isa't isa ang badyet ng estado, pautang ng bangko ng estado, at pinansya ng empresa ng estado para magsilbi sa paglago sa produksyon.

## Itinatakda ng Ekonomya ang Pinansya, at Iniimpluwensyahan ng Pinansya ang Ekonomya

Sapagkat ang sosyalistang pinansya ay isang relasyon ng distribusyon at redistribusyon ng pambansang kita na nakasentro sa estado, nakatali ito sa pag-unlad ng pambansang ekonomya. Itinuturo sa atin ng Marxismo na itinatakda ng produksyon ang distribusyon at may epektong pabalik sa produksyon ang distribusyon. Ang magkakaibang anyo ng distribusyon sa magkakaibang lipunan ay itinatakda ng magkakaibang anyo ng panlipunang produksyon. At ang yaman na itinutulot ng lipunan para sa distribusyon ay itinatakda rin ng pambansang kita na likha sa larangan ng produksyon. Iniatas sa atin ni Tagapangulong Mao hinggil sa mga dialektikong relasyon ng ekonomya at pinansya: "Ang pangkalahatang patakaran na gumagabay sa ating gawaing pang-ekonomya at pampinansya ay paunlarin ang ekonomya at tiyakin ang sarplas." "Kung mabuti o masama ang patakarang pampinansya ay nakakaapekto sa ekonomya. Pero ekonomya pa rin ang nagtatakda sa pinansya."[4] Sapul nang liberasyon, sinunod ng malawak na hanay ng tauhan sa pinansya ang atas ni Tagapangulong Mao. Nagtuon muna sila ng espesyal na pansin sa ekonomya para itaguyod ang isang sustenidong pagtaas sa produksyong pang-industriya at pang-agrikultura.

Bunga nito, natiyak ang isang istable at maaasahang materyal na batayan para sa pinansya ng Tsina, at umunlad ang saklaw ng kita at gastos nang relatibong mabilis. Mula 1950 hanggang 1970, kung halaga ang pag-uusapan, tumaas nang 1.1 ulit ang kabuuang produksyong pang-agrikultura ng Tsina, at tumaas nang 13.1 ulit ang kabuuang produksyon ng industriya. Ang kita sa badyet ng estado ng Tsina ay tumaas nang humigit-kumulang 9 na ulit habang ang mga gastos ng badyet ng estado ay tumaas nang mahigit 8 ulit.

Ipinapakita ng katotohanan na itinatakda ng ekonomya ang pinansya na ang makaisang-panig na pagdidiin sa pinansya, ang pagmamaliit sa kahalagahan ng pagpapaunlad ng ekonomya, at ang pananaw na lantay pinansya na naglalayong lutasin ang mga problemang pampinansya sa pamamagitan ng lantay pampinansyang pamamaraan ay pawang mali. Ang mga taong may pananaw na lantay pampinansya ay hindi nakakaunawa sa dialektikong mga relasyon ng ekonomya, pinansya, produksyon, at distribusyon at hindi aktibong nag-uukol ng kanilang sarili at hindi nagtataguyod sa paglago ng produksyon; hindi nila kayang lutasin ang suliranin sa mga kita at gastos pampinansya.

Itinatakda ng ekonomya ang pinansya, pero hindi simpleng pasibo o negatibong salik ang pinansya. Ang pinansya ay gumagampan din naman ng napakahalagang papel sa pag-unlad sa ekonomya. Kapag nais ng estado na isagawa ang pang-ekonomyang konstruksyon at nais ng empresa na pataasin ang produksyon, dapat maglaan ng kinakailangang pondo. Sa paglahok nito sa distribusyon ng pambansang kita, ang sosyalistang pinansya, mula sa sentralisadong netong kita ng estado, ay naglalaan ng pondo para sa pang-ekonomyang konstruksyon. Sa alokasyon ng mga pondo, kung makakamit ang balanse sa distribusyon ng mga materyal na rekurso,.sa madaling salita, kung maitatali ang paggalaw ng halaga sa paggalaw ng mga materyal na rekurso (ibig sabihin, ang paggalaw ng mga halaga sa gamit) nang sa gayon ay maipagpapalit ang isang tiyak na laki ng pondo para sa isang katugmang dami ng materyal na rekurso at sa gayon ay magagamit ang mga rekursong ito nang ekonomikal at wasto, matitiyak ang isang mabilisang pag-unlad ng pambansang ekonomya na planado at nasa proporsyon. Sa kabilang banda naman, kung di wastong inilaan ng sosyalistang pinansya ang mga pondo, na hindi tugma ang paggalaw ng halaga sa paggalaw ng mga materyal na rekurso, o kung hindi ginagamit nang makatwiran ang mga materyal na rekurso, ang pag-unlad ng pambansang ekonomya ay mahahadlangan.

Isinesentro ng sosyalistang pinansya sa kamay ng estado ang pambansang kita na nalikha sa larangan ng produksyon. Ang sentralisadong netong kitang ito ng estado ay ginagamit naman sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya. Sa sarili nito, hindi ito sapat. Ang malawak na hanay ng manggagawang pampinansya, dahil sa kanilang malawak na ugnayan at kanilang kaalaman sa mga kondisyon ng iba't ibang empresa, ay may mahalagang papel na gagampanan. Dapat silang tumulong sa mga empresa na pahusayin ang pangangasiwa at operasyon, tumulong sa mga kooperatibong relasyon, paghusayin ang mutwal na ugnayan sa loob at sa pagitan ng mga empresa, at higit na pagbutihin ang paggamit sa mga potensyal para tuluy-tuloy na itaguyod ang pag-unlad ng panlipunang produksyon at pagtaas ng pambansang kita. Sa parang ito, at sa batayan ng pagpapaunlad sa ekonomya, ang mga pinagmumulan ng sosyalistang pinansya ay madadagdagan at matitiyak.

## Ang Proporsyunal na Relasyon ng Akumulasyon at Pagkonsumo Ay Pangkalahatang Proporsyunal na Relasyon

### Ang Sosyalistang Akumulasyon ang Pinagmumulan ng Pinalawak na Reproduksyon

Sa distribusyon at redistribusyon ng pambansang kita, mayroong proporsyunal na relasyon ang akumulasyon at pagkonsumo na direktang nakakaapekto sa pag-unlad ng pambansang ekonomya at sa pagbuti ng kabuhayan ng tao. Katulad ng proporsyunal na relasyon sa pagitan ng dalawang mayor

na kategorya at ng proporsyunal na relasyon ng agrikultura, magaan na industriya, at mabigat na industriya, pangkalahatang proporsyunal na relasyon din ang proporsyunal na relasyon ng akumulasyon at pagkonsumo.*

Sa proseso ng distribusyon at redistribusyon ng pambansang kita, kailangan tiyakin ng sosyalistang pinansya ang isang tiyak na dami ng akumulasyon para magamit sa pinalawak na reproduksyon. Ang akumulasyon ang pinagmumulan ng pinalawak na reproduksyon. Gayunman, sa magkakaibang lipunan, mayroong magkakaibang katangian ang akumulasyon. Sa lipunang kapitalista, api at pinagsasamantalahan ang anakpawis. Wala silang sapat na pagkain o pananamit, huwag nang sabihin pa ang akumulasyon. Ang mapagsamantalang uri lamang ang may akumulasyon. Pero ang akumulasyong ito ay nagsisilbi sa pag-ibayo pa ng pagsasamantala at pang-aapi ng mapagsamantalang uri sa masang anakpawis. Sa lipunang sosyalista, ang masang anakpawis ang may kontrol sa kapangyarihang pampulitika at nagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Samakatwid makakapagtipon sila ng pondo sa pamamagitan ng estado at kolektiba para gamitin ang pondong ito para palawakin ang reproduksyon at paglingkuran ang interes ng masang anakpawis. Habang mas maraming yaman ang natitipon ng lipunang sosyalista, mas malaki ang saklaw at kapasidad ng panlipunang produksyon at mas mataas ang antas ng materyal at pangkulturang antas ng pamumuhay. Ang magiging resulta ay ang pangkalahatang moral, intelektwal, at materyal na pag-unlad. Ang mga kondisyong materyal at ispiritwal ay unti-unti ring matitipon para sa transisyon tungong komunistang lipunan.

Gayunman, tinangka ng lahat ng oportunista at rebisyunista na palabuin ang esensyal na pagkakaiba ng sosyalista at kapitalistang akumulasyon. Itinaguyod nila ang isang kumpletong distribusyon ng sosyalistang pambansang kita. Mahigit isandaang taon na ang nakalipas, isang lider ng kilusang manggagawa ng Germany, si Lasalle, ang nagpanukala ng tinatawag na "walang bawas na kita sa paggawa." Nagpanukala si Duhring ng katulad ding walang saysay na "kumpletong kita sa paggawa." Tulad ni Lasalle, si Duhring, at iba pang katulad na manggagantso, at si Liu Shao-chi ay nagbulalas din na ang sosyalismo ay nangangahulugan ng "mas malaking distribusyon" at "mas malaking *take-home pay*." Malisyosong siniraan ni Lin Piao ang Tsina bilang "isang mayamang estado na may mahirap na mamamayan." Inatake niya ang sosyalistang akumulasyon bilang "nakabalatkayong pagsasamantala" at nagpakana na lusawin ang sosyalistang akumulasyon. Ang gayong mga katawa-tawang propaganda ay binigyan nina Marx at Engels ng bigwas sa ulo sa *Critique of the Gotha Program* at *Anti-Duhring*. Kung naipatupad ang mga rebisyunistang kamaliang ito, hindi magkakaroon ng anumang panlipunang akumulasyon. Bilang resulta, ang sosyalistang ekonomya ay hindi makakapagpalawak ng reproduksyon. Makakapagmantine lamang ng simpleng reproduksyon, o malilipat ang papel ng akumulasyon sa pribadong mga grupo. Sa paraang ito, ang maipapanumbalik ang kapitalismo. Sa gayon, makikita natin na ang mga kamalian ng pamamahagi at paggastos ng lahat na itinataguyod nina Liu Shao-ch'i at Lin Piao ay kumakatawan sa bigong pagtatangka na papanghinain ang sosyalistang ekonomya at panumbalikin ang kapitalismo.

## Dapat Angkop ang Tumbasan sa Pagitan ng Akumulasyon at Pagkonsumo

Bukod sa mga ginagamit bilang pondo sa akumulasyon, ang natitira sa sosyalistang pambansang kita ay ginagamit bilang pondo sa pagkonsumo. "Ang pagpapasya sa tamang tumbasan sa pagitan ng akumulasyon at pagkonsumo ay komplikadong suliranin; hindi ito madaling lutasin sa loob ng maikling panahon."[5] Sa anumang takdang panahon, limitado ang pambansang kita. Kung pinalaki

* Ang dalawang mayor na kategorya sa sosyalistang pinalawak na reproduksyon ay akumulasyon at personal na konsumo. – Editor.

ang bahagi na ginagamit para pataasin ang akumulasyon, mas liliit sa gayon ang bahagi na ginagamit para pataasin ang pagkonsumo. Ang mas mataas na antas ng akumulasyon ay siguradong magpapabilis sa sosyalistang reproduksyon, pero mangangahulugan din ito na sadyang pababagalin pansamantala ang pagtaas sa antas ng pamumuhay ng masang anakpawis. Sa kabilang banda naman, kung pinalaki ang bahagi na ginagamit para pataasin ang pagkonsumo, kailangang liliit ang bahagi na ginagamit para pataasin ang akumulasyon. Ang mas mataas na antas ng pagkonsumo, syempre, ay mas makakatugon sa kasalukuyang pangangailangan sa buhay ng masang anakpawis, pero kailangang mas bumagal sa gayon ang takbo ng sosyalistang pinalawak na reproduksyon.–maaapektuhan nito ang higit na pagpapaunlad sa kabuhayan ng masang anakpawis. Ipinapakita ng mga kondisyong ito na mayroong mga kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang akumulasyon at pagkonsumo. Pero hindi antagonistiko sa kalikasan ang mga kontradiksyong ito. Mga kontradiksyon ito sa pagitan ng interes ng estado, interes ng kolektiba, at interes ng indibidwal. Sa madaling sabi, mga kontradiksyon ito sa pagitan ng kabuuang interes at bahagyang interes at kontadiksyon ng pangmatagalan at kagyat na interes ng mamamayan.

Sa pag-aayos sa proporsyunal na relasyon ng akumulasyon at pagkonsumo, dapat muna nating ibatay ang anumang pagtaas sa akumulasyon sa matamang pagpapahusay sa kabuhayan ng masang anakpawis. Kaalinsabay, ang anumang pagtaas sa pagkonsumo ay dapat ding nakabatay sa tuluy-tuloy na pagpapalawak ng produksyon at pagpapahusay ng produktibidad sa paggawa. Dapat sabay-sabay na isinasaalang-alang ang interes ng estado, kolektiba, at indibidwal. Kung hindi natin bibigyan ng pansin ang pagpapabuti ng kabuhayan ng masang anakpawis at makaisang-panig na magdidiin sa akumulasyon, hindi natin matutugunan ang obhetibong mga pangangailangan ng sosyalistang pag-unlad sa ekonomya, pahihinain nito ang aktibismo sa produksyon ng masang anakpawis. Kabaligtaran nito, kung hindi natin bibigyan ng pansin ang akumulasyon at makaisang-panig na magdidiin sa pagkonsumo, wala ito sa batayang pangmatagalan at kagyat na interes ng masang anakpawis. Para makalikha ng paborableng mga kondisyon para sa wastong paghawak sa kontradiksyong ito, dapat tayong magpunyagi na paunlarin ang panlipunang produksyon. Hanggat maunlad ang produksyon at papataas ang pambansang kita, ang kabuhayan ng masang anakpawis ay mapapabuti pa rin kahit pa angkop na pinataas ang akumulasyon. Samakatwid, para sa pangkalahatan at pangmatagalang interes ng sosyalismo, kinakailangan na magdiin sa rebolusyonaryong diwa ng masikhay na pakikibaka at pagtatayo sa bayan nang masigasig at matipid.

Ang akumulasyon at pagkonsumo ay proporsyunal na relasyon sa usapin ng halaga. Ang wastong paghawak sa proporsyunal na relasyong ito ay nangangailangan ng kaakibat na materyal na rekurso bilang garantiya. Sa usapin ng akumulasyon, ginagamit ito para sa kapital na konstruksyon at pinalawak na reproduksyon. Sa sandaling mayroon nang tiyak na dami ng pondo, dapat mayroon ding kaakibat na dami ng kagamitan sa produksyon.[6] Sa kabuuang panlipunang produkto sa sosyalistang produksyon, tanging ang dagdag na bahagi ang gagamitin para sa pinalawak na reproduksyon, habang ang iba pang bahagi, katumbas ng pagkonsumo ng nakaraang taon ang gagamitin para sa simpleng reproduksyon. Samakatwid, para mamantine ang balanse sa pagitan ng suplay at demand, ang kabuuang natipong pondo ay dapat munang katumbas ng pagtaas sa mga kagamitan sa produksyon. Kung hindi, hindi magkakaroon ng sapat na kagamitan sa produksyon na bibilhin ng pondo sa akumulasyon, na ginagawang imposible ang ganap na pagkakamit sa pinalawak na reproduksyon, o kaya'y hindi maibebenta ang dagdag na mga kagamitan sa produksyon, na lumilikha sa gayon ng sarplas. Sa alinmang kaso, magiging masama ang epekto sa sosyalistang pinalawak na reproduksyon.

Kung pagkonsumo ang pag-uusapan, dahil ginagamit ang pondo sa pagkonsumo para matugunan ang materyal at pangkulturang mga pangangailangan ng sosyalistang estado at ng malawak na hanay ng masang anakpawis, dapat nakahanda ang sapat na mga produktong pangkonsumo para matiyak na matutugunan ang mga pangangailangang ito. Kung ang pagtaas sa

pondo sa pagkonsumo ay hindi umaayon sa pagdami ng suplay ng mga produktong pangkonsumo, sa gayon, kung hindi man lalampas ang suplay ng mga produktong pangkonsumo sa demand, na magreresulta sa di planadong akumulasyon ng imbentaryo, lalampas ang demand para sa mga produktong pangkonsumo sa suplay ng mga ito, na magreresulta sa kakulangan. Sa alinmang kaso, magiging mahirap para wastong makamit ang layunin ng pagtugon sa mga pangangailangan ng estado at masang anakpawis.

Makikita sa gayon na para mamantine ang tamang proporsyunal na relasyon ng akumulasyon at pagkonsumo, kinakailangang paunlarin ang produksyon sa lahat ng paraan. Kapag nalutas lamang ang produksyon ng mga kagamitan sa produksyon at produktong pangkonsumo magagawang pataasin kapwa ang akumulasyon at pagkonsumo at mas mahusay na malulutas ang kontradiksyon ng akumulasyon at pagkonsumo. Mayroong mapagpasyang kahalagahan dito ang tuluy-tuloy na pagtaas ng produktibidad sa paggawa, matipid na paggamit sa mga kagamitan sa produksyon, at paglikha ng materyal na kayamanan nang natitipid ang paggamit ng lakas paggawa, materyal na rekurso, at pinansya.

### Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral

Marx, "Kritika sa Programang Gotha".
Engels, "Anti-Duhring", Bahagi 3, Kabanata 4.
Mao Tse-tung, "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan", seksyon 1 and 3.
Mao Tse-tung, "Mga Problemang Pang-ekonomya at Pampinansya sa Digma Laban sa Hapon".

### Mga Tanong sa Pagbabalik-aral

1. Paano isinasagawa ang distribusyon at redistribusyon ng sosyalistang pambansang kita? Ang ang esensyal na pagkakaiba sa pagitan nito at ng distribusyon ng kapitalistang pambansang kita?
2. Ano ang sosyalistang pinansya? Paano natin dapat unawain ang relasyon sa pagitan ng sosyalistang pinansya at ekonomya?
3. Paano natin wastong hahawakan ang proporsyunal na relasyon sa pagitan ng akumulasyon at pagkonsumo?

### Mga Tala

1. Mao Tse-tung, "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan", SW, 1965, p. 343.
2. Ang sentralisadong labis na [netong] kita na nakukuha ng estado sa partisipasyon nito sa inisyal na distribusyon ng pambansang kita ay ibinabalik sa ekonomya para sa iba't ibang gamit. Gayunpaman, hindi lahat ng bahagi ng pambansang kita-gastos ay lumilikha ng bagong kita na mgagamit para sa kasunod na distribusyon ng kita. Halimbawa ang kaso ng pondong inilaan ng estado sa mga empresa ng estado kung saan walang bagong kita ang nalilikha at kung saan walang pagbabago sa pagmamay-ari; ang mga pondong ito ay labas sa proseso ng redistribusyon ng pambansang kita.
3. Marx, "Kritika sa Programang Gotha", SW-ME, Bol. 3, 1972, p. 10.
4. Mao Tse-tung, "Mga Problemang Pang-ekonomya at Pampinansya sa Digma Laban sa Hapon", SW Bol. 3, 1968, p. 846.
5. Mao Tse-tung, "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan", p. 337.

6. Maliit na bahagi ng pondo sa akumulasyon ay ginagamit na pambili ng produktong pangkonsumo, pero ang mayor na bahagi ay ginagamit na pambili ng mga kagamitan sa produksyon.

# Kabanata 21

## Paano ang Distribusyon ng mga Personal na Produktong Pangkonsumo sa Sosyalistang Lipunan?

Ang Sosyalistang Prinsipyo ng "Mula sa Bawat isa batay sa Kakayahan,
Para sa Bawat isa Batay sa Paggawa"[*]

Ang distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo ay isang mahalagang aspeto ng relasyon sa produksyon. Tulad ng distribusyon ng pambansang kita, ang distribusyon ng personal na mga produktong pangkonsumo ay itinatakda sa saligan ng kung ano ang paraan ng pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Oras na mapagpasyahan ito, may interaksyon ito sa konsolidasyon at pag-unlad ng sistema ng pagmamay-ari.

### Isang Malalim na Rebolusyon sa Sistema ng Distribusyon ang "Mula sa Bawat Isa Batay sa Kakayahan, Para sa Bawat Isa Batay sa Paggawa"

Ang Distribusyon ay Itinatakda ng Sistema ng Pagmamay-Ari
sa mga Kagamitan sa Produksyon

Ang relasyon sa distribusyon ng mga produktong pangkonsumo ay hindi nakapailalaim sa malayang kagustuhan tao. Ang nagtatakda ng relasyon sa distribusyon ay ang relasyon sa pagmamay-ari. Kung sino ang may kontrol sa mga kagamitan sa produksyon ay isang usapin na mapagpasya ang kahalagahan. Ipinaliwanag ni Marx: "Ang namamayaning distribusyon ng mga gamit pangkonsumo ay resulta lamang ng distribusyon ng mga kondisyon ng produksyon mismo. At ang distribusyon ng mga kalagayan sa produksyon ay nagsasalami sa mga moda ng produksyon mismo."[1] Sa kapitalistang lipunan, dahil kontrolado ng kapitalista ang mga kagamitan sa produksyon, napipilitan ang mga naghihikahos na manggagawa na magbenta ng kanilang lakas paggawa at ipailalim ang kanilang sarili sa pagsasamantala at pang-aapi ng kapitalista. Sa sosyalistang lipunan, dahil kontrolado ng proletaryado at buong masang anakpawis ang mga kagamitan sa produksyon, itinatag ang isang sosyalistang sistema ng pampublikong pagmamay-ari. Ang kapangyarihan sa distribusyon ng mga produkto ay nasa kamay ng proletaryado at ng masang anakpawis, at ang prinsipyo ng distribusyon ay pumapabor sa masang anakpawis.

Samakatwid, ang distribusyon ay hindi maaaring ihiwalay sa sistema ng pagmamay-ari. Ang pagtrato sa distribusyon nang walang pagtukoy sa sistema ng pagmamay-ari ay "determinismo sa distribusyon". Mahigit sandaang taon ang nakaraan, si Lasalle, isang eskirol na nakatago sa kilusang

---

[*] Ko-jen Hsiao-fei-p'in tsai she-hui-chu-i she-hui shih tsen-yang fen-p'ei ti? – "ko chin so neng, an lao fen-p'ei" ti she-hui-chu-i yuan-tse.

manggagawa sa Germany, ay nangatwiran na ang kahirapan ng masang anakpawis ay maaaring mapawi kung mayroong "karampatang distribusyon". Puro kabalbalang iginiit ng pangkatin ng mga taksil at traydor na sina Liu Shao-Chi-Lin Piao na "ang mga kontradiksyon sa pagitan ng relasyon at mga pwersa sa produksyon sa sosyalistang lipunan ay pangunahing ipinapahayag sa usapin ng distribusyon"; at kapat nalutas na ang usapin ng distribusyon, "yayaman ang tao at lalakas ang bayan." "ang distribusyon ayon sa paggawa at ang prinsipyo ng materyal na interes" ang "nagtatakda, motibong pwersa" sa pagpapaunlad ng produksyon. Ang mga ito'y niretokeng bersyon lamang ng "determinismo sa distribusyon". Bago maagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, pagpupuri sa kapitalistang moda ng produksyon ang  magtaguyod ng "determinismo sa distribusyon". Ayon sa kanila, ang tanging munting kamalian ay ang di-pantay na distribusyon. Samakatwid, hindi na kailangang ibagsak ang kapitalistang sistema, ang kailangan lamang ay paunlarin ang "distribusyon". Gayunman, dahil kontrolado ng burgesya ang mga kagamitan sa produksyon, paano pundamental na mababago ang relasyon sa distribusyon? Ang "determinismo sa distribusyon" ay isang lason na nagpapahina sa diwang palaban ng rebolusyonaryong mamamayan. Matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, pagtaguyod ng "determinismo sa distribusyon" ay pagtatangkang ilihis ang rebolusyonaryong adhikain ng rebolusyonaryong mamamayan tungo sa ligaw na landas ng burges na kagalingan at ipalimot sa kanila ang usapin ng konsolidasyon at pag-unlad ng sistema ng sosyalistang pagmamay-aring publiko at istorikong misyon ng tuluy-tuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado nang sa gayo'y mapadali ng mga manggagantsong tulad nina Liu Shao-chi at Lin Piao ang panunumbalik ng kapitalismo.

## Negasyon ng mga Mapagsamantalang Sistema
## ang "Mula sa Bawat Isa batay sa Kakayahan, Para sa Bawat Isa Batay sa Paggawa "

Sa sosyalistang lipunan, ang produkto ng lipunan ay pag-aari ng masang anakpawis. Nangangahulugan ba ito na ang kabuuang panlipunang produkto ay maipapamahagi nang tuwiran sa mga indibidwal na nagtatrabaho sa iba't ibang sangay ng produksyon? Syempre hindi. Ipinaliwanag ni Marx sa kanyang *Critique of the Gotha Program* na bago ang distribusyon, dapat iawas mula sa kabuuang produktong panlipunan ang mga sumusunod: una, ang pondo para mapalitan ang nagamit na mga kagamitan sa produksyon; ikalawa, ang pagdaragdag para sa pinalawak na reproduksyon; at ikatlo, ang pagtatatag ng reserbang pondo at pondo sa seguro para sa biglaang pangangailangan at natural na kalamidad. At may iba pang mga pag-awas na dapat gawin bago maganap ang distribusyon sa mga indibidwal: una, ang pondo para sa pangkalahatang gastusin sa administrasyon na hindi kaugnay ng produksyon; ikalawa, ang gastusin para sa mga pangangailangang panlinupan tulad ng mga paaralan at pasilidad pangkalusugan; at ikatlo, ang pondo para sa mga may kapansanan, at iba pa.[2] Sa kasalukuyan, dagdag pa sa mga nabanggit na pag-aawas, dapat maglaan din ng pondo sa ayudang panlabas ang sosyalistang estado para suportahan ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig.

Ang naiiwan sa kabuuang produktong panlipunan matapos ang kinakailangang panlipunang pag-aawas ay nagiging personal na produktong pangkonsumo na maaaring ipamahagi sa mga anakpawis na nasa iba't ibang sangay ng produksyon. Sa soyalistang lipunan, ang batayang prinsipyo na nagtatakda ng distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo ay "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa". Ibig sabihin, ang lahat ng nagtratrabaho ay dapat ubos-kayang magsikap sa paggawang panlipunan, at pagkatapos ay babahaginan siya ng lipunan ng kaukulang dami ng mga produktong pangkonsumo na batay sa kantidad ng paggawa na iniambag niya.

Ang katuparan ng prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa" ay malalim na rebolusyon ng sistema ng distribusyon sa kasaysayan ng tao. Sa libu-libong taon na umiral ang makauring antagonismo sa lipunan ng tao, nagkaroon ng lahat ng klaseng sistema na pinagsamantalahan ng tao ang tao, inapi ng tao ang tao, at kinakain ng tao ang tao ayon sa prinsipyong "iyong gumagawa ay hindi umaani, iyong umaani ay hindi gumagawa". Sa lipunang alipin, ang trato ng panginoong may-alipin sa kanyang mga alipin ay mga kasangkapang nagsasalita. Pinakakain sila tulad ng mga hayop at nabubuhay na parang mga kalabaw at kabayo. Sa lipunang pyudal, pinaghahatid sa panginoong maylupa ang magsasaka ng 50, 60, o maging 80 porsyento ng kanyang ani habang nabubuhay sa kaaba-abang karalitaan. Sa lipunang kapitalista, ang sahod mula sa paggawa ng manggagawa ay hindi sapat para pakainin o damitan ang kanilang pamilya. Dagdag pa, palagiang nagbabanta sa kanya ang disempleyo. Ang di pagkakapantay-pantay sa pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon ay di maiiwasang nagbubunsod ng di pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mapagsamantala at pinagsasamantalahan sa larangan ng distribusyon. Sa sosyalistang lipunan, pinapalitan ng pampublikong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon ang pribadong pagmamay-ari. Ginagawa nitong posible na makamit ang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa", na nakabubuti sa masang anakpawis. Ginagamit ng ganitong prinsipyo ang paggawa bilang sukatan para sa distribusyon ng mga produktong pangkonsumo. Lahat ng may kakayahang magtrabaho ay dapat lumahok sa paggawa. Ang mga hindi nagtrabaho ay hindi kakain. Ito ay pundamental na negasyon sa sistema ng distribusyon kung saan pinagsamantalahan ng tao ang tao sa loob ng libu-libong taon. Isang istorikong pagsulong nito sa sistema ng distribusyon.

Sa sosyalistang lipunan, bakit dapat sumunod sa prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa" ang distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo at hindi sa prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa pangangailangan"? Ito ay dahil kalilitaw pa lamang ng sosyalistang lipunan mula sa kapitalistang lipunan, at hindi pa napapawi ang mga agwat sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan, at sa pagitan ng mental at manwal na paggawa. Hindi pa rin nagiging unang rekisito ang paggawa sa buhay ng mayorya ng mamamayan.[*] Hindi pa umaabot sa antas ng kasaganaan ang panlipunang produkto. At dulot ng pag-iral ng mga uri at makauring tunggalian sa sosyalistang lipunan, ang mapagsamantalang uri ay laging nagpapalaganap ng buktot na mga ideya ng "pagmamahal sa paglilibang at pagkamuhi sa paggawa" at "pag-ani nang hindi nagtatrabaho" para lasunin ang masang anakpawis. Sa ganitong kalagayan, hindi posible o praktikal na isagawa ang distribusyon ayon sa pangangailangan. Tanging ang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa" ang tumutugon sa pangangailangan sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon at maiintindihan at matatanggap ng malawak na masang anakpawis.

Syempre, hindi pa rin pinakamataas na simulain ng proletaryado ang distribusyon batay sa paggawa. Ang sinisikap ng proletaryado na makamit sa hinaharap ay ang komunistang prinsipyo ng "mula sa bawat isa batay sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa batay sa kanyang pangangailangan." Ito'y dahil ang pantay na karapatan na nakapaloob sa distribusyon batay sa paggawa ay nagtataglay pa rin ng mga bahid ng lumang lipunan. Gaya ng ipinaliwanag ni Marx, "Ang prinsipyong sinusunod ay ang burges na karapatang ligal pa rin."[3] Tumutungo sa pagkakapantay-pantay ang paggamit ng iisang panukat – paggawa – para itakda ang distribusyon ng mga produktong pangkonsumo. Gayunman, nag-iiba-iba ang kalagayan sa hanay ng mga manggagawa. Mas malakas ang iba, habang mas mahina naman ang iba. Kailangang suportahan ng iba ang mas maraming tao, at

---

[*] "Sa kalagayan ng pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, ang paggawa ng lahat ay inilalaan para sa rebolusyon at sa kolektiba, pero, para sa nakararaming mamamayan, ang paggawa ay hindi naging pangunahing hangad ng buhay." (Peking Review, 14 November 1975, p. 18)

iilang tao lamang ang sinusuportahan ng iba, at iba pa. sa kalagayan ung saan ang pantay na kantidad ng paggawa ay nakakakuha ng pantay na kompensasyon, mas mataas ang pamantayan sa pamumuhay ng malakas, may kasanayan at mas kaunti ang bungangang pakakainin. Mas mababa naman ang pamantayan sa pamumuhay ng nasa kabaligtarang sitwasyon. Ang di pagkakapantay-pantay na ito ay pundamental na naiiba sa doon sa lumang lipunan. Dito'y hindi lumilitaw ang usapin ng pagsasasamantala ng tao sa tao. Pero isa pa rin itong "depekto" kumpara sa hangaring komon na kasaganaan na pinagsasaluhan ng proletaryado at sa komunistang prinsipyong "mula sa bawat batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa pangangailangan". "Di maiiwasan ang mga depektong ito sa unang yugto ng komunistang lipunan gaya ng umiiral nang kalilitaw pa lamang matapos ang mahabang panahon ng hirap sa pagluluwal mula sa kapitalistang lipunan. Ang mga karapatan ay hindi maaaring lampasan ng pag-unlad pang-ekonomyang istruktura ng lipunan at kultura ng lipunan na itinatakda ng pang-ekonomyang istrukturang ito.[4]

Sa isang banda, ang prinsipyo ng distribusyon ng mga gamit para sa personal na produktong pangkonsumo batay sa paggawa ay itinakda ng kasaysayan na kailangan at hindi maaaring baligtarin batay sa kagustuhan. Sa kabilang banda, may mga kakulangan ang mga ito. Bunga nito, hindi maaaring gawing ideyal o patigasin ang mga ito. Dahil sa papataas na kasaganaan ng produktong panlipunan at papataas na kamulatang komunista sa hanay ng mamamayan, may proseso ng transisyon mula distribusyon ayon sa paggawa tungo sa distribusyon ayon sa pangangailangan.

Sa sosyalistang lipunan, may ilang elemento ng distribusyon batay sa pangangailangan sa mga serbisyo sa panlipunang pangkagalingan na pinatatakbo ng estado o ng kolektiba, tulad ng libreng pangangalaga sa kalusugan para sa mga tauhan at manggagawa at ng seguro sa paggawa na ibinibigay ng estado. Samakatwid, sa kasalukuyan, dapat tayong tumalima sa teorya ng yugtu-yugtong pag-unlad ng rebolusyon at ipatupad ang sosyalistang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa". Dagdag pa, dapat din nating igiit ang teorya ng tuluy-tuloy na rebolusyon, aktibong likhain ang mga paborableng kondisyon, hakbang-hakbang na palakihin ang mga elemento ng distribusyon batay sa pangangailangan, at kapag hinog na ang kalagayan sa hinaharap, palitan ang "distribusyon batay sa paggawa" ng "distribusyon batay sa pangangailangan".

## Iwasan ang Dalawang Tendensya sa Distribusyon ng mga Personal na Produktong Pangkonsumo

Sa sosyalistang lipunan, may maigting na tunggalian sa usapin ng distribusyon batay sa paggawa. Itinaguyod ng pangkating Liu Shao-chi ang mataas na sahod, matataas na bonus, at mataas na bayad para sa gawaing pampanitikan. Nagtangka silang gumawa ng malawak na agwat sa pagitan ng pinakamataas at pinakamababang sa distribusyon para pahinain ang pagkakaisa sa hanay ng mamamayan, siraan ng loob ang aktibismo ng masa sa produksyon at kasiglahan sa paggawa, hadlangan ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, at linangin ang isang pribilehiyadong uri bilang kanilang baseng panlipunan para ipanumbalik ang kapitalismo. Ang ganitong sabwatan ng pangkating Liu Shao-chi ay dinurog noong Dakilang Proletaryong Rebolusyon Pangultura.

Rebolusyonaryong misyon ng proletaryado ang pagbaka sa polarisasyon at unti-unting pagpapaliit ng mga agwat sa distribusyon. Sa paglalagom niya sa karanasan ng unang proletaryong gubyerno sa daigdig, ang Komuna ng Paris, pinuri ni Marx ang mga bayani ng komuna sa pagpapatibay nito ng prinsipyong naggigiit na, "Lahat ng pampublikong empleyado, mula sa mga kagawad ng komite ng komuna pababa, ay tumanggap lamang ng sweldo na katumbas ng sahod ng manggagawa."[5] Itinuring niya iyon bilang isang dakilang inobasyon at lubos na itinaguyod ang rebolusyonaryong karanasang ito. Sa maagang yugto matapos ang pagkatatag ng gubyernong Sobyet, dulot ng pangangailangang makibaka, pansamantalang nangailangan na bigyan ni Lenin ng matataas

na sweldo ang uring edukado ng burges. Pero malinaw niyang tinukoy: “Ang nakakabulok na impluwensya ng matataas na sweldo ay makakaapekto sa gubyernong Sobyet at pati na sa masang anakpawis. Hindi ito mapapasubalian,” at at malaliman niyang pinuna at itinakwil ang matataas na sweldo.[6] Laging itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: “Lahat ng ating kadre sa paggawa, anuman ang kanilang pusisyon, ay lingkod ng sambayanan”.[7] Tinututulan niya ang matataas na sweldo para sa minorya at itinatakda sa atin na makatwiran nating unti-unting paliitin ang mga agwat sa personal na kita ng nagtatrabahong mga tauhan ng Partido, ng estado, ng mga empresa, ng mga komunang bayan, at ng mamamayan sa pangkalahatan.

Bakit paulit-ulit na ipinaaalala sa atin ng mga guro ng proletaryong rebolusyon na bigyan ng pansin ang usaping ito at paulit-ulit na pinagtitibay ang prinsipyo ng Komuna ng Paris? Una, sapagkat ang polarisasyon sa distribusyon ay hindi umaayon sa sosyalistang pampublikong pagmamay-ari at sosyalistang relasyon sa isa't isa ng mamamayan. Sa sosyalistang lipunan, ang masang anakpawis ang panginoon ng estado at mga empresa. Ang kanilang kasanayan sa paggawa ay itinuro sa saligan ng lipunan. Ang kanilang kontribusyong paggawa sa lipunan ay maaaring magkakaiba bilang resulta ng hatian sa paggawa na isinapraktika sa lumang lipunan at iba pang mga kondisyon, pero ang mga agwat sa antas ng pamumuhay ay hindi dapat maging lubhang malaki. Ang unti-unting pagpapaliit ng tatlong mayor na agwat ay obhetibong kailangan para makasulong sa landas tungo sa komun na kasaganaan. Ikalawa, kung ang polarisasyon sa distribusyon ay hinayaang umunlad, isang pribilehiyadong saray sa lipunan ang mabubuo. Magsisilbi itong baseng panlipunan para sa burges na panunumbalik ng kapitalismo. Hindi ito paborable sa konsolidasyon ng diktadura ng proletaryado. Sa kasalukuyang Unyong Sobyet, isang burges na pribilehiyadong saray, na kumakamkam sa produkto ng paggawa ng iba, ang nabuo sa isang burukratikong monopolyong burgesya. Ito ang bagong nagsasamantalang uri na kinakatawan ng taksil na pangkatin ni Brezhnev at naghahari sa masang anakpawis ng Unyong Sobyet. Ikatlo, ang polarisasyon sa distribusyon ay hindi paborable sa pagpapalakas ng pagkakaisa ng masang anakpawis. Ito rin ang nagbibigay-buhay sa mga burges na ideya tulad ng paghahabol sa katanyagan at kayamanan. Samakatwid, dapat tayong magbantay laban sa tendensyang ito.

Ang paglaban sa polarisasyon sa distribusyon ay hindi nangangahulugan ng absolutong pagkakapantay-pantay, kung saan ang lahat ng kompensasyon sa paggawa ay pinagpapantay-pantay anuman ang hirap ng trabaho at pagkakaiba-iba ng tindi ng paggawa at indibidwal na mga kontribusyon. Itinaguyod ng Komuna ng Paris na ang lahat ng kawani ng gubyerno ay dapat kumuha ng sweldo na katumbas lamang ng sa manggagawa. Gayunman, tinanggap din nito ang mga diperensyal sa sahod ng mga manggagawa. Pero ang diperensyal na ito ay hindi dapat malaki. Ang absolutong egalitaryanismo ay lubos na hindi umaayon sa sosyalistang prinsipyong “mula sa bawat isa bataya sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa”. Dapat itong bakahin. Mahigit 40 taon ang nakaraan, malinaw na ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao na “ang absolutong egalitaryanismo ay ilusyon lamang ng magsasaka at maliliit na propetaryo, at kahit sa ilalim ng sosyalismo ay hindi maaaring magkaroon ng absolutong pagkakapantay-pantay, dahil ang mga materyal na bagay ay ipapamahagi nang naaayon sa prinsipyong ‘mula sa bawat isa, batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa' gayundin ayon sa pagtugon sa mga pangangailangan ng paggawa”.[8] Tulad ng polarisasyon sa distribusyon, ang absolutong egalitaryanismo ay pumipinsala sa aktibismo sa paggawa, pumipigil sa pag-unlad ng produksyon, nakakaapekto sa paglago ng panlipunang produkto, at hindi paborable sa sosyalistang pagsisikap.

Sa sosyalistang lipunan, ang distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo ay nagtatakda, sa isang banda, na ipatupad natin ang prinsipyo ng distribusyon batay sa paggawa at tanggapin ang pag-iral ng mga pagkakaiba-iba. Sa kabilang banda, dapat magbantay rin tayo laban sa polarisasyon at pagsasamantala sa produkto ng paggawa ng iba. Dapat unti-unting mapagpapantay-pantay ang antas sa pamumuhay ng mga nagtatrabaho para makamit ang komun na kasaganaan. Ito

ay isang kontradiksyon. Kahit na relatibong mahawakan nang wasto ang kontradiksyong ito sa isang takdang kalagayan, lilitaw ang mga bagong kontradiksyon kapag nagbago ang mga kalagayang ito. Nagtatakda ito na dapat nating seryosong pag-aralan ang Marxismo, mahigpit na unawain ang mga patakaran ng Partido, malalimang magsiyasat at manaliksik, matatag na sumalig sa masa, at wastong hawakan ang mga kontradiksyong ito sa pamamagitan ng paglalagay sa proletaryong pulitika sa kumand.

## May Dalawang Batayang Anyo ng Distribusyon ng Personal na Produktong Pangkonsumo

Sistemang Pasahod ang Pangunahing Anyo
ng Distribusyon sa Ekonomya ng Estado

Umiiral pa rin sa sosyalistang yugto ang produksyon ng kalakal at palitan ng kalakal. Sa ganitong kalagayan, nagbabayad ang estado ng takdang dami ng salapi sa mga tauhan at manggagawa bilang kompensasyon sa paggawa para sa takdang dami ng paggawa na ibinigay sa lipunan ayon sa ipinirming pamantayan sa sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng estado.. Ang salaping kitang ito ng mga tauhan at manggagawa ay tinatawag na sahod,

Ang sahod sa ilalim ng sosyalistang sistema ay pundamental na naiiba sa sahod sa kapitalistang sistema. Sa kapitalistang sistema, ang lakas paggawa ay isang kalakal. Ang sahod ay kita para sa pagbebenta ng lakas paggawa. Naglalaman ito ng relasyon sa pagitan ng employer at empleyado, ng relasyon sa pagitan ng mapagsamantala at pinagsasamantalahan na umiiral sa pagitan ng kapitalista at manggagawa. Sa sosyalistang sistema, ang mga manggagawa ang panginoon ng estado at ng mga empresa. Ang lakas paggawa ay hindi isang kalakal. Hindi to maaaring ibenta sa sarili. Hindi na transpormasyon ng halaga o presyo ng lakas paggawa ang sahod. Anyo ito ng distribusyon ng estado sa mga personal na produktong pangkonsumo ayon sa prinsipyong "mula sa bawat isa, batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa".

May dalawang mayor na anyo ng sahod, sabihin, sahod na *time-rate* [arawan o buwanan] at sahod na *piece-rate* [pakyawan]. Ang time-rate na sahod ay kinukwenta batay sa oras paggawa. Sa isang takdang panahon, isang pirming pasahod ang ibinabayad nang arawan o buwanan sa batayan ng antas ng pasahod na itinakda ayon sa sosyalistang prinsipyo ng distribusyon. Ang piece-rate na sahod ay kinukwenta batay sa nagawang produkto. Ang sahod ay ibinabayad nang por piraso [o pakyawan] ayon sa bilang ng produktong may takdang kalidad na natapos ng manggagawa. Sa Tsina, ang dalawang anyong ito ng sahod ay dumaan sa isang proseso ng pag-unlad. Bago 1958, ang sistemang pasahod na pakyawan ay ginamit sa malaking bilang ng trabaho at hanapbuhay na demano. Ito ay umaayon sa antas ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon sa Tsina at sa antas ng pang-ideolohiyang kamulatan ng malawak na tauhan at manggagawa. Ito ay naging instrumental sa rehabilitasyon at pag-unlad ng produksyon. Gayunman, sa pag-unlad ng mekanisasyon at awtomasyon, at sa pagtaas ng pang-ideolohiyang antas ng mga tauhan at manggagawa, laluna makaraan ang Dakilang Igpaw Pasulong noong 1958, nalantad ang maraming depekto at negatibong epekto ng sistemang pasahod na pakyawan: (1) sa pagsulong ng teknolohiya, lalong nagiging mahirap na ipatupad ang indibidwal na bayaran nang pakyawan sa maraming klase ng trabaho. Masama rin ang epekto ng pakyawan na pasahod sa teknikal na inobasyon. (2) ang sistemang pakyawan ay hindi paborable sa pagkakaisa ng mga manggagawa. Madali itong tumungo sa mga kontradiksyon ng time-rate na manggagawa at piece-rate na manggagawa, ng bago at lumang manggagawa, ng pataas na daloy at pababang daloy sa proseso ng paggawa, at ng mga manggagawa sa iba't ibang shift. (3) ang sistemang pakyawan ay madaling nagpalaki sa ideya na pangunahing magtuon sa personal na kita at

hindi sa kolektibong pagsisikap. Hindi rin ito naging paborable sa pagtataas ng pampulitika at pang-ideolohiyang kamulatan. Samakatwid, sa kahilingan ng malawak na tauhan at manggagawa, ipinawalambisa ang sistemang pakyawan sa karamihan ng mga empresa at ang sistemang time-rate ang pinagtibay. Ang anyo ng pasahod na pangunahing ginagamit ngayon sa Tsina ay time-rate na pasahod. Ang pasahod na pakyawan ay ginagamit lamang sa ilang yunit at para sa ilang tipo ng trabaho.

Ang usapin ng pasahod ay komplikadong usapin. Sangkot dito hindi lamang ang mga relasyon sa pagitan ng estado, ng kolektiba, at ng indibidwal kundi maging ang mga relasyon ng mga manggagawa sa isa't isa, sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, at sa pagitan ng manggagawa't magsasaka sa isang banda at iba pang anakpawis sa kabilang banda. Ang usapin ng pasahod ay dapat hawakan nang lubusang taimtim at maingat.

Ang karanasan sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon ay nagpapakita na sa paghawak ng usapin ng pasahod, dapat tayong mahigpit na manindigan sa paglalagay ng pulitika sa kumand at palakasin ang pang-ideolohiyang edukasyon. Dapat din nating bigyan ng atensyon ang mga sumusunod na prinsipyo: Sa batayan ng pagpapaunlad ng produksyon at pagtataas ng produktibidad sa paggawa, ang sahod ng mga tauhan at manggagawa ay unti-unting itinataas, pero hindi labis. Ang laki ng pagtaas sa sahod ay hindi maaaring lumampas sa pagtaas ng produktibidad sa paggawa. Para itakda ang pamantayan sa sahod at mga umento, isang kabuuang kaayusan ang dapat gawin na nagsasaalang-alang sa relasyon ng manggagawa at magsasaka. Sa pagtatakda ng grado sa pasahod sa mga tauhan at manggagawa, dapat nating bakahin ang tendensya na tumutungo sa polarisasyon at mas malalaking agwat, habang kaalinsabay ay nagbabantay laban sa anumang pag-unlad, sa pagpawi sa pagkakaiba-iba ng sahod, na maaaring tumungo sa absolutong egalitaryanismo. Ang mga pagtaas sa sahod at sa kolektibong kagalingan ay dapat na magkaagapay, nang sa gayo'y unti-unting maitaas ang proporsyon ng kolektibong kagalingan sa indibidwal na kita at para isulong at suriin ang mga salik na magreresulta sa distribusyon batay sa pangangailangan.

Sa sosyalistang sistema, ang mga kondisyon sa distribusyon batay sa pangangailangan ay napahusay sa pag-unlad ng produksyon. Samakatwid, anumang pagtaas sa antas ng pamumuhay ng mga manggagawa ay sinasalamin hindi lamang sa pagtaas ng sahod kundi maging sa pag-unlad ng mga kondisyon sa distribusyon batay sa pangangailangan, tulad ng panlipunang kagalingan. Sa modernong rebolusyonaryong opera sa Peking na *The Harbor* [Ang Pantalan], ang retiradong manggagawa sa pantalan na si Ma Hung-liang ay umawit: "Sa bagong lipunan, kaming mga manggagawa sa pantalan ay naging maipagkakapuring panginoon. Inaalagaan kami sa pagsilang, pagtanda, pagkakasakit at kamatayan. Ang kabutihang loob ng Partido Komunista at ni Tagapangulong Mao ay higit pa sa langit!" Ang mga pangungusap na ito ay kumakatawan sa tunay na damdamin ng uring manggagawa na napalaya sa bagong lipunan. Sinasalamin ng mga ito ang napakalaking superyoridad ng sosyalistang relasyon sa produksyon. Napakaahalaga na maunawaan ang esensyal na pagkakaiba sa pagitan ng kapitalistang sahod at sosyalistang sahod at ang pundamental na pagkakaiba sa relasyon sa distribusyon ng bago at lumang lipunan. Magpapapatibay ito sa ating pananagutan bilang mga panginoon ng ating kapalaran at magtataas sa kamulatan ng sosyalistang paggawa.

### Sistemang Puntos sa Paggawa ang Pangunahing Anyo ng Distribusyon sa Ekonomya ng Kolektiba sa Kanayunan

Ang distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo sa ekonomya ng kolektiba ng komunang bayan sa kanayunan ay sumusunod din sa prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa". Gayunman, dahil ang antas ng pampublikong

sistema ng pagmamay-ari sa pagmamay-ari ng kolektiba ay iba pa sa sistema ng pagmamay-ari ng estado, ang kongkretong mga anyo ng distribusyon ay mayroong ibang mga katangian. Sa mga yunit na pagmamay-ari ng estado, ang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto ay pag-aari ng estado at nakasentrong inilalaan at ipinapamahagi ng estado. Samakatwid, ang kompensasyon sa paggawa sa buong lipunan ay maiistandardisa at ang sahod ay mababayaran ng salapi. Sa sistema ng kolektibong pagmamay-ari komunang bayan sa kanayunan, napagtibay sa kasalukuyang yugto ang sistema ng "tatlong-antas na pagmamay-ari na batayang antas ang pangkat pamproduksyon". Ang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto ay pag-aari ng iba't ibang kolektibong yunit. Samakatwid, ang distribusyon ay hindi maisesentralisa para sa buong lipunan. Hindi posible kahit ang egalitaryang distribusyon sa hanay ng mga komuna o pangkat pamproduksyon. Ang distribusyon ay magagawa lamang nang nagsasarili sa loob ng kolektibong yunit ayon sa sarili nitong mga kondisyon sa produksyon.

Maliban sa mga empresa na pinatatakbo ng komuna, kung saan bahagyang ipinapatupad ang sistemang pasahod dahil ang kita ng mga ito ay relatibong istable, ang distribusyon batay sa paggawa sa ekonomya ng kolektiba ng komunang bayan sa kanayunan ay ipinapatupad sa pamamagitan ng ebalwasyon sa paggawa at pamamahagi ng mga puntos. Sa ilang pangkat pamproduksyon, ang puntos sa paggawa batay sa kota sa paggawa sa ilang gawaing pagsasaka ay nagsasaalang-alang din sa partikular na kaugalian ng masa. Ang puntos sa paggawa ay isang pamantayan para masukat ang paglahok ng mga myembro sa paggawa ng kolektiba. Pamantayan din ito para sa distribusyon ng kita sa paggawa. Ang laki ng kita na nakuha ng isang myembro mula sa isang pangkat pamproduksyon ay itinatakda ng dami ng puntos sa paggawa gayundin ng halaga sa salapi ng bawat puntos sa paggawa (ang halaga ng puntos sa paggawa). Ang halaga sa salapi ng puntos sa paggawa ay hindi agad na maitatakda. Itinatakda ito ng taunang kita ng pangkat pamproduksyon matapos awasin ang isang takdang dami ng pondo para sa akumulasyon. Dulot ng mga pagkakaiba-iba sa pamamahala at operasyon, teknik at kagamitan, at natural na mga salik at kondisyon sa transportasyon, ang kita ng iba't ibang pangkat pamproduksyon ay mag-iiba-iba. At maaaring magkaroon din ng pagkakaiba-iba sa antas ng mga pag-awas para sa akumulasyon. Samakatwid, ang kinikita ng mga myembro sa magkakaibang pangkat pamproduksyon ay hindi pare-pareho. Ang mga pagkakaiba-ibang ito ay dapat unti-unting binabawasan sa aktibong pagtulong sa mga atrasadong komuna, at pangkat para makahabol sa mga sulong na yunit. Pero ang absolutong egalitaryanismo ay dapat iwasan, kung hindi'y masamang maapektuhan ang pag-unlad ng produksyong pang-agrikultura at ang konsolidasyon ng ekonomya ng kolektiba.

"Dapat nating gawin ang lahat ng magagawa para maitaas ng mga magsasaka ang kanilang personal na kita taun-taon sa normal na mga panahon sa batayan ng pagtaas ng produksyon."[9] Mahalaga na matupad ang rekisitos na ito. Hindi lamang ito paborable sa pagtataas ng antas sa pamumuhay ng magsasaka at pagpapakitid ng agwat sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, kundi paborable rin sa konsolidasyon at pag-unlad ng ekonomya ng kolektiba at pagkokonsolida ng kapangyarihang pampulitika ng proletaryado.

Paano naman maitataas ang kita ng mga magsasaka? Sa ultimo'y dapat nating paunlarin ang produksyon bago natin mapauunlad ang distribusyon. Para paunlarin ang produksyon, dapat nating igiit ang paglalagay ng proletaryong pulitika sa kumand, turuan ang mga magsasaka sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tse-tung, at itaguyod ang ideya ng pagsasaka para sa rebolusyon nang sa gayo'y lubos na mapakilos ang aktibismo sa paggawa ng malawak na masa ng magsasaka. Dapat nating igiit ang puspusang pagtupad sa patakaran ng pagtrato sa pagkaing butil bilang susing kawing para tiyakin ang lahatang-panig na pag-unlad at lubos na magamit ang lakas tauhan, materyal na rekurso, at pinansya sa kanayunan. Dapat nating palakasin ang pangangasiwa at operasyon at isapraktika ang syentipikong pagsasaka para palakihin ang ani. Dapat tayong magbadyet nang

maayos, magtipid, at maghanap ng mga pamalit para bawasan ang gastos hangga't maaari at palakihin ang produksyon at kita, at iba pa.

Sa pagkwenta ng kompensasyon sa paggawa para sa mga myembro ng mga pangkat pamproduksyon, hindi lamang natin dapat bakahin ang mga pamamaraan na naglalagay sa "puntos sa paggawa sa kumand", nang hindi binibigyan ng atensyon ang pang-ideolohiyang edukasyon, kundi dapat na ipatupad din ang prinsipyong mula sa bawat isa batay sa kakayahan at para sa bawat isa batay sa paggawa. Sa pagitan ng kalalakihan at kababaihang myembro, "ang prinsipyo ng pantay na kabayaran para sa kapantay na paggawa para sa kalalakihan at kababaihan ay dapat ipatupad". Ang di pantay na kabayaran para sa kapantay na paggawa kung saan "nakakakuha ang kalalakihan ng sampung puntos sa paggawa sa bawat araw ng trabaho pero ang kababaihan ay hindi dapat makakuha ng higit sa walong puntos" ay salungat sa sosyalistang prinsipyo ng distribusyon.

## Linangin ang Komunistang Aktitud sa Paggawa

Kinakailangan ng Pagtatatag ng Sosyalismo at Pagkakamit ng Komunismo
na Linangin Natin ang Komunistang Aktitud sa Paggawa

Sa sosyalistang lipunan, dapat ipatupad ang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa" sa distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo. Tiyak ito. Pero ang prinsipyo ng "distribusyon batay sa paggawa" ay hindi ligtas sa pagbabago. Habang nagbabago ang kalagayan, unti-unti itong magiging "distribusyon batay sa pangangailangan" at ganap na mapapalitan ng "distribusyon batay sa pangangailangan" kapag sumulong tayo sa komunistang lipunan sa hinaharap. Nagtatakda ito na gagapin natin ang sosyalistang prinsipyo ng distribusyon sa ating gawain. Pero nagtatakda rin ito na tumanaw tayo sa hinaharap, masiglang ipalaganap at itaguyod ang komunistang aktitud sa paggawa.

Ano ang komunistang paggawa? Sabi ni Lenin: "Ang komunistang paggawa sa mas eksakto at mas istriktong pakahulugan ng salita ay paggawang ibinibigay nang walang bayad. Ang paggawang ito ay hindi paggawa para gampanan ang isang tiyak na obligasyon, hindi paggawa para matamasa ang karapatan sa ilang produkto, hindi paggawa na ginagampanan ayon sa dati nang naitakda kwota. Ito ay boluntaryong paggawa, paggawa na walang kwota; paggawa nang hindi umaasa ng kabayaran, at paggawa nang walang kondisyong kompensasyon."[10]

Tanging matapos agawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika at tanging kapag panginoon na ng estado at mga empresa ang masang anakpawis, saka pa lamang makalilitaw at unti-unting mapauunlad ang komunistang paggawa. Ito'y dahil sa ilalim ng mapagsamantalang mga sistema, ang masang anakpawis ay pawang nagtatrabaho para sa mga mapagsamantalang uri. Samakatwid, hindi magkakaroon ng anumang aktibismo sa paggawa. Sa sosyalistang lipunan, ibang iba ang kalagayan. Ang masang anakpawis ay natransporma na mula sa upahang alipin tungo sa pagiging panginoon ng estado at mga empresa. Ang bawat trabaho at bawat produkto ng paggawa ay kaugnay ng interes ng masang anakpawis. Ang masang anakpawis ay hindi na nagtatrabaho para sa mapagsamantala kundi para sa sarili nilang uri. Samakatwid, may napakalaking sosyalistang aktibismo sa hanay ng masang anakpawis. Batayang kondisyon ito para sa unti-unting pag-unlad ng komunistang aktitud sa paggawa.

Ang paglitaw at hakbang-hakbang na pag-unlad ng komunistang aktitud sa paggawa ay makabuluhang pangyayari sa kasaysayan ng pag-unlad ng tao. Dapat nating isiwalat ito at purihin ito. Dapat nating ipalaganap ito at pandayin ito sa isang makapangyarihang pwersa para ibagsak ang lumang daigdig at itatag ang bagong komunistang daigdig.

Ang pag-unlad ng komunistang aktitud sa paggawa ay kumakatawan sa "pinakaradikal na paghulagpos sa tradisyunal na sistema sa pagmamay-ari, isang pinakaradikal na paghulagpos sa tradisyunal na mga ideya."[11] Isa rin itong matagalang pakikibaka kung saan ginagapi ng proletaryong ideolohiya ang burges na ideolohiya sa superistruktura. Kung hindi tayo huhulagpos sa "makitid na pananaw na walang pusong pagkakalkula na nagtutulot sa atin na umayaw sa pagtatrabaho nang mas higit nang kaunti kaysa iba, at umayaw na kumita nang mas maliit na kaunti kaysa iba"[12], at kng hindi natin malalimna pupunahin at itatakwil ang kapitalistang moralidad sa paggawa lamang para sa pera, hindi magtatagumpay ang proletaryong ideolohiya sa ganitong larangan ng digma, hindi mananatili ang komunistang aktitud sa paggawa, at mapipigilan ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Samakatwid, dapat nating "ipalaganap ang mga ideyang komunistang ideolohiya nang mas malawakan" para mas maraming mga kasama ang maging huwaran na handang magtrabaho nang masikhay sa mas maliit na kita.[13]

Ang pagpapaunlad sa komunistang aktitud sa paggawa ay magpapabilis sa sosyalistang konstruksyon at aktibong maghahanda ng paborableng mga kondisyon para sa pagkakamit ng komunismo. Ang komunistang lipunan ay isang maningning at perpektong lipunan. Ito'y isang layunin na dapat pagsikhayan ng proletaryado at masang anakpawis. Isa itong di mapipigilang tunguhin ng panlipunang pag-unlad. Gayunman, makakamit lamang ito sa pamamagitan ng walang takot na pakikibaka at masipag at masikhay na paggawa ng milyun-milyong rebolusyonaryong mamamayan. Bago ang liberasyon, ang ating mga nakakatandang rebolusyonaryo ay may limang sentimo lamang bawat tao bawat araw para sa mantika, asin, at gulay. Wala silang sahod o benepisyo. Sa napakatinding hirap ng kalagayan, nakibaka sila laban sa imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo at para sa pagpapalaya ng proletaryado. Nagsikhay sila sa paggawa at magiting na lumaban. Ang komunistang diwang ito ang tumulong sa ating mga nakakatandang rebolusyonaryo na gapiin ang mga reaksyunaryo at itatag ang isang bagong Tsina. Ngayon, kailangan pa rin nating ipagpatuloy at pagyamanin ang komunistang diwang ito ng masikhay na paggawa nang walang bayad at ipagpatuloy ang rebolusyonaryong tradisyon ng magiting na pakikibaka para itatag natin ang sosyalistang lipunan at kamtin ang komunistang lipunan sa hinaharap.

## Sa Paglilinang ng Komunistang Aktitud sa Paggawa, Dapat Nating Punahin at Itakwil ang mga Materyal na Insentiba

Ang paglitaw at hakbang-hakbang na pagtatatag ng komunistang aktitud sa paggawa ay palatandaan ng unti-unting pag-unlad ng komunistang ideolohiya at unti-unting paghina ng kapitalistang ideolohiya. Samakatwid, sa proseso ng pagpapaunlad at paglilinang sa komunistang aktitud sa paggawa, di maiiwasang lumitaw ang maigting na tunggalian sa pagitan ng dalawang uri, ng dalawang ideolohiya, at ng dalawang linya. Kalikasan ng burgesya na maakit sa salapi at tubo. Pero nilalahat ng burgesya na ito'y isang unibersal na kalikasan ng tao. Sinasabi nila na ang pagnanasa "na magtrabaho para sa salapi" ay "kalikasan ng tao", para lasunin ang proletaryado.

Sinusubukang palitan ng mga modernong rebisyunista ang sosyalistang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa" ng "mga materyal na insentiba". Tinatrato nila ang masang anakpawis bilang upahang mga alipin at iniisip na kung hindi gagamitin ang salapi bilang insentiba, hindi magkakaroon ng anumang aktibismo sa paggawa. Ang mga rebisyunistang Sobyet ay konsistenteng nagtaguyod ng "mga materyal na insentiba". Puro kabulastugan nilang ipinahayag na ang mga materyal na insentiba "ang pinamahalagang panikwas" sa pagtataas ng produktibidad sa paggawa. Para itaguyod ang mga materyal na insentiba, ibinatay pa ng mga pangkating Liu Shao-chi at Lin Piao ang kanilang pangangatwiran sa mga kasinungalingan tulad ng kasabihan ni Confucius na "ang hinahanap ng maginoo ay kawastuan, ang hinahanap ng maliliit

na tao ay kung ano ang pagtutubuan". Sinasabi nila "na ang gana para magtrabaho ay itinutulak ng mga materyal na insentiba" at "hindi tataas ang aktibismo sa paggawa kung hindi tayo gagamit ng kaunti pang dagdag na salapi". Sinisiraan nila ang masang anakpawis at sinabing ang laman lamang ng isip ng mga tao ay "pinansyal na tubo" at pag-iisip ng "kasaganaan at kayamanan". Itinuring nila ang mga materyal na insentiba bilang "lunas sa lahat ng sakit.". Bakit sila nag-iingay nang husto? Ang ultimo nilang layunin ay iligaw ang anakpawis sa lihis na landas ng burges na indibidwalsimo at panumbalikin ang kapitalismo. Mahusay ang pagkakasabi rito ng mga kasamang manggagawa: "mga materyal na insentiba ang droga para paralisahin ang rebolusyonaryong diwang mapanlaban, inasukalang lason at malambot na punyal na nakamamatay nang hindi tutulo ang kahit isang patak ng dugo."

Sa sosyalistang lipunan, ang pagpili ng burges sa paglilibang kaysa paggawa ay di maiiwasang salaminin sa hanay ng masang anakpawis kaya't ang ilan sa kanila ay hindi masikhay na nagtatrabaho at hindi mataas ang kanilang sosyalistang aktibismo sa paggawa. Ano ang magagawa natin sa gayong mga kaso? Igigiit ba nating ilagay ang pulitika sa kumand at pagpapalakas ng pang-ideolohiyang edukasyon, o sasandig ba tayo na ilagay sa kumand ang mga materyal na insentiba at salapi? Ito ay usapin ng kung anong direksyon ang tatahakin proletaryado at masang anakpawis. Ito ay usapin ng kung anong landas ang tatahakin.

Ang pulitika ang kumander at diwa. Lubos na mapapakilos ang sosyalistang kasigasigan at aktibismo ng masa sa pamamagitan lamang ng paninindigang ilagay ang proletaryong pulitika sa kumand, pagbutihin ang gawain sa ideolohiya at pulitika, tuluy-tuloy na ikintal sa malawak na masa ang sosyalista at komunistang ideolohiya, punahin at itakwil ang mga kapitalistang tendensya, at kaalinsabay ay seryosong ipatupad ang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa". Masinop na gawain ang edukasyon ng masa sa Marxistang ideolohiya. Kailangan itong gawin sa matiyaga at matinding pagsisikap. Pero ang aktibismo na napakawalan sa gayon ay sosyalista, komunista, solido, at pangmatagalan.

Ang mga taong lubhang nalason ng kapitalistang materyal na insentiba ay may kaibang asal. May mga saligang pagdududa sila sa epekto ng pang-ideolohiyang gawain. Ang ilan ay nagsimula sa ilang pang-ideolohiyang gawain, pero matapos ang ilang masasaklap na karanasan, iiling sila, iniisip na walang pangmatagalang epekto sa pang-ideolohiyang gawain. Sasabihin nila: "Hindi ito uubra. Salapi lang ang uubra." Takot sila na magsagawa ng mabigat at masinop na gawaing pang-ideolohiya. Sa sandaling makaharap ang mga kahirapan, gagamit sila ng bonus. Pero kadalasang masama pa rin ang resulta: "Habang mas maraming pabuya ang ibinigay, lalong nagiging masama." Idedeklara nila na bangkarote ang ideolohiya at lalaganap ang masasamang gawi. Hindi sila mahusay sa pagsapol sa esensya ng sosyalistang aktibismo ng masa. Wala silang tiwala na ang anumang bagay ay maitatransporma sa mga takdang kalagayan. Sa katunayan, bagama't totoo na hindi magiging pare-pareho ang antas ng kamulatan ng masang anakpawis at hindi pantay-pantay ang proseso sa transpormasyon ng kamulatan, makakamit ang paborableng mga resulta kung magsisikhay tayo na ilagay ang proletaryong pulitika sa kumand, magsagawa ng pang-ideolohiyang edukasyon at magiging matiyaga at masinop sa ating gawain.

Laging pinupuri ni Tagapangulong Mao ang komunistang aktitud sa paggawa. Di miminsan siyang nananawagan sa atin na matuto mula sa di makasariling diwa ni Kasamang Norman Bethune at mula sa lubos at puspusang paglilingkod ni Kasamang Chang Ssu-te sa interes ng sambayanan. Dahil sa paglilinang ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedon, lumitaw sa Tsina ang milyun-milong mandirigmang Komunista tulad nina Kasamang Norman Bethune at Chang Ssu-te. Ang kanilang taos-pusong debosyon sa rebolusyon at sa sambayanan ay walang hanggang tumatanglaw sa komunistang landas at humihikayat sa atin na sumulong nang walang takot sa landas ng rebolusyon!

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral:**

Marx, Kritika sa Programang Gotha
Lenin, "Isang Dakilang Simula," CW 29
Mao, "Hinggil sa Pagwawasto ng Maling mga Ideya sa loob ng Partido," sa SW 1
Mao, "Correct Handling of Contradictions"

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Paano wastong mauunawaan at puspusang maipatutupad ang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa"?
2. Anu-ano ang esensyal na pagkakaiba ng sosyalistang sahod at kapitalistang sahod?
3. bakit dapat nating puspusang ipatupad ang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa paggawa", gayundin itaguyod ang komunistang aktitud sa paggawa sa sosyalistang yugto?

**Mga Tala:**

1) Marx, Kritika sa Programang Gotha, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 13.
2) Ibid., pp. 9-10.
3) Ibid., p. 11.
4) Ibid., p. 12.
5) Marx, Ang Digmaang Sibil sa France, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 375.
6) "Ang Kasalukuyang mga Tungkulin ng Gubyernong Sobyet," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, pp. 503-504.
7) Chieh-fang jih-pao [Liberation Daily], Yenan, December 16, 1944.
8) "Hinggil sa Pagwawasto ng Maling mga Ideya sa loob ng Partido," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 89.
9) "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan," Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung, Part 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1965, p. 344.
10) "Mula sa Pagwawasak sa Matagal nang namamalaging Lumang Sistema tungo sa Paglikha ng Bagong mga Sistema," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 176.
11) Manipestong Komunista, Piling mga Akda nina Marx and Engels, Bol. 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, pp. 271-72.
12) Estado at Rebolusyon, Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 3, Jen-min ch'u-pan-she, 1972, p. 254.
13) "Hinggil sa Bagong Demokrasya," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 2, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 666.

# Kabanata 22

## Tulungan at Palitan

Ang Pang-ekonomyang Ugnayang Panlabas ng Sosyalistang Estado*

Ang kapanahunan natin ay kapanahunan ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Kapag naagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika at nagtatag ng sosyalismo sa isa o ilang bayan, di maiiwasang lumitaw ang ilang interelasyong pang-ekonomya sa hanay ng mga sosyalistang bayan, sa pagitan ng mga sosyalistang estado at ibang mga estado na nakatamo ng kanilang pambansang kasarinlan, at sa pagitan ng mga sosyalistang estado at mga imperyalista at kapitalistang bayan. Mahigpit na nakaugnay ang pang-ekonomyang ugnayang panlabas ng sosyalistang estado sa sosyalistang konstruksyong pang-ekonomya sa loob ng bansa at sa kalagayang pandaigdig. Dapat may kaalaman tayo tungkol sa pang-ekonomyang ugnayang panlabas ng sosyalistang estado.

### Isang Sangkap ng Ugnayang Panlabas ng Sosyalistang Estado ang Pang-Ekonomyang Ugnayang Panlabas

Dapat Sumunod sa Proletaryong Rebolusyonaryong Linyang Diplomatiko ang Pang-ekonomyang Ugnayang Panlabas

Matapos ang Rebolusyong Oktubre, paulit-ulit na ipinaliwanag ni Lenin na ang sosyalistang estado sa ilalim ng proletaryong diktadura ang siyang base para isulong ang proletaryong rebolusyong pandaigdigan. Dapat matayog na iwagayway ng estadong unang nakatamo ng sosyalistang tagumpay ang palabang mga bandila ng "Proletaryado ng daigdig, magkaisa!" at "Proletaryado at aping mga bansa ng daigdig, magkaisa!" Dapat palakasin nito ang kanyang solidaridad sa proletaryado, sa aping mga mamamayan at sa aping mga bansa ng buong daigdig at palakasin ang kanyang solidaridad sa lahat ng bayan na biktima ng imperyalistang agresyon, pananabotahe, panghihimasok, kontrol at pambabraso upang magbuo ng malawak na nagkakaisang prente para labanan ang imperyalismo at ang bago at lumang kolonyalismo.

Ang pundamental na prinsipyo ng ugnayang panlabas ng sosyalistang estado ay matatag na itaguyod ang proletaryong internasyunalismo. Ang rebolusyonaryong linyang diplomatiko ng Tsina ay: Paunlarin ang ugnayan ng mutwal na kooperasyon sa mga sosyalistang bayan sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo; suportahan ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng lahat ng aping mamamayan at bansa; kumilos para sa mapayapang pakikipamuhay sa mga bayan na may iba't ibang sistemang panlipunan batay sa pagrerespetuhan sa teritoryal na integridad at soberanya, walang salakayan, walang panghihimasok sa panloob na mga usapin ng isa't isa, pagkakapantay at mutwal na benepisyo, at mapayapang pakikipamuhay; labanan ang imperyalistang mga patakarang agresyon, at mga digma; at labanan ang pulitika ng kapangyarihan at hegemonya ng mga superpower. Isa itong linyang Marxista. Umaalinsunod ito sa saligang mga interes ng ating mamamayan, gayundin, sa saligang mga interes ng mamamayan ng daigdig.

Mga sangkap ng panlabas na pakikipag-ugnayan ng sosyalistang estado ang pang-ekonomyang ugnayang panlabas ng ng sosyalistang estado. Dapat ipatupad ang mga relasyong ito sa gabay ng rebolusyonaryong linyang diplomatiko. Samakatwid, sa pagtangan nito sa pang-ekonomyang

---

* Hsiang-hu yuan-chu, hu-t'ung yu-wu - she-hui-chu-i kuochia ti tui-wai ching-chi kuan-hsi.

ugnayang panlabas, ang unang bagay na laging ginagawa ng sosyalistang estado ay aktibong paunlarin ang ugnayan ng pakikipagkaibigan at kooperasyon sa hanay ng mga sosyalistang bayan at sa pagitan ng mga sosyalistang bayan at mga makabansang bayan. Hinahawakan nito ang internasyunal na relasyong pang-ekonomya sa batayan ng limang prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay. Anuman ang anyo ng ayudang pang-ekonomya, dapat istriktong respetuhin ang soberanya ng tumatanggap na mga bayan. Dapat walang hinihinging kondisyon, dapat walang hinihiling na pribilehiyo. Dapat ito'y taos na tulong sa tumatanggap na mga bayan para sa pagpapaunlad nila ng nagsasariling pambansang ekonomya. Dapat paunlarin ang internasyunal na kalakalan sa batayan ng pagkakapantay at mutwal na benepisyo. Dapat itaguyod ang pang-ekonomyang kaunlaran sa mutwal na batayan, ayon sa mutwal na mga pangangailangan at posibilidad, at nang may mutwal na respeto sa soberanya at mga adhikain ng isa't isa.

## Sa Pagtangan sa Pang-ekonomyang Ugnayang Panlabas Dapat Itrato Natin Nang Hiwalay ang Bawat Isa ayon sa Partikular na Sitwasyon

Sa pagtangan sa pang-ekonomyang ugnayang panlabas, dapat hiwalay na itrato ng sosyalistang estado ang bawat isa ayon sa sistemang sosyalista ng bawat bayan.

Ang ugnayan sa hanay ng mga sosyalistang bayan ang pinakabagong ugnayang internasyunal sa kasaysayan ng tao. Ginagamit ng mga sosyalistang bayan ang Marxismo at internasyunalismo bilang kanilang pang-ideolohiyang batayang komun. Itinataguyod nila ang proletaryong diktadura bilang pang-ekonomyang batayang komun at itinuturing ang pagtatatag ng sosyalismo at pagkakamit ng dakilang adhikaing komunismo bilang komun na layunin ng pakikibaka. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Mula sa simula ng kasaysayan, walang ugnayan sa pagitan ng mga bayan ang katulad ng ugnayan sa pagitan ng mga sosyalistang bayan na nagsusunuan ng hirap at ginhawa, nagtitiwalaan at nagrerespetuhan, at nagtutulungan at nagsusuportahan. Ito ay dahil isang bagong anyo ng estado ang sosyalistang estado. Isa itong estado na nagbagsak sa mapagsamantalang uri at nasa kapangyarihan ang anakpawis. Sa interelasyon sa hanay ng mga estadong ito, nagkakaroon ng kaganapan ang prinsipyo ng pagbubuklod ng internasyunalismo at nasyunalismo. Mahigpit tayong pinagbubuklod ng interes na komun at mga simulaing komun.

Napakalaki ng kabuluhan ng matatag na pagtataguyod sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at mutwal na tulungan at suportahan sa ekonomya sa hanay ng mga sosyalistang estado sa pagpapabilis ng pagtatatag ng sosyalismo at sa higit na pagpapalakas para labanan ang imperyalismo at sosyal-imperyalismo sa iba't ibang bayan.

Bagamat maaaring magkakaiba ang sistemang panlipunan ng mga sosyalistang estado at makabansang mga estado, kapwa sila dumanas ng imperyalistang agresyon. Mayroon silang komun na pagnanais na ipagtanggol ang pambansang kasarinlan at labanan ang imperyalistang patakarang agresyon at digma at ang hegemonya ng mga superpower. Samakatwid, makapagtatatag at makapagpapaunlad ang mga sosyalistang estado at mga makabansang estado ng pakikipagkaibigan at kooperasyon sa ilalim ng bandila ng oposisyon sa imperyalismo at sa bago at lumang kolonyalismo, at sa batayan ng limang prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay. Ang ayudang ipinagkaloob ng mga sosyalistang estado para tulungang paunlarin ng mga makabansang estado ng Asya, Aprika at Latina Amerika ang kanilang pambansang ekonomya ay instrumental sa paglaban sa dalawang superpower at mga alipures nito, sa pagtatanggol sa pambansang kasarinlan at soberanya ng iba't ibang mga bayan, at sa pagpapaunlad sa progresibong pagsisikap ng sangkatauhan.

"Kaugnay naman ng mga bayang imperyalista, dapat makipagkaisa tayo sa mga mamamayan nito at sikaping mapayapang makipamuhay sa mga bayang iyon, makipagnegosyo sa kanila at pigilin ang

anumang posibleng digma, pero hindi tayo dapat magkimkim ng anumang di realistikong ideya tungkol sa kanila, anuman ang mangyari."[2] Sa pamamagitan lamang ng matatag na pagtataguyod ng kasarinlan at pag-asa sa sarili, at pagsusulong ng matalas na pakikibaka sa kanila mapupwersa ang mga bayang iyon na sumang-ayon sa loob ng ilang panahon sa pagtatatag ng isang antas ng mapayapang pakikipamuhay at pagpapaunlad ng kalakalan at organisasyon ng mga samahan at palitan sa hanay ng mamamayan.

## Ang Esensya ng Rebisyunistang Pang-ekonomyang Ugnayang Panlabas ng Sobyet Ay Agresyon at Pagpapalawak sa Ibayong Dagat

Ipinaliwanag ni Lenin: "Hegemonya sa daigdig ang nilalaman ng patakarang imperyalista." Para ikubli ang kriminal na layunin ng paglaban sa hegemonya sa daigdig, laging nagtatago ang Sobyet rebisyunistang sosyal-imperyalismo sa tabing ng "sosyalismo" sa pang-ekonomyang ugnayang panlabas. Kung gayon, lalo pa itong mapanlinlang at mapanganib kaysa istandard na imperyalismo. Kung aalisan ng tabing nito, ang nakaharap sa tao ay isang mabangis na demonyo.

Ang pangunahing pang-ekonomyang aktibidad panlabas ng rebisyunismong Sobyet ay ang pagbebenta ng armamento. Ito ang mga transaksyong pinakamalalaki ang tubo. Mula nang sumali ito sa pandaigdigang pamilihan sa armas noong 1955 hanggang 1972, ang pinagsama-samang benta nito ng armas ay umabot sa $28.5 bilyon. Sa simula ng dekadang 1970, kumatawan ang mga armas na benta ng rebisyunismong Sobyet ng 37.5 porsyento ng pandaigdigang benta ng armas. Nahigitan nito ang United States at naging isa sa pinakamalalaking nagbebenta ng armas sa daigdig. Laluna sa kararaang mga taon, pinasigla ng rebisyunismong Sobyet ang pagpapalawak nito ng mga transaksyon sa armas para magkamal ng napakalaking tubo. Isang pangkat sila ng mga magagaling sa pakikinabang sa gulo at pagkakamal ng tubo sa digma. Sa panahon ng Digma sa Gitnang Silangan, napakataas ng presyo ng mga armas na ibinenta ng rebisyunismong Sobyet sa mga bayang Arabo. Dapat bayaran ito sa dayuhang salaping maipambibili. Upang makabili ng ilang armas para ipagtanggol ang sarili laban sa agresyong Israeli, kinailangang mangutang ng dolyar ang ilang bayan sa pamilihan sa salapi sa Kanluran para bayaran ang mga Sobyet rebisyunistang nagbebenta ng armas na ito. Mahusay na nailarawan ito ng *Call*, isang peryodikal na inilalathala ng mga manunulat ng Asya at Aprika: "Sa wakas ay nakikita ng mamamayang Arabo sa pamamagitan ng kanilang matalagan at mapait na karanasan ang katotohanang ito: isang kaaway na nakabalatkayong 'kaibigan' ang Sobyet sosyal-imperyalismo. Higit pang mapanganib ang tipong ito ng kaaway kaysa isang hayag na kaaway."

Ang kalakalang panlabas at diumanong ayudang pang-ekonomya ay mga kasangkapan rin para sa agresyon at pagpapalawak na gamit ng bagong mga tsar. Hindi lamang sila gumagamit ng kahiya-hiyang gawi tulad ng pagbili nang mura at pagbenta nang mahal, paghalili ng mas mababang klaseng produkto sa regular na mga produkto, pagtutulak ng di mabentang mga produkto, at lahat ng tipo ng manipulasyon at ispekulasyon, kundi gumagamit rin ng mapamwersang mga hakbang para pilitin ang ilang bayan na sa kanila lamang makipagkalakalan. Kapag nais ng ilang "praternal na bayan" na humulagpos sa kontrol ng rebisyunismong Sobyet at makipagkalakalan sa mga Kanluraning bayan, gumagamit ng pagbabanta ang rebisyunismong Sobyet. Noong Setyembre 1972, inatasan ang isang kagawad sa embahada ng mga rebisyunistang Sobyet sa Czechoslovakia na ilathala ang isang talumpating publiko sa *Freedom Daily*. Binatikos niya ang "ilang planta at empresa (na Czech) dahil "sa madalas na pagbili ng ilang produkto mula sa Kanluran" at sa "pag-aaral lamang ng mga posibilidad sa pag-import ng mga makina at kasangkapan mula sa mga kapitalistang bayan." Mapagbanta niyang sinabi, "Umaasa kami na mauunawaan ng ating mga partner sa mga sosyalistang bayan na kung hindi bukas ang kanilang lokal na pamilihan sa mga makina at kasangkapan ng Unyong Sobyet, hindi mapapaunlad pa ng Unyong Sobyet ang ating ugnayang pang-ekonomya dahil

limitado ang kapasidad ng ating suplay ng panggatong at hilaw na materyales." Ito ang pagmumukha ng tampalasan. Gayunman, mula 1964 hanggang 1971, lumaki ang mga import ng rebisyunismong Sobyet mula sa labing-isang mga bayang Kanluranin nang higit 61 porsyento, na ang mayorya ay mga makina at kasangkapan. Ito ay simpleng kaso na "ang gubernador ng estado lamang ang makapagpapaapoy habang hindi man lamang pinapayagan ang mga tao na magsindi ng ilawan." Ito ang "sosyohan" na nais itatag ng rebisyunismong Sobyet.

Sa pang-ekonomyang ugnayang panlabas nito, ang sinasabi ng rebisyunismong Sobyet ay tungkol sa lahat ng magagandang bagay at ang ginagawa naman ay lahat ng masasamang bagay. Gaanuman kadulas ang kanilang pangungusap at gaanuman kagara ng kanilang panlabas na pananamit, makatatagpo lamang ang mga bunga ng kanilang eksternal na agresyon at pagpapalawak ng papalakas na paglaban mula sa mamamayan ng iba't ibang bayang nakapailalim sa kanilang kontrol, pang-aalipin at pagsasamantala. Parang pagpulot ng bato para ipukpok sa sariling mga paa ang eksternal na agresyon at pandarambong ng Sobyet rebisyunistang sosyal-imperyalismo.

## Isang Internasyunalistang Obligasyon ang Pang-ekonomyang Ayudang Panlabas Na Ipinagkakaloob ng Sosyalistang Estado

### Ang Rebolusyonaryong Pakikibaka ng mga Mamamayan ng Daigdig Ay Mutwal na Nagsusuportahan at Nagtutulungan

Ang proletaryong rebolusyonaryong pagsisikap ay laging isang internasyunal na pagsisikap. Mga sangkap ng proletaryong pandaigdigang rebolusyon ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado sa iba't ibang bayan.

Ang tagumpay ng isang bayan sa isang sosyalistang rebolusyon at ang sosyalistang konstruksyon ay hindi maihihiwalay sa suportang ipinagkakaloob ng proletaryado at rebolusyonaryong mga mamamayan ng buong daigdig. Sa ating rebolusyonaryong pakikibaka at sa ating sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon, konsistenteng sinuportahan at tinulungan ang ating mamamayan ng proletaryado at rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Kung wala ang iba't ibang anyo ng tulong mula sa internasyunal na mga rebolusyonaryong pwersa, hindi possible ang magtagumpay; hindi rin possible na magkonsolida matapos ang tagumpay."[4] Dapat palayain ng proletaryado hindi lamang ang sarili, kundi ang buong sangkatauhan. Kung hindi mapapalaya ang buong sangkatauhan, hindi rin mapapalaya sa huli ang proletaryado mismo. Kung gayon, hindi lamang dapat magbigay ng pampulitika at moral na suportah ang mga bayang iyon kung saan naagaw na ng proletaryado ang kapangyarihan sa makatarungang mga pakikibaka ng proletaryado, aping mga mamamayan, at aping mga bansa ng buong daigdig, dapat din silang magbigay ng tulong sa pamamagitan ng materyal na ayuda. Ito ay internasyunalistang obligasyon na dapat gampanan ng lahat ng sosyalistang bayan.

Lagi nang isang sentral na punto sa mga tunggalian sa pagitan ng Marxismo at rebisyunismo kung matatag na itataguyod o hindi ang proletaryong internasyunalistang prinsipyo at kung tutugunan o hindi ang proletaryong internasyunalistang obligasyon. Lahat ng rebisyunista ay laban sa proletaryong internasyunalismo. Sobinismong burges at pansariling interes ng bansa ang kanilang sinasamba. Sa matatatag na pakikitunggali sa mga taksil ng Ikalawang Internasynal, ipinagtanggol at pinaunlad ni Lenin ang proletaryong prinsipyong internasyunalista. Ipinaliwanag niya, "Hinihingi ng proletaryong internasyunalismo na: una, dapat ipailalim ang interes ng proletaryong pakikibaka ng isang bayan sa interes ng proletaryong pakikibaka ng daigdig, at pangalawa, dapat gawin ng bansa na nakagapi sa burgesya ang pinakamalaking pambansang sakripisyo nang may lakas at determinasyon para sa pagbabagsak ng internasyunal na mga kapitalista."[5] Sa kanyang pakikitunggali sa modernong

rebisyunismo at sa rebisyunistang linya ng "pakikipagmabutihan sa mga ismo at pagpapaliit ng ayuda sa internasyunal na mga rebolusyonaryong pakikibaka" na itinataguyod ng mga pangkating Liu Shao-ch'i at Lin Piao, paulit-ulit na itinuro ni Tagapangulong Mao sa buong Partido at sa mamamayan ng buong bayan ang proletaryong diwang internasyunalista. Sabi ni Tagapangulong Mao: "Dapat tulungan ng mga mamamayan na nagtagumpay sa kanilang rebolusyon ang mga mamamayan na nakikibaka para sa liberasyon. Ito ay ating internasyunalistang obligasyon."[7] Dapat sundin natin ang itinuturo ni Tagapangulong Mao, matatag na suportahan ang makatarungang mga pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig, at tapat na tupdin ang ating internasyunalistang obligasyon.

## Ang Sosyalistang Estado ang Siyang Tanging Nagkakaloob ng Tunay na Pang-ekonomyang Ayudang Panlabas

Sa gabay ng prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo, ugnayan ng tulungan ang ugnayang pang-ekonomya sa hanay ng mga sosyalistang estado. Nagkakaloob sila ng ayuda sa isa't isa, mahigpit na nirerespeto ang soberanya ng tumatanggap na mga bayan, hindi nagkakabit ng anumang kondisyon at hindi humihiling ng anumang pribilehiyo. Tunay nilang tinutulungan ang tumatanggap na bayan na sumalig sa lakas ng sarili nitong mamamayan, gamitin ang pambansang rekurso at potensyal nito, unti-unting itatag at paunlarin ang nagsasariling sosyalistang sistemang pang-ekonomya ayon sa sarili nitong mga katangian, at sumulong nang magkabalikat sa sosyalistang landas.

Kasabay nito, sinisikap rin ng sosyalistang estado na magpaunlad ng ugnayang pang-ekonomya sa mga estadong makabansa ayon sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo. Bunga ng matagal na panahon ng kolonyal na paghahari, naitatag ang tagibang na "ekonomyang monokultural" sa mga bayang makabansa. Batay sa kongkretong mga kalagayan ng mga bayang ito, una sa lahat, ginagawa ng sosyalistang bayan ang makakaya para tulungan silang magpaunlad ng dibersipikadong agrikultura na naglalayong tugunan ang lokal na mga pangangailangan, at unti-unting binabago ang pag-asa sa mga import ng mayor na mga produktong pang-agrikultura at malusog na pinapaunlad ang kanilang pambansang ekonomya sa batayan ng unti-unting pagpapalakas ng agrikultura.

Tinutulungan din ng sosyalistang estado ang mga bayang makabansa na magtatag ng magaan na industriya na kinakailangan para palayain sila sa pagsasalig sa mga import ng mga pangunahing bilihin para sa kabuhayan ng mamamayan.

Tinutulungan din ng sosyalistang estado ang mga bayang makabansa na gamitin ang kanilang sariling mga rekurso para magtatag ng integradong mga sangay sa industriya para sa lahat mula sa hilaw na materyales hanggang sa yaring mga produkto (kabilang ang mga sangay ng mabigat na industriya), at aktibong tinutulungan ang mga bayang ito na sumulong sa landas ng kasarinlan at pag-asa sa sarili sa pamamagitan ng pagkakalos sa agresyong pang-ekonomya ng imperyalismo at bago at lumang kolonyalismo.

Bilang buod, mahalagang salik ang pang-ekonomyang ayudang panlabas ng sosyalistang estado sa pagkokoordina ng internasyunal na pakikibakang pampulitika. Tumitindig ito laban sa malakas at tumutulong sa mahihina, pinalalakas ang pandaigdigang mga rebolusyonaryong pwersa, at lumalaban sa patakaran ng agresyon at digma ng mga imperyalista at sosyal-imperyalista.

Batay sa doktrina ng proletaryong internasyunalismo, ipinahayag ng gubyernong Tsino noong 1964 at kalauna'y paulit-ulit na pinagtibay ang walong prinsipyo para sa pang-ekonomyang ayudang panlabas ng Tsina:

1. Magkaloob ng ayudang panlabas ayon sa prinsipyo ng pagkakapantay at mutwal na benepisyo. Huwag ituring ang ayuda bilang regalong *one-way*. Ituring ang ayuda bilang mutwal na tulungan.

2. Sa pagkakaloob ng ayudang panlabas, mahigpit na respetuhin ang soberanya ng tumatanggap na bayan. Huwag magbigay ng anumang kondisyon at huwag humiling ng anumang pribilehiyo.

3. Magkaloob ng ayudang pang-ekonomya nang walang interes o sa mababang interes. Pahabain ang panahon ng pagbabayad sa utang kung kinakailangan para bawasan ang pasanin ng tumatanggap na bayan.

4. Ang layunin ng ayuda ay hindi para paasahin ang tumatanggap na bayan sa Tsina kundi para tulungan itong sumulong sa landas ng pag-asa sa sarili at nagsasariling kaunlarang pang-ekonomya.

5. Dapat ang mga proyektong pipiliin para sa ayuda sa tumatanggap na bayan ay mangangailangan ng maliit na puhunan at maikling panahon ng paglalatag para mapalaki ng tumatanggap na bayan ang kanyang kita at akumulasyon.

6. Magkaloob ng pinakamahusay na possibleng kasangkapan at hilaw na materyales na ating nililikha at makipag-ayos ng presyo ayon sa kalagayan ng pandaigdigang pamilihan. Kung hindi tumutugon sa napagkasunduang ispesipikasyon at kalidad ang kasangkapan at hilaw na materyales, garantisado ang pagsasauli ng mga ito.

7. Sa pagkakaloob ng anumang anyo ng ayudang teknikal, garantiyahan na ganap na mamamaster ng tauhan ng tumatanggap na bayan ang kaalamang teknikal na ito.

8. Dapat tumanggap ng katulad na pagtratong material ang mga ekspertong ipinadala sa tumatanggap na bayan gaya ng mga eksperto ng tumatanggap na bayan. Hindi pinahihintulutan ang anumang espesyal na rekisito o pagtrato.

Ang nabanggit na walong prinsipyo para sa ayudang panlabas na inilahad ng ating gubyerno ang kongkretong naglalaman ng proletaryong rebolusyonarong linyang diplomatiko ni Tagapangulong Mao sa gawain sa ayudang panlabas. Buod rin ang mga ito ng praktikal na karanasan ng gawain sa ayudang panlabas ng Tsina.

Mula nang itatag ang Republikang Bayan, itinataguyod ng Tsina ang nabanggit na walong prinsipyo para sa pang-ekonomyang ayudang panlabas. Ayon sa mga pangangailangan ng mapagkaibigang mga bayan, nagkaloob ng buong mga proyekto sa konstruksyon at ng pangkalahatang mga rekursong materyal, at malugod itong tinanggap ng mga mamamayan ng tumatanggap na bayan sa Asya, Aprika at Latina Amerika. Kuning halimbawa ang Perokaril ng Tanzania-Zambia na ngayo'y nasa konstruksyon. Nagsisimula ito mula sa Dar es Salaam, ang kapitolyo ng Tanzania, at nagtutungong kanluran sa pamamagitan ng malalawak na kapatagan ng Tanzania at Zambia hanggang sa Kapiri M'poshi sa Zambia, at dumudugtong sa Lusaka, ang kapitolyo. Ang kabuuang haba ay 2,000 kilometro. Nagdaraan ang perokaril na ito sa matataas na bundok, malalalim na bangin, mga ilog at latian. Mapanganib ang tereyn, napakalaki ng proyekto, malaki ang puhunan, at napakalaki ng hirap. Pero napakahalaga ng papel nito sa pagpapaunlad ng mga pambansang ekonomya ng Tanzania at Zambia. Sa konstruksyon nito, sama-sama ang mga manggagawa at teknisyan ng Tanzania, Zambia at Tsina sa ligaya at pagsubok, magkabalikat na nakibaka, at nagtatatag ng malalim at tapat na pagkakaibigan. Magiliw na tinatawag ng mga mamamayan ng Tanzania at Zambia ang perokaril na ito na nasa konstruksyon na "landas ng pagkakaibigan".

Di nagtagal matapos itatag ang Republikang Bayan, sinimulan ng mamamayang Tsino ang pagtupad sa kanilang obligasyon kaugnay ng pang-ekonomyang ayudang panlabas. Nang umunlad ang konstruksyong pang-ekonomya ng Tsina at lumakas ang ating ekonomya, unti-unting lumawak ang laki at saklaw ng ating ayudang panlabas. Gayunman, isa pang umuunlad na sosyalistang estado ang Tsina. Pangunahing pampulitika at moral ang suportang naipagkaloob ng Tsina sa mga mamamayan ng iba't ibang bayan. Lubhang limitado ang ayudang pang-ekonomya na maipagkakaloob natin. Sa masiglang pag-unlad ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon ng Tsina, tiyak na kakayanin natin na paliitin ang kahinaang ito at higit na umambag sa progresibong pagsisikap ng sangkatauhan.

**Aktibong Paunlarin ang Kalakalang Panlabas ng Sosyalistang Estado**

May Bagong mga Katangian sa Kalakalang Panlabas ng Sosyalistang Estado

Kabilang sa kategorya ng sirkulasyon ng kalakal ang kalakalang panlabas. Palitan ito ng kalakal sa pagitan ng dalawang bayan. Nagdudulot ng pagkakaiba sa kalikasan ng kalakalang panlabas ang pagkakaiba sa sistemang panlipunan. Sa ilalim ng sistemang kapitalista, laging naglilingkod ang kalakalang panlabas bilang pamamaraan para palakihin ang kapital. Sa yugto ng imperyalismo, mahigpit na nakaugnay ang eksport ng kalakal sa eksport ng kapital. Naging mahalagang pamamaraan ang kalakalang panlabas kung saan naglunsad ang monopolyong kapitalistang pangkatin ng agresyong pang-ekonomya at nag-agaw ng malalaking monopolyong tubo at nagkompetison para sa hegemonya sa daigdig.

Pamilyar na pamilyar ang mamamayang Tsino sa imperyalistang pang-ekonomyang agresyon at pandarambong. Sa higit sandaang taon sa pagitan ng Digmaang Opyo ng 1840 at pagtatatag ng bagong Tsina noong 1949, inagaw ng mga imperyalistang bayan ang serye ng mga pribilehiyo gaya ng pagtatambak ng mga kalakal at eksport na kapital sa Tsina sa pamamagitan ng pamumwersa ng di pantay na mga tratado. Nakipagsabwatan sila sa burukratikong kapital ng Tsina, na kinakatawan ng apat na angkang Chiang, Sung, Kung at Ch'en, para maisagawa ang malupit na pagsasamantala at pandarambong, at bumili ng murang mga produktong pang-agrikultura at subsidiyaryo at mga mineral, at nagbenta ng mamahaling mga produktong pang-industriya. Bunga nito, mahalagang daluyan ang kalakalang panlabas ng lumang Tsina kung saan sinipsip ng imperyalismo at mga alipures nito ang dugo at pawis ng mamamayang Tsino.

Ibang-iba ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado sa kalakalang panlabas ng mga bayang imperyalista at sosyal-imperyalista. Isa itong bagong anyo ng kalakalang panlabas. Nakapundar ang kalakalang panlabas ng sosyalistang bayan sa batayan ng sosyalistang pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon. Ang pag-unlad ng kalakalang panlabas sa mga bayang nasa proletaryong diktadura ay paborable para sa pagpapabilis ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon at sa pagsusuporta sa pandaigdigang rebolusyon.

Ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado ay may sumusunod na mga katangian:

Una, ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado ay isang independyenteng kalakalang panlabas sa kontrol ng estadong nasa ilalim ng proletaryong diktadura.

Dapat ipailalim ng estado sa ilalim ng proletaryong diktadura sa kontrol ng estado ang kalakalang panlabas upang padaliin ang pagbubuo ng sosyalismo at ipagtanggol ang pambansang kasarinlan. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao sa bisperas ng pambansang liberasyon na "hindi magiging possible ang rekoberi at pag-unlad ng pambansang ekonomya ng Republikang Bayan kung wala ang patakaran ng kontrol sa kalakalang panlabas."[8] Pagkatapos ng liberasyon, ipinatupad ng gubyernong Tsino ang rebolusyonaryong patakaran ni Tagapangulong Mao, pinatalsik ang imperyalistang agresyon sa ekonomya, pinawalang-bisa ang mga pribilehiyong tinamasa ng imperyalismo sa Tsina, binawi ang kontrol sa administrasyon ng adwana, at winakasan ang kontrol ng dayuhang mga komersyante sa kalakalang panlabas ng Tsina. Kasabay nito, kinumpiska ng gubyernong Tsino ang negosyo sa kalakalang panlabas ng burukratikong kapital at unti-unting trinansporma ang negosyo sa import at eksport ng mga kapitalistang katamtamang laki at maliliit, at binago sa saligan ang malakolonyal na kalikasan ng kalakalang panlabas ng lumang Tsina. Naging independyenteng kalakalang panlabas ang kalakalang panlabas ng Tsina na nasa kontrol ng estadong nasa ilalim ng proletaryong diktadura.

Gumaganap ng mahalagang papel ang kontrol ng estado sa paggarantiya sa kasarinlan sa pulitika at ekonomya ng Tsina, ipinagtatanggol ang Tsina sa imperyalistang pang-ekonomyang agresyon, pinaliliit ang epekto ng krisis pang-ekonomya mula sa kapitalistang daigdig, at pinabibilis ang sosyalistang konstruksyon ng Tsina sa pamamagitan ng normal na palitan sa komersyo sa maraming bayan ng daigdig sa batayan ng pagkakapantay at mutwal na benepisyo.

Pangalawa, ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado ay panlabas na kalakalan ng pagkakapantay at mutwal na benepisyo sa gabay ng Marxismo.

Mahalagang aspeto ng mga aktibidad panlabas ng sosyalistang estado ang kalakalang panlabas ng sosylistang estado. Sa mga ugnayan sa kalakalang panlabas nito, puspusang ipinatutupad ng sosyalistang estado ang prinsipyo ng pagkakapantay at mutwal na benepisyo at ang prinsipyo ng pagpapalit ng kung ano ang mayroon ang isang bayan sa kung ano ang wala ito, humihingi ng respetuhan para sa soberanya at adhikain ng isa't isa, tinutumbasan ang mga pangangailangan at posibilidad ng isa't isa, at ginagawa ang lahat para panatilihing patas at reasonable ang presyo.

Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Dapat sikapin natin na makipagkalakalan muna sa mga sosyalistang bayan at mga demokratikong bayan ng mamamayan, gayundin sa mga kapitalistang bayan."[9] Dapat isagawa natin ang planadong komersyal na palitan sa hanay ng mga sosyalistang bayan sa ilalim ng gabay ng prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at ayon sa diwa ng aktibong kooperasyon at walang kalokohan. Dapat din nating patuloy na palawakin ang kalakalan at mutwal na palitan sa mga bayan ng Ikatlong Daigdig kailanman kinakailangan at possible upang itaguyod ang kaunlarang komun ng ating mga pambansang ekonomya sa batayan ng pag-asa sa sarili. Sinusuportahan natin ang mga umunlad na bayan sa pagpapahusay ng mga kondisyon sa kalakalan para sa kanilang hilaw na materyales, mga produktong primarya, at mga yaring produkto, at sa pagtatakda ng patas at may tubong mga presyo. Sinusuportahan natin sila sa pagtatatag ng mga organisasyon sa hanay ng mga bayang nag-eeksport ng hilaw na materyales at sa pagsusulong ng nagkakaisang pakikibaka laban sa kolonyalismo, imperyalismo at hegemonya. Dapat paunlarin rin natin ang komersyal na palitan sa mga kapitalistang bayan ayon sa mga pangangailangan, posibilidad at kalagayan. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ang mga taong pumipigil sa ating pakikipagkalakalan sa dayuhang mga bayan at pagtatatag ng diplomatikong ugnayan sa dayuhang mga bayan na walang iba kundi ang mga imperyalista at kanilang mga alipures, ang mga reaksyunaryong Chiang Kai-shek. Oras na anyayahan natin ang lahat ng pwersang lokal at internasyunal na durugin ang reaksyunaryong pangkating panloob at panlabas, makapagnenegosyo tayo, at makapagtatatag ng ugnayang diplomatiko sa lahat ng bayan sa batayan ng pagkakapantay, mutwal na benepisyo at respeto sa teritoryal na integridad ng isa't isa."[10] Samakatwid, dapat mahinahon nating maunawaan na ang komersyal na palitan sa mga bayang imperyalista at sosyal-imperyalista ay tigmak ng pakikibaka.

Dapat makibaka ang sosyalistang estado para sa patas at rasonableng mga presyo ng import at eksport sa pandaigdigang pamilihan at sa komersyal na palitan sa mga kapitalistang bayan. Isa itong makauring tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa pandaigdigang larangang pang-ekonomya. Iba ang lokal na pamilihan ng sosyalistang estado sa dayuhang kapitalistang pamilihan. Dapat pleksibleng itakda ang mga presyo ng mga eksport na kalakal ayon sa mga pangangailangan ng patakarang diplomatiko at pagbabago sa pandaigdigang pamilihan. Sa ganitong paraan lamang maibebenta ang mga eksport na kalakal ng sosyalistang estado sa angkop na presyo. Sa usapin ng presyo, tutol tayo sa panlilito ng dalawang tipo ng mga pamilihan na iba sa kalikasan, sa pamamagitan ng paglilipat ng pagtaas-baba ng mga presyo mula sa dayuhan tungong lokal na pamilihan at sa gayo'y maapektuhan ang istabilidad ng presyo sa lokal na pamilihan; o sa pamamagitan ng paglalapat ng patakaran ng istableng presyo ng lokal na pamilihan sa dayuhang pamilihan, at sa gayo'y nagdudulot ng di kinakailangang pinsala sa kayamanang likha ng ating anakpawis.

Pangatlo, ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado ay planado at sentralisadong kalakalang panlabas sa ilalim ng pangangasiwa ng estado.

Sentralisadong pamumuno at nagkakaisang eksternal na patakaran ang saligang mga prinsipyo ng kalakalang panlabas ng sosyalistang estado. Nangangahulugan ang matatag na pagtaguyod sa mga prinsipyo ng sentralisadong pamumuno at nagkakaisang eksternal na patakaran na dapat tayong gumawa ng rasyunal na hatian sa paggawa at pangangasiwa ayon sa pagkakaiba-iba ng mga kalakal, at palargahin kapwa ang aktibismong sentral at lokal sa batayan ng "nagkakaisang unawaan, nagkakaisang patakaran, sentralisadong pagpaplano, sentralisadong komand at nagkakaisang aksyon."

Ang planado at sentralisadong kalakalang panlabas ay manipestasyon ng superyoridad ng sosyalistang sistema sa kapitalistang sistema. Itinatakda ng pribadong sistema sa pagmamay-ari at anarkiya sa produksyon ng kapitalismo ang bulag at kompetitibong kalikasan ng kapitalistang kalakalang panlabas. Obhetibong hinihingi ng planado at proporsyunal na pag-unlad ng sosyalistang pambansang ekonomya na dapat planado ang kalakalang panlabas at dapat isagawa ayon sa mga pangangailangan at kapabilidad sa import at eksport ng estado at ayon sa pambansang plano sa ekonomya na binalangkas ng estado. Ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado ay lumalago sa pag-unlad ng pambansang ekonomya. Aktibo rin nitong itinataguyod ang pag-unlad ng buong pambansang ekonomya.

## Paunlarin ang Kalakalang Panlabas sa Batayan ng Kasarinlan at Pag-asa sa Sarili

Gumaganap ng aktibong papel ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado sa pag-unlad ng sosyalistang ekonomya. Gayunman, hindi nakasalig ang mabilis, planado at proporsyunal na pag-unlad ng sosyalistang ekonomya sa dayuhang pamilihan, kundi sa superyoridad ng sosyalistang sistema at planadong ekonomya at sa masigasig na pakikibaka ng anakpawis sa bayan. Batayang patakaran ng sosyalistang estado sa pagsasagawa ng pang-ekonomyang konstruksyon ang kasarinlan at pag-asa sa sarili. Isa rin itong patakaran na dapat mahigpit na sinusunod sa kalakalang panlabas.

Para paunlarin ang kalakalang panlabas sa batayan ng kasarinlan at pag-asa sa sarili, hinihingi ang wastong pag-unawa at pagtangan sa ugnayan ng produksyon at kalakalang panlabas.

Ang ugnayan sa pagitan ng kalakalang panlabas at produksyon ay relasyon sa pagitan ng sirkulasyon at produksyon. Ang pag-unlad ng sosyalistang produksyon ang material na batayan ng paglawak ng kalakalang panlabas. Dahil ang relasyon sa pagitan ng kalakalang panlabas at produksyon ay relasyon sa pagitan ng sirkulasyon at produksyon, magkakaroon lamang ng sapat na suplay ng mga eksport at magakakaroon lamang ng mas maraming import ng kinakailangang materyales sa pamamagitan lamang ng pagtataguyod nang husto sa pag-unlad ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultura. Ang internal na kawin sa pagitan ng sirkulasyon at produksyon ay nangangailangan na lumubog ang mga sangay sa kalakalang panlabas sa unang hanay ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultra, magbigay pansin sa produksyon, at itaguyod ang produksyon. Dapat palakasin ng mga ito ang pagsisiyasat at pananaliksik sa pamilihang panlabas, aktibong magpasok ng bagong dayuhang teknolohiya, bagong mga sampol, bagong mga kasangkapan at superyor na iba't ibang produkto sa mga yunit ng produksyon, at ilahad ang bagong mga usapin sa produksyon nang sa gayo'y maitatag ang relasyon ng mutwal na suportahan at pagtataguyod.

Para paunlarin ang kalakalang panlabas sa batayan ng kasarinlan at pag-asa sa sarili, kinakailangan rin ang wastong pag-unawa at paghawak sa relasyon sa pagitan ng lokal na kalakalan at kalakalang panlabas. Kapwa bahagi ng larangan ng sirkulasyon ang kalakalang panlabas at kalakalang lokal. Magkapareho ang saligang mga layunin ng mga ito, na walang iba kundi ang tugunan ang mga

pangangailangan ng sosyalistang estado at ng mamamayan. Mangyari pa, may mga kontradiksyon ding nakabatay sa magkaparehong mga layunin. Halimbawa, bagamat may substansyal na pag-unlad sa industriya ng Tsina, madalas may mga kontradiksyon sa alokasyon ng mga produkto sa pagitan ng kalakalang lokal at kalakalang panlabas dahil sa paglabis ng demand sa suplay bunga ng kahinaan ng orihinal na pundasyon. Hinihingi ng paglaki ng mga eksport ang kaakibat na pagliit sa suplay sa kalakalang lokal. Gayunman, makakatulong sa pagpapalaki ng akumulasyon at pagpapalawak ng reproduksyon ang mabibiling kinakailangang mga kagamitan sa produksyon bunga ng mga eksport. Samakatwid, ito'y kontradiksyon sa katunayan sa pagitan ng akumulasyon at konsumo at sa pagitan ng pangmatagalang interes at pangmadaliang interes. Dapat magsimula ang wastong pagtangan sa ugnayan sa pagitan ng kalakalang lokal at panlabas sa mga pangangailangan ng pambansang konstruksyon at kabuhayan ng mamamayan, at dapat nakabatay sa pamilihang lokal. Kasabay nito, hindi dapat kaligtaan ang kahalagahan ng mga pamilihang panlabas at dapat isaalang-alang sa pamamagitan ng angkop na kaayusan. Lahat ng kalakal na napakahalaga ng epekto sa pambansang ekonomya at kabuhayan ng mamamayan ay dapat una munang gamitin para tugunan ang mga pangangailangang lokal, at dapat kontrolin ang pag-eksport ng mga ito ayon sa plano ng estado. Dapat angkop na paliitin ang kalakalang lokal sa mga kalakal na marginal lamang ang ugnay sa kabuhayan ng mamamayan, at dapat palakihin ang eksport ng mga ito. Pwedeng medyo maisantabi ang ilang kalakal sa kabuhayan ng mamamayan, at dapat ieksport ang mga ito gaanuman kaposible. May iba pang kalakal na walang halaga kung bibitiwan pero mahalaga kung titipunin. Dapat ding palawakin ang suplay ng mga ito para sa eksport.

Malakas na itinaguyod ng taksil na pangkating Liu Shao-ch'i at Lin Piao ang "paglalagay ng dayuhang pananalapi sa komand" sa larangan ng kalakalang panlabas sa bigong pagtatangkang baguhin sa saligan ang oryentasyon sa pulitika ng kalakalang panlabas ng sosyalistang estado at gawin ang Tsina na isang pang-ekonomyang satelayt ng imperyalismo. Ito ang landas na kailanma'y hindi tatahakin ng sosyalistang estado.

## Lubos na Gampanan ang Aktibong Papel ng Kalakalang Panlabas ng Sosyalistang Estado

Isang sangkap ng sosyalistang ekonomya ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado. Isa rin itong kasangkapan para sa panlabas na kontak. Nakakatulong sa pagpapalakas ng kapasidad ng ating sariling bayan para sa pag-asa sa sarili ang pagpapaunlad ng kalakalang panlabas sa planadong pamamaraan at ang lubos na pagganap sa aktibong papel nito, at sa gayon, pinabibilis nito ang sosyalistang konstruksyon at tumutulong sa pagpapalakas ng pagkakaibigan sa hanay ng mamamayan ng iba't ibang bayan at sa gayo'y itinataguyod ang pandaigdigang rebolusyon.

Sa katunayan, wala ni isang bayan sa daigdig na makalilikha ng lahat ng nais nito. Sa batayan ng matatag na pagtalima sa patakarang kasarinlan at pag-asa sa sarili sa pagpapaunlad ng sosyalistang ekonomya, kaya at dapat gamitin ng sosyalistang estado ang kalakalang panlabas bilang pamamaraan para isaayos ang proporsyunal na relasyon sa sosyalistang pinalawak na reproduksyon. Sa pamamagitan ng kalakalang panlabas, maiimport ang ilang kailangang-kailangang materyales para punuan ang pansamantalang kakulangan ng ilang produkto at materyales na bunga ng kalagayan sa produksyon at natural na kalagayan. Sa pamamagitan ng kalakalang panlabas, maipapasok ang ilang abanteng teknolohiya upang tumayong modelo para makahabol, at sa gayon ay padulasin ang teknikal na inobasyon sa produksyong pang-industriya at pang-agrikultura. Nakakatulong sa pagpapabilis ng sosyalistang konstruksyon ang pagpapaunlad ng kalakalang panlabas sa planadong paraan. Gayunman, hindi natin mabibitiwan kung gayon ang patakarang kasarinlan at pag-asa sa sarili. Sandakot na mga taksil, mula kina Tseng Kuo-fan at Li Hung-chang sa dinastiyang Ch'ing hanggang kina Liu Shao-ch'i at Lin Piao sa kasalukuyang panahon ay pawang mga tagapagtaguyod ng

malaaliping aktitud sa dayuhang mga bagay. Lagi nilang pinupuna ang mga kakulangan ng proletaryado at anakpawis ng Tsina. Ang burgesyang Kanluranin lamang ang mahuhusay. Sa kalakalang panlabas, lagi nilang itinataguyod ang ganap na pagsalig sa mga import. "Kahit ang buwan ay mas bilog sa ibayong dagat." Masisipag, magigiting at matatalino ang anakpawis ng Tsina. Mula ng liberasyon, naging master ng sosyalistang estado ang anakpawis ng Tsina, at lalo pang bumulwak ang kanilang kaalaman at talino. Magagawa ng proletaryadong Tsino ang anumang magagawa ng burgesyang Kanluranin. Magagawa ng proletaryadong Tsino kahit na mga bagay na hindi magagawa ng burgesyang Kanluranin. Ang bigong pagtatangka ng kontra-Partidong pangkatin ni Lin Piao na sumalig sa Sobyet rebisyunistang sosyal-imperyalismo sa pamamagitan ng pagsuko at pagtaksil ay sumasalamin lamang sa bulok na diwang ispiritwal ng mapagsamantalang uri sa Tsina. Sa larangan ng kalakalang panlabas, konsistenteng tumatalima ang proletaryado ng Tsina sa patakarang kasarinlan at pag-asa sa sarili ni Tagapangulong Mao, tuluy-tuloy na pinupuna ang kontrarebolusyonaryong rebisyunistang linya ni Liu Shao-ch'i at Lin Piao na sumasamba sa dayuhang mga bagay at malaalipin ang aktitud sa dayuhang mga bagay. "Hindi natin dapat itali ang kahihinatnan ng sosyalistang konstruksyon sa baywang ng ibang tao!" Ito ang sagot mula sa malawak na masa ng mga manggagawa.

Ang pagpapaunlad ng ugnayang kalakalan sa hanay ng mga sosyalistang bayan sa batayan ng pagkakapantay at mutwal na benepisyo ay makapagtataguyod ng mabilis na pag-unlad ng ekonomya ng isa't isa at tuluy-tuloy na pagpapalakas ng mga pwersang anti-imperyalista at anti-rebisyunista. Nakakatulong ang mga kontak sa kalakalan sa hanay ng mga sosyalistang estado at makabansang mga estado sa pagpapaunlad ng nagsasariling pambansang mga ekonomya at sa paglaban sa patakaran sa agresibong pagpapalawak ng dalawang superpower, ang United States at Unyong Sobyet. Ang mga kontak sa kalakalan sa pagitan ng mga sosyalistang estado at mga kapitalistang estado ay nakatutulong sa pagpapalawak ng pandaigdigang anti-imperyalistang nagkakaisang hanay at lumalaban sa tunggalian para sa hegemonya sa pagitan ng dalawang superpower, ang United States at Unyong Sobyet. Samakatwid, isa ring pamamaraan ang kalakalang panlabas ng sosyalistang estado para sa puspusang pagpapatupad ng proletaryong linyang diplomatiko.

Mula nang itatag ang Republikang Bayan, sa gabay ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, itinaguyod ng kalakalang panlabas ng Tsina ang pag-unlad ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultura, pinalawak ang impluwensyang panlabas ng Tsina at sumuporta sa pandaigdigang rebolusyon. Nakatamo ng dakilang mga tagumpay. Magmula ngayon, makakatulong sa atin ang anumang karagdagang pag-unlad ng kalakalang panlabas para mas mahusay na ipatupad ang proletaryong internasyunalismo, pabilisin ang sosyalistang konstruksyong lokal, at mas mahusay na sumuporta sa pandaigdigang rebolusyon.

## Pangunahing mga Sanggunian


Marx, "Isang Talumpati hinggil sa Malayang Kalakalan," Piling mga Akda nin Marx and Engels, Bol. 1.

Lenin, "Isang Borador na Balangkas Hinggil sa Usapin ng mga Bansa at Kolonya."

Lenin, "Hinggil sa Monopolyong Sistema ng Kalakalang Panlabas," Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 33.

Tagapangulong Mao, "Ulat sa Ikalawang Plenum ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina."


## Mga Problema sa Rebyu

1. Bakit dapat ipailalim ang pang-ekonomyang ugnayang panlabas ng sosyalistang estado sa proletaryong rebolusyonaryong linyang diplomatiko? Ano ang reaksyunaryong kalikasan ng Sobyet rebisyunistang pang-ekonomyang ugnayang panlabas?
2. Bakit natin sinasabi na dapat tupdin ng pang-ekonomyang ayudang panlabas ng sosyalistang estado ang internasyunalistang obligasyon?
3. Ano ang mga katangian ng kalakalang panlabas ng sosyalistang estado?

**Mga Tala**

1) Jen-min Jih-pao [People's Daily], Nobyembre 7, 1957.
2) "Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Mamamayan," Piling mga Babasahin mula sa mga Akda ni Mao Tse-tung, Part 1, Jen-min ch'u-pan-she, 1965, pp. 363-64.
3) "Hinggil sa Pagmamaliit sa Marxismo at 'Imperyalistang Ekonomismo,' " Kumpletong mga Akda ni Lenin, Bol. 23, p. 26.
4) "Hinggil sa On the People's Democratic Dictatorship," Selected Works of Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u- pan-she, 1968, pp. 1362-1363.
5) "Isang Borador Balangkas hinggil sa Usapin ng mga Bansa at Kolonya," Piling mga Akda ni Lenin, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1.972, p. 274.
6) Ibig sabihin, "kapayapaan" sa imperyalismo, modernong rebisyunimso, at mga reaksyunaryo ng iba't ibang mga bayan at "bawas" na ayuda sa makatarungang mga pakikibaka ng rebolusyonaryong mamamayan ng iba't ibang bayan.
7) Sinipi mula sa Jen-min jih-pao [People's Daily], Agosto 9, 1963.
8) "Ulat sa Ikalawang Plenum ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1323.
9) Ibid., p. 1325.
10) "Hinggil sa Demokratikong Diktadurang Bayan," Piling mga Akda ni Mao Tse-tung, Bol. 4, Jen-min ch'u-pan-she, 1968, p. 1362.

# Kabanata 23

## Dapat Makamit ang Komunismo

Mula Sosyalistang Lipunan Tungong Komunistang Lipunan*

Tulad ng lahat ng istorikong relasyon sa produksyon, nagdaraan sa proseso ng paglitaw, pag-unlad at pagpanaw ang sosyalistang relasyon sa produksyon. Matapos ang mahabang panahon ng paggalaw, kinakailangang matransporam ang sosyalistang relasyon sa produksyon tungong komunistang relasyon sa produksyon. Komunismo ang pinakamataas na mithiin ng proletaryado at milyun-milyong masang anakpawis. Ito ang pinakaperpekto, pinakaprogresibo, pinakarebolusyonaryo, at pinakamakatwirang sistemang panlipunan. Isa itong likas na tendensya sa panlipunang pag-unlad ng tao. Ito ang ultimong layunin ng proletaryong rebolusyon. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Ang ultimong layunin na pinagpupunyagian ng lahat ng komunista ay ang lumikha ng isang sosyalista at komunistang lipunan."[1] Bawat rebolusyonaryong mandirigma ay dapat makibaka para sa komunismo sa buong buhay niya.

### Hindi Mapipigilan ang Komunismo

Kinakailangang Yugto ang Sosyalistang Lipunan Papunta sa Komunistang Lipunan

Ipinaliwanag ni Lenin: "Wala nang ibang magagawa ang sangkatauhan kundi tuwirang daanan ang transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo, ibig sabihin, isagawa ang transisyon tungo sa pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon at distribusyon batay sa paggawa."[2] Sa sosyalistang lipunan, naitatag na ang pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon, naging panginoon na ng lipunan at mga empresa ang masang anakpawis, at Marxismo na ang gumagabay na kaisipan sa lipunan. Sa mga aspetong ito, taglay na ng sosyalistang lipunan ang mga elemento ng komunismo. Gayunman, ang sosyalistang lipunan ay unang yugto pa lamang ng komunistang lipunan.  Ito ay hindi pa ganap na komunistang lipunan. Sa sosyalistang lipunan, naibagsak na ang burgesya at lahat ng mapagsamantalang uri, pero ang impluwensya ng mga uring ito sa ekonomya, pulitika, at ideolohoiya ay patuloy pang iiral sa matagal pang darating na panahon. Ang agwat sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, sa pagitan ng kalunsuran at kanayuna, at sa pagitan ng mental at pisikal na paggawa na naiwan ng lumang lipunan at mga labi ng burges na mga karapatan ligal na sumasalamin sa mga agwat na ito ay iiral pa sa mahabang panahon. Sa mga aspetong ito, iba ang sosyalistang lipunan sa komunistang lipunan.

Ang makasaysayang tungkulin ng proletaryado sa sosyalistang yugto ay ang tuluy-tuloy na kalusin ang mga elemento at labing kapitalista sa mga relasyon sa produksyon at superistruktura, ganap na gapiin ang burgesya, pawiin ang lahat ng uri at makauring pagkakaiba, buwagin ang lahat ng relasyon sa produksyon na nakabatay sa mga pagkakaibang ito, buwagin ang lahat ng panlipunang relasyon na mutugma  sa gayong mga relasyon sa produksyon, baguhin ang lahat ng konsepto na hinango mula sa mga panlipunang relasyong ito, at isulong ang sosyalistang lipunan tungo sa mas mataas at mas perpektong komunistang lipunan.  Samakatwid, ang sosyalistang lipunan ay nagiging kinakailangang paghahanda para sa komunistang lipunan, at komunistang lipunan naman ang obhetibong tunguhin sa pag-unlad ng sosyalistang lipunan.

---

* Kung-ch'an-chu-i i-ting yao shih-hsien – ts'ung she-hui-chu-I she-hui tao kung ch'an-chu-i she-hui.

Ano ngayon ang ganap na komunistang lipunan?

## Komunistang Lipunan ang Pinakakumpleto, Pinakaprogresibo, Pinakarebolusyonaryo, at Pinakarasyunal na Lipunan

May eksaktong nilalaman ang syentipikong komunismo. Ayon sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, ang komunistang lipunan ay isang lipunan na ganap nang pumawi sa mga uri at makauring pagkakaiba. Ito ay isang lipunan na ang buong sambayanan ay nagtataglay ng mataas na antas ng komunistang kamulatang pang-ideolohiya at moralidad. Ito ay isang lipunang kung saan ang buong sambayanan ay may mataas na antas ng aktibismo at inisyatiba sa paggawa. Ito ay isang lipunan na ang panlipunang produkto ay sagana. Ito ay isang lipunan na pinagtibay ang prinsipyong "mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa pangangailangan." Ito ay isang lipunang naglalaho na ang estado.

Ipinaliwanag ni Marx: "Sa mas mataas na yugto ng komunistang lipunan, matapos ang mapang-aliping pagpapailalim ng indibidwal sa hatian sa paggawa, at kaakibat nito ang antitesis sa pagitan ng mental at pisikal na paggawa, ay naglaho; matapos ang paggawa ay hindi na lamang paraan para mabuhay kundi naging pangunahing hangad ng buhay; matapos ang mga pwersa sa produksyon ay lumaki rin kaakibat ng lahatang-panig na pag-unlad ng indibidwal, at lahat ng batis ng kooperatibong yaman ay umaagos nang mas masagana – doon lamang maaalpasan sa kabuuan nito ang makitid na natatanaw ng burges na karapatan at maiiukit ng lipunan sa bandila nito: Mula sa bawat isa batay sa kakayahan, para sa bawat isa batay sa pangangailangan!"[3]

Ayon sa Marxistang teorya ng syentipikong komunismo, ang pagkakamit ng komunistang lipunan ay nakabatay sa sumusunod na mga kondisyon:

Una, ang ganap na pagpawi sa lahat ng uri at akauring pagkakaiba, kabilang ang pagkakaiba-iba sa pagitan ng manggagawa at magsasaka, kalunsuran at kanayunan, at mental at pisikal na paggawa, at ganap na pagpawi sa burges na karapatan ligal na sumasalamin sa mga pagkakaibang ito. Sa komunistang lipunan, ang batayan sa panunumbalik ng kapitalismo ay ganap nang napawi. Sa panahong iyon, ganap nang makakamit ang "Direktibang Mayo 7" ni Tagapangulong Mao. Ang buong sambayanan ay magiging ganap na maunlad na bagong komunista. Mulat na panghahawakan ng tao ang mga obhetibong batas ng pag-unlad ng lipunan at isusulong nang walang tigil ang komunistang lipunan. Syempre pa, ang pagpawi sa mga uri at makauring pagkakaiba-iba ay hindi nangangahulugan na wala nang mga kontradiksyon at wala nang mga tunggalian sa komunistang lipunan. Sa panahong iyon, may iiral pa ring mga kontradiksyon sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya at sa pagitan ng relasyon at pwersa sa produksyon, at magkakaroon ng mga tunggalian sa pagitan ng abante at atrasado at sa pagitan ng tama at maling linya. Samakatwid, kahit sa komunistang lipunan, kakailanganin pa rin na ipagpatuloy ang rebolusyon.

Ikalawa, ang pagkakamit ng iisang komunistang sistema ng pagmamay-ari ng buong sambayanan sa mga kagamitan sa produksyon. Sa komunistang lipunan, ang komunistang sistema ng pagmamay-ari ng buong sambayanan ang siyang magiging nag-iisang subistrukturang pang-ekonomya. Ang pinakasulong na komunistang relasyon sa produksyon, na nakabatay sa ganitong sistema ng pagmamay-ari, ang magtitiyak sa pinakamabilis na posibleng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon para itaas ang produktibidad sa paggawa sa papabilis nang papabilis na takbo. Para makamit ang komunistang pagmamay-ari ng buong sambayanan, kinakailangan na likhain ang mga kondisyon sa sosyalistang yugto ng pag-unlad, unti-unting pagtataas ng sosyalistang pagmamay-ari ng kolektiba tungo sa antas ng sosyalistang pagmamay-ari ng buong sambayanan, at pagkatapos ay mula sosyalistang pagmamay-ari ng estado tungo sa komunistang pagmamay-ari ng buong

sambayanan. Ang komunang bayan na nilikha ng mamamayang Tsino ang pinakamahusay na anyo ng organisasyon para pabilisin ang transisyong ito.

Ikatlo, ang paglikha ng napakasaganang produktong panlipunan. Kapag nakamit ang komunistang lipunan, ang panlipunang pwersa sa produkyon ay napaunlad na sa isang bagong antas. Ang kakayahan ng tao na pangibabawan ang kalikasan ay magiging puu-puong libong ulit na mas mataas kaysa ngayon. Sa panahong iyon, ganap na gagamitin ng tao ang lahat ng likas na yaman para maglingkod sa lipunan ng tao at lilikha ng napakasaganang produktong panlipunan na tutugon sa pangangailangan ng buong lipunan at lahat ng nagtatrabaho. Sa panahong iyon, tumigil na ang produksyon ng kalakal. Ang kalakal at salapi, na sakop ng ekonomyang nakabatay sa kalakal, ay mawawakasan na sa pangkasaysayang yugto at itatabi sa museo ng kasaysayan. Sa komunistang lipunan, ang antas ng pag-unlad ng panlipunang pwersa sa produksyon ay hindi maikukumpara sa kasalukuyang antas ng pag-unlad ng pwersa sa produksyon. Samakatwid, kung masiglang-masigla tayo sa pagsusulong ng komunismo, kailangang masigla rin tayo sa pagpapaunlad ng panlipunang mga pwersa sa produksyon.

Ikaapat, ang paglilinang ng mataas na antas ng komunistang kamalayang pang-ideolohiya at moralidad sa hanay ng buong sambayanan. Ganap na aalisin ng komunistang lipunan ang burges na kaisipan at lahat ng konsepto ng pansariling interes. Mulat na tatranspormahin ng buong sambayanan kapwa ang sarili at ang daigdig sa pamamagitan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Ang buong daigdig ay magkakaroon ng ganap na bagong kaanyuan at magiging komun na gawi ang bagong kaisipan, bagong kultura, bagong gawi, at bagong pag-uugali ng proletaryado. Tulad nga ng ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Ang kapanahunan ng komunismong pandaigdig ay mararating kapag naabot na ng daigdig ang punto kung saan mulat na tinatransporma ng buong sangkatauhan ang sarili at ang daigdig."[4] Syempre, kahit sa panahong iyon, magkakaroon pa ring mga kontradiksyon sa pagitan ng abante at atrasado, sa pagitan ng tama at mali, at sa pagitan ng materyalismo at ideyalismo, at magkakaroon pa rin ng tunggalian sa hanay ng mamamayan. Pero ang kalikasan at anyo ng tunggalian ay magiging iba kaysa niyong makauring lipunan.

Ikalima, ang pagpapatibay sa prinsipyo ng "mula sa bawat isa batay sa kakayahan at para sa bawat isa batay sa pangangailangan". Kapag nakamit ang lipunang komunista, dahil ang lahat ng mga kagamitan sa produksyon ay nailagay na sa iisang komunistang sistema ng pagmamay-ari ng buong sambayanan, at dahil sa ang panlipunang produkto ay magiging napakasana at dahil maitataas na nang husto ang kamulatang pang-ideolohiya ng tao, ang distribusyon ng mga personal na produktong pangkonsumo ay hindi na babatay sa ambag na paggawa ng tao sa lipunan kundi batay na sa kanilang pangangailangan. Dahil ang esensyal na pagkakaiba sa pagitan ng mental at pisikal na paggawa ay mapapawi na pagdating ng panahong iyon, lubos na magagamit ng bawat myembro ng lipuna ang kanyang kapasidad sa paggawang pisikal at mental sa paggawa. Di maiiwasang hahantong ito sa isang malalim na pagbabago sa kalikasan ng paggawa. Hndi na lamang magiging pamamaraan panghanapbuhay ang paggawa kundi magiging pangunahing hangad ng buhay. Pagdating ng panahong iyon, ang paggawa ng tao ay hindi na para sa layunin na makakuha ng bayad kundi mulat na paggawa na walang bayad at mahalagang pamamaraan ng mulat na pagtatransporma sa suhetibo at obhetibong daigdig.

Ikaanim, ang estado ay awtomatikong maglalaho. Sa ganap na pagpanaw ng imperyalismo, kapitalismo, at lahat ng mapagsamantalang sistema sa sansinukob, at sa pagpawi sa mga uri at makauring pagkakaiba, ang estado bilang instrumento ng makauring tunggalian ay natural na maglaho. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao: "Kapag naglaho ang mga uri, lahat ng instrumento ng makauring tunggalian, ang mga partido at makinarya ng estado, ay unti-unting maglalaho dahil natapos na ang kanilang istorikong misyon sapagkat wala na silang papel na gagampanan, at wala nang pangangailangan pa para sa mga ito. Susulong ang lipunan ng tao sa mas mataas na antas."[5]

Matagal nang iniatas sa atin ni Tagapangulong Mao: "Ang komunismo ay isang buong sistema ng proletaryong ideolohiya at gayundin isang bagong sistemang panlipunan. Naiiba ito sa alinmang ibang ideolohiya at alinmang sistemang panlipunan. Ito ang pinakakumpleto, pinakaprogresibo, pinakarebolusyonaryo at pinakarasyunal na sistema mula nang magsimula ang kasaysayan ng tao."[6] Ang komunistang lipunan ay isang lipunan ng walang hanggang ningning at walang hanggang ganda. Ito ang pinakaideyal na lipunan ng sangkatauhan.

## Ang Huwad na Komunismo ay Tunay na Kapitalismo

"Ang tagumpay sa teorya ng Marxismo ay nagtulak sa mga kaaway nito na magpanggap bilang mga Marxista. Ganito ang diyalektika ng kasaysayan."[7] Ang rebisyunistang pangkating Sobyet at mga manggagantsong tulad nina Liu Shao-chi at Lin Piao ay mga kontemporaryong huwad na Marxista. Ginagamit nila ang tatak na "komunismo" para magsagawa ng kapitalistang panunumbalik.

Ang huwad na komunismo ng rebisyunistang pangkating Sobyet ay tipikal na kinatawan ng lahat ng tipo kontemporaryong huwad na komunismo. Nagsisimula sila sa reaksyunaryong pusisyon tulad ng "teorya ng produktibidad muna" at "kalikasan ng tao" at hibang na nagdedeklara na "ang komunismo ang pinakamakatao at mapagbigay na sistemang pang-ideolohiya", "lubos na para sa tao at para sa kaligayahan ng tao", at isang masarap na putahe ng "karneng may utaw". Kailanma'y hindi nila binanggit ang ganap na pagpawi sa lahat ng uri at makauring pagkakaiba, at burges na mga karapatang legal na nagsasalamin sa mga pagkakaibang ito. Inalis nila ang lahat ng rebolusyonaryong nilalaman ng syentipikong komunismo. Ang tipong ito ng komunismo ay hindi lamang mali, kundi napakareaksyunaryo rin. Ito ay "komunismo" na nakatuon sa nabubulok na burges na pananaw. Ito ay "komunismo" na nakahulma sa burges na pamumuhay. Ito ay huwad na komunismo at tunay na kapitalismo.

Sa Tsina, ang mga taksil tulad ni Lin Piao ay nagsikap din na maglako ng huwad na komunismo. Ibinando nila na ang komunismo ay "pampublikong propyedadismo", at "'propyedad' ang salita na dapat idiin sa bandila" at ang komunismo ay para "gawing mayaman ang lahat". Ang taksil na pangkatin ay hindi nagsalita ukol sa pagpawi sa panginoong maylupa at sa burgesya; ang pinagtutuunan lamang nila ay ang mga salitang "publiko" at "propyedad". Kaninong uri ba ang "publiko" na ito? Kaninong uri ba ang "propyedad" na ito? Kitang-kita. Ang kanilang tinatawag na "publiko" ay ang itinaguyod ni Confucius at mga katulad niya: "Kapag nanaig ang dakilang *Tao* sa daigdig, isang espiritu ng publiko ang maghahari sa lahat ng nasa ilalim ng Kalangitan." Kung gayon, ito ay ang "publiko" ng panginoong may-alipin, "publiko" ng panginoong maylupa, at "publiko" ng burgesya! Ang binansagang "propyedad" ay ang "propyedad" ng panginoong may-alipin, "propyedad" ng panginoong maylupa, at "propyedad" ng burgesya! Ang pagpapayaman ay mangangahulugan lamang na ang sandakot na mga mapagsamantalang uri na ito ang magiging milyunaryo. Kung nagtagumpay ang mga taksil na isagawa ang kanilang mga kutsabahan, ang proletaryado at ang masang anakpawis ay mawawalan muli ng mga kagamitan sa produksyon at masasadlak muli sa pagiging mga alipin sa kumunoy ng kahirapan at pagdurusa. Ganito ang nangyari sa Unyong Sobyet. Kinamkam na ng taksil na pangkating rebisyunistang Sobyet ang kayamanan na sama-samang nilikha ng proletaryado at masang anakpawis. Ang kayamanang ito ay naging "pampublikong propyedad" ng katiting na burukratikong monopolyong burgesya. Ang malawak na masa ng mamamayan ng Unyong Sobyet ay muling nabubuhay sa miserableng kalagayan sa panahon ng tsar at hindi makawala sa kumunoy ng pagdurusa. Matalas na ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Ang Unyong Sobyet ngayon ay nasa ilalim ng diktadura ng burgesya, isang diktadura ng malaking burgesya, isang pasistang diktadurang Aleman, isang diktadura na ala-Hitler."[8] Samakatwid, malinaw na ang "pampublikong propyedadismo" na itinataguyod ng pangkating Lin Piao ay

sumasalungat sa syentipikong komunismo ng Marxismo at pareho ang nilalaman tulad ng sa huwad na komunismo ng rebisyunismong Sobyet.

Ang kasaysayan ng kilusang komunista ay malinaw na nagpapakita: hindi mapipigilan ang komunismo. Anumang pagsisikap ng mga reaksyunaryo na paatrasin ang pagsulong ng gulong ng kasaysayan, sa huli'y kakamtin ng komunismo ang puspusang tagumpay sa buong sandaigdigan.

## Ang Pagkakamit ng Komunismo ay Malalim na Rebolusyong Panlipunan

Ang Pagtataguyod ng Ideya na Ituluy-Tuloy ang Rebolusyon sa Ilalim ng Diktadura ng Proletaryado ang Tanging Landas para sa Pagkakamit ng Komunismo

Sa transpormasyon mula sosyalistang lipunang tungong komunistang lipunan, dapat ay puspusang gapiin ng proletaryado ang burgesya at ideolohiya nito at pawiin ang lahat ng uri at makauring pagkakaiba. Samakatwid, sa larangan man ng relasyon sa produksyon o sa superistruktura, ang ganitong transpormasyon ay kumakatawan ng isang kalitatibong malaking hakbang at binubuo ng isang serye ng malalalim na rebolusyong panlipunan.

Ang kapangyarihang pang-estado sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, "para sa nagtagumpay na mamamayan, ay kasing di maiwawaglit tulad ng pagkain at damit. Isa itong napakahusay na bagay, isang mahiwagang sandata na nagtatanggol sa ati, isang pamana mahiwagang sandata. Hindi dapat kailanman bitiwan ang mahiwagang sandatang ito hangga't hindi ganap na napapawi ang dayuhang imperyalismo at mga uri sa loob ng bayan."[9] Sa batayan ng pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo, nilagom ni Tagapangulong Mao ang makasaysayang karanasan ng diktadura ng proletaryado at iniharap ang teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Ang pagtalima sa teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado ay nagtatakda sa atin na maging mahusay sa paglalapat ng paninindigan, pananaw at pamamaraan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tse-tung sa pag-aaral at pagsusuri sa sosyalistang lipunan, at tumalima tayo sa Pangkalahatang Linya ng Partido para sa buong istorikong yugto ng sosyalismo bilang susing kawing sa ibayong pagpapalakas ng lahatang-panig na diktadura ng proletaryado laban sa burgesya sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, ideolohiya, kultura, at edukasyon. Ito ang batayang garantiya sa pagtatayo ng sosyalismo at pagsasagawa ng transisyon tungong komunismo.

Kung mahigpit bang itinataguyod o hindi ang lahatang-panig na diktadura ng proletaryado laban sa burgesya at kung mahigpit bang itinataguyod o hindi ang nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado ay mga usapin na pundamental ang kahalagahan sa pagtatakda kung tayo ba ay umaabante tungo sa komunismo o umaatras tungo sa kapitalismo. Ubos-kayang nagtatangka ang taksil na pangkatin ng rebisyunistang Sobyet na baluktutin ang Marxistang teorya ng syentipikong komunismo, sinasabing hindi na raw kailangan ang rebolusyon ni ang makauring pakikibaka ni ang diktadura ng proletaryado sa transisyon mula sosyalismo tungong komunismo. Kalokohan nilang sinasabi na "walang antagonistikong mga uri sa sosyalistang lipunan". Samakatwid, "sa pagkakamit ng transisyon mula sosyalismo tungong komunismo, hindi na kailangang magdaan rebolusyong panlipunan o makauring antagonismo." Bagamat ang taksil na pangkating ito ay nananawagan din ng pagkakamit ng komunismo, ito ay usok na pangkubli lamang para linlangin ang mamamayan, isabotahe ang diktadura ng proletaryado, at panumbalikin ang kapitalismo. Sa pamamagitan ng negasyon sa batayang Marxistang teorya hinggil sa pag-iral ng mga uri, makauring kontradiksyon at tunggalian ng mga uri, ang ginamit na paraan ng taksil na pangkatin ng

rebisyunistang Sobyet para wakasan ang diktadura ng proletaryado, ihinto pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, pakilusin ang burgesya para atakihin ang proletaryado, gawing diktadura ng burgesya ang diktadura ng proletaryado, at gawing kapitalistang sistema ang sosyalistang sistema.

Tanging sa pagtalima sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado makokonsolida ang diktadura ng proletaryado, maiiwasan ang panunumbalik ng kapitalismo, maitatayo ang sosyalismo, at malilikha ang lahat ng kondisyon na kailangan para sa pagkakamit ng komunismo. Isang kinakailangang landas para sa pagkakamit ng komunismo ang puspusang pagpapatupad ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

## Matatag na Itaguyod ang Proletaryong Internasyunalismo at Suportahan ang Pandaigdigang Rebolusyon

Ang kapanahunan natin ay kapanahunan ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Sapul nang lumitaw ang halimaw na imperyalismo, ang mga bagay sa daigdig ay naging magkakasalikop at hindi na mapaghihiwa-hiwalay."[10] Para kamtin ang komunismo, kailangan nating puspusang wakasan ang imperyalismo, kapitalismo, at lahat ng sistema na pagsasamantala ang tao sa tao, nang sa gayo'y ang buong sangkatauhan ay puspusang mapalaya. Samakatwid, ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika sa isang bayan o ilang bayan at ang pagtatatag ng proletaryado ng sosyalistang lipunan ay hindi nangangahulugan ng katapusan ng rebolusyon. Tanging sa pagpapalaya sa buong sangkatuhan mapapalaya sa wakas ng proletaryado ang sarili nito. Ito ay sa dahilang isang pandaigdigang lakas ang kapital. Hanggat umiiral pa ang imperyalismo, kapitalismo, at mapagsamantalang mga sistema, tiyak na gagamitin ng imperyalismo at sosyal-imperyalismo ang dalawang reaksyunaryong paraan ng armadong interbensyon at payapang paghahati-hati para labanan ang mga sosyalistang bayan. Sa mga kalagayang ito, laging kakaharapin ng sosyalistang estado ang mga banta ng agresyon at pananabotahe mula sa imperyalismo at sosyal-imperyalismo. Dahil pandaigdigang lakas ang kapital, ang adhikain ng proletaryado ay di maiiwasang maging internasyunal na adhikain. Nang agawin ng proletaryadong Ruso ang kapangyarihang pampulitika noong Rebolusyong Oktubre at nagsimulang ilatag ang sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon, malinaw at eksaktong ipinaliwanag ni Lenin: "Ang ultimong tagumpay ay magiging posible lamang sa pamamagitan ng pagsalig sa sama-samang pagsisikap ng mga manggagawa ng iba't ibang bayan at sa lahat ng dako ng daigdig.."[11] Sa kanyang pakikitunggali kay Trotsky, mahigpit na tumalima at nagtanggol sa Leninismo si Stalin. Pero ang taksil na pangkating Khrushchov-Brezhnev ay paulit-ulit na nagsasabi na sa Unyong Sobyet, "nakamit na ng sosyalismo hindi lamang ang ganap na tagumpay, kundi ang puspusang tagumpay." Ito ay tahasang kataksilan sa Leninismo. Sa loob ng bayan, ang layunin ng katawatawang satsat ng taksil na pangkating ito ay ang palabuin ang maiigting na tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya at itago ang sabwatan nito na panumbalikin ang kapitalismo sa loob ng bayan. Sa pandaigdigang saklaw, ang pagtataksil na ito sa Marxismo ay naglalayon na ikalat ang ilusyon na nagbago na ang agresibong kalikasan ng imperyalismo at itago ang pangit na mukha ng pangkating ito sa pakikibaka nito para sa hegemonya laban sa ang isa pang "superpower".

Laban sa mga pambabaluktot at pagtataksil ng modernong rebisyunismo sa Leninismo, ipinagpapatuloy, ipinaliliwanag at pinayayaman ni Tagapangulong Mao ang Leninismo. Ipinaliwanag ni Tagapangulong Mao, "Nakamtan natin ang isang daking tagumpay. Pero lalaban pa rin ang natalong uri. Nariyan pa ang mga taong ito. Umiiral pa rin ang uring ito. Samakatwid, hindi tayo maaaring magsalita ng ultimong tagumpay. Maaaring hindi natin ito masabi sa loob ng maraming dekada. Hindi dapat mawala ang ating pagmamatyag. Ayon sa Leninistang pananaw, hinihingi ng

ultimong tagumpay ng isang sosyalistang bayan hindi lamang ang pagpupunyagi ng proletaryado at malawak na masa ng sambayanan sa sariling bayan, kundi ang paghihintay sa tagumpay ng pandaigdigang rebolusyon, at pagwawakas sa sistema ng pagsasamantala ng tao sa tao, at ang paglaya ng buong sangkatauhan. Samakatwid, mali ang magsambit lamang ng ultimong tagumpay ng rebolusyon sa ating bayan; taliwas ito sa Leninismo. Hindi ito naaayon sa katotohanan."[12] Para kamtin ang ultimong tagumpay ng sosyalistang rebolusyon at para kamtin ang komunismo sa buong sandaigdigan, ang proletaryado ng iba't ibang bayan ay nagtataas ng bandila ng proletaryong internasyunalismo, nagsusuportahan sa isa't isa, sama-samang nakikibaka, at sumusulong nang magiting sa landas ng Marxistang pangkalahatang linya ng internasyunal na komunismo.

Sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, bahagi ng kapitalistang sistema ay nasa museo na ng kasaysayan (sa mga sosyalistang estado); ang nalalabing nabubulok na bahagi, tulad ng papalubog na araw na nasa balag ng alanganin sa kanluraning burol, ay naghihingalo sa huling singhap nito, at di magtatagal ay malalagay na rin ito sa museo. Ang lumalaganap sa daigdig tulad ng sampung libong sabay-sabay na kidlat, kasing-tatag ng nagtatayugang mga bundok at kasing-lakas ng nag-aalimpuyong dagat, ay ang komunistang doktrina at panlipunang sistema nito, at mapapanatili ng komunismo ang kasibulan at sigla nito. Ginagamit ng Marxistang ekonomyang pampulitika ang obhetibong batas ng pag-unlad ng lipunan ng tao para suriin ang proseso ng paggalaw ng relasyon sa produksyon ng iba't ibang anyo ng lipunan at umabot sa syentipikong kongklusyon na ang kapitalistang sistema ay tiyak na magwawakas at tiyak na mananaig ang sosyalista at komunistang mga sistema. Ipinakita nito ang pangkalahatang tunguhin sa istorikong pag-unlad at isang makapangyarihang pang-ideolohiyang sandata para sa pagrerebolusyon ng proletaryado.

Ang katangian ng kasalukuyang internasyunal na sitwasyon ay "nasa malaking kaguluhan ang daigdig." Ito ay repleksyon ng pag-igting ng iba't ibang batayang kontradikson sa kasalukuyang daigdig. Pinabibilis nito ang disintegrasyon at pagdausdos ng tiwaling reaksyunaryong kapangyarihan at itinataguyod ang pagbangon at paglakas ng bagong sumisibol na kapangyarihan ng mamamayan. Sa kalagayan ng "malaking kaguluhan," nagaganap ang mabilis at biglang disolusyon at reorganisasyon matapos ang matagal na panahon ng labanan at tunggalian sa hanay ng iba't ibang pwersang pampulitika ng daigdig. Sunud-sunod na natamo ng ilang bayan sa Asya, Aprika at Latina Amerika ang kasarinlan at guaganap ng lumalaking papel sa mga usaping pandaigdig. Hindi na umiira ang sosyalistang kampo na panandaliang umiral matapos ang digmaan dahil naging sosyal-imperyalistang estado ang Unyong Sobyet na dati'y sosyalistang estado. Dahil sa batas ng di pantay na pag-unlad sa kapitalismo, nalulusaw rin ang imperyalistang blokeng Kanluranin. Mula sa punto de bista ng mga pagbabago sa internasyunal na reslasyon, may tatlong magkakaugnay, pero magkakasalungatna aspeto at tatlong daigdig sa kasalukuyang daigdig. Ang imperyalismong Amerikano at rebisyunismong Sobyet ang Unang Daigdig. Bigong tinatangka ng dalawang superpower na dominahin ang daigdig at siyang pinakamalalaking internasyunal na mapagsamantala, mapanakop at pinagmumulan ng bagong digmaang pandaigdig. Mayroon silang malalaking kantidad ng mga sandatang nukleyar at mainit na nagpapaligsahan sa armas. Sa labas na kani-kanilang bayan, nag-iistasyon sila ng malalaking bilang ng sundalo, nagpapanatili ng malalaking bilang ng base militar, patuloy na nagkokontrol, nananabotahe, nanghihimasok at nananalakay ng ibang mga bayan, pinagsasamantalahan sa ekonomya ang ibang mga bayan. Kung pambabraso sa ibang mamamayan ang pag-uusapan, higit na malisyoso ang rebisyunistang imperyalismong Sobyet na nagwawagayway ng sosyalistang bandila. Ang umunlad na mga bayan sa Asya, Aprika at Latina Amerika at iba pang mga bayan ang Ikatlong Daigdig. Inaapi at pinagsasamantalahan sila ng kolonyalismo at imperyalismo. Sila ang rebolusyonaryong motibong pwersa na nagpapasulong sa gulong ng kasaysayan at mayor na nagtutulak sa paglaban sa kolonyalismo, imperyalismo at laluna mga superpower. Ang mauunlad na bayan sa pagitan ng Una at Ikatlong Daigdig ang bumubuo ng Ikalawang Daigdig. Masalimuot ang kanilang kalagayan. Ang ilan sa mga ito ay nagpapanatili ng ilang

anyo ng relasyong kolonyal sa mga bayan sa Ikatlong Daigdig. Kaalinsabay, lahat ng mauunlad na bayang ito ay nakapailalim sa isang antas sa kontrol, pagbabanta, at di patas na pagtrato mula sa superpower na iyon o ito. Iba't iba ang kanilang pagnanais na mapalaya ang sarili mula sa pang-aalipin at kontrol ng mga superpower at ipagtanggol ang kanilang pambansang kasarinlan at integridad ng kanilang soberanya. Ang Tsina ay isang sosyalistang estado at isa ring umunlad na bayan. Kabilang ang Tsina sa Ikatlong Daigdig. Konsistenteng tumatalima ang mamamayang Tsino sa mga itinuro ni Tagapangulong Mao, matatag na sumusuporta sa pakikibaka ng aping mamamayan at bansa na lumaban at ipagtanggol ang pambansang kasarinlan, at nilalabanan ang kolonyalismo, imperyalismo at hegemonya. Nakatindig sila sa hanay ng mamamayan ng Ikatlong Daigdig at sa hanay ng buong daigdig para isulong ang gulong ng kasaysayan.

Umuunlad ang kasaysayan sa pamamagitan ng pakikibaka. Ang daigdig ay sumusulong sa gitna ng instabilidad. Ang bukang-liwayway ng bagong daigdig na wala nang imperyalismo, walang kapitalismo, at walang mapagsamanatalang mga sistema ay abot-tanaw. Itinuturo sa atin ng dakilang Tagapangulong Mao, "Maningning ang kinabukasan pero mapanganib ang landas."[13] Ating itaas ang matagumpay na bandila ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tse-tung, makiisa sa pandaigdigang proletaryado at aping mamamayan at bansa ng daigdig, maging matatag, huwag matakot sa sakripisyo, at pangibabawan ang bawat kahirapan para kamtin ang tagumpay!

**Pangunahing mga Sanggunian sa Pag-aaral**

Marx and Engels, Manipestong Komunista
Marx, Kritika sa Programang Gotha
Lenin, Estado at Rebolusyon, chapter 5
Mao, *"*Hinggil sa Bagong Demokrasya*,"* SW 2

**Mga Tanong sa Pagbabalik-aral**

1. Ano ang ugnayan at pagkakaiba sa pagitan ng lipunang komunista at lipunang sosyalista? Ano ang pinakabuod ng huwad na komunismo?
2. Ano ang mga kondisyon na kailangang likhain para makamit ang komunismo? Bakit natin sinasabi na ang pagkakamit ng komunismo ay isang malalim na rebolusyong panlipunan?
3. Paano itinatatag ng rebolusyonaryong mandirigma ang malawak na simulain ng komunismo at ipinaglalaban ang komunismo sa kanyang buong buhay?

**Mga Tala:**

1. Mao, "Ang Rebolusyong Tsino at ang Partido Komunista ng Tsina," SW, p.331.
2. Lenin, "Ang mga Tungkulin ng Proletaryado sa Ating Rebolusyon," CW 24 (1974), pp. 84-85
3. Marx, Kritika sa Programang Gotha, p. 17
4. Mao, "Hinggil sa Praktika," SW 1, p. 308.
5. Mao, "Hinggil sa Demokratikong Diktadurang Bayan," SW 4, p. 411
6. Mao, "Hinggil sa Bagong Demokrasya," SW 2, p. 260
7. Lenin, "Ang Istorikong Kapalaran ng Doktrina ni Karl Marx," CW 18 (1973), p. 584.
8. Sinipi sa "Leninismo o Sosyal Imperyalismo," Peking Review 17 (24 April) 1970, p.7
9. Mao, "Bakit Kinakailangang Talakayin ang Puting Papel," SW 4, p. 444
10. Mao, "Hinggil sa Taktika Laban sa Imperyalismong Hapon," SW 1, p. 170

11. Lenin, "Ulat hinggil sa Patakarang Panlabas na Binigkas sa Pinagsamang Pulong ng Sentral na Komiteng Tagapagpaganap para sa Buong Rusya at ng Sobyet ng Moscow, Mayo 14, 1918," CW 27, pp. 372-73
12. Sinipi kay Lin Piao, "Ulat sa Ikasiyam na Pambansang Kongreso ng PKT," sa Mahahalagang Dokumento hinggil sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura sa Tsina (Peking: Foreign Languages Press, 1970), pp. 62-63
13. Mao, sinipi sa PKT, Mga Dokumento ng Ikasampung Kongreso ng Partido, p. 37

## Apendiks*

# TALA NG TAGAPAGLATHALA

Ang *Maoistang Ekonomya at Ang Rebolusyonaryong Landas sa Komunismo: Ang Teksbuk ng Shanghai hinggil sa Sosyalistang Ekonomyang Pampulitika* ay orihinal na inilathala sa Tsina noong Disyembre 1975 sa pamagat na *Mga Pundamental ng Ekonomyang Pampulitika*. Ang unang bahagi ng edisyong Tsino ay isang paglalahad ng ekonomyang pampulitika ng kapitalismo at imperyalismo. Hindi kabilang dito ang bahaging iyon dahil ang pinakamapagpasya at pinakapamalagian sa akdang ito ay ang pagtalakay nito sa sosyalismo – kaya binago ang pamagat. Gayunman, sa kabuua'y pinanatili ang pambungad na tsapter ng akdang ito na tumatalakay sa nilalaman at paraan ng Marxistang ekonomyang pampulitika.

Para sa bagong edisyong ito sa wikang Ingles, isinama ang Pambungad at Pangwakas na Salita ni Raymond Lotta, isang listahan ng mungkahing materyales sa pagbabasa hinggil sa sosyalistang ekonomyang pampulitika at indeks. Ang Mga Mayor na Sanggunian sa Pag-aaral at Mga Tala sa huling bahagi ng bawat tsapter ay mula sa orihinal na edisyong Tsino; idinagdag ng patnugot ang mga paliwanag na makikita sa mga talababaan ng pahina. Hinalaw at idinagdag bilang suplemento sa Tsapter 4 ang isang artikulong orihinal na inilabas sa *[Pulang Bandila/Red Flag]* at pagkaraa'y sa *Peking Review* noong 1976. Hindi na isinama ang mga tanong sa pag-aaral na nasa huling bahagi ng bawat tsapter ng edisyong Tsino. Inalis ang tsapter hinggil sa panlabas na ugnayang pang-ekonomya ng sosyalistang Tsina. Ang tsapter ay isa lamang patuloy na teorisasyon ng akda sa sosyalistang lipunan kaysa isang pagtatasa sa ilang patakaran sa diplomasya, ayuda at kalakalan noong maaga at kalagitnaang bahagi ng dekada 1970, at ang pagtalakay sa makauring katangian at mga posibilidad para sa pagpapaunlad ng ekonomya ng mga nagsasariling estado ng Ikatlong Daigdig ay lumihis nang husto mula sa teoretikal na balangkas ng librong ito. Ang saling Ingles ng mas naunang (1974) edisyon ng buong akda, kabilang ang seksyon hinggil sa kapitalismo, ay mabibili bilang *Mga Pundamental ng Ekonomyang Pampulitika* na isinalin at inedit ni George Wang (Armonk, New York: M. E. Sharpe, 1977).

Ang saling ito ay ginawa ng isang pangkat gamit ang 1975 tekstong Tsino at ang salin ni Wang ng edisyong 1974.Ang saling Ingles na inilimbag ng Republikang Bayan ng Tsina noong panahong inilabas ang akda ay ginamit bilang pamantayan sa pagsusulat at sa estilo. Hinalaw ang mga sipi mula sa mga sanggunian at saanman posible'y binibigyang pagkilala ang upisyal na saling Tsino at mga pinaniniwalaang pinaghalawan sa wikang Ingles. Karamihan ng mga pangalan, termino at lugar na

* Ito ang Tala ng Tagapaglathala at Introduksyon ng *Mga Pundamental na Prinsipyo ng Ekonomyang Pampulitika* na inedit ni Raymond Lotta at inilathala ng Banner Press, New York noong 1994.

Tsino sa teksto ay isinaromano alinsunod sa sistemang Wade-Giles na sistema ng transliterasyon na pinakamalawakang ginagamit noong unang inilabas ang akdang ito. Kahit pa nga pinalitan na ito ng sistemang ponetiko (pinyin), pinananatili ng saling ito ang sistemang Wade-Giles sa pagbabaybay para matulungan ang mga mambabasa na sumangguni sa mga bibliograpikong pagkilala at mga sanggunian.

## PAMBUNGAD: ANG SYENSYANG PANG-EKONOMYANG MAOISTA AT ANG KINABUKASAN NG SOSYALISMO

*Ang Maoistang Syensyang Pang-ekonomya at ang Rebolusyonaryong Landas tungong Komunismo: Ang Teksbuk ng Shanghai hinggil sa Sosyalistang Ekonomyang Pampulitika* ay interesante para sa sinumang nakakakita na malupit at di makatarungan ang kasalukuyang kaayusang panlipunan at naghahangad na magkaroon ng pundamental at radikal na pagbabago. Ito'y dahil ipinapaliwanag ng librong ito ang isang mapagpalayang sosyalismo. Ipinapaliwanag nito ang isang mapagpalayang syensyang pang-ekonomya. Ipinapaliwanag nito ang Maoismo.

Maoorganisa ba ang lipunan sa isang pundasyon bukod sa pagsasamantala, kumpetisyon at pribadong ganansya? Ang alienasyon, pagkakawatak-watak ng lipunan at burukratikong dominasyon ba ang di maiiwasang resulta ng pag-unlad ng ekonomya at teknolohiya? Ang sinubukan at nakamit noong panahon ng rebolusyonaryong Tsina sa pagitan ng mga taong 1949 at 1976 ay humahamon sa mahigpit na kinapitang palagay sa kung ano ang kayang gawin ng sangkatauhan. Sinulat ang librong ito noong 1975 at sumasalamin sa pinakamaunlad na karanasan ng sosyalistang syensyang pang-ekonomya na natunghayan ng daigdig.

Ang sosyalistang rebolusyon ng Tsina ay nagsimula noong 1949 sa pag-agaw ng mga manggagawa at magsasaka sa kapangyarihan sa buong bansa sa pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina. Dumaan ang rebolusyon sa maraming mahahalagang yugto na kinatatangian ng mga pagbabago sa sistema ng pagmamay-ari, paglikha ng bagong sosyalistang mga anyo sa ekonomya at institusyon at pangmasang mga pampulitikang kampanya at pag-aalsa. Nagapi ang sosyalistang rebolusyon ng Tsina at nagwakas noong 1976 nang pabagsakin ng isang kudetang militar ang kapangyarihan ng uring manggagawa. Ang 27 taon ay isang iglap lamang sa mahabang kasaysayan. Pero kung ang nakamit noong mga taong 1949-1976 ang pag-uusapan, ito'y isang bagay na talagang makasaysayan. Sangkapat ng sangkatauhan ang magiting na nakibaka para hawanin ang isang landas tungo sa kinabukasan at nakipagsapalaran sa isang paglalakbay ng walang kapantay na transpormasyon sa pulitika, ekonomya at lipunan. Ang librong ito ay bahagi ng walang kupas pamana ng pagpupunyaging iyon. Ipinagbabawal ngayon sa Tsina ang librong ito!

Isang mapagpalayang syensyang pang-ekonomya? Sa burges na syensyang pang-ekonomya, walang maaapuhap na pagmamalasakit, solusyon pa kaya, sa malalaking problema ng lipunan tulad ng kahirapan, di pagkakapantay-pantay o pagkasira ng kapaligiran. Sa halip, mas makitid at nagmamatwid-sa-sarili ang direksyon nito. Nariyan ang mga diskurso kung paano tutungo ang mekanismo ng presyo sa episyenteng alokasyon ng mga rekurso – kailanma'y hindi naging usapin ang pagkaepisyente para saan at para kanino; sa tutularang mga modelo ng pagpapasya at "perpektong kumpetisyon" sa isang ekonomyang nakabatay sa pamilihan na nag-aalis sa tunay (di pantay) na istruktura ng ekonomya at ng kapangyarihan sa pulitika na nagtatago sa tunay na daigdig ng tunggalian (kapitalista laban sa manggagawa, kapitalista laban sa kapitalista, imperyalistang karibal laban sa imperyalistang karibal); sa alamat ng "pangkalahatang balanse" pero kung tutuusin, isang sistemang may tendensya sa krisis ang kapitalismo, na hindi makapaggarantya ng lubusang paggamit ng mga rekurso at paggawa; at sa di maintindihang matematikong pagtrato ng mga dalubhasa sa mga

isyu tulad ng kalakalang pandaigdig na hindi maisama sa kwenta kahit paano ang pandaigdigang gutom.

Sa harap ng matingkad na pagpapaiba ng daigdig na inilarawan sa kanilang abstraktong teorya at ng katotohanang nakakawasak ng buhay, ipinaliwanag ng mga ekonomistang burges na iyong mga bagay tulad ng diskriminasyon sa lahi o polyusyong pang-industriya ay "mga depekto" o "mga negatibong bagay sa labas" ng isang ekonomyang nakabatay sa pamilihan – ibig sabihin, di sinasadya pero periperal na pagpalya sa pagtakbo ng isang sistemang nagwawasto-sa-sarili. At huwag mabahala dahil sa kalauna'y magkakabisa rin ang mahika ng pamilihan. Ito ang sentrong ideya ng kapitalismo, kung babalikan ang bantog na talinghaga ni Adam Smith hinggil sa "di nakikitang kamay" na nagsasaad na ang mga indibidwal na nagtataguyod ng kanilang makasariling layunin at kumikilos nang nagsasarili ay mag-aambag sa kung ano ang makatwirang pinakamakakabuti para sa lahat.

Ipagwawalambahala ng mga burges na tagapagtaguyod bilang kakatwa na may kinalaman ang syensyang pang-ekonomyang sa paglulutas ng pagkakahati ng lipunan sa mayroon at wala, at sa paglikha ng kundisyon para sa lahatang-panig na pag-unlad ng malayang-nag-uugnayang mga tao. At tama sila… mula sa punto de bista ng mga kapitalistang batas sa ekonomya. Ang burges syensyang pang-ekonomya, tulad ng lipunang burges, ay sensitibo lamang sa kung ano ang mabibili at maibebenta, sa pagkita at pagkalugi. Tunay nga na ang kapitalismo ay isang sistemang humaharap at tumutugon sa mga pangangailangan ng tao bilang isa sa mga *byproduct* ng paghahabol ng tubo. Isa itong lohika ng maksimisasyon ng tubo na nakabase sa pagsasamantala at pang-aapi. At hinuhubog at ipinaiilalim nito ang lahat sa kanyang kaharian – mula sa pisikal na kaayusan, hanggang sa proseso ng paggawa, hanggang sa relasyon ng kalalakihan at kababaihan.

Ang pananaw, teoryang pang-ekonomya at karanasan sa pagtatayo ng isang bagong lipunan na nilagom sa *Maoistang Ekonomya at Ang Rebolusyonaryong Landas tungong Komunismo (*na mula ngayo'y tinatawag na *Ang Teksbuk ng Shanghai)* ay nagtuturo ng isang ganap na naiibang direksyon. Lumilikha ng isang bagong klase ng ekonomya ang sosyalistang rebolusyon. Hindi na pribadong pag-aari ng isang minorya ng lipunan ang mga kagamitan sa produksyon kundi nasa kolektibong kontrol na ng lipunan. Ang mga rekursong pang-ekonomya ay hindi na ginagamit sa pagpapalaki ng tubo kundi para matugunan ang mga pundamental na pangangailangan at interes ng masa ng sambayanan. Hindi na ipinatutupad ang produksyong panlipunan nang wala munang plano o layuning panlipunan kundi binabalangkas na ngayon alinsunod sa mga mulat na pinagtibay na layunin, at kinokoordina sa kabuuan. Ang mga mekanismo at motibasyon ng kapitalismo ay nagbibigay daan sa bagong bagay: pagpaplanong panlipunan, kooperasyong panlipunan, at mulat na paglahok ng masa sa lahat ng aspeto ng pag-unlad sa ekonomya at lipunan. Maaari nang simulang kamtin ang potensyal sa iba-iba at lahatang-panig na aktibidad ng tao na inilagay ng mga kapangyarihan ng produksyong panlipunan sa abot-kamay.

Ang ibig sabihin ng lahat ng ito, hindi naman dapat umiral ang matinding hirap, dehumanisasyon, at di pagkakapantay-pantay na araw-araw nangyayari sa kapitalismo. Ang malaking agwat ng mayaman at mahirap, salot ng disempleyo, pang-aapi at degradasyon sa kababaihan sa lipunan, panlulupig at diskriminasyon sa lahat ng bansa at nasyunalidad, mga problema sa pangangalaga sa kalusugan, pabahay, at pagkabulok ng kalunsuran … ang mga ito at iba pang sakit ng makauring lipunan ay maaaring harapin at igpawan. Hindi kailangan ang desperado at mahigpit na tunggalian ng lahat laban sa lahat para mabuhay at makaungos. Ang pagkamalikhain, enerhiya at kasidhian sa layunin ng "mga taong balewala" na nasa ibaba ng lipunan ay maaaring mapapakawalan sa isang malawak at mapagtranspormang antas. Maaaring talakayin ang mga problema para magkaroon ng kolektibong solusyon; maaaring pagdebatihan ng milyun-milyong mamamayan ang mga pangangailangan at direksyon ng lipunan. At sa pamamagitan ng prosesong ito ng tunggalian at debate, ang mamamayan ay maaaring magbago ng gawi na di mahihinagap sa ilalim ng kasalukuyang kaayusan. Ginagawa itong posible ng sosyalismo.

Nabubuhay tayo sa daigdig na kung saan ang mga aktibidad ng buhay ng mayorya ng anakpawis ay nakapailalim sa nagkokontrol na kapangyarihan ng minoridad na may interes na salungat sa kanila. Nabubuhay tayo sa daigdig na kung saan ang mga buhay ng mamamayan ay pinaghaharian ng mga bulag na pwersang pang-ekonomya: ang ispontanyong galaw ng isang presyo ng *stock* o kalakal ay maaaring literal na magbago sa loob ng magdamag sa buhay ng milyun-milyong mamamayan sa buong daigdig. Pero sa pagkakalikha ng isang sistema ng organisadong lipunan at produksyong pinangangasiwaan ng lipunan, ang sangkatauhan ay dumadaan sa isang istorikong simula. Hindi na mababalot ng kahiwagaan ang istruktura at pagtakbo ng lipunan kundi maaaring matutunan ng komunidad ng mga indibidwal na bumubuo dito. Sa kabuuan, hindi na haharapin ng sistemang pang-ekonomya at ng lipunan ang masa ng sambayanan bilang isang bagay na panlabas, dayuhan at nagdodomina kundi magiging isang bagay na papahigpit nang papahigpit nilang mulat na pinanghahawakan, itinatransporma at pinag-aaralang mabuti sa kapakanan ng kanilang mga interes. Sa katunayan, tungkol doon ang librong ito.

Binibigyang-diin ng Maoismo na hindi sapat ang pag-unlad ng ekonomya mismo, ni hindi ito ang esensya ng sosyalismo. Ang pag-unlad ay dapat nagsisilbi sa at pinapatnubayan ng mas malalaking layuning pampulitika at panlipunan – sa saligan, ang pagpupunyagi ng proletaryado at masang anakpawis para matutunan nang husto ang lahat ng aspeto ng lipunan at sa bandang huli'y pawiin ang mga uri sa pandaigdigang antas. Ang pagbabagong pang-ekonomya at ang paglikha ng yaman ng lipunan ay dapat may kaalisabay na pagbabago sa bawat larangan ng lipunan kabilang ang napakahalagang pagbabago sa pananaw at pag-iisip ng mamamayan. Binibigyang-diin ng Maoismo na ang mamamayan ang mapagpasya, hindi ang "mga bagay". Ang mulat na aktibismo ng masang anakpawis ang mahalagang salik ng pag-unlad ng ekonomya at lipunan, hindi ang kapital na *stock* o antas ng teknolohiya. Dapat matutunan nang husto ng masang anakpawis ang teknolohiya, hindi ang taliwas nito. At binibigyang-diin ng Maoismo na ang sosyalistang proyekto ay nakabatay sa patuloy na pagpapasigla dito: dapat magpatuloy ang rebolusyon at dapat tuluy-tuloy na isinusulong ang makauring pakikibaka para matransporma ang lipunan at ang daigdig. Tama, ito ay talagang isang naiibang paraan sa ekonomya at sa kabuuang pag-unlad ng lipunan.

Nang ilathala ang *Ang Teksbuk ng Shanghai* noong 1975, kasalukuyan pang sinusuong ng Tsina ang ekstraordinaryong pakikibaka at kaguluhan ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Ang mga pabrika sa Shanghai at sa maraming iba pang lunsod ay nag-eeksperimento ng mga bagong anyo ng paglahok ng mga manggagawa sa pangangasiwa. Tinatalakay ng mga magsasaka ang mga paraan kung paano pa rin naiimpluwensyahan ang kanilang buhay ng patriarkiya at awtoritaryang mga pagpapahalaga ni Confucius. Nananaliksik ang mga syentista sa hanay ng mga manggagawang may mayamang karanasan sa praktika at nakikipagpalitan ng kaalaman sa kanila. Pana-panahong pinupuna ang mga administrador dahil sa di paglubog sa masa. Naging mga manggagawa ang mga inhinyero, estudyante ang mga guro, kolektor ng basura ang mga upisyal sa pulitika at kabaligtaran ng mga ito! Isa itong lipunan, at bihirang tumutol ang kaibigan at kaaway man, na mulat na ihinahanay ang sarili laban sa kapitalismo.

Walang aspeto sa pag-unlad ng ekonomya at organisasyon ang binalewala – kahit pa nga ito ang diumano'y di matatakasang landas ng "modernisasyon" at urbanisasyon (gumawa ng mapangahas na mga hakbang ang rebolusyonaryong Tsina para makawala sa Kanluraning tradisyon at sa mas bagong padron ng magulo at tagibang na pag-unlad ng kalunsuran at industriya ng Ikatlong Daigdig, at para pagsanibin ang industriya at agrikultura at ang kalunsuran at kanayunan); o teknolohiya (binigyang-diin ng mga Maoista na ang disenyo, mga aplikasyon at relasyon ng mamamayan sa teknolohiya ay hinuhubog hindi lamang ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa kundi pati na ng mga relasyon sa lipunan ng isang sistemang pang-ekonomya); o ang ideya mismo sa kung ano ang ibig sabihin ng pagiging episyente at ng optimalidad ng ekonomya (na nakita sa mas malawak na mga terminong pang-ekonomya at panlipunan kaysa isang makitid na balangkas ng*cost-effectiveness* [sulit sa gastos]).Ito

ay isang sosyalismo na humarap sa hamon hindi lamang ng brutal na kalkulus na tubo-higit-sa-lahat at mga katawa-tawang pamamaraan ng organisasyon ng kapitalismo kundi pati na ng pananaw na "ako-muna" sa kabuuan nito. Ang "paglingkuran ang sambayanan" ay hindi lamang isang islogang maningning na palamuti sa mga pader ng mga pabrika, eskwelahan, ospital at maliitang tindahan; isa itong pamantayang pang-ideolohiya na ginagamit ng sampu-sampung milyong mamamayan para husgahan ang kanilang sarili at ang iba. Isa itong rebolusyong nagtaguyod ng inisyatiba, pagkamalikhain at mapanghamon … pero para sa kapakanan ng kolektibidad hindi pansarili.

Hindi na kailangan pang banggitin na ang Tsina ay isang napakanaiibang lipunan ngayon. Nang mamatay si Mao Zedong noong 1976, naglunsad ng isang kudetang militar ang mga makakanang pwersa sa pamumuno ni Deng Xiaoping.* Ang sistematikong pagbuwag sa sosyalismo, panunumbalik ng kapitalismo at muling pagpapailalim ng Tsina sa imperyalismo ay nagsimula na.

Marahil, ang malaking pagbabagong ito ay mailalarawan nang husto sa islogang itinaguyod ng bagong liderato noong maagang bahagi ng dekada 1980: "marangal ang magpayaman". At kaya nangyari ito … sa ilan. Nagbukas ng pamilihan ng *stock* ang Shanghai; lehitimong aktibidad na ngayon ang ispekulasyon sa lupa sa kalunsuran; itinayo ang mga espesyal na sonang pang-ekonomya para maglingkod sa mga korporasyong multinasyunal. Ginawa ng mga lider ng Tsina ang bayan na isang kompleks na pang-asembol na nagpapasahod nang mababa at baseng pangproduksyon para sa lokal at dayuhang kapital – noong maagang bahagi ng 1992, karaniwan nang 45 bagong negosyong pinipinansyahan ng dayuhan ang kinokontrata bawat araw. Pinagsabihan ang mga manggagawa na tuluy-tuloy na magtrabaho nang husto at huwag makialam sa pulitika. Sa kanayunan, sa ilalim ng bandila ng reporma, binuwag ang mga komuna at kinamkam ng mga nakapusisyon ang mga propyedad ng kolektibong pangkanayunan. Pinuwersa ng ibinunga nitong polarisasyon sa lipunan ang mga maralitang magsasaka na lumikas sa mga kalunsuran. Mabilis na lumalaki ang di pagkakapantay-pantay sa ekonomya at lipunan sa pagitan ng pinapaborang mga lugar sa baybayin (kung saan nagaganap ang karamihang pag-unlad ng Tsina) at ng malawak na mga rehiyon sa loob ng bayan (kung saan karaniwan na ang istagnasyon at karalitaan).

Ipinapakita na ngayon ng ekonomya ang mga palatandaan ng siklo ng pag-unlad na pagsigla-pagbagsak. Isa rin itong landas sa kapahamakan ng ekolohiya. Ang mga panandaliang interes ng paglago at tubo ay nagresulta sa pagpapabaya at pag-abuso sa irigasyon at mga pampigil sa baha, pagkakalbo ng matatanda nang mga kagubatan ng bayan at malawakang pagtatambak ng basurang pang-industriya na nagpopolyut sa mga pinagkukunan ng malinis na tubig. Lumalaki ang utang panlabas at pagiging palaasa ng Tsina. Nanumbalik ang mga dating sakit ng lipunan: Sa kanayunan, ang pagpatay sa mga sanggol na babae (dahil ang lakas paggawa ng kalalakihan ay itinuturing ngayong isang mahalagang propyedad sa ekonomyang bawat-pamilya-para-sa-pamilya-mismo na itinitimo sa mayorya ng kanayunan) at karahasan ng angkan; sa kalunsuran, disempleyo, pamamalimos at prostitusyon. Sa kultura, ang mga imahe ng rebolusyonaryong kababaihang "tangan-tangan ang kalahati ng kalangitan" ang nagbigay-daan sa mga simbolo ng kababaihan bilang mga masunuring maybahay, mga mamimili na "magarang magdamit-para-sa-tagumpay" at mga bagay na pangseks. Napakamalaganap ng korapsyon sa lipunang Tsino kaya hindi na ito kagulat-gulat.

Ang mga ito ang pang-ekonomya at panlipunang realidad sa likod ng ipinagyayabang na antas ng pag-unlad ng Tsina. At matalas na napokus ang realidad sa pulitika dala ng 1989 masaker ng mga manggagawa't estudyante sa Tiananmen Square. Ganoon ang bagong (dating) Tsina. Sosyalista sa pangalan lamang ang Tsina ngayon. Pero ang kwentong laganap sa Kanluran ay ang "praktikal" na

---

* Ginampanan ni Deng ang kanyang papel sa kudeta nang hindi nakalitaw. Si Hua Guofeng ang nominal na lider, pero mulat sapul, si Deng ang kumakatawan sa namumunong pwersa sa likod ng kudeta at sa sumunod na pagpapanumbalik ng kapitalismo. Matapos niyang matugunan ang reaksyunaryong layunin ni Deng, tinabig si Hua at nagretiro at di na narinig muli.

mga lider na nakapaligid kay Deng Xiaoping ay nagdala ng katinuan sa lipunang saklot ng totalitaryang kahibangang Maoista. Totoo, patuloy ng mga tagapagtanggol nito, may mga di kanais-nais na gawaing pampulitika, pero kapag pumanaw na ang mga nanunungkulang may edad na walumpung taon, ganap na yayabong ang demokratisasyon (institusyonalisadong kontrol at panlilinlang na estilong-Kanluranin). Sa katotohanan, winasak ang pangingibabaw ng mga manggagawa't magsasaka; pinanumbalik ang ari-arian at hirarkiya at inilagay ang tubo sa komand ng pag-unlad ng ekonomya. Pinanumbalik ng bagong uring nagsasamantala hindi ang katinuan kundi ang kapitalismo – ang mismong binabala ni Mao na maaaring mangyari kung maaagaw ng mga makakanan sa loob ng Partido Komunista ang kapangyarihan. Ang ibinagsak at ginawa ng "mga naglandas kapitalistang" ito ang eksaktong idinidityalye at pinanghahawakan ng librong ito.

Ang *Ang Teksbuk ng Shanghai* ay isa sa pinakakumpletong pagpapahayag ng mga rebolusyonaryong Maoista ng kanilang mga pananaw hinggil sa katangian at takbo ng sosyalistang alternatibo sa kapitalismo. Nagbigay ito ng mayor na kontribusyon sa sosyalistang teoryang pang-ekonomya. Magiging mahalaga ang ganoon sa anumang sirkunstansya. Pero sa kasalukuyang takbo ng daigdig, napakahalaga ng libro – dahil may nagigiit na sa katunaya'y walang alternatibo sa kapitalismo. Pinapaniwala tayong ang sosyalismo ay bigo … at tiyak na mabibigo.

Alam ng sinumang nabuhay sa huling ilang taon na naglunsad ng pang-ideolohiyang parada ng tagumpay ang mga naghaharing uri sa Kanluran. Nagsimula ito sa pagbagsak noong 1989 ng mga rehimeng dominado ng Sobyet sa Silangang Europa. At ito'y naging isang makasaysayang pagdiriwang dahil sa pagkakawatak-watak ng Unyong Sobyet mismo. Pero hindi sosyalismo ang bumagsak sa dating Unyong Sobyet. Isa itong partikular na anyo ng kapitalismo, isang napakasentralisadong monopolyong kapitalismo ng estado kung saan ang pagmamay-ari ng estado at pagpaplano ng estado ay ipinuhunan nang may kapitalistang nilalaman. Walang anumang rebolusyonaryo sa lipunang ito na pinagwatak-watak ng uri, mapagsamantala at mapang-api. Sa katotohanan, ang sosyalismo sa Unyong Sobyet ay naibagsak noong dekada 1950 – at ang mga aral sa karanasang Sobyet ang mayor na mga paksa ng librong ito.[*]

Ang ipinagdiriwang ng mga naghaharing uri ay ang kapitalismong estilong-Kanluranin. Sinasabi nilang wala nang ibang kaayusang pang-ekonomya ang makakagampan na kasing episyente o rasyunal; walang iba pang sistemang pampulitika ang makakapagbigay ng pagkakataon para sa indibidwal na pag-unlad. Hindi na baleng sa huling 30 taon ay dumoble ang agwat ng mayayaman at mahihirap na bansa sa napakahusay na ekonomyang pampamilihan ng daigdig, o na sa isang Ikatlong Daigdig na pinangingibabawan ng internasyunal na mga kapitalistang institusyong pang-ekonomya at pampulitika, o sa bawat araw ay 40,000 bata ang namamatay sa malnutrisyon at sa mga sakit na maiiwasan. Hindi na baleng dumaranas ang Kanluran ng pinakamasakit at pinakamatagalang global na paghina ng ekonomya pagkatapos ng gera. Hindi na bale ang nakakahiyang pahayag na ang isang pamilihang estilong-Kanluranin na namiminsala sa pinakaloob na mga lunsod ng U.S. ang sa anu't numan ay makakalutas ng krisis sa pabahay ng Rusya. Hindi na bale ang tatlong siglo ng kaunlarang pang-industriya na naging kasing bulag ng pagiging mapandambong nito sa ekobalanse ng planeta. Hindi na bale ang isang sistemang nag-aatas sa mamamayan na gawing perpekto ang kanilang sarili bilang mabentang mga produkto sa mga pamilihan ng trabaho at relasyong pantao. Balewalain ang lahat ng iyon … tinitiyak ng pamilihan ang pinakamabuti sa lahat ng posibleng larangan.

Kung nagdeklara ng tagumpay laban sa pagsasamantala at katiwalian ang Kapitalismong Kanluranin na nagbalatkayong sosyalismo sa blokeng Sobyet, ginagamit din nito ang pagkakataon

---

[*] Para sa isang pagsusuri ng saligang katangian ng monopolyo-kapitalismo ng estado na umiral sa dating Unyong Sobyet, tingnan ang Raymond Lotta, *Ang Unyong Sobyet: Sosyalista o Sosyo-Imperyalista?* (Chicago: RCP Publication, 1983).

para ideklarang walang-saysay ang posibilidad na malalampasan ng sangkatauhan ang pagsasamantala, di pagkakapantay-pantay, pagkakawatak-watak at isang panlipunang embayronment ng kasakiman at pagkamakasarili para lumikha ng isang lubos na naiibang klase ng lipunan. Hindi lamang ipinangangalandakan ng mga naghaharing uri ang "hatol ng kasaysayan" kundi "ang katapusan ng kasaysayan"; hindi na maaaring ibayong sumulong ang lipunan at kasaysayan – na para bang sa pagpapala ng diyos, nakamit ng Kanluran ang pinakamimithi sa lahat ng sibilisadong mamamayan. Sa pinakamabuti, ang anumang humahamon sa kapitalismo ay pangangarap nang gising at sa pinakamasahol ay isang di uubrang utopyang ipinataw mula sa itaas na maaaring humantong lamang sa bangungot. Ang parada ng tagumpay ay, tulad ng paglalarawan ng mananaysay na si Arno Mayer, isang "masigabong pagdiriwang ng distopya". Ibig sabihin, dahil hindi maaaring magkaroon ng perpektong daigdig, kailangang ipagbunyi ang kasakiman at pagsasamantala at katusuan. At lahat ng ito ay may epekto sa pulitika. Para sa marami na sa isang pagkakataon o iba pa ay kumiling sa mga alternatibo sa kapitalismo, ang pagbagsak ng sistemang pang-ekonomya at pampulitika ng Sobyet na ipinagkamaling sosyalista at ang pang-iodeolohiyang pagsalakay laban sa sosyalismo ay humantong sa malalim na pagtatanong at pagdududa hinggil sa katangian at kinabukasan ng sosyalismo.

Ang isyu dito ay ang pagiging posible ng rebolusyonaryong komunismo: kung posible bang wakasan o hindi ang lahat ng pagsasamantala at pagkakaiba-iba ng uri batay sa boluntaryo at kolektibong pagsisikap ng milyun-milyong mamamayan, kung maaari bang magsilbi o hindi sa ganoong mga layunin ang lideratong pampulitika at mga institusyong pang-ekonomya; kung sa katotohana'y uubra ang isang sosyalistang ekonomya. Sa paghahapag ng ganoong mga usapin, si Mao at ang karanasan ng rebolusyonaryong Tsina hanggang sa mamatay siya noong 1976 ay isang pundamental na puntong mapagsisimulan. Ipinalaganap ng mga ideolohistang burges ng estado ng dating Unyong Sobyet ang isang bulgar na huwad na Marxismo na ipinakahulugan ang sosyalismo sa pormal at ligal na pagmamay-ari ng estado, mapagkalingang kawanggawa, kahusayang pangteknokratiko at pagkapasibo sa pulitika. Salungat dito, muling binuhay ni Mao ang pananaw nina Marx at Engels tungkol sa komunistang lipunan at ang maikli pero makasaysayang karanasan ni Lenin sa pagpapatupad ng mga praktikal na pagsisikap tungo sa paglikha ng isang bagong sosyalistang lipunan bilang transisyon tungo sa ganap na komunistang lipunan kung saan sa pamamagitan ng mga dakilang pakikibaka ay mulat at boluntaryong babaguhin ng kalalakihan at kababaihan ang daigdig at ang kanilang mga sarili. Kaalinsabay nito, habang pinag-aaralan ang mga positibong karanasan ng unang pagsisikap na magtayo ng isang sosyalistang ekonomya sa Unyong Sobyet, muling pinag-isipan nang malalim at muling binuo ni Mao ang umiiral na modelo ng isang planadong sosyalistang ekonomya na isinainstitusyon ni Stalin.

Kinonseptwalisa at ipinatutupad ni Mao ang isang bungkos ng solusyon sa tunay na mga problema sa pagpapaunlad ng isang planadong sosyalistang ekonomya na hindi umaasa sa burukratikong regulasyon o nagbubunga ng mapang-aping mga kapitalistang relasyon. Ang paraan niya ay nangahulugan ng pagpapailalim ng paglago at pag-unlad sa pamantayang panlipunan at pampulitika, pagkawing ng usapin sa koordinasyong pang-ekonomya sa usapin ng inisyatiba at paglahok ng masa, pagbibigay-diin sa mga isyung pampakilos at kolektibong benepisyo at sa pang-ideolohiya at pampulitikang kapaligiran kung saan ang mga desisyon ay tinatalakay sa lahat ng antas at pagkukumbina ng isang sistema ng koordinadong pagpapalano sa desentralisadong pangangasiwa.

Kinakatawan din ng Maoistang modelo ang isang lubos na pagtatakwil sa kinagawiang pagharap ng Kanluran sa "pagkaatrasado," na nagtuturing dito na isa lamang nahuling pag-unlad na mapapabilis lamang at mailalagay sa tamang landas sa pamamagitan ng paggamit ng dayuhang kapital at paglahok sa pandaigdigang dibisyon ng paggawa. Kapaligtaran nito, pinutol ng rebolusyonaryong Tsina ang pakikipag-ugnayan nito sa pandaigdigang imperyalistang sistema. Binalangkas at ipinatupad nito ang isang estratehiyang pangkaunlaran batay sa pagbibigay-prayoridad sa agrikultura, paggamit ng simple at intermedyang mga teknolohiya na maaaring palaganapin at ipatupad sa buong

ekonomya habang pinapaunlad at ginagamit ang abanteng teknolohiya sa paraang hindi mapapasama at malalansag ang ekonomya, nagtataguyod ng pag-asa-sa-sarili at higit sa lahat, pagpapalaya sa mamamayan. Sa ganoong batayan, ang isang mahirap na bayan, na binaluktot ang pag-unlad at tinakot ng malakolonyal na dominasyon, ay nakatamo ng sustenido at balansyadong pag-unlad at nakatugon sa batayang pangangailangan ng kanyang populasyon.

Tiyak na nagkaroon ng mga problema at pagkakamali. May ilang mahihinang punto ang ekonomya; siguradong nagkaroon ng ilang depekto ang mga bagong institusyon ng lipunan at sa agos at inog ng pakikibakang masa, hindi naiwasan ang mga pagkakamali – minsan, dahil sa pagkakatangay ng mamamayan sa kanilang kasigasigan na baguhin ang mga bagay-bagay, minsan nama'y dahil sa di pagiging pleksible. Pero ang lahat ng ito ay nasa konteksto ng isang rebolusyong pumapawi sa pagsasamantala at makauring pang-aapi at humahatak sa malawak na masa sa buhay pampulitika. Hindi naitatatwa ng CIA ang paborableng tantos ng pag-unlad. Hindi maiiwasang mamangha ang lahat ng nag-oobserba sa pagkakapanday ng mga bagong pagpapahalaga at aktitud. Bagamat kamangha-mangha ng lahat ng iyon, ang mga mekanismo at prinsipyong ito ay bahagi ng isang mas malaking solusyon sa isang mas malalim na bungkos ng mga problema: kung paano rerebolusyonisahin ang lipunan at mamamayan para malampasan ang maunos na daan tungong lipunang walang uri, tungong komunismo. Sa madaling sabi, ang ekonomyang pampulitika ni Mao ay *ekonomyang pampulitika ng isang sosyalismong malayo ang tanaw at maisasakatuparan.*

Sinisiraan ng mga tagapangalaga ng kasalukuyang kaayusan ang karanasang Maoista dahil sa napakalinaw na dahilan – ganap itong salungat sa kanilang buong sistema at pananaw sa pagsasamantala. Gayunman, nauso sa ilang mas "naliliwanagang" sirkulo ng intelektwal na ang Maoismo ay isang labi mula sa isang panahong nilaktawan na ng kasaysayan. Ganoon man ang intensyon o hindi, isa itong argumento para sa istatus kwo. Gayunman, nananatili ang tanong: Ang karanasan at pag-unawa bang ito ay may kabuluhan sa pagtatamo ng tunay na kalayaan? Para sa mga nagnanais na talagang maunawaan at baguhin ang daigdig, at sa radikal na paraan, napakaesensyal nito.

**Ang Marxismo at ang Kalikasan at Pagtatayo ng Sosyalismo**

Dalawang bagay ang pakahulugan ng ekonomyang pampulitika ng sosyalismo: ang teoretisasyon at tuluy-tuloy na imbestigasyon sa subistrukturang pang-ekonomya (mga relasyon sa produksyon) ng sosyalistang lipunan; at isang modelo ng at operasyunal na pamamaraan ng pagpapaunlad at pagpaplano ng ekonomya. Ang doktrina ng sosyalistang reorganisasyon ng ekonomya at lipunan ay matagal nang bahagi ng arsenal ng kilusan ng mga manggagawa. Pero ang isang komprehensibo at rebolusyonaryong ekonomyang pampulitika ng sosyalismo, sa katunayan, ay isang relatibong bagong pag-unlad.

Hanggang sa Rebolusyong Bolshevik, halos eksklusibong pinokus ng ekonomyang Marxian ang atensyon nito sa kapitalistang moda ng produksyon. May istorikong dahilan at pangangailangan para dito. Pagdating ng kalagitnaan ng ika-19 siglo, nasa hustong gulang na ang kapitalismong pang-industriya. Binago nito nang lubusang ang produktibong teknik na nagbunga ng modernong industriya at isang malawak at bagong uri ng mga sahurang manggagawa sa industriya. Ito ang nagpalawak sa saklaw at nagpabilis sa takbo ng pagbabagong pangteknolohiya na wala sa naunang sistemang pang-ekonomya. Literal – at sa napakabrutal na paraan – na pinagbagong hugis ng kapitalismong pang-industriya ang daigdig. Lumikha ito ng isang pandaigdigang kapitalistang pamilihan at nagpanday ng isang pandaigdigang dibisyon ng paggawa na angkop sa kanyang mga rekusitos. Kaugnay ng pag-unlad ng sistemang ito, taglay nito ang natatanging padron ng mabilis na pag-unlad na markado ng matitinding kaguluhang pang-ekonomya; mabuway ito at madaling kapitan ng krisis. Dagdag pa may istorikong kabuluhan na nagdulot ng pagsibol ng isang bagong pwersang

pampulitika ang mga makauring relasyon at mga kontradiksyon ng sistemang ito – ang proletaryado o uring manggagawa – na naglulunsad ng pakikibaka para sa emansipasyon. Dapat unawain ang kapitalistang moda ng produksyong ito; kailangang magbalangkas ng isang rebolusyonaryong estratehiya at mga taktika para maglingkod sa lumalakas na pakikibaka ng uring manggagawa.

Si Karl Marx ang nagbuo ng teorya ng kapitalistang moda ng produksyon. Inilagay niya ito sa istorikong perspektiba – at ipinakitang isa lamang itong partikular at pangtransisyong yugto ng pag-unlad ng lipunan na nakabase sa isang partikular ng organisasyon ng paggawang panlipunan at isang partikular na mekanismo kung saan pumipiga ng sarplas na paggawa mula sa pinangingibabawang uring nagpoprodyus ang nagmamay-aring naghaharing uri.[*] Ipinakita niya na ang susing relasyon sa kapitalistang lipunan ay sa pagitan ng sahurang paggawa at kapital. Ihinayag niya na ang pundamental na kontradiksyon ng sistemang ito ay sa pagitan ng panlipunang produksyon at pribadong apropriyasyon – ang malakihan at napakamauunlad na produktibong pwersa ay magagamit lang kung ang mga ito ay kapwa ginagamit ng libu-libo at milyun-milyong manggagawa, pero ang mga produktibong pwersang ito ay ginagamit lamang para maitaas ang pagiging kumpetitibo ng partikular na (pribadong) interes. At natuklasan niya ang mga kontradiksyon at mga batas ng pagkilos (mga tunguhin ng pag-unlad) sa loob ng ekonomya ng kapitalismo.

Dahil sa mga tuklas na ito, naipakita ni Marx na ang kapitalismo ang lumilikha kapwa ng materyal na batayan (ang napakalaking pag-unlad at sosyalisasyon ng mga produktibong pwersa) at ng pwersa (ang proletaryado) para sa mas mataas na kooperatibang moda ng produksyon (sosyalismo), na sa kalauna'y hahantong sa komunismo sa pamamagitan ng pagpawi sa pagkakaiba-iba sa uri at ng lahat ng dibisyon sa lipunan na naglalaman ng mga binhi ng dibisyon sa uri. Pero hindi kailanman hinangad ni Marx na maghapag ng detalyadong balangkas para sa hinaharap na lipunang ito. Sa pananaw ni Marx, ang sosyalismo ay ipaglalaban at papandayin sa kongkreto; ang eksaktong mga anyo ng sosyalismo, at sa ultimo, ng komunismo, ay nakasalalay sa naunang istorikong mga pangyayari at sa partikular na mga sirkunstansya ng rebolusyon.

Kung babalik-tanawin ang landas ng ekonomiks na Marxian pagkaraan ng mga dakilang tuklas ni Marx, hindi dapat ikabigla na ang teoretisasyon ng Marxismo sa sosyalismo at komunismo ay mahuhuli sa pagsusuri nito sa kapitalismo. Kinailangang lutasin ng sosyalistang kilusan noong huling bahagi ng ika-19 at maagang bahagi ng ika-20 siglo ang ilang mahahalagang (at mas kagyat na) usaping pampulitika na ibinunsod ng mga partikularidad ng kapitalistang pag-unlad at ng mga hinihingi ng makauring pakikibaka. Lalong higit ito sa Germany at Rusya kung saan mabilis na lumalaki ang kilusan ng mga manggagawa at ang mga Marxistang German at Ruso ay parehong nakagawa ng mahalagang pagsusuri sa mga pagbabago ng istruktura na nagdala sa kapitalismo sa isang bagong yugto ng pag-unlad. (Ang akda ni Lenin na *Imperyalismo* ang rurok at ang pinakanatatangi sa mga pagsusuring ito.) Hindi naman ito nangangahulugan na hindi nagpakita ang sosyalistang kilusan bago 1917 ng interes sa organisasyong pampulitika-pang-ekonomya ng hinaharap na lipunan. Nagkainteres ito, at ang masasalimuot na usapin noong panahong iyon, tulad ng usaping agraryo, ay isinaalang-alang nang may pananaw sa sosyalistang reorganisasyon. Gayunman, sa teorya ay sekondaryo lamang ito at sa kaso ng pinakamaimpluwensyang pangkat ng kilusang iyon, ang Sosyal-Demokrasya ng Germany, ang sosyalismo ay mas madalas na inuunawa sa mali at di rebolusyonaryong mga termino: bilang ebolusyonaryong ekstensyon at rasyunalisasyon ng mga tendensya ng kapitalismo tungong sosyalisasyon, sentralisasyon at organisasyon.

Pero isang bagay na mas pundamental ang nagpapaliwanag sa pagkabalam ng pagsasakonsepto sa sosyalismo: sa pinakatotoong esensya, kinailangang mabunyag muna ang sosyalismo bago magagap ito sa teorya. Dapat munang maglunsad ng sosyalistang rebolusyon at harapin ang praktikal na mga

[*] Ang sarplas na paggawa ay ang oras ng paggawang sobra at lampas sa kinakailangan para matugunan ang mga pangangailangan ng uring anakpawis mismo.

hamon ng sosyalistang transpormasyon bilang isang kundisyon para sa komprehensibong kaalaman. Pero hindi iyon ang simula ni ang katapusan ng problema dahil hindi litaw o malinaw ang panloob na katangian ng sosyalismo – dapat itong malalim na suriin.*

Sinulat ni Mao sa kanyang *Kritika sa Syensyang Pang-ekonomyang Sobyet*, "Para malaman ang mga obhetibong batas, dapat dumaan sa isang proseso." Ang prosesong ito ng pag-alam sa mga batas ng sosyalistang lipunan – ibig sabihin nito'y ang istruktura at dinamiko ng sosyalistang lipunan – ay isa sa mga paraan ng pagpapalalim at muling konseptwalisasyon ng teorya batay sa at ipinatutupad kaugnay ng panlipunang praktika ng pagtatayo ng sosyalismo. Isa itong prosesong kinapalooban ng imbestigasyon sa kongkretong sosyalistang realidad, ng pagdadagdag at pagwawasto sa dating kaalaman at ng makauri at pang-ideolohiyang pakikibaka sa sosyalistang lipunan laban sa tinatahak na landas pasulong. Mayroong mga palatandaan sa prosesong ito – pibotal na mga istorikong pangyayari na hindi lamang humingi kundi nagbigay-kakayanan din sa Marxismo na ipaliwanag at palawakin ang isang ekonomyang pampulitika ng sosyalismo. Dito, tinutukoy natin ang unang pagsisikap na itayo ang isang sosyalistang lipunan at ekonomya na nangyari sa Unyong Sobyet sa pagitan ng mga taong 1917 at 1953, ang kasunod na panunumbalik ng kapitalismo doon pagkamatay ni Stalin at ang Rebolusyong Pangkultura ng Tsina noong 1966-76 na pinamunuan ni Mao. Mayroon ding mahalagang pangyayari sa prosesong ito: ang sintesis ni Mao sa teorya ng mga batayang kontradiksyon ng sosyalistang lipunan at ang mga istorikong tungkuling hinaharap ng proletaryadong nasa kapangyarihan.

Sina Marx at Engels ang naglatag ng mga pundasyon ng sosyalistang ekonomyang pampulitika. Tulad ng nabanggit na, tinukoy nila ang mga tendensya sa kapitalistang produksyon na hindi lamang pumupukol sa kapitalistang lipunan para malugmok sa mas matinding krisis kundi nagbubukas din ng materyal na mga posibilidad para sa isang mas mataas na anyo ng organisasyong pang-ekonomya at panlipunan. Isang sistemang nakabase sa pagmamay-aring panlipunan at pagpaplanong panlipunan lamang ang makakaigpaw sa anarkiya (ang ispontanyo at mapanirang "regulasyon" ng pamilihan sa ekonomya) ng kapitalistang produksyon at makakalutas sa mga kontradiksyon na patuloy na nililikha ng kapitalismo. At isang marahas na rebolusyon lamang ang makakahawan ng daan para makalikha ng ganoong sistema. Ang tungkuling nakahain sa proletaryado ay ang pag-agaw ng kapangyarihan at pagtatayo ng diktadura nito: ang paghahari ng mayorya ng mga prodyuser laban sa minorya ng dating mga nagsasamantala. Itatransporma ng proletaryado ang pribadong batayan ng kontrol sa produktibong pwersang panlipunan na abante sa teknolohiya, wawakasan ang pagsasamantala at sisimulan ang kolektibong pagmaster sa lipunan. Hindi na mas mapagpasya ang mga produkto ng aktibidad ng tao kaysa mga tagapaglikha ng mga ito; hindi na magsasalungatan ang gawaing mental at manwal at ang mga partikular na makauring larangan ng aktibidad ng tao. Pasisimunuan ng proletaryong rebolusyon ang isang istorikong pandaigdigang proseso kung saan palalayain ng uring manggagawa ang sarili at ang buong sangkatauhan mula sa mga mapagsamantalang relasyong pang-ekonomya at mapang-aping relasyon sa lipunan sa kabuuan.

Para kay Marx, ang bagong lipunan ay hindi pagsasakatuparan ng isang moral na ideya o isang utopyang nilikha sa labas ng kapitalistang lipunan. Ang sosyalismo ay iluluwal ng mga kundisyon at kontradiksyon ng lumang lipunan. Kung kaya nakita ni Marx ang komunistang rebolusyon na magdadaan mula sa mas mababang yugto tungo sa mas mataas: mula sosyalismo, na pumapalit sa kapitalismo pero nagtataglay pa rin ng mga balàt na materyal at pang-ideolohiya, tungong

---

* Noong maagang bahagi ng ika-20 siglo, maraming Marxistang teoretisyan tulad nina Rosa Luxemburg at iba pang kilalang ekonomistang Bolshevik ang nagkamali sa pag-aakalang ang pagpapatakbo ng isang sosyalistang ekonomya ay napakadaling matutunan at napakapraktikal ang pangangasiwa dito kayat maglalaho ang ekonomyang pampulitika bilang isang hiwalay na syensya.

komunismo na kinatatangian ng kawalan ng uri, pagkapawi ng estado at paglikha ng materyal na kasaganaang komun. Para kay Marx, ang sosyalistang rebolusyon ay nangangailangan ng dalawang "radikalpaghiwalay": sa tradisyunal na mga relasyon sa pagmamay-ari at sa tradisyunal na mga ideya.

Ito ay syentipikong sosyalismo (at muling babanggitin at palalalimin ni Lenin ang mga tesis na ito sa kanyang akdang *Estado at Rebolusyon*). Pero namatay na sina Marx at Engels nang hindi nakitang agawin ng uring manggagawa ang kapangyarihan at ilunsad ang walang katulad sa kasaysayan na tungkulin na pagtransporma ng makauring lipunan.* Mabubuo lamang nila ang teorya ng katangian ng sosyalistang lipunan at ng katangian at tagal ng transisyon sa komunismo sa malawakan, pero sa parang makapangyarihan at telegrapiko. Dagdag pa, may ilan silang asumsyon hinggil sa mga salalayan ng sosyalismo na lumabas na di umaangkop sa aktwal na materyal na kalagayan kung saan umunlad ang sosyalistang lipunan. Umasa silang lahat ng mga kagamitan sa produksyon sa humigit-kumulang ay kagyat na magiging pagmamay-aring komun ng lipunan; na hindi na magkakaroon ng katangiang kalakal ang produksyon ng pangangailangang kalakal ng lipunan (na kinapapalooban ng produksyon para sa palitan laban sa pera) kapag napalitan na ng planadong produksyon-para-sa-gamit ang di planadong produksyong-para-sa-tubo; na hindi na iiral sa sosyalistang yugto ang sahod sa anyong pera.

Wala pang sosyalistang lipunan ang nakagawa nito. Hindi naging posibleng magsagawa ng isang mabilisang sosyalisasyon ng lahat ng kagamitan sa produksyon tungo sa antas ng pagmamay-aring publiko-estado, laluna sa umiiral na paggugumiit at bigat sa ekonomya ng agrikulturang nakabatay sa magsasaka sa mga bayang naganap na ang sosyalistang rebolusyon. Kinailangang magpasimula ng kolektibong pagmamay-ari bilang isang intermedyang yugto sa pagitan ng pribado at pagmamay-aring publiko-pang-estado. Hindi naging posibleng mapawi ang mga relasyon sa kalakal at palitan sa hanay ng mga yunit pamproduksyon. At bagamat ang sosyalistang prinsipyong "mula sa bawat isa ayon sa kanilang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanilang gawain" ay ipinatupad sa mga sosyalistang lipunan, umiral pa rin ang distribusyon ng mga produktong pangkonsumo sa pamamagitan ng pera at ginagamitan ng pagbabayad ng perang-sahod.

Inasahan din nina Marx at Engels na magbebreyktru ang sosyalismo sa mga abanteng kapitalistang bayan, kung saan napakamaunlad ng mga produktibong pwersa. Kitang-kita na hindi ganito ang nangyari. Ang kapitalismo ay natransporma sa mas mataas na yugto, ang imperyalismo, na kinatangian ng dominanteng papel sa ekonomya ng malalaking monopolyo at ng pampinansyang kapital, internasyunalisasyon ng kapitalistang produksyon, matinding kumpetisyon sa pagitan ng mga imperyalistang bansa-estado at pangingibabaw ng iilang mayamang kapitalistang bayan sa inaaping mga bayan sa Ikatlong Daigdig kung saan nakatira ang karamihan sa sangkatauhan. Ang pag-unlad at mga kontradiksyon ng imperyalistang sistema ay malalim na nakaapekto sa takbo ng sosyalistang rebolusyon. Lumaganap ang proletaryong kilusan sa mga kolonya at inaaping bayan habang pinipigil ang pag-unlad nito sa mga abanteng kapitalistang bayan (kung saan ginamit ng mga naghaharing uri ang malaking kayamang kinamal sa pamamagitan ng pandaigdigang pagsasamantala at pandarambong para magkaroon ng relatibong katatagan sa mahabang panahon).

Iminumungkahi ng ilang burges na kritiko ng Marxismo na nagiging ang halaga nito sa pagpapaliwanag ay nakukwestyon dahil umunlad ang sosyalismo nang medyo naiiba kaysa inaasahan ni Marx. Napakababaw ng argumentong ito. Ang mga suposisyon ni Marx ay katanggap-tanggap (at hindi ginawa ang mga ito bilang tunay na mga prediksyon – walang sinasabi ng Marxismo na

---

* Ang Komuna ng Paris ng 1871 ay nangyari mismo noong panahon nina Marx at Engels, at mabilis na nilagom ni Marx ang malalalim na aral mula sa maikli pero mayamang karanasang ito. Pero tumagal lamang ng dalawang buwan ang komuna at sa antas pang-ekonomya'y hindi nakapagtatag ng isang bagong moda ng produksyon.

mahuhulaan nito ang lahat ng partikular na katangian ng panlipunang pag-unlad sa hinaharap). Mas diretso pa, at siya namang malakas na pinatutunayan ng karanasan ng ika-20 siglo, ay ang pananaw ni Marx sa rebolusyon at sa sosyalismo bilang istorikong penomenon na dumadaloy mula sa mga kontradiksyon ng kapitalistang produksyon at pag-unlad, na dapat ngang mas maunawaan nang husto ngayon bilang isang global na proseso.

Pero ang katotohanang hindi nangyari ang lahat ng partikular na inaasahan ni Marx ay talagang may praktikal at teoretikal na kabuluhan. Nilagom ni Bob Avakian, Tagapangulo ng Rebolusyonaryong Partido Komunista ng USA ang usapin sa parang ito. Ang sosyalismo sa aktwal na pag-usbong nito noong ika-20 siglo ay napatunayang isang mas kumplikado at mabuway na anyo ng lipunan at isang mas mahirap at matagalang proseso ang sosyalistang transpormasyon kaysa nakita ni Marx o ni Engels. Ang "pagkakumplikadong" ito ay nakaugnay nang husto sa istorikong problema na hinarap ng pandaigdigang kilusang manggagawa noong panahon ng "unang pagdaluyong" ng mga sosyalistang rebolusyon: ang usapin ng paglulunsad, pagsusustini at pagsusulong ng rebolusyon sa isang daigdig na pinangingibabawan pa rin ng kapitalismo-imperyalismo. Hindi lamang ito usapin ng pulitiko-militar na lakas ng imperyalismo, kundi kasing halaga niyon, usapin din ng patuloy na pangingibabaw ng kapitalismo bilang moda ng produksyon sa pandaigdigang saklaw – na nagkaroon ng nanunuot na materyal at pang-ideolohiyang epekto sa bagong sibol na mga sosyalistang lipunan at naglimita at nambaluktot sa kanilang mga tagumpay. Ang katotohanang umiral ang mga sosyalistang estado sa karagatan ng kapitalismo-imperyalismo ay nagbibigay-diin na hindi layon sa sarili nito lamang ang sosyalistang estado. Ang kataas-taasang tungkulin ng rebolusyong nasa kapangyarihan ay hindi para paunlarin at ipagtanggol ang sosyalismo sa loob ng umiiral nitong hangganan, bagamat napakahalagang tungkulin ito. Una sa lahat, dapat gumanan ang sosyalistang estado bilang "baseng purok" para suportahan at ipalaganap ang pandaigdigang proletaryong rebolusyon.[*] May maalagang punto sa oryentasyon dito na ipinagdidiinan ng *Teksbuk ng Shanghai*: matatamo lamang ang ultimong tagumpay sa proletaryong rebolusyon sa pandaigdigang antas, at hindi lalaya ang uring manggagawa hang hindi malaya ang buong sangkatauhan.

Ikalawa, ang pagkakumplikado ng sosyalistang rebolusyon ay nakaugnay sa katangian ng sosyalismo mismo. Ipinakita ng istorikong karanasan na ang sosyalismo ay isang transisyunal na anyo ng lipunan na walang katulad. Ito'y angkop din sa lahat ng antas: ekonomya, pulitika, lipunan at ideolohiya. Halimbawa ang usapin ng produksyon ng kalakal sa ilalim ng sosyalismo na isang pangunahing paksa ng *Teksbuk*.

Sa mga sistemang lumilikha ng kalakal kung saan ang kapitalismo ang pinakamaunlad na tipo, nililikha ang kalakal para sa palitan (pambenta sa iba). Ang prosesong ito ng palitan ay nakabatay sa sari-saring dibisyon ng paggawa (mga taong nag-iispesyalisa sa ganito o sa ganoong aktibidad) at pinalalim at pinalawak ang mga dibisyong ito ng paggawa sa pamamagitan ng proseso ng palitan. Obhetibong magkakaugnay ang mga prodyuser ng mga kalakal – umaasa sila sa isa't isa bilang mga tagasuplay at mamimili. Pero magkakahiwalay din sila sa isa't isa sa lipunan – dahil ang mga indibidwal na yunit ng produksyon ay pribadong kontrolado at gumagawa ng hiwalay na mga desisyon sa produksyon. Ibig sabihin, nililikha ang mga produkto bilang propyedad ng partikular na mga kumikilos sa produksyon. Ang prosesong panlipunan na nagtatakda ng kung ano ang

---

[*] Masaklaw na sinulat ni Avakian ang karanasan at mga aral ng proletaryong rebolusyon. Isang magandang magsimula sa "Saklawin ang Daigdig – Dapat at Kailangang Gawin ng Pandaigdigang Proletaryado," Rebolusyon, Blg. 50 (1981). Para sa mga taong bagung-bago ang mga usaping ito, ang libro ni Avakian na *Ang Huwad na Komunismo ay Patay na … Mabuhay ang Tunay na Komunismo!* (Chicago: RCP Pbublications, 1992) ay nagbibigay ng isang magandang introduksyon pati na ng pagpapalawig sa mga usaping ito.

ipoprodyus at kung ilang kantidad at kung paano dapat italaga ang paggawa ay hindi resulta ng mulat na koordinasyon sa buong lipunan kundi nangyayari sa pamamagitan ng palitan ng mga kalakal. Ang mga indibidwal na yunit na lumilikha ng kalakal ay tumutugon sa mga hudyat ng pamilihan at presyo na sa ultimo'y sumasalamin sa umiiral na kalagayan ng produksyong panlipunan.

Pinalalabo at binabaluktot ng anyong kalakal ng produksyon ang tunay na mga relasyong panlipunan na nag-uugnay sa mga indibidwal. Para bang ang mga bagay-bagay (mga kalakal at pera) ay may sariling buhay sa halip na naglalahad lamang ng mga ugnayang panlipunan. Halimbawa, ang isang sapatos na Nike ay gawa ng sobra-sobrang pinagsamantalahang mga manggagawa sa South Korea, isang neokolonya ng United States. Pero hindi ipinapakita ng presyo ang napakahalagang impormasyong panlipunang ito. Inilalarawan ng mga tao ang kanilang sarili kaugnay ng mga bagay at nagiging pinakamahalaga sa lahat ang pagmamay-ari ng mga bagay habang ang mga tao mismo ay tinatrato at ginagamit bilang mga bagay. Nalilikha ng produksyong pangkalakal ang ilusyon na tayong lahat ay pridadong kumikilos at gumagawa ng di magkakaugnay na mga aksyon para maisakatuparan ang ating sariling mga layunin; at ang kumpetitibong pakikibaka ng mga nagsasariling prodyuser – kabilang ang mga proletaryadong ang esensyal na ipinagbibiling kalakal ay ang kanilang kakayahang magtrabaho (lakas paggawa) – ang nagiging pundasyon ng mentalidad na "ako muna" ng isang lipunang nakasalig sa pamilihan. Sa ilalim ng kapitalistang produksyong pangkalakal, sumasailalim ang lahat sa "walang-pusong kalkulasyon" (mga salita ni Lenin); ang hindi nalalahad bilang presyo ay di dapat bigyan ng pansin.

Dapat limitahan at sa kalauna'y igpawan ng sosyalistang lipunan ang produksyong pangkalakal; kung hindi ito nangyayari, hindi maitatatag ang bagong lipunan. Bakit? Dahil ang produksyong pangkalakal at ang batas ng halaga* na naglilimita dito ay hindi maaaring hayaang magtakda ng kung ano ang dapat iprodyus at kung paano; kung mangingibabaw ang pagsasaalang-alang sa galing sa pagpapalitaw ng tubo, sa gayon, ang pangangailangan ng lipunan – ang mga pundamental na pangangailangan at interes ng masa ng mamamayan – ay hindi matutugunan. Ito'y dahil taglay ng produksyong pangkalakal, at ng palitang gamit ang pera, ang mikrobyo ng kapitalistang produksyon: ang pagkahiwalay ng mga manggagawa sa mga kagamitan sa produksyon at ang pagsasamantala sa sahurang-paggawa. Dahil taglay ng produksyong pangkalakal, at ng mga dibisyon at paghihiwalay na nalilikha nito, ang isang balakid sa mamamayan para magagap ang kanilang mga ugnayang panlipunan at mapahusay ang kanilang sariling organisasyong panlipunan at aktibidad bilang isang "komunidad ng malalayang indibidwal na nagtatrabaho gamit ang komun na mga kagamitan sa produksyon" (mga salita ni Marx).

Ipinapaliwanag ng *Teksbuk ng Shanghai* kung paano kongkretong pinangingibabawan ng sosyalistang lipunan ang anyong produksyong pangkalakal (at mga relasyon sa pera) bilang pangunahing tuntungan para sa pag-oorganisa ng produksyong panlipunan. Ipinapaliwanag nito kung paano ibinubunsod ng proletaryado ang isang anyo ng "direktang produksyong panlipunan" na kinapapalooban ng isang naiibang paraan ng pag-oorganisa ng isang ekonomya (planadong produksyong panlipunan para sa pangangailangan ng lipunan); itinatransporma ang proseso ng paggawa (dinodomina ng mga prodyuser ang kalagayan ng produksyon sa halip na kabaligtaran nito); at pinapaunlad ang isang naiibang sikolohiyang panlipunan (nagtatrabaho ang tao para sa kapakanan ng lahat). Pero ang bagong tipong ito ng produksyon ay hindi pa at hindi maaaring lubusang humiwalay sa mga elementong pangkalakal at iiral ang iba't ibang tipo ng mga relasyong kalakal-pera

---

* * Ang batas ng halaga ay isang obhetibong batas ng lipunang lumilikha ng kalakal. Ito ang nagkokontrol sa palitan ng mga kalakal ayon sa kantidad ng kinakailangang paggawa ng lipunan na ginagamit sa kanilang produksyon. Sa pagkokontrol ng kapitalistang palitan ng kalakal, nililimitahan din ng batas na ito ang distribusyon ng paggawa at mga kagamitan sa produksyon sa pagitan ng iba't ibang sangay ng produksyon. Sa sosyalismo, ang lakas paggawa ay hindi na isang kalakal.

sa ilalim ng sosyalismo at patuloy na makakaimpluwensya sa pag-iisip ng mamamayan. May ginagampanang papel pa rin ang prinsipyo ng palitan batay sa magkatumbas na halaga ng paggawa. Dapat magtuon ng atensyon ang mga sosyalistang empresa sa pagiging episyente at dapat pa ring gumamit ng kalkulasyong gamit ang pera para ikumpara ang planadong gastos at aktwal na gastos sa produksyon ng isang bagay. Sinasaliksik ng *Teksbuk* ang mga dahilan nito at ang mga kumplikasyon at panganib na hinaharap. Gayundin, habang naghahari ang uring manggagawa sa sosyalistang lipunan at naglalayong pawiin ang uri at mga pagkakaiba-iba ng uri, patuloy na lumilikha ang sosyalistang lipunan ng mga uri at pagkakaiba-iba ng uri at di pagkakapantay-pantay na nalalahad bilang mga makauring antagonismo. Ang sosyalismo ay isang lipunan kung saan ang panganib ng panunumbalik ng kapitalismo ay laging nagbabanta.

Syempre, maaaring iwasan na ang pagkakumplikado ng sosyalismo sa depinisyon: dahil hindi umakma nang husto ang paghahari ng mga manggagawa sa Unyong Sobyet noong 1917-53 at sa Tsina sa pamumuno ni Mao sa kung paano naunang isinalarawan ni Marx, kung gayon, ang umiral doon ay hindi tunay na sosyalismo. Isa itong pangangatwiran na itinataguyod ng ilan. Ang iba naman, dahil natantong talagang mahirap, ay nagbuo ng kongklusyon na talagang nabigo ang sosyalismo at dapat muling imbentuhin.* Ang mga pamamaraang ito ang magpapalit sa mga kategoryang abstrakto at ideyal ng pagkakumplikado ng tunay na buhay. Masahol pa, binabalewala ng mga ito ang mayaman at mapagpalayang karanasan na sa katotohana'y ipinagkaloob ng sosyalistang rebolusyon, sa lahat ng hirap at kabiguan nito.

**Ang Unyong Sobyet: Mga Tagumpay at Limitasyon**

Dinadala tayo nito sa Rebolusyong Bolshevik at sa Unyong Sobyet. Ang Rebolusyong Oktubre ang unang kasong nagpatupad ang estado ng uring manggagawa ng ekspropriyasyon ng dating mga uring nagmamay-ari at nagtatag ng isang sosyalistang anyo ng ekonomya. Ang mga kagamitan sa produksyon na nasa pribadong kontrol ay ginawang pagmamay-aring publiko at isinailalim sa mulat na pagpaplano ang pag-unlad ng ekonomya. Sa pamamagitan ng partido at estado ng mga manggagawa't magsasaka, kolektibo nilang kinontrol at rasyunal na ginamit ang mga rekursong pang-ekonomya ng lipunan. Ang planadong anyong ito ng ekonomya ay hindi lamang nangailangan ng koordinasyon at mobilisasyon kundi pati na ng isang teoryang gagabay sa pag-unlad at transpormasyon ng ekonomya. Kaya sa sa unang estado ng mga manggagawa nagsimula ang pananaliksik sa ekonomyang pampulitika ng sosyalismo at unang pinalawig ang sistematikong sosyalistang ekonomyang pampulitika. Isa itong gawaing teoretikal na lipos sa diwa ng pagtuklas, debate at kaguluhan na katangian ng mga unang taon ng rebolusyon. Pero hindi ito, at hindi maaaring maging isang intelektwal na gawain para sa sarili lamang nito. Ang takbo ng pag-unawa at pormulasyon ng patakaran ay hinubog sa matinding pakikibaka sa loob ng Partido Komunista hinggil sa direksyon at posibilidad ng rebolusyon at ng buhay-at-kamatayang pakikibaka para gapiin ang kontra-rebolusyon mula sa loob at sa labas.

Ang umusbong mula sa unang pagsisikap na ito ay isang tiyak na konsepto ng katangian ng sosyalistang lipunan at ng mga tungkulin at pamamaraan ng sosyalistang konstruksyon. May mga elemento ng pag-abante sa teorya dito na sumasalamin sa lubusang pagbabagong nangyari sa lipunang Sobyet. Sa kabilang banda, naging parsyal ang pag-unawa sa sosyalistang ekonomya at lipunan pangunahin dahil sa mga limitasyon ng istorikong karanasan. May mali din ito sa mga susing

* Ang ideyang ito na ang sosyalismo ay nabigo at dapat muling ilatag ay tinalakay sa Panghuling Salita ng akdang ito.

aspeto dahil sa mga problema sa pamamaraan at metodolohiya. Ilang pambuod na punto lamang ang maibibigay dito.

Nagtagumpay ang rebolusyong Sobyet sa isang atrasadong kapitalistang bayan na may malawak na uring magsasaka (limang porsyento lamang ng populasyon ang kumakatawan sa mga manggagawa). Ang katotohanang iyon lamang ay isa nang napakalaking hamon. Makokonsolida ba ng rebolusyon ang suporta nito at makakapanatili? Maitatatag ba ang sosyalismo kung ang mga paunang rekisitong materyal tulad ng napakaunlad na baseng pang-industriya at malawakang agrikultura, ay wala pa? Alam na alam ng mga Bolshevik ang mga kahirapan. Sa kagyat na bugso ng tagumpay, umasa sila sa pagsuporta sa rebolusyon at sa paglaganap ng sosyalismo sa mas mauunlad na bayan sa Europa. Pero sumadsad ang rebolusyonaryong kilusan sa Europa partikular sa Germany. Agad na naging malinaw sa mga Bolshevik na kailangang isulong ito nang mag-isa ng bagong tatag na republikang Sobyet, at siguro'y sa mahabang panahon. Determinado si Lenin na magtagumpay ang rebolusyon; oo nga naman, sinuong na ng mga Bolshevik ang risgo ng pamumuno sa masa para magrebolusyon at ngayo'y susuungin nila ang risgo ng pamumuno sa kanila para isulong ito. Ipinaglaban at ipaglalaban ng rebolusyon ang buhay nito. Kinailangang wasakin nito ang mga kontra-rebolusyonaryong pagtatangka ng dating nagmamay-aring uri na inayudahan ng dayuhang imperyalistang panghihimasok. Ang patakarang pang-ekonomya ay napalitan mula sa radikal na mga hakbangin ng "gerang komunismo" na naglilimita sa pamilihan tungo sa pansamantalang mga probisyon ng Bagong Patakarang Pang-ekonomya na nagpapalawak sa pamilihan.

Pero isa itong *rebolusyong* ipinaglalaban ang sariling buhay, at nagpatuloy ito sa transpormasyon ng ekonomya at malalimang transpormasyon ng lipunan. Itinatag ang mga bagong organong pampulitika at panlipunan na pinamumunuan ng bayan at hinawakan ng mga manggagawang pinanday ng gera ang mahahalagang pusisyong sa gubyerno at maneydsment. Binuwag ang dating Tsaristang "bilangguan ng mga bansa": kinilala ng rebolusyon ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili at itinatag ang isang multinasyunal na estadong nakasalig sa pagkakapantay-pantay ng mga bansa at mga nasyunalidad. Malalaking hakbang ang ginawa para palayain ang kababaihan – pagdating ng 1921, madali nang kumuha ng diborsyo, inalis ang pormal na batik na kakabit ng pagiging anak sa labas, ginawang ligal ang aborsyon at naging patakaran at batas ang pantay na mga karapatan at pantay na sahod. Naglunsad ng mga kampanyang masa para mawala ang kamangmangan (lumikha ng nakasulat mga lengguwahe para sa mga pambansang lengguwahe na dating walang niyon).

Sa mga sumunod na taon pagkamatay ni Lenin oong 1924, ang usaping posible ba o hindi ang sosyalismo sa kondisyong atrasado ang panloob na ekonomya at kultura at may imperyalistang pagkubkob ay muling ihinapag at mas matalas pa nga. Ipinaglaban ni Stalin ang pananaw na maaari at dapat itatag ang sosyalismo sa isang bayan kahit na hindi pa laganap ang rebolusyon sa maikling panahon – para mananatiling buhay at patuloy na umunlad ang rebolusyon sa Unyong Sobyet at para sa adhikain ng pandaigdigang rebolusyon. Kaugnay ng mga alternatibong pusisyong isinulong noong panahong iyon, ang kay Stalin ang pinakawasto. Pero tulad ng binibigyang diin ni Bob Avakian sa "Saklawin ang Daigdig", ang debate at pakikibaka hinggil sa"sosyalismo sa isang bayan" ay umiwas sa isang antas sa pinakamahalagang tanong … ano nga ba talaga ang sosyalismo?

Para sa pamunuan ng Sobyet, ang sosyalismo ay matutukoy sa dalawang bagay: ang pagpawi sa mga uring antagonistiko at ang pagtatatag ng modernong malakihang industriyang pagmamay-ari ng estado. Ito ang problematikong mga usapin na haharapin ni Mao at patuloy na susuriin. Kaugnay ng usapin sa mga uri, ang nangingibabaw na pananaw sa hanay ng mga Bolshevik ay mapapawi na ang batayang pang-ekonomya at panlipunan ng relasyong nagsasamantala-pinagsasamantalahan at ng isang uring burges kapag napawi na ang pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Sa madaling sabi, pagkaraang mabuwag ang paglaban ng mga uring pinatalsik, hindi na gagampan ng makabuluhan o nagtatakdang papel sa buhay pang-ekonomya at pampulitika ang mga uri at makauring pakikibaka.

Alam ng mga Bolshevik na ang isyu sa mga uri at polarisasyon ng lipunan ay hindi napakasimpleng bagay na mawawakasan ang pagsasamantala sa pamamagitan ng dikreto. Sa *Estado at Rebolusyon*, tinalakay ni Lenin ang pananatili ng di pagkakapantay-pantay sa ilalim ng sosyalismo at tinukoy na ang patuloy na dibisyon sa pagitan ng paggawang mental at manwal ang pangunahing dahilan ng di pagkakapantay-pantay na ito. Noong dekada 1920, sinimulan din niyang banggain ang penomenon ng burukratikong dedyenerasyon sa hanay ng ilang upisyal ng gubyerno at ang usapin ng panunumbalik ng mga relasyong kalakal sa ilalim ng sosyalismo – at ang mga panganib na idinulot nito sa rebolusyon. Pero ang mga ito'y panimulang imbestigasyon at may dala-dalang konseptong may tendensyang iugnay ang produksyong ng kalakal sa ilalim ng sosyalismo sa pribadong maliitang produksyon lamang at ang mga uri sa mga anyo ng pribadong pagmamay-ari lamang. Hindi naunawaan noong panahong iyon ang pagkakumplikado at kasalungat na katangian ng pagmamay-aring "publiko-pang-estado", isang usaping ating babalikan.

Sa kalagitnaan ng dekada 1930, may tendensya si Stalin na balangkasin ang isyu ng uri sa sumusunod na paraan: sa pagbagsak ng mga dating nagmamay-aring uri at sa nasyunalisasyon ng industriya at kolektibisasyon ng agrikultura, napawi ang batayang pang-ekonomya ng pagsasamantala. Ang lipunan ay kinabibilangan ng dalawang di antagonistikong uri, ang uring manggagawa at mga kolektibisadong magsasaka kasama ng isang saray na binubuo ng intelehensya at mga grupong nagtatrabaho sa upisina. Napawi bilang mga uri ang dating mga naghaharing uri. Ang natitira ay mga labi ng mga bumagsak na uring ito, ibig sabihin, mga indibidwal na may ilang kaugnayan sa pormasyon ng uri noong prerebolusyon. Pero ang mga labing ito ng dating kaayusan ay maaari lamang suhayan mula sa labas; kaya ang banta sa lipunan ay nanggaling sa mga ahente ng mga pinatalsik na uri na inalagaan at sinuportahan ng dayuhang kapital. Muli, hindi nakitang gumagampan ng mahalagang papel sa sosyalistang lipunan ang mga antagonistikong uri at makauring pakikibaka dahil nakitang umiiral lamang ang isang uring burges kaugnay ng agad na nakikitang mga anyo ng pribadong pagmamay-ari. Isa itong linyang hindi umaangkop sa realidad at kalakaran ng lipunan dahil sa katotohana'y punung-puno ng pagkakaiba-iba at tunggaliang makauri ang lipunan.

Ang ideyang ito sa uri ay ikinawing sa isang konsepto ng pag-unlad ng mga pundasyon ng sosyalismo. Nagkaroon ng tendensyang tingnan ang sosyalismo sa materyal-teknikal na pananaw. Ibig sabihin, ang sosyalismo ay ipinagkamali sa pagtatamo ng isang antas ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa sa ilalim ng pagmamay-aring publiko. Mula dito'y dumaloy ang isang partikular na programatiko at istorikong paraan para matamo ang komunismo. Ang pagmamay-ari ng estado sa mga kagamitan sa produksyon kakumbinasyon ng industriyalisasyon ay maaaring humantong sa mas matataas na antas ng sosyalismo at sa sukdula'y sa relatibong mapayapang pagbagtas sa komunismo. Ang sosyalistang industriyalisasyon ang maglalatag ng batayan para sa at magbubunsod ng transpormasyon ng mga relasyong panlipunan, dibisyon ng paggawa at mga ideolohiyang namana sa makauring lipunan. Ang mga pagbabagong ito ay inasahang kasunod halos bilang awtomatikong mga adyasment sa sosyalistang industriyalisasyon. Sa gayon, kapag natamo na ang pagmamay-aring panlipunan sa mga kagamitan sa produksyon, ang susing tungkulin ay ang pagpapaunlad sa materyal na mga produktibong pwersa. Sa partikular na kalagayang pagkaatrasado ng Unyong Sobyet, kinailangan nito ang mas maraming pabrika, makinarya, modernong teknolohiya, transportasyon at impraistruktura; kinailangan nito ang mas maraming bihasang teknikal na tauhan, inhinyero, atbp, at isang sistema ng edukasyong nakatuon sa pagsasanay ng ganoong mga tao; kinailangan nito ang paglipat ng populasyon mula kanayunan tungong kalunsuran.

Ang sosyalistang konstruksyon ay nakilala sa pamamagitan ng mobilisasyon ng mga rekurso para sa mabilis na pag-unlad ng mabigat na industriyang nangangailangan ng malaking kapital.[*] At ang

---

[*] Dito,ang "nangangailangan ng malaking kapital" ay hindi nangangahulugan ng "kapitalista" kundi ng industriyang may malaking teknikal na sangkap, na kakaiba sa industriyang "nangangailangan ng malaking

pagkawasak ng ligal na batayan ng pribadong pagmamay-ari sa mayor na mga kagamitan sa produksyon at ang pagtatatag ng pagmamay-aring estado ay nakita bilang garantya na maglilingkod sa naghaharing uring manggagawa ang proseso ng industriyalisasyon. Hindi naunawaan ang pagkakumplikado at pagiging kasalungat ng mga anyo ng pagmamay-ari ng estado at ng katotohanang maaaring malahad ng huridikal (pormal/ligal) na pagmamay-ari ng estado ng mga manggagawa ang mga relasyong burges. (Nagbibigay ng mahalagang paliwanag sa puntong ito ang *Teksbuk ng Shanghai*, na nagbibigay diin sa pangangailangang ibayong tumutok hindi lamang sa anyo kundi sa aktwal na *nilalaman* ng pagmamay-aring estado: Sino talaga ang nagpapatakbo sa mga empresa ng estado? Nasa komand ba ang pampulitika-pang-ideolohiyang oryentasyon na naglilimita o nagpapalawak sa mga di pagkakapantay-pantay at pagkakaiba?)

Ang mga ito'y hindi partikular natatanging ideyang Bolshevik o "Stalinista"; ang mga ito ang nangingibabaw na pag-unawa sa loob ng pandaigdigang komunistang kilusan. Pero humiwalay si Mao sa konseptwal na balangkas na ito. Pinaunlad niya ang isang teorya ng mga uri at makauring pakikibaka sa ilalim ng sosyalismo, ibinabatay ito sa mga kontradiksyong materyal, panlipunan at pang-ideolohiya ng sosyalistang lipunan. At hinarap niya ang problema ng mga pundasyon ng sosyalismo sa naiibang paraan. Hindi pundamental na naggagarantiya ng sosyalismo at komunismo ang pagsulong ng teknolohiya at paglago ng ekonomya. Ang paglaki lamang ng mga produktibong pwersa (pag-unlad ng ekonomya) ay hindi mismo makakapawi ng mga relasyong mapagsamantala at iba pang mapang-aping relasyong panlipunan at pang-ideolohiya (gaya ng patriyarkiya). Binigyan diin ni Mao na may diyalektikong ugnayan sa pagitan ng pag-unlad ng ekonomya at ng umiiral at lumalalim na transpormasyong panlipunan at pang-ideolohiya: "kung hindi nagtataguyod ang isang sosyalistang lipunan ng mga kolektibong layuning panlipunan, ano sa gayon ang nalalabi sa sosyalismo."*

Ang susing isyung hinaharap ng sosyalistang lipunan, at kung ano ang nagtatakda ng kabuuang katangian nito, ay ang *landas* na tinatahak nito. Nakakaigpaw ba ang lipunan sa mga relasyon ng makauring lipunan sa posibleng pinakamamalaking antas? Nagsisilbi ba sa layuning ito ang lakas paggawa ng uring manggagawa? At ang uring manggagawa ba, sa pamamagitan ng kanyang pamumuno sa estado at pulitika, ay may pangkalahatang inisyatiba sa pagsusulong at pagpupunyagi sa landas na ito? Sa madaling sabi, ang susi ay kung nagpapatuloy at lumalalim ang rebolusyon sa lahat ng larangan. Kung hindi ito nangyayari, kung gayo'y inilalatag ang batayan para maagaw sa uring manggagawa ang kapangyarihan ng estado at mapanunumbalik ang kapitalismo. Kung nagpapatuloy ang rebolusyon, mapalalakas ang kapangyarihang pang-estado ng uring manggagawa at mabilis na maisusulong ang pakikibaka para sa komunismo. May mga panahong maaari at dapat magsagawa ng malalaking pag-igpaw sa pagsusulong ng rebolusyon; sa ibang panahon, nagiging pangunahing diin ang konsolidasyon; at magkakaroon ng mga ikot at liko. Sa pamamagitan ng paalun-along prosesong ito susulong ang rebolusyon.

Pero nangyayari ito sa loob at ikinukundisyon ng pandaigdigang balangkas – sa pamamagitan ng pag-unlad at mga kontradiksyon ng pandaigdigang imperyalistang sistema kabilang ang mga ribalan nito, mga panghihimasok ng militar at tuwiran at di tuwirang mga epekto ng istruktura at mga pihit ng pandaigdigang imperyalistang ekonomya sa sosyalistang ekonomya; at sa pamamagitan ng relatibong lakas, mga pagsulong at rekisitong ginawa ng sosyalistang estado bunga ng pandaigdigang rebolusyon. Sa katunayan, dapat pundamental na gagapin ang proletaryong rebolusyon at mga kundisyon ng pag-unlad nito bilang isang prosesong internasyunal. Sa mga istorikong mapagpasyang puntong iyon nang ang pandaigdigang rebolusyon ay maaaring magsagawa ng malalaking breyktru, at

---

pwersa ng paggawa" na may relatibong mababang antas ng teknolohiya at umaasa nang husto sa lakas-paggawa ng tao.

* *Mao Zedong sixiang wan sui* (Taipei: n.p., 1969), p. 197.

ang mga ito'y palaging mga sandali ng malaking panganib at ng krisis din, dapat maging handa ang alinmang umiiral na sosyalistang estado na gamitin ang materyal at pang-ideolohiyang lakas nito para isulong ang pandaigdigang rebolusyon. Ito ay isang kritikal na paglalagom ng karanasan ng sosyalistang rebolusyon.

Sa pag-unawang ito, balikan natin ang teorya at praktikang Sobyet. Ang pananaw ng sosyalismong naunang inilarawan ay malalim na nakatanim sa ekonomyang pampulitika ng Sobyet. Ito ay malinaw na mapapatunayan sa debate hinggil sa estratehiya ng industriyalisasyon na nangyari noong dekada 1920 at sa teoryang pang-ekonomya na gumabay sa pagpapatupad ng Unang Limang Taong Plano at kolektibisasyon ng agrikultura noong mga taong 1929-32. Nakapagpatupad ng mahalagang gawain; ito ang tunay at mapanlikhang pagsisimula ng praktikal na sosyalistang ekonomyang pampulitika at nalikha ang isang malawak na bagong literatura. Sinaklaw ng teoretikal na talakayan ang mga isyu tulad ng katangian ng sosyalistang konstruksyon; relasyon sa pagitan ng istruktura ng ekonomya na minana ng proletaryado at dapat itransporma at ng istrukturang pang-ekonomya nilalayong pairalin ng rebolusyon; mga paraan at anyo ng industriyalisasyon; mga prayoridad sa pamumuhunan at pamamaraan para palitawin ang mga rekursong pampuhunan; angkop bilis ng sosyalistang pag-unlad; mga relasyong intersektoral (tulad ng sa pagitan ng agrikultura at industriya) at pagtatatag ng mga materyal na balanse sa loob at sa pagitan ng mga sektor (nanguna ang mga ekonomistang Sobyet sa mula noo'y tinawag nang *input-output* na pagsusuri); papel ng salapi at mga presyo sa kalkulasyong pang-ekonomya, mobilisasyon ng sarplas ng lipunan at sa pagbalanse ng distribusyon ng kita sa pagitan ng populasyon ng kalunsuran at kanayunan. Nakamit din ang mga pagsulong sa pagpapaunlad ng mga teknik sa matematika para magsilbi sa pagpaplano.*

At ito ang ekonomyang *pampulitika*. Lumitaw ang mga isyung panlipunan at pampulitikang sa diskusyon – halimbawa, ang mga epekto ng iba't ibang patakaran sa alyansa ng manggagawa't magsasaka at iba pang mga relasyong panlipunan. Sa iba't ibang antas, ang mga usapin at patakarang pang-ekonomya ay tiningnan sa konteksto ng lumang kaayusang panlipunan na itinatransporma sa bago. Pero sa malawakan, ang ekonomyang pampulitikang pinairal ay talagang nakakaungos dito sa pagkaproduktibo at teknik. Sa isang banda, ang malawakang nagbunsod at nag-alis ng limitasyon sa imbestigasyon at debate ay ang kinakailangang paghahanap ng paraan para sa pinakamabilis na pagpapalawak ng industriya ng estado na nakasalalay sa modernong teknika na itinuring na pinakapundasyon ng sosyalismo. Sa kabilang banda, ang pagpaplano ay itinuring na paraan ng teknikal na aktibidad para makamit ang layuning ito pangunahin bilang isang paraan ng makatwirang pag-oorganisa ng mga produktibong pwersa at pagkokoordina ng pag-unlad.

Ang karanasan sa pagpapaunlad at pagpaplano ng isang sosyalistang ekonomya sa Unyong Sobyet noong mga taong 1917-56, nang ang Unyong Sobyet ay isa pang sosyalistang lipunan, ay talagang magiging kontradiktoryo. Hindi lamang sumusuong sa isang bagay na bago; ginagawa ito sa napakahirap at napakagulong sirkunstansya. Pinwersa ng mga pagbabanta at pagkubkob ng imperyalistang militar ang bagong kapangyarihang Sobyet na ilipat ang mga rekurso sa pagpapalakas ng militar-industriyang kapasidad para ipagtanggol ang sarili at ibatay ang buong estratehiya ng mabilis na industriyalisasyon na pinasukan at ang mga anyo ng organisasyong pang-industriya na gagamitin. Sa katunayan, sa mas malaking bahagi ng pag-iral ng estado ng mga manggagawa, kinailangan nitong maglunsad ng gera, maghanda sa gera at gamutin ang mga sugat ng gera.

---

* Hinggil sa pag-unlad ng sosyalistang teoryang pang-ekonomya sa Unyong Sobyet at kaugnay na mga debate sa estratehiyang pang-ekonomya noong dekada 1920, tingnan ang N. Spulber (ed.), *Mga Pundasyon ng Estratehiyang Sobyet para sa Pag-unlad ng Ekonomya: Mga Piling Sanaysay ng Sobyet*, 1924-30 (Bloomington: Indiana University Press, 1964); at Maurice Dobb, *Pag-unlad ng Ekonomyang Sobyet mula 1917* (London: Routledge & Kegan Paul, 1948).

Pero kung ang mga hamon ng konstruksyon ng isang sosyalistang lipunan at ekonomya ay napakabigat, tunay na kahanga-hanga ang mga nakamit. Itinatag ang isang bagong moda ng produksyon na hindi nakasalalay sa pagsasamantala ni nakararanas ng mapanirang mga krisis pang-ekonomya ng mga kapitalistang pwersa sa pamilihan. Nilikha ang isang modernong sosyalistang baseng pang-industriya at isang sistema ng kolektibong agrikultura. Ang isang sentral na mekanismo ng pagpaplano ay nakapagbigay ng kabuuang direksyon sa pagpapaunlad ng ekonomya. Isa itong sistema ng pagpaplano na naging posibleng pabilisin ang paglawak ng buong kapasidad ng industriya, itaguyod ang pag-unlad ng mas atrasadong mga republika at rehiyon at isaayos ang mga rekurso at kakayahan na tulad ng isang bantayog bilang bahagi ng magiting na pagpupunyaging gapiin ang imperyalismong German (sa loob ng ilang linggo ay inilipat pasilangan ang 1500 malalaking pabrika). Ang islogan ng Unang Limang Taong Plano ay "Nagtatayo tayo ng isang bagong daigdig", at ang milyun-milyong manggagawa't magsasaka laluna noong huling bahagi ng dekada 1920 at maagang bahagi ng dekada 1930 ay pinag-alab ng diwa ng "lusubin ang kalangitan" at gawin ito para sa adhikain ng rebolusyong pandaigdig.

Ang kampanyang kolektibisasyon ay nagbunsod ng isang tunay na pag-aalsa laban sa siglo-siglong taon nang awtoridad, tradisyon at pang-aapi sa kanayunan. Binago nang husto ang lumang sistema ng edukasyon at ibinukas sa masa, at minobilisa ang mga kabataang manggagawa bilang pwersang panlipunan na haharap sa luma at lipas na. Itinala ng mga artista, manunulat at iba pang manggagawang pangkultura ang malalaking pagbabagong nangyayari sa lipunan at ipinaglaban at pinagdebatihan ang isang sining na naglilingkod sa rebolusyon. At sumuporta at tumulong ang bagong estado ng mga manggagawa sa pormulasyon ng linya para sa mga rebolusyonaryong pakikibaka sa buong daigdig. Sa kabuuan, ang mga ito'y tunay at makasaysayang tagumpay. Gayunman, at dito ang pokus ay sa larangan ng pagpaplanong pang-ekonomya, nagkaroon din ng mabibigat na problema.

Ang sistema ng pagpaplanong Sobyet ay nakapaglaan ng malaking bahagi ng rekursong pampuhunan ng lipunan sa mga susing sektor sa industriya at isinulong ito ang mabilis na pag-unlad. Pero sobra-sobrang nagbigay diin ang sistema sa mabigat na industriya. Lumikha ito ng malalaking disbalanse dahil napunta sa mabigat na industriya ang napakalaking bahagi ng rekurso ng ekonomya sa kapinsalaan ng lipunan at ekonomya ng agrikultura ng magsasaka (at pumapangalawa'y sa kapinsalaan ng sapat na pag-unlad ng transportasyon at distribusyon). Kasabay nito, nagdulot ng malaking pagtaas sa populasyon ng kalunsuran at ng di kinakailangang konsentrasyon ng mga aktibidad na pang-industriya ang layuning mabilis na paunlarin ang industriya at ang pagkiling sa mga malakihang proyektong pamuhunan, na karamiha'y nasa mga lugar na industriyalisado na. Ito'y nagkaroon ng epektong nagpapalaki sa ilang di pagkakapantay-pantay ng kalunsuran at kanayunan at nagpapatindi tungo sa sobrang laking antas ng mga aspeto ng espesyalisasyong panggawain.

Kinilala ni Stalin ang pangangailangang igpawan ang mga pagkakaiba ng iyon sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan at sa pagitan ng paggawang mental at manwal. Pero hinarap niya ang problema pangunahin sa pamamagitan ng paninindigang paunlarin ang produksyon. Ang tungkuling limitahan ang mga pagkakaiba at relasyong ito sa pinakamababang posibleng antas sa loob ng umiiral na materyal na kalagayan; ilunsad ang, at kabigin ang masa sa, pakikibakang pampulitika laban sa mga pwersa ng burgesya at mga linya't patakarang magpapalaki sa agwat ng kalunsuran at kanayunan at magbubuwag sa alyansa ng manggagawa't magsasaka; at hamunin ang elitismo, pagsamba sa pagkadalubhasa, paghamak sa paggawang manwal at ang mga lumang kinagawian at ideya – hindi ito sapat na nagagap. Ang pakikibakang pampulitika at pang-ideolohiya ay hindi kinilala bilang esensyal na aspeto.

Nagkaroon din ng mga problema sa mga institusyon at pamamaraan ng pagpaplano. Ang sosyalistang konstruksyon at pangangasiwa sa Unyong Sobyet ay nakasalalay sa sobrang sentralisadong makinarya ng pagpaplano. Ang sistema ng pagpaplanong Sobyet, tulad nang ito'y

umusbong noong maagang bahagi ng dekada 1950 pero laluna nang ito'y ipormalisa bilang modelong itataguyod ng iba pang sosyalistang bayan, ay nagdiin nang husto sa mahigpit na kontrol ng mga pangunahing kagawarang pang-industriya at mga ahensya ng pagpaplano na umabot hanggang sa antas ng empresa. Taglay ng modelong ito ang pagsandig sa mga espesyalista at hirarkiya na bumabangga sa mulat na aktibismo ng mga prodyuser. Ang mahihigpit na linya nito ng awtoridad at mga anyo ng pamamahala ng isang-tao ay nagkaroon ng tendensyang muling lumikha ng ilang aspeto ng tradisyunal na hatian ng paggawa sa lipunan. Kung motibasyon ang pag-uusapan, ang sistema ay sumandig nang husto sa mga materyal na insentibo, nagbigay sigla sa puspusang paggawa at sakripisyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mataas na sahod at mga bonus sa mga tao – at dahil dito'y parang nagkaroon ng rekomendasyong pang-ideolohiya para sa agwat ng sahod at sweldo.

Naging malaking pasaning pang-administratibo at burukratiko ang sistema ng pagpaplanong Sobyet, na labis na pinuno ang sarili ng mga tungkuling lampas sa kakayahan. Pagdating sa pagkukwenta ng balanse ng materyales (halimbawa, gaano karaming asero ang kakailanganin ng mga lokal na empresa) at alokasyon ng materyales, tumakbo ang sistema sa paraang dapat kalkulahin at balansehin ang lahat ng bagay sa pinakamataas na antas. Binansot ng kahigpitan ng pagpaplano at ng kawalan nito ng pleksibilidad sa mas mababang antas ang lokal na dinamismo at ginawa itong mas mahirap na makaangkop sa mga di inaasahang sirkunstansya. Humantong ito sa pag-aaksaya at sa katunaya'y mas pinahirap na siguruhing ang mga plano ay magagawang angkop na angkop para maipatupad nang husto.

## Ang Pag-igpaw ni Mao sa Konsepto

Muling pinag-isipan at muling binuo ni Mao ang modelong ito ng planadong sosyalistang ekonomya. Habang natutututo sa mga positibong aspeto ng unang pagsisikap na ito sa pagtatayo ng sosyalismo, pinuna niya ang mula taas-pababang pamamaraan at ang malakas na tendesya tungong determinismong pangteknolohiya na katangian ng pagpaplanong Sobyet. Oo nga, rekisito ng sosyalistang konstruksyon ang isang planong pang-ekonomya ng estado para kumatawan sa mga pundamental na interes ng uring manggagawa. Pero hinarap ni Mao ang usapin ng sentralisadong pagpaplano sa isang mas diyalektikong paraan kumpara kay Stalin. Ibig sabihin, nauunawaan niya ang kaisahan at tunggalian ng magkakasalungat – sa pagitan ng agrikultura at industriya, mabigat at magaan na industriya, sa pagitan ng sentro at mga lokalidad at sa pagitan ng balanse at disbalanse. Naunawaan niyang hindi maaaring harapin ang isang plano sa pormulasyon man o sa pagpapatupad nito bilang isang eksaktong blueprint at hindi maaaring tratuhin ang mga target ng produksyon na para bang ang mga ito'y mga simpleng batas na nasa ilalim ng administratibong pagpapatupad. Ang panahon ng sosyalistang transisyon ay isang panahon ng dakilang pakikibaka, transpormasyon at eksperimentasyon. Ang dinamismo at pagbabagong sosyalismo ay isang sa pinakamatibay na lakas nito, na naging mas matibay pa nga habang pinalalarga ang masa. At dahil kinakailangan, masasalamin ito sa pag-unlad ng ekonomya; hindi ito maaaring maging patag at pantay. Dapat bigyang-alam ng pag-unawang ito ang pamamaraan ng pagpaplano.

Sa mas malalim na antas, kritikal si Mao sa isang planong gagamitin bilang isang teknikal na instrumento ng pagkontrol sa ekonomya. Taliwas dito, ang isang plano ay ekspresyon ng ideolohiya, ng mga layunin at pananaw ng isang uri. Ang isang plano ay isang nakabase sa uring pagsalamin sa realidad ng lipunan na sa kabilang banda'y kumikilos sa realidad, at sa pananaw ng uring manggagawa at sa paglaya nito, ay naghahangad ng pagkakaroon ng mulat na kontrol sa

produksyong panlipunan.* Ang pormulasyon ng isang plano ay hindi kailanman isang simpleng usapin ng pangangalap ng impormasyong teknikal at paghihintay ng pag-unlad ng ekonomya. Kinapapalooban ito ng makauring pakikibaka sa larangan ng ideolohiya laban sa mga layunin at direksyon ng lipunan. Para makarating sa mga kongklusyong ito, nilagom ni Mao kapwa ang rebolusyonaryong karanasan ng Sobyet at ng sa Tsina.

Pagsama-samahin natin ang susing mga pagkakaunawa ni Mao hinggil sa katangian ng sosyalistang lipunan. Binigyang-diin ni Mao na ang sosyalismo ay hindi parang isa lamang makinarya ng ekonomya at isang grupo ng mga institusyong pampulitika na kumikilos. Isa itong makabuluhang pakikibaka para palitan ang produksyong para sa tubo ng produksyong para sa pangangailangan ng lipunan, isag pakikibaka para rebolusyonisahin ang lahat ng institusyon at relasyong panlipunan, pandayin ang mga bagong pagpapahalaga at aktitud, itatag ang lahatang-panig ng pagkontrol ng uring manggagawa sa lipunan upang maunawaan nila nang husto at matransporma ang lahat ng aspeto ng lipunan, at pakitirin at sa kalauna'y pawiin ang lahat ng pagkakaiba-iba ng uri. Sa madaling sabi, isa itong pakikibaka para pawiin ang luma at itatag ang isang bagong daigdig. Tuwang-tuwa ang mga kapitalistang ideolohista sa mapangutyang pagsasalarawan sa sosyalismo bilang isang "diumanong paraiso ng mga manggagawa". Pero ang sosyalismo ay hindi parang utopyang ultimong layunin. Ito'y isang panahon ng rebolusyonaryong transpormasyon sa pagitan ng kapitalismo at komunismo. Ito'y isang anyo ng paghahari ng uri – diktadura ng proletaryo – na mismong kinapapalooban ng isang transisyon at isang paraan ng pagsusulong ng pakikibaka para itransporma ang materyal at pang-ideolohiyang pundasyon ng makauring lipunan at ipagpatuloy ang rebolusyon para makamit ang lipunang walang uri.

Para kay Mao, ang sosyalismo ay isang kontradiktoryong penomenon. Sa isang banda, isa itong malaking igpaw. Ang produksyon ay isinasagawa para tugunan ang mga pangangailangan ng lipunan alinsunod sa isang plano at inoorganisa batay sa mulat na inisyatiba ng lipunan at sa koordinasyon. Hindi na binibili at ibinebenta bilang isang kalakal ang lakas paggawa; hindi na ito kinokontrol ng isang pwersang labas dito; hindi na ito muling bumubuo ng mga relasyong pang-ekonomya na nagpapanatili ng dominasyon at pang-aalipin. Pero, gaanuman kalaking igpaw ang sosyalismo, nananatili itong isang lipunang transisyunal, na kinapapalooban kapwa ng mga pilat ng kapitalismo at ng binhi ng komunismo.

Ang sosyalistang lipunan ay susulong tungong komunismo o kaya nama'y uurong tungong kapitalismo. Bumubukas ang dalawang landas: ang sosyalistang landas at ang kapitalistang landas. At kung anong direksyon ang tatahakin ng lipunan ay itatakda sa tindi ng init ng makauring pakikibaka at pag-aalsa. Ito ay pakikibaka sa pagitan ng dati-rating inaapi na nagsisikap na sumulong at itransporma ang lipunan, at ang mga reaksyunaryong pwersa, laluna ang mga bagong pwersang burges, na naghahangad na muling ipatupad ang dating kaayusan at muling itatag ang lipunan alinsunod sa mga kapitalistang prinsipyo.

Ang mga bagong pwersang burges ito ay iniluluwal ng mga kontradiksyon sa sosyalistang lipunan – mula sa mga pagkakaiba sa kita, mga pusisyon ng kasanayan na inuokupa ng iba't ibang indibidwal sa produksyon, mga partikular na papel na ginagampanan ng mga tao sa administrasyon at pamunuan, mga agwat ng kalunsuran at kanayunan, at iba pang malalaking kontradiksyon sa lipunan na umiiral pa rin sa sosyalismo – gayundin ang pangkalahatang kalagayan ng relasyon ng kalakal at salapi.† Sa partikular na mga yunit at larangan ng sosyalistang ekonomya, nagiging posible para sa

---

* Taliwas kay Mao, sa 1952 sanaysay ni Stalin na *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo*, ipinaliwanag niya ang pagpaplano bilang isang praktikal at nakabatay sa patakaran na pagsisikap na taliwas sa ekonomyang pampulitika, na isang teorya lamang.

† Kaugnay ng mga sosyalistang empresa ng estado, ipinapaliwanag ng *Teksbuk ng Shanghai* na kahit pa nga ginawang sosyalisado ang pagmamay-ari at ang mga relasyon sa pagitan ng mga empresang ito ay binuo batay

mga kapitalistang relasyon ng pagkontrol at pagsasamantala na manumbalik at manaig pa nga. At ang iba't ibang elemento ng superistruktura, gaya ng edukasyon at kultura, ay maaari ding maging muog ng burgesya kapag nangingibabaw ang isang burges-elitistang linya.

Bilang isang uri, kinakatawan ng bagong burgesya ang mga aspetong burges – ang mga di pagkakapantay-pantay, mga alitang panlipunan, atbp. – *sa loob* ng sosyalistang relasyon sa produksyon at sa aktwal na mga relasyon ng pagsasamantala na maaaring lumitaw sa loob ng isang kolektibong anyo ng pag-aari. Lumilitaw ang uring ito sa loob ng balangkas ng sosyalistang pagmamay-ari. Bilang isang pwersang pampulitika, nakakonsentra ang lakas nito sa at inorganisa sa pamamagitan ng mga sentro ng kapangyarihan sa pinakamataas na saray ng naghaharing makinarya ng partido-estado sa sosyalistang lipunan, kabilang ang mga armadong pwersa.* Sa madaling sabi, sa pagbagsak ng dating mga nagsasamantalang uri, pagkagapi ng kanilang sunud-sunod na mga pagtatangkang makapanumbalik at konsolidasyon ng isang bagong moda ng produksyon, nagbabago ang makauring relasyon at nag-iiba ang larangan at takbo ng makauring pakikibaka. Tulad ng ipinagdiinan ni Mao noong 1976, "Naglulunsad kayo ng sosyalistang rebolusyon pero hindi ninyo alam kung nasaan ang burgesya. Ito ay nasa loob mismo ng Partido Komunista – iyong nasa kapangyarihan na tumatahak sa kapitalistang landas."†

Napakahalaga ng pokus ni Mao sa partido para wastong maunawaan ang makauring pakikibaka sa ilalim ng sosyalismo. Kailangan pa rin ng masa ang isang namumunong bag-as para isulong ang kumplikado at matagalang digma para maghari at baguhin ang lipunan at kamtin ang komunismo sa buong daigdig. Ang partido ng proletaryado ang nagiging namumunong pwersang pampulitika sa pagpapatupad ng kapangyarihang pampulitika ng masa. Ito ang nagiging pangunahing pwersang namamatnugot sa isang ekonomyang nakabase sa pagmamay-aring estado-publiko. Ang talibang pusisyon at papel na ito ay kinakailangan sa proletaryong paghahari. Pero may dalawahang katangian ang talibang pusisyong ito – dahil sa nakapaloob ito mismo sa namumunong institusyon, laluna sa pinakamataas na antas nito, kung saan masesentro ang isang bagong burgesya. Kung gayon, ang partido ay uusbong bilang isang mapagpasyang larangan ng makauring pakikibaka sa ilalim ng sosyalismo at dapat rebolusyonisahin mismo.

Ang sosyalistang lipunan ay kinatatangian ng napakahigpit at direktang ugnayan sa pagitan ng pagpapatupad ng kapangyarihang pampulitika at kapangyarihang pang-ekonomya. Hindi lamang nalalahad sa kongkretong paraan ang kapangyarihang magtakda at mangasiwa sa mga kagamitan sa produksyon bilang pamumuno sa puliika (sa mga kagawaran, pinansya, kalakalan at mga indibidwal na yunit sa produksyon, atbp.), kundi nakasalalay ang pangkalahatang direksyong patutunguhan ng lipunan sa kung anong linya (mga layunin at pananaw) at mga patakaran ang namumuno sa pinakamatataas na antas. Iyong mga nasa pinakamatataas na pusisyon ng kapangyarihan at impluwensya na lumilihis sa sosyalistang landas at ihinihiwalay ang kanilang sarili sa masa, at nangunguna at naghahangad na magpatupad ng isang neokapitalistang linya, sa kalauna'y maoorganisa bilang isang punong-himpilan ng burgesya. Ang mga "naglalandas-kapitalista" na ito

---

sa pundasyon ng kooperasyong panlipunan, mayroong nananatiling isang importanteng antas ng pagiging hiwalay ng empresa (isang relatibong nagsasariling operasyon at pangangasiwa) na maaaring humantong sa kumpetisyon at pagkakawatak-watak.

* Para kay Mao, ang burukrasya sa pagpaplanong pang-ekonomya at sa iba pang aspeto ng partido at pagpapatakbo ng estado ay hindi lamang simpleng problema ng sobrang laking administrasyon at elitismo na dapat sugpuin. Ang burukrasya ay isa ding anyo ng organisasyon kung saan muling binubuhay ng isang bagong burgesya ang sarili at isang paraan ng pagkontrol kung saan ito'y naghahangad na makonsolida ang kapangyarihan sa partikular na mga larangan.

† Si Mao Zedong, sinipi sa "Ang Pagbaligtad sa mga Wastong Hatol ay Laban sa Kagustuhan ng Mamamayan," *Peking Review* (11), 12 Marso 1976, sa Lotta, *And Mao Makes Five,* p. 261.

ang pangunahing pwersa ng burgesya (kinikilala bilang isang aktwal na uri) at ang pangunahing target ng tuluy-tuloy na rebolusyon. Ang programang pampulitika ng mga naglalandas-kapitalismo ay mang-agaw at magpalawak ng mga kapitalistang salik sa loob ng sosyalistang lipunan para maitransporma ang sosyalistang pagmamay-ari sa balat lamang. At kapag hinog na ang kalagayan, ang mga naglalandas-kapitalismo ay mang-aagaw ng kapangyarihan gaya nang dapat nilang gawin.

Ang Rebolusyong Pangkultura na pinamunuan ni Mao ay isang hakbang at paraan para gapiin ang mga pwersang gustong panumbalikin ang kapitalismo. Sa pamamagitan ng mobilisasyon at ng magiting na determinasyon ng masa, ang mga sentro ng kapangyarihang burges sa loob ng partido at mga institusyon ng estado ay binomba sa pulitika, sinisante ang mga pangunahing elementong burges at maraming bahagi ng kapangyarihang kanilang inagaw ay muling binawi mula sa ibaba sa pamamagitan ng rebolusyon. Ang pinakamahalaga, napalaya ang lipunan at batay sa pag-aalsa ng masa, at narebolusyonisa ang mga relasyong pang-ekonomya, pampulitika at panlipunan pati na ang pag-iisip ng mamamayan. Sa paraang ito, sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng rebolusyon, inaatake ng proletaryado ang materyal at pang-ideolohing mga pundasyon ng may pribilehiyo, ang burgesya at ang baseng panlipunang sumusuporta dito; hinuhukay ng proletaryado ang lupa kung saan umuusbong ang mga uri.

Ang makauring pakikibaka sa sosyalistang lipunan ay isang pakikibaka kung ang plano ay magsisilbi sa sosyalistang pag-unlad – o magsisilbi sa kapitalistang pag-unlad; kung ang mga resulta ng lakas-paggawa ng proletaryado ay gagamitin para itatag ang batayan para pawiin ang mga uri – o gagamitin laban sa mga prodyuser; kung ang mga kapitalistang aspeto sa lipunan at kanilang mga manipestasyon sa mga larangan ng ideya at kultura ay lilimitahan at iigpawan – o palalawakin; kung ang saklaw ng partisipasyon at inisyatiba ng masa sa pagpapatakbo ng lipunan ay palalawakin – o susupilin; kung ang sosyalistang estado ay kikilos bilang isang baseng purok para sa pandaigdigang rebolusyon – o tatalikod sa proletaryadong internasyunal. Sa madaling sabi, magpapatuloy ba ang rebolusyon o mababaligtad ba ito?

Syempre, dapat paunlarin ang ekonomya at itaas ang produktibidad ng lakas paggawa ng lipunan. Pero ang mga produktibong pwersa ay dapat paunlarin hindi bilang layunin mismo, o kahit pa nga may prinsipyong pumapatnubay sa pagmamaksimisa ng materyal na kapakanan, kundi manapa'y para magbigay ng kinakailangang materyal na batayan para isulong ang transpormasyong panlipunan, pampulitika at pang-ideolohiya, na nasa kaibuturan ng transisyon at rebolusyonaryong pakikibaka, tungo sa isang mas mataas na anyo ng lipunang hindi na hinahati ng mga uri. Dapat pulitika ang nasa komand ng produksyon. At binigyang-diin ni Mao na ang mga produktibong pwersa ay dapat paunlarin *sa batayan ng* tuluy-tuloy na rebolusyonisasyon ng mga relasyon sa produksyon at pananaw ng mamamayan. Sabi nga ni Mao, ang makauring pakikibaka ang susing kawing; gagapin ang rebolusyon, palaganapin ang produksyon.

Kapag lumihis mula sa pananaw na ito ang pamunuang pampulitika, kapag ang produksyon ay itinuring bilang susing kawing sa pagsusulong ng lipunan at ang "pinakaepisyenteng " paraan ng produksyon ay nagiging pinakaimportanteng panukat, kung gayon, ang nagiging resulta'y produksyong para sa sarili, ang pangingibabaw ng patay na paggawa (mga kagamitan sa produksyong likha ng naunang lakas paggawa) laban sa buhay na paggawa …at malalagay kayo sa kapitalistang landas.*

---

* Bumaling nang husto si Stalin sa direksyon ng mga maling pamamaraang ito, at marami sa mga patakarang pang-ekonomyang kanyang itinaguyod ay nagbigay ng lakas sa mga pwersa ng kapitalistang panunumbalik. Pero dapat itong ilagay sa konteksto. Bilang simula, wala pang naunang sosyalistang karanasan, positibo man o negatibo, na magsisilbing pamantayan. Ikalawa, sa lahat ng pagkakamali ni Stalin, sinisikap niyang itayo ang sosyalismo *hindi* kapitalismo at, sa katunayan, ihinanay niya ang sarili laban doon sa naghahangad na ipailalim sa kumand ng mga mekanismo sa pagkakamal ng tubo ang pagpaplano at konstruksyong pang-ekonomya.

Naging rekisito ng pakikibaka para likhain ang isang daigdig na walang mga uri at pagkakakilanlan ng uri, para isulong at palalimin ang sosyalistang rebolusyon, ang paglalapat ng Marxismo sa isang bagong bungkos ng mga problema at ang pormulasyon ng mga bagong konseptong angkop sa pagkakumplikado ng sosyalistang lipunan. Mapagpasyang pinalawak ni Mao Zedong ang saklaw ng Marxismo. Ginawa niya ito batay sa teoretikal na antas ng pagsasakonsepto ng kung ano ang nilalapatan – sosyalismo bilang isang transisyunal na anyo ng makauring lipunan. At ginawa niya ito sa antas pampulitika ng pagpapaunlad ng isang oryentasyong kung paano dapat kilusan ang lipunang iyon – pagpupunyagi sa makauring pakikibaka at pagpapatuloy ng rebolusyon. Sinistematisa ni Mao ang lubos na pag-unawa na narating ng Marxismo, sa ekonomiks at pulitika ng transisyon mula sosyalismo tungong komunismo. Kaugnay ng paksa, maaaring sabihin nang ganito ang punto: Sa pamamagitan ni Mao, sa kauna-unahang pagkakaton sa kasaysayan ng kilusan ng mga manggagawa, maaari na ngayong sabihing naitatag na ang isang syentipiko at komprehensibong ekonomyang pampulitika ng sosyalismo. Ang *Teksbuk ng Shanghai* ang nakakahikayat na katibayan.

## *Ang Teksbuk ng Shanghai*: Ang Kasaysayan at Pamana nito

*Ang Teksbuk ng Shanghai* ay isinulat bilang isang masusing paglalahad ng sosyalistang ekonomyang pampulitika, pero maaaring magamit ng malawakan. Ang teksto at mas malaking akda kung saan ito hinalaw ay produkto ng isang proseso ng pakikibaka at pag-aaral.

Ang sosyalistang ekonomyang pampulitika ay naging isang bagay na binigyan ng masusing teoretikal na pansin ng mga rebolusyonaryong Tsino pagkaraan ng pambansang pag-agaw sa kapangyarihan noong 1949. Paano maisasagawa ng Tsina ang transisyon mula pambansa-demokratiko tungong sosyalistang rebolusyon? Anong landas ang tatahakin ng sosyalistang pag-unlad sa umiiral na kongkretong kalagayan ng Tsina? Paano makikipag-ugnayan ang isang sosyalistang Tsina sa sosyalistang kampong pinamumunuan ng Sobyet, haharap sa mga pwersa ng imperyalismo at tutulong sa mga rebolusyonaryong pakikibaka sa internasyunal? Ang mga ito ay kabilang sa mga kritikal na isyung hinaharap ng rebolusyong nasa kapangyarihan. At balangkas ang mga isyung ito ng mas partikular na mga problema ng sosyalistang pag-unlad at pagpaplano – ang relasyon ng industriyalisasyon at kolektibisasyong pang-agrikultura, mga prayoridad sa pamumuhunan, batas ng halaga at pagpaplano, papel ng iba't ibang sistema ng insentibo sa pagpapasigla ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa, lugar ng abanteng teknolohiya, atbp.

Ang mga komunistang Tsina ay hindi parang pagsisimulan sa pamumuno sa masa sa pagtatransporma at pagpapatakbo ng lipunan. Nakakuha sila ng mahahalagang karanasan at pag-unawa mula sa paglulunsad ng mahigit 20 taon ng digmang bayan. Sa mga baseng purok ng rebolusyon noong huling mga taon ng dekada 1920 hanggang sa digmaang anti-Hapones na humigit kumulang na isang dekada at nagtatapos noong 1949, at pagkaraa'y hanggang sa pambansang tagumpay noong 1949, minobilisa ng partido ang mamamayan para isulong ang konstruksyon at transpormasyong pang-ekonomya pati na ang paglulunsad ng pakikibakang militar. At kinapapalooban ng mga prinsipyo ang pakikidigmang Maoista, tulad ng pagkukumbina ng sentralisadong linyang militar at ng kumand na may desentralisadong mga operasyon, na nagkaroon ng mas masaklaw na aplikabilidad. Nariyan din ang Maoistang tradisyon ng partido na pagsasagawa ng malalim na imbestigasyong panlipunan sa hanay ng masa para maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at karansan at pagkabig sa masa sa pulitika para panghawakan ang mga linya at patakaran na nakatuon sa kanilang mas matataas na interes. Pero kaugnay ng pagsisimula ng sosyalistang konstruksyon, ang pinakamay-kinalaman ay ang Unyong Sobyet. Ito ang nagbukas ng landas na pagpapaunlad at pangangasiwa sa isang ganap na ganap na sosyalistang ekonomya. At ang unang hakbang ng Tsina sa pagpaplano at kaunlaran ay naimpluwensayahan nang husto ng karansan at pag-iisip ng Sobyet.

Isinalin at masusing pinag-aralan ng mga Tsino ang sanaysay ni Stalin na *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo* (1952) pati na ang komprehensibong teksbuk ng Sobyet na *Ekonomyang Pampulitika: Isang Teksbuk*. Ang teksbuk na ito ng Sobyet, kung saan ginabayan ng sanaysay ni Stalin ang pagkakabalangkas, kahit pa nga hindi ito lumabas hanggang sa kalagitnaan ng dekada 1950 pagkaraan ng kanyang kamatayan, ay nakikita nang husto sa salaysay ng Maoistang ekonomyang pampulitika. Ito ang pinakaabante at pinakasistematikong paglalahad ng sosyalistang ekonomyang pampulitika na mababasa ng mga rebolusyonaryo. Noong 1959, dahil may ilang naiisip na problema, inatasan ni Mao ang mga myembro ng partido na pag-aralan ang ikatlong edisyon ng tekstong Sobyet ng ekonomyang pampulitika. Pero di naglao'y naging paksa ng puna ni Mao ang libro – kaugnay ng pamamaraan pati na ng partikular na mga pormulasyong teoretikal nito.

Hinalaw nang husto ng Tsina ang modelo sa pagpaplano at pagpapaunlad-industriyalisasyon ng Sobyet nang isinagawa nito ang sosyalistang konstruksyon – "Tayo'y magpakamoderno at magpaka-Sobyet" ay isang islogan ng Unang Limang Taong Plano. Pero nang malapit nang matapos ang Plano noong 1956-57, na sari-sari ang resulta, nagsimula si Mao na muling pag-isipan ang modelong Sobyet. Ang malalaki't mabibigat na proyekto sa pamumuhunan ay napipintong kumain ng sobrang taas na antas ng rekurso; kinailangan ng agrikultura ng mas malaking atensyon at pagpapasigla para maitaas ang tantos ng paglago; hindi nanghihikayat ng partisipasyong masa ang mga mekanismo ng pagpaplano at paraan ng pangangasiwa. Sa yugtong ito ang rebolusyon ay kumikilos tungo sa pagsososyalisa ng pagmamay-ari tungo sa mas matataas na antas (pagkumpleto sa nasyunalisasyon ng industriya sa kalunsuran at pagsusulong ng kolektibisasyon sa kanayunan) at dumaranas ng mga bagong pakikibakang panlipunan.* Noong 1956, sa talumpati ni Mao na "Hinggil sa Sampung Mayor na Ugnayan", naghapag siya ng naiibang paraan ng pagharap sa mga prayoridad na pangkaunlaran – kabilang na ang mas pagbibigay ng diin sa agrikultura at magaan na industriya relatibo sa mabigat na industriya (nang hindi isinasakripisyo ang pangunahing papel ng mabigat na industriya) at pagbibigay ng mas malaking responsibilidad sa lokal na mga kamay – at ang lokalidad mismo ay itinuring bilang isang serye ng mga pakikipag-ugnayan at kontradiksyong pang-ekonomya-panlipunan kaysa isang simpleng bagay na may pabagu-bagong aspetong teknikal-produksyon. Noong 1958, sa panahon ng Dakilang Igpaw Pasulong, pinuna ni Mao ang akda ni Stalin na *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo* dahil, bukod sa ibang bagay, sa makaisang panig na pagbibigay-diin nito sa mga produktibong pwersa at sa pagbababa ng pagpapahalaga nito sa mga usapin ng pulitika, ideolohiya at kultura: "Mula umpisa hangggang katapusan ng librong ito, walang sinasabi si Stalin tungkol sa superistruktura; hindi niya binibigyang-konsiderasyon ang tao; nakikita niya ang mga bagay-bagay pero hindi ang mga tao."† Pinuna din niya ang pagbibigay-halaga sa teknolohiya kaysa pulitika, at sa kadre kaysa sa masa.

Noong 1961-62, sinulat ni Mao ang kanyang akdang *Mga Tala sa Pagbabasa hinggil sa Tekstong Sobyet ng Ekonomyang Pampulitika*. Dahil ito'y naglalaman ng malawak na obserbasyon at tema, at isinulat nang may katalasan, ang sanaysay ay isang esensyal na akda ng Marxistang ekonomyang pampulitika. Dito, binibigyang-diin ni Mao ang malaking halaga ng pangangailangang baguhin ang mga relasyon sa produksyon pagkaraang maipatupad ang sosyalistang pagmamay-ari. Tinitingnan niyang isang proseso ng pampulitika-rebolusyonaryong pakikibaka ang pagkilos mula sa mas

---

* Sa kanayunan, ang mga maralitang magsasaka ay nagsimulang muling hati-hatiin at pagsama-samahin ang mga lupain at ari-ariang pamproduksyon. (Ipinagbunyi ni Mao ang pagdaluyong na ito.) Sa kalunsuran, may ilang pagsilakbo ng diskuntento at anti-sosyalistang kaguluhan sa hanay ng mga seksyon ng mga intelektwal at estudyante.

† Makikita ang isang medyo naiibang salin sa Mao Zedong, "Kritik sa akda ni Stalin na Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo," sa Isang Kritika sa Syensyang Pang-ekonomyang Sobyet (New York: Monthly Review Press, 1977), p.135.

mababababang anyo ng pag-aaring panlipunan tungo sa mas matataas na anyo at kinokonseptwalisa na isang rebolusyong panlipunan ang pagtungo sa komunismo mula sosyalismo.

Kaya sa panahon ng 1956-64, ipinapaliwanag ni Mao ang alternatibong paraan para sa sosyalistang pag-unlad. Isa itong paraan na nakaugat sa rebolusyonaryong pakikibaka at pakikilahok ng masa. Sa panahong ito, mayroon nang tuwirang karanasan na mapaghahalawan ng aral: ang mga negatibong epekto ng estratehiya sa pag-unlad at ng modelo ng organisasyong pang-industriya na impluwensyado ng Sobyet na itinaguyod noong maagang bahagi ng dekada 1950, at ang positibong karanasan sa Dakilang Igpaw Pasulong sa Tsina. Ang Dakilang Igpaw ang pagsubok kung saan unang pinanday ang bagong pamamaraan. Humantong ito sa pagtatayo ng mga komuna ng mga magsasaka sa kanayunan, sa mga eksperimento sa mga bagong anyo ng pamamahala ng mga manggagawa, sa malawakang pagsisikap para malimitahan ang pagkakaiba sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan at mental at manwal na paggawa, at sa unang paggamit ng bagong mga prayoridad at mekanismo sa pagpaplano na magsisilbi sa mga layuning ito.

Sa panahong ding iyon, ibayo pang pinauunlad at binubuo ni Mao ang pag-unawa sa usapin ng mga uri at makauring tunggalian sa ilalim ng sosyalismo. Sa isang talumpati sa kongreso ng partido noong 1962, ihinapag ni Mao ang mahalagang tesis hinggil sa makauring tunggalian at makauring pakikibaka sa ilalim ng sosyalismo (na ngayo'y nag-uumpisa na niyang makita na relatibong matagalan). At ang pakikipagtalo ng partido ng Tsina sa Unyong Sobyet noong 1963-64, na sinulat sa ilalim ng pangkalahatang patnubay ni Mao, ay tumutok sa pag-iral ng pribilehiyadong naghaharing saray na nagbaligtad sa rebolusyon sa Unyong Sobyet. Ito'y nakaugnay nang husto sa mga isyu ng pag-unlad at transpormasyong pang-ekonomya: depinidong inilalantad ng tunggalian na nagaganap sa larangan ng ekonomya at sa patakarang pang-ekonomya ng Tsina na umiral din sa Tsina ang ganoong saray (kalauna'y inunawa bilang uring burgesya).

Tunay ngang pinamunuan ni Mao ang makauring pakikibaka laban sa mga konserbatibong rebisyunistang[*] pwersa sa loob ng partido ng Tsina na umatake at nagtangkang sumabotahe sa Dakilang Igpaw Pasulong. Ang mga pwersang ito ay nagtutulak ng isang kapitalistang programa sa ilalim ng bandila ng modernisasyon at pagiging episyente. Hindi kataka-takang sila rin ay nagsisistematisa ng isang ekonomyang pampulitika ng sosyalismo (sa pangalan lamang!). Mula dekada 1950 hanggang sa bumagsak ang mga rebolusyonaryong pwersa noong 1976, ang mga konserbatibong rebisyunistang pwersa, na paminsan-minsa'y nagkakawak-watak mismo at paminsan-minsa'y nagbabagu-bago ng pusisyon, sa batayan ay naghapag ng dalawang modelong pang-ekonomya: isang desentralisadong ekonomya kung saan nagtatamasa ng konsiderableng awtonomya sa mga desisyong pamproduksyon at pampamilihan ang mga indibidwal na yunit sa produksyon; at isang mas sentralisadong ekonomya kung saan nakakonsentra ang pagdedesisyon at ang kapangyarihang pang-ekonomya (sa alokasyon ng mga rekursong pampuhunan at pampinansya, atbp.) sa mga kagawaran, ahensya sa pagpaplano at mas matataas na organo ng partido. Sa kabila ng mga panlabas na pagkakaiba, magkapareho sila ng pananaw sa industriyalisasyon at modernisasyon bilang layunin sa sarili nito at sa pagsandig sa mga pamantayan pagkaepisyente at mga panukat ng *rate*

---

[*] Ang "rebisyunismo" ay huwad na komunismo. Isa itong tendensyang burges sa loob ng kilusan ng mga manggagawa na "nagrerebisa" at nambabaluktot ng mga pundamental na prinsipyo ng Marxismo – kaugnay ng katangian ng kapitalismo, rebolusyong pampulitika at sosyalismo-komunismo. Inaalisan ng rebisyunismo ang Marxismo ng kanyang mapagpalayang puso. Inaakit nito ang mga manggagawa batay sa repormismo at makitid na materyal na interes. At ang layunin at epekto nito ay mapanatili o mapanumbalik ang kapitalismo sa ngalan ng Marxismo at sa paghahangad o pagtatanggol ng pusisyon at interes ng uring burges. Ang rebisyunismo ay kapitalismong nagbalatkayong sosyalismo. Tingnan ang Tsapter 2 ng Teksbuk.

*of return*, gayundi sa mga kapitalistang mekanismo ng pagkontrol, pamamahala at motibasyon para makarating doon.*

Ang Rebolusyong Pangkultura ng 1966-76 ay ang malaking igpaw sa Maoistang teorya at praktika. Pagkatapos ng una at napakagulong yugto ng mga pag-agaw ng kapangyarihan at mga radikal na transpormasyong pang-institusyon ng Rebolusyong Pangkultura, ang mga Maoistang pwersa ay nagpasyang magkonsolida ng isang ekonomyang pampulitika ng sosyalismo. Para sa paglalagom at pagtatasa, taglay nila ang karanasan ng "ikalawang rebolusyong" ito, gaya ng pagsasalarawan ng *Teksbuk ng Shanghai* sa Rebolusyong Pangkultura at ng kung ano ang natutunan hinggil sa katangian ng sosyalistang lipunan at ng mga makauring relasyon nito. At para sa batayan, nasa kanila ang mga paglalagom ni Mao sa mga landas at estratehiya ng sosyalistang konstruksyon sa Unyong Sobyet at sa Tsina, ang kanyang pagtatasa sa pagkakaluklok ng rebisyunista sa Unyong Sobyet at ang kanyang teorya hinggil sa nagpapatuloy na rebolusyon.

Posible na ngayon ang isang komprehensibong pagsusuri sa istrukturang pang-ekonomya at mga kontradiksyong panlipunan ng sosyalismo at sa mga dahilan ng kapitalistang panunumbalik. Kailangang kailangan din ito – bilang isang panteoryang kompas para sa pag-unawa at pagtahak sa ngayo'y naunawaan na bilang isang matagalang sosyalistang panahon ng transisyon, at sa kagyat, bilang teoretikal na suporta para sa mga patakarang ipinatutupad at ipinalalaganap ng mga rebolusyonaryong pwersa sa harap ng matinding pagtutol ng mga konserbatibong pwersang rebisyunista. Kinakailangan ang bakgrawn para mas maunawaan ito nang husto.

Noong maaga at kalagitnaang bahagi ng dekada 1970, naging mas kumplikado at mapanganib ang sitwasyon sa Tsina. Kakabit ito nang husto sa mga pagbabago at pag-unlad ng kabuuang sitwasyon ng daigdig. Mula noong huling bahagi ng dekada 1960, ang Unyong Sobyet ay nagbabanta at gumagawa ng mga seryosong hakbang tungo sa pagsalakay sa Tsina; pagdating ng 1969, nagtipon sila ng isang napakalaking pwersang militar sa kanilang hangganan ng Tsina, at lantarang nagbabanggit ng tungkol sa opsyong nukleyar. Sa sumunod na mga taon, isang pokus ng debateng pampatakaran at ng makauring tunggalian ang kung paano haharapin ng Tsina ang lumalaking banta ng Sobyet na ito. Si Lin Piao, ang pinuno ng armadong pwersa ng Tsina, ay nangatwiran para sa isang patakaran ng akomodasyon sa Unyong Sobyet. Dahil pinuna nang husto ni Mao, nagtangka ng isang di matagumpay na kudeta laban kay Mao si Lin noong 1971.

Ang mga konserbatibong elemento na sa kalakha'y maka-Kanluran sa loob ng partido ay nakakita ng butas na sinikap nilang samantalahin. Sinamantala nila ang katunayan na si Lin ay may kaugnayan sa Rebolusyong Pangkultura para pulaan ang mga nakamit nito. Kanilang ginamit ang bantang pagsalakay ng Sobyet bilang argumento na dapat palakasin ng Tsina ang sarili sa pamamagitan ng todo-todong pakikipag-alyansang militar at pakikipag-integrasyong pang-ekonomya sa Kanluran at sa pagtataguyod ng kapitalistang modernisasyon at pangangasiwa. At kanilang ikinatwiran na hindi na matatagalan ng Tsina ang kaguluhan at eksperimentasyon ng Rebolusyong Pangkultura. Padami nang padami ang umaatake sa mga tagumpay ng Rebolusyong Pangkultura at sa mga patakaran at programa ng mga Maoista. Namumuo ang isang malaking tunggalian. Ito ang naging huling dakilang pakikipaglaban ni Mao Zedong para labanan ang kapitalistang panunumbalik, at ang pakikipaglabang iyon, sa pagsisimula't paglalim nito sa pagitan ng mga taong 1973 at 1976, ay nakaimpluwensya nang husto sa gawaing teoretikal.

---

* Hinggil sa mga debate sa mga isyu ng teoryang pang-ekonomya noong dekada 1950 at 1960, tingnan sina E. L. Wheelwright at Bruce McFarlane, *Ang Landas ng Tsina tungong Sosyalismo* (New York: Monthly Review Press, 1970); "Sosyalistang Konstruksyon at Makauring Pakikibaka sa Larangan ng Ekonomya," *Peking Review* (16), 17 Abril 1970; Stephen Andors, *Rebolusyong Pang-industriya ng Tsina* (New York: Pantheon, 1977); at Christopher Howe at Kenneth R. Walker, eds., *Ang Pundasyon ng Planadong Ekonomya ng Tsina* (London: Macmillan, 1989).

Noong Hunyo 1971, sinimulan ang pagsasaliksik at pagsusulat ng teksto ng isang ekonomyang pampulitika ng sosyalismo.[*] Ito sana'y isang awtoritatibong pag-aaral sa mga pundasyon at dinamismo ng isang sosyalistang ekonomya – tumutukoy sa mga susing katangian ng sosyalistang ekonomya at sa mga susing tungkulin at pakikibaka na nalalahad mismo sa transisyon tungong lipunang walang uri. Ang paraan nito ay pag-aralan ang mga Marxistang kategorya ng ekonomyang pampulitika at ng makauring pakikibaka at isapraktika ang mga ito sa kumplikadong istorikong realidad ng sosyalismo.

Ang *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo* ay itinuring bilang isang nagpapatuloy na gawain. Napapanahon ang proseso ng pagsusulat at sirkulasyon at pagpapahusay sa mga borador. Sa pagitan ng 1972 at 1976, inilimbag ang apat na burador ng libro, na bawat isa'y makabuluhang tanda ng isang mas malalim na teoretikal na paggagap at bawat isa'y lubusang naghahapag ng isang agenda para sa ibayong pananaliksik. Sa pagsubaybay sa mga pagbabago sa sunud-sunod na mga burador ng teksto, nagiging malinaw na mapanlikhang hinaharap ng mga Maoista ang marami sa nakakagulo sa isip na mga usapin ng sosyalistang ekonomyang pampulitika – mula sa katangian ng sosyalistang proseso ng paggawa hanggang sa kalagayan ng mga batas pang-ekonomya sa ilalim ng sosyalismo, hanggang sa relasyon sa pagitan ng ekonomya at pulitika, hanggang sa kalikasan ng mga kontradiksyon sa pagitan ng mga pwersa sa produksyon at ng relasyon sa produksyon sa ilalim ng sosyalismo. Hindi na nailabas ang ikalimang manuskrito ng *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo*. Kagyat itong kinumpiska sa imprenta pagkatapos ng makakanang kudeta noong Oktubre 1976.

Ang *Teksbuk ng Shanghai* ay ang popularisasyon ng *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo*. Sa bataya'y magkapareho ang kabuuang pagkakaayos at pangangatwiran ng dalawang libro; ang pagkukumpara ng teksto ay nagpapakita ng napakakaunting pagkakaiba sa mga usapin ng teoretikal na nilalaman, at ang mga pagbabagong pinagdaanan ng *Teksbuk ng Shanghai* ay halos katulad ng sunud-sunod na mga edisyon ng mas malaking akda. Ang bersyon ng teksbuk na isinalin dito ay batay sa ikaapat na manuskrito ng *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo* mula huling bahagi ng 1975. Ang mga ekonomistang nagtrabaho sa proyekto ay konektado sa Instituto ng Ekonomyang Pampulitika at Unibersidad ng Fudan sa Shanghai, at sa pangkalahatan, sentro ng radikal na Maoistang aktibidad ang Shanghai – kayat binago ang pamagat para sa edisyong Ingles na ito ng teksbuk na *Mga Pundamental ng Ekonomyang Pampulitika.*

Ang susing tao na nagbibigay ng direksyon sa proyektong ekonomyang pampulitika ng sosyalismo ay si Chang Chun-chiao [Zhang Chunqiao]. Si Chang ay bahagi ng bag-as ng pambansang pamunuan na pinagkatiwalaan ni Mao para gabayan at lagumin ang kumplikadong mga pakikibaka ng Rebolusyong Pangkultura. Una siyang naging bantog noong panahon ng Dakilang Igpaw Pasulong dahil sa maraming mahahalagang artikulong kanyang sinulat hinggil sa mga patakaran sa sahod at sa mga usapin ng sosyalistang pagmamay-ari. Pero noong 1976, habang nagtitipon ng napakalakas na pwersa ang Rebolusyong Pangkultura, sumibol si Chang bilang isang pangunahing personahe. Gumampan siya ng napakahalagang papel sa pag-aalsa ng manggagawa sa Shanghai noong 1967 na nakilala bilang Sigwa sa Shanghai noong Enero. Sa bandang huli, siya ay naging pangalawang punong ministro at myembro ng Pamalagiang Komite ng Politburo ng Komite Sentral ng Partido Komunista, ang pinakamataas na kwerpo ng pamunuan ng partido, at tumulong siyang pamahalaan ang mga kampanyang pampulitika na inilunsad ng mga Maoistang pwersa para mahadlangan ang panunumbalik ng mga kapitalista. Isa rin siyang pangunahing rebolusyonaryong teoretisyan. Noong Oktubre 1976, inaresto si Chang at Chiang Ching, asawa ni Mao, kasama sina Yao Wen-yuan at Wang Hung-wen. Sila ang "gang of four ". Nilitis sa harap ng isang korteng

[*] Ang kasunod na salaysay ay halaw kina Peer Moller Christensen at Jorgen Delman, "Isang Teorya ng Transisyunal na Lipunan at si Mao Zedong at ang Paaralang Shanghai," *Bulletin of Concerned Asian Scholars*, Abril-Hunyo, 1981, pp. 2-15. Malaki ang naitulong ng sanaysay na ito sa pagbubuo ng kasaysayan ng teksto.

kangaroo noong 1980, pinanindigan nina Chang at Chiang Ching ang rebolusyonaryong prinsipyo sa pamamagitan ng pagtatanggol kay Mao at sa Rebolusyong Pangkultura (samantala sumuko sina Yao at Wang). Hinatulan sila ng habang buhay na pagkabilanggo. Namatay sa loob bilangguan si Chiang Ching noong 1990. Habang isinususlat ito, hindi pa rin malinaw kung buhay pa o patay na si Chang.

Si Chang ang nag-aproba sa pasimulang mga plano para sa *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo*. Naglabas siya ng mga direktiba hinggil sa nilalaman nito, namuno sa maraming mahahalagang pulong talakayan kaugnay ng teksto, at ayon sa salaysay ng kasalukuyang liderato ng Tsina, nagrepaso ng pinal na burador. Pagkalabas ng unang manuskrito noong Setyembre 1972, malinaw na tinukoy ni Chang ang tatlong susing tema na dapat palawigin sa teksto: kung bakit may mga kapitalistang salik sa loob ng sosyalistang relasyon sa produksyon; kung bakit ang usapin ng pagmamay-ari ay isang usapin ng kapangyarihan at kung bakit ang relasyon sa pagitan ng mga tao sa proseso ng produksyon ay makauring relasyon. Isinulong ng kanyang sanaysay na "Hinggil sa Pagpapatupad ng Lahatang Panig na Diktadura Laban sa Burgesya", na inilimbag noong 1975, ang mahahalagang isyung teoretikal na pinalawig sa huling dalawang edisyon ng *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo*.

Ang *Teksbuk ng Shanghai* ay isang akda na may mahalagang sintesis at pagkaorihinal at dahil sa saklaw at pagkakumplikado ng paksa, ang kanyang malinaw at matalas na presentasyon ng mga ideya ay hindi maliit na tagumpay. Alinsunod kay Mao, kinonseptwalisa ng *teksbuk* ang sosyalismo bilang tatlong bagay na magkakaugnay. Una, isa itong *anyo ng paghahari ng uri* kung saan ang proletaryado (sa pakikipag-alyansa sa iba pang popular na saray laluna sa uring maralitang magsasaka sa inaaping mga bansa sa Ikatlong Daigdig) ay naghahari sa dati at bagong sibol na burges at mga pwersang nagsasamantala. Ikalawa, isa itong *moda ng produksyon* kung saan pinalitan ng pagmamay-aring panlipunan ang pribadong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at pinalitan ng mga pangangailangang panlipunan ang pribadong ganansya bilang layunin at sukatan ng produksyong panlipunan. Ikatlo, isa itong *panahon ng transisyon* na kinatatangian ng matinding makauring tunggalian at malalimang transpormasyon, na ang layunin ay pawiin ang mga uri at pagkakaiba-iba ng uri sa pandaigdigang saklaw at bilang bahagi ng isang proseso ng rebolusyon sa buong daigdig.

Ipinaliliwanag ng pambungad na tsapter na ang paksa ng pagsisiyasat ng Marxistang ekonomyang pampulitika ay ang mga relasyon sa produksyon ng lipunan at nagpatuloy ang libro sa pagsisiyasat sa mga relasyong ito sa Tsina. Siniyasat ang papel ng pulitika, ideolohiya at kultura sa pag-unlad ng ekonomya. Tiningnan ang landas at takbo ng sosyalisasyon ng mga kagamitan sa produksyon sa mga sektor pang-industriya at pang-agrikultura ng Tsina at ang mga relasyon sa pagitan ng mga sektor na ito. May mga tsapter na tumatalakay sa transpormasyon ng dibisyon ng paggawang panlipunan sa loob ng pagawaan (at kaugnay ng mga relasyong panlipunan, tinatratong nang husto ang produksyong panlipunan at hindi lamang bilang mga tungkuling teknikal); pamamaraan ng pagpaplano; mga anyo ng pagbabayad ng sahod, distribusyon ng output na produkto ng lipunan at layuning magkasabay na itaas ang antas ng pamumuhay ng mamamayan at likhain ang mas malaking pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga mamamayan; papel at mga panganib ng salapi at kalkulasyong pansalapi. Ang tungkuling pakitirin at sa kalauna'y pangibabawan ang tinatawag ng mga Maoista na "tatlong malalaking pagkakaiba " – sa pagitan ng industriya at agrikultura, kalunsuran at kanayunan, at mental at manwal na paggawa – ay tumatakbo bilang teoretikal na tagapag-ugnay sa buong akda. Hinding-hindi makapormula at dogmatiko ang teksto. Naghahapag ito ng naghahamong mga katanungan: paano itatalaga ng proletaryado ang ilang kapangyarihan sa mga kinatawan pero babantayan ang pang-aabuso at monopolisasyon ng mga kapangyarihang ito at ang pagkawala ng kontrol sa mga kagamitan sa produksyon? Paano tutukuyin ang tunay na katangian ng pagmamay-ari ng estado?

Partikular na mahalaga sa 1975 na edisyong ito ang usapin sa "karapatang burges". Ang karapatang burges ay isang "balàt" ng kapitalismo sa loob ng sosyalistang lipunan. Ang tinutukoy ng karapatang burges ay ang mga relasyong pang-ekonomya at panlipunan, alinsunod sa batas at

patakaran, na nagtataguyod ng pormal na pagkakapantay-pantay pero sa aktwal ay kinapapalooban ng mga elemento ng di pagkakapantay-pantay. Ang sosyalistang prinsipyo ng distribusyon – "mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, sa bawat isa ayon sa kanyang ginawa" – ay isang halimbawa: sa isang banda, ipinapatupad sa lahat ang isang pantay na batayan – pagbabayad ayon sa dami ng ginawa; sa kabilang banda, hindi lahat ay may magkakaparehong pangangailangan at hindi lahat ay kasing produktibo ng iba – kayat sa katunaya'y pinatitindi ng pantay na pamantayang ito ang di pagkakapantay-pantay. Ang teksto ay humahatak ng atensyon sa pamamagitan ng mga anyo ng pag-iral ng karapatang burges at ng impluwensyang pang-ideolohiya ng karapatang burges (mas malawak na ginagamit ang termino para ipakahulugan ang lahat ng relasyon sa sosyalistang lipunan na naglalaman ng mga punla ng kapitalistang kalakal at relasyong panlipunan). Naglulunsad ang Tsina noon ng pambansang kampanya para bigyang edukasyon ang mamamayan tungkol sa kung bakit ang karapatang burges ay matabang lupa para sa kapitalismo (tinangkang palawakin ng mga naglalandas kapitalista ang di pagkakapantay-pantay sa lipunan at ekonomya sa pamamagitan ng pagpapalawak sa karapatang burges) at kung bakit dapat itong limitahan at sa ultimo'y pangibabawan – kung saan, sa kaso ng distribusyon, ay nangangailangan ng pagpapatupad ng prinsipyo ng komunista na "mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan , sa bawat isa ayon sa kanayang pangangailangan."*

Ang 1975 na edisyong ito ng *Teksbuk ng Shanghai* ay tumutungtong sa abanteng pag-unawa na pinaunlad ng Maoismo tungkol sa materyal at pang-ideolohiyang kalagayan sa sosyalistang lipunan na nagbigay daan sa bagong pwersang pribilehiyado at umiiral na kapitalistang relasyon. Pero hindi nito isinasama ang huling pagsusuri ni Mao hinggil sa katangian at pusisyon ng bagong burgesya sa ilalim ng sosyalismo. Hanggang noon, ang mga makakanan at rebisyunista sa pangkalahata'y kinikilala bilang *mga ahente o kinatawan* ng mga uring burges at pyudal. Ilang buwan pagkaraan ng orihinal na paglilimbag ng tekstong ito, si Mao ay naglabas ng serye ng mga pahayag na nagpapaliwanag na matatagpuan ang bag-as ng burgesya sa lipunan sa pinakamatataas na antas ng partido at sa mga organo ng estado. Sa gabay ng mga ideyang ito, ibayong isinulong ng mga tagasunod ni Mao ang kanilang pananaliksik, at may malakas na ebidensya na ang teoretikal na pag-unlad na ito ay tinugunan nang husto sa 1976 na edisyon ng *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo*.

Ang akdang ito ay hindi ginawa bilang isang pagsusuri sa naging takbo ng ekonomyang Tsino o ng mga tunggalian sa patakaran noong panahong iyon.† Gayunman, naglalahad ito ng malawak na paglago at mga tunguhin ng pag-unlad, gayundin, ng mga batayang linya na naghihiwalay ng mga rebolusyonaryo sa rebisyunistang kaparaanan sa mga pangangailangan ng sosyalistang pag-unlad ng Tsina. Isa sa kalakasan ng akda ay iyong mismong nagpapahayag ito ng mayayamang aral mula sa sosyalistang rebolusyon ng Tsina. Ito ang kanyang mapagsasangguniang mga punto mula sa karanasan. Pero ang lahat ng ito ay nagsisilbi sa mas malaking layunin ng akda: ang magbigay ng isang komprehensibong teoretikal na paghahapag ng sosyalistang ekonomyang pampulitika.

Higit pa sa teoretikal na kontribusyong iyon, maaari ding basahin ang *Teksbuk ng Shanghai* sa maraming iba pang antas. Isinulat sa lingguwaheng direkta at di pang-akademiko, ito ay dinisenyo para maabot ang mga mambabasa na hindi kinakailangang may propesyunal na treyning. Ang teksto ay isa sa maraming pamagat na inilimbag sa pagitan ng mga taong 1972 at 1976 na bumubuo sa isang Pangkabataang Serye ng Edukasyon-sa-Sarili. Ang mga librong tulad nito ay gumampan ng mahalagang papel sa Maoistang Tsina. Ang susing layunin ng Rebolusyong Pangkultura ay para

---

* Ang paglilimita sa karapatang burges sa larangan ng distribusyon ay kinapapalooban ng mga hakbanging tulad ng pagpapaunlad ng mas panlipunang anyo ng konsumo; pagbibigay ng mahahalagang serbisyo tulad ng pangangalagang pangkalusugan gaano man kaliit ang kita ng indibidwal; pagsusulong ng mga panlipunang inisyatiba para mapangibabawan ang di pagkakapantay-pantay sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan; at pagpapakitid sa diperensyal sa sahod.

† Sinusuri ng *Afterword* ang perpormans ng ekonomya ng Tsina sa panahong Maoista.

lumikha ng isang sistemang pang-edukasyon na lalaban sa halip na magpapalakas sa elitismo. Bilang bahagi ng pagsisikap na ito, inilunsad ang kilusang "bumaba sa kanayunan, umakyat sa kabundukan". Halos 12 milyong kabataan, karamihan sa kanila'y nasa edad pangkolehiyo mula sa kalunsuran, ang tumanggap ng mga gawain sa kanayunan ng Tsina kung saan nakatira ang kalakhan ng populasyon. Isinulatdang librong ito para sa mga kabataang ito. Pinag-aralan nila ito, kaalinsabay ng katambal na mga libro tungkol sa pilosopiya, literatura, mga syensyang panlipunan at pangkalikasan at teknolohiyang pang-agrikultura, para makatulong sa paghahanda sa kanila sa gawain, pag-aaral, at pakikibakang pampulitika sa kanayunan. Kaya't may natutunan tayo tungkol sa ilang bagay sa kung paano sinasanay ang isang bagong henerasyon na mamamahala sa sosyalistang lipunan. At nagkaroon din tayo ng ideya kung paano ipinaaabot sa malawak na mambabasa ang Marxistang teorya – dahil ang impormasyong ito ay dapat ibahagi sa mga magsasaka kaalinsabay ng pagkatuto ng mga estudyante sa kanila. Ang malawakang pag-aaral ng publiko at talakayan ng teorya, kabilang ang ekonomyang pampulitika, ay mahahalagang katangian ng buhay pulitika sa Maoistang Tsina.

Ang teksto ay polemiko sa mga seksyon. Dapat malinaw na malinaw ang batayan nito sa pagbabalik-tanaw: isang napakamahalagang pakikibaka ang namumuo sa Tsina… at sa bandang huli'y nagtagumpay iyong mga naghangad na manumbalik ang kapitalismo. Kayat ang libro ay maaaring basahin sa iba pang antas. Inilalahad nito kung paano naghahanda para sa pakikipaglaban ang mga rebolusyonaryong Tsino, kung paano sila nagsasanay ng mga tao para tutukuyin ang mga istruktura at mekanismo sa loob ng sosyalistang lipunan na dapat itransporma at para maunawaan kung ano talaga ang pinaglalabanan – ipagpatuloy ang rebolusyon o makita itong matalo at mabaligtad.

Ang *Teksbuk ng Shanghai* ay isang napakahalagang librong sanggunian para sa mga estudyante at iskolar ng komparatibong ekonomya, mga pag-aaral hinggil sa Tsina at pag-unlad ng Ikatlong Daigdig. Dapat itong bigyan ng espesyal na interes ng lahat ng naghahangad ng pundamental na pagbabago. Isang bagay ang hindi maaaring malimutan: sinadya ng mga rebolusyonaryong Tsino ang kanilang teoretikal na gawain bilang isang kontribusyon sa at tulong sa pandaigdigang pakikibaka ng uring manggagawa at inaaping mamamayan. Para sa mga naglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka sa iba't ibang panig ng daigdig, dapat makatulong ang libro sa paglilinaw ng saklaw at mga tungkulin ng sosyalistang ekonomyang pampulitika at sa katunayan nga'y sa sosyalistang transpormasyon ng lipunan sa kabuuan. At ang diyalektika ng pakikibaka at kaalaman ay patuloy na maggigiit ng sarili. Walang dudang mula sa isa o maraming matatagumpay na rebolusyong ito manggagaling ang susunod na manuskrito ng *Ekonomyang Pampulitika ng Sosyalismo*.

Hunyo 1994